

# Bagong Tipan

## Manwal para sa Seminary Teacher

# Bagong Tipan

*Manwal para sa Seminary Teacher*

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang mga komentaryo at pagwawasto ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito, pati na ang mga pagkakamali, sa:

Seminaries and Institutes of Religion Curriculum Services
50 East North Temple Street
Salt Lake City, Utah 84150-0008
USA
Email: ces-manuals@ldschurch.org
Isulat lamang ang iyong buong pangalan, address, ward, at stake.

Tiyaking tukuyin ang pamagat ng manwal kapag ibinigay mo ang iyong mga komento.

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Version 2, 6/16

Pagsang-ayon sa Ingles: 2/15
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 2/15
Pagsasalin ng *New Testament Seminary Teacher Manual*
Tagalog
12339 893

# Mga Nilalaman


Pambungad sa *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher* . . . . . . . . . . xi

Ang Ating Layunin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xi

Paghahanda ng Lesson . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xii

Paggamit ng Daily Teacher Manual . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xiii

Daily Seminary Program (Released-Time at Early-Morning) . . . . . . . . . . . xv

Paggamit ng mga Home-Study Lesson . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xviii

Home-Study Seminary Program . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xix

Iba Pang Resources . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xxi

Mga Daily at Home-Study Lesson

1 Pambungad sa Bagong Tipan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1

2 Ang Plano ng Kaligtasan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7

3 Ang Responsibilidad ng Estudyante . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14

4 Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19

5 Konteksto at Buod ng Bagong Tipan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

*Home-Study Lesson: Ang Plano ng Kaligtasan–Pambungad at Konteksto ng Bagong Tipan (Unit 1)* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 32

Pambungad sa Ebanghelyo Ayon kay Mateo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 37

6 Mateo 1–2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 40

7 Mateo 3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 45

8 Mateo 4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 51

9 Mateo 5:1–16 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 57

10 Mateo 5:17–48 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 63

*Home-Study Lesson: Mateo 1–5 (Unit 2)* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 69

11 Mateo 6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 73

12 Mateo 7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 78

13 Mateo 8–10 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 84

14 Mateo 11–12 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90

15 Mateo 13:1–23 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 95

*Home-Study Lesson: Mateo 6:1–13:23 (Unit 3)* . . . . . . . . . . . . . . . . . . 101

16 Mateo 13:24–58 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 106

17 Mateo 14 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 113

18 Mateo 15 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 119

19 Mateo 16 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 124

20 Mateo 17 . . . 130
*Home-Study Lesson: Mateo 13:24–17:27 (Unit 4)* . . . 137
21 Mateo 18 . . . 141
22 Mateo 19–20 . . . 146
23 Mateo 21:1–16 . . . 152
24 Mateo 21:17–22:14 . . . 159
25 Mateo 22:15–46 . . . 164
*Home-Study Lesson: Mateo 18–22 (Unit 5)* . . . 169
26 Mateo 23 . . . 174
27 Joseph Smith—Mateo; Mateo 24 . . . 180
28 Mateo 25:1–13 . . . 186
29 Mateo 25:14–46 . . . 191
30 Mateo 26:1–30 . . . 197
*Home-Study Lesson: Mateo 23:1–26:30 (Unit 6)* . . . 203
31 Mateo 26:31–75 . . . 208
32 Mateo 27:1–50 . . . 214
33 Mateo 27:51–28:20 . . . 219
Pambungad sa Ebanghelyo Ayon kay Marcos . . . 225
34 Marcos 1 . . . 228
35 Marcos 2–3 . . . 234
*Home-Study Lesson: Mateo 26:31–Marcos 3:35 (Unit 7)* . . . 240
36 Marcos 4–5 . . . 245
37 Marcos 6 . . . 251
38 Marcos 7–8 . . . 256
39 Marcos 9:1–29 . . . 261
40 Marcos 9:30–50 . . . 266
*Home-Study Lesson: Marcos 4–9 (Unit 8)* . . . 271
41 Marcos 10 . . . 276
42 Marcos 11–16 . . . 281
Pambungad sa Ebanghelyo Ayon kay Lucas . . . 286
43 Lucas 1 . . . 289
44 Lucas 2 . . . 296
45 Lucas 3–4 . . . 302
*Home-Study Lesson: Marcos 10–Lucas 4 (Unit 9)* . . . 307
46 Lucas 5 . . . 311
47 Lucas 6:1–7:18 . . . 317
48 Lucas 7:18–50 . . . 323

49 Lucas 8–9 . . . 329
50 Lucas 10:1–37 . . . 335
*Home-Study Lesson: Lucas 5:1–10:37 (Unit 10)* . . . 341
51 Lucas 10:38–12:59 . . . 346
52 Lucas 13–14 . . . 352
53 Lucas 15 . . . 357
54 Lucas 16 . . . 363
55 Lucas 17 . . . 369
*Home-Study Lesson: Lucas 10:38–17:37 (Unit 11)* . . . 374
56 Lucas 18–21 . . . 379
57 Lucas 22 . . . 383
58 Lucas 23 . . . 388
59 Lucas 24 . . . 394
Pambungad sa Ang Ebanghelyo Ayon kay Juan . . . 399
60 Juan 1 . . . 402
*Home-Study Lesson: Lucas 18–Juan 1 (Unit 12)* . . . 408
61 Juan 2 . . . 412
62 Juan 3 . . . 418
63 Juan 4 . . . 424
64 Juan 5 . . . 430
65 Juan 6 . . . 436
*Home-Study Lesson: Juan 2–6 (Unit 13)* . . . 442
66 Juan 7 . . . 447
67 Juan 8:1–30 . . . 452
68 Juan 8:31–59 . . . 457
69 Juan 9 . . . 463
70 Juan 10 . . . 469
*Home-Study Lesson: Juan 7–10 (Unit 14)* . . . 474
71 Juan 11 . . . 478
72 Juan 12 . . . 483
73 Juan 13 . . . 488
74 Juan 14 . . . 494
75 Juan 15 . . . 500
*Home-Study Lesson: Juan 11–15 (Unit 15)* . . . 506
76 Juan 16 . . . 511
77 Juan 17 . . . 516
78 Juan 18–19 . . . 522

79 Juan 20 . . . . . . 527
80 Juan 21 . . . . . . 533
*Home-Study Lesson: Juan 16–21 (Unit 16)* . . . . . . 539
Pambungad sa ang Ang Mga Gawa ng mga Apostol . . . . . . 0
81 Ang Mga Gawa 1:1–8 . . . . . . 0
82 Ang Mga Gawa 1:9–26 . . . . . . 0
83 Ang Mga Gawa 2 . . . . . . 0
84 Ang Mga Gawa 3 . . . . . . 0
85 Ang Mga Gawa 4–5 . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Ang Mga Gawa 1–5 (Unit 17)* . . . . . . 0
86 Ang Mga Gawa 6–7 . . . . . . 0
87 Ang Mga Gawa 8 . . . . . . 0
88 Ang Mga Gawa 9 . . . . . . 0
89 Ang Mga Gawa 10–11 . . . . . . 0
90 Ang Mga Gawa 12 . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Ang Mga Gawa 6–12 (Unit 18)* . . . . . . 0
91 Ang Mga Gawa 13–14 . . . . . . 0
92 Ang Mga Gawa 15 . . . . . . 0
93 Ang Mga Gawa 16 . . . . . . 0
94 Ang Mga Gawa 17 . . . . . . 0
95 Ang Mga Gawa 18–19 . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Ang Mga Gawa 13–19 (Unit 19)* . . . . . . 0
96 Ang Mga Gawa 20–22 . . . . . . 0
97 Ang Mga Gawa 23–26 . . . . . . 0
98 Ang Mga Gawa 27–28 . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo sa Mga Taga Roma . . . . . . 0
99 Mga Taga Roma 1–3 . . . . . . 0
100 Mga Taga Roma 4–7 . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Ang Mga Gawa 20–Mga Taga Roma 7 (Unit 20)* . . . . . . 0
101 Mga Taga Roma 8–11 . . . . . . 0
102 Mga Taga Roma 12–16 . . . . . . 0
Pambungad sa Unang Sulat ni Pablo sa mga Taga Corinto . . . . . . 0
103 I Mga Taga Corinto 1–2 . . . . . . 0
104 I Mga Taga Corinto 3–4 . . . . . . 0
105 I Mga Taga Corinto 5–6 . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Mga Taga Roma 8–I Mga Taga Corinto 6 (Unit 21)* . . . . . . 0
106 I Mga Taga Corinto 7–8 . . . . . . 0

107 I Mga Taga Corinto 9–10 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
108 I Mga Taga Corinto 11 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
109 I Mga Taga Corinto 12 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
110 I Mga Taga Corinto 13–14 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: I Mga Taga Corinto 7–14 (Unit 22)* . . . . . . . . . . . . . . . 0
111 I Mga Taga Corinto 15:1–29 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
112 I Mga Taga Corinto 15:30–16:24 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Ikalawang Sulat ni Pablo sa mga Taga Corinto . . . . . . . . . . . 0
113 II Mga Taga Corinto 1–3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
114 II Mga Taga Corinto 4–5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
115 II Mga Taga Corinto 6–7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: I Mga Taga Corinto 15–II Mga Taga Corinto 7 (Unit 23)* . . . . 0
116 II Mga Taga Corinto 8–9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
117 II Mga Taga Corinto 10–13 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo sa Mga Taga Galacia . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
118 Mga Taga Galacia 1–4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
119 Mga Taga Galacia 5–6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo sa Mga Taga Efeso . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
120 Mga Taga Efeso 1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: II Mga Taga Corinto 8–Mga Taga Efeso 1 (Unit 24)* . . . . . . 0
121 Mga Taga Efeso 2–3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
122 Mga Taga Efeso 4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
123 Mga Taga Efeso 5–6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo sa Mga Taga Filipos . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
124 Mga Taga Filipos 1–3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
125 Mga Taga Filipos 4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Mga Taga Efeso 2–Mga Taga Filipos 4 (Unit 25)* . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo sa Mga Taga Colosas . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
126 Mga Taga Colosas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Unang Sulat ni Pablo sa Mga Taga Tesalonica . . . . . . . . . . . 0
127 I Mga Taga Tesalonica 1–2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
128 I Mga Taga Tesalonica 3–5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Ikalawang Sulat ni Pablo sa Mga Taga Tesalonica . . . . . . . . . 0
129 II Mga Taga Tesalonica . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Unang Sulat ni Pablo kay Timoteo . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
130 I Kay Timoteo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Mga Taga Colosas–I Kay Timoteo (Unit 26)* . . . . . . . . . . . 0

Pambungad sa Ikalawang Sulat ni Pablo kay Timoteo . . . . . . . . . . . . . . . 0
131 II Kay Timoteo 1–2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
132 II Kay Timoteo 3–4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo kay Tito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
133 Kay Tito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo kay Filemon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
134 Kay Filemon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Sulat ni Pablo sa Mga Hebreo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
135 Sa Mga Hebreo 1–4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: II Kay Timoteo 1–Sa Mga Hebreo 4 (Unit 27)* . . . . . . . . . . 0
136 Sa Mga Hebreo 5–6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
137 Sa Mga Hebreo 7–10 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
138 Sa Mga Hebreo 11 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
139 Sa Mga Hebreo 12–13 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Pangkalahatang Sulat ni Santiago . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
140 Santiago 1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Sa Mga Hebreo 5–Santiago 1 (Unit 28)* . . . . . . . . . . . . 0
141 Santiago 2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
142 Santiago 3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
143 Santiago 4–5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa UnangPangkalahatang Sulat ni Pedro . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
144 I Ni Pedro 1–2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
145 I Ni Pedro 3–5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Santiago 2–I Ni Pedro 5 (Unit 29)* . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa IkalawangPangkalahatang Sulat ni Pedro . . . . . . . . . . . . . . 0
146 II Ni Pedro 1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
147 II Ni Pedro 2–3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa UnangPangkalahatang Sulat ni Juan . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
148 I Ni Juan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Ikalawang Sulat ni Juan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Ikatlong Sulat ni Juan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
149 II Ni Juan–III Ni Juan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Pangkalahatang Sulat ni Judas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
150 Judas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: II Ni Pedro–Judas (Unit 30)* . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
Pambungad sa Apocalipsis ni Juan ang Banal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0
151 Apocalipsis 1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 0

152 Apocalipsis 2–3 . . . . . . . . . . 0
153 Apocalipsis 4–5 . . . . . . . . . . 0
154 Apocalipsis 6–11, Bahagi 1 . . . . . . . . . . 0
155 Apocalipsis 6–11, Bahagi 2 . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Apocalipsis 1–11 (Unit 31)* . . . . . . . . . . 0
156 Apocalipsis 12–13 . . . . . . . . . . 0
157 Apocalipsis 14–16 . . . . . . . . . . 0
158 Apocalipsis 17–19 . . . . . . . . . . 0
159 Apocalipsis 20 . . . . . . . . . . 0
160 Apocalipsis 21–22 . . . . . . . . . . 0
*Home-Study Lesson: Apocalipsis 12–22 (Unit 32)* . . . . . . . . . . 0
Apendiks . . . . . . . . . . 545
Mga Chart sa Pagbabasa ng mga Banal na Kasulatan . . . . . . . . . . 546
Pacing Guide para sa mga Daily Teacher . . . . . . . . . . 549
Mga Mungkahi para sa mga Flexible na Araw . . . . . . . . . . 555
Pacing Guide para sa mga Home-Study Teacher . . . . . . . . . . 557
Pambungad sa Scripture Mastery . . . . . . . . . . 563
Mga Aktibidad para sa Scripture Mastery . . . . . . . . . . 567
100 Scripture Mastery Passage . . . . . . . . . . 576
Pambungad sa mga Pangunahing Doktrina . . . . . . . . . . 578
Mga Pangunahing Doktrina . . . . . . . . . . 580
Pagtuturo ng mga Ebanghelyo ayon sa Pagkakatugma ng mga Ito . . . . . . . . . . 592
Ang Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundo . . . . . . . . . . 593
Mga Piniling Larawan sa Bagong Tipan . . . . . . . . . . 594

# Pambungad sa Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher

## Ang Ating Layunin

Ipinapahayag ng Mithiin ng Seminaries and Institutes of Religion:

"Ang ating layunin ay tulungan ang kabataan at mga young adult na maunawaan at umasa sa mga turo at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo, at maihanda ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba pa para sa buhay na walang hanggan sa piling ng kanilang Ama sa Langit" (*Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo: Hanbuk para sa mga Titser at Lider sa Seminaries and Institutes of Religion* [2012], 1).

Para matupad ang ating layunin, itinuturo natin sa mga estudyante ang mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta. Ang mga doktrina at alituntuning ito ay itinuturo sa paraang humahantong sa pagkaunawa at katatagan. Tinutulungan natin ang mga estudyante na magawa ang kanilang responsibilidad sa pag-aaral at inihahanda sila na ituro ang ebanghelyo sa iba.

Para magawa ang mga layuning ito, ikaw at ang mga estudyante na tinuturuan mo ay hinihikayat na gamitin ang sumusunod na Mga Pangunahing Alituntunin sa Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo habang sama-sama ninyong pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan:

- Magturo at mag-aral sa pamamagitan ng Espiritu.
- Pag-ibayuhin ang pagmamahal, paggalang, at layunin sa loob ng klase.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw, at basahin ang teksto para sa kurso. [Ang mga chart para sa pagrerekord ng pagbabasa ng buong Bagong Tipan ay matatagpuan sa Mga Scripture Mastery Card para sa Bagong Tipan sa LDS.org at sa store.lds.org (item no. 10480).]
- Unawain ang konteksto at nilalaman ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga propeta.
- Tukuyin, unawain, damhin ang katotohanan at kahalagahan ng mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo at ipamuhay ang mga ito.
- Ipaliwanag, ibahagi, at patotohanan ang mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo.
- Maisaulo at maunawaang mabuti ang mga scripture mastery passage at ang mga Pangunahing Doktrina" (*Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo,* 10).

Dagdag pa sa pagsasakatuparan ng mga layuning ito, dapat mong tulungan ang mga estudyante na maging matapat sa ebanghelyo ni Jesucristo at matutuhan na malaman ang tama sa mali. Maaaring may mga tanong ang mga estudyante tungkol sa doktrina, kasaysayan, o posisyon tungkol sa mga isyung panlipunan ng

Simbahan. Maihahanda mo ang mga estudyante na masagot ang mga gayong tanong sa pagtulong sa kanila na "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118) at sa paggamit sa mga resources na nasa Seek Truth section ng si.lds.org.

Inihanda ang manwal ng titser na ito para tulungan kang magtagumpay sa pagsasakatuparan sa mga layuning iyon.

## Paghahanda ng Lesson

Iniutos ng Panginoon sa mga nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo na "[i]turo [ang] mga alituntunin ng aking ebanghelyo, na nasa Biblia at Aklat ni Mormon, na kung saan ang kabuuan ng ebanghelyo" (D at T 42:12). Iniutos pa niya kalaunan na ang mga katotohanang ito ay dapat ituro na "ginagabayan ng Espiritu," na "ibibigay … sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya" (D at T 42:13–14). Habang inihahanda mo ang bawat lesson, mapanalangin mong hingin ang patnubay ng Espiritu para matulungan kang maunawaan ang mga banal na kasulatan at ang mga doktrina at mga alituntunin na nilalaman nito. Gayundin, sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu habang nagpaplano ka kung paano matutulungan ang iyong mga estudyante na maunawaan ang mga banal na kasulatan, matutuhan na maturuan ng Espiritu Santo, at makaramdam ng paghahangad na matuto.

Sa kursong ito, ang Bagong Tipan ang iyong pangunahing teksto kapag naghahanda at nagtuturo ka. Mapanalanging pag-aralan ang mga kabanata o mga talata na ituturo mo. Sikaping maunawaan ang konteksto at nilalaman ng scripture block, kabilang ang nilalaman ng kuwento, mga tao, lugar, at pangyayari. Kapag naging pamilyar ka na sa konteksto at nilalaman ng scripture block, sikaping matukoy ang mga doktrina at mga alituntunin na nilalaman nito, at magpasiya kung alin sa mga katotohanan ang pinakamahalaga sa iyong mga estudyante na maunawaan at maipamuhay. Kapag natukoy mo na kung ano ang iyong magiging pokus, alamin kung alin sa mga pamamaraan, istilo, at aktibidad ang pinakamakatutulong sa iyong mga estudyante na maunawaan at maipamuhay ang mga sagradong katotohanan na matatagpuan sa mga banal na kasulatan.

Ginawa ang manwal na ito para tulungan ka sa prosesong ito. Maingat na rebyuhin ang materyal ng lesson na nauugnay sa scripture block na ituturo mo. Maaari mong piliing gamitin ang lahat o ang ilan sa mga mungkahi sa pagtuturo para sa scripture block, o maaari mong iangkop ang mga iminungkahing ideya sa mga pangangailangan at mga kalagayan ng mga estudyanteng tinuturuan mo.

Mahalaga na matulungan mo ang mga estudyante na pag-aralan ang buong scripture block ng bawat lesson. Ang paggawa nito ay makatutulong sa iyong mga estudyante na maunawaan ang buong mensahe na ipinararating ng may-akda ng banal na kasulatan. Gayunman, habang pinaplano mo ang iyong lesson, maaaring matuklasan mo na hindi sasapat ang oras sa klase para gamitin ang lahat ng iminungkahing pamamaraan sa pagtuturo sa manwal. Hingin ang patnubay ng Espiritu at mapanalanging pag-isipan ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante habang tinutukoy mo kung aling mga bahagi ng scripture block ang bibigyang-diin para matulungan ang mga estudyante na madama ang katotohanan at kahalagahan ng mga katotohanan ng ebanghelyo at maipamuhay ang mga ito.

Kung hindi sapat ang oras, maaaring kailangan mong iangkop ang mga bahagi ng lesson sa pamamagitan ng maikling pagbubuod sa isang grupo ng mga talata o sa paggabay sa mga estudyante na mabilis na matukoy ang isang alituntunin o doktrina bago magpatuloy sa susunod na mga talata ng mga banal na kasulatan.

Kapag pinag-iisipan mo kung paano maiaangkop ang mga materyal ng lesson, tiyaking sundin ang payo na ito ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Madalas ituro ni Pangulong Packer, na narinig ko, na umayon muna tayo, at saka tayo umangkop. Kung lubos nating nauunawaan ang iminungkahing lesson na ibibigay natin, masusunod natin ang Espiritu para iakma ito" ("4.3.4 Decide through Inspiration," mula sa "A Panel Discussion with Elder Dallin H. Oaks" [Seminaries and Institutes of Religion satellite broadcast, Ago. 7, 2012], LDS.org).

Habang naghahanda kang magturo, isipin ang mga estudyante na may mga partikular na pangangailangan. Iakma ang mga aktibidad at mga ekspektasyon na tutulong sa kanila na magtagumpay. Ang pakikipag-usap sa mga magulang at mga lider ay tutulong sa iyo na malaman ang mga pangangailangan ng mga estudyante at tutulong sa iyo na magtagumpay sa pagbibigay ng makabuluhan at nagpapalakas na karanasan para sa mga estudyante.

Sa paghahanda mo ng lesson, maaari mong piliin na gamitin ang mga Notes and Journal tool sa LDS.org o sa Gospel Library para sa mga mobile device. Magagamit mo ang mga tool na ito para magmarka ng mga banal na kasulatan, mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, mga artikulo sa mga magasin ng Simbahan, at mga lesson. Makapagdaragdag at makakapag-save ka rin ng mga tala na magagamit mo sa iyong mga lesson. Para mas matuto pa kung paano gamitin ang mga tool na ito, tingnan ang Notes and Journal Help page sa LDS.org.

Ang ilang materyal sa manwal na ito ay kinuha mula sa *New Testament Student Manual* (Church Educational System Manual, 2014).

## Paggamit ng Manwal para sa Daily Teacher

### Pambungad sa Aklat

Ang mga pambungad sa mga aklat ay nagbibigay ng buod ng bawat aklat. Kabilang ang iba pang bagay, ipinapaliwanag nito kung sino ang sumulat ng bawat aklat, inilalarawan ang ilang natatanging katangian ng bawat aklat, at nagbibigay ng buod ng nilalaman ng bawat aklat.

### Pambungad sa Scripture Block

Ang mga pambungad sa scripture block ay nagbibigay ng maikling buod sa konteksto at nilalaman ng scripture block para sa bawat lesson.

### Paggrupo sa mga Talata at Buod ng Konteksto

Ang mga scripture block ay karaniwang hinahati sa mas maliliit na bahagi o grupo ng mga talata na nagtutuon sa isang partikular na paksa o kilos. Ang reperensya para sa bawat grupo ng mga talata ay sinusundan ng isang maikling buod ng mga pangyayari o mga turo na nakapaloob sa mga talatang ito na nasa grupo.

### Mga Tulong sa Pagtuturo

Ipinapaliwanag ng mga tulong sa pagtuturo ang mga alituntunin at mga paraan sa pagtuturo ng ebanghelyo. Matutulungan ka ng mga ito sa iyong pagsisikap na humusay bilang isang titser.

### Nilalaman ng Lesson

Ang nilalaman ng lesson ay gagabay sa iyong pag-aaral at pagtuturo. Nagmumungkahi ito ng mga ideya sa pagtuturo, kabilang ang mga tanong, aktibidad, sipi o quotation, diagram, at mga chart.

### Mga Doktrina at mga Alituntunin

Kapag natural na lumalabas ang mga doktrina at mga alituntunin sa pag-aaral ng banal na kasulatan, naka-bold letter ang mga ito upang mabigyang-diin at para matulungan kang matukoy at magtuon sa mga ito sa iyong talakayan sa mga estudyante.

### Mga Larawan

Ang mga larawan ng mga lider ng Simbahan at mga pangyayari mula sa mga banal na kasulatan ay kumakatawan sa mga visual aid na maididispley mo, kung mayroon, habang nagtuturo ka.

### Scripture Mastery

Ang 25 scripture mastery passage na matatagpuan sa Bagong Tipan ay binigyang-diin sa konteksto ng mga lesson kung saan makikita ang mga ito. Bawat isa sa mga lesson na ito ay naglalaman din ng isang ideya sa pagtuturo para sa mga scripture mastery passage na ito. Para matulungan kang maging konsistent sa pagtuturo ng mga scripture mastery passage, may matatagpuan kang mga aktibidad para sa pagrerebyu ng scripture mastery sa buong manwal. Para sa karagdagang ideya sa pagtuturo ng scripture mastery, tingnan ang apendiks ng manwal na ito o ang Seminary Student Resources sa LDS.org.

### Espasyo sa mga Column

Ang mga espasyo sa mga column sa nakalimbag na manwal ng titser ay magagamit para sa paghahanda ng lesson, kabilang na sa pagsusulat ng mga tala, alituntunin, karanasan, o iba pang mga ideya, kapag naantig ka ng Espiritu Santo.

### Komentaryo at Pinagmulang Impormasyon

May mga karagdagang sipi o quotation at paliwanag sa dulo ng ilang lesson na magdaragdag sa iyong pang-unawa sa kontekstong pangkasaysayan, mga partikular na mga konsepto, at mga scripture passage. Gamitin ang impormasyon sa bahaging ito para maghanda na masagot ang mga tanong o magbigay ng mga karagdagang ideya habang nagtuturo ka. Matatagpuan ang mga karagdagang komentaryo sa mga digital version ng manwal na ito sa LDS.org at sa Gospel Library app.

### Mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo

Makikita ang mga karagdagang ideya sa pagtuturo sa dulo ng ilang lesson. Nagbibigay ang mga ito ng mga mungkahi para sa pagtuturo ng mga doktrina at mga alituntunin na hindi natukoy o nabigyang-diin sa nilalaman ng lesson. Maaari ding magbigay ang mga ito ng mga mungkahi sa paggamit ng visual media, tulad ng mga DVD presentation at mga video sa LDS.org. Matatagpuan ang mga karagdagang ideya sa pagtuturo sa mga digital version ng manwal na ito sa LDS.org at sa Gospel Library app.

## Daily Seminary Program (Released-Time at Early-Morning)

Naglalaman ang manwal na ito ng mga sumusunod para sa mga titser ng daily seminary: 160 daily lesson ng titser, tulong sa pagtuturo, pambungad sa mga aklat, at resources para sa pagtuturo ng scripture mastery at mga Pangunahing Doktrina.

### Mga Pambungad sa Aklat

Ang mga pambungad sa aklat ay inilagay bago ang unang lesson ng bawat aklat ng banal na kasulatan. Ang mga pambungad sa aklat ay nagbibigay ng buod para sa bawat aklat sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong: Bakit kailangang pag-aralan ang aklat na ito? Sino ang sumulat ng aklat na ito? Kailan at saan ito isinulat? Para kanino ito isinulat at bakit? at Ano ang ilan sa kakaibang katangian ng aklat na ito? Maikling ibinubuod din ng mga pambungad ang nilalaman ng bawat aklat. Dapat isali ng mga titser sa lesson ang konteksto at ang pinagbatayang impormasyon mula sa mga pambungad ng aklat kung kailangan.

### Mga Daily Teacher Lesson

#### Lesson Format

Ang bawat lesson sa manwal na ito ay nakatuon sa isang scripture block sa halip na sa isang partikular na konsepto, doktrina, o alituntunin. Ang format na ito ay tutulong sa iyo at sa iyong mga estudyante na mapag-aralan ang mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito at matalakay ang mga doktrina at mga alituntunin kapag lumitaw ito mula sa scripture text. Kapag natutuhan ng mga estudyante ang konteksto ng isang doktrina o alituntunin, lalalim ang kanilang pag-unawa sa katotohanang iyon. Dagdag pa rito, mas makikita at mauunawaan ng mga estudyante ang tunay na kahulugan na nais iparating ng mga mensahe ng mga inspiradongmanunulat ng mga banal na kasulatan. Ang pagtuturo ng mga banal na kasulatan sa ganitong paraan ay makatutulong din sa mga estudyante na matutuhan kung paano matutuklasan at maipapamuhay ang mga walang-hanggang katotohanan sa kanilang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Sa bawat lesson, hindi lahat ng bahagi ng isang scripture block ay binibigyang-diin. Ang ilang bahagi ay hindi gaanong pinagtutuunan dahil hindi gaanong nauugnay ang mga ito sa kabuuang mensahe ng inspiradong manunulat o dahil hindi gaanong naaangkop ang mga ito sa mga kabataan. Responsibilidad mo na iakma ang mga materyal na ito ayon sa mga pangangailangan at mga interes ng mga estudyanteng tinuturuan mo. Maaari mong iangkop ang mga ideya para sa mga lesson ng manwal na ito sa pamamagitan ng pagpili na mas bigyang-diin ang isang

partikular na doktrina o alituntunin kaysa sa nakasaad sa materyal ng lesson o sa pagpili na hindi gaanong bigyang-diin ang isang bahagi ng scripture block na mas tatalakayin nang mas malinaw kalaunan sa manwal. Hingin ang patnubay ng Espiritu Santo na tulungan kang magawa ang mga pag-aangkop na ito kapag naghahanda at nagtuturo ka.

### Mga Doktrina at mga Alituntunin

Sa nilalaman ng bawat lesson, may makikita kang ilang mahahalagang doktrina at alituntunin na binibigyang-diin at naka-bold letter. Ang mga doktrina at mga alituntuning ito ay tinukoy sa kurikulum dahil (1) ipinapakita ng mga ito ang pangunahing mensahe ng scripture block, (2) ang mga ito ay angkop sa mga pangangailangan at mga sitwasyon ng mga estudyante, o (3) ang mga ito ay mahahalagang katotohanan na makatutulong sa mga estudyante na mapalalim ang kanilang ugnayan sa Panginoon. Dapat mong mabatid na nagtuturo ang Bagong Tipan ng maraming katotohanan na hindi tinukoy sa kurikulum. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol na naglalaman ang mga banal na kasulatan ng "hindi mabibilang na magkakasamang katotohanan na naaangkop sa mga pangangailangan ng bawat indibidwal sa lahat ng sitwasyon" ("The Great Plan of Happiness" [CES Symposium on the Doctrine and Covenants/Church History, Ago. 10, 1993], si.lds.org; tingnan din sa *Teaching Seminary: Preservice Readings* [2004], 69, LDS.org).

Sa iyong pagtuturo, palaging bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon na matukoy ang mga doktrina at mga alituntunin sa banal na kasulatan. Kapag inihayag ng mga estudyante ang mga katotohanang natuklasan nila, maaaring madalas na gumamit sila ng mga salita na iba sa mga salitang ginamit sa pagpapahayag ng doktrina o alituntunin sa manwal na ito. Maaari ding may matuklasan silang mga katotohanan na hindi tinukoy sa lesson outline. Maging maingat na hindi madama ng mga estudyante na mali ang sagot nila dahil lamang sa iba ang kanilang mga ginamit na salita mula sa mga ginamit sa manwal o dahil wala sa kurikulum ang katotohanang binanggit nila. Gayunman, kung ang sinabi ng estudyante ay talagang mali sa doktrina, responsibilidad mo na mahinahon siyang tulungan na maitama ang kanyang sinabi na naroroon pa rin angpagmamahal at pagtitiwala. Ang paggawa nito ay magbibigay ng mahalagang karanasan sa pag-aaral para sa mga estudyante sa iyong klase.

### Pacing o Bilis ng Pagtuturo

May 160 daily seminary lesson sa manwal na ito. Maaari mong iangkop ang mga lesson at ang pacing o bilis ng pagtuturo kung kailangan batay sa kung gaano mo katagal ituturo ang kursong ito. Tingnan ang apendiks ng manwal na ito para sa isang sample pacing guide. Ang pacing guide ay batay sa isang 36-week o 180-day school year at kinabibilangan ng 20 "flexible na araw" na magagamit mo para maiangkop ang mga daily lesson, matulungan ang mga estudyante na maisaulo at maunawaan nang mabuti ang mga key scripture passage at mga Pangunahing Doktrina, marebyu ang mga naituro na, maibigay at marebyu ang mga kinakailangang learning assessment, at para sa anumang pagkaantala sa sa iskedyul ng klase.

### Makeup Work

Ang *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary* ay magagamit sa mga daily seminary program bilang materyal para sa makeup work ng mga estudyante. Ang mga lesson sa gabay sa pag-aaral para sa mga estudyante ng home-study ay katulad ng mga yaong nakalahad sa manwal na ito. Maaaring ipakumpleto sa mga estudyante na may maraming absent ang mga assignment sa gabay sa pag-aaral na tugma sa mga lesson na hindi nila nadaluhan. Ang mga assignment ay maaaring i-print mula sa LDS.org, kaya hindi mo kailangang bigyan ng buong manwal ang mga estudyante na kailangang gumawa ng makeup work. Mas maraming impormasyon tungkol sa *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary* ang ibinigay sa bahagi na may pamagat na "Home-Study Seminary Program" sa manwal na ito.

## Mga Tulong sa Pagtuturo

Makikita ang mga tulong sa pagtuturo sa mga margin ng manwal na ito. Ang mga tulong sa pagtuturo na ito na nagpapaliwanag o naglalarawan kung paano ninyo maipamumuhay ng mga estudyanteng tinuturuan mo ang mga Pangunahing Alituntunin ng Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo sa inyong pag-aaral ng Bagong Tipan. Nagmumungkahi rin ang mga ito kung paano mahusay na gagamitin ang iba-ibang mga paraan, kakayahan, at istilo sa pagtuturo. Kapag naunawaan mo ang mga alituntuning nakapaloob sa mga tulong sa pag-aaral, alamin ang mga paraan para patuloy na magamit at maipamuhay ang mga ito sa iyong pagtuturo.

## Scripture Mastery at mga Pangunahing Doktrina

Para matulungan ang mga estudyante na pahalagahan ang mga walang-hanggang katotohanan at maragdagan ang kanilang tiwala sa pag-aaral at pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan, pumili ang Seminaries and Institutes of Religion (S&I) ng ilang mga scripture passage na isasaulo at pag-aaralang mabuti ng mga estudyante sa bawat kurso ng pag-aaral. Dagdag pa rito, isang listahan ng mga Pangunahing Doktrina ang isinama para mabigyang-diin ang mahahalagang doktrina na dapat maunawaan, paniwalaan, at ipamuhay ng mga estudyante sa kanilang apat na taon sa seminary at sa buong buhay nila. Ang manwal para sa bawat kurso sa seminary ay ginawa para mabigyang-diin ang mga Pangunahing Doktrina kapag nakita o nakalahad ang mga ito sa pag-aaral ng mga estudyante ng banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito. Marami sa mga scripture mastery passage ang pinili na isinasaalang-alang ang mga Pangunahing Doktrina, kaya kapag itinuturo mo ang mga scripture mastery passage sa mga estudyante, ituturo mo rin ang mga Pangunahing Doktrina.

Kapag pinahalagahan ng mga estudyante ang mga walang-hanggang katotohanan sa kanilang mga puso at isipan, ipapaalala sa kanila ng Espiritu Santo ang mga katotohanang ito sa mga panahon na kailangan nila ito at bibigyan sila ng tapang na kumilos nang may pananampalataya (tingnan sa Juan 14:26). Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter:

"Hinihikayat ko kayong gamitin ang mga banal na kasulatan sa inyong pagtuturo at gawin ang lahat sa abot ng inyong makakaya na tulungan ang mga estudyante

na gamitin at makasanayan ang mga ito. Nais ko na magtiwala ang ating mga kabataan sa mga banal na kasulatan. …

"… Nais nating magkaroon ng tiwala ang mga estudyante sa lakas at katotohanan ng mga banal na kasulatan, tiwala na ang kanilang Ama sa Langit ay talagang nangungusap sa kanila sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, at tiwala na maaari silang bumaling sa mga banal na kasulatan at mahanap ang mga sagot sa kanilang mga problema at mga panalangin. …

"… Umaasa tayo na wala sa ating mga estudyante ang lilisan sa silid-aralan nang natatakot o napahiya o nahihiya na hindi nila matagpuan ang tulong na kailangan nila dahil hindi nila gaanong alam ang mga banal na kasulatan para mahanap ang mga angkop na talata" ("Eternal Investments" [mensahe sa mga CES religious educators, Peb. 10, 1989], 2, si.lds.org; tingnan din sa *Teaching Seminary: Preservice Readings* [2004], 20, LDS.org).

Tingnan ang apendiks ng manwal na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa scripture mastery at mga Pangunahing Doktrina.

## Paggamit sa mga Home-Study Lesson

### Buod ng mga Lesson ng Estudyante

Tutulungan ka ng buod na maging pamilyar sa konteksto at mga doktrina at mga alituntuning pinag-aaralan ng mga estudyante sa buong linggo sa gabay sa pag-aaral ng estudyante.

### Pambungad sa Lesson

Ang pambungad sa lesson ay tutulungan kang malaman kung aling bahagi ng scripture block ang bibigyang-diin sa lesson.

### Grupo ng mga Talata at Buod ng Konteksto

Ang mga scripture verse ay iginrupo batay sa kung saan nagkaroon ng pagbabago sa konteksto o nilalaman ng buong scripture block. Ang reperensya para sa bawat grupo ng talata ay sinusundan ng isang maikling buod ng mga pangyayari o mga turo na nakapaloob sa grupo ng mga talatang iyon.

### Nilalaman ng Lesson

Ang nilalaman ng lesson ay gagabay sa iyong pag-aaral at pagtuturo. Nagmumungkahi ito ng mga ideya sa pagtuturo, kabilang ang mga tanong, aktibidad, sipi o quotation, diagram, at mga chart.

### Mga Doktrina at mga Alituntunin

Kapag nahahayag ang mga doktrina at mga alituntunin sa pag-aaral ng banal na kasulatan, naka-bold letter ang mga ito para mabigyang-diin at para matulungan kang matukoy at magtuon sa mga ito sa iyong talakayan sa mga estudyante.

### Pambungad sa Susunod na Unit

Ang huling talata ng bawat lesson ay maikling pambungad para sa susunod na unit. Ibahagi sa iyong mga estudyante ang talatang ito sa pagtatapos ng bawat

lesson para mahikayat sila na pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa darating na linggo.

## Home-Study Seminary Program

Sa ilalim ng pangangasiwa ng mga lokal na lider ng priesthood at ng S&I representative, maaaring bumuo ng mga home-study seminary class sa mga lugar kung saan hindi makadadalo ang mga estudyante ng isang daily class dahil sa layo o iba pang dahilan (tulad ng disability o sakit). Karaniwang walang mga home-study seminary class sa mga lugar kung saan may mga daily (weekday) class sa pamamagitan ng early-morning o released-time seminary.

Nagtutulot ang home-study program sa mga estudyante na makatanggap ng credit sa seminary sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga lesson sa bahay sa halip na dumalo sa mga weekday class. Ang mga lesson na ito ay matatagpuan sa isang hiwalay na manwal na tinatawag na *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary* Makikipagkita ang mga estudyante sa isang seminary titser isang beses bawat linggo para isumite ang kanilang ginawa at makibahagi sa lesson sa klase. Ang gabay sa pag-aaral ng mga estudyante at ang lingguhang lesson sa klase ay mas ipinaliwanag sa ibaba.

### Gabay sa Pag-aaral para sa mga Estudyante ng Home-Study

Ang *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary* ay ginawa para tulungan ang home-study student na maranasan ang pag-aaral ng Bagong Tipan tulad ng isang estudyante sa seminary na dumadalo sa mga weekday classes. Sa gayon, ang pacing o iskedyul ng lesson sa gabay sa pag-aaral ng estudyante pati ang mga doktrina at mga alituntunin na binibigyang-diin nito ay tugma sa materyal na nasa manwal na ito. Kabilang din sa gabay sa pag-aaral ng estudyante ang instruksyon tungkol sa scripture mastery. Ang mga scripture mastery passage ay tinatalakay sa konteksto nito kapag nakita ito sa banal na kasulatan, at karaniwang naglalaan ng mga writing activity sa mga lesson kung saan tinalakay ang mga talatang ito.

Bawat linggo, dapat kumpletuhin ng mga estudyante ng home-study seminary ang apat na lesson mula sa gabay sa pag-aaral ng estudyante at dumalo sa weekly lesson na ibibigay ng kanilang titser sa seminary. Kinukumpleto ng mga estudyante ang mga assignment mula sa gabay sa pag-aaral sa kanilang mga scripture study journal. Ang estudyante ay dapat may dalawang scripture study journal para maiwan nila ang isa sa kanilang titser at patuloy na magamit sa pagsagot ang isa pa. Kapag ang mga estudyante ay nagkaklase bawat linggo, ang isang journal ay ipapasa sa home-study teacher at ang isa pa ay ibabalik sa estudyante para magamit sa mga lessons sa susunod na linggo. (Halimbawa, sa isang linggo, kukumpletuhin ng estudyante ang mga assignment sa unang journal. Pagkatapos ay dadalhin ng estudyante ang journal na ito at ibibigay sa titser. Sa linggong iyon, kukumpletuhin ng estudyante ang mga assignment sa ikalawang journal. Kapag ipinasa ng estudyante ang ikalawang journal, ibabalik ng titser ang unang journal. Gagamitin naman ngayon ng estudyante ang unang journal para kumpletuhin ang mga assignment sa susunod na linggo.)

Hinihikayat ang lahat ng estudyante ng seminary na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw at basahin ang teksto para sa kurso, ngunit dapat maunawaan ng mga estudyante ng home-study na sila ay inaasahang maglalaan ng karagdagang 30 hanggang 40 minuto sa bawat isa sa apat na home-study lesson sa bawat unit at dadalo sa weekly home-study lesson.

### Mga Weekly Home-Study Teacher Lesson

Bawat unit sa *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary* ay tumutugma sa limang lesson ng daily teacher manual. Pagkatapos ng bawat panlimang lesson sa manwal na ito, may makikita kang isang weekly home-study teacher lesson. Ang mga home-study lesson ay tutulong sa mga estudyante na marebyu, mapalalim ang kanilang pag-unawa, at maipamuhay ang mga doktrina at mga alituntunin na natutuhan nila habang kinukumpleto nila ang mga lesson sa gabay sa pag-aaral ng estudyante sa buong isang linggo. Sa mga lesson na ito, maaaring may matuklasang mga karagdagang katotohanan na hindi natalakay sa gabay sa pag-aaral ng estudyante. (Para sa tulong sa paghahanda ng iyong lesson schedule, tingnan ang pacing guide para sa mga home-study teacher sa apendiks ng manwal na ito.)

Bilang isang home-study teacher, dapat ay lubos mong nauunawaan ang mga pinag-aaralan ng iyong mga estudyante sa kanilang mga tahanan bawat linggo para masagot mo ang mga tanong at magkaroon ng mga makabuluhang talakayan kapag nagkaklase kayo. Sabihin sa mga estudyante na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan, mga scripture study journal, at mga gabay sa pag-aaral ng estudyante sa lingguhang klase para magamit nila ang mga ito sa klase. Iangkop ang mga lesson ayon sa pangangailangan ng mga estudyante na tinuturuan mo at ayon sa patnubay ng Espiritu Santo. Maaari mo ring gamitin ang mga daily teacher lesson sa manwal na ito sa iyong paghahanda at pagtuturo. Ang pag-aaral sa mga tulong at mga pamamaraan sa pagtuturo na ginamit sa mga daily lesson ay magpapaganda sa iyong pagtuturo kada linggo. Tugunan ang anumang partikular na pangangailangan ng mga estudyante na tinuturuan mo. Halimbawa, kung nahihirapan sa pagsusulat ang isang estudyante, payagan siyang gumamit ng voice-recording device o magdikta ng mga ideya sa isang kapamilya o kaibigan na magsusulat ng kanyang mga sagot.

Sa katapusan ng bawat weekly lesson, kolektahin ang mga scripture study journal ng mga estudyante at hikayatin sila na magpatuloy sa kanilang pag-aaral. Iwan sa kanila ang isang scripture study journal para sa mga assignment sa susunod na linggo, tulad nang ipinaliwanag sa itaas sa bahaging "Gabay sa Pag-aaral ng mga Estudyante ng Home-Study." (Sa ilalim ng pangangasiwa ng mga lider sa priesthood at mga magulang, maaaring makipag-ugnayan ang mga titser ng seminary ng stake sa mga estudyante na naka-enroll sa home-study seminary.)

Habang binabasa mo ang mga assignment sa mga scripture study journal ng mga estudyante, magbigay ng reaksyon hangga't maaari sa kanilang mga gawa sa pamamagitan ng pagsulat ng maikling note o pagbibigay ng komento sa kanila sa susunod na makita mo sila. Maaari ka ring maghanap ng ibang paraan sa pagbibigay ng suporta at makabuluhang feedback. Makatutulong ito sa mga estudyante na malaman na pinahahalagahan mo ang kanilang gawa at mahihikayat sila na pag-isipan pang mabuti ang kanilang mga sagot.

Halos lahat ng pagsisikap ng mga estudyante na maisaulo at maunawaang mabuti ang mga key scripture passage ay nagagawa nila kapag kinukumpleto nila ang kanilang mga home-study lesson. Makakapag-follow-up ang mga home-study teacher sa ginagawa ng mga estudyante sa mga home-study lesson sa pamamagitan ng pag-anyaya sa mga estudyante na bigkasin o rebyuhin ang mga scripture mastery passage na nasa teksto ng unit na pag-aaralan sa linggong iyon.

## Iba Pang Resources

### LDS.org

Ang *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher* (nttm.lds.org) at ang *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary* ay makukuha sa LDS.org at sa Gospel Library para sa mga mobile device. Ang mga digital version ng manwal ng titser ay naglalaman ng karagdagang Komentaryo at Pinagmulang Impormasyon, mga Karagdagang Ideya sa Pagtuturo, at mga media resources na hindi kasama sa inilimbag na manwal na ito dahil sa limitasyon sa espasyo.

### si.lds.org


Mabibisita ng mga titser ang Seminaries and Institutes of Religion website (si.lds.org) para sa tulong sa paghahanda ng mga lesson at para makahanap ng karagdagang ideya sa pagtuturo.

### Mga Notes at Journal Tool

Maaaring gamitin ng mga titser at mga estudyante ang mga online at mobile Notes and Journal tool para magmarka at magdagdag ng mga notes o tala sa mga digital version ng mga manwal na ito habang naghahanda sila ng mga lesson at nagbabasa ng mga banal na kasulatan. Makukuha rin ang mga manwal ng titser at ang mga gabay sa pag-aaral ng mga estudyante sa LDS.org para ma-download sa mga alternatibong format (tulad ng PDF, ePub, at mobi [Kindle] na mga file).

### Mga Karagdagang Aytem

Ang mga sumusunod na resources ay makukuha online, sa iyong supervisor, sa mga lokal na distribution center ng Simbahan, at sa online store ng Simbahan (store.lds.org):




*New Testament DVD Presentations 1–25* (item no. 54014)





Media Library sa LDS.org



*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* (item no. 06048)



*Scripture Study Journal* (item no. 09591)



Bookmark ng Bagong Tipan (item no. 10460)




Mga Scripture Mastery Card ng Bagong Tipan at Mga Chart para sa Pagbabasa ng mga Banal na Kasulatan (item no. 10480)



*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (item no. 36863)




Gospel Topics sa LDS.org



*Para sa Lakas ng Kabataan* na buklet (item no. 09403)



*New Testament Student Manual* (Church Educational System manual, 2014) (item no. 10734)



Mga Seminary Folder (para paglagyan ng mga estudyante ng mga handout at iba pang bagay) (item no. 09827; English lamang)

LESSON 1

# Pagpapakilala sa Bagong Tipan

## Pambungad

Ang Bagong Tipan ay tala tungkol sa buhay sa mundo, mga turo, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang pagtatatag ng Kanyang Simbahan, at ang paglilingkod ng Kanyang mga disipulo noon na patuloy Niyang ginabayan matapos ang Kanyang Pag-akyat sa langit. Ang lesson na ito ay ginawa upang ihanda at mahikayat ang mga estudyante na pag-aralan ang Bagong Tipan sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila ng dalawang pangunahing tema na matatagpuan sa mga turo ni Jesucristo at ng Kanyang mga Apostol noon: ang paulit-ulit na pag-anyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya at ang responsibilidad ng Kanyang mga disipulo na tulungan ang iba na gawin din iyon.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Ang Bagong Tipan ay tumutulong sa atin na mapalapit kay Jesucristo

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano ang ilan sa mabibigat na problemang nararanasan ng mga kabataan sa ating panahon?*

Magdala sa klase ng kahon o backpack na walang laman at ng mga mabibigat na bagay na ilalagay sa loob ng kahon tulad ng malalaking bato o mga aklat. Sabihin sa isang estudyante na pumunta sa harap ng klase, at ipahawak sa kanya ang kahon o ipasuot ang backpack. Ipasagot sa klase ang tanong na nakasulat sa pisara, at ipasulat sa pisara sa isang estudyante ang mga sagot ng ibang mga estudyante. Pagkatapos ng bawat pagsagot, maglagay ng mabigat na bagay sa kahon o backpack hanggang sa mapuno ito.

- Ano ang mararamdaman ninyo kung kakailanganin ninyong buhatin maghapon ang ganitong kabigat na bagay?

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang mga hamon o problemang idudulot sa tao ng ilan sa mga pasaning nakalista sa pisara.

Ipaliwanag na itinuturo sa atin ng Bagong Tipan ang tungkol sa mga ministeryo ni Jesucristo noong narito pa Siya sa mundo at matapos na Siya ay nabuhay na muli, maging ang Kanyang mga turo, himala, nagbabayad-salang sakripisyo, at mga pagdalaw sa mga disipulo ng simbahan noon. Makikita sa lahat ng Kanyang mga turo at pakikitungo sa iba ang katotohanang paulit-ulit na binabanggit na makatutulong sa atin na makayanan ang ating mga pasanin.

Ipaliwanag na mababasa sa Mateo 11 ang isang halimbawa ng pangunahing temang ito na madalas na makikita ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan sa taong ito. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 11:28. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang paanyaya ng Tagapagligtas sa mga taong may mabibigat na pasaning dinadala.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng nangapapagal at nangabibigatang lubha?


- Ano ang sabi ng Tagapagligtas na dapat nating gawin para matanggap ang Kanyang kapahingahan? (Gamit ang sariling mga salita ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kapag lumapit tayo kay Jesucristo na may mga pasanin, bibigyan Niya tayo ng kapahingahan.**)
- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng paglapit kay Jesucristo?

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang ibig sabihin ng lumapit kay Cristo, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 11:29–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga tagubilin ng Tagapagligtas sa mga nagnanais na lumapit sa Kanya.

- Ayon sa mga talatang ito, ano ang dapat nating gawin para lumapit kay Cristo?

Mag-drowing sa pisara ng larawan ng isang pamatok para sa mga baka, o magpakita ng larawan ng pamatok.

Ipaliwanag na ang pamatok ay isang barakilan (beam) na yari sa kahoy na ginagamit para mapagsama ang dalawang baka o iba pang mga hayop upang sabay nilang mahatak ang isang kargada.



- Ano ang gamit at pakinabang ng pamatok? (Kahit mabigat ang pamatok, natutulungan nito ang dalawang hayop na mapagsama ang kakayahan at lakas nila, at dahil dito, mas nadaragdagan ang kanilang kakayahang gumawa.)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pasanin natin ang pamatok ng Tagapagligtas?

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung paano natin mapapasan ang pamatok ng Tagapagligtas at kung ano ang mga pagpapalang matatanggap natin sa paggawa nito.



"Pinagtatabi ng pamatok ang mga hayop upang sabay silang makagalaw para matapos ang isang gawain.

"Isipin ang kakaibang paanyaya ng Tagapagligtas sa bawat isa na 'pasanin ninyo ang aking pamatok.' Sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, pinapasan natin ang pamatok at nakikiisa tayo sa Panginoong Jesucristo. Ibig sabihin, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na umasa at makipagtulungan sa Kanya, kahit lahat ng pagsisikap natin ay hindi katumbas at hindi maihahambing sa Kanya. Kapag tayo ay nagtiwala at nakipagtulungan sa Kanya sa paghatak sa ating pasan sa paglalakbay natin sa buhay na ito, tunay na ang Kanyang pamatok ay malambot at magaan ang Kanyang pasan.

"Hindi tayo nag-iisa at hindi natin kailangang mag-isa kailanman. Makakasulong tayo sa buhay sa araw-araw sa tulong ng langit. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas makatatanggap tayo ng kakayahan at 'lakas [nang higit sa sarili nating kakayahan]' ('Panginoon, Kayo'y Laging Susundin,' *Mga Himno,* blg. 164)" ("Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 88).

- Ano ang nagsisilbing "pamatok" sa pagitan natin at sa Tagapagligtas na si Jesucristo?
- Ayon kay Elder Bednar, anong mga pagpapala ang matatanggap natin dahil kasama natin sa pamatok ang Tagapagligtas?

Bigyang-diin na ang pangako ng Tagapagligtas na "kapahingahan" sa Mateo 11:28–29 ay hindi nangangahulugan na lagi Niyang aalisin ang mga problema o hamon natin sa buhay. Kadalasan ay binibigyan tayo ng Tagapagligtas ng kapayapaan at lakas na kailangan natin upang makayanan o matiis ang ating mga pagsubok, kaya nagiging mas magaan ang ating mga pasanin. Kung mananatili tayong tapat kahit may mga hamon tayo sa buhay, ang kapahingahang matatanggap natin sa huli ay ang kadakilaan sa piling ng Diyos (tingnan sa D at T 84:23–24).

### *Hikayatin ang araw-araw na scripture study*

Hikayatin ang mga estudyante na mag-ukol ng oras araw-araw sa personal na pag-aaral ng Bagong Tipan. Matutulungan mo sila na marekord ang araw-araw nilang pag-aaral sa pagbibigay sa kanila ng tamang tracking system (tingnan ang mga reading chart sa apendiks ng manwal na ito.) Bigyan ang mga estudyante ng regular na mga pagkakataon na maibahagi ang kanilang natututuhan at nadarama sa kanilang personal na scripture study. Mag-ingat na hindi mapahiya o panghinaan ng loob ang mga estudyante na nahihirapang pag-aralan nang mag-isa ang mga banal na kasulatan.

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan kung paano sila binigyan ng Tagapagligtas ng kapahingahan nang lumapit sila sa Kanya. Sabihin sa ilang estudyante na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa klase. Maaari mo ring ibahagi ang isa sa iyong sariling mga karanasan.

Sabihin sa mga estudyante na magtakda ng mga gawaing may kinalaman sa mga pamamaraan na makalalapit sila kay Jesucristo sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan sa taong ito. Hikayatin silang isama sa kanilang mga gagawin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw at pagbabasa ng buong aklat ng Bagong Tipan sa taong ito.

## Ang mga disipulo ni Jesucristo ay may responsibilidad na tulungan ang iba na lumapit sa Kanya

Ipaisip sa mga estudyante ang mga pagkakataon na masigla at masaya silang nagkuwento sa iba ng isang karanasan o ng isang bagay na nakita, nabasa, o narinig nila. Anyayahan ang ilang estudyante na magbahagi ng mga ikinatutuwa at gustung-gusto nilang ikuwento sa iba.

Ipaliwanag na ang Bagong Tipan ay naglalaman ng napakaraming halimbawa ng mga tao na napalakas, naturuan, o napagpala ng Panginoon at pagkatapos ay nagnais na magkuwento tungkol sa Kanya. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 1:37–42. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng dalawang disipulo ni Juan Bautista matapos marinig ang kanyang patotoo kay Jesus.

- Ano ang nalaman ni Andres tungkol kay Jesus nang Siya ay makausap niya?

- Ano ang ginawa ni Andres nang malaman niya na si Jesus ang Mesiyas?
- Sa palagay ninyo, bakit gustung-gusto niyang ibalita ito sa kapatid niyang si Simon Pedro?

Ibuod ang Juan 1:43–44 na sinasabi sa mga estudyante na inanyayahan ng Tagapagligtas ang isang lalaking nagngangalang Felipe na maging Kanyang disipulo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 1:45–46. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Felipe matapos niyang malaman na si Jesus ang Mesiyas.

- Ano ang sinabi ni Felipe kay Natanael tungkol kay Jesus ng Nazaret?
- Ano ang reaksyon ni Natanael sa patotoo ni Felipe na si Jesus ang Mesiyas?
- Ano ang paanyaya ni Felipe kay Natanael?

Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pangungusap: *Kapag lumapit tayo kay Jesucristo, …*

- Batay sa mga halimbawang ito mula sa Bagong Tipan, ano ang nanaisin natin kapag lumapit tayo kay Jesucristo? (Habang sumasagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang pangungusap sa pisara na nagpapakita ng sumusunod na alituntunin: **Kapag lumapit tayo kay Jesucrito, magkakaroon tayo ng mas malaking pagnanais na anyayahan ang iba na lumapit sa Kanya.**)

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang alituntuning ito, kopyahin ang kalakip na diagram sa pisara:




- Sa palagay ninyo, bakit tayo magkakaroon ng mas malaking pagnanais na anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo kapag nakalapit tayo mismo sa Kanya?


Ipaliwanag na itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan ang tungkol sa malaking pagpapala na matatanggap natin kapag inanyayahan natin ang iba na lumapit kay Jesucristo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag:



"Kapag taos-puso ninyong inanyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo, mababago ang puso ninyo. … Sa pagtulong sa iba na lumapit sa Kanya, matutuklasan ninyo na kayo mismo ay napalapit sa Kanya" ("Lumapit Kay Cristo," *Liahona,* Mar. 2008, 49).

- Ano ang maaaring mangyari sa buhay natin kapag inanyayahan natin ang iba na lumapit kay Jesucristo?

Magdagdag ng panuro sa drowing sa pisara para makatulad nito ang kalakip na diagram:




- Sa palagay ninyo, bakit ang pag-anyaya natin sa iba na lumapit kay Cristo ay makatutulong sa atin na mas lumapit din sa Kanya?
- Sino ang nag-anyaya sa inyo na lumapit sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo? Paano napagpala ang inyong buhay dahil dito?

Hikayatin ang mga estudyante na mapanalanging isipin kung sino ang maaari nilang anyayahan na lumapit kay Jesucristo.

- Ano ang maaari nating gawin para maanyayahan ang iba na lumapit sa Kanya?

Ipaliwanag na ang pag-anyaya sa mga kaibigan at kaklase na pumunta sa seminary ay isang paraan na maaanyayahan ng mga estudyante ang iba na "magsiparito at makita" kung sino si Jesucristo at kung paano mapagpapala ng Kanyang ebanghelyo ang buhay nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 1:47–50. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naranasan ni Natanael nang makausap niya ang Tagapagligtas (ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mga salitang "walang daya" ay hindi nanloloko).

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas kaya inihayag ni Natanael na si Jesus ang Anak ng Diyos?
- Ayon sa talata 50, ano ang ipinangako ng Tagapagligtas kay Natanael dahil naniwala siya?

Ipaliwanag na tulad nina Andres, Pedro, Felipe, at iba pa, isa si Natanael sa mga naging Apostol ni Jesus. Dahil pinakinggan ng mga Apostol na ito ang paanyaya na lumapit kay Jesucristo, nasaksihan nila ang maraming "mga bagay na lalong

dakila" (talata 50), kabilang na ang mga himala at mga turo ni Jesucristo at Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli at Pag-akyat sa langit.

Tapusin ang lesson na nagpapatotoo na kapag pinag-aralan ng mga estudyante ang Bagong Tipan sa taong ito, madarama nila ang patuloy na pag-anyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya. Kapag ipinamuhay nila ang mga doktrina at mga alituntunin na natutuhan nila sa buong taon, sila ay tutulungan Niya sa kanilang mga pasanin at, tulad ng mga Apostol noon, ay magkakaroon ng matinding hangaring tulungan ang iba na lumapit din sa Kanya.

LESSON 2

# Ang Plano ng Kaligtasan

## Pambungad

Itinagubilin ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga religious educator na magbigay ng maikling buod ng plano ng kaligtasan bago simulan ang kursong pag-aaralan sa bawat taon:

"Ang maikling buod ng 'plano ng kaligtasan' … , kung ibibigay sa simula pa lang at babanggitin paminsan-minsan ay magiging napakalaking tulong sa mga estudyante ninyo" ("The Great Plan of Happiness" [mensahe para sa mga CES religious educator, Ago. 10, 1993], si.lds.org; tingnan din sa *Teaching Seminary: Preservice Readings* [Church Educational System manual, 2004], 68–74).

Ang lesson na ito ay nagbibigay ng maikling buod ng plano ng kaligtasan at nakapokus sa mahalagang tungkulin ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala sa planong iyan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Anyayahan ang Espiritu sa pamamagitan ng mga epektibong debosyonal***

Ang isang maikling debosyonal bago simulan ang klase ay makatutulong sa mga titser at estudyante na madama ang Espiritu at maghandang matuto. Ang debosyonal ay karaniwang binubuo ng himno, panalangin, at mensahe mula sa mga banal na kasulatan. Mas nagiging epektibo ang mga debosyonal kapag ang mga estudyante ay nagpapatotoo at nagbabahagi ng nadarama at kaalamang natamo nila sa kanilang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Pag-isipang maghanda ng mga debosyonal na makakabahagi ang lahat ng mga estudyante sa buong taon.

### Ang ginampanan ni Jesucristo sa buhay bago ang buhay sa mundo

Bilang bahagi ng debosyonal, maaari mong sabihin sa klase na kantahin ang taludtod 1 at 4 ng "Ako'y Naniniwala kay Cristo" (*Mga Himno,* blg. 76) o isa pang himno tungkol sa Tagapagligtas. Simulan ang lesson sa pagtatanong ng:

- Ano ang sasabihin ninyo kapag tinanong kayo kung bakit mahalaga sa inyo si Jesucristo?

Ipaliwanag sa mga estudyante na pag-aaralan nila sa lesson ngayon ang tungkulin ni Jesuscristo sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit. Sabihin sa kanila na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ngayon na makatutulong sa kanila na mapalakas ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

Kopyahin ang sumusunod na chart sa pisara. Maaari mo ring ipamahagi ito sa mga estudyante bilang handout. (Kung mamamahagi ka ng mga handout, sabihin sa mga estudyante na kumpletuhin ang mga chart nila habang kinukumpleto mo ang chart sa pisara.)

## Si Jesucristo ang sentro sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit

| Buhay Bago ang Buhay sa Mundo | Buhay sa Mundo | Kabilang-buhay |
|---|---|---|
| | | |

Ituro na ang plano ng Ama sa Langit ay may tatlong yugto: (1) ang buhay bago ang buhay sa mundo, na sinundan ng ating pisikal na pagsilang; (2) ang ating buhay sa mundo; at (3) ang kabilang-buhay, na susunod sa ating pisikal na kamatayan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag, at sabihin sa klase na alamin ang mga limitasyon na nararanasan natin sa buhay bago ang buhay sa mundo.

> "Nabuhay tayo bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit bago tayo isinilang sa mundong ito. Pero hindi tayo katulad ng ating Ama sa Langit, ni magiging katulad Niya at makakamtan ang lahat ng biyayang mayroon Siya kung hindi tayo mabubuhay bilang mortal na may pisikal na katawan.
>
> "Ang buong layunin ng Diyos—Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian—ay ang magawa nating tamasahin ang lahat ng Kanyang mga biyaya. Naglaan Siya ng perpektong plano para maisagawa ang Kanyang layunin. Naunawaan at tinanggap natin ang planong ito bago tayo naparito sa lupa. …
>
> "Para umunlad at maging tulad ng Diyos, dapat magkaroon ang bawat isa sa atin ng pisikal na katawan para subukin sa panahon ng pagsubok" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* [2004], 52, 53).

- Anu-ano ang mga limitasyon na naranasan natin sa buhay bago ang buhay sa mundo?

Ipaliwanag na nang ihayag ng Ama sa Langit ang Kanyang plano ng kaligtasan, nalaman natin na kailangan ng tagapagligtas para magawa ang planong ito. Si Lucifer, isa sa mga espiritung anak ng Ama sa Langit, ay sumalungat sa plano ng Ama sa Langit. Siya ay nakilala bilang si *Satanas,* isang salita sa wikang Hebreo na ang ibig sabihin ay "kaaway."

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Moises 4:1–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang hinihingi ni Satanas sa Ama sa Langit.

- Ano ang hinihingi ni Satanas sa Ama sa Langit?
- Ayon sa talata 2, ano ang sinabi ng Ama sa Langit tungkol kay Jesucristo?
- Ano ang piniling gawin ni Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan sa ilalim ng *Buhay bago ang*

*buhay sa mundo:* **Si Jesucristo ay pinili na bago pa man isilang sa mundo na maging Manunubos ng lahat ng tao.**)

Ipaliwanag na matapos mapili si Jesucristo na isagawa ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit, nilikha Niya ang mundo kung saan tayo maaaring magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Sa Mga Hebreo 1:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginampanan ni Jesucristo sa paglikha ng mundo.

- Ano ang ginampanan ng Tagapagligtas sa paglikha ng mundo? (Isulat sa pisara ang sumusunod na doktrina sa ilalim ng *Buhay bago ang buhay sa mundo:* **Sa ilalim ng patnubay ng Ama sa Langit, nilikha ni Jesucristo ang mundo.**)

Sabihin sa mga estudyante isipin ang kagandahan ng mundo. Maaari kang magpakita ng isa o higit pa na mga larawang nagpapakita ng kagandahan ng mundo.

- Paano naapektuhan ang nadarama mo kay Jesucristo nang malaman mong nilikha Niya ang mundo, at ang milyun-milyon pang tulad nito?

### Ang ginampanan ni Jesucristo sa buhay sa mundo

Ipaliwanag na dumaranas tayo ng karagdagang mga limitasyon o balakid sa buhay na ito na humahadlang sa atin na maging katulad ng Ama sa Langit at makabalik sa Kanyang piling. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag, at sabihin sa klase na alamin ang dalawang hadlang na nararanasan natin sa mortalidad.

> "Sa mortalidad daranasin natin kapwa ang pisikal at espirituwal na kamatayan. Ang Diyos ay may perpekto, niluwalhati, at imortal na katawan na may laman at buto. Para maging tulad ng Diyos at makabalik sa piling Niya, dapat ay mayroon din tayong imortal na katawang may laman at buto. Pero dahil sa Pagkahulog nina Adan at Eva, bawat tao sa lupa ay may katawang mortal na hindi perpekto at sa bandang huli'y mamamatay. Kung hindi dahil sa Tagapagligtas na si Jesucristo, wala nang pag-asa ang lahat na makapiling ang Ama sa Langit balang-araw.
>
> "Kaakibat ng pisikal na kamatayan, ang kasalanan ang pinakamalaking hadlang na pipigil sa atin na maging katulad ng ating Ama sa Langit at makabalik sa Kanyang piling. Sa ating mortal na kalagayan madalas tayong natutukso, lumalabag sa mga kautusan ng Diyos, at nagkakasala. … Kahit kung minsan ay parang kabaligtaran ang nangyayari, laging nauuwi sa kalungkutan ang kasalanan. Nagiging sanhi ng dusa at kahihiyan ang kasalanan. Dahil sa ating mga kasalanan, hindi tayo makababalik sa piling ng Ama sa Langit maliban kung napatawad at nalinis muna tayo.
>
> "… Tulad ng pisikal na kamatayan, hindi natin madadaig ang epekto ng kasalanan nang mag-isa" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 55).

Ipaliwanag na bago isinilang si Jesus sa mundo, isang anghel ang nagpakita kay Jose sa panaginip nang malaman niya na nagdadalang-tao si Maria. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 1:21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinahayag ng anghel kay Jose.

- Ano ang sinabi ng anghel na gagawin ni Jesus? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang sumusunod na doktrina sa pisara sa ilalim ng *Buhay sa mundo:* **Si Jesucristo ay naparito upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan.**)
- Ano ang ginawa ni Jesucristo na nagligtas sa atin mula sa ating mga kasalanan?

Ipakita ang mga larawang Nananalangin si Jesus sa Getsemani, Ang Pagpapako sa Krus, at Si Maria at ang Nabuhay na Mag-uling si Jesus (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], mga blg. 56, 57, 59; tingnan din sa LDS.org). Ipaalala sa mga estudyante na ang pagdurusa, kamatayan, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay ang kabuuan ng Pagbabayad-sala.



- Ano ang kailangan nating gawin upang maligtas mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Tingnan sa Mga Gawa 2:38).



## Ang ginampanan ni Jesucristo sa kabilang-buhay

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng isang taong namatay na. Pagkalipas ng ilang sandali, itanong:

- Ayon sa inyong pagkaunawa sa plano ng kaligtasan, nasaan ang kaluluwa ng mga taong namatay na? (Sa kamatayan, ang espiritu ng lahat ng tao ay pumapasok sa daigdig ng mga espiritu. Para mas maunawaan ng mga estudyante, maaari mong ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Alma 40:11-14.)




*Bakit Ka Umiiyak?* © 2015 ni Simon Dewey. Ginamit nang may pahintulot mula sa Altus Fine Art, altusfineart.com.

Ipakita ang larawang Libing ni Jesus (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 58; tingnan din sa LDS.org). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang I Ni Pedro 3:18–20; 4:6. Pagkatapos ay itanong:

- Ano ang kaagad na ginawa ni Jesucristo pagkamatay Niya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Doktrina at mga Tipan 138:18–19, 30–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Jesucristo upang maipangaral ang ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu.

- Ano ang ginawa ni Jesucristo para maipangaral ang ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu?
- Paano nailalarawan ng mga gawaing ito ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa lahat ng tao?



*Ang Libing ni Cristo,* ni Carl Heinrich Bloch. Sa kagandahang-loob ng National Historic Museum at Frederiksborg sa Hillerød, Denmark. Bawal kopyahin.

Ituro ang larawang Si Maria at ang Nabuhay na Mag-uling si Jesus (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 59; tingnan din sa LDS.org), at itanong sa klase:

- Ano ang nangyari sa ikatlong araw matapos ang pagkamatay ng Tagapagligtas? (Siya ay nabuhay na muli.)
- Ano ang ibig sabihin ng nabuhay na muli? (Ang espiritu at katawan ng isang tao ay muling magsasama, hindi na kailanman muling maghihiwalay [tingnan sa D at T 138:17].)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang I Mga Taga Corinto 15:20–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang epekto sa bawat isa sa atin ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.

- Paano tayo naaapektuhan ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na doktrina sa ilalim ng *Kabilang-buhay:* **Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat ng tao ay mabubuhay na muli.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Apocalipsis 20:12. Pagkatapos ay itanong:

- Ano ang mangyayari sa atin kapag tayo ay nabuhay muli?

Ipaliwanag na ang aklat ng buhay ay kumakatawan sa iniisip at ikinikilos ng isang tao sa buhay na ito gayundin ang mga talaang iniingatan sa langit ng mabubuti (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Aklat ng buhay"). Bigyang-diin na hahatulan tayo hindi lamang ayon sa ating mga gawa kundi ayon din sa ating mga iniisip, mga salita, at mga pagnanais (tingnan sa Mosias 4:30; Alma 12:14; 41: 3; D at T 137: 9).

Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang *Juan 5:22* sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan na malapit sa Apocalipsis 20:12. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 5:22 at alamin kung sino ang hahatol sa atin.

- Sino ang hahatol sa atin? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na doktrina sa ilalim ng *Kabilang-buhay:* **Si Jesucristo ang hahatol sa lahat ng tao.**)

Ipaalala sa mga estudyante na ang pinakalayunin ng plano ng Ama sa Langit ay magbigay sa atin ng pagkakataong magtamo ng buhay na walang hanggan, o ng kadakilaan, na ang ibig sabihin ay makatulad ang Ama sa Langit at makapiling Siya magpakailanman bilang bahagi ng isang walang-hanggang pamilya. Maaari kang magpakita ng larawan ng iyong pamilya at ipaliwanag kung bakit mahalaga sa iyo na makapiling ang Ama sa Langit at ang iyong pamilya magpakailanman.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 3:16–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang dapat nating gawin para matanggap ang buhay na walang hanggan.

- Ano ang kailangan nating gawin para matanggap ang buhay na walang hanggan? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng maniwala sa Bugtong na Anak ay sumampalataya kay Jesucristo at mamuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo, na kinapapalooban ng pagtanggap ng mga ordenansa sa templo.)
- Anong alituntunin ang nakikita ninyo sa Juan 3:16? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin sa ilalim ng *Kabilang-buhay:* **Kung mananampalataya tayo kay Jesucristo at mamumuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo, makatatanggap tayo ng buhay na walang hanggan.**)

Ipaalala sa mga estudyante ang itinanong ninyo sa simula ng klase. "Ano ang sasabihin ninyo kapag tinanong kayo kung bakit mahalaga sa inyo si Jesucristo?" Sabihin sa mga estudyante kung paano nila mas maipapaliwanag ang kanilang

mga sagot batay sa natutuhan nila ngayon. Maaari mo ring pagbahagiin ang ilang estudyante ng kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo at ang Kanyang bahagi sa plano ng Ama sa Langit. Maaari mong tapusin ang lesson na ibinabahagi rin ang sarili mong patotoo.

LESSON 3

# Ang Responsibilidad ng Estudyante

## Pambungad

Ang Espiritu Santo, ang titser, at ang estudyante ay may mahahalagang ginagampanan sa pag-aaral ng ebanghelyo. Ang lesson na ito ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang bawat isa sa mga tungkulin na ito upang magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Kakailanganin mong balikan nang madalas ang mga alituntuning itinuro sa lesson na ito upang ipaalala sa mga estudyante ang kanilang responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Ang tungkulin ng Espiritu Santo, ng titser, at ng estudyante sa pag-aaral ng ebanghelyo

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na sitwasyon:

Isang dalagita ang napapalakas at natututo kapag pumupunta siya sa seminary. Nadama niya roon ang impluwensya ng Espiritu Santo at nagpapasalamat siya sa mga bagay na natutuhan niya. Isa pang dalagita ang naroon din sa seminary class na iyon. Gayunpaman, madalas siyang naiinip at pakiramdam niya'y wala siyang gaanong natututuhan.

***Magpadama ng pagmamahal at paggalang sa loob ng klase***

Sa pagsisimula ng klase, maghanap ng mga paraan na maipadama ang pagmamahal, paggalang, at layunin sa loob ng klase. Tulungan ang mga estudyante na maging komportable sa isa't isa at sa iyo sa pamamagitan ng pag-alam sa pangalan, mga interes, talento, problema, at abilidad ng bawat isa. Ang isang paraan upang maipadama ito sa loob ng klase ay ang anyayahan ang mga estudyante na magbahagi sa isa't isa ng mga karanasan at kaalaman mula sa kanilang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

- Ano ang ilang posibleng dahilan kung bakit ang dalawang dalagitang ito ay magkaiba ng naramdaman habang nasa parehong seminary class? (Maaaring kasama sa posibleng sagot ang sumusunod: maaaring mas aktibong nakilahok sa lesson ang unang dalagita; maaaring mas maraming espirituwal na natutuhan ang unang dalagita na naging pundasyon ng kanyang pagiging masigasig; at maaaring natuon ang pansin ng pangalawang dalagita sa ibang mga bagay.)

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga doktrina at mga alituntunin sa lesson sa araw na ito na makatutulong sa kanila na magawa ang kanilang responsibilidad sa seminary at mapalakas ang kanilang patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Ipaliwanag na tatlong indibiduwal ang mayroong mahahalagang gawain at responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo sa isang klase na katulad ng seminary: ang Espiritu Santo, ang titser, at ang estudyante.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 14:26 at sa isa pang estudyante ang Juan 16:13. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ilan sa mga gawain ng Espiritu Santo.

- Anong mga katotohanan ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa mga gawain ng Espiritu Santo? (Maaaring iba-iba ang isagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na doktrina: **Ang Espiritu Santo ay nagtuturo ng katotohanan.**)
- Paano natin malalaman na itinuturo sa atin ng Espiritu Santo ang katotohanan? (Maaaring ipabasa mo sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 8:2–3.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Doktrina at mga Tipan 50:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang responsibilidad ng titser ng ebanghelyo. Bago magbasa ang estudyante, ipaliwanag na ipinahayag ang mga talatang ito sa mga naunang miyembro ng Simbahan na inorden na magturo ng ebanghelyo.

- Ano ang responsibilidad ng titser ng ebanghelyo? (Tingnan din sa D at T 42:14.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang 2 Nephi 33:1. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginagawa ng Espiritu Santo para sa atin kapag naituro ang katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan.

- Ayon sa talatang ito, ano ang ginagawa ng Espiritu Santo para sa atin?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano anyayahan ang Espiritu Santo na dalhin ang katotohanan sa kanilang puso, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Doktrina at mga Tipan 88:118. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin kung paano tayo maghahangad na matuto.

- Paano tayo maghahangad na matuto? (Sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang mangyayari kapag hinangad nating matuto sa pamamagitan ng pananampalataya:



"Ang isang guro ay maaaring magpaliwanag, magpatunay, makahikayat, at magpatotoo, at magagawa ito nang may matinding espirituwal na lakas at kakayahan. Gayunman sa huli, ang nilalaman ng mensahe at ang patotoo ng Espiritu Santo ay maisasapuso lamang kung pahihintulutan ito ng nakikinig. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya ang nagbubukas ng daan *papasok sa* puso" ("Maghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya," *Liahona,* Set. 2007, 17).

- Sa pahayag na ito, anong alituntunin ang nalaman natin tungkol sa maaaring mangyari kung naghahangad tayong matuto sa pamamagitan ng pananampalataya? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung naghahangad tayong matuto sa pamamagitan ng pananampalataya, inaanyayahan natin ang Espiritu Santo sa ating puso na magturo at magpatotoo ng katotohanan.** Isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

Ipaliwanag na ang pananampalataya ay higit pa sa paniniwala lamang. Ipinapakita natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagkilos.

- Sa inyong palagay, ano ang ibig sabihin ng matuto sa pamamagitan ng pananampalataya?

Upang maipakita ang ibig sabihin ng matuto sa pamamagitan ng pananampalataya, tumawag ng boluntaryo na hindi pa nakapaglaro ng soccer. (Maaari mo ring gamitin ang aktibidad na ito para maisali ang estudyanteng hindi pa nakapaglaro ng basketbol, nakatugtog ng instrumentong pangmusika, nag-juggle, nagsuot ng kurbata, at iba pa.) Ipaalam sa boluntaryo na balak mong ituro sa kanya kung paano maglaro ng soccer para makasali siya sa isang soccer team. Itanong sa boluntaryo kung naniniwala siya sa kakayahan mong magturo at sa kanyang kakayahang matuto. Pagkatapos ay ipaliwanag at ipakita kung paano i-dribble ang bola ng soccer, pero huwag itong ipagawa sa boluntaryo. Ipaliwanag kung paano ipasa ang bola ng soccer. Pagkatapos ay ipakita ito sa pamamagitan ng pagpasa ng bola sa boluntaryo, pero kunin ang bola sa halip na hayaang maipasa ito pabalik sa iyo. Gayon din ang gawin sa pag-inbound ng soccer ball matapos itong lumabas sa soccer field. Pagkatapos ay itanong sa boluntaryo:

- Gaano ka kaya kahandang mag-try out para sa isang soccer team? Bakit?
- Bagama't makatutulong ang matutuhan ang paglalaro ng soccer at mapanood ang iba na naglalaro nito, kung gusto ninyong magkaroon ng mga kinakailangang kasanayan sa soccer, ano ang dapat ninyong gawin?
- Paano ito maaaring nauugnay sa pag-aaral sa pamamagitan ng pananampalataya? (Hindi sapat ang maniwala at magtiwala lamang na matuturuan tayo ng Espiritu. Upang magkaroon ng kaalaman sa mga katotohanan ng Diyos, dapat din tayong magsikap na matuto at gawin ang natutuhan natin.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bednar. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang itinuturo niya tungkol sa pag-aaral sa pamamagitan ng pananampalataya (maaari kang magpa-photocopy ng pahayag na ito para sa mga estudyante at pamarkahan sa kanila ang nakita nila):



"Ang isang nag-aaral na ginagamit ang kalayaan sa pamamagitan ng pagkilos [nang] naaayon sa mga tamang alituntunin ay binubuksan ang kanyang puso para sa Espiritu Santo at inaanyayahan ang Kanyang kapangyarihang magturo at magpatotoo, at nagpapatunay na saksi. Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan ng pagsisikap sa espiritu, kaisipan, at

katawan at hindi maluwag na pagtanggap lamang. Sa katapatan at patuloy na paggawa nang may pananampalataya naipapakita natin sa ating Ama sa Langit at Kanyang Anak na si Jesucristo, na tayo ay handang matuto at tumanggap ng tagubilin mula sa Espiritu Santo. …

"… Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi puwedeng mailipat mula sa nagtuturo tungo sa tinuturuan sa pamamagitan ng lecture, pagsasalarawan, o pagsasanay; sa halip, ang tinuturuan ay dapat magkaroon ng pananampalataya at kumilos para makamtan ang kaalaman para sa kanyang sarili" ("Maghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya," 20).

- Ano ang ilan sa mga gawaing espirituwal, mental, o pisikal ang magagawa natin para maanyayahan ang Espiritu na magturo at magpatotoo ng katotohanan sa atin?

*Paalala*: Maaaring tamang pagkakataon ito para basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:122 at talakayin ang kahalagahan ng wastong pag-uugali at paggalang sa loob ng klase.

- Ano ang ilang pag-uugali o asal na maaaring makahadlang sa Espiritu na maturuan tayo ng katotohanan sa seminary class?
- Paano magiging iba ang karanasan sa seminary ng isang estudyanteng naghahangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya sa karanasan ng isang estudyante na hindi ito ginagawa?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 4. Ipaliwanag na makakakita tayo sa karanasan ni Apostol Pedro ng halimbawa kung paanong ang paghahangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nag-aanyaya sa Espiritu Santo na pumasok sa puso natin upang magturo at magpatotoo ng katotohanan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 4:18–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang paanyaya ng Tagapagligtas kina Pedro at Andres.

- Ano ang ipinagawa ng Tagapagligtas kina Pedro at Andres?
- Paano naging halimbawa ng paghahangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ang kanilang tugon?

Bigyang-diin na ang pagsunod ni Pedro kay Jesucristo ay nagtulot sa kanya na makasama ang Tagapagligtas sa buong mortal na ministeryo nito. Sa pagsunod sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya, si Pedro ay nagkaroon ng pribilehiyong marinig ang araw-araw na pagtuturo ng Tagapagligtas at masaksihan ang maraming himala. Dahil sa paanyaya ng Tagapagligtas, si Pedro ay nakalakad din sa ibabaw ng tubig (tingnan sa Mateo 14:28–29).

Ipaliwanag sa mga estudyante na sa isang pagkakataon, nagtanong si Jesus sa Kanyang mga disipulo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:13–14. Anyayahan ang klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong ng Tagapagligtas.

- Ano ang itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo?
- Ano ang isinagot nila?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:15–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon si Pedro sa kasunod na tanong ng Tagapagligtas.

- Ano ang itinugon ni Pedro sa tanong ng Tagapagligtas?
- Ano ang paliwanag ng Tagapagligtas tungkol sa kung paano natamo ni Pedro ang kanyang kaalaman?
- Paano naglalarawan ang karanasan ni Pedro sa mga katotohanang natukoy natin sa lesson na ito?


Pasagutan sa mga estudyante ang mga sumusunod na mga tanong sa kanilang mga notebook o scripture study journal (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito):

- Kailan kayo naghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya? Paano tinupad ng Espiritu Santo ang Kanyang gawain sa pag-aaral ng ebanghelyo nang gawin ninyo ito? (Maaari mong sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti ang karanasan nila noon sa pag-aaral nang maghangad silang mas matuto pa tungkol kay Jesucristo.)

Kung komportable magbahagi ang mga estudyante, ipakuwento sa ilan sa kanila ang mga karanasang isinulat nila. Maaari ka ring magkuwento ng iyong sariling karanasan at magpatotoo sa mga katotohanang iyong tinalakay.

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng isa o dalawang bagay na gagawin nila para matuto sa pamamagitan ng pananampalataya at maanyayahan ang Espiritu Santo na mapasakanilang puso upang magturo at magpatotoo ng katotohanan. Ipasulat sa mga estudyante ang mga gagawin nila.

Tapusin ang lesson sa pagbasa ng sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:



"Mga kabataan, hinihiling ko sa inyo na makibahagi sa seminary. Pag-aralan ang inyong mga banal na kasulatan araw-araw. Makinig na mabuti sa inyong mga guro. Mapanalanging ipamuhay ang natutuhan ninyo" ("Participate in Seminary," Ago. 12, 2011, seminary.lds.org).

LESSON 4

# Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

## Pambungad

Ang lesson na ito ay tutulong sa mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw at pagbabasa ng buong Bagong Tipan bilang bahagi ng pag-aaral na ito. Maaari ding matutuhan ng mga estudyante ang mga paraan upang mapagbuti pa nila ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Ang kahalagahan ng epektibong pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw

***Hikayatin ang mga estudyante na mag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw***

Magkakaroon ng mas malakas at walang-hanggang impluwensya ang mga titser sa ikabubuti ng buhay ng mga estudyante kung matutulungan nila sila na matuto mula sa mga banal na kasulatan at mahalin at pag-aralan ang mga ito araw-araw. Ang mga titser ay maaaring magpakita ng halimbawa sa pag-aaral ng banal na kasulatan araw-araw. Maaari din nilang tulungan ang mga estudyante na maging responsable sa kanilang pag-aaral araw-araw sa pamamagitan ng paggamit ng tracking system na susukat sa kanilang palagiang pag-aaral at progreso.

Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na survey. Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga pahayag at lagyan ng marka ang kanilang mga sagot sa scale. Tiyakin sa mga estudyante na hindi mo ipasasabi sa kanila ang kanilang mga sagot.

| | Hindi sang-ayon | Medyo hindi sang-ayon | Medyo sang-ayon | Sang-ayon |
|---|---|---|---|---|
| 1. Napakahalaga ng mga banal na kasulatan sa akin. | \|-----------------------------------------------------------------------------------------\| | | | |
| 2. Nitong huling mga linggo, nag-aral ako ng mga banal na kasulatan araw-araw. | \|-----------------------------------------------------------------------------------------\| | | | |

<table>
<tr><th></th><th>Hindi sang-ayon</th><th>Medyo hindi sang-ayon</th><th>Medyo sang-ayon</th><th>Sang-ayon</th></tr>
<tr><td>3. Nadama kong naging makabuluhan ang pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan.</td><td colspan="4">|-----------------------------------------------------------------------------------------------|</td></tr>
<tr><td>4. Palagi kong isinasabuhay ang natutuhan ko sa pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan.</td><td colspan="4">|-----------------------------------------------------------------------------------------------|</td></tr>
</table>

Matapos masagutan ng mga estudyante ang survey na ito, hikayatin silang pag-isipan sa oras ng lesson kung paano nila mas pagbubutihin pa ang pag-aaral nila ng mga banal na kasulatan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga salita ni Cristo at imbakan ng tubig na buhay na nasa atin na at makaiinom tayo ng marami. …

"Sa karaniwang gawain sa bawat araw, maraming tubig ang nawawala sa ating katawan. Ang pagkauhaw ay reaksyon ng mga selula ng katawan, at ang tubig sa ating katawan ay dapat sapat araw-araw. Walang saysay ang paminsan-minsang 'punuin' ng tubig ang ating katawan, at magdanas ng dehydration sa matagal na panahon. Ang ganoong bagay ay totoo rin sa espirituwal. Ang espirituwal na pagkauhaw ay nangangailangan ng tubig na buhay. Ang palagiang pagdaloy ng tubig na buhay ay lalong mahalaga kaysa paminsan-minsang pag-inom" ("A Reservoir of Living Water" [Church Educational System fireside, Peb. 4, 2007], 1, 7, broadcast.lds.org).

- Anong alituntunin ang matututuhan natin kay Elder Bednar tungkol sa matatanggap natin mula sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad nito: **Kapag araw-araw tayong nag-aaral ng mga banal na kasulatan, natatanggap natin ang "tubig na buhay" na kailangan natin.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

## Ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan sa ating panahon

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan sa ating panahon, maaari mong ipanood sa kanila ang video na "The Blessings of Scripture" (3:04), na makukuha sa LDS.org. Sa video na ito, inilarawan ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang sakripisyong ginawa ng isang tao para mabasa ng mas marami pang tao ang Biblia. Kung ipapanood mo ang video, maaari mong i-pause matapos magtanong si Elder Christofferson ng, "Ano ang naunawaan nila na dapat

din nating maunawaan?" (time code 1:56) para tanungin ang mga estudyante kung paano nila sasagutin ang tanong na ito. Pagkatapos ay ituloy ang panonood ng video. Pagkatapos ng video, magpatuloy sa lesson sa talatang nagsisimula sa, "Matapos ang video …"

Kung hindi mo ipinanood ang video, papuntahin ang apat na estudyante sa harapan ng klase at ipabasa ang mga sumusunod na bahagi ng mensaheng ibinigay ni Elder Christofferson.



1. "Noong Oktubre 6, sa taong 1536, isang kaawa-awang lalaki ang inilabas mula sa isang bartolina sa Vilvorde Castle malapit sa Brussels, Belgium. Halos isa't kalahating taon na nag-isa ang lalaki sa madilim at mapanglaw na selda. Ngayong nasa labas na ng pader ng kastilyo, ang bilanggo ay itinali sa isang poste. Nabigkas pa niya nang malakas ang huling dasal niya, 'Panginoon! buksan po Ninyo ang mga mata ng hari ng England,' at pagkatapos siya ay ibinigti. Kaagad na sinunog ang kanyang katawan. Sino ang lalaking ito, at ano ang kasalanan niya … ?" ("Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 32).

2. "Ang pangalan niya ay William Tyndale, at ang krimeng nagawa niya ay ang pagsalin at paglathala ng Biblia sa wikang Ingles.

"… Sa mainitang pakikipagtalo sa isang paring tutol sa paglalagay ng banal na kasulatan sa mga kamay ng karaniwang tao, sumumpa si Tyndale na, 'Kung pahahabain pa ng Diyos ang aking buhay, tutulungan ko ang batang nag-aararo na mas marami pang malaman sa mga Banal na Kasulatan kaysa sa iyo!' …

"Si William Tyndale ay hindi ang una, ni ang huli, sa mga taong mula sa maraming bansa at wika na nagsakripisyo, maging hanggang kamatayan, upang ilabas ang salita ng Diyos mula sa kadiliman. … Ano ang nalaman nila tungkol sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan na kailangan din nating malaman? Ang mga tao noon sa ika-16 na siglo sa England, na nagbayad ng malalaking halaga at nanganib ang mga buhay sa pagkakaroon ng Biblia, ano ang naunawaan nila na dapat din nating maunawaan?" ("Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," 32).

Itanong sa klase:

- Sa palagay ninyo, bakit nagsakripisyo nang gayon kalaki ang mga tao para mabasa ang mga banal na kasulatan?

Patuloy na ipabasa sa pangatlong estudyante ang pahayag ni Elder Christofferson




3. "Noong panahon ni Tyndale, ang kamangmangan sa mga banal na kasulatan ay laganap dahil walang mabasang Biblia ang mga tao, lalo na sa wikang mauunawaan nila. Ngayon ang Biblia at iba pang banal na kasulatan ay nariyan lang, pero dumarami pa rin ang walang alam sa banal na kasulatan dahil hindi binubuklat ng mga tao ang mga aklat. Dahil dito, nalimutan nila ang mga bagay na alam ng kanilang mga lolo't lola" ("Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," 33).

Itanong sa klase:

- Sa palagay ninyo, bakit may ilang tao na hindi nagbabasa ng mga banal na kasulatan tulad ng nararapat nilang gawin?

Patuloy na ipabasa sa pang-apat na estudyante ang pahayag ni Elder Christofferson.



4. "Pag-isipan ang dami ng ating biyaya sa pagkakaroon ng Banal na Biblia at mga 900 karagdagang mga pahina ng banal na kasulatan, kabilang ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. … Tiyak na kaakibat ng pagpapalang ito ay sinasabi sa atin ng Panginoon na ang palagiang pagbaling sa mga banal na kasulatan ay higit na kailangan ngayon" ("Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," 35).

Pagkatapos ng video (o pagkatapos basahin ng pang-apat na estudyante ang pahayag ni Elder Christofferson), sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang pinaniniwalaan nilang sinabi ni Elder Christofferson tungkol sa pangangailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang sumusunod na katotohanan sa pisara: **Mas kailangan natin ngayon ang mga banal na kasulatan kaysa noon.**

- Sa palagay ninyo, bakit mas kailangan natin sa panahong ito ang mga banal na kasulatan kaysa noon?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano makatutulong sa atin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa ating panahon, ipaliwanag na si Apostol Pablo ay sumulat ng isang liham kung saan inilarawan niya ang ilang kalagayan ng mundo sa mga huling araw. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang II Kay Timoteo 3:1–5, 13. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ilan sa mga kasalanan at pag-uugali na magiging karaniwan at laganap sa ating panahon. (Maaari mong tulungan ang mga estudyante na mabigyang-kahulugan ang mahihirap na salita at mga kataga sa mga talatang ito.)

- Ano ang ilan sa mga kasalanan at pag-uugali na nakasaad sa mga talatang ito na nakita ninyo sa ating lipunan ngayon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang II Kay Timoteo 3:14–17. Hilingin sa klase na alamin kung paano tayo makahahanap ng kaligtasan sa mapanganib na panahong ito.

- Paano tayo makahahanap ng kaligtasan sa mapanganib na panahong ito?

Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Kapag pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan, makatatanggap tayo ng …*

- Ayon sa II Kay Timoteo 3:15–17, anong mga pagpapala ang makakamtan natin kapag pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan at ipinamuhay ang mga turo nito? (Matapos sumagot ng mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag sa pisara para ganito ang kalabasan: **Kapag pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan, makatatanggap tayo ng karunungan, pagwawasto, at tagubilin na aakay sa atin tungo sa kaligtasan.**)

Ipaliwanag na ang pahayag sa pisara ay halimbawa ng isang alituntunin. Ang mga alituntunin at doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo ay mahalaga at di-nagbabagong mga katotohanan na nagbibigay ng patnubay sa ating buhay. Ang isa sa

mahahalagang layunin ng mga banal na kasulatan ay ituro ang mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo. Magagawa nating mas makabuluhan ang ating personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng paghahanap ng mga doktrina at mga alituntunin, pag-iisip sa mga kahulugan nito, at pagsasabuhay ng mga ito.

Muling tukuyin ang alituntunin na isinulat mo sa pisara.

- Sa inyong palagay, ano ang ibig sabihin ng makatatanggap tayo ng karunungan, pagwawasto, at tagubilin kapag pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan?
- Kailan ninyo nadama na nakatanggap kayo ng karunungan, pagwawasto, at tagubilin dahil pinag-aralan ninyo ang mga banal na kasulatan? (Maaari ka ring magbahagi ng iyong sariling karanasan.)

### Pagbabasa ng Bagong Tipan araw-araw

Ipaliwanag na ang isa sa mga inaasahan sa seminary course na ito ay babasahin ng mga estudyante ang buong Bagong Tipan. Kailangan ito para makatanggap ng diploma sa seminary.

#### *Hikayatin ang mga estudyante na basahin ang aklat para sa kursong ito*

Ang standard works ay mga talang nabigyang-inspirasyon na naglalaman ng mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo. Nagtuturo ang mga ito tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga tao at tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Bawat isa sa mga ito ay mahalaga at nagbibigay ng mas malaking kaalaman tungkol sa ebanghelyo at plano ng kaligtasan na inihanda ng ating Ama sa Langit kapag pinagsama-sama ang mga ito. Dapat basahin at pag-aralan ng mga estudyante at mga titser ang buong Bagong Tipan sa kursong ito.

Ipaliwanag na ang pagbabasa ng buong Bagong Tipan ay mangangailangan ng matibay na determinasyon ngunit sulit ang gagawing pagsisikap na ito. Para mailarawan ito, magpakita ng dalawang transparent na baso na puno ng tubig (o soft drink). Anyayahan ang dalawang estudyante na tumayo malapit sa mga baso. Bigyan ng straw ang isang estudyante. Bigyan naman ang isa pang estudyante ng pitong straw na magkakasamang nakatali. Sabihin sa kanila na ubusin nang mabilis ang tubig hangga't kaya nila gamit ang straw o mga straw. (Ang estudyanteng gamit ang isang straw ay dapat tuluy-tuloy na mainom ang tubig at unang makaubos nito; ang isa namang estudyante ay dapat mahirapan sa pagsipsip ng tubig gamit ang mga straw.) Paupuin ang dalawang estudyante, at itanong sa klase:

- Paano ninyo maiuugnay ang aktibidad na ito sa ating mithiing mabasa ang buong Bagong Tipan bilang bahagi ng pag-aaral na ito? (Ang estudyanteng may pitong straw ay parang isang taong nagsisikap basahin nang minsanan lang ang malaking bahagi ng mga banal na kasulatan. Ang estudyanteng may gamit ng isang straw ay tulad ng isang taong nagbabasa ng maliit na bahagi araw-araw.)

Upang matulungan ang mga estudyante na makita kung paano nila mababasa ang buong Bagong Tipan sa pamamagitan ng palagiang pagbabasa ng maliliit na bahagi, ipahati sa kanila ang bilang ng mga pahina sa Bagong Tipan (404 na pahina

sa Latter-day Saint edition ng King James Version ng Biblia) sa bilang ng kabuuang araw ng pasok hanggang sa matapos ang klase. Halimbawa, kung ang Bagong Tipan ay ituturo sa isang school year na may 280 araw, kailangang makapagbasa ang mga estudyante ng mga 1.5 pahina bawat araw para matapos ito sa katapusan ng klase.

Patotohanan ang mga pagpapalang darating sa mga estudyante kapag masigasig nilang pinag-aralan ang Bagong Tipan. Ang mga estudyante ay tatanggap ng karunungan, pagwawasto, at tagubilin mula sa mga banal na kasulatan at ng patnubay ng Espiritu Santo.

Muling tukuyin ang mga alituntunin na nasa pisara, at patotohanan na sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, makakamtan ng mga estudyante ang mga pagpapalang binanggit ni Pablo sa II Kay Timoteo 3:15–17. Hikayatin ang mga estudyante na gumawa ng mithiing maglaan ng oras araw-araw para sa personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagbabasa ng buong Bagong Tipan. Ipasulat sa mga estudyante ang kanilang mga mithiin sa kanilang scripture study journal.

LESSON 5

# Konteksto at Buod ng Bagong Tipan

## Pambungad


Sa lesson na ito, matututuhan ng mga estudyante ang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura ng Bagong Tipan, kabilang ang mga bagay na naging dahilan ng hindi pagtanggap ng maraming Judio kay Jesus bilang Mesiyas at Tagapagligtas. Matututuhan din ng mga estudyante ang tungkol sa estruktura ng Bagong Tipan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Ang konteksto ng Bagong Tipan

***Gumamit ng mga visual***

Ang mga bagay at larawan, pati mga mapa at chart, ay maaaring epektibong makatulong sa mga estudyante para mailarawan, masuri, at maunawaan ang mga banal na kasulatan, lalo na kapag ang mga visual ay naghihikayat ng talakayan. Ang pagpapakita o pagdidispley ng isang bagay o larawan sa sandaling pumasok na sa silid-aralan ang mga estudyante ay makapagpapasigla sa pag-aaral at makapaghihikayat sa mga estudyante na mag-isip at magtanong.



Ipakita ang isang bahagi ng larawan na Nakita ni Esteban si Jesus sa Kanang Kamay ng Diyos (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 63; tingnan din sa LDS.org) habang tinatakpan ng papel o iba pang materyal ang kabuuan nito maliban kay Esteban (ang lalaking may asul na gora o cap).

Sabihin sa mga estudyante na ilarawan ang nangyayari sa larawan. Tanungin sila kung bakit kaya nakahandusay ang lalaki sa lupa at nakaunat ang kamay. Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, ipakita ang kabuuan ng larawan.

- Nang makita ninyo ang buong larawan, paano nakatulong sa inyo na maunawaan ang nangyari dito?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Gawa 7:56–59 para maunawaan na ang ipinapakita sa larawang ito ay si Esteban, isang disipulo ni Jesucristo, na

nakita si Jesucristo na nakatayo sa kanang kamay ng Diyos habang siya ay binabato hanggang mapatay.



- Paano natin maihahalintulad ang pag-alis ng takip sa larawang ito sa pag-unawa sa mga banal na kasulatan?

Ipaliwanag na ipinapakita ng aktibidad na ito ang kahalagahan ng pag-unawa sa konteksto ng mga banal na kasulatan. Ang salitang *konteksto* ay tumutukoy sa mga sitwasyong nakapaligid o nagbibigay impormasyon sa isang talata, pangyayari, o kuwento sa mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na kapag nagiging mas pamilyar ang mga estudyante sa kontekstong pangkasaysayan at pangkultura ng Bagong Tipan, mas mauunawaan at maipamumuhay nila ang mga turo nito.

**Mga pinuno ng relihiyon ng mga Judio sa panahon ng ministeryo ng Tagapagligtas**

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang 2 Nephi 10:3–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at ipahanap ang mga salita o parirala na ginamit ni propetang Jacob para ilarawan ang espirituwal na kalagayan ng ilan sa mga Judio sa panahon ng ministeryo ng Tagapagligtas.

- Anong mga salita o parirala ang ginamit ni Jacob para ilarawan ang espirituwal na kalagayan ng ilan sa mga Judio? (Ipaliwanag na ang mga salitang *huwad na pagkasaserdote* sa talata 5 ay tumutukoy sa pangangaral na naghahangad ng "yaman at papuri ng sanlibutan" sa halip na ikabubuti ng mga tao ng Diyos [2 Nephi 26:29]. Karamihan sa mga nagkasala ng huwad na pagkasaserdote ay masasamang pinuno ng relihiyon sa kalipunan ng mga Judio na inililihis ang mga tao.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 23:16, 24. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano inilarawan ng Tagapagligtas ang mga pinuno sa relihiyon ng mga Judio sa panahon ng Kanyang ministeryo.

- Paano inilarawan ng Tagapagligtas ang mga yaong pinuno ng relihiyon ng mga Judio?
- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa mga pinunong ito nang tawagin Niya ang mga ito na "mga tagaakay na bulag"?

**Mga idinagdag sa mga batas ni Moises at iba pang mga maling pilosopiya**

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan kung paano inililihis ng landas ng mga pinuno ng relihiyon ang mga tao, magdrowing ng bilog sa pisara at

isulat ang *Batas ni Moises* sa gitna nito. Magdrowing ng isa pang bilog sa palibot ng unang bilog at pangalanan itong *Oral na Batas.*

Ipaliwanag na sa pagkawala ng mga propeta, nagdagdag ang mga guro at mga pinunong Judio ng kanilang sariling patakaran at interpretasyon sa batas. Kilala bilang oral na batas, oral na tradisyon, o mga tradisyon ng mga pinuno o elder, ang mga idinagdag na patakaran at interpretasyong ito ay naglalayong mapigilan ang paglabag sa batas ng Diyos. Para maipakita ang isa sa mga patakarang ito, papuntahin ang dalawang estudyante sa harap ng klase. Bigyan sila ng tig-isang tali na may buhol. Ipatanggal sa isang estudyante ang buhol gamit ang isang kamay, at ipatanggal naman sa isa pang estudyante ang buhol gamit ang dalawang kamay. Pagkatapos masubukan ito, pabalikin sila sa kanilang upuan.

Ipaliwanag na ayon sa oral na batas, ipinagbabawal na tanggalin ang buhol gamit ang dalawang kamay kapag araw ng Sabbath. Ang paggawa nito ay maituturing na pagtatrabaho at sa gayon ay paglabag sa araw ng Sabbath. Gayunman, ang pagtatanggal ng buhol gamit ang isang kamay ay pinapayagan.

- Ano ang maaaring maging panganib ng pagdaragdag ng mga patakaran na gawa ng tao sa mga kautusan ng Diyos?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol hinggil sa ilang pinuno ng relihiyon ng mga Judio:



"Inalis nila ang malilinaw at mga simpleng bagay ng dalisay na relihiyon at nagdagdag dito ng marami sa kanilang sariling interpretasyon; pinalamutian nila ito ng mga dagdag na mga rituwal at seremonya; at inalis nila ang masaya at maligayang paraan ng pagsamba at ginawa itong mahigpit, nakasasagabal, at malungkot na sistema ng mga rituwal at seremonya. Ang buhay na espiritu ng batas ng Panginoon ay naging patay na titik ng rituwalismong Judio sa kanilang mga kamay." (*The Mortal Messiah,* 4 tomo [1979–81], 1:238).

- Ayon kay Elder McConkie, ano ang nagawa ng mga pinuno ng relihiyon ng mga Judio sa mga batas ng Diyos na nadagdagan ng kanilang mga interpretasyon?

Ituro na ang mga Judio sa panahon ni Jesus ay unti-unti nang nag-aapostasiya. Kahit nasa kanila pa rin ang awtoridad at mga ordenansa ng Aaronic Priesthood, marami sa mga Judio ang tumalikod sa totoong ordenansa at alituntunin ng kanilang relihiyon na inihayag ng Diyos kay Moises (tingnan sa D at T 84:25–28). Ang tradisyon ng mga pinuno ay naging priyoridad kaysa sa dalisay na relihiyon at sa nakasulat na salita ng Diyos.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 12:14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang gustong gawin ng mga Fariseo kay Jesus dahil binalewala Niya ang kanilang awtoridad at ilan sa kanilang mga oral na tradisyon.

- Ano ang balak gawin ng mga pinuno ng relihiyon kay Jesus?

Ipaliwanag na bukod pa sa maling tradisyon ng mga Judio, may iba pang mga maling pilosopiya ang nakaimpluwensya sa hindi pagtanggap ng mga tao kay Jesucristo pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Halimbawa, ang paglaganap ng kulturang Griyego ay humantong sa hindi pagtanggap ng mga tao sa realidad ng pisikal na pagkabuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:12). Kaya, nang magpatotoo ang mga Apostol tungkol sa nabuhay na muling Tagapagligtas pagkatapos ng Pagpapako sa Krus, maraming hindi tumanggap ng kanilang patotoo.

**Pamamahala ng mga dayuhan at pag-asam sa isang Mesiyas na magliligtas sa Israel**

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga salita: *Babilonia, Persia, Macedonia (Grecia),* at *Roma.*

- Ano ang kinalaman ng mga sinaunang imperyo na ito sa mga Judio? (Sinakop at pinamunuan nila ang mga Judio.)

Igrupo ang mga estudyante at bigyan ang bawat grupo ng sumusunod na handout:

> Maliban sa isang panahon ng kalayaan, ang mga Judio noong panahon ng Bagong Tipan ay nasakop sa loob ng mahigit 500 taon. Ang pag-aaklas ng mga Macabeo, isang angkan ng mga makabayang Judio, ay humantong sa kalayaan noong mga 160 taon bago ang pagsilang ni Cristo. Gayunman, sa panahon ng pagsilang ni Cristo, sakop ng Roma ang Israel. Si Haring Herodes (kilala rin bilang Dakilang Herodes), na ikinasal sa isang babae na kabilang sa angkan ng mga Macabeo, ang hinirang ng Roma na mamahala sa Israel. Ang mga Judio ay galit sa pamamahala ng mga Romano at sabik nilang inasam ang ipinangakong Mesiyas na pinaniwalaan nilang magliligtas sa kanila mula sa mga Romano. Dahil umasa ang maraming Judio sa isang Mesiyas na magliligtas sa kanila mula sa pananakop ng mga dayuhan, hindi nila tinanggap si Jesucristo bilang kanilang Tagapagligtas.

Sabihin sa mga estudyante na basahin ang handout at pag-usapan sa kanilang grupo ang sumusunod na mga tanong (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito):

- Ano ang inasahan ng maraming Judio sa paparating na Mesiyas?
- Sa palagay ninyo, bakit ang maling pag-asam na ito ay nagdulot ng hindi pagtanggap ng mga Judio kay Jesus bilang Mesiyas?


Ipaliwanag na kahit hindi tinanggap ng ilang Judio si Cristo, kinilala Siya bilang Mesiyas at Tagapagligtas ng ibang tao na mapagkumbaba at madaling makaunawa sa mga bagay na espirituwal.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 2:25–33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ginawa at sinabi ng isang matwid na lalaki na nagngangalang Simeon nang dalhin nina Jose at Maria ang sanggol na si Jesus sa templo.

- Ayon sa talata 30–32, bakit isinugo si Jesus sa mundo? (Maaaring iba't iba ang isagot ng mga estudyante ngunit dapat matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Si Jesucristo ay isinugo para magdala ng kaligtasan sa lahat ng tao.**)
- Ano ang ginawa ni Jesucristo upang mailigtas ang lahat ng tao?

Ilabas ang larawan ni Esteban na ipinakita sa simula ng lesson. Hikayatin ang mga estudyante na alalahanin ang kontekstong pang-kultura at pang-kasaysayan na tinalakay mo sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan. Kapag ginawa nila ito, mas mauunawaan nila ang mga turo ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga Apostol. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kontekstong pangkasaysayan at pangkultura ng Bagong Tipan, tingnan sa "The Intertestamental Period" at "The New Testament Setting" sa *New Testament Student Manual* ([Church Educational System manual, 2014], 1–3). Nakapaloob sa materyal na ito ang maiikling paliwanag tungkol sa mga grupong Samaritano, Fariseo, Saduceo, Sanedrin, at eskriba).

### Maikling buod ng Bagong Tipan



Sabihin sa mga estudyante na may ipapakita kang larawan sa kanila sa loob ng 10 segundo at pagkatapos ay isusulat nila nang detalyado ang nakita nila. Ipakita sa mga estudyante ang Pinagagaling ni Cristo ang Maysakit sa Betesda (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 42; tingnan din sa LDS.org). Pagkatapos ng 10 segundo, itago ang larawan at ipasulat sa mga estudyante ang kanilang paglalarawan. Pagkatapos ng sapat na oras, ipabasa sa ilang estudyante ang kanilang isinulat.

- Kahit iisang larawan ang nakita ninyong lahat, bakit magkakaiba ang mga paglalarawan ninyo?
- Bakit nakatutulong ang pagkakaroon ng mahigit sa isang saksi sa isang pangyayari?

Isulat sa pisara ang mga pangalan ng mga manunulat ng apat na Ebanghelyo: *Mateo, Marcos, Lucas,* at *Juan.* Ipaliwanag na bawat isa sa mga disipulong ito ni Jesucristo ay nagtala ng mga pangyayari at mga turo mula sa buhay ng Tagapagligtas. Ang kanilang mga tala ay tinatawag na Mga Ebanghelyo. Ang ibig sabihin ng salitang *ebanghelyo* ay "mabuting balita." Ituro na binago sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang pamagat ng bawat Ebanghelyo at ginawa itong *patotoo,* "Ang Patotoo ni Mateo."

- Bakit nakatutulong ang pagkakaroon ng hindi lamang isang ebanghelyo o patotoo tungkol sa buhay at mga turo ni Jesucristo?

Ipaliwanag na bagama't magkakaiba ang apat na Ebanghelyo sa ilang detalye at pananaw, ang lahat ng ito ay nagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay at ministeryo ng Tagapagligtas sa mga Judio dito sa mundo. Ang apat na Ebanghelyo ay nagpapatotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng sanlibutan (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ebanghelyo, Mga").

Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng mga kopya ng pinaikling version ng chart na " Ang Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundo" sa

pagtatapos ng lesson na ito. Ang buong version ng chart na ito ay nasa apendiks ng manwal na ito. Sabihin sa mga estudyante na gamitin ang chart para matukoy ang ilang mahahalagang pangyayari sa ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo.

- Ayon sa chart, gaano katagal ang ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo?
- Saan madalas naroon ang Tagapagligtas noong panahon ng Kanyang ministeryo?


Sabihin sa mga estudyante na gamitin ang chart na ito para mas maunawaan ang konteksto ng apat na Ebanghelyo sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan.

Sabihin sa mga estudyante na buklatin ang Mga Nilalaman o Table of Contents ng Biblia. Ipaliwanag na samantalang ang Mga Ebanghelyo ay nagsasalaysay ng ministeryo ng Tagapagligtas, ang mga aklat mula sa Mga Gawa hanggang Apocalipsis ay nagtatala ng ministeryo ng mga sinaunang Apostol ni Cristo matapos ang Kanyang Pagkapako sa Krus, Pagkabuhay na Mag-uli, at Pag-akyat sa Langit. Ang mga Apostol na ito ay naglakbay sa buong lupain ng Israel at sa Imperyo ng Roma para ipangaral ang ebanghelyo at magtatag ng mga sangay ng Simbahan. Sa pag-aaral ng mga ginawa at isinulat na ito ng mga Apostol, mapapalakas natin ang ating pananampalataya sa Tagapagligtas at malalaman natin kung paano matatanggap ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala. Makikita rin natin ang pagkakatulad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa sinaunang simbahan ni Jesucristo.

Magpatotoo sa mga katotohanang natuklasan mo sa pag-aaral ng Bagong Tipan. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanang magbibigay ng pagpapala sa kanila habang pinag-aaralan nila ngayong taon ang Bagong Tipan.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

# Ang Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundo




© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

HOME-STUDY LESSON:

# Ang Plano ng Kaligtasan–Pambungad at Konteksto ng Bagong Tipan (Unit 1)

## Paghahanda ng Materyal para sa Home-Study Teacher

*Buod ng Daily Home-Study Lessons*

Ang sumusunod ay buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng apat na home-study lesson para sa unit 1. Matutulungan kang maghanda para sa klase kapag alam mo kung ano ang pinag-aaralan ng mga estudyante. Ang buod ay hindi parte ng lesson at hindi dapat ibahagi sa mga estudyante. Dahil ang ituturo mong lesson para sa unit 1 ay nakatuon lamang sa ilang mga doktrina at alituntunin na nakasaad sa buod, maaaring mainspirasyunan kang rebyuhin o talakayin ang iba ayon sa mga pahiwatig ng Espiritu at sa mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Ang Plano ng Kaligtasan)

Sa kanilang pag-aaral ng plano ng kaligtasan, natutuhan ng mga estudyante na pinili si Jesucristo sa buhay bago ang buhay sa mundo na maging Manunubos ng lahat ng tao at sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit, nilikha Niya ang mundo. Natutuhan din nila ang mga sumusunod na katotohanan: Si Jesucristo ay pumarito para iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat ng tao ay mabubuhay ring muli. Si Jesucristo ang hahatol sa lahat ng tao. Kung tayo ay mananampalataya kay Jesucristo at mamumuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo, matatanggap natin ang buhay na walang hanggan.

### Day 2 (Ang Responsibilidad ng Estudyante)

Natutuhan ng mga estudyante na nagtuturo ang Espiritu Santo ng katotohanan. Nalaman din nila na kung hangad nating matuto sa pamamagitan ng pananampalataya, maaanyayahan natin sa ating mga puso ang Espiritu Santo para magturo at magpatotoo sa katotohanan.

### Day 3: (Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan)

Natutuhan ng mga estudyante na mahalagang basahin nang buo ang Bagong Tipan at pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw. Bukod pa riyan, natuklasan din ng mga estudyante na higit nating kailangan ngayon ang mga banal na kasulatan kaysa sa alinpamang nakaraang panahon at na kapag pinag-aaralan natin ang mga ito, makatatanggap tayo ng karunungan, liwanag, katotohanan, pagtutuwid, at tagubilin na aakay sa atin tungo sa kaligtasan. Nalaman din nila na kapag nag-aaral tayo ng mga banal na kasulatan araw-araw, matatanggap natin ang "tubig na buhay," o espirituwal na kabusugan, na kailangan natin.

### Day 4 (Pambungad at Konteksto ng Bagong Tipan)

Natutuhan ng mga estudyante na kapag naging pamilyar sila sa kontekstong pangkasaysayan at pangkultura ng Bagong Tipan, mas nauunawaan at naipamumuhay nila ang mga turo nito. Natutuhan din nila na ipinadala si

Jesucristo para iligtas ang lahat ng tao at habang lumalapit tayo kay Jesucristo, lalo nating hahangaring anyayahan ang iba na lumapit sa Kanya.

## Pambungad

Layunin ng lesson na ito na ihanda at hikayatin ang mga estudyante na pag-aralan ang Bagong Tipan sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila sa isang importanteng tema ng mga turo ni Jesucristo at ng Kanyang mga sinaunang Apostol. Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Bagong Tipan, matututuhan nila kung paano tumugon sa paulit-ulit na paanyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya at tanggapin ang Kanyang tulong at patnubay sa ating buhay.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Pambungad sa Bagong Tipan

*Ang Bagong Tipan ay tumutulong sa atin na mapalapit kay Cristo*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano ang ilang mabibigat na pasaning nararanasan ng mga kabataan ngayon?*

Magdala ng kahon o backpack na walang laman at mabibigat na bagay na ilalagay sa kahon o backpack, tulad ng malalaking bato o libro. Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng klase, at ipahawak sa kanya ang kahon o ipasuot ang backpack. Ipasagot sa klase ang tanong na nakasulat sa pisara, at ipasulat sa isang estudyante ang mga sagot ng iba pang mga estudyante sa pisara. Pagkatapos ng bawat sagot, maglagay ng mabigat na bagay sa kahon o backpack hanggang mapuno ito.

- Ano ang mararamdaman ninyo kung kailangan ninyong buhatin nang maghapon ang ganitong kabigat na bagay?

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang mga hamon o problemang idudulot sa tao ng ilan sa mga pasaning nakalista sa pisara.

Ipaliwanag na itinuturo sa atin ng Bagong Tipan ang mga ministeryo ni Jesucristo noong narito pa Siya sa mundo at pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, pati na ang Kanyang mga turo, himala, pagbabayad-sala, at pagdalaw sa mga disipulo ng simbahan noon. Makikita sa lahat ng Kanyang mga turo at pakikitungo ang katotohanang paulit-ulit na binabanggit na makatutulong sa atin na makayanan ang ating mga pasanin.

Ipaliwanag na mababasa sa Mateo 11 ang isang halimbawa ng pangunahing temang ito na madalas na makikita ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan sa taong ito. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 11:28. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang paanyaya ng Tagapagligtas sa taong may mabibigat na pasaning dinadala.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng nangagapapagal at nangabibigatang lubha?
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na kailangan nating gawin para matanggap ang Kanyang kapahingahan? (Gamit ang sariling mga salita ng mga estudyante,


isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kapag tayo ay lumapit kay Jesucristo, bibigyan Niya tayo ng kapahingahan.**)

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng lumapit kay Jesucristo?

Para matulungang maunawaan ng mga estudyante ang ibig sabihin ng paglapit kay Cristo, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 11:29–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga tagubilin ng Tagapaglitas para sa kanilang mga nagnanais na lumapit sa Kanya.

- Ayon sa mga talatang ito, ano ang dapat nating gawin para mapalapit kay Cristo?

Magdrowing sa pisara ng larawan ng pamatok ng baka, o magpakita ng larawan ng isang pamatok.



Ipaliwanag na ang pamatok ay isang barakilan (beam) na yari sa kahoy na ginagamit para pagsamahin ang dalawang baka o iba pang mga hayop para sabay nilang mahatak ang isang kargada.

- Ano ang gamit at pakinabang ng pamatok? (Kahit mabigat ang pamatok, natutulungan nito ang dalawang hayop na mapagsama ang kakayahan at lakas nila, at dahil dito ay mas nadaragdagan ang kanilang kakayahang gumawa.)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng pasanin natin ang pamatok ng Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung paano natin mapapasan ang pamatok ng Tagapagligtas at kung ano ang mga pagpapalang matatanggap natin sa paggawa nito.



"Pinagtatabi ng pamatok ang mga hayop upang sabay silang makagalaw para matapos ang isang gawain.

"Isipin ang kakaibang paanyaya ng Tagapagligtas sa bawat isa na 'pasanin ninyo ang aking pamatok.' Sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, pinapasan natin ang pamatok at nakikiisa tayo sa Panginoong Jesucristo. Ibig sabihin, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na umasa at makipagtulungan sa Kanya, kahit lahat ng pagsisikap natin ay hindi katumbas at hindi maihahambing sa Kanya. Kapag tayo ay nagtiwala at nakipagtulungan sa Kanya sa paghatak sa ating pasan sa paglalakbay natin sa buhay na ito, tunay na ang Kanyang pamatok ay malambot at magaan ang Kanyang pasan.

"Hindi tayo nag-iisa at hindi natin kailangang mag-isa kailanman. Makakasulong tayo sa buhay sa araw-araw sa tulong ng langit. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas makatatanggap tayo ng kakayahan at 'lakas [nang higit sa sarili nating kakayahan]' ('Panginoon, Kayo'y Laging Susundin,' *Mga Himno,* blg. 164)" ("Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 88).

- Ano ang nagsisilbing “pamatok” sa pagitan natin at sa Tagapagligtas na si Jesucristo?
- Ayon kay Elder Bednar, ano ang mga biyayang matatanggap natin kapag kasama natin sa pamatok ang Tagapagligtas?

Ituro na ang ipinangako ng Tagapagligtas na “kapahingahan” sa Mateo 11:28–29 ay hindi nangangahulugan na aalisin Niya ang ating mga problema o pagsubok. Kadalasan, binibigyan tayo ng Tagapagligtas ng kapayapaan at lakas na kailangan natin para makayanan o matiis ang ating mga pagsubok, kaya gumagaan ang mga pasanin natin. Kung mananatili tayong tapat kahit may mga hamon tayo sa buhay, ang ganap na kapahingahang matatanggap natin ay ang kadakilaan sa piling ng Diyos (tingnan sa D at T 84:23–24).

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan kung paano sila binigyan ng kapahingahan ng Tagapagligtas noong lumapit sila sa Kanya. Anyayahan ang ilang estudyante na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa klase.

Anyayahan ang mga estudyante na magtakda ng mga mithiin tungkol sa mga paraan na mapapalapit sila kay Jesucristo sa buong taon ng pag-aaral nila ng Bagong Tipan. Hikayatin silang isama sa mga mithiin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa araw-araw at pagbabasa ng buong aklat ng Bagong Tipan ngayong taon.

## Maikling Buod ng Bagong Tipan

### *Ang mga aklat sa Bagong Tipan ay nagpapatotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ang ating Tagapagligtas*

Isulat sa pisara ang mga pangalan ng mga manunulat ng apat na Ebanghelyo: *Mateo, Marcos, Lucas,* at *Juan.* Ipaliwanag na bawat isa sa mga disipulong ito ni Jesucristo ay nagtala ng mga pangyayari at mga turo mula sa buhay ng Tagapagligtas. Ang kanilang mga tala ay tinatawag na Mga Ebanghelyo. Ang ibig sabihin ng salitang *ebanghelyo* ay “mabuting balita.” Ipaliwanag na binago sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang pamagat ng bawat Ebanghelyo at ginawang *patotoo,* “Ang Patotoo ni Mateo.”

- Bakit nakatulong ang pagkakaroon ng hindi lamang isang ebanghelyo o patotoo tungkol sa buhay at mga turo ni Jesucristo?

Ipaliwanag na bagama’t magkakaiba ang apat na Ebanghelyo sa ilang detalye at pananaw, ang lahat ng ito ay nagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay at ministeryo ng Tagapagligtas sa mga Judio dito sa mundo. Ang apat na Ebanghelyo ay nagpapatotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng mundo. Patingnan sa mga estudyante ang chart na “Ang Buhay ni Jesucristo sa Mundo,” sa pagtatapos ng Unit 1: Day 4 lesson. Ipagamit sa kanila ang chart para matukoy ang ilang mahahalagang pangyayari sa ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo.

- Ayon sa chart, gaano katagal ang ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo?
- Saan madalas naroon ang Tagapagligtas noong panahon ng Kanyang ministeryo?

Ipagamit sa mga estudyante ang chart na ito para mas maunawaan nila ang konteksto ng apat na Ebanghelyo sa kanilang pag-aaral ng Bagong Tipan.

Sabihin sa mga estudyante na buklatin ang pahina ng Mga Nilalaman o Table of Contents ng Biblia. Ipaliwanag na ang Mga Ebanghelyo ay nagsasalaysay ng ministeryo ng Tagapagligtas, samantalang ang mga aklat mula sa Mga Gawa hanggang Apocalipsis ay nagtatala ng ministeryo ng mga sinaunang Apostol ni Cristo matapos ang Kanyang Pagkapako sa Krus, Pagkabuhay na Mag-uli, at Pag-akyat sa Langit. Ang mga Apostol na ito ay naglakbay sa buong lupain ng Israel at sa Imperyo ng Roma para ituro ang ebanghelyo at magtatag ng mga sangay ng Simbahan. Sa pag-aaral ng mga ginawa at isinulat ng mga Apostol na ito, mapapalakas natin ang ating pananampalataya sa Tagapagligtas at malalaman kung paano matatanggap ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala. Makikita rin natin kung gaano ang pagkakatulad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa sinaunang simbahan ni Jesucristo.

Maaari mong ibahagi ang iyong patotoo sa Bagong Tipan, at sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan na magbibigay ng pagpapala sa kanila sa kanilang pag-aaral ng buhay at mga turo ni Jesucristo at ng Kanyang mga Apostol sa Bagong Tipan.

### Susunod na Unit (Mateo 1–5)

Ipaliwanag na pag-aaralan ng mga estudyante sa susunod na unit ang ilan sa mga detalye ng pagsilang ng Anak ng Diyos. Pag-aaralan din nila ang mga turo ni Jesucristo tungkol sa kung paano tunay na magiging masaya sa buhay na ito at maging perpekto tulad ng Ama sa Langit.

# Pambungad sa Ebanghelyo Ayon kay Mateo

## Bakit kailangang pag-aralan ang aklat na ito?

Ilan sa pinakamagagandang talata sa Biblia ay matatagpuan sa aklat ni Mateo, kabilang na ang Sermon sa Bundok at karamihan sa mga talinghaga, mga turo, at mga himala ni Jesucristo. Ang pag-aaral ng aklat na ito ay makatutulong sa mga estudyante na maging pamilyar sa ministeryo at mga salita ni Jesucristo at magpapalakas ng kanilang patotoo kay Jesucristo bilang Tagapagligtas ng sanlibutan at ang Ipinangakong Mesiyas na binanggit ng lahat ng mga banal na propeta.

## Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Si Mateo, na kilala rin bilang si Levi, na anak ni Alfeo, ang may-akda ng aklat na ito. Siya ay isang publikano, o maniningil ng buwis, bago tuluyang nabago ang kanyang buhay nang siya ay tumugon sa paanyaya ni Jesucristo na sumunod sa Kanya. (Tingnan sa Mateo 9:9; Marcos 2:14; Lucas 5:27–28; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mateo.") Kasunod ng kanyang pagbabalik-loob, si Mateo ay naging isa sa Labindalawang Apostol ng Tagapagligtas (tingnan sa Mateo 10:2–4). Bilang Apostol, nasaksihan ni Mateo ang karamihan sa mga pangyayaring inilarawan niya sa kanyang talaan. Ito ay sinuportahan ng titulong ibinigay sa kanyang Ebanghelyo sa Pagsasalin ni Joseph Smith: "Ang Patotoo ni Mateo."

## Kailan at saan ito nangyari?

Hindi natin alam kung kailan talaga isinulat ang aklat ni Mateo, ngunit ito ay malamang na isinulat sa huling kalahati ng unang siglo A.D. Hindi natin alam kung saan isinulat ni Mateo ang aklat na ito.

## Para kanino ito isinulat at bakit?

Tila isinulat ito ni Mateo sa mga mambabasang Judio upang ipakita na isinakatuparan ni Jesucristo ang mga propesiya sa Lumang Tipan na ukol sa Mesiyas (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mateo"). Sa pagsasalaysay ni Mateo ng buhay, mga salita, at gawa ni Jesucristo, madalas niyang tinukoy ang mga propesiya sa Lumang Tipan at ginamit ang mga katagang "upang maganap ang sinalita" (halimbawa, tingnan sa Mateo 4:14; 8:17; 13:35; 21:4).

Sa kanyang Ebanghelyo, ginamit ni Mateo ang mga katagang "Anak ni David" nang 12 beses bilang patotoo na si Jesucristo ang karapat-dapat na tagapagmana sa trono ni Haring David at ang katuparan ng mga propesiya tungkol sa Mesiyas. Ang talaangkanan ni Jesucristo na nakatala sa Mateo ay nagsimula kina David, Juda, at Abraham (tingnan sa Mateo 1:1–3), na nagpakita ng karapatang mamuno ni Jesus at ang Kanyang tungkulin sa pagsasakatuparan ng mga pangako ng Diyos sa Israel.

## Ano ang ilan sa kakaibang mga katangian ng aklat na ito?

Bagama't malaking bahagi ng nakasulat sa Mateo ay matatagpuan din sa Marcos at Lucas, mga 42 porsiyento ng Ebanghelyo Ayon kay Mateo ay naiiba. Ang pangunahing tema sa Mateo ay ang pagparito ni Jesucristo upang itatag ang Kanyang kaharian sa lupa. Binanggit ni Mateo ang mga katagang "ang kaharian ng langit" nang maraming beses, at siya ang tanging awtor ng Ebanghelyo na isinama ang mga turo ni Jesus na bumabanggit sa "simbahan" (tingnan sa Mateo 16:18; 18:17).

Ang Ebanghelyo Ayon kay Mateo ay tumutulong din sa atin na makita ang pagkakatulad ng mga ministeryo ni Moises at ni Jesucristo. Halimbawa, noong sila ay mga sanggol, kapwa sila naligtas sa tangkang pagpatay sa kanila ng hari (tingnan sa Exodo 2:1–10; Mateo 2:13–18), kapwa sila lumabas ng Egipto, kapwa ibinigay ang batas ng Diyos sa isang bundok (tingnan sa Exodo 19–20; Mateo 5–7), at kapwa sila dumating para iligtas ang kanilang mga tao.

## Outline

**Mateo 1–4** Inilahad ni Mateo ang talaangkanan at kapanganakan ni Jesucristo. Hinanap ng mga pantas na lalake ang Hari ng mga Judio. Dahil ginabayan sa mga panaginip, dinala ni Jose si Maria at ang batang si Jesus sa Egipto at kalaunan sa Nazaret. Ipinangaral ni Juan Bautista ang ebanghelyo ng pagsisisi at bininyagan si Jesucristo. Ang Tagapagligtas ay tinukso sa ilang. Sinimulan Niya ang Kanyang mortal na ministeryo sa pagtuturo at pagpapagaling.

**Mateo 5–7** Ibinigay ni Jesucristo ang Sermon sa Bundok.

**Mateo 8–12** Ang Tagapagligtas ay nagpagaling ng isang ketongin, pinayapa ang bagyo, nagpaalis ng mga demonyo, ibinangon mula sa kamatayan ang anak na babae ni Jairo, at binigyan ng paningin ang bulag. Pinagkalooban ni Jesucristo ang Labindalawang Apostol ng awtoridad na gawin ang tulad ng Kanyang ginawa at isinugo sila para mangaral ng ebanghelyo. Inihayag ni Jesus na si Juan Bautista ay higit pa sa isang propeta. Ang Tagapagligtas ay nagpagaling sa araw ng Sabbath.

**Mateo 13–15** Si Jesus ay nagturo gamit ang mga talinghaga. Si Juan Bautista ay pinatay. Matapos ang pagpapakain sa limang libong tao, sina Jesus at Pedro ay lumakad sa ibabaw ng Dagat ng Galilea. Tinanong ng mga eskriba at mga Fariseo si Jesus.

**Mateo 16–18** Matapos magpatotoo si Pedro na si Jesus ang Mesiyas, ipinahayag ng Tagapagligtas na ibibigay Niya ang mga susi ng kaharian ng Diyos kay Pedro at sa Labindalawa. Si Jesucristo ay nagbagong-anyo sa bundok, kung saan tinanggap nina Pedro, Santiago, at Juan ang mga susi ng priesthood. Si Jesucristo ay nagbigay ng mga tagubilin sa Kanyang mga disipulo kung paano pamahalaan ang Simbahan at itinuro na hindi tayo patatawarin ng Diyos kung hindi natin patatawarin ang iba.

**Mateo 19–23** Ang Tagapagligtas ay nagturo tungkol sa kawalang-hanggan ng kasal. Pumasok Siya sa Jerusalem at nilinis ang templo. Sa paggamit ng mga talinghaga, inilantad ni Jesus ang masasamang hangarin ng mga pinunong Judio

na kumakalaban sa Kanya. Nagdalamhati Siya sa mangyayaring pagkawasak ng Jerusalem.

**Mateo 24–25; Joseph Smith—Mateo** Si Jesucristo ay nagpropesiya tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem. Itinuro niya kung paano magiging handa ang Kanyang mga tagasunod sa Kanyang pagbabalik.

**Mateo 26–27** Kumain si Jesus ng pagkain ng Paskua kasama ang Kanyang mga disipulo at pinasimulan ang sakramento. Siya ay nagdusa sa Halamanan ng Getsemani at ipinagkanulo, dinakip, nilitis sa harap ng mga Judio at mga pinunong Romano, at ipinako sa krus. Siya ay namatay at inilibing.

**Mateo 28** Ang nabuhay na muling Tagapagligtas ay nagpakita sa Kanyang mga disipulo. Iniutos ni Jesus sa mga Apostol na dalhin ang Kanyang ebanghelyo sa lahat ng bansa.

LESSON 6

# Mateo 1–2

## Pambungad

Ang talaangkanan o genealogy ni Jesucristo ay itinala ni Mateo, at isang anghel ang nagpahayag kay Jose na si Jesus ay literal na Anak ng Diyos. Ang mga pantas na lalake mula sa Silangan ay naglakbay upang hanapin at sambahin ang batang si Jesus. Sinabihan si Jose sa panaginip na dalhin ang kanyang pamilya sa Egipto upang makaiwas sa malupit na pagpapatay ni Herodes ng mga sanggol sa Betlehem.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### *Gamitin ang kurikulum*

Kapag naghahanda ka ng lesson, mapanalangin mong rebyuhin ang mga materyal ng kurikulum sa pag-aaral mo ng scripture block. Sa paggawa nito, matutulungan ka ng Espiritu Santo na maiakma ang lesson sa pangangailangan ng mga estudyante. Maaaring magamit mo ang lahat o ang ilang bahagi ng mga mungkahi sa pagtuturo para sa isang scripture block, o maaari mong iakma ang mga iminungkahing ideya sa mga pangangailangan at kalagayan ng iyong klase.

### Mateo 1:1–17

*Ang talaangkanan ni Jesus*

Magdispley ng larawan ng iyong mga magulang at itanong sa mga estudyante kung may napapansin silang anumang katangiang namana mo sa kanila. Maaari mo ring pagdalhin ang ilang estudyante ng mga larawan ng kanilang mga magulang at pahulaan sa klase kung kaninong mga magulang sila. Sabihin sa mga estudyante na pag-usapan ang anumang katangiang namana nila sa kanilang mga magulang (tulad ng kulay ng mata, kulay ng buhok, o taas).

Hikayatin ang mga estudyante na alamin ang mga katotohanang ipinahayag tungkol sa mga magulang ng Tagapagligtas at ang mga katangiang namana Niya sa kanila sa pag-aaral nila ng Mateo 1–2. Ang aktibidad na ito ay dapat maghanda sa mga estudyante na maunawaan ang katotohanan na si Jesucristo ang banal na Anak ng Ama sa Langit at ni Maria at Siya ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman.

Ipaliwanag na nakatala sa Mateo 1:1–17 ang mga ninuno ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na binanggit sa talata 1 na si Jesucristo ay inapo ni David at ni Abraham.

Ipaliwanag na ipinahayag sa mga propesiya sa Lumang Tipan na ang Mesiyas ay magmumula sa lahi ni David (tingnan sa II Samuel 7:12–13; Isaias 9:6–7; Jeremias 23:5–6) at pagpapalain ng binhi ni Abraham "ang lahat ng bansa sa lupa" (Genesis 22:18; tingnan din sa Abraham 2:11). Gusto ni Mateo na malaman ng mga mambabasa na tinupad ni Jesus ang mga propesiya ng Lumang Tipan tungkol sa Mesiyas (tingnan sa Mateo 1:22–23; 2:5, 15, 23; 26:55–56). Ang talaangkanan na nakatala sa Mateo 1:1–17 ay nagpapakita na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas at Siya ang may karapatang magmana ng trono ni David.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 1:16. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang titulong ibinigay kay Jesus at ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na ang salitang *Cristo* ay ang wikang Griyego ng salitang Aramaic na *Mesiyas,* na ang ibig sabihin ay "ang pinahiran ng langis" o hinirang.

- Sa buhay bago ang buhay na ito, ano ang hinirang na gawin ni Jesucristo? (Hinirang siya ng Ama sa Langit na maging ating "Propeta, Saserdote, Hari, at Tagapagligtas" [Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mesiyas," scriptures.lds.org; tingnan din sa Bible Dictionary, "Anointed One"].)

### Mateo 1:18–25

*Isang anghel ang nagpahayag kay Jose na si Jesus ay literal na Anak ng Diyos*


Ipaliwanag na binanggit din sa Mateo 1:16 na si Maria ang asawa ni Jose. Ayon sa Mateo 1:18, si Maria ay *magaasawa* kay Jose. Ibig sabihin nito ay magkatipan sila, o may kasunduan nang magpapakasal, at nakatali na sa isa't isa pero hindi pa nagsasama bilang mag-asawa. Gayunman, bago ang kasal, nalaman ni Jose na nagdadalang-tao si Maria. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 1:19. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang gustong gawin ni Jose.

- Ano ang gustong gawin ni Jose nang matuklasan niyang nagdadalang-tao si Maria? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "hiwalayan siya ng lihim" ay pinlano ni Jose na kanselahin nang lihim ang pagpapakasal upang hindi danasin ni Maria ang paghamak ng madla o ang pagbabatuhin hanggang mamatay bilang posibleng kaparusahan.)
- Ano ang itinuturo sa atin ng talatang ito tungkol sa pagkatao ni Jose?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 1:20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari kay Jose habang pinag-iisipan niyang itigil ang balak na pagpapakasal kay Maria.

- Bakit sinabi ng anghel kay Jose na huwag matakot na ituloy ang pagpapakasal kay Maria?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahulugan ng mga salitang "sa Espiritu Santo" (Mateo 1:18, 20), ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Tulad ng si Jesus ay literal na Anak ni Maria, Siya rin ay personal at literal na anak ng Diyos ang Amang Walang Hanggan. … Ang pahayag ni Mateo na, 'ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo,' kung isasalin nang wasto ay dapat na ganito, 'siya ay nagdadalang-tao *sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.*' (Mat. 1:18.) … Nailarawan nang lubos ni Alma ang paglilihi at pagsilang sa Panginoon sa propesiya na: Si Cristo 'ay isisilang ni Maria, … siya na isang birhen, isang mahalaga at piniling nilikha, na lililiman at *maglilihi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo,* at magsisilang ng isang anak na lalaki, oo, maging *ang Anak ng Diyos.*' (Alma 7:10.)" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:82).

- Ano ang natutuhan natin sa mga turong ito tungkol sa pagiging literal na Anak ng Diyos ni Jesus? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Si Jesucristo ang banal na Anak ng Ama sa Langit at ni Maria.** Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang doktrinang ito sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Mateo 1:18–25.)

Patingnan ang larawan ng iyong mga magulang at sabihing muli ang ilan sa mga katangiang namana mo sa kanila. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder James E. Talmage ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa mga estudyante na pakinggan kung bakit mahalagang maunawaan na si Jesus ang banal na Anak ng Ama sa Langit at ni Maria.



"Ang batang isisilang ni Maria ay bugtong na Anak ni Elohim, ang Amang walang Hanggan. … Ang Kanyang mga katangian ay kakikitaan ng pinagsamang kapangyarihan ng Pagkadiyos at ng kakayahan at mga posibilidad ng pagiging mortal. … Ang Batang si Jesus ay magmamana ng pisikal, mental at espirituwal na pag-uugali, gawi, at kapangyarihan na siyang katangian ng Kanyang mga magulang—ang isa ay imortal at niluwalhati—Diyos, at ang isa ay mortal na—babae" (*Jesus the Christ,* Ika-3 ed. [1916], 81).

- Ano ang mga katangiang minana ni Jesus mula sa Kanyang Ama? Ano ang mga katangiang minana Niya mula sa Kanyang ina?

Ipaliwanag na dahil si Jesus ay Anak ng isang imortal na Ama at isang mortal na ina, may kakayahan Siyang mabuhay nang walang hanggan kung pipiliin Niya, gayundin ng katangiang mamatay. Ang banal na katangiang ito ang nagpamarapat sa Kanya na magdusa para sa ating mga kasalanan, mamatay sa krus, at mabuhay na muli.

## Mateo 2:1–12

*Ang mga Pantas na Lalake ay ginabayan patungo kay Jesus*



Magdispley ng tatlong nakabalot na regalo sa harap ng klase o magdrowing sa pisara ng tatlong regalo.

- Sino ang nagdala ng mga regalo sa Tagapagligtas matapos Siyang isilang?

Ipaliwanag na ang Ebanghelyo ni Mateo ang kaisa-isang Ebanghelyo na nagsalaysay tungkol sa mga Pantas na Lalake. Ibigay ang sumusunod na quiz bilang handout o isulat sa pisara ang mga tanong bago magklase. Bigyan ang

mga estudyante ng ilang minuto para basahin ang mga tanong at isulat ang kanilang mga sagot.

## Gaano ang alam ninyo tungkol sa mga Pantas na Lalake?


1. Paano nalaman ng mga Pantas na Lalake na isinilang na ang Mesiyas?
2. Bakit gustong hanapin ng mga Pantas na Lalake ang Mesiyas?
3. Paano nalaman ng mga punong saserdote at mga eskriba kung saan isisilang ang Mesiyas?
4. Ano ang gusto ni Herodes na gawin ng mga Pantas na Lalake kapag natagpuan nila si Jesus?
5. Sa halip na sundin si Herodes, ano ang ginawa ng mga Pantas na Lalake?

Pagkatapos ng sapat na oras, ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 2:1–12, na inaalam ang mga sagot sa mga tanong sa quiz.

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang anumang natutuhan nila tungkol sa mga Pantas na Lalake. Ang mga detalye sa mga talata 11 at 16 ay nagpapahiwatig na maaaring mga dalawang taon na mula nang isilang si Jesus nang makarating ang mga Pantas na Lalake sa banal na pamilya (nakita ng mga Pantas na Lalake si Jesus sa isang bahay, hindi sa isang sabsaban, at Siya ay isang batang musmos, hindi bagong silang na sanggol). Ipaliwanag na ang dahilan kung bakit gusto ni Herodes na sabihin sa kanya ng mga Pantas na Lalake kung saan nila natagpuan ang Mesiyas ay upang Siya ay kanyang mapatay (tingnan sa Mateo 2:13).

- Paano nalaman ng mga Pantas na Lalake kung saan hahanapin ang Mesiyas?
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng mga Pantas na Lalake na naghahanap sa Tagapagligtas? (Ang mga sagot ng mga estudyante ay maaaring magkaiba-iba, ngunit tulungan mo silang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung hahanapin natin nang tapat at masigasig ang Tagapagligtas, gagabayan tayo patungo sa Kanya.**)
- Paano natin masigasig na mahahanap ang Tagapagligtas?
- Ano ang kaagad na ginawa ng mga Pantas na Lalake nang mahanap nila ang Tagapagligtas? Bakit? (Ang isang layunin ng paghahandog sa Tagapagligtas ay upang sambahin Siya.)
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng mga Pantas na Lalake na naghandog sa Tagapagligtas? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Sinasamba natin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagbibigay ng makabuluhang handog sa Kanya.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano tayo makapagbibigay ng makabuluhang handog sa Tagapagligtas, ipabasa nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Noong unang panahon kapag gustong sumamba ng mga tao at humingi ng biyaya sa Panginoon, kadalasa'y nagdadala sila ng handog. …

"Mayroon bang marumi o hindi marapat sa pagkatao ninyo o sa inyong buhay? Kapag inalis ninyo ito, iyan ay handog sa Tagapagligtas. May magandang ugali o katangian bang kulang sa buhay ninyo? Kapag tinaglay at ginawa ninyo itong bahagi ng inyong pagkatao, naghahandog kayo sa Panginoon. Kung minsa'y mahirap itong gawin, ngunit ang mga handog bang pagsisisi at pagsunod ay marapat ihandog kung hindi ninyo pinaghirapan?" ("Kapag Ikaw ay Nagbalik-loob," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 12).

- Ano ang makabuluhang maihahandog natin sa Tagapagligtas?

Anyayahan ang mga estudyante na pagnilayan ang pahayag ni Elder Christofferson at pag-isipan kung anong handog ang sa palagay nila ay dapat ibigay sa Tagapagligtas. Bigyan sila ng papel na pagsusulatan ng kanilang mga ideya. Hikayatin silang magplano kung paano nila ibibigay ang mga handog na ito kay Jesucristo.

## Mateo 2:13–23

### *Tumakas sina Jose, Maria, at Jesus papuntang Egipto*

Ipaliwanag na ayon sa Mateo 2:13–23, nagalit si Herodes nang ang mga Pantas na Lalake ay "nangagsiuwi … sa kanilang sariling lupain" (Mateo 2:12) nang hindi sinasabi sa kanya kung saan naroon ang Mesiyas. Dahil gusto niyang patayin ang Mesiyas, iniutos niya na patayin ang lahat ng bata na dalawang taon at pababa na nasa Betlehem at sa mga karatig na lugar.

Basahin nang malakas ang Mateo 2:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano nalaman ni Jose ang dapat gawin para manatiling ligtas ang kanyang pamilya. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Saan dinala ni Jose sina Maria at Jesus?

Ibuod ang Mateo 2:15–23 na ipinapaliwanag na nanatili sa Egipto sina Jose, Maria, at Jesus hanggang sa mamatay si Herodes. Iniutos ng Diyos kay Jose sa panaginip na dalhin ang kanyang pamilya pabalik sa Israel, at nanirahan sila sa lungsod ng Nazaret.

- Paano napagpala ang buhay ng iba ng pagiging madaling makahiwatig ni Jose sa mga bagay na espirituwal?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula kay Jose? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung madali tayong makaramdam sa pahiwatig ng Espiritu, makatatanggap tayo ng paghahayag at patnubay.**)

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano ang magagawa nila para mas madaling makaramdam sa pahiwatig ng Espiritu. Hikayatin sila na mithiing sundin ang anumang pahiwatig na natatanggap nila.

LESSON 7

# Mateo 3

## Pambungad

Si Juan Bautista ay nangaral at nagbinyag sa Judea. Si Jesucristo ay naglakbay mula Galilea patungo sa Ilog Jordan, kung saan Siya bininyagan ni Juan. Ang Diyos Ama ay nagpatotoo na si Jesus ang Kanyang Pinakamamahal na Anak.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### *Ang layunin ng seminary*

Ang layunin ng seminary ay "tulungan ang mga kabataan … na makaunawa at umasa sa mga turo at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo, at ihanda ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba pa para sa buhay na walang hanggan sa piling ng kanilang Ama sa Langit" ("The Objective of Seminaries and Institutes of Religion" [2012], si.lds.org). Sa paghahanda mo ng lesson, mapanalanging alamin kung paano ka makatutulong na makamit ang mithiing ito bawat araw.

### Mateo 3:1–12

*Si Juan Bautista ay nangaral sa Judea*

Sabihin sa klase na isipin kung ano ang mararamdaman nila kung isa sa mga estudyante sa klase ay magsimulang kunin ang mga gamit ng ibang mga estudyante. Pagkatapos ay ipaisip sa kanila na matapos manguha ng gamit ang estudyante, humingi ito ng tawad pero patuloy pa ring kinukuha ang mga gamit ng ibang estudyante. Itanong:

- Ano ang iisipin ninyo sa paghingi ng tawad ng estudyanteng ito?
- Paano maihahalintulad ang ginawa ng estudyanteng ito sa isang hindi totoong nagsisisi?

Sabihin sa mga estudyante na alamin sa kanilang pag-aaral ng Mateo 3 ang mga katotohanan na nakatutulong sa atin na maunawaan ang dapat gawin para tunay na magsisi.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 3:1–4. Sabihin sa klase na alamin kung anong pangyayari ang makatutulong na maihanda ang mga tao sa ministeryo ng Tagapagligtas.

- Sino si Juan Bautista? (Siya ay anak nina Zacarias at Elisabet, na kamag-anak ni Maria. Hawak niya ang mga susi ng Aaronic Priesthood [tingnan sa D at T 13; 84:27–28].)
- Ano ang ginagawa ni Juan?
- Ano ang ipinayo ni Juan na gawin ng kanyang mga tagapakinig?

Ipaliwanag na ang misyon ni Juan ay ipinropesiya ni Isaias (Esaias) at ng iba pang mga propeta (tingnan sa Isaias 40:3; Malakias 3:1; 1 Nephi 10:7–10). Si Juan ang

maghahanda ng daan para sa Mesiyas (si Jesucristo) sa pamamagitan ng pangangaral ng pagsisisi at pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig.

- Sa palagay ninyo, paano nakatulong ang pangangaral ng pagsisisi at pagbibinyag sa pamamagitan ng tubig sa paghahanda ng daan ng Panginoon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 3:5–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon ang mga tao sa mensahe ni Juan.

- Paano tumugon ang mga tao sa mensahe ni Juan? (Ipinagtapat nila ang kanilang mga kasalanan at nagpabinyag. Ipaliwanag na ang kahandaang ipagtapat ang mga kasalanan sa Ama sa Langit at, kapag kailangan, sa itinalagang priesthood leader ay mahalaga sa pagsisisi [tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2004), 156].)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 3:7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang kausap ni Juan.

- Ayon sa talatang ito, sino ang kausap ni Juan?

Ipaliwanag na ang mga Fariseo ay isang pangkat pangrelihiyon sa mga Judio na ang pangalan ay nagpapahiwatig na nakahiwalay o nakabukod. Ipinagmamalaki nila na mahigpit nilang sinusunod ang batas ni Moises at naniniwala na ang mga idinagdag dito na gawa ng tao, na kilala bilang oral na batas, ay kasinghalaga ng mismong batas ni Moises (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Fariseo, Mga"). Ang mga Saduceo ay isang maliit subalit makapangyarihang pangkat pampulitika na naniniwalang dapat sundin ang eksaktong nakasulat sa batas ni Moises. Hindi sila naniniwala sa doktrina ng pagkabuhay na mag-uli at buhay na walang hanggan (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Saduceo, Mga").

- Ano ang itinawag ni Juan sa mga Fariseo at mga Saduceo?

Kung maaari, magdispley ng larawan ng Palestinian viper at ipaliwanag na maraming ganitong makamandag na ahas o ulupong sa Israel. Sa gabi umaatake ang mga ulupong at karaniwang nagtatago at nag-aabang ng mabibiktima. Kapag nakakaramdam ng panganib, pinupulupot nito ang katawan, sumasagitsit, at tinutuklaw ang kalaban.



**Palestinian viper**

© taviphoto/Shutterstock.com

- Sa palagay ninyo, bakit tinawag ni Juan na mga ulupong ang mga Fariseo at mga Saduceo? (Maaari mong ipaliwanag na itinuturing ng mga Fariseo at mga Saduceo na mapanganib si Juan, dahil inilalayo niya ang maraming tao sa kanilang masamang impluwensya at maling mga turo.)

Ipaliwanag na may karagdagang mga salita sa Joseph Smith Translation na sinabi si Juan sa mga Fariseo at Saduceo. Ipabasa sa mga estudyante ang Joseph Smith Translation, Matthew 3:34–36: "Bakit hindi ninyo tinatanggap ang ipinangangaral niya na isinugo ng Diyos? Kung hindi ninyo ito tatanggapin sa inyong mga puso,

hindi ninyo ako tinatanggap; at kung hindi ninyo ako tinatanggap, hindi ninyo tatanggapin siya na aking isinugo upang magpatotoo; at sa inyong mga kasalanan ay wala kayong maidadahilan. Magsipagsisi, kung gayon, at mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi; At huwag kayong mangag-isip na mangagsabi sa inyong sarili, kami ang mga anak ni Abraham, sapagka't sinasabi ko sa inyo, mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito."

- Ayon kay Juan, kung hindi tatanggapin ng mga Fariseo at Saduceo ang kanyang pangangaral, sino pa ang hindi nila tatanggapin?
- Paano mo ibubuod ang mensahe ni Juan sa kanila?

Isulat sa pisara ang mga salitang *Mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi*.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga katagang ito, ituro na sa banal na kasulatan ang mga punungkahoy na nagbubunga ng mabuting bunga o kaya'y masamang bunga ay sumasagisag kung minsan sa mga tao. Magpakita o magdrowing ng isang prutas at ipaliwanag na sumasagisag ito sa ating hangarin at kilos. Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mga katagang "karapatdapat sa" "nararapat sa."

Ipaalala sa klase ang sitwasyong ipinaisip mo sa kanila sa simula ng lesson (isang estudyante na kumukuha ng mga gamit ng ibang mga estudyante at hindi pa rin tumigil sa pagkuha matapos humingi ng tawad).

- Nagpakita ba ng tunay na pagsisisi ang estudyante sa kanyang hangarin at kilos? Bakit hindi? (Hindi pa rin tumigil ang estudyante sa pagkuha ng mga gamit ng iba kahit humingi na siya ng tawad.)
- Paano ninyo ibubuod ang ibig sabihin ng "mangagbunga ng karapatdapat na pagsisisi"? (Mateo 3:8). (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Ipinapakita natin sa Panginoon ang tunay na pagsisisi kapag binago natin ang ating mga hangarin at kilos para sundin ang Kanyang mga turo.**)
- Anong mga hangarin at kilos natin ang nagpapakita na talagang nagsisisi na tayo sa ating mga kasalanan?

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang katotothanang ito, isulat sa pisara ang sumusunod na mga halimbawa: *nandaraya sa paaralan, masungit sa mga kapatid, salbahe sa ibang mga estudyante, nagsasabi ng masamang salita,* at *nanonood ng pornograpiya.* Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung ano kaya ang iniisip at ginagawa ng mga taong nagsisi na sa ganitong mga kasalanan.

Basahin nang malakas ang Mateo 3:10. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyayari kapag hindi tayo totoong nagsisisi. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Ipaliwanag na ang ibig ipahiwatig ng "pinuputol at inihahagis sa apoy" ay nawawalan ng impluwensya ng Espiritu ng Diyos ang mga taong ayaw magsisi at sa huli ay mapagkakaitan ng mga pagpapala ng selestiyal na kaharian.

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti ang anumang hangarin o kilos na maaaring kinakailangan nilang baguhin para tunay na makapagsisi. Hikayatin

silang magpakita ng tunay na pagsisisi sa pamamagitan ng pagbabago ng anumang hangarin at gawain nila na hindi ayon sa mga turo ng Diyos.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 3:11, na inaalam ang sinabi ni Juan na gagawin ng Tagapagligtas.

- Ayon sa talata 11, ano ang magagawa ni Jesus na hindi kayang gawin ni Juan? (Si Jesus ay magbibinyag "sa Espiritu Santo at apoy." Ipaliwanag na ang tinutukoy ni Juan ay ang pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, ang pangalawang bahagi ng tipan at ordenansa ng binyag. Ang Espiritu Santo ay nagpapabanal at nagdadalisay sa ating mga kaluluwa na parang apoy [tingnan sa 2 Nephi 31:13–14, 17].)

Ibuod ang talata 12 na ipinapaliwanag na ito ay simbolikong paglalarawan ng mangyayari sa mabubuti na tumatanggap kay Jesucristo (ang trigo) at sa masasama (ang dayami) na hindi tumatanggap sa Kanya.

## Mateo 3:13–17

### *Si Jesucristo ay nabinyagan, at ipinahayag ng Ama na Siya ay Kanyang Pinakamamahal na Anak*

Sabihin sa mga estudyanteng nabinyagan na isipin ang kanilang binyag. Ipabahagi sa ilan sa kanila kung ano ang kanilang naaalala.

Ipaliwanag na nakatala sa Mateo 3:13–17 ang pagbibinyag sa Tagapagligtas. Ipahanap sa mga estudyante ang mga pagkakatulad ng kanilang binyag sa binyag ng Tagapagligtas sa pag-aaral nila ng mga talatang ito.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:

> *Sino ang nagbinyag?*
>
> *Paano bininyagan?*
>
> *Bakit bininyagan?*

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa magkapartner na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 3:13–17, na inaalam ang mga sagot sa tatlong tanong na ito. Pagkatapos ng sapat na oras, itanong:

- Sino ang nagbinyag kay Jesus? (Isulat ang *Juan Bautista* sa pisara sa tabi ng tanong na *Sino ang nagbinyag?*)
- Bakit naglakbay si Jesus mula sa Galilea patungo sa ilog ng Jordan para magpabinyag kay Juan Bautista? (Ipaalala sa mga estudyante na hawak ni Juan ang mga susi ng Aaronic Priesthood at tanging siya lang nang panahong iyon ang may awtoridad na magsagawa ng ordenansa ng binyag. Isulat sa pisara ang *Tamang awtoridad* sa tabi ng *Juan Bautista.*)
- Anong mga kataga sa talata 16 ang nagsasaad ng paraan ng pagbinyag kay Jesus? (Tiyaking nauunawaan ng mga estudyante na ang kaagad na "[pag-]ahon sa tubig" ni Jesus ay nagpapahiwatig na Siya ay nabinyagan sa

pamamagitan ng paglulubog sa tubig—ibig sabihin Siya ay ganap na inilubog sa tubig. Isulat sa pisara ang *Sa pamamagitan ng paglulubog* sa tabi ng tanong na *Paano bininyagan?*)

Sabihin sa mga estudyante na isipin na kunwari ay nasa Ilog ng Jordan sila nang dumating si Jesus para magpabinyag.

- Bakit nag-alangan si Juan noong una na binyagan ang Tagapagligtas? (Alam niya na ang tungkulin at awtoridad ni Jesus ay mas mataas kaysa taglay niya.)
- Ayon sa talata 15, bakit sinabi ni Jesus na kailangan Niyang mabinyagan? (Para sa "pagganap ng buong katuwiran." Isulat sa pisara ang mga katagang ito sa tabi ng *Bakit bininyagan?*)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang ito?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "pagganap ng buong katuwiran" ay paggawa ng lahat ng iniuutos ng Ama sa Langit na gawin natin upang muli natin Siyang makasama. Kabilang dito ang pagtanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan, na iniuutos ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga anak, kabilang na si Jesus. Sa pagpapabinyag, si Jesus ay nagbigay ng perpektong halimbawa na dapat nating tularan, nagpakita ng pagpapakumbaba, sinunod ang mga utos ng Kanyang Ama, at tumanggap ng ordenansang kailangan para matamo ang buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 31:4–11).

Sabihin sa mga estudyante na gamitin ang mga sagot sa tatlong tanong na nasa pisara para matukoy ang doktrinang matututuhan natin mula sa Mateo 3:13–17. Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ng isang may awtoridad ay kinakailangan sa kaligtasan.**

- Paano ninyo ihahambing ang inyong binyag sa halimbawang ibinigay sa atin ng Tagapagligtas?

Ipaliwanag na tinutulungan din tayo ng Mateo 3:16–17 na matutuhan ang doktrina tungkol sa Panguluhang Diyos. Ipabasang muli nang tahimik sa mga estudyante ang mga talatang ito, na inaalam ang itinuturo nito tungkol sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo.

- Nasaan ang bawat miyembro ng Panguluhang Diyos noong bininyagan ang Tagapagligtas? (Si Jesucristo ay nasa Ilog Jordan, ang Espiritu Santo ay bumaba sa Kanya nang tulad sa isang kalapati, at ang Ama sa Langit ay nangusap mula sa langit. Maaari mong ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay hindi nag-anyong kalapati. Sa halip, ang kalapati ay isang palatandaan o simbolo na bumaba ang Espiritu Santo kay Jesus.)
- Ano ang itinuturo sa atin ng mga talatang ito tungkol sa Panguluhang Diyos? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay tatlong magkakahiwalay at magkakaibang nilalang.**)

Ituro na maraming tao ang mali o hindi kumpleto ang kaalaman tungkol sa Panguluhang Diyos. Kapag mas nauunawaan natin ang tunay na katangian ng

Panguluhang Diyos, mas mamahalin natin Sila at mas maghahanda tayo na magturo at magpapatoo tungkol sa Kanila sa iba.

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang katangian ng bawat miyembro ng Panguluhang Diyos, hatiin sila sa mga grupo na may tigtatlong katao at ipahanap sa kanila ang salitang "Diyos" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Sa bawat grupo, mag-assign sa bawat estudyante ng isang miyembro ng Panguluhang Diyos. Ipabasa sa mga estudyante ang nakatala, na hinahanap ang impormasyon tungkol sa miyembro na na-assign sa kanila. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ituro sa grupo nila ang natutuhan nila at ipaliwanag kung bakit mahalaga para sa atin na malaman ang mga katotohanang iyon.

Sa katapusan ng lesson, maaari mong anyayahan ang mga estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang patotoo sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo.

LESSON 8

# Mateo 4

## Pambungad

Pagkatapos mabinyagan, si Jesus ay nag-ayuno at nakipag-ugnayan sa Ama sa Langit nang 40 araw sa ilang. Matapos ang pangyayaring ito, si Jesus ay tinukso ng diyablo. Gamit ang banal na kasulatan, nilabanan ni Jesus ang bawat tukso. Ang Tagapagligtas ay pumunta sa Galilea, at sinabihan Niya roon si Pedro at ang iba na sumunod sa Kanya at Siya ay naglibot upang magturo, mangaral, at magpagaling.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Magpasiya kung ilang minuto mo ituturo ang bawat bahagi ng lesson***

Iwasang magtagal sa unang bahagi ng lesson para hindi madaliin ang natitirang bahagi nito. Sa iyong paghahanda, tantiyahin kung gaano katagal maituturo ang bawat bahagi ng lesson gamit ang mga pamamaraan sa pagtuturo na napili mo. Dahil kadalasan na mas marami kang dapat iturong materyal kaysa oras para ituro ito, magpasiya kung aling bahagi ng scripture block ang bibigyang-diin at alin ang ibubuod.

### Mateo 4:1–11

*Nilabanan ni Jesus ang mga tukso ng diyablo*

Magpapunta ng volunteer sa harap ng klase. Sabihin sa estudyante na magpokus sa isang bagay sa silid nang 30 segundo nang hindi inaalis ang tingin. Kapag nagsimula na ang estudyante, subukang istorbohin siya para maalis ang tingin niya sa bagay na iyon. Halimbawa, maaari kang magpakita ng mga bagay na matingkad ang kulay, mag-ingay, o alukin ng pagkain ang estudyante. Pagkalipas ng 30 segundo, itanong sa estudyante:

- Gaano ka nakapagpokus? Bakit mo nagawa, o hindi nagawa, na manatiling nakapokus?
- Ano ang inisip mo sa loob ng 30 segundong iyon?

Itanong sa klase:

- Paano natin maipaghahambing ang karanasang ito at ang pagsisikap nating magpokus sa pagsunod sa mga utos ng Ama sa Langit? Anong sitwasyon ang maaaring itulad sa ginawang pang-iistorbo sa estudyanteng ito? (Mga panunukso sa atin na magkasala.)
- Bakit tayo tinutukso ni Satanas na magkasala? (Tingnan sa 2 Nephi 2:17–18, 27.)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga paraan na tinutukso sila ni Satanas. Sabihin sa kanila na sa pag-aaral nila ng Mateo 4 ay maghanap sila ng alituntunin na maipapamuhay nila para matulungan silang mapaglabanan ang tukso.

Ipaliwanag na matapos mabinyagan, nakaranas ang Tagapagligtas ng isang pangyayari na nakatulong na maihanda Siya sa Kanyang ministeryo sa mundo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Joseph Smith Translation para sa Mateo 4:1–2, na pinapansin ang pagkakaiba ng Joseph Smith Transalation sa orihinal na teksto: "Pagkatapos ay inihatid si Jesus ng Espiritu, sa ilang, upang makasama ang Diyos. At nang siya'y makapag-ayuno nang apatnapung araw at apatnapung gabi, at nakipag-ugnayan sa Diyos, ay nagutom siya, at naiwan upang siya'y tuksuhin ng diyablo." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naranasan ni Jesus sa ilang. (Maaaring kailangan mong ipaliwanag na sa kontekstong ito, ang ibig sabihin ng salitang *makasama* ay magkaroon ng espirituwal na pakikipag-ugnayan.)

- Paano nakatulong kay Jesus ang pag-aayuno at pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit sa Kanyang paghahanda para sa Kanyang ministeryo sa mundo?
- Matapos mag-ayuno at makipag-ugnayan si Jesus sa Kanyang Ama, ano ang hinangad gawin ni Satanas?

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Bigyan ang bawat magkapartner ng kopya ng sumusunod na chart o ipakopya ito sa kanilang mga notebook o scripture study journal:

## Mateo 4:1–11

| | Ang inudyok ni Satanas na gawin ni Jesus | Ang itinugon ni Jesus sa tukso |
|---|---|---|
| Mateo 4:3–4 | | |
| Mateo 4:5–7 | | |
| Mateo 4:8–11 | | |

Sabihin sa magkakapartner na basahin ang mga nakalistang talata at punan ang chart. Bago nila simulan ang aktibidad na ito, ipaliwanag na itinama ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang mga pahayag sa Mateo 4:5, 8 para ipakita na ang Espiritu, hindi ang diyablo, ang nagdala sa Tagapagligtas sa iba't ibang lugar na inilarawan sa mga talatang ito (tingnan din sa Joseph Smith Translation, Luke 4:5).

Matapos makumpleto ng mga estudyante ang chart, anyayahan ang ilang magkakapartner na sabihin ang isinulat nila sa bawat kahon. Maaari mong itanong ang mga sumusunod:

- Anong matinding pagnanais ng tao ang sinamantala ni Satanas para tuksuhin si Jesus, na matagal na nag-ayuno, na gawing tinapay ang bato? (Sinubukan niyang samantalahin ang matinding pagnanais ng tao na pawiin ang gutom.)
- Ano ang mali sa alok ni Satanas na ibigay kay Jesus ang mga kaharian sa sanglibutan? (Ipinangako ni Satanas ang mga gantimpala na hindi naman kanya at hindi niya maibibigay.)

- Ano pa ang inilalarawan ng tala na ito tungkol sa mga estratehiya ng diyablo na tuksuhin tayong magkasala? (Pinupuntirya ni Satanas ang mga kahinaan natin at paulit-ulit tayong tinutukso.)

Ipaliwanag na kalaunan ay tutugunan ni Jesus ang Kanyang gutom at gagawing pagkain ang isang karaniwang bagay (tingnan sa Juan 2:1–11). Siya rin ay patototohanan at tutulungan ng langit sa Kanyang ministeryo (tingnan sa Mateo 17:1–5; Lucas 22:41–44), at paghaharian Niya balang araw ang mundo (Zacarias 14:9; Apocalipsis 11:15). Gayunman, kung piniling tugunan ni Jesus ang mga pagnanais na ito dahil sa panunukso ni Satanas—sa halip na hintayin ang tamang panahon at tamang paraan—lalabas na ito ay mapang-abusong paggamit ng kapangyarihan ng Tagapagligtas. Ipapakita ni Jesus ang Kanyang banal na pagkatao bilang Anak ng Diyos sa paraang nakaayon sa kalooban ng Ama sa Langit, hindi dahil sa utos ni Satanas. (Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "The Inconvenient Messiah," *Ensign,* Peb. 1984, 68–73.)

- Sa mga itinugon ng Tagapagligtas sa bawat tukso, ano ang karaniwan Niyang binabanggit? (Tinugon ni Jesus ang bawat tukso ni Satanas sa pagbanggit sa mga banal na kasulatan.)

Sabihin sa magkakapartner na sumulat ng alituntuning natutuhan nila mula sa paglaban ng Tagapagligtas sa mga tukso ng diyablo. Sabihin sa ilang estudyante na isulat sa pisara ang mga alituntuning natukoy nila. Habang ibinabahagi ng ilang estudyante ang mga alituntuning natukoy nila, bigyang-diin ang sumusunod na alituntunin: **Kapag inaalala at ipinamumuhay natin ang mga katotohanang itinuturo sa mga banal na kasulatan, malalabanan natin ang mga tukso ng diyablo.** Kung ang katotohanang ito ay hindi malinaw na naipakita sa mga alituntuning isinulat ng mga estudyante, idagdag ito sa mga pahayag sa pisara.

Ipaliwanag na hindi lamang nagbanggit ang Tagapagligtas ng mga banal na kasulatan na malinaw na nagsasasad ng tamang pagtugon sa bawat tukso, kundi ipinamuhay rin Niya ang mga katotohanang itinuturo sa mga banal na kasulatang iyon.

- Kung iisipin natin ang mga alituntuning natukoy natin tungkol sa epekto ng pag-alala at pagpapamuhay ng mga katotohanang itinuturo sa mga banal na kasulatan, bakit mahalagang pag-aralan nang regular ang mga banal na kasulatan?

Bigyan ng papel ang bawat magkapartner at sabihin sa kanila na gumawa sila rito ng tatlong column. Pasulatin sila sa unang column ng tatlong kasalanan na maaaring matuksong gawin ng mga kaedad nila. Sabihin sa kanila na isulat sa pangalawang column ang isang paraang ginagawa ni Satanas para akitin ang isang tao na gawin ang bawat kasalanang isinulat nila sa unang column. Sabihin sa magkapartner na makipagpalitan ng papel sa isa pang magkapartner. Pagkatapos ay paghanapin sila ng isang scripture reference na nagtuturo ng mga katotohanang maaalala at maipamumuhay ng isang tao kapag siya ay tinutuksong gawin ang bawat kasalanang nakalista sa papel na natanggap nila. (Maaari mong patingnan sa mga estudyante ang scripture mastery passages, tulad ng Genesis 39: 9; Juan 14:15; o Doktrina at mga Tipan 10:5.) Sabihin sa mga estudyante na isulat sa pangatlong column ang scripture references.

Makalipas ang ilang minuto, sabihin sa isang estudyante mula sa bawat magkapartner na ibahagi ang scripture reference na nahanap nila para sa isa sa mga tukso na nasa kanilang papel. Sabihin sa kanila na ipaliwanag kung paano makatutulong sa atin ang banal na kasulatan na iyan kapag naharap tayo sa ganyang tukso.

- Kailan kayo nakatanggap ng lakas at kakayahang mapaglabanan ang tukso dahil inalala at ipinamuhay ninyo ang mga katotohanang itinuturo sa mga banal na kasulatan? (Paalalahanan ang mga estudyante na hindi sila dapat magbahagi ng mga karanasan na masyadong personal o pribado.)

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang scripture reference na iisipin at ipapamuhay nila sa susunod na matukso silang magkasala. Hikayatin silang isaulo ang banal na kasulatan na pinili nila.

## Mateo 4:12–17

### *Nanirahan si Jesus sa Galilea*

Ibuod ang Mateo 4:12–15 na ipinapaliwanag na kasunod ng Kanyang karanasan sa ilang, nagtungo ang Tagapagligtas sa Galilea at nanirahan sa lungsod ng Capernaum. Itinala ni Mateo na ang ministeryo ng Tagapagligtas sa Galilea ay katuparan ng propesiyang ginawa ni Isaias (tingnan sa Isaias 9:1–2). Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 4:16. Maaari mong imungkahi na markahan nila ang ipinropesiya ni Isaias na mangyayari. Ipaliwanag na nalaman natin mula sa mga propesiyang ito na **si Jesucristo ay naghahatid ng liwanag sa buhay ng mga taong nasa kadiliman.** Hikayatin ang mga estudyante na alamin kung paano ito ginawa ng Tagapagligtas sa Kanyang buong ministeryo.

Ibuod ang Mateo 4:17 na ipinapaliwanag na ang Tagapagligtas ay nagsimulang mangaral ng pagsisisi bilang paghahanda sa pagtatatag ng kaharian ng langit sa mga tao.

## Mateo 4:18–22

### *Sinabi ni Jesus kay Pedro at sa iba na sumunod sa Kanya*



Idispley ang larawang Pagtawag sa mga Mangingisda (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 37; tingnan din sa LDS.org). Ipaliwanag na ang dalawang lalaki sa harapan ng bangka ay si Pedro at ang kanyang kapatid na si Andres.

- Ano ang ginagawa nila sa lambat?

Ipaliwanag na kung ang tingin ng mga tao kina Pedro at Andres ay ordinaryong mga mangingisda, ang nakita ni Jesucristo sa kanila ay ang kanilang malaking potensyal at ang maaaring maging kahinatnan nila.

- Sa paanong paraan tayo nakakatulad nina Pedro at Andres?

Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 4, hikayatin silang alamin kung ano ang dapat nating gawin para maging klase ng tao na nais ng Panginoon na kahinatnan natin.

Sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 4:18–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pinag-usapan ng Tagapagligtas at ilang mangingisda.

- Ano ang ipinagawa ng Tagapagligtas kina Pedro, Andres, Santiago, at Juan? Ano ang "mamamalakaya ng mga tao"? (talata 19).
- Ano ang isasakripisyo ng mga lalaking ito para masunod ang Tagapagligtas at tumulong sa Kanyang gawain? Bakit maaaring mahirap ito para sa kanila?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano kaya ang itutugon nila kung nagkataong isa sila sa mga lalaking ito.

- Ano ang napansin ninyo sa itinugon ng mga lalaking ito? Anong klaseng pag-uugali ang ipinakita nila nang kaagad silang tumugon sa paanyaya ng Tagapagligtas?
- Mas marami bang kabutihang magagawa ang mga taong ito bilang mangingisda kaysa bilang "mga mamamalakaya ng tao"? Bakit?
- Tulad ng inilarawan sa talang ito, ano ang maaaring mangyari kung kaagad tayong tutugon sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya? (Maaaring iba-iba ang mga gagamiting salita ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na alituntunin: **Kung kaagad tayong tutugon sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya, mas marami Siyang magagawa sa buhay natin kaysa magagawa natin sa ating sarili.**)

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson. Sabihin sa klase na pakinggan kung paano mas maraming magagawang tulong sa buhay natin ang Tagapagligtas kung susunod tayo sa Kanya.



"Matutuklasan ng mga lalaki at babaeng ipinapaubaya ang kanilang buhay sa Diyos na mas marami Siyang magagawa sa kanilang buhay kaysa magagawa nila. Palalalimin Niya ang kanilang mga kagalakan, palalawakin ang kanilang pananaw, pasisiglahin ang kanilang mga isipan, palalakasin ang kanilang mga kalamnan, pasisiglahin ang kanilang espiritu, pararamihin ang kanilang mga pagpapala, daragdagan ang kanilang mga oportunidad, aaliwin ang kanilang mga kaluluwa, bibigyan sila ng mga kaibigan, at magbubuhos ng kapayapaan. Sinuman ang mawalan ng buhay sa paglilingkod sa Diyos ay makasusumpong ng buhay na walang hanggan" ("Jesus Christ—Gifts and Expectations," *Ensign,* Dis. 1988, 4)

- Kailan kayo, o ang isang kakilala ninyo, nakaranas ng gayunding mga pagpapala dahil tinalikuran ninyo ang mga alalahanin ng mundo para sundin ang Tagapagligtas?
- Sa mga pagpapalang natatanggap ninyo sa pagsunod sa Tagapagligtas, bakit sa palagay ninyo mahalagang tumugon *kaagad* sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya?

Hikayatin ang mga estudyante na sumulat sa kanilang notebook o scripture study journal ng sagot sa sumusunod na tanong:

- Paano kayo makatutugon nang mas mabuti sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya?

Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang isinulat nila.

### Mateo 4:23–25

*Pumunta si Jesus sa Galilea para magturo, mangaral, at magpagaling*

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 4:23–25 at ipahanap ang mga ginawa ng Tagapagligtas. Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang nakita nila. Ipaliwanag na ang mga pagtuturo, pangangaral, at pagpapagaling ng Tagapagligtas ay pag-aaralan sa apat na Ebanghelyo.

Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo sa mga katotohanang tinukoy ng mga estudyante sa lesson.

LESSON 9

# Mateo 5:1–16

## Pambungad

Nakatala sa Mateo 5–7 ang sermon na ibinigay ng Tagapagligtas sa simula ng Kanyang ministeryo. Nakilala ito bilang ang Sermon sa Bundok. Nakatala sa Mateo 5:1–16 ang mga itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa mga alituntuning nagdudulot ng kaligayahan. Iniutos din ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na magpakita ng mabuting halimbawa.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Mga Pangunahing Alituntunin sa Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo***

Ang bawat lesson sa seminary na batay sa banal na kasulatan ay nakatuon sa scripture block sa halip na sa isang partikular na konsepto, tema, doktrina o alituntunin. Kapag pinag-aralan ng mga titser at estudyante ang mga scripture block na ito ayon sa pagkakasunud-sunod, magagawa nila ang marami sa mga Pangunahing Alituntunin ng Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo, tulad ng pag-unawa sa konteksto at nilalaman; pagtukoy, pag-unawa, at pagdama sa katotohanan at kahalagahan ng mga doktrina at alituntunin; at pamumuhay ng mga doktrina at alituntunin.

### Mateo 5:1–12

*Sinimulan ng Tagapagligtas ang Sermon sa Bundok sa pagtuturo ng Mga Lubos na Pagpapala o Beatitudes*

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong: *Masaya ka ba? Bakit oo o bakit hindi?*

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti (o isulat sa kanilang notebook o study journal) kung paano nila sasagutin ang mga tanong na ito. (Maaari mong sabihin sa mga estudyante na hindi nila kailangang sabihin sa klase ang mga sagot nila.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan:



"Madalas na napapaniwala tayo na may isang bagay na hindi natin kayang kamtin pero magpapasaya sa atin: mas mabuting sitwasyon ng pamilya, mas maunlad na kabuhayan, o katapusan ng mahirap na pagsubok.

"… May mga bagay na panlabas na hindi talaga mahalaga o nagpapasaya sa atin.

"… *Tayo* ang nagpapasiya kung ano ang ikasasaya natin." ("Mga Panghihinayang at Pagpapasiya," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 23).

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "tayo ang nagpapasiya kung ano ang ikasasaya natin"? Bakit mahalagang malaman ito?

Ipaliwanag na nang simulan ng Tagapagligtas ang Kanyang ministeryo, nagbigay Siya ng sermon malapit sa Dagat ng Galilea. Ang sermon na ito ay karaniwang tinatawag na Sermon sa Bundok at nakatala sa Mateo 5–7. Ipinaliwanag ng Tagapagligtas sa sermon na ito ang maaari nating gawin para tunay na maging masaya, anuman ang ating mga kalagayan.

Ipabasa nang mabilis at tahimik sa mga estudyante ang Mateo 5:3–11, na hinahanap ang mga salitang inuulit sa simula ng bawat talata. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nahanap nila.

Basahin nang malakas ang sumusunod na paliwanag (mula sa Matthew 5:3, footnote *a,* sa LDS English version ng Biblia), at ipahanap sa klase ang ibig sabihin ng salitang *blessed*: Ang salitang "blessed" ay isinalin mula sa salitang Latin na beatus, na pinagbatayan ng salitang Ingles na "beatitude," na ang ibig sabihin ay "maging mapalad," o "masaya," o "mapalad."

- Ano ang ibig sabihin ng salitang *blessed*?

Ipaliwanag na dahil isinalin ang salitang *blessed* mula sa salitang Latin na *beatus,* na ang ibig sabihin ay maging mapalad o masaya, ang mga talatang ito ay karaniwang tinatawag na Beatitudes.

Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na chart. Ipaliwanag na bukod sa mga talatang naglalaman ng Beatitudes sa Mateo 5, ang chart na ito ay naglalaman ng dalawang reference sa 3 Nephi. Ang mga reference na ito ay bahagi ng sermon na ibinigay ni Jesucristo noong panahon ng Kanyang pagmiministeryo sa mga Nephita na kahalintulad ng Sermon sa Bundok. Mababasa sa mga reference sa 3 Nephi ang karagdagang paliwanag tungkol sa mga talatang makikita rin sa Mateo 5.

## handout, Beatitudes

| | |
|---|---|
| Mateo 5:3; 3 Nephi 12:3 | Ang ibig sabihin ng mapagpakumbabang-loob ay "pagkilala nang may pasasalamat na umaasa [tayo] sa Panginoon—na nauunawaang lagi [nating] kailangan ang Kanyang tulong. Ang pagpapakumbaba ay pagkilala na ang [ating] mga talento at kakayahan ay mga kaloob ng Diyos" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2004], 148). |
| Mateo 5:4 | Ang magdalamhati ay makadama o magpakita ng kalungkutan. Maaaring magdalamhati ang isang tao sa hirap at pagsubok ng buhay sa mundo, kabilang ang pagkamatay ng mga mahal sa buhay. Maaari ding magdalamhati ang isang tao dahil sa kasalanan. |
| Mateo 5:5 | "Ang pagpapakumbaba, ayon sa depinisyon ng Webster's dictionary, ay 'pagpapakita ng tiyaga at mahabang pagtitiis: pagtitiis nang walang hinanakit' [*Webster's Third New International Dictionary* (1976) 'meek,' 1403]. Ang kaamuan ay hindi kahinaan. Ito ay tanda ng katapangang Kristiyano" (Robert D. Hales, "Katapangang Kristiyano: Ang Halaga ng Pagiging Disipulo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 73). |
| Mateo 5:6; 3 Nephi 12:6 | Ang magutom at mauhaw sa katuwiran ay nagpapahiwatig ng matinding hangarin na malaman at magawa ang kalooban ng Diyos. |
| Mateo 5:7 | "Ang awa ay pagkahabag sa taong hindi sapat na karapat-dapat" ("Mercy," Gospel Topics, lds.org/topics) Tumatanggap tayo ng awa ng Ama sa Langit dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Alma 33: 11). |

| | |
|---|---|
| Mateo 5:8 | "Ang mga taong may malinis na puso ay nagmamahal sa Panginoon, naghahangad na tularan Siya at sundin ang Kanyang mga kautusan, nagsisikap na mamuhay nang marangal at matapat at nagtitiis hanggang wakas. Ang mga taong may malinis na puso ay kinokontrol ang kanilang pag-iisip upang hindi sila makaisip at makagawa ng mga bagay na imoral" (Sheldon F. Child, "Words of Jesus: Chastity," *Ensign,* Ene. 2003, 44). |
| Mateo 5:9 | "[Ang maging tagapamayapa] ay kaloob na tumutulong sa tao na makita ang pagkakatulad nila kapag nakikita nila ang pagkakaiba-iba nila" (Henry B. Eyring, "Pagkatuto sa Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 63). |
| Mateo 5:10–12 | Ang "[ma]usig dahil sa katuwiran" ay maging handa sa pagsunod at pagtatanggol kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo, kahit na hamakin o tratuhin tayo nang masama dahil sa paggawa nito. |

Hatiin ang mga estudyante sa walong grupo at mag-assign sa bawat grupo ng isa sa beatitudes na nakalista sa chart (kung kulang ang bilang ng mga estudyante para makabuo ng walong grupo, bigyan ng higit sa isang beatitude ang isang grupo). Sabihin sa mga estudyante na maghanda ng maikling pagtatanghal tungkol sa naka-assign sa kanila na beatitude o mga beatitude. Dapat nilang isama ang sumusunod na mga aktibidad sa kanilang pagtatanghal (maaari mong isulat sa pisara ang mga instruksyong ito o gumawa ng handouts bilang reference):

1. *Anyayahan ang isang kaklase na basahin nang malakas ang talata o mga talata at alamin ang pagpapalang ipinangako sa atin sa pamumuhay sa beatitude na iyan.*
2. *Gamit ang talata at ang impormasyon sa chart, ipaliwanag kung ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang ipinangakong pagpapala.*
3. *Magpamungkahi sa klase ng mga paraan na maipamumuhay natin ang beatitude na ito.*
4. *Ipaliwanag kung paano makapagpapasaya sa atin ang pamumuhay ayon sa beatitude na ito. Maaari ka ring magbahagi ng isang karanasan na naglalarawan sa katotohanang itinuro mo, gayundin ang iyong patotoo sa katotohanang iyan.*

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa bawat grupo na ilahad sa klase ang naka-assign sa kanila na beatitude.

Pagkatapos maglahad ng mga estudyante, bigyang-diin na itinuturo ng Beatitudes ang mga katangian ni Jesucristo at maaari tayong maging higit na katulad Niya sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa mga ito.

- Batay sa natutuhan ninyo sa Mateo 5, ano ang mangyayari sa atin kapag nagkaroon tayo ng mga ito at ng iba pang mga katangian ni Cristo? (Iba-iba man ang sagot ng mga estudyante, dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kapag nagkaroon tayo ng mga katangian ni Cristo, mas magiging masaya tayo.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa alituntuning ito. Ipaalala sa mga estudyante ang mga tanong tungkol sa nagpapasaya sa kanila na pinag-isipan nila sa simula ng lesson. Hikayatin ang mga estudyante na naising mas maging masaya sa pamamagitan ng pagpili ng isa sa mga katangiang nakalista sa Beatitudes at magtakda ng mithiin na magkaroon ng katangiang iyon.

### Mateo 5:13–16

#### *Iniutos ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo na magpakita ng mabuting halimbawa*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang kakilala nila, maaaring isang kapamilya o kaibigan, na mapagpapala kung mas lalapit sa Ama sa Langit. Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 5, hikayatin silang alamin ang mga alituntunin na gagabay sa kanila habang sinisikap nilang tulungan ang taong ito.

Magpakita ng isang lalagyan ng asin at maglagay ng kaunting asin sa isang mangkok.

- Sa anong mga paraan nakatutulong ang asin?

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Carlos E. Asay ng Pitumpu. Sabihin sa klase na pakinggan ang ilan sa mga gamit ng asin:



"[Ang magandang klaseng asin] … ay malinis, puro, walang halo, at maraming mapaggagamitan. Sa ganitong kundisyon, magagamit ang asin na pampreserba, pampalasa, pampagaling, at iba pa" ("Salt of the Earth: Savor of Men and Saviors of Men," *Ensign,* Mayo 1980, 42).

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 5:13, at ipahanap kung kanino itinulad ng Tagapagligtas ang asin.

- Kanino itinulad ng Tagapagligtas ang asin? (Sa Kanyang mga disipulo.)
- Sa anong mga paraan naipakita ng mga disipulo ni Jesucristo ang mga katangiang iyon ng asin?
- Ayon sa talata 13, ano ang mangyayari sa asin kapag tumabang ito?

Ipaliwanag na ang salitang *[pam]paalat* ay hindi lang tumutukoy sa lasa ng asin kundi sa kakaibang mga katangian nito na nagpapagaling at nagpepreserba.

- Ano ang nagpapatabang sa asin? (Tumatabang ang asin kapag nahahaluan ito ng ibang materyal at nakokontamina.)

Magbuhos sa mangkok ng iba pang materyal, tulad ng lupa, at paghaluin ang asin at iba pang mga elemento.

- Ano ang nangyayari sa asin kapag inihalo ito sa ibang mga materyal?
- Bilang mga disipulo ni Jesucristo, paano mawawala ang kapakinabangan natin, o ang mga katangiang tulad ng kay Cristo na nagtutulot sa atin na mapagpala ang iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking

matutukoy nila ang sumusunod na alituntunin: **Ang maimpluwensiyahan ng mga kasalanan ng mundo ang maaaring humadlang sa atin na maging pagpapala sa iba.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

- Ano ang magagawa natin para mapanatili o magkaroong muli ng kapakinabangan?

Magpakita ng kandila (huwag sindihan). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:14–16. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, at alamin kung paano ikinumpara ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo sa isang kandila.

Ang **Mateo 5:14–16** ay isang scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng scripture mastery passages ay makatutulong sa mga estudyante na higit na maunawaan ang mga pangunahing doktrina at maging handa na ituro ang mga ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang scripture mastery passages sa paraang madali nila itong mahahanap. Tingnan ang ideya sa pagtuturo sa katapusan ng lesson para matulungan ang mga estudyante sa kanilang pagsasaulo ng mga talatang ito.

Para sa paliwanag tungkol sa scripture mastery at listahan ng karagdagang mga aktibidad na makatutulong na mapag-aralang mabuti at maisaulo ng mga estudyante ang mga piniling talatang ito, tingnan ang apendiks ng manwal na ito.

- Ano raw ang dapat gawin ng mga disipulo ni Cristo sa kanilang ilaw?
- Ano ang ibig sabihin ng lumiwanag na gayon ang inyong mga ilaw? (Tingnan sa 3 Nephi 18:24.)
- Ano ang magiging epekto sa iba ng ating mabubuting gawa?

Ipaliwanag na isa sa mga ibig sabihin ng mga katagang "kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (talata 16) ay magbigay ng papuri at parangal sa Diyos sa pamamagitan ng salita o gawa.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga talata 14–16, tungkol sa epekto sa iba ng ating mabuting halimbawa? (Ang mga estudyante ay maaaring makapagbigay ng iba't ibang sagot, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na alituntunin: **Ang ating mabuting halimbawa ay makahihikayat sa iba na mas lumapit sa Ama sa Langit.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Kailan nagpakita sa inyo ng mabuting halimbawa ang isang tao na nakatulong sa inyo na mapalapit sa Ama sa Langit?

Hikayatin ang mga estudyante na pag-isipang mabuti kung ano ang magagawa nila para mas maging mabuting halimbawa sa kanilang pamilya at mga kaibigan.

Rebyuhin ang mga alituntunin na natukoy at naisulat sa pisara sa lesson na ito. Isulat sa pisara ang mga salitang *Simulan, Ihinto,* at *Ipagpatuloy*. Hikayatin ang mga estudyante na suriin ang kanilang buhay at pumili ng isang bagay na sisimulan nilang gawin, isang bagay na ihihinto, at isang bagay na ipagpapatuloy nilang gawin para maipamuhay ang mga alituntuning ito.

### Scripture Mastery—Mateo 5:14–16

Ipaliwanag na magpopokus sa buong taon ang mga estudyante sa 25 scripture mastery passages, kabilang na ang Mateo 5:14–16. Ang mga talatang ito ay makatutulong sa kanila na maunawaan at maipaliwanag ang mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo. Ang 25 scripture mastery references ay nakalista sa likod ng seminary bookmark para sa Bagong Tipan. Ipaliwanag na kasama sa "pag-master" ng scripture passages ang kakayahang mahanap, maunawaan, maipamuhay, at maisaulo ang mga ito.

Para matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang mga talatang ito, ipabigkas ito nang maraming beses sa isip lang at pagkatapos ay ipabigkas ito nang malakas sa harap ng isang kaklase. Maaari mong ipabigkas nang malakas sa klase ang mga talatang ito sa simula o katapusan ng bawat klase sa susunod na linggo.

LESSON 10

# Mateo 5:17–48

## Pambungad

Sa patuloy na pagbibigay ng Tagapagligtas ng Kanyang Sermon sa Bundok sa Galilea, ipinaliwanag Niya na hindi Siya naparito upang sirain ang batas ni Moises kundi upang ganapin ang mga ito. Ang Tagapagligtas ay nagbigay rin sa Kanyang mga disipulo ng mga kautusang kailangan nilang sundin upang maging perpektong tulad ng Ama sa Langit.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Unawain ang konteksto at nilalaman***

Ang isang pangunahing alituntunin sa pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo ay ang maunawaan ang konteksto at nilalaman ng mga banal na kasulatan. Kabilang sa konteksto ang mga sitwasyon na nakapalibot o nagsasaad ng pinagmulan ng isang talata ng banal na kasulatan, ng pangyayari, o ng tala. Kabilang sa nilalaman ang daloy ng kuwento, mga tao, pangyayari, sermon, at magagandang paliwanag na bumubuo sa teksto ng banal na kasulatan. Sa pagtulong mo sa mga estudyante na maunawaan ang konteksto at nilalaman ng mga banal na kasulatan, magiging handa silang matukoy ang mga pinagbatayan ng mensahe ng mga inspiradong awtor.

### Mateo 5:17–48

*Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo kung paano maging perpektong tulad ng Ama sa Langit*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Sa palagay ninyo, alin kayang utos ang pinakamahirap sundin ng mga tao?* Kapag nagsimula na ang klase, ipasagot sa mga estudyante ang tanong. Isulat sa pisara ang mga sagot nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:48. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang utos na mahirap sundin. Maaari mong basahin ang Joseph Smith Translation ng Matthew 5:48, na nagsasabing "Kayo ay inuutusang mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal."

- Ano ang pakiramdam mo sa utos na mangagpakasakdal?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mangagpakasakdal?

Ipaliwanag na ang salitang "mangagpakasakdal" ay isinalin mula sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "kumpleto," "tapos," o "buung-buo." Itanong sa klase kung paano ito nakatulong sa kanila na mas maunawaan ang talatang ito. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng maging kumpleto o lubos ay maging tulad ng Ama sa Langit.

Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Sermon sa Bundok ng Tagapagligtas sa Mateo 5, hikayatin silang alamin ang mga alituntunin na kailangan nilang sundin para umunlad at maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit.

Ibuod ang Mateo 5:17–20 na ipinaliliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na Siya ay naparito para ganapin ang batas ni Moises, hindi sirain, o alisin, ang alinman sa

mga walang hanggang katotohanan sa batas ni Moises. Ipinanumbalik ni Jesucristo ang kabuuan ng ebanghelyo na nawala dahil sa kasamaan at apostasiya, itinama ang mga maling turo, at tinupad ang mga ipinropesiya ng mga propeta sa Lumang Tipan. Sa huli, bilang bahagi ng Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo, ilang aspeto ng batas ni Moises ang itinigil, tulad ng pagtutuli at pag-aalay ng hayop.

Ipaliwanag na ang Mateo 5:21–48 ay kinapapalooban ng mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa iba't ibang batas at kaugalian na ginawa o idinagdag ng mga Judio sa ilalim ng batas ni Moises. Nang ipaliwanag ni Jesucristo ang tunay na kahulugan ng mga batas, nagturo Siya ng mas mataas na landas ng kabutihan. Ang mga miyembro ng Kanyang kaharian ay dapat ipamuhay ang mas mataas na batas na ito. Ang mas mataas na mga batas na ito ay isang gabay na tumutulong sa mga disipulo ni Jesucristo na iwasang malabag ang mga utos ng Diyos.

Upang maihanda ang mga estudyante na pag-aralan ang mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa galit, sabihin sa kanila na isipin ang isang pagkakataon na nagalit sila sa isang tao.

- Ano ang ilang posibleng masamang mangyari kapag hindi tayo nakapagpigil ng galit?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:21–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang itinuturo ng batas ni Moises tungkol sa karahasan at galit at ano ang mga karagdagang katotohanan na itinuro ng Panginoon tungkol sa galit bilang bahagi ng mas mataas na batas.

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa karahasan at galit? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng katagang *Raca* sa talata 22 ay mangmang, hangal, o taong walang laman ang utak.)
- Ayon sa mga talatang ito, ano ang mangyayari kung hindi natin matutuhang makontrol ang ating galit?

Ipaliwanag na inalis sa Joseph Smith Translation ng Matthew 5:22,ang mga katagang "nang walang dahilan" mula sa talatang ito, kaya mababasa ito ng ganito "Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan; at ang sinomang magsabi sa kaniyang kapatid, Raca, ay mapapasa panganib sa Sanedrin; at ang sinomang magsabi, hangal ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy."

- Bakit mahalagang tanggalin ang mga katagang "nang walang dahilan" sa talatang ito?
- Paano nakatutulong sa atin ang pagkontrol ng ating galit sa pagsulong natin sa pagiging perpekto?

Isulat sa pisara ang sumusunod na parirala: *Kaya nga, kung ikaw ay lalapit sa akin, o magnanais na lumapit sa akin …*

Ipaliwanag na idinagdag sa Joseph Smith Translation ang "kung ikaw ay lalapit sa akin, o magnanais na lumapit sa akin" sa simula ng talata 23 kaya mababasa ito ng ganito, "Kaya nga, kung ikaw ay lalapit sa akin, o magnanais na lumapit sa akin, o kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y maalaala mo na ang

iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo" (Joseph Smith Translation, Matthew 5:25).


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:23–24, kasama ang idinagdag na mga kataga sa Joseph Smith Translation. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat nating gawin kapag nagagalit tayo sa ibang tao kung nais nating lumapit sa Kanya.

- Ano ang ibig sabihin ng "iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo"? (Bago maghain ng alay sa Panginoon ang mga tao, kailangan muna nilang ayusin ang pakikipag-ugnayan nila sa ibang tao.)
- Ayon sa talata 24, ano ang dapat nating gawin kung nais nating lumapit kay Cristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na alituntunin: **Kung nais nating lumapit kay Jesucristo, dapat ay makipagkasundo muna tayo sa iba.**)
- Ano ang ibig sabihin ng makipagkasundo sa isang tao? (Ayusin ang di-pagkakaunawaan o ibalik ang magandang pagsasamahan. Kabilang dito ang mga naiinis sa atin at mga kinaiinisan natin.)
- Sa inyong palagay, bakit kailangan nating ayusin ang hindi natin pagkakaunawaan sa iba para makalapit kay Cristo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:25–26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas na magagawa natin para makipagkasundo sa iba.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng makipagkasundo kaagad sa iyong kagalit? (Kung kailangan ng tulong ang mga estudyante, ipaliwanag sa kanila na ang katagang "Makipagkasundo" ay isinalin mula sa Griyego na ang ibig sabihin ay "Kaagad na pag-isipan nang maganda at kaibiganin ang iba.
- Paano nakatutulong sa atin ang pag-iisip nang maganda sa iba para maayos ang di-pagkakaunawaan o maibalik ang dating pagsasamahan?

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang pagkakataon na inayos nila ang hindi nila pagkakaunawaan ng isang tao at dahil dito ay mas napalapit sila sa Panginoon. Maaari mong anyayahan ang isa o dalawang estudyante na ibahagi ang kanilang karanasan, kung hindi ito masyadong personal. Hikayatin ang mga estudyante na ayusin ang hindi nila pagkakaunawaan ng ibang tao para maging perpekto silang tulad ng ating Ama sa Langit.



Magpakita sa mga estudyante ng damong ligaw (o larawan ng damong ligaw).

- Ano kaya ang mangyayari kung hindi maalis ang damo sa halamanan?
- Paano maitutulad sa kasalanan ang mga damong ligaw?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:27–28. Sabihin

sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kasalanang sinabi ng Tagapagligtas na iwasan natin at ang mas mataas na batas na inaasahan Niyang ipamumuhay ng Kanyang mga disipulo.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa mga taong nag-iisip o nagnanasa ng kahalayan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw nilang nauunawaan na **kung mag-iisip o magnanasa tayo ng kahalayan, para na rin tayong nagkakasala ng pangangalunya sa ating mga puso.**)

Ipaliwanag na kahit hindi natin laging makokontrol ang maruruming bagay na pumapasok sa isipan natin, mahahadlangan nating manatili ang mga iyon sa isipan natin.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:29–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa pag-aalis ng masasamang pag-iisip.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating gawin para hindi tayo makapag-isip ng masama?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng dukutin ang mata at putulin ang kamay sa mga talatang ito?

Ipaliwanag na idinagdag sa Joseph Smith Translation ng Matthew 5:30 ang pangungusap na "At ngayon ay magsasalita ako ng isang talinghaga hinggil sa iyong mga kasalanan; kaya nga, ilayo mo ang mga ito mula sa iyo, upang hindi ka putulin at itapon sa impierno" sa katapusan ng talatang ito. Itanong sa klase kung paano nakatutulong ang Pagsasalin ni Joseph Smith para maunawaan natin ang kahulugan ng dukutin ang mata at putulin ang kamay sa mga talatang ito. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Batay sa itinuro ng Panginoon sa Mateo 5:29–30, ano ang maaaring mangyari kung hindi natin aalisin sa buhay natin ang mga kasalanan? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung pipiliin nating huwag alisin ang kasalanan sa buhay natin, espirituwal tayo wawasakin nito.**)
- Ano ang magagawa natin upang mawala ang mga kasalanang ito sa buhay natin?
- Ano ang magagawa natin upang mawala ang mga kasalanang ito sa buhay natin at matibay na mangakong hindi na natin gagawing muli ang mga kasalanang ito?

Hikayatin ang mga estudyante na isipin ang kasalanang gusto nilang alisin sa buhay nila at sabihin sa kanila na magtakda ng goal o mithiin na gawin iyon sa pamamagitan ng pagsisisi at pagpapalit dito ng mabubuting gawa.

Ibuod ang Mateo 5:31–37 na ipinaliliwanag na nagturo ang Panginoon ng tungkol sa diborsiyo, pag-aasawa, at pagsumpa.

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay may kaklase sila na nagsasalita ng masama at masasakit na bagay tungkol sa kanila. Itanong sa mga estudyante kung ano ang isasagot nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng batas ni Moises tungkol sa pagpaparusa sa mga taong nagkasala. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Ipaliwanag na ang mga katagang "mata sa mata, ngipin sa ngipin" ay nangangahulugan na sa ilalim ng batas ni Moises, ang kaparusahan ay dapat itumbas sa bigat ng kasalanang nagawa.

Pag-partner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa isang magkapartner na basahin ng isa sa kanila ang Mateo 5:39–42, at basahin naman ng isa ang Mateo 5:43–47. Ipahanap sa kanila ang mas mataas na batas. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na talakayin ang sumusunod na mga tanong sa kanilang mga kapartner (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito o ilagay sa handout):

*Ayon sa Tagapagligtas, ano ang mas mataas na batas?*

*Ano ang itinuturo sa atin ng mas mataas na batas tungkol sa dapat na pagtugon natin sa mga nakakasakit sa atin?*

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na sabihin sa klase ang mga sagot nila.

Ipabasang muli nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:45. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mangyayari kapag minahal natin ang mga kaaway natin at ginawan ng mabuti ang mga nagagalit sa atin.


- Ano ang mangyayari kapag minahal natin ang mga kaaway natin at ginawan ng mabuti ang mga nagagalit sa atin?
- Dahil alam natin na tayong lahat ay mga espiritung anak ng Diyos, ano sa palagay ninyo ang kahulugan sa talatang ito ng maging mga anak ng ating Ama sa Langit? (Ibig sabihin ay maging tulad Niya at maging mga tagapagmana ng Kanyang kaharian.)
- Paano ipinakita ng Tagapagligtas ang pagmamahal sa Kanyang mga kaaway at paggawa ng mabuti sa iba noong narito pa Siya sa mundo?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang natutuhan nila sa Mateo 5 tungkol sa kailangan nating gawin upang maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit.

- Ano ang ilang bagay na dapat nating gawin upang maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag sinunod natin ang mga turo at utos ng Tagapagligtas, tayo ay magiging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit.**)

Ipaalala sa mga estudyante na tanging sa pamamagitan lamang ni Jesucristo at sa Kanyang biyaya tayo magiging ganap (tingnan sa Moroni 10:32).

Upang matulungan ang mga estudyante kung paano maging ganap o perpekto, ipabasa sa isa sa kanila ang sumusunod na pahayag ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Hindi tayo dapat masiraan ng loob kung ang taimtim nating mga pagsisikap ay tila nakakapagod [mahirap] at walang katapusan. Ang pagiging perpekto ay hindi darating nang lubusan. Darating lamang ito nang lubusan pagkaraan ng Pagkabuhay na Mag-uli at sa pamamagitan lamang ng Panginoon. Nakalaan ito sa lahat ng nagmamahal sa kanya at sumusunod sa kanyang mga kautusan" ("Perfection Pending," *Ensign,* Nob. 1995, 88).

- Ayon kay Elder Nelson, kailan natin makakamit ang pagiging perpekto?
- Paano maaaring makatulong ang pahayag na ito sa isang taong nakadarama ng panghihina ng loob dahil sa kanyang mga kahinaan?

Hikayatin ang mga estudyante na patuloy na sundin ang mga utos ng Diyos upang kalaunan ay maaari silang maging tulad ng ating Ama sa Langit.

HOME-STUDY LESSON

# Mateo 1–5 (Unit 2)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Mateo 1–5 (unit 2) ay hindi nilayong ituro na bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Mateo 1–2)

Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa talaangkanan o genealogy ng Tagapagligtas, natutuhan nila na si Jesucristo ay ang banal na Anak ng Ama sa Langit at ni Maria. Mula sa halimbawa ng mga Pantas na Lalaki na naglakbay para sambahin si Jesus, natutuhan ng mga estudyante na kung tapat at masigasig nating hahanapin ang Tagapagligtas, gagabayan tayo patungo sa Kanya. Sa pagbabasa tungkol sa paano nabigyan ng inspirasyon si Jose na dalhin ang kanyang pamilya at tumakas papuntang Egipto upang makaligtas, nalaman ng mga estudyante na kung madali tayong makaramdam sa pahiwatig ng Espiritu, makatatanggap tayo ng paghahayag at patnubay.

### Day 2 (Mateo 3)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol kay Juan Bautista at sa binyag ni Jesucristo, natutuhan nila ang sumusunod na mga katotohanan: Ipinakikita natin sa Panginoon ang tunay na pagsisisi kapag binago natin ang ating mga ninanais at ginagawa para masunod ang Kanyang mga turo. Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog ng isang may awtoridad ay kinakailangan sa kaligtasan. Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay tatlong magkakahiwalay at magkakaibang nilalang

### Day 3 (Mateo 4)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa itinugon ng Tagapagligtas sa mga tukso ng diyablo, natutuhan nila na kapag ating inaalala at ipinamumuhay ang mga katotohanang itinuturo sa mga banal na kasulatan, malalabanan natin ang mga tukso ng diyablo. Natutuhan din nila na si Jesucristo ay nagbibigay ng liwanag sa buhay ng mga taong nasa kadiliman. Nang mabasa ng mga estudyante ang tungkol kina Pedro, Andres, Santiago, at Juan, nalaman nila ang sumusunod na katotohanan: Kung kaagad tayong tutugon sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya, mas marami Siyang magagawa sa buhay natin kaysa magagawa natin sa ating sarili.

### Day 4 (Mateo 5)

Nabasa ng mga estudyante sa lesson na ito ang isang bahagi ng Sermon sa Bundok ng Tagapagligtas. Mula sa sermon na ito, natutuhan nila ang mga sumusunod na katotohanan: Kapag nagkaroon tayo ng mga katangian ni Cristo, mas magiging masaya tayo. Ang maimpluwensiyahan ng mga kasalanan ng mundo ang maaaring humadlang sa atin na maging isang pagpapala sa iba. Ang ating mabuting halimbawa ay makahihikayat sa iba na mas lumapit sa Ama sa Langit. Natutuhan din ng mga estudyante ang tungkol sa mas mataas na batas na itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo.

## Pambungad

Ang lesson na ito ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang dapat nating gawin para maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit. Bukod pa

riyan, sa pagrebyu ng mga estudyante sa mas mataas na batas ng Panginoon, mapag-iisipan nila kung paano mas masusunod ang mga utos ng Panginoon.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 5:17–48

#### *Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo kung paano maging perpektong tulad ng Ama sa Langit*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano kayang utos ang pinakamahirap sundin ng mga tao?* Kapag nagsimula na ang klase, ipasagot sa mga estudyante ang tanong. Ilista ang kanilang mga sagot sa pisara.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:48. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang utos na mahirap sundin. Maaari mong basahin ang Joseph Smith Translation ng Matthew 5:48, na nagsasabing "Kayo nga'y inuutusang mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal."

- Ano ang pakiramdam ninyo sa utos na mangagpakasakdal o maging perpekto?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mangagpakasakdal?

Ipaliwanag na ang salitang "mangagpakasakdal o perpekto" ay isinalin mula sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "kumpleto," "tapos," o "buung-buo." Itanong sa klase kung paano ito nakatulong sa kanila na mas maunawaan ang talatang ito. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng maging kumpleto o lubos ay maging tulad ng Ama sa Langit.

Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Sermon sa Bundok ng Tagapagligtas sa Mateo 5, hikayatin silang alamin ang mga alituntuning kailangan nilang sundin upang umunlad at maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit.

Ibuod ang Mateo 5:17–20 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na Siya ay naparito para ganapin ang batas ni Moises, hindi sirain, o alisin, ang alinman sa mga walang hanggang katotohanan sa batas ni Moises. Ipinanumbalik ni Jesucristo ang kabuuan ng ebanghelyo na nawala dahil sa kasamaan at apostasiya, itinama ang mga maling turo, at tinupad ang mga ipinropesiya ng mga propeta sa Lumang Tipan. Sa huli, bilang bahagi ng Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo, ilang aspeto ng batas ni Moises ang itinigil, tulad ng pagtutuli at pag-aalay ng hayop.

Ipaliwanag na kabilang sa Mateo 5:21–48 ang mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa iba't ibang batas at kaugalian na binuo o idinagdag ng mga Judio sa ilalim ng batas ni Moises. Sa ipinaliwanag ni Jesucristo na tunay na kahulugan ng mga batas, nagturo Siya ng mas mataas na landas ng kabutihan. Ang mga miyembro ng Kanyang kaharian ay dapat ipamuhay ang mas mataas na batas na ito. Ang mas mataas na mga batas na ito ay nagbibigay ng patnubay upang matulungan ang mga disipulo ni Jesucristo na iwasang malabag ang mga utos ng Diyos.

Para matulungan ang mga estudyante na maalala ang ilan sa natutuhan nila tungkol sa mas mataas na batas sa kanilang home-study lesson, maaari mong isulat sa pisara ang sumusunod na mga pangungusap: *Huwag kayong papatay. Huwag kayong makikiapid.*

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung ano ang itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo tungkol sa mga batas na ito. (Kung hindi maalala ng mga estudyante, patingnan sa kanila ang Mateo 5:21–26 at ang Mateo 5:27–30.)

- Ano ang ilang posibleng masamang mangyari kapag hindi tayo nakapagpigil ng galit?
- Bakit mahalaga na patuloy nating disiplinahin ang ating pag-iisip?

Ibuod ang Mateo 5:31–37 na ipinapaliwanag na nagturo ang Panginoon tungkol sa diborsiyo, pag-aasawa, at pagsumpa.

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay may kaklase sila na nagsasalita ng mga masama at masakit na bagay tungkol sa kanila. Itanong sa mga estudyante kung ano ang gagawin at sasabihin nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 5:38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng batas ni Moises tungkol sa pagpaparusa sa mga taong nagkasala. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Ipaliwanag na ang mga katagang "mata sa mata, ngipin sa ngipin" ay nangangahulugan na sa ilalim ng batas ni Moises, ang kaparusahan ay dapat itumbas sa bigat ng kasalanang nagawa.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa isa na basahin ang Mateo 5:39–42, at ipabasa sa partner niya ang Mateo 5:43–47. Sabihin sa kanila na alamin ang mas mataas na batas. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa magkakapartner na talakayin sa isa't isa ang mga sumusunod na tanong (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito o ilagay sa handout):

*Ayon sa Tagapagligtas, ano ang mas mataas na batas?*

*Ano ang itinuturo sa atin ng mas mataas na batas tungkol sa dapat na maging reaksyon natin sa mga nakakasakit sa atin?*

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang mga sagot nila.

Sabihin sa isang estudyante na basahin muli nang malakas ang Mateo 5:45. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mangyayari kapag minahal natin ang mga kaaway natin at ginawan ng mabuti ang mga nagagalit sa atin.


- Ano ang ang mangyayari kapag minahal natin ang mga kaaway natin at ginawan ng mabuti ang mga nagagalit sa atin?
- Dahil alam natin na lahat tayo ay mga espiritung anak ng Diyos, ano sa palagay ninyo ang kahulugan sa talatang ito ng maging mga anak ng ating Ama sa Langit? (Ibig sabihin ay maging tulad Niya at maging mga tagapagmana ng Kanyang kaharian.)
- Paano ipinakita ng Tagapagligtas ang pagmamahal sa Kanyang mga kaaway at paggawa ng mabuti sa iba noong narito pa Siya sa mundo?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang natutuhan nila sa Mateo 5 tungkol sa kailangan nating gawin para maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit.

- Ano ang ilang bagay na dapat nating gawin upang maging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag sinunod natin ang mga turo at utos ng Tagapagligtas, tayo ay magiging perpektong tulad ng ating Ama sa Langit.**)

Ipaalala sa mga estudyante na tanging sa pamamagitan ni Jesucristo at sa Kanyang biyaya tayo magiging ganap o perpekto (tingnan sa Moroni 10:32).

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano maging ganap o perpekto, ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Hindi tayo dapat masiraan ng loob kung ang taimtim nating mga pagsisikap ay tila nakakapagod [mahirap] at walang katapusan. Ang pagiging perpekto ay hindi darating nang lubusan. Darating lamang ito nang lubusan pagkaraan ng Pagkabuhay na Mag-uli at sa pamamagitan lamang ng Panginoon. Nakalaan ito sa lahat ng nagmamahal sa kanya at sumusunod sa kanyang mga kautusan" ("Perfection Pending," *Ensign,* Nob. 1995, 88).

- Ayon kay Elder Nelson, kailan tayo magiging perpekto?
- Paano maaaring makatulong ang pahayag na ito sa isang taong nahihirapan at pinanghihinaan ng loob dahil sa kanyang mga kahinaan at kakulangan?

Hikayatin ang mga estudyante na patuloy na sundin ang mga utos ng Diyos upang kalaunan ay maaari silang maging tulad ng ating Ama sa Langit.

## Susunod na Unit (Mateo 6:1–13:23)

Para matulungang maihanda ang mga estudyante sa susunod na unit, sabihin sa kanila na pag-isipan ang mga sumusunod na tanong: Ano ang Ginintuang Aral? Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol sa iba? Ano ang nangyayari sa mga naglilingkod sa dalawang panginoon? Ano ang kailangang gawin ng mga tao para mapagaling ng Tagapagligtas? Ipaliwanag na sa susunod na unit ay magkakaroon ang mga estudyante ng pagkakataong malaman ang mga sagot sa tanong na ito at ang iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol.

LESSON 11

# Mateo 6

## Pambungad

Ipinagpatuloy ni Jesus ang Sermon sa Bundok. Itinuro Niya na ang matapat na pagpapakita ng kabutihan ay dapat gawin sa tamang dahilan at binigyang-diin na dapat gawin ito para sa ikakalugod ng ating Ama sa Langit. Iniutos din Niya sa Kanyang mga disipulo na unahin ang pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 6:1–18

*Iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na gumawa ng matwid o mabubuting bagay*

Magdala ng mumunting gantimpala sa klase (gaya ng kendi). Kapag dumating na ang mga estudyante at nakita mo na may ginagawa silang mabuti (tulad ng paglabas ng kanilang mga banal na kasulatan, pagbati sa isang tao, o pagtulong sa paggawa ng debosyonal), gantimpalaan sila o sabihin sa klase ang mabuting ginawa nila. Maaaring gayahin ng ilang estudyante ang mabubuting ginawa ng mga kaklase nila para magantimpalaan din sila. Patuloy na gantimpalaan ang mga estudyante hanggang sa magsimula na ang klase.

Sa pagsisimula ng klase, itanong sa mga estudyante kung bakit nila ginawa ang mabubuting gawa na ginantimpalaan mo. Ipaliwanag na tulad ng nakatala sa Mateo 6, ipinagpatuloy ng Tagapagligtas ang Kanyang Sermon sa Bundok tungkol sa maaaring iba't ibang dahilan kung bakit gumagawa ng mabuti ang isang tao. Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 6, sabihin sa kanila na alamin ang mga alituntunin na tutulong sa kanila na gumawa ng mabuti sa tamang dahilan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 6:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, at alamin ang sinabi ng Tagapagligtas na maling dahilan ng paggawa ng mabuti. (Ipaliwanag na ang paglilimos ay matapat na pagpapakita ng kabutihan, tulad ng pagbibigay sa mahihirap.)

- Ayon sa mga talatang ito, bakit naglilimos ang ilang tao?
- Ano ang tawag ng Tagapagligtas sa mga taong ito? (Maaari mong ipaliwanag na ang salitang Griyego para sa salitang "mapagpaimbabaw" ay tumutukoy sa mga taong mapagkunwari.
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti"?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 6:3–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, at alamin ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo tungkol sa tamang paraan ng paggawa ng mabuti.

- Sa palagay ninyo, bakit nais ng Panginoon na gumawa ng mabubuting bagay ang Kanyang mga disipulo "sa lihim"?

- Sa palihim na paggawa ng mabuti ng isang tao, ano ang ipinahihiwatig na dahilan ng paggawa niya nito? (Nais niyang malugod ang Ama sa Langit at paglingkuran ang iba sa halip na magpapansin sa iba.)
- Ano ang ipinangako ng Tagapagligtas tungkol sa mga taong gumagawa ng mabuti sa tamang dahilan?

***Tulungan ang mga estudyante na matutong tumukoy ng mga doktrina at alituntunin***

Isang pangunahing layunin ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay ang matutuhan ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo. Ang pagtukoy ng mga doktrina at mga alituntunin mula sa mga banal na kasulatan ay mahalaga sa pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo. Ang matutuhang matukoy ang mga ito ay nangangailangan ng pagsisikap at gawa. Kapag tinutulungan mo ang mga estudyante sa pagtukoy ng mga doktrina at mga alituntunin, tiyakin na maipahahayag nila ang mga katotohanang ito nang malinaw at simple para matiyak na nauunawaan nila ang mga ito.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa mga itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa tapat na pagpapakita ng kabutihan? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung tapat na nagpapakita tayo ng kabutihan para malugod ang Ama sa Langit at hindi dahil para mapansin ng iba, gagantimpalaan Niya tayo nang hayagan.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Ano ang ibig sabihin sa inyo na tayo ay gagantihin o gagantimpalaan ng Ama sa Langit?

Pagpartnerin ang mga estudyante para magtulungan sa pagsagot. Ipabasa nang malakas sa isang kapartner ang Mateo 6:5–6, at ipabasa sa isa pang kapartner ang Mateo 6:16–18. Sabihin sa bawat estudyante na maghanap ng halimbawang ginamit ng Tagapagligtas sa paglalarawan ng alituntunin ng paggawa ng mabuti para sa ikalulugod ng Ama sa Langit. Anyayahan sila na ibahagi sa isa't isa ang kanilang nalaman. Pagkatapos ay itanong sa klase:

- Sa dalawang talatang ito, anong mabuting gawain ang binigyang-diin ni Jesus na dapat gawin nang palihim?

Tiyakin na nauunawaan ng mga estudyante na ang pagdarasal nang nakikita ng mga tao ay hindi mali kahit ginawa man ito nang hayagan. Ang pagdarasal at iba pang mabubuting gawain ay maaaring gawin nang nakikita ng mga tao kung gagawin ito nang tapat at taos-puso.

- Ayon sa mga talatang pinag-aralan ninyo, bakit nananalangin at nag-aayuno ang mga mapagpaimbabaw?

Maaari mong ipaliwanag na ang mga katagang "mapapanglaw na mukha" at "pinasasama ang mga mukha nila" sa talata 16 ay tumutukoy sa mga tao na hayagang nagpapakita ng kanilang pag-aayuno para mapansin ng iba.


Patingnan muli ang nakasulat na alituntunin sa pisara. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang pagkakataon na nagpakita sila ng mabubuting gawa–tulad ng pagdarasal o pag-aayuno—para malugod ang Ama sa Langit. Sabihin sa kanila na

pag-isipang mabuti ang mga paraan na nadama nilang pinagpala sila dahil sa matapat na pagsamba. Maaari mong hilingin sa ilang estudyante na ibahagi ang mga pagpapalang natanggap nila, kung komportable silang gawin ito.

Ibuod ang Mateo 6:7–15 na ipinapaliwanag na ang Tagapagligtas ay nagbigay ng mga tagubilin at huwaran para sa angkop na paraan ng pagdarasal. Ang Kanyang sariling halimbawa ng panalangin ay nakilala bilang Panalangin ng Panginoon. Iparebyu nang mabilis sa mga estudyante ang mga talatang ito at ipahanap ang maaari nating matutuhan tungkol sa panalangin mula sa halimbawa ng Panginoon. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. (Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari mong ipaliwanag na ang babala ng Panginoon laban sa "walang kabuluhang paulitulit" ay hindi nangangahulugang bawal gamitin ang pare-parehong salita tuwing magdarasal tayo. Ang Panginoon ay nagbibigay rin ng babala laban sa mga panalanging di-pinag-isipan, mababaw, o walang kabuluhan. Ang ating mga panalangin ay dapat mapagkumbaba, taimtim, at inuusal nang may pananampalataya.)

## Mateo 6:19–24

### *Itinuro ni Jesucristo sa mga tao kung paano magtipon ng mga kayamanan sa langit*



Magpakita ng larawan ng baul ng kayamanan. Ipaliwanag na ang kayamanan ay anumang bagay na napakahalaga sa atin.

- Anong bagay ang itinuturing ninyo na kayamanan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 6:19–21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa mga kayamanan.

- Anong klase ng mga kayamanan ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat hangarin ng Kanyang mga disipulo?
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na kaibahan ng mga kayamanang inipon sa lupa sa mga kayamanang inipon sa langit?

Isulat sa pisara ang sumusunod:

| *Mga kayamanan sa lupa* | *Mga kayamanan sa langit* |
|---|---|

Papuntahin sa harap ng klase ang mga estudyante at pasulatin ng mga halimbawa ng mga kayamanan sa lupa at mga kayamanan sa langit.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 6:22–24, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ng Tagapagligtas na makatutulong sa atin na mag-ipon ng mga kayamanan sa langit.

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas sa mga talata 22–23 na makatutulong sa atin na mag-ipon ng mga kayamanan sa langit? (Ipaliwanag na nababasa natin sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang talata 22 nang ganito "kung tapat nga ang iyong mata sa kaluwalhatian ng Diyos" [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan]. Maaari mong ipaalala sa mga estudyante na ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" [Moises 1:39].)
- Ano ang maaari nating gawin upang manatiling nakatuon ang ating mata sa kaluwalhatian ng Diyos?
- Anong katotohanan ang itinuro ng Tagapagligtas sa pagtatapos ng talata 24 na makatutulong sa atin na mag-ipon ng kayamanan sa langit? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Hindi natin sabay na mapaglilingkuran ang Diyos at ang kayamanan.** [NO TRANSLATION]
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "maglingkod" sa kayamanan? (Pagtuunan lang ang mga temporal na bagay sa paraang mapapalayo tayo sa Diyos.)

Para mailarawan ang katotohanang tinukoy ng mga estudyante sa Mateo 6:24, idikit ng tape ang dalawang drinking straw malapit sa sipsipan. Magpakita ng isang baso na halos kalahati ang lamang tubig at ilagay ang isang straw sa basong may tubig at ilagay ang isa pang straw sa labas ng baso. Sabihin sa isang estudyante na inumin ang tubig gamit ang mga straw. (Siguraduhin na parehong sumisipsip sa dalawang straw ang estudyante para makita ang epekto ng object lesson.) Pagkatapos ay itanong sa estudyante:

- Bakit nahihirapan kang sipsipin ang tubig?

Itanong sa klase:

- Kung ang straw ay naglalarawan sa atin, ano ang maaaring ilarawan ng tubig? (Ang paglilingkod natin sa Diyos.)
- Sa palagay ninyo, bakit hindi natin maaaring parehong paglingkuran nang sabay ang Diyos at ang kayamanan? (Tingnan din sa Santiago 1:8.)
- Ano ang dapat nating gawin sa dalawang straw para masipsip ang tubig? Paano ito nauugnay sa paglilingkod natin sa Diyos?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga isasagot sa sumusunod na tanong. Maaari mong sabihin sa kanila na irekord ang mga sagot nila sa kanilang notebook o scripture study journal.

- Sa buhay ninyo, anong halimbawa ng pagtutuon sa mga temporal na bagay ang makahahadlang sa paglilingkod ninyo sa Diyos at pag-iipon ng mga kayamanan sa langit?

### Mateo 6:25–34

*Iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na hanapin muna ang kaharian ng Diyos*


Ibuod ang Mateo 6:25–34 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na huwag gaanong ipag-alala ang pagtustos para sa

kanilang mga pangunahing pangangailangan. Ang Joseph Smith Translation para sa Mateo 6:25–27 ay tumutulong sa atin na maunawaan na ang Tagapagligtas ay nagsasalita lalo na sa mga taong mangangaral ng Kanyang ebanghelyo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 6:31–34. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na unahin munang hanapin sa kanilang buhay. (Ituro ang mga salitang ginamit mula sa Joseph Smith Translation sa talata 33, na pinalitan ang unang bahagi ng talata ng "Kaya nga, huwag hangarin ang mga bagay ng mundong ito datapuwa't hangarin muna ninyong itayo ang kaharian ng Diyos at itatag ang kanyang katuwiran."

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na unahin munang hanapin o hangarin sa kanilang buhay?
- Ano ang ipinangako ni Jesucristo sa mga naghahangad na itayo ang kaharian ng Diyos (o ang Kanyang Simbahan) sa halip na hangaring makamtan ang mga bagay ng daigdig? Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung hahangarin muna nating itayo ang kaharian ng Diyos, ibibigay Niya sa atin ang alam Niyang kailangan natin.**)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:



"Kailangan nating unahin ang Diyos nang higit sa lahat sa ating buhay. …

"Kapag inuna natin ang Diyos, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay. Ang pagmamahal natin sa Panginoon ang magiging batayan ng mga bagay na ating kinagigiliwan, ng ating panahon, ng mga hangaring ating inaasam, at ng pagkakasunud-sunod ng ating mga priyoridad.

"Dapat nating unahin ang Diyos sa *lahat* sa ating buhay" ("The Great Commandment—Love the Lord," *Ensign,* Mayo 1988, 4).

- Kailan ninyo naranasang pinagpala kayo ng Ama sa Langit dahil hinangad ninyong unahin Siya sa inyong buhay?

Maaari mong ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa mga pagpapalang dumarating kapag inuna natin ang Ama sa Langit sa ating buhay.

Sabihin sa mga estudyante na sandaling isiping muli kung paano sila maaaring matukso kapag itinuon nila ang kanilang puso sa mga bagay ng mundo. Hikayatin silang magtakda ng mithiin na labanan ang tuksong ito sa pamamagitan ng pagsulat sa kanilang notebook o scripture study journal ng isang paraan na gagawin nila para unahin sa kanilang buhay ang Ama sa Langit.

LESSON 12

# Mateo 7

## Pambungad


Ipinagpatuloy ni Jesucristo ang Kanyang Sermon sa Bundok sa pagtuturo sa Kanyang mga disipulo na humatol nang matwid. Itinuro rin niya ang pagtanggap ng personal na paghahayag at pagsunod sa kagustuhan ng Ama sa Langit.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 7:1–5

*Bilang bahagi ng Kanyang Sermon sa Bundok, itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang paghatol nang matwid*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Dapat ba nating hatulan o hindi ang iba?* Sa pagsisimula ng klase, ipasagot sa mga estudyante ang tanong.



*Ang Sermon sa Bundok,* ni Carl Heinrich Bloch. Sa kagandahang-loob ng National Historic Museum sa Frederiksborg Castle sa Hillerød, Denmark. Bawal kopyahin.

Idispley ang larawang Ang Sermon sa Bundok (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 39; tingnan din sa LDS.org). Ipaliwanag na sa patuloy na pagtuturo ni Jesucristo ng Kanyang Sermon sa Bundok, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa paghatol.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:1. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol. Ipaliwanag na ang karaniwang inaakalang kahulugan ng talata 1 ay hindi tayo dapat humatol o humusga kahit kailan. Ipabasa sa isang estudyante ang Joseph Smith Translation, Matthew 7:1: "Ngayon, ito ang mga salitang itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na dapat nilang sabihin sa mga tao, Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan."

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng humatol nang matwid?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang mangyayari sa atin batay sa paraan ng paghatol natin sa iba. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ano ang mangyayari kung hahatulan natin nang matwid ang iba? (Matapos sumagot ang mga estudyante, tulungan silang matukoy ang sumusunod na

alituntunin: **Kung hahatulan natin ang iba nang matwid, bibigyan din tayo ng Diyos ng awa at katarungan.**)

Kung maaari, magpamahagi ng mga kopya ng sumusunod na pahayag mula sa *Tapat sa Pananampalataya* sa bawat estudyante. Ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante. Sabihin sa kalahati ng klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga uri ng paghatol na dapat nating gawin at hindi. Sabihin sa natitirang kalahati ng klase na alamin kung paano tayo hahatol nang matwid.

"Kung minsan ipinapalagay ng mga tao na masamang hatulan ang iba sa anumang paraan. Bagama't totoo na hindi ninyo dapat hatulan o husgahan ang iba nang wala sa katwiran, kakailanganin ninyong magpasiya kung nararapat ang mga ideya, sitwasyon, at tao sa buong buhay ninyo. …

"Ang paghusga o paghatol ay mahalagang paggamit ng inyong kalayaang pumili at nangangailangan ng hustong pag-iingat, lalo na kapag hinuhusgahan o hinahatulan ninyo ang ibang mga tao. Lahat ng paghatol ninyo ay dapat magabayan ng matwid na mga pamantayan. Alalahanin na tanging Diyos lamang, na nakababatid sa niloloob ng isang tao, ang makagagawa ng huling paghatol sa mga tao (tingnan sa Apocalipsis 20:12; 3 Nephi 27: 14; D at T 137: 9). …

"… Hangga't kaya ninyo, hatulan ang mga sitwasyon ng mga tao sa halip na ang mga tao mismo. Hangga't maaari, iwasang humatol hanggang sa magkaroon kayo ng sapat na kaalaman sa katotohanan. Pakiramdamang lagi ang paghihikayat ng Banal na Espiritu, na siyang gagabay sa inyong mga pasiya" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2004], 128–29).

- Anong uri ng mga paghatol ang dapat nating gawin?
- Paano tayo makahahatol nang matwid?

Magpakita ng maliit na piraso ng kahoy at mahaba at makapal na piraso ng kahoy. Ipaliwanag na nang ituro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa paghatol, ikinumpara Niya ang napakaliit na piraso ng kahoy sa *puwing* at ang malaking piraso ng kahoy sa *tahilan (o beam).* Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:3, at ipahanap sa klase ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol sa iba.

- Ano ang maaaring ihambing sa puwing at tahilan sa analohiya ng Tagapagligtas?
- Paano ninyo sasabihin sa sarili ninyong mga salita ang itinuro ng Tagapagligtas sa talata 3?

Magpapunta ng dalawang estudyante sa harap ng klase. Sabihin sa isang estudyante na itapat ang tahilan sa mata niya. Tanungin ang pangalawang estudyante:

- Gusto mo bang tanggalin ng estudyanteng may tahilan ang puwing sa mata mo? Bakit ayaw mo?

Itanong sa estudyanteng may tahilan:

- Ano ang kailangan mo munang gawin para mas malinaw mong makita ang puwing sa mata ng kaklase mo?

Ipabasa sa estudyanteng may tahilan ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan:



"Ang pagpansin na ito sa mga tahilan at puwing ay tila may kaugnayan sa kawalan natin ng kakayahan na makitang mabuti ang ating sarili. Hindi ko tiyak kung bakit nasusuri at nalulunasan natin ang mga kahinaan ng iba, samantalang madalas ay hirap tayong makita ang sarili nating kahinaan" ("Ako Baga, Panginoon?" *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2014, 56).

Paupuin ang dalawang estudyante. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:4–5, at ipahanap sa klase kung kaninong mga pagkakamali ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating pinapansin.

- Dapat ba nating pinapansin at itinatama ang mga pagkakamali ng iba o ang sa atin? Bakit?
- Ano ang alituntuning matututuhan natin sa mga talatang ito na makatutulong sa atin na iwasang hatulan nang hindi matwid ang iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung pagtutuunan nating alisin ang ating sariling mga kasalanan at kahinaan, mas malamang na hindi natin husgahan ang iba.**)
- Paano makatutulong sa atin ang alituntuning ito kapag nakakakita tayo ng kapintasan sa iba?

Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng maliit na piraso ng kahoy para matandaan nila ang alituntuning ito. Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga kasalanan o kahinaan na matatanggal nila sa kanilang buhay. Hikayatin silang hilingin sa Panginoon na tulungan silang tanggalin ang sarili nilang mga pagkakamali sa halip na husgahan ang iba.

## Mateo 7:6–14

### *Itinuro ng Tagapagligtas ang tungkol sa paghahangad ng personal na paghahayag*

Ibuod ang Mateo 7:6 na ipinapaliwanag na tinutulungan tayo ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng talatang ito na maunawaan na iniutos ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo na humayo sa sanlibutan para mangaral. Sila ay magtuturo ng pagsisisi ngunit iingatan sa kanilang mga sarili ang mga hiwaga ng kaharian. Sa madaling salita, hindi nila dapat talakayin ang mga sagradong paksa sa mga taong hindi handang tanggapin ang mga ito. (Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 7:9–11 [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan].)

Ipaliwanag na ayon sa Joseph Smith Translation, ang Mateo 7:7 ay nagsisimula sa mga katagang "Sabihin sa kanila, Humingi sa Diyos." Ipabasa nang malakas sa

isang estudyante ang talata 7, na nagsisimula sa mga katagang ito. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat ituro ng Kanyang mga disipulo.

- Ano ang ibinilin sa mga disipulo na sabihin sa mga taong gustong tumanggap ng kaalaman mula sa Diyos?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talata 7 tungkol sa mga gagawin natin para maunawaan ang sagradong kaalaman mula sa Diyos? (Matapos sumagot ang mga estudyante, tulungan silang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kapag tayo ay humingi, naghanap, at kumatok sa ating pagsasaliksik sa katotohanan, sasagot ang Ama sa Langit at pagkakalooban tayo ng personal na paghahayag.**)
- Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang *humingi, maghanap,* at *kumatok* na dapat nating gawin para makatanggap ng personal na paghahayag?

Anyayahan ang ilang estudyante na magbahagi ng isang pagkakataon na nakatanggap sila ng personal na paghahayag dahil sila ay humingi, naghanap, at kumatok.

Ibuod ang Mateo 7:9–11 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na tulad ng isang mapagmahal na ama na hindi bibigyan ng bato o ahas ang anak na humihingi ng tinapay o isda, gayundin naman na hindi ipagkakait ng Ama sa Langit ang personal na paghahayag sa Kanyang mga anak na humihingi nito.

Hikayatin ang mga estudyante na ipakita ang pananampalataya sa pamamagitan ng paghingi, paghanap, at pagkatok upang tumanggap ng personal na paghahayag at pang-unawa sa ebanghelyo. Magpatotoo na kapag ginawa nila ito nang may pananampalataya at pagtitiyaga, sasagot ang Ama sa Langit.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:12–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang mga karagdagang katotohanan na sinabi ng Tagapagligtas na ituro ng Kanyang mga disipulo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

### Mateo 7:15–27

#### *Nangako ng kaligtasan ang Tagapagligtas sa mga susunod sa kagustuhan ng Ama*

Sabihin sa mga estudyante na maglista sa pisara ng ilang ideya na karaniwang tinatanggap ng mundo ngunit salungat sa plano ng Ama sa Langit.

- Bakit mahalagang mahiwatigan kung ang isang indibidwal o isang grupo ay nagpapalaganap ng ideya na salungat sa plano ng Ama sa Langit?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:15. Pagkatapos ay itanong:

- Ano ang babalang ibinigay ng Panginoon sa mga disipulo? Ayon sa Kanya, anong pagbabalatkayo ang ginagawa ng mga bulaang propetang ito?



Ipaliwanag na nagbigay ng babala si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa mga bulaang propeta ng ating panahon na kinabibilangan ng "kapwa lalaki at babae na itinatalaga ang sarili na tagapaghayag ng mga doktrina ng Simbahan" gayundin ang "mga taong masugid na nagsasalita at naglalathala nang laban sa mga tunay na propeta ng Diyos at patuloy na binabago ang paniniwala ng iba nang walang malasakit sa pangwalang-hanggang kapakanan ng kanilang inaakit" ("Beware of False Prophets and False Teachers," *Ensign,* Nob. 1999, 63).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:16–20. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isang paraan na mahihiwatigan kung bulaang propeta o bulaang guro ang isang tao.

- Ano ang isang paraan na mahihiwatigan natin kung ang isang tao ay bulaang propeta o bulaang guro? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Malalaman natin ang mga bulaang propeta sa kanilang mga bunga o ginagawa.**)

### *Unawain ang kahulugan ng mga doktrina at alituntunin*

Kapag natukoy ng estudyante ang mga doktrina at mga alituntunin sa mga banal na kasulatan, magagabayan mo sila sa mga talakayan na tutulong sa kanila na suriin at mas maunawaan ang kahulugan ng mga katotohanang ito. Kapag nauunawaan ng mga estudyante ang doktrina o alituntunin ng ebanghelyo, ibig sabihin nito ay nauunawaan nila ang natukoy na katotohanan, ang kaugnayan nito sa iba pang mga doktrina at alituntunin sa plano ng Panginoon, at ang mga sitwasyon na maaaring iangkop nila sa kanilang buhay.

Magpakita sa mga estudyante ng dalawang klase ng prutas. Itanong sa mga estudyante kung saan halaman galing ang bawat prutas. Ipaliwanag na katulad ng pagtukoy sa uri ng halaman sa pamamagitan ng bunga nito, matutukoy rin natin ang mga bulaang propeta at bulaang guro sa kanilang mga turo, kilos, at ideya.

- Batay sa katotohanang ito, paano natin makikilala ang mga tao at grupo na dapat nating iwasan?
- Paano nauugnay sa katotohanang ito ang mga ideyang nakasulat sa pisara?

Ibuod ang Mateo 7:21–23 na ipinapaliwanag na hindi lahat ng nagsasabing naniniwala sila kay Jesucristo ay makapapasok sa Kanyang kaharian, kundi ang mga sumusunod sa kagustuhan ng Ama sa Langit at nakikilala Siya ang makapapasok sa kaharian ng langit.

Magpakita ng bato at isang tray ng buhangin. Itanong sa mga estudyante kung sa ibabaw ng bato o sa buhangin ba nila gustong itayo ang kanilang bahay. Sabihin sa kanila na ipaliwanag kung bakit.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:24–27.

- Ayon sa talata 24, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na ginagawa ng isang tao na katulad ng ginawa ng matalinong tao na nagtayo sa ibabaw ng bato?

- Ayon sa talata 26, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na ginagawa ng taong nagiging katulad ng taong mangmang na nagtayo sa ibabaw ng buhangin?
- Ano sa palagay ninyo ang sinisimbolo ng ulan, baha, at hangin sa mga analohiyang ito (tingnan sa talata 27; tingnan din sa Helaman 5:12)?
- Anong mga alituntunin tungkol sa pamumuhay ng mga turo ng Panginoon ang matututuhan natin mula sa mga analohiyang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang mga sumusunod na alituntunin: **Kung pakikinggan at ipamumuhay natin ang mga turo ng Panginoon, palalakasin Niya tayo para makayanan natin ang ating mga pagsubok. Kung pakikinggan natin ang mga turo ng Panginoon ngunit hindi naman natin sinusunod ang mga ito, hindi tayo magkakaroon ng tulong na kailangan natin kapag dumating ang mga pagsubok.**)

Hikayatin ang mga estudyante na isipin kung ano ang itinuro ng Panginoon sa Sermon sa Bundok (tingnan sa Mateo 5–7). Hikayatin sila na tularan ang taong matalino sa pagpapasiya na kumilos ayon sa mga alituntuning itinuro ng Tagapagligtas. Maaari mong bigyan ng oras ang mga estudyante na isulat kung paano isasagawa ang isa o mahigit pang mga alituntunin mula sa lesson na ito o sa mga nakaraang tatlong lesson.

LESSON 13

# Mateo 8–10

## Pambungad

Sa paglalakbay ni Jesucristo papuntang Galilea, gumawa Siya ng maraming himala. Tumawag din Siya ng Labindalawang Apostol, na Kanyang pinagkalooban ng kapangyarihan at pinagbilinan, at pinaglingkod sa mga tao.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 8:1–9:34

*Gumawa si Jesus ng maraming himala*

Sa simula ng klase, ipasagot sa mga estudyante ang sumusunod na tanong:

- Kung alam ninyo na darating ang Tagapagligtas para bisitahin ang inyong bayan o lungsod ngayon, sino ang dadalhin ninyo para ipagamot? Bakit?

Isulat sa pisara ang sumusunod na scripture references: *Mateo 8:1–4; Mateo 8:5–13; Mateo 8:14–15; Mateo 8:23–27; Mateo 8:28–32; Mateo 9:1–8; Mateo 9:18–19, 23–26; Mateo 9:20–22; Mateo 9:27–31;* at *Mateo 9:32–33.* Mag-assign ng isa sa mga scripture reference sa bawat estudyante. (Kung maliit lang ang klase, bigyan ng mahigit isang talata ang ilang estudyante.)

Sabihin sa mga estudyante na basahin ang nakatalagang mga talata sa kanila at hanapin ang mga himalang ginawa ni Jesus. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa kanila na ibahagi nang maikli ang nalaman nila. (Paalala: Ang mga himalang ito ay pag-aaralan ng mga estudyante nang mas detalyado sa Marcos 1–5.)

***Pag-aaral ng mga Ebanghelyo ayon sa pagkakasunud-sunod***

Ang Mateo, Marcos, Lucas, at Juan ay nagtala ng kani-kanyang mga pangyayari at detalye sa buhay ng Tagapagligtas. Gayunman, ang mga tala sa Mga Ebanghelyo nina Mateo, Marcos at Lucas ay marami ring pagkakatulad. Ang mga paalala para sa titser ay inilagay sa iba't ibang bahagi ng manwal para tulungan kang malaman kung saan ituturo nang mas detalyado ang ilang pangyayari. Halimbawa, ang mga himalang nakatala sa Mateo 8 at 9 ay tatalakayin nang mas detalyado sa mga lesson para sa Marcos1–5.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 8:16–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang propesiya na tinupad ni Jesucristo sa paggawa Niya ng mga himalang ito. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Anong katotohanan tungkol kay Jesucristo ang matututuhan natin mula sa bawat isa sa mga himalang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Mapapagaling ni Jesus ang ating mga sakit at karamdaman.** Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *mga sakit* ay karamdaman o kahinaan.)

- Paano tayo mapapagaling o mapalalakas ng Tagapagligtas kung hindi natin Siya kasamang nabubuhay ngayon sa mundo? (Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Tingnan sa Alma 7:11–13.)

## Mateo 9:35–10:8

### *Tumawag si Jesus ng labindalawang Apostol*

Magdispley ng larawan o mga larawan ng kasalukuyang mga Apostol ng Simbahan, kabilang ang Unang Panguluhan. (Makakakuha ng mga larawang iyan sa LDS.org [tingnan sa Meet Today's Prophets and Apostles] at sa mga isyu ng pangkalahatang kumperensya sa *Ensign* o *Liahona.*)

- Ano ang ipinagkaiba ng mga taong ito sa lahat ng tao sa mundo ngayon?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Mateo 9–10 tungkol sa tungkulin ng mga Apostol at ang mga pagpapalang maidudulot nila sa buhay natin.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 9:35. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at hanapin ang ginawa ni Jesus bukod sa pagpapagaling sa iba.

- Bukod sa pagpapagaling sa iba, ano ang ginawa ni Jesus noong Kanyang ministeryo?

Ipaliwanag na nang ipangaral ni Jesus ang ebanghelyo at gumawa ng mga himala sa buong Judea, dumami ang bilang ng mga taong sumunod at naghanap sa Kanya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 9:36–38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ayon sa Tagapagligtas ang mga taong kailangan Niya para makatulong sa paglilingkod sa mga sumusunod sa Kanya.

- Ayon sa mga talata 37–38, kanino sinabi ni Jesus na kailangan Niya ng makakatulong sa pagkalinga sa mga nagsisunod sa Kanya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 10:1–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang ginawa ni Jesus para tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao.

- Ano ang ginawa ni Jesus para tulungan ang maraming taong sumunod sa Kanya?
- Anong doktrina ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa isang paraan ng pagmiministeryo ni Jesucristo sa mga tao sa mundo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na doktrina: **Si Jesucristo ay tumawag ng mga Apostol at iginawad ang Kanyang awtoridad sa kanila.** Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang doktrinang ito sa tabi ng Mateo 10:1–4.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 10:5-8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang sinabi ng Tagapagligtas na ituturo ng Kanyang mga disipulo.

- Ano ang ipinagawa ni Jesus sa Kanyang mga Apostol?

Ipaliwanag na ang salitang *apostol* ay mula sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "isinugo." Noong una, ang mga Apostol ay isinusugo o ipinapadala lamang sa sambahayan ni Israel. Kalaunan, iniutos ng nabuhay na muling Tagapagligtas na ipangaral din ang ebanghelyo sa mga Gentil, o yaong mga hindi kabilang sa sambahayan ni Israel.

- Anong mga pagkakatulad ang napansin ninyo sa mga ginawa ni Jesus at sa mga ipinagawa Niya sa Kanyang mga Apostol?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa ipinapagawa ni Jesucristo sa mga Apostol? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang kahalintulad ng sumusunod: **Ang Panginoon ay tumatawag ng mga Apostol para ipangaral ang Kanyang ebanghelyo at gawin ang Kanyang mga gawain.** Maaaring isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

Patingnan muli ang mga larawan ng mga kasalukuyang Apostol. Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng halimbawa kung paano nangangaral at naglilingkod ang mga Apostol ngayon na siya ring gagawin ni Jesus kung narito Siya sa mundo.

### *Tulungan ang mga estudyante na madama ang katotohanan at kahalagahan ng mga doktrina at alituntunin*

Matapos matukoy at maunawaan ng mga estudyante ang mga alituntunin at doktrina ng ebanghelyo tulad ng matatagpuan sa mga banal na kasulatan, maaaring hindi nila ipamuhay ang mga ito hangga't hindi nila nadarama ang katotohanan at kahalagahan nito sa pamamagitan ng Espiritu at madama ang pangangailangan na iakma ang mga alituntuning ito sa kanilang buhay. Isa sa pinakamabisang mga paraan para tulungan ang mga estudyante na gawin ito ay ang hikayatin silang pagnilayan ang mga ito at magbahagi ng sariling mga karanasan na may kaugnayan sa mga katotohanang iyon.

Para matulungan ang mga estudyante na madama ang kahalagahan ng katotohanang tinukoy nila sa itaas, basahin o magpakita ng bahagi ng mensahe na ibinigay kamakailan ng Apostol ngayon na mahalaga sa mga kabataan. Matapos basahin ang pahayag na ito o ipanood ang video clip, itanong:

- Paano naiimpluwensiyahan ang pagtugon natin sa itinuturo at ipinapayo ng mga Apostol na gawin natin kapag alam nating sila ay tinawag ni Jesucristo?
- Sa anong mga paraan naimpluwensyahan ng mga paglilingkod at mensahe ng mga Apostol ngayon ang inyong buhay?

Anyayahan ang mga estudyante na tapat na hangarin ang pagkakataong marinig, mapag-aralan, at maipamuhay ang mga salita ng mga napiling Apostol ng Panginoon.

## Mateo 10:9–42

### *Tinagubilinan ni Jesus ang Labindalawang Apostol bago sila umalis para mangaral at maglingkod*

Ibuod ang Mateo 10:9–16 na ipinapaliwanag na pinagbilinan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo na magtiwalang ilalaan ng Ama sa Langit ang kanilang mga kailangan habang naglalakbay sila upang mangaral ng ebanghelyo. Itinuro rin sa kanila ng Tagapagligtas na basbasan ang mga taong tumatanggap at nagpapatuloy sa kanila.

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pangyayari na may isang taong hindi nila karelihiyon ang nagtanong sa kanila ng mahirap na tanong tungkol sa ebanghelyo o sa isang kontrobersyal na bagay tungkol sa Simbahan.

- Gaano kayo katiwala na alam ninyo ang dapat sabihin sa ganoong sitwasyon? Bakit?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng alituntunin sa mga turo ni Jesus sa Kanyang mga Apostol sa natitirang bahagi ng Mateo 10 na makatutulong sa atin kapag kailangan nating ipaliwanag ang ebanghelyo o ibahagi ang ating patotoo.

Sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 10:16–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga uri ng pagsubok na sinabi ni Jesus na daranasin ng mga Apostol sa kanilang paglalakbay at pangangaral.

- Anong mga hamon ang sinabi ni Jesus na haharapin ng Kanyang mga Apostol sa pag-alis nila para ipangaral ang ebanghelyo?
- Ayon sa mga talata 19–20, paano malalaman ng mga Apostol ang sasabihin sa ganitong mga mapanghamong sitwasyon? (Maaaring kailangan mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mga katagang "huwag ninyong ikabalisa" ay "huwag masyadong ipag-alala".)
- Anong alituntunin ang matututuhan ninyo sa mga talatang ito tungkol sa pakikipag-usap sa iba kapag tayo ay naglilingkod sa Panginoon? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, bibigyan Niya tayo ng inspirasyon na malaman ang sasabihin kapag kailangan.**)
- Kailan ninyo nadama na binigyan kayo ng Panginoon ng inspirasyon para malaman ninyo ang sasabihin sa isang tao? (Maaari mong bigyan ng ilang sandali na makapag-isip ang mga estudyante bago sila pasagutin sa tanong na ito.)

Ibuod ang Mateo 10:21–42 na ipinapaliwanag na patuloy na binigyan ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol ng mga tagubilin, babala, at kapanatagan tungkol sa mga hamong kakaharapin nila. Para matulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng mga salita ng Tagapagligtas sa Mateo 10:37–39, pagpartner-partnerin sila o hatiin sa maliliit na grupo at bigyan ang bawat magkakapartner o grupo ng kopya ng kalakip na handout. Sabihin sa mga estudyante na sundin ang mga instruksyon sa handout sa pamamagitan ng

sama-samang pag-aaral ng mga talatang ibinigay sa kanila at pagtalakay sa mga isinagot nila sa mga tanong.

## Mateo 10:37–39

Kasama ang kapartner o kagrupo ninyo, sama-samang pag-aralan ang mga talatang ibinigay sa inyo at talakayin ang inyong mga isinagot sa mga tanong.

Basahin ang Mateo 10:37–38, na hinahanap ang mga sakripisyong sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating handang gawin bilang Kanyang mga disipulo. Ang ibig sabihin ng mga katagang "karapatdapat sa akin" sa mga talatang ito ay maging karapat-dapat na kinatawan ng Panginoon at maging karapat-dapat sa Kanyang mga pagpapala.

- Sa palagay ninyo, bakit kailangang mahalin si Jesucristo ng Kanyang mga disipulo nang higit sa iba—kabilang na ang sarili nilang pamilya?



Ang krus na binanggit sa talata 38 ay tumutukoy sa pisikal na krus na dinala ni Jesucristo at sa krus na ito Siya ay ipinako at iniangat upang magawa Niya ang kalooban ng Kanyang Ama. Sa matalinghagang salita, sinabi ni Jesucristo sa Kanyang mga alagad na kanila ring "pasanin ang [kanilang] krus at sumunod sa [Kanya]" (Mateo 16:24).

Basahin ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 16:26 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan), at hanapin kung ano ang ibig sabihin ng pasanin ang ating krus at sumunod kay Jesucristo.

Basahin ang Mateo 10:39, at hanapin kung anong mga alituntunin ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa sakripisyo. Nilinaw ng Joseph Smith Translation ang simula ng talatang ito sa ganitong mga kataga, "Siya na naghahangad na iligtas ang kanyang buhay …". Sa kontekstong ito, ang mga katagang "iligtas ang kanyang buhay" ay nangangahulugang mamumuhay siya nang sarili lamang ang iniisip sa halip na hangaring paglingkuran ang Diyos at Kanyang mga anak.

- Sa palagay ninyo, sa anong mga paraan "mawawalan" ng kanilang buhay ang mga tao na ang sarili at gusto lang nila ang iniisip?

Batay sa nabasa ninyo, kumpletuhin ang sumusunod na alituntunin:

**Kung hangad nating iligtas ang ating buhay,** ______________________.


Markahan sa talata 39 ang pangako ng Tagapagligtas sa mga hinahayaang mawala ang kanilang buhay para sa Kanyang kapakanan. Ang mawalan ng ating buhay para sa Kanyang kapakanan ay higit pa sa kahandaang mamatay para sa Kanya. Ibig sabihin nito ay handa nating ibigay ang ating sarili upang mapaglingkuran Siya at ang mga taong nakapaligid sa atin.

- Ano sa palagay ninyo ang ang ibig sabihin ng masusumpungan natin ang ating buhay kapag hinayaan nating mawala ito para sa Kanyang kapakanan?

Batay sa nabasa ninyo, kumpletuhin ang sumusunod na alituntunin:

**Kung hahayaan nating mawala ang ating buhay para sa kapakanan ni Jesucristo, ____________________.**

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson at pagkatapos ay talakayin ang inyong mga sagot sa mga sumusunod na tanong.



"Naniniwala ako na sinasabi sa atin ng Tagapagligtas na maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay kaunti lamang ang layunin ng ating buhay. Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangungulunto y at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay" ("Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 85.

- Sino ang kilala ninyo na piniling kalimutan ang sarili alang-alang kay Jesucristo? Ano ang epekto ng desisyong ito sa taong ito?

Matapos makumpleto ng mga estudyante ang handout, maaari mong sabihin sa ilan sa kanila na ibuod sa klase ang natutuhan nila.

Maaari mong ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa alituntuning tinukoy ng mga estudyante tungkol sa pagsasakripisyo para kay Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang ilang bagay na magagawa nila ngayon o sa malapit na hinaharap upang magsakripisyong paglingkuran si Jesucristo at ang iba. Hikayatin sila na magtakda ng mithiin at pagsikapan iyon.

LESSON 14

# Mateo 11–12

## Pambungad

Pinatotohanan ni Jesucristo na ipinadala si Juan Bautista upang ihanda ang daan sa pagdating Niya, at nangako Siya ng kapahingahan sa lahat ng lalapit sa Kanya. Tinugon ni Jesus ang mga paratang ng mga Fariseo na ang Kanyang kapangyarihan ay nagmula sa diyablo. Binalaan Niya sila laban sa pagpaparatang at paghahanap ng mga tanda, at itinuro ang talinghaga ng bahay na walang laman.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 11

*Pinatotohanan ni Jesucristo na ipinadala si Juan Bautista upang ihanda ang daan sa pagdating Niya*

Magpakita sa mga estudyante ng isang larawan ng pulis, doktor, at ni Jesucristo.

- Bakit mahalagang malaman na ang nakikita natin sa mga taong ito ay kung sino sila talaga? Paano ninyo malalaman na ang nakikita sa mga taong ito ay kung sino talaga sila?

Ipaliwanag na sa panahon ng mortal na ministeryo ni Jesucristo, maraming tao ang gustong malaman kung ang nakikita ba nila kay Jesus ay kung Siya nga bang talaga. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Mateo 11 na makatutulong sa kanila na magkaroon ng sariling patotoo tungkol sa kung sino si Jesucristo.

Ipaliwanag na dinakip at ikinulong ni Haring Herodes si Juan Bautista. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 11:2–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang iniutos ni Juan sa kanyang mga alagad na itanong kay Jesus.

- Ano ang iniutos ni Juan sa kanyang mga alagad na itanong kay Jesus?

Ipaliwanag na sa tanong na ito sa talata 3, itinatanong ng mga alagad ni Juan kay Jesus kung Siya ba ang Mesiyas. Ipaalala sa mga estudyante na alam na ni Juan Bautista na si Jesus ang Mesiyas (tingnan sa Mateo 3:11, 13–14; Juan 1:29–34).

- Sa inyong palagay, bakit ipinadala ni Juan Bautista ang kanyang mga alagad para malaman kung si Jesus ang Mesiyas samantalang kilala na ni Juan kung sino si Jesus? (Gusto niyang magkaroon ng sariling patotoo kay Jesucristo ang kanyang mga alagad.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 11:4–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sinagot ni Jesus ang kanilang mga tanong.

- Sa halip na patunayan lang na Siya ang Mesiyas, ano ang ipinagawa ni Jesus sa mga alagad ni Juan Bautista?

Maaari mong ipaliwanag na puwede namang sabihin kaagad ni Jesus sa mga alagad ni Juan na Siya ang Mesiyas. Sa halip, inanyayahan Niya silang

"[manga]rinig at [manga]kita" (talata 4), o pag-isipang mabuti, ang Kanyang mga gawa at pagkatapos ay bumalik kay Juan Bautista at patotohanan ang mga bagay na kanilang narinig at nakita na ginawa ni Jesus.

- Paano kaya nakatulong ang sagot ni Jesus para mas makatanggap ng mas malakas na patotoo sa Tagapagligtas ang mga alagad ni Juan kaysa kung sinabi lamang Niya sa kanila kung sino Siya?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talang ito tungkol sa dapat nating gawin para mapalakas ang ating patotoo sa Tagapagligtas? (Iba-iba man ang kanilang maging mga sagot, dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Kapag hinangad nating malaman ang tungkol kay Jesucristo at kapag nagpapatotoo tayo tungkol sa Kanya, mapalalakas ang ating sariling patotoo.**)

Sabihin sa mga estudyante na isulat kung paano nila nalaman sa kanilang sarili na si Jesucristo ang Anak ng Diyos. Maaari mong anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang isinulat nila.

Ibuod ang Mateo 11:7–27 na ipinapaliwanag na pagkaalis ng dalawang alagad, sinabi ni Jesus sa maraming tao na si Juan Bautista ang propetang pinili upang ihanda ang daan para sa Mesiyas. Kinondena ni Jesus ang mga taong hindi tumanggap kay Juan Bautista gayundin ang mga taong malinaw na nasaksihan ang pagkadiyos ng Panginoon ngunit hindi Siya tinanggap. (*Paalala:* Ang mga turo ni Jesus tungkol kay Juan Bautista sa mga talatang ito ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson tungkol sa Lucas 7:18–35).

Pagkatapos ay nangako si Jesus sa lahat ng mga tumatanggap sa Kanya bilang Mesiyas. Para matulungan ang mga estudyante sa pagrebyu ng Mateo 11:28–30, na itinuro mo sa lesson 1, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang mga talatang ito at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang nais ng Panginoon na gawin natin.

Ang **Mateo 11:28–30** ay scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng scripture mastery passages ay makatutulong sa mga estudyante na higit na maunawaan ang mga pangunahing doktrina at maging handa na ituro ang mga ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang scripture mastery passages nang mas malinaw para madali nila itong makita. Tingnan ang ideya sa pagtuturo sa katapusan ng lesson para tulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral at pagsasaulo ng mga talatang ito.

Para sa paliwanag tungkol sa scripture mastery at listahan ng karagdagang mga aktibidad na makatutulong na mapag-aralang mabuti at maisaulo ng mga estudyante ang mga piniling talatang ito, tingnan ang apendiks ng manwal na ito.

- Ano ang nais ng Panginoon na gawin natin? Ano ang ipinangako Niya sa atin kapag ginawa natin ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Kapag lumapit tayo sa Tagapagligtas, pagagaanin Niya ang ating mga pasanin at bibigyan tayo ng kapahingahan.**)
- Paano makatutulong sa inyo ang pag-aaral at pagsasaulo ng mga katotohanan sa scripture mastery sa taong ito?

### Mateo 12:1–42

*Pinagsabihan ni Jesucristo ang mga Fariseo sa kanilang mga maling paratang at paghahanap ng mga tanda*

(*Paalala:* Ang mga pangyayari sa Mateo 12:1–21 ay ituturo nang mas detalyado sa Marcos 2–3.)

Ibuod ang Mateo 12:1–30 na ipinapaliwanag na matapos magpagaling si Jesus ng isang lalaki sa araw ng Sabbath, hinangad ng ilang Fariseo na gawan Siya ng masama. Nang pinagaling Niya ang isang taong sinapian ng demonyo, tinangka nilang siraan Siya sa harap ng mga tao nang paratangan nila Siya na ginagawa Niya ang mga bagay na iyon sa kapangyarihan ng demonyo. Alam ni Jesus ang kanilang mga iniisip at ipinahayag na kabaligtaran ang sinabi nila, dahil sa pagpapalabas ng mga demonyo ipinapakita Niya na Siya ang Mesiyas at nagtatatag ng kaharian ng Diyos. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 12:30, na inaalam ang itinuro ni Jesus tungkol sa mga ayaw sumama sa Kanya. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ayon sa talata 30, ano ang dapat nating gawin kung gusto nating maging bahagi ng kaharian ng Diyos? (Sa pagsagot ng mga estudyante, tiyakin na mabigyang-diin ang katotohanang ito: **Kung gusto nating maging bahagi ng kaharian ng Diyos, dapat maging lubos ang katapatan natin kay Jesucristo.**)
- Ano ang ilang paraan na maipapakita natin ang ating lubos na katapatan kay Jesucristo?

Ibuod ang Mateo 12:31–42 na ipinapaliwanag na ipinahayag muli ni Jesucristo na ang Kanyang mabubuting gawa ay katibayan na Siya ay sa Diyos at hindi sa demonyo. Nagbababala rin siya sa mga Fariseo na pananagutan nila sa Diyos ang kanilang mga pagpaparatang. Humingi ng isang tanda ang ilan sa mga eskriba at mga Fariseo, at sila ay pinagsabihan ni Jesus sa paghingi ng tanda at hindi pagkakita na Siya ay mas dakila kaysa sinumang naging propeta o hari sa Israel

### Mateo 12:43–50

*Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng bahay na walang laman at na ang mga taong gumagawa ng kagustuhan ng Kanyang Ama ay magiging kabilang sa Kanyang pamilya*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kunwari na isa sa kanilang mga kaibigan ay humingi ng payo kung paano iiwasan ang dating kasalanang sinisikap niyang talikuran.

- Ano ang ipapayo ninyo sa inyong kaibigan para mapaglabanan niya ang tukso?


Ipaliwanag na ang Mateo 12:43–45 ay naglalaman ng isang talinghaga tungkol sa isang karumal-dumal na espiritu na pinaalis mula sa isang tao. Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng alituntunin sa talinghagang ito na makatutulong sa kanilang kaibigan na madaig ang tukso. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 12:43–44, at ipahanap sa klase ang ginawa ng karumal-dumal na espiritu matapos mapaalis sa lalaki.

- Ano ang ginawa ng karumal-dumal na espiritu nang walang ibang lugar na mapahingahan saan man?
- Anong mga salita ang naglalarawan sa kalagayan ng "bahay," o ng tao, nang bumalik ang karumal-dumal na espiritu?

Ipabasa nang malakas sa isa pang estudyante ang Mateo 12:45, at ipahanap sa klase ang ginawa ng karumal-dumal na espiritu matapos madatnan ang "bahay," o ang tao, na walang laman. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Matapos niyang paalisin ang demonyo, ano ang hindi nagawa ng lalaki kaya nakabalik ang karumal-dumal na espiritu? (Hindi niya pinalitan ng mabubuting kaisipan, damdamin, mga salita, at kilos ang kasamaan.)
- Paano nailalarawan ng talinghagang ito ang isang tao na nagsisisi ng kasalanan at nagsisikap na labanan ang tukso?

Matapos sumagot ang mga estudyante, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:



"Sa pagtalikod sa kasalanan hindi maaaring *magnais* lamang ang isang tao ng mas mabubuting kalagayan. Dapat niyang *gawin* ang mga ito. …

"… Ang mga bagay na pinili niyang gawin at kahumalingan at palaging isipin ay wala na, ngunit wala pang ipinapalit na mas mabubuting bagay. Ito ang sasamantalahin ni Satanas" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 171–72; idinagdag ang pagbibigay-diin).

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talinghagang ito na makatutulong sa ating malaman kung paano itataboy ang masasamang impluwensya matapos nating alisin iyon sa ating buhay? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Maitataboy natin ang masasamang impluwensya matapos alisin ang mga ito sa ating buhay kapag pinapalitan natin ang mga ito ng kabutihan.**)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag. Sabihin sa klase na pakinggan kung bakit hindi sapat na alisin lamang ang kasalanan sa ating mga buhay.

"Hindi sapat na basta sikaping daigin ang kasamaan o huwag magkasala. Dapat ninyong puspusin ng kabutihan ang inyong buhay at makibahagi sa mga gawaing nagdadala ng espirituwal na kapangyarihan. …

"Ang lubusang pagsunod ay naghahatid ng ganap na kapangyarihan ng ebanghelyo sa inyong buhay, pati na ibayong lakas na madaig ang inyong mga kahinaan. Kabilang sa pagsunod na ito ang mga gawaing maaaring sa simula ay hindi ninyo ituring na bahagi ng pagsisisi, tulad ng pagdalo sa mga miting, pagbabayad ng ikapu, paglilingkod, at pagpapatawad sa iba" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2004], 157).

- Sa ating pagsisisi, ano ang ilang bagay na magagawa natin upang punuin ang ating buhay ng kabutihan nang sa gayon ay hindi na tayo magkasalang muli? (Maaari mong sabihan ang isang estudyante na isulat sa pisara ang mga sagot.)
- Paano nagpapalakas ng ating espirituwalidad at kakayahang labanan ang masasamang impluwensya ang paggawa ng mga bagay na ito?

Magpatotoo na kapag pinuno natin ng kabutihan ang ating buhay ay mas magkakaroon tayo ng lakas na itaboy ang kasamaan. Hikayatin ang mga estudyante na pag-isipan kung paano nila mapupuno ang kanilang buhay ng higit na kabutihan at susundin ang inspirasyong natanggap nila habang nag-iisip na mabuti.

Ibuod ang nalalabing bahagi ng Mateo 12 na ipinapaliwanag na habang nagtuturo si Jesus, may nagsabi sa Kanya na may ilang miyembro ng Kanyang pamilya ang gustong kumausap sa Kanya. Pagkatapos ay itinuro ng Panginoon na lahat ng susunod sa kalooban ng Ama ay kabilang sa Kanyang pamilya.

### Scripture Mastery—Mateo 11:28–30

Para matulungang maisaulo ng mga estudyante ang Mateo 11:28–30, sabihin sa klase na mag-isip ng mga aksyong maaaring maglarawan sa mga salita o mga kataga sa bawat talata at pagkatapos ay bigkasin ang talata nang may aksyon. Sabihin sa mga estudyante na praktisin ang pagbigkas nito sa simula ng klase nang ilang araw hanggang sa maisaulo nila ito.

LESSON 15

# Mateo 13:1–23

## Pambungad

Habang nasa Galilea ang Tagapagligtas, maraming tao ang nagsilapit sa Kanya. Tinuruan ng Tagapagligtas ang mga tao sa pamamagitan ng mga talinghaga, na nagsimula sa talinghaga ng manghahasik.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 13:1–17

*Sinimulan ng Tagapagligtas na magturo gamit ang mga talinghaga*

Magpakita sa mga estudyante ng maliit na lalagyan na puno ng lupa.

- Ano ang ilang katangian ng matabang lupa? Ng lupang hindi mataba?

Ipaliwanag na sa Mateo 13:1–23, nabasa natin na inihambing ng Tagapagligtas ang iba't ibang uri ng lupa sa antas ng pagiging bukas ng puso o espirituwal na pagtanggap ng mga tao. Sabihin sa mga estudyante na habang pinag-aaralan nila ang mga talatang ito na pag-isipan kung alin sa mga lupang ito ang pinakatugma sa nadarama ng kanilang puso ngayon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 13:1–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tinuruan ni Jesus ang mga tao sa Galilea.

- Paano tinuruan ni Jesus ang maraming tao? (Sa paggamit ng mga talinghaga.)

Sabihin sa mga estudyante na tahimik na basahin ang unang dalawang talata sa kahulugan ng "Talinghaga" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.


- Ano ang talinghaga?

Ipaliwanag na ang talinghaga ay "isang pangkaraniwang kuwento na ginagamit upang ilarawan at ituro ang espirituwal na katotohanan o alituntunin. Ang talinghaga ay batay sa paghahambing ng isang pangkaraniwang bagay o pangyayari sa katotohanan" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Talinghaga," scriptures.lds.org).

- Ayon sa Mateo 13:3, ano ang inilalarawan sa talinghaga ng Tagapagligtas? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *maghasik* ay magsabog o magpunla ng binhi ng halaman.)

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 13:4–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang apat na uri ng lupa na pinaghulugan ng mga binhi ng manghahasik.

- Sa anu-anong uri ng lupa nahulog ang mga binhi ng manghahasik?



Idrowing sa pisara ang mga larawan na nagpapakita ng apat na uri ng lupa, at sabihin sa mga estudyante na magdrowing din ng katulad ng mga ito sa kanilang notebook o sa papel na ibinigay mo sa kanila.

Ipaliwanag na ang tabi ng daan ay pilapil na malapit sa mga bukirin na tumitigas kapag nalalakaran ng mga tao. Matigas ang lupa sa tabi ng daan kaya hindi magkaugat ang mga binhi. Ang batuhan ay baku-bakong lugar na natatabunan ng kaunti o manipis na patong ng lupa. Bagama't maaaring magkaugat dito ang mga binhi, hindi lumalalim ang pagkakaugat dahil nahaharangan ito ng bato sa ibabaw. Ang lupa na may mga dawag ay mataba, ngunit nadadaig ng mga dawag ang mga halaman dahil inaagawan nila ito ng liwanag, tubig, at sustansya. Ang matabang lupa ay may sapat na lalim para magpatibay ng ugat.

Ibuod ang Mateo 13:10–13 na ipinapaliwanag na itinanong ng mga disipulo ng Tagapagligtas kung bakit gumamit Siya ng mga talinghaga sa pagtuturo. Ipinaliwanag ng Tagapagligtas na inihahayag ng mga talinghaga ang mga hiwaga o mga katotohanan ng kaharian ng langit sa mga taong handang tanggapin ang mga ito, habang itinatago ang kahulugan sa mga hindi espirituwal na handa (tingnan sa *New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 45).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 13:14–15, at ipahanap sa klase ang naging dahilan kung bakit hindi maunawaan ng mga tao ang mga katotohanang itinuro ng Tagapagligtas.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dahilan kaya hindi makita, marinig, at maunawaan ng mga tao ang mga katotohanang itinuro Niya? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mga katagang "kumapal ang puso ng bayang ito" ay tumigas ang puso at nawalan ng malasakit ang mga tao.)

Sa pisara, katabi ng drowing na lupa sa tabi ng daan, isulat ang di-kumpletong pahayag: *Kung patitigasin natin ang ating puso, …*

- Ayon sa talata 15, ano ang mga pagpapalang maaaring mawala sa atin kung patitigasin natin ang ating puso? (Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag sa pisara para maipakita ang sumusunod na alituntunin: **Kung patitigasin natin ang ating puso, hindi natin mauunawaan ang salita ng Diyos, hindi makapagbabalik-loob sa Tagapagligtas, at hindi Niya mapagagaling.**)
- Ano ang ibig sabihin ng mapabalik-loob sa Tagapagligtas at mapagaling? (Ito ay ang mabago at madalisay sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala upang ang ating mga paniniwala, puso, at buhay ay makaayon sa kalooban ng Ama sa Langit at hindi natin danasin ang bigat ng kasalanan.)

Ibuod ang Mateo 13:16–17 na ipinapaliwanag na sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na pinagpala sila dahil sila ay may mga matang nakakakita at mga taingang nakakarinig.

## Mateo 13:18–23

### *Ibinigay ng Tagapagligtas ang kahulugan ng talinghaga ng manghahasik*

Patingnan muli ang drowing sa pisara ng lupa sa tabi ng daan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 13:18–19. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap kung saan inihambing ng Tagapagligtas ang binhi, ang tabi ng daan, at ang mga ibon na binanggit sa Mateo 13:4.

- Ano ang inilalarawan ng binhi sa talinghagang ito? (Lagyan ng label na *Ang salita ng Diyos* ang drowing na binhi.)
- Anong uri ng puso ang inilalarawan ng tabi ng daan? (Lagyan ng label na *Hindi nauunawaan ang katotohanan [pinatigas na puso]* ang drowing na tabi ng daan.)
- Ano ang inilalarawan ng mga ibon? Sino ang "masama"? (Lagyan ng label na *Si Satanas at kanyang mga alagad* ang drowing na mga ibon.)
- Paano nakatutulong ang mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa tabi ng daan na mas maunawaan natin na kung patitigasin natin ang ating puso, hindi natin mauunawaan ang salita ng Diyos, hindi makapagbabalik-loob sa Tagapagligtas, at hindi Niya mapagagaling?

Patingnan muli ang drowing na batuhan sa pisara.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 13:20–21 at Lucas 8:13. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalaam ang interpretasyon ng Tagapagligtas sa mga batuhang lugar.

- Ano ang inilalarawan ng mga halamang tumubo sa mga batuhan? (Lagyan ng label na *Hindi malalim na nakaugat ang patotoo* ang drowing na mga halaman sa batuhan.)
- Ano ang inilalarawan ng sikat ng araw? (Sa itaas ng drowing na mga halaman na mababaw ang pagkakaugat, isulat ang *Mga pagsubok, pag-uusig, at tukso.*)

Isulat sa pisara ang di-kumpletong pahayag sa tabi ng drowing na batuhan: *Kung hindi natin pagsisikapang palalimin ang ating patotoo …*

- Batay sa natutuhan ninyo mula sa Mateo 13:20–21 at Lucas 8:13, paano ninyo kukumpletuhin ang pahayag na ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang pangungusap sa pisara para maipakita ang sumusunod na alituntunin: **Kung hindi natin pagsisikapang palalimin ang ating patotoo, maaaring magkulang tayo ng lakas na kailangan natin upang matiis ang mga paghihirap, pag-uusig, at tukso.**)

Patingnan muli ang drowing sa pisara na dawagan. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 13:22 at ipahanap kung ano ang inilalarawan ng mga dawag.

- Ano ang inilalarawan ng mga dawag? (Lagyan ng label na *Mga pagsusumakit o alalahanin na ukol sa sanglibutan* ang drowing na mga dawag.)
- Ano ang ilang halimbawa ng "pagsusumakit na ukol sa sanglibutan"? (Pagiging makamundo, kasakiman, o mga paglilihis ng mundo na naglalayo sa atin sa Diyos.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talatang ito tungkol sa maaaring magawa ng mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan sa ating pananampalataya at patotoo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang sumusunod na alituntunin sa pisara sa tabi ng drowing na dawagan: **Ang mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan ay maaaring maglihis palayo o mag-alis ng pokus natin sa Panginoon, at pahinain ang pananampalataya at patotoo natin sa salita ng Diyos.**)

Patingnan muli ang drowing sa pisara na mabuting lupa. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 13:23 at ipaliwanag na ang pagkasalin ng Joseph Smith Translation sa talatang ito ay nagpapaliwanag na ang "nakauunawa" ay mas tamang isalin na "nakauunawa at napagtitiisan."

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng salitang *napagtitiisan* sa Joseph Smith Translation, Matthew 13:21, ipaliwanag na ang halaman sa mabuting lupa ay nakabilad din sa parehong sikat ng araw (na naglalarawan sa mga paghihirap, pagsubok, at tukso) tulad din ng mga nalantang halaman sa batuhan.

- Paano mo ibubuod ang inilalarawan ng mabuting lupa? (Lagyan ng label na *Nakaririnig at nakauunawa ng salita ng Diyos at napagtitiisan ang mga paghihirap, pag-uusig, at tukso* ang drowing na mabuting lupa.)
- Batay sa natutuhan natin sa Mateo 13:15, ano ang maaaring ilarawan ng bunga na binanggit sa talata 23? (Pagbabalik-loob kay Jesucristo.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa mabuting lupa? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin sa tabi ng drowing na mabuting lupa: **Kapag natanggap natin ang salita ng Diyos, naunawaan ito, at natiis ang mga paghihirap, pag-uusig, at tukso, makapagbabalik-loob tayo sa Tagapagligtas.**)

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang mga alituntuning natukoy nila, ipabasa nang malakas sa apat na estudyante ang bawat isa sa mga sumusunod na sitwasyon. Matapos mabasa ang bawat isa, sabihin sa klase na ipaliwanag kung anong alituntunin ang inilalarawan ng sitwasyon:

1. Isang binatilyo ang nag-ukol ng maraming oras sa pag-aaral para makapasok sa kilalang unibersidad. Kapag hindi siya nag-aaral, abala naman siya sa trabaho. Sinabi niya sa sarili na wala siyang oras para magbasa ng mga banal na kasulatan, magdasal, o magsimba.
2. Isang dalagita ang gustung-gustong magsimba bawat Linggo. Gayunman, ilan sa mga kaibigan niya nang siya ay nagdalaga ang nagsimulang pagtawanan siya dahil sa kanyang mga pamantayan. Nagsimula na niyang labagin ang ilang kautusan. Hindi na siya komportable sa simbahan at nawalan na ng ganang magsimba.
3. Isang binatilyo ang regular na nagsisimba, pero bihira lang siyang makibahagi at hindi pinapansin ang inspirasyon mula sa Espiritu Santo. Nagbabasa siya ng impormasyon sa Internet na tumutuligsa sa mahahalagang doktrina ng Simbahan, at hindi na niya tiyak kung naniniwala pa rin ba siya sa katotohanan ng ebanghelyo.
4. Isang dalagita ang regular na nagsisimba, at tahimik na ipinagdarasal na maramdaman niya ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Kapag nakatatanggap siya ng mga pahiwatig, sinusunod niya ito. Nadarama niyang malapit siya sa Panginoon at nagpapasalamat sa mga paraan na nabibigyan siya ng lakas na mapaglabanan ang mga tukso.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang puso, tulad ng lupa, ay maaaring mabago at bumuti. Isulat ang sumusunod na mga tanong sa pisara o ibigay ang mga ito sa mga estudyante bilang handout. Sabihin sa mga magkakapartner na basahin at talakayin ang mga tanong:

*Ano ang maaaring gawin para mabago o mapanatili ang bawat uri ng lupa upang ito ay maging magandang lugar sa pagpapalago ng malusog at mabungang halaman?*

*Paano natin maihahambing ang pagpapataba sa bawat isa sa lupang ito sa magagawa natin upang maging mas handa sa pagtanggap sa salita ng Diyos?*

Pagkaraan ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na sabihin sa klase ang mga sagot nila.

- Paano nakatulong ang hangarin ninyong tanggapin at unawain ang salita ng Diyos sa pagpapalalim pa ng inyong pagbabalik-loob sa Tagapagligatas?

### *Sabihin sa mga estudyante na isulat ang kanilang sagot*

Ang paghikayat sa mga estudyante na isulat ang kanilang sagot sa tanong bago ito ibahagi sa klase ay nagbibigay sa kanila ng panahon na pag-isipan ang kanilang mga ideya at tumanggap ng mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo. Mas malamang na mahikayat ang mga estudyante na ibahagi ang mga ideya nila kung isusulat muna nila ito, at ang ibabahagi nila ay madalas na mas magiging makabuluhan.

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung anong lupa ang lubos na naglalarawan ng nadarama ng kanilang puso sa oras na ito. Sabihin sa mga estudyante na magtakda ng mithiin o goal tungkol sa mga pagbubutihin nilang gawin para mas matanggap at maunawaan ang salita ng Diyos at matiis ang mga paghihirap, pag-uusig, at tukso. Kung may oras pa, sabihin sa mga estudyante na isulat ang kanilang mga mithiin sa notebook o scripture study journal.

HOME-STUDY LESSON

# Mateo 6:1–13:23 (Unit 3)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Mateo 6:1–13:23 (unit 3) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na itinuturo mo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Mateo 6–7)

Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Sermon sa Bundok, natutuhan nila ang sumusunod: Kung nagpapakita tayo ng kabutihan para malugod ang Ama sa Langit at hindi dahil para mapansin ng iba, gagantimpalaan Niya tayo nang hayagan. Hindi natin parehong mapaglilingkuran ang Diyos at ang kayamanan. Kapag tayo ay humingi, naghanap, at kumatok sa ating pagsasaliksik sa katotohanan, sasagot ang Ama sa Langit at pagkakalooban tayo ng personal na paghahayag. Makikilala natin ang mga bulaang propeta sa kanilang mga bunga o ginagawa.

### Day 2 (Mateo 8–10)

Sa lesson na ito, natutuhan ng mga estudyante na mapapagaling tayo ni Jesus sa ating mga kahinaan at karamdaman at na Siya ay tumatawag ng mga Apostol at iginagawad ang Kanyang awtoridad sa kanila. Natutuhan din ng mga estudyante na kapag tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, tutulungan Niya tayo na malaman kung ano ang sasabihin natin kapag kailangan, at kung iaalay natin ang ating buhay (magbibigay ng ating panahon) para kay Jesucristo, matatagpuan natin ang layunin natin sa buhay.

### Day 3 (Mateo 11–12)

Natutuhan ng mga estudyante na kapag hinangad nating matuto tungkol kay Jesucristo at kapag nagpapatotoo tayo sa Kanya, mapalalakas ang ating sariling patotoo sa Kanya, at kung lalapit tayo kay Jesucristo, pagagaanin Niya ang ating mga pasanin at bibigyan tayo ng kapahingahan. Bukod pa rito, natutuhan ng mga estudyante ang pagiging lubos na tapat sa Diyos at pagpalit ng mabubuti sa masasamang impluwensya sa kanilang buhay.

### Day 4 (Mateo 13:1–23)

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng talinghaga ng manghahasik, natutuhan nila na ang kamunduhan ay makagagambala sa atin, mag-aalis ng tuon natin sa Panginoon, at pahihinain ang ating pananampalataya at patotoo sa salita ng Diyos. Upang maiwasan na mangyari ito at magbalik-loob sa Tagapagligtas, dapat nating tanggapin ang salita ng Diyos at sikaping palalimin ang ating patotoo.

## Pambungad

Tulad ng nakatala sa Mateo 7, ipinagpatuloy ni Jesucristo ang Kanyang Sermon sa Bundok sa pagtuturo sa Kanyang mga disipulo na humatol nang matwid. Itinuro rin Niya ang pagtanggap ng personal na paghahayag at pagsunod sa kagustuhan ng Ama sa Langit.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

*Paalala:* Sa home-study lesson para sa unit 1 at day 3 lesson ngayong linggo, pinag-aralan ng mga estudyante ang scripture mastery passage sa Mateo 11:28–30. Maaari mong rebyuhin sandali ang talata sa mga estudyante.

### Mateo 7:1–5

*Bilang bahagi ng Kanyang Sermon sa Bundok, itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang paghatol nang matwid*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Dapat ba nating hatulan ang iba o hindi?* Sa pagsisimula ng klase, ipasagot sa mga estudyante ang tanong.

Idispley ang larawang Ang Sermon sa Bundok (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 39; tingnan din sa LDS.org). Ipaliwanag na sa pagpapatuloy ng pagtuturo ni Jesus ng Kanyang Sermon sa Bundok, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa paghatol.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:1. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol. Ipaliwanag na ang karaniwang inaakalang kahulugan ng talata 1 ay hindi tayo dapat humatol kahit kailan. Ipabasa sa isang estudyante ang Joseph Smith Translation ng Matthew 7:1, "Ngayon ito ang mga salitang itinuro ni Jesus sa kanyang mga alagad na dapat nilang sabihin sa mga tao. Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan; kundi humatol kayo nang matuwid."

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng humatol nang matwid?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang mangyayari sa atin batay sa paraan ng paghatol natin sa iba. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. (Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mga katagang "sa panukat na inyong isusukat" ay ang paraan ng pagsukat o paghatol ninyo.)

- Ano ang mangyayari kung hahatulan natin nang matwid ang iba? (Matapos sumagot ang mga estudyante, tulungan silang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung hahatulan natin ang iba nang matwid, bibigyan din tayo ng Diyos ng awa at katarungan.**)

Kung maaari, bigyan ng kopya ng sumusunod na pahayag mula sa *Tapat sa Pananampalataya* ang bawat estudyante. Ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang uri ng paghatol na dapat at hindi natin dapat ginagawa at paano tayo hahatol nang matwid.

"Kung minsan ipinapalagay ng mga tao na masamang hatulan ang iba sa anumang paraan. Bagama't totoo na hindi ninyo dapat hatulan o husgahan ang iba nang wala sa katwiran, kakailanganin ninyong magpasiya kung nararapat ang mga ideya, sitwasyon, at tao sa buong buhay ninyo. …

"Ang paghusga o paghatol ay mahalagang paggamit ng inyong kalayaang pumili at nangangailangan ng hustong pag-iingat, lalo na kapag hinahatulan ninyo ang

ibang mga tao. Lahat ng paghatol ninyo ay dapat magabayan ng matwid na mga pamantayan. Alalahanin na tanging Diyos lamang, na nakababatid sa niloloob ng isang tao, ang makagagawa ng huling paghatol sa mga tao (tingnan sa Apocalipsis 20:12; 3 Nephi 27:14; D at T 137:9). …

"… Hangga't kaya ninyo, hatulan ang mga sitwasyon ng mga tao sa halip na ang mga tao mismo. Hangga't maaari, iwasang humatol hanggang sa magkaroon kayo ng sapat na kaalaman sa katotohanan. Pakiramdamang lagi ang paghihikayat ng Banal na Espiritu, na siyang gagabay sa inyong mga pasiya" (*Tapat sa Pananampalataya:* Isang Sanggunian sa Ebanghelyo (2006), 208–11.

- Anong uri ng mga paghatol ang dapat nating gawin?
- Paano tayo makahahatol nang matwid?
- Ano ang ilang halimbawa ng mga sitwasyon na kailangang humatol nang matwid ang isang tao?

Magpakita ng maliit at malaking piraso ng kahoy. Ipaliwanag na nang ituro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa paghatol, ikinumpara niya ang napakaliit na piraso ng kahoy sa *puwing* at ang malaking piraso ng kahoy sa *tahilan*. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa paghatol.

- Ano ang maaaring ilarawan ng puwing at tahilan sa analohiya ng Tagapagligtas? (Inilalarawan nito ang maliliit at malalaking kamalian, kahinaan, o kasalanan.)
- Paano ninyo sasabihin sa sarili ninyong mga salita ang itinuro ng Tagapagligtas sa talata 3?

Papuntahin ang dalawang estudyante sa harapan ng klase. Sabihin sa isang estudyante na itapat ang tahilan sa mata niya. Tanungin ang pangalawang estudyante:

- Gusto mo bang tanggalin ng estudyanteng may tahilan ang puwing sa mata mo? Bakit ayaw mo?

Tanungin ang estudyanteng may tahilan:

- Ano ang kailangan mo munang gawin para mas malinaw mong makita ang puwing sa mata ng kaklase mo?

Paupuin ang dalawang estudyante. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:4–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung kaninong mga pagkakamali ang dapat nating alalahanin ayon sa Tagapagligats.

- Dapat bang nakatuon tayo sa pagtama sa pagkakamali ng iba o ang sa atin? Bakit?
- Ano ang matututuhan natin sa mga talatang ito na makatutulong sa atin na iwasang hatulan nang hindi matwid ang iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung pagtutuunan natin ang pagtanggal ng ating sariling mga kasalanan**

**at kahinaan, mas malamang na hindi natin husgahan ang iba.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.

- Paano makatutulong sa atin ang alituntuning ito kapag nakakakita tayo ng kapintasan sa iba?

Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng maliit na piraso ng kahoy para mapaalalahanan sila sa alituntuning ito. Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga kasalanan o kahinaan na maaaring matanggal nila sa kanilang buhay. Hikayatin silang manalangin sa Panginoon na tulungan silang tanggalin ang sarili nilang mga pagkakamali sa halip na husgahan nang hindi matwid ang iba.

### Mateo 7:24–27

*Nangako ng kaligtasan ang Tagapagligtas sa mga susunod sa kagustuhan ng Ama*

Magpakita ng bato at isang tray ng buhangin. Itanong sa mga estudyante kung sa ibabaw ng bato o sa buhangin ba nila gustong itayo ang kanilang bahay. Sabihin sa kanila na ipaliwanag kung bakit.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 7:24–27. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus kung saan maitutulad ang pagtatayo ng bahay sa bato at pagtatayo ng bahay sa buhangin.

- Ayon sa talata 24, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na ginagawa ng isang tao na katulad ng ginawa ng matalinong tao na nagtayo sa ibabaw ng bato?
- Ayon sa talata 26, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na ginagawa ng isang tao na katulad ng ginawa ng taong mangmang na nagtayo sa ibabaw ng buhangin?
- Ano sa palagay ninyo ang sinisimbolo ng ulan, baha, at hangin sa mga analohiyang ito (tingnan sa talata 27; tingnan din sa Helaman 5:12)?
- Anong mga alituntunin tungkol sa pamumuhay ng mga turo ng Panginoon ang matututuhan natin mula sa mga analohiyang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang mga sumusunod na alituntunin: **Kung pakikinggan at ipamumuhay natin ang mga turo ng Panginoon, palalakasin Niya tayo para makayanan natin ang ating mga pagsubok. Kung pakikinggan natin ang mga turo ng Panginoon ngunit hindi naman natin sinusunod ang mga ito, hindi tayo magkakaroon ng tulong na kailangan natin kapag dumating ang mga pagsubok.**)

Hikayatin ang mga estudyante na tularan ang taong matalino sa pamamagitan ng pagpapasiyang kumilos ayon sa mga alituntuning itinuro ng Tagapagligtas. Maaari mong bigyan ng oras ang mga estudyante na isulat kung paano isasagawa ang isa o mahigit pang mga alituntunin mula sa lesson na ito o sa kanilang pag-aaral ng natitirang bahagi ng Sermon sa Bundok.

### Susunod na Unit (Mateo 13:24–17:27)

Sabihin sa mga estudyante na sa susunod na linggo ay babasahin nila ang tungkol sa masamang balak na humantong sa kamatayan ni Juan Bautista. Malalaman din nila ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong: Bakit pinapugutan ng ulo ni Herodes si Juan? Bakit lumubog sa tubig si Pedro matapos niyang makalakad sa ibabaw nito? Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano ang pakiramdam ng

mamatayan ng matalik na kaibigan o kapamilya. Hikayatin sila, sa pag-aaral nila ng susunod na unit, na alamin kung paano tumugon ang Tagapagligtas sa pagkamatay ng isang mahal sa buhay at ano ang nangyari sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.

LESSON 16

# Mateo 13:24–58

## Pambungad

Ang Tagapagligtas ay nagbigay ng mga talinghaga upang ituro ang tungkol sa kaharian ng langit, ang Panunumbalik at pag-unlad ng Kanyang Simbahan sa mga huling araw, ang pagtitipon ng mabubuti, at ang pagkalipol ng masasama sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 13:24–30, 36–43

*Itinuro at ipinaliwanag ng Tagapagligtas ang talinghaga ng trigo at mga pangsirang damo*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:


*Pinanghinaan na ba kayo ng loob o nabalisa dahil sa dami ng kasamaan sa mundo?*

*Bakit hindi na lang alisin ng Panginoon ang kasamaang nakapalibot sa atin?*

*Bakit dapat kong piliing maging mabuti kahit ang ilang tao ay mukhang hindi nakakaranas ng negatibong epekto ng kanilang maling pagpili?*

Sa simula ng aralin, sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga tanong sa pisara at pagkatapos ay ibahagi ang kanilang mga ideya sa klase. Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 13:24–30, 36–43, hikayatin silang alamin ang katotohanan na tutulong sa kanila na mapanatag habang sinisikap na mamuhay nang matwid sa mundong puno ng kasamaan.

Idispley ang kalakip na larawan ng trigo at mga pangsirang damo, o idrowing ito sa pisara. Ipaliwanag na ang mga pangsirang damo ay isang uri ng nakalalasong damo. Ang trigo at mga pangsirang damo ay halos magkatulad kapag umuusbong, ngunit makikita ang pagkakaiba nila kapag ganap nang nagsitubo.




Ipaliwanag na nagturo ang Tagapagligtas ng talinghaga tungkol sa trigo at mga pangsirang damo. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 13:24–30 at ng isang bahagi mula sa Joseph Smith Translation, Matthew 13:29, kung saan pinalitan ang ilang bahagi ng talata 30 upang mabasa nang ganito, “Tipunin muna ninyo ang trigo sa aking bangan; at bigkisin ang mga pangsirang damo para

sunugin." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari sa trigo at mga pangsirang damo.

***Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang nilalaman ng mga banal na kasulatan***

Magbigay ng mga tanong na makatutulong sa mga estudyante na mapag-aralang mabuti at maunawaan ang nilalaman ng mga banal na kasulatan. Halimbawa, maaari mo silang tanungin ng mga bagay na tutulong sa kanila na (1) pag-aralang mabuti ang isang talata sa banal na kasulatan na isinasaisip din ang mga natutuhan nila sa ibang mga talata o sa mga alituntunin ng ebanghelyo, (2) linawin ang mga kahulugan ng mga salita o mga kataga, o (3) alamin ang mga detalye ng kuwento para mas malaman ang kabuluhan nito. Sa pagsagot ng mga estudyante ng mga tanong na iyon, magiging handa sila na tumukoy ng mga doktrina at mga alituntunin.

- Ano ang nangyari sa trigo at mga pangsirang damo? (Ang mga ito ay inihasik [itinanim] at pinabayaan na magkasamang tumubo. Pagkatapos ay tinipon ang trigo sa bangan at ang mga pangsirang damo ay binigkis at sinunog.)
- Sa palagay ninyo, bakit sinabi ng manghahasik ng mabuting binhi sa kanyang mga tagapaglingkod na hayaan na "magsitubo kapwa hanggang sa panahon ng pag-ani" ang trigo at ang mga pangsirang damo? (Kapag binunot ng mga nanggagapas ang mga pangsirang damo bago ganap na magsitubo ang trigo at pangsirang damo, malamang na marami rin silang mabunot na trigo.)
- Ayon sa Joseph Smith Translation, Matthew 13:29, ano ang unang tinipon—ang trigo o ang mga pangsirang damo?

Ipaliwanag na matapos ibigay ng Tagapagligtas ang talinghaga ng trigo at mga pangsirang damo, itinanong sa Kanya ng Kanyang mga disipulo ang kahulugan nito. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 13:36–43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang paliwanag ng Tagapagligtas sa talinghaga.

- Sino ang naghasik, o nagpunla, ng mabuting binhi? (Ang Tagapagligtas.)
- Sino ang naghasik, o nagpunla, ng mga pangsirang damo? (Ang diyablo.)
- Ano ang inilalarawan ng trigo at mga pangsirang damo? (Ang mabubuti at masasama. Ipaliwanag na ang masasama ay ang mga taong pinipili na huwag magsisi [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:17].)

Ipaliwanag na nilinaw ng Joseph Smith Translation na "ang pag-aani" o "ang katapusan ng sanglibutan" na binanggit sa talata 39 ay tumutukoy sa pagkalipol ng masasama sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Tinutulungan din tayo ng Joseph Smith Translation na maunawaan na sa mga huling araw, ang Panginoon ay magpapadala ng mga anghel at sugo upang tumulong sa paghiwalay ng mabubuti mula sa masasama (tingnan sa Joseph Smith Translation, Matthew 13:39–44 [sa Bible dictionary ng LDS English version ng Biblia]).

- Ayon sa talinghagang ito, ano ang mangyayari sa mabubuti at masasama sa mga huling araw? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit tiyaking matutukoy nila ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Titipunin ng Panginoon ang mabubuti sa mga huling araw at pagkatapos ay lilipulin**

**ang masasama sa Kanyang pagparito.** Gamit ang mga sagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

- Paano tayo maaaring mapanatag dahil sa katotohanang ito habang nabubuhay tayo sa mundong puno ng kasamaan? (Sa huli ay tatanggalin ng Panginoon ang kasamaan sa mundo at gagantimpalaan ang matatapat.)

Ipaliwanag sa mga estudyante na dahil sa ating kalayaang pumili, nakasalalay sa mga pagpiling gagawin natin kung tayo ay matitipong kasama ng mabubuti o magdurusang kasama ng masasama.

- Ano ang kailangan nating gawin upang matipon ng Panginoon?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung ano ang dapat nating gawin para matipon ng Panginoon, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Tinitipon ng Panginoon ang Kanyang mga tao kapag Siya ay tinatanggap nila at sinusunod ang Kanyang mga kautusan. …

"… Tinitipon ng Panginoon ang Kanyang mga tao upang sila ay sumamba, magtayo ng Simbahan, mapangalagaan, at tumanggap ng payo at tagubilin. …

"Inihayag ni Propetang Joseph Smith na sa lahat ng panahon ang banal na layunin ng pagtitipon ay para magtayo ng mga templo upang ang mga anak ng Panginoon ay tumanggap ng pinakamatataas na ordenansa at sa gayon ay magtamo ng buhay na walang hanggan [tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 488–89]" ("The Spirit and Purposes of Gathering" [Brigham Young University–Idaho devotional, Okt. 31, 2006], byui.edu).

- Ayon kay Elder Bednar, ano ang kailangan nating gawin upang matipon ng Panginoon?
- Anong mga pagpapala ang dumating sa buhay ninyo dahil sa natipon kayo ng Panginoon?

Idispley ang mga larawang Mga Misyonero: Mga Elder; Mga Misyonera: Mga Sister; at ang Salt Lake Temple (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 109, 110, 119; tingnan din sa LDS.org).

- Ano ang maaari nating gawin upang matulungan ang Tagapagligtas sa pagtitipon ng mga anak ng Ama sa Langit?
- Anong mga pagpapala ang natanggap ninyo sa pagtulong sa Panginoon na matipon ang mabubuti sa pamamagitan ng gawaing misyonero?

Tiyakin sa mga estudyante na dahil lahat tayo ay nagkakamali, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na magsisi upang tayo ay matipong kasama ng mabubuti. Hikayatin ang mga estudyante na pag-isipang mabuti kung ano ang magagawa nila para matipon ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan. Sabihin sa mga estudyante na sundin ang anumang pahiwatig na natatanggap nila.








## Mateo 13:31–35, 44–52

### *Gumamit si Jesus ng mga talinghaga upang magturo tungkol sa kaharian ng langit*

Magdispley ng mga larawan ng sumusunod na mga aytem o idrowing ang mga ito sa pisara: binhi ng mostasa, lebadura o pampaalsa (o tinapay—ipaliwanag na ang pampaalsa ay ginagamit sa pagluluto at idinadagdag sa masa ng tinapay para umalsa ito bago ihurno), perlas, maliit na baul, at lambat.



Binhi ng Mostasa | Lebadura | Perlas | Kaban ng kayamanan | Lambat


Ipaliwanag na sa iba't ibang talinghaga ay inihambing ng Tagapagligtas ang bawat isa sa mga bagay na ito sa kaharian ng langit. Ipaalala sa mga estudyante na ang kaharian ng langit ay sumasagisag sa Simbahan at sa ebanghelyo ng Tagapagligtas. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reference: *Mateo 13:31–32; Mateo 13:33; Mateo 13:44; Mateo 13:45–46; Mateo 13:47–50.* Pagpartnerin-partnerin o hatiin sa maliliit na grupo ang mga estudyante, at mag-assign sa bawat magkapartner o magkagrupo ng isa sa mga reference sa pisara. Sabihin sa bawat magkapartner o magkagrupo na gawin ang sumusunod na mga aktibidad (maaari mong gawing handout ang listahang ito):

1. *Basahin nang sabay-sabay ang mga naka-assign sa inyo na mga talata.*
2. *Talakayin kung anong bagay o mga bagay ang inihambing ng Tagapagligtas sa Kanyang Simbahan at Kanyang ebanghelyo.*
3. *Talakayin kung anong katotohanan ang sa palagay ninyo ay itinuturo ng Tagapagligtas sa talinghagang ito tungkol sa Kanyang Simbahan at Kanyang ebanghelyo. Isulat ang katotohanan o alituntuning iyan sa inyong notebook o scripture study journal.*

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa estudyanteng na-assign sa talinghaga ng lebadura at sa estudyanteng na-assign sa talinghaga ng binhi ng mostasa na basahin nang malakas sa klase ang kanilang mga talinghaga.

Sabihin sa ilang estudyante na basahin sa klase ang mga katotohanang isinulat nila. (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay uunlad mula sa isang maliit na simula hanggang sa mapuno nito ang buong mundo.** Isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

Ipabasa sa isang estudyante ang kasunod na pahayag ni Pangulong Joseph F. Smith, na itinuro kung paano maitutulad sa lebadura ang mga naniniwala kay Jesucristo:



"Bagama't masasabi, at may katotohanan naman, na kakaunti lamang tayo kumpara sa mga tao sa mundo, subalit tayo ay maitutulad sa lebadurang binanggit ng Tagapagligtas, na kalaunan ay pupuno sa buong mundo" (*Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon. [1939], 74).

- Ano ang magagawa natin bilang mga Banal sa mga Huling Araw para makatulong sa pagpapaunlad ng Simbahan ng Tagapagligtas?

Sabihin sa estudyanteng na-assign sa talinghaga ng kayamanan sa bukid, sa estudyanteng na-assign sa talinghaga ng mahalagang perlas, at sa estudyanteng na-assign sa talinghaga ng lambat na basahin nang malakas sa klase ang kanilang mga talinghaga. Sabihin sa ilang estudyante na basahin sa klase ang mga katotohanang isinulat nila. (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Dahil walang-hanggan ang kahalagahan ng mga pagpapala ng ebanghelyo, sulit ang anumang sakripisyong gagawin para dito.** Gamit ang mga sinabi ng mga estudyante, isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang katotohanang ito, isulat sa pisara ang sumusunod na mga heading:

| *Mga pagpapala ng ebanghelyo* | *Mga sakripisyo para matamo ang mga pagpapala* |
|---|---|

Ipalista sa mga estudyante ang ilan sa mga pagpapala ng ebanghelyo (ang ilang halimbawa nito ay kaalaman mula sa mga banal na kasulatan, patnubay mula sa mga buhay na propeta, nakapagliligtas na mga ordenansa, at walang-hanggang kasal). Para sa bawat pagpapalang nakalista, sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung anong sakripisyo ang mga kailangan nilang gawin para matamo ang pagpapalang iyon. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.

Sabihin sa mga estudyante na pumili ng isang pagpapala na nakalista sa pisara at ipaliwanag kung bakit sulit ang anumang sakripisyo para matamo ang pagpapalang iyon.

- Kailan kayo o ang isang tanong kilala ninyo nagsakripisyo para makatanggap ng pagpapala ng ebanghelyo?

Isulat sa pisara ang mga sumusunod na tanong at sabihin sa mga estudyante na sagutin ito sa kanilang mga notebook o scripture study journal.

*Anong mga pagpapala ng ebanghelyo ang nais ninyong matamo?*

*Bakit ninyo gusto ang pagpapalang iyan?*

*Ano ang isasakripisyo ninyo para matanggap ang pagpapalang iyan?*

### Mateo 13:53–58

*Si Jesus ay nagturo sa Nazaret at hindi tinanggap ng Kanyang sariling mga tao*

Ibuod ang Mateo 13:53–58 na ipinapaliwanag na hindi tinanggap ng mga tao ng Nazaret ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo. Dahil sa kanilang

kawalang-paniniwala, hindi gumawa ng mga himala ang Tagapagligtas sa kanila (tingnan din sa Moroni 7:37).

LESSON 17

# Mateo 14

## Pambungad

Matapos malaman ang kamatayan ni Juan Bautista, gusto ni Jesus na mapag-isa ngunit sinundan Siya ng maraming tao. Siya ay nahabag sa kanila, pinagaling ang kanilang maysakit, at mahimalang pinakain ang mahigit limang libo sa kanila. Nang gabing iyon, lumakad sa ibabaw ng dagat si Jesus papunta sa Kanyang mga disipulo na nahihirapang maglayag sa Dagat ng Galilea dahil sa napakalakas na bagyo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 14:1–21

*Ginustong mapag-isa ni Jesus at pagkatapos ay nagpakain ng mahigit limang libong tao*

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng isang pagkakataong nakadama sila ng matinding lungkot. Anyayahan silang isipin ang ginawa nila para mapagtiisan at makayanan ang kanilang kalungkutan.

- Ano ang ilan sa iba't ibang paraang ginagawa ng tao para matiis at makaya ang lungkot?

Sabihin sa mga estudyante na alamin sa pag-aaral nila ng Mateo 14 ang mga paraan na mapagtitiisan at makakayanan nila ang mga kalungkutan, pagsubok, at alinlangan.

Ibuod ang Mateo 14:1–11 na ipinapaliwanag na sa pang-uudyok ng kanyang bagong asawa (si Herodias), di-makatarungang ibinilanggo ni Haring Herodes si Juan Bautista. Matapos magsayaw sa kanyang harapan si Salome na anak na babae ng kanyang asawa, nangako si Herodes sa harap ng mga tao na ibibigay niya rito ang "ang anomang hingin niya" (Mateo 14:7). Kinausap ng anak na babae ang kanyang ina tungkol dito at sinabi nito na hingin niya ang ulo ni Juan Bautista, at dahil dito, pinapugutan ni Herodes si Juan.

Ipaalala sa mga estudyante na si Juan Bautista ay kaibigan at kamag-anak ni Jesucristo at ang propetang pinili ng Diyos na maghahanda ng daan para sa Mesiyas.

- Isipin na kunwari ay malapit kayong kaibigan ni Juan Bautista. Paano ninyo tatanggapin ang balitang pinatay siya nang di-makatarungan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:12–13, at ipahanap sa klase ang ginawa ni Jesus nang malaman Niya ang tungkol sa pagkamatay ni Juan.

- Ano ang ginawa ni Jesus nang malaman niya ang pagkamatay ni Juan? (Maaari mong ipaliwanag na ang "dakong ilang" ay tumutukoy sa isang lugar na malayo sa maraming tao .
- Ano ang nangyari nang sinubukan ni Jesus na mapag-isa?
- Ano ang madarama ninyo kung gusto ninyong mapag-isa, pero may mga taong gustong pag-ukulan ninyo sila ng atensyon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ginawa ni Jesus nang makita Niyang sinusundan Siya ng maraming tao.

> ***Magbigay ng mga tanong na makatutulong sa mga estudyante na matukoy ang mga doktrina at mga alituntunin***
>
> Kapag nauunawaan ng mga estudyante ang konteksto at nilalaman ng mga banal na kasulatan, mas matutukoy nila ang mga nilalaman na doktrina at alituntunin nito. Ang mga tanong na kailangan ng pagsusuri bago masagot ay makatutulong sa mga estudyante na makapagbigay ng konklusyon at maipahayag ang mga doktrina at mga alituntuning matatagpuan sa teksto na kanilang pinag-aaralan.

- Anong halimbawa ang ipinakita sa atin ng Tagapagligtas na dapat nating tularan kapag nalulungkot tayo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Kapag kinahahabagan natin ang iba kahit malungkot tayo, tinutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo.**)
- Bakit mahirap magpakita ng habag sa iba kapag nagdurusa tayo?
- Paano nakatutulong sa atin na magpakita ng habag sa iba kung tayo mismo ay nagdurusa rin?
- Kailan kayo o ang isang taong kilala ninyo nakadama ng matinding kalungkutan pero sa kabila nito ay nagpakita pa rin ng habag sa iba? Sa anong mga paraan makatutulong ang paglilingkod sa iba?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 14:15–21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano patuloy na nagpakita ng habag si Jesus sa maraming tao. (*Paalala:* Ang himalang nakatala sa Mateo 14:15–21 ay ituturo nang mas detalyado sa lesson para sa Marcos 6:35–44.)

- Paano patuloy na nagpakita ng habag si Jesus sa mga taong sumunod sa Kanya?

## Mateo 14:22–36

### *Naglakad si Jesus sa ibabaw ng dagat habang bumabagyo*

Para matulungan ang mga estudyante sa pag-iisip ng mga sitwasyon na maaari silang makadama ng pag-aalinlangan at takot kapag sinunod nila si Jesucristo, ipabasa nang malakas sa dalawang estudyante ang sumusunod na mga sitwasyon:

1. Isang dalagita ang pinanghihinaan ng loob habang nakikitang naghihirap ang kanyang ina dahil sa malubhang sakit. Nagsimula na siyang magtanong kung alam ba ng Ama sa Langit ang pagdurusa ng kanyang pamilya. Gustung-gusto niyang maniwala sa Diyos, pero unti-unti na siyang pinangingibabawan ng pag-aalinlangan.
2. Isang binatilyo ang kasasapi lang sa Simbahan. Marami sa mga dati niyang kaibigan ang hayagang inaayawan ang desisyon niyang sumapi sa Simbahan. Iniisip na niya kung ipagpapatuloy ba niya ang pagiging aktibo at matapat na miyembro ng Simbahan.

- Ano ang iba pang mga paraan na maaaring makadama ng alinlangan o takot ang mga tao habang hinahangad nilang sundin si Jesucristo?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanang ito sa pag-aaral nila ng nalalabing bahagi ng Mateo 14 na makatutulong sa kanila na madaig ang takot, alinlangan, at panghihina ng loob.

Ibuod ang Mateo 14:22 na ipinapaliwanag na iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na maglakbay sakay ng daong (barko) patungo sa kabilang ibayo habang pinayayaon Niya ang mga tao. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung saan nagpunta si Jesus pagkatapos Niyang mapayaon ang mga tao. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:24–25, at ipahanap sa klase ang nangyari habang tumatawid ang mga disipulo sa Dagat ng Galilea.

- Ano ang nangyari sa mga disipulo habang tinatawid nila ang Dagat ng Galilea?
- Ano ang ibig sabihin ng "pasalungat sa hangin"? (talata 24). (Ito ay umiihip na kasalungat sa direksyon ng kanilang destinasyon.)

Ayon sa talata 23, gabi noon nang nag-iisa sa bundok si Jesus at tumatawid naman sa Dagat ng Galilea ang mga disipulo. Ang distansya para matawid ang dagat ay mga limang milya (halos walong kilometro) at dapat matawid nang dalawa hanggang tatlong oras kung maganda ang panahon.

- Ayon sa talata 25, kailan pinuntahan ng Tagapagligtas ang mga disipulo sa dagat? (Ang ikaapat na pagpupuyat ay mula alas-3:00 n.u. hanggang alas-6:00 n.u.)
- Mga gaano na katagal sumasagupa sa hangin ang mga disipulo sa pagtawid sa dagat? (Mga 9 hanggang 12 oras.)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Marcos 6:47–48, na inaalam ang ilang karagdagang detalye na ibinigay ni Marcos tungkol sa pangyayaring ito. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Maaari bang mas maagang natulungan ni Jesus sa kanilang paghihirap ang mga disipulo? Ano kaya ang dahilan kung bakit hinayaang maghirap muna ang mga disipulo bago sila iligtas?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa ating sariling paghihirap mula sa mga tala na ito tungkol sa mga disipulong nagsusumigasig na tawirin ang dagat? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Kahit hindi tayo laging ililigtas ng Diyos mula sa mga paghihirap, alam Niya ang nararanasan natin at, sa Kanyang takdang panahon, ay tutulungan tayo.**)
- Anong kabutihan ang maidudulot sa atin ng mahaba-habang paghihirap sa halip na tulungan tayo kaagad ng Panginoon sa ating mga pagsubok?
- Paano nakakapagpalakas ng pananampalataya natin sa Panginoon ang malaman na alam Niya ang mga paghihirap natin kahit hindi Niya tayo kaagad tinutulungan?

### *Tulungan ang mga estudyante na i-vizualize ang mga tala sa mga banal na kasulatan*

Ang pag-vizualize ay nangyayari kapag inilalarawan ng mga estudyante sa kanilang isipan ang nagaganap sa isang salaysay sa banal na kasulatan. Ang pag-vizualize ay nakatutulong sa mga estudyantre na makita nang mas malinaw at makatotohanan ang mga salaysay sa banal na kasulatan.

Sabihin sa mga estudyante na i-visualize na nakasakay sila sa bangka sa kalagitnaan ng gabi at maraming oras nang sinasagupa ang malakas na hangin at alon, at nakita nila na may taong naglalakad sa ibabaw ng tubig.

- Ano kaya ang maiisip o mararamdaman ninyo kung nalagay kayo sa ganitong sitwasyon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:26–27, at tanungin sa klase kung ano ang naging reaksyon ng mga disipulo nang makita nila si Jesus.

- Ano ang reaksyon ng mga disipulo nang makita nila si Jesus?
- Paano pinawi ni Jesus ang kanilang takot?


Ipabasa nang malakas sa isa pang estudyante ang Mateo 14:28, at ipahanap sa klase ang gustong gawin ni Pedro nang marinig niya ang tinig ng Panginoon.

- Ano ang gustong gawin ni Pedro nang marinig niya ang tinig ng Panginoon?

Magpakita ng larawan ni Jesus sa harap ng klase, at sabihin sa klase na isipin na kunwari ay sila si Pedro na nakasakay sa bangka. Sabihin sa dalawang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 14:29–30 Matapos mabasa ang bawat talata, itanong sa mga estudyante kung ano kaya ang maiisip o mararamdaman nila kung sila si Pedro.

- Bakit nagsimulang lumubog si Pedro?
- Ano ang sinasagisag sa buhay natin ng hangin at alon sa tala na ito na maaaring magpadama sa atin ng takot o alinlangan?
- Ano ang matututuhan natin sa karanasan ni Pedro tungkol sa pag-iwas na madaig ng takot at alinlangan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw na maipapahayag na **kung itutuon natin ang ating mga mata kay Jesucristo at mananatiling nananampalataya sa Kanya, hindi tayo madaraig ng ating takot at pag-aalinlangan.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter, at sabihin sa klase na pakinggan ang panganib kapag tumigil tayo sa pagsampalataya sa ating Panginoon:



"Matibay ang paniniwala ko na kung magagawa natin bilang mga indibiduwal, pamilya, komunidad, at bansa, gaya ni Pedro, na ipako ang ating tingin kay Jesus, baka tayo man ay tagumpay na makalakad sa ibabaw ng 'napakalalaking alon ng kawalan ng pananampalataya' at 'hindi masindak sa gitna ng paparating na mga hangin ng pag-aalinlangan.' Ngunit kapag inalis natin ang ating paningin

sa kanya na dapat nating paniwalaan, na madaling gawin at natutukso ang mundo na gawin, kung titingnan natin ang puwersa at poot ng nakasisindak at mapaminsalang mga elementong nakapalibot sa atin sa halip na tumingin sa kanya na makatutulong at makapagliligtas sa atin, kung gayon tiyak na lulubog tayo sa dagat ng pagtatalo at kalungkutan at kawalan ng pag-asa" ("The Beacon in the Harbor of Peace," *Ensign,* Nob. 1992, 19)

- Ano ang mga paraan na "maitutuon natin ang ating mga mata" kay Jesucristo, tulad ng unang ginawa ni Pedro?
- Kailan kayo nakakita ng pangyayari na naiwasan ng isang tao na magpadaig sa takot o pag-aalinlangan dahil may pananampalataya siya kay Jesucristo?

Magpatotoo na kung "itutuon natin ang ating mga mata" kay Jesucristo at mananatiling nananampalataya sa Kanya, magkakaroon tayo ng pag-asa at tapang na harapin ang ating mga pagsubok. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga babaguhin nila sa buhay upang mas maituon o mapanatili nila ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at magtakda ng mithiin na gawin ang mga pagbabagong iyon.

Ipaliwanag na tulad ni Pedro, maaaring kung minsan ay hindi natin napapanatili ang pananampalataya kay Jesucristo at maaaring magpadala sa takot, pag-aalinlangan, at panghihina ng loob.



Magdispley ng larawan ni Jesucristo na naglalakad sa tubig (tingnan sa *Aklat ng Sining ng Ebangelyo* [2009], blg. 43; tingnan din sa LDS.org). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:30–32.

- Ayon sa talata 30, ano ang ginawa ni Pedro nang matanto niya na papalubog na siya?
- Ano ang matututuhan natin sa tala na ito tungkol sa gagawin ng Panginoon kung hihingi tayo ng tulong sa Kanya kapag nanghihina ang ating pananampalataya? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung hihingin natin ang tulong ng Diyos kapag nanghihina ang ating pananampalataya, mapapawi Niya ang ating mga takot at alinlangan.**)
- Sa anong mga paraan mapapawi ng Diyos ang ating mga takot at alinlangan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 14:33, at ipahanap sa klase ang ginawa ng mga disipulo matapos makalulan sa bangka sina Jesus at Pedro.

Ibuod ang Mateo 14:33–36 na ipinapaliwanag na matapos ang pangyayaring ito, nagpatuloy sa kanilang paglalakbay sina Jesus at Kanyang mga disipulo at narating ang malalayong dalampasigan ng Galilea. Nang malaman ng mga tao na naroon si Jesus, dinala nila sa Kanya ang mga taong may karamdaman. Marami sa kanila ang napagaling sa paghawak lamang sa laylayan ng Kanyang damit.

Tapusin ang lesson na hinihikayat ang mga estudyante na ipamuhay ang natutuhan nila sa lesson na ito sa pamamagitan ng pagsunod sa anumang impresyon na natanggap nila.

LESSON 18

# Mateo 15

## Pambungad

Habang nasa Galilea, ipinaliwanag ni Jesus kung bakit hindi sinunod ng Kanyang mga disipulo ang tradisyon na ritwal na pagpapadalisay ng sarili bago sila kumain. Pagkatapos ay naglakbay Siya sa baybayin ng Mediterranea, kung saan pinagaling Niya ang anak na babae ng isang babaeng Gentil. Pagkatapos ay bumalik si Jesus sa Galilea, kung saan nagpagaling Siya ng marami at mahimalang pinakain ang mahigit apat na libong katao.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 15:1–20

*Itinanong ng mga eskriba at mga Fariseo kung bakit hindi naghuhugas ng mga kamay ang mga disipulo ni Jesus bago kumain*

Ipabasa nang malakas sa tatlong estudyante ang sumusunod na mga sitwasyon. Sabihin sa klase na pakinggan kung aling mga sitwasyon ang may pagkakatulad:

1. Isang dalagita ang ginaganyak ng kanyang mga kaibigan na magsuot ng mahalay na damit para sa isang sayawan sa paaralan. Alam ng dalagita na hindi akma ang damit na iyon sa mga pamantayan ng Panginoon sa pagiging disente, kahit tanggap na sa kultura nila ang ganoong pananamit.
2. Isang binatilyo ang kabilang sa pamilya ng mga Banal sa mga Huling Araw na mahilig sa isports. Kapag may ipinapalabas na isports sa telebisyon, karaniwang isinasantabi ng pamilya ang pagdarasal nang magkakasama, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, family home evening, at mga miting sa Simbahan tuwing Linggo para mapanood ang mga ito.
3. Isang magkasintahan ang naghahandang magpakasal. Nakatira sila sa isang lugar kung saan tanggap ng maraming tao ang pakikipagtalik bago ang kasal. May nagsabi sa magkasintahang ito na makaluma at kakatwa sila dahil hinihintay muna nilang makasal sila bago magtalik.

- Ano ang pagkakatulad ng mga sitwasyong ito? (Kailangan sa bawat sitwasyon na magpasiya kung susunod ba sa mga utos ng Diyos o kikilos ayon sa tradisyon o kaugalian.)

Ipaliwanag na kabilang sa mga tradisyon o kaugalian ang mga paniniwala at gawi ng isang kultura, komunidad, pamilya, o grupo ng mga kaibigan.

Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng isa o mahigit pang mga tradisyon o kaugalian na makahahadlang sa kanila sa pagsunod sa utos ng Diyos. Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng mga katotohanan sa Mateo 15 na makatutulong sa kanila kung sakali mang kailanganin nilang magpasiya kung susunod sa utos ng Diyos o makikiayon sa mga tradisyon at kaugalian.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 15:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang tradisyon na itinanong ng mga eskriba at mga Fariseo kay Jesus.

- Anong tradisyon ang hindi sinusunod ng mga disipulo ni Jesus?

Ipaliwanag na ang paghuhugas ng kamay na binanggit ng mga eskriba at mga Fariseo ay tungkol sa seremonya ng paghuhugas para sa ritwal ng pagpapadalisay at walang kinalaman sa paghuhugas upang maging malinis.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 15:3 at ipahanap sa klase ang isinagot ni Jesus sa tanong ng mga eskriba at mga Fariseo.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na ginagawa ng mga eskriba at mga Fariseo sa pagsunod sa kanilang mga tradisyon?

Ibuod ang Mateo 15:4–6 na ipinapaliwanag na nagbigay ng halimbawa si Jesus kung paano nalalabag ng mga eskriba at mga Fariseo ang utos ng Diyos dahil sa pagsunod nila sa kanilang mga tradisyon. Itinuro nila na ang mga tao ay "[magiging malaya]" (talata 6) sa obligasyon na kalingain ang kanilang tumatandang mga magulang at ang kanilang pera ay nakalaan bilang hain sa Diyos, o *Corban* (tingnan sa Marcos 7:10–12). Gayunman, itinuro ni Jesus na sa paggawa nito, nilabag nila ang utos na igalang ang ama at ina.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 15:7–9, at sabihin sa klase na alamin ang naging impluwensya ng mga eskriba at mga Fariseo sa mga tao na ikinakatwiran ang kanilang mga tradisyon para hindi sundin ang mga utos ng Diyos.

- Paano naimpluwensiyahan ng mga eskriba at mga Fariseo ang mga tao?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa dapat nating gawin kung nais nating lumapit sa Diyos? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung nais nating lumapit sa Diyos, dapat nating unahin ang Kanyang mga utos kaysa anumang tradisyon at kaugalian na mayroon tayo.**)

Ipabasang muli nang malakas sa mga estudyante ang mga sitwasyon mula sa simula ng lesson. Matapos basahin ang bawat sitwasyon, itanong:

- Ano ang maaaring gawin ng isang tao o mga tao sa sitwasyong ito para masunod ang mga utos ng Diyos?
- Paano makatutulong sa tao o sa mga tao ang paggawa nito para mapalapit sila sa Diyos?

Matapos mong talakayin ang bawat sitwasyon, itanong sa klase:

- Kailan ninyo piniling sundin ang mga utos ng Diyos sa halip na gawin ang tradisyon o kaugalian na tanggap ng karamihan? Paano kayo natulungan nito na lalong mapalapit sa Ama sa Langit? (Maaari ka ring magbigay ng halimbawa mula sa sarili mong karanasan.)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga tradisyon at kaugalian na binanggit nila kanina. Hikayatin sila na piliing sundin ang mga utos ng Diyos sa halip na sundin ang mga tradisyon o kaugaliang ito upang mas mapalapit sila sa Diyos.

Ipaalala sa mga estudyante na naniniwala ang mga eskriba at mga Fariseo na ang kumain nang hindi naghugas ng kamay ay magpapahawa o magpaparumi sa tao, o espirituwal na magpapasama sa taong iyon. Ipabasa nang malakas sa isang

estudyante ang Mateo 15:10–11, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa totoong nagpaparumi sa atin.

- Ano ang nagpaparumi sa atin ayon sa Tagapagligtas?

Ipaliwanag na sinabi ng Tagapagligtas na, "Ang lumalabas sa bibig … ang nakakahawa sa tao" (talata 11). Matapos sabihin sa Kanyang mga disipulo na huwag pansinin o pabayaan na lang ang mga Fariseo, na nagdamdam sa Kanyang mga sinabi (tingnan sa Mateo 15:12–16), ipinaliwanag pa Niya ang tungkol sa totoong nakapagpaparumi sa atin.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 15:17–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "Ang lumalabas sa bibig … ang nakakahawa sa tao" (talata 11).

- Ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "Ang lumalabas sa bibig … ang nakakahawa sa tao"?

Ipaliwanag na sa mga banal na kasulatan, ang puso ay karaniwang sumasagisag sa ating mga iniisip at hinahangad. Isulat ang sumusunod na pahayag sa pisara: *Kung pinili nating mag-isip ng masama at maghangad nang di-maganda, …*

- Paano ninyo kukumpletuhin ang alituntuning ito batay sa mga turo ng Tagapagligtas na nakatala sa mga talata 19–20? (Gamitin ang mga sagot ng mga estudyante para kumpletuhin ang alituntunin at maipakita ang sumusunod na katotohanan: **Kung pinili nating mag-isip ng masama at maghangad nang di-maganda, ang mga iniisip at hinahangad nating iyon ay magpaparumi sa atin.**)
- Sa anong mga paraan tayo nakahahawa o espirituwal na marumi kung pinili nating mag-isip o maghangad ng masasamang bagay?
- Sa anong mga paraan naipapakita sa mga sinasabi o ikinikilos natin ang mga iniisip o hinahangad ng ating puso?

Maaari mong patotohanan ang alituntuning ito at hikayatin ang mga estudyante na piliin na mapanatiling dalisay ang kanilang iniisip at mga hangarin.

### Mateo 15:21–28

#### *Pinagaling ng Tagapagligtas ang anak na babae ng isang babaeng Gentil*

Papuntahin sa pisara ang mga estudyante at pasulatin ng isa o mahigit pang mabubuting bagay na nais nila.

Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga alituntunin sa Mateo 15 na makatutulong sa kanila na maunawaan ang kailangan nilang gawin para matanggap ang kanilang mabubuting ninanais.

Sabihin sa mga estudyante na tingnan sa Mga Mapa sa Biblia blg. 11, "Ang Banal na Lupain Noong Panahon ng Bagong Tipan" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Ipahanap sa kanila ang mga lungsod ng Tiro at Sidon. Ipaliwanag na habang naglalakbay si Jesus mula Galilea hanggang sa mga baybayin ng Tiro at Sidon, nakasalubong Niya ang isang babaeng Cananea. Tulad ng maraming iba pang tao sa rehiyong iyon, ang babaeng ito ay Gentil—na ang ibig sabihin ay hindi

siya Judio. Noong panahong iyon, si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay sa mga Judio pa lang nangangaral ng ebanghelyo at hindi pa sa mga Gentil (tingnan sa Mateo 10:5–6). Ang pagkakataon ng mga Gentil na matanggap ang mensahe ng kaligtasan ay mangyayari pa kalaunan (tingnan sa Mga Gawa 10).

Sabihin sa magkakapartner na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 15:21–27. Ipahanap sa kanila ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito):

- Anong mabuting bagay ang nais ng babaeng Cananea?
- Ano ang ginawa at sinabi ng babaeng ito na nagpapakita ng kanyang panampalataya kay Jesucristo?

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot.

- Paano higit na nagpakita ng kanyang panampalataya kay Jesucristo ang sagot ng babae sa analohiyang ito?


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 15:28, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas para sa babaeng ito.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa babaeng ito? Bakit?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talang ito tungkol sa maaaring mangyari kapag nananampalataya tayo kay Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Sa pagsampalataya natin kay Jesucristo, makatatanggap tayo ng mga pagpapala ayon sa ating mabubuting hangarin.**)
- Bukod sa paghiling nang tapat sa Panginoon na pagpalain tayo ayon sa ating mabubuting hangarin, ano pa ang magagawa natin para magpakita ng pananampalataya kay Jesucristo?

### *Magtanong ng mga bagay na makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin*

Matapos matukoy ang mga doktrina at mga alituntunin, dapat munang maunawaan ng mga estudyante ang mga ito bago nila lubos na maipamuhay. Upang matulungang maunawaan ng mga estudyante ang doktrina o alituntunin, magtanong ng mga bagay na mas malinaw na magpapaunawa ng kahulugan nito, na makahihikayat sa mga estudyante na pag-isipan ito sa makabagong konteksto, o makagaganyak sa mga estudyante na ipaliwanag ang kanilang pagkaunawa rito.

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan pa kung ano ang magagawa nila para magpakita ng pananampalataya kay Jesucristo, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Kapag may pananampalataya tayo sa Panginoong Jesucristo, dapat may tiwala tayo sa kanya. Dapat sapat ang tiwala natin sa kanya na nalulugod tayong tanggapin ang kanyang kagustuhan, nalalamang alam niya kung ano ang pinakamabuti para sa atin. …

"… Ang pananampalataya, gaano man ito kalakas, ay hindi magbubunga nang salungat sa kagustuhan niya na siyang pinagmulan ng kapangyarihan nito. … Hindi tayo magkakaroon ng tunay na pananampalataya sa Panginoon nang hindi lubos na nananalig sa kagustuhan ng Panginoon at sa itinakdang panahon ng Panginoong Jesucristo" ("Faith in the Lord Jesus Christ," *Ensign,* Mayo 1994, 99, 100).

- Paano nakatutulong sa atin ang paliwanag ni Elder Oaks sa ibig sabihin ng pagsampalataya kay Jesucristo sa mga panahong hindi tayo kaagad nabibiyayaan ng Panginoon ayon sa mabubuting ninanais natin?

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin ang nakalista sa pisara na mabubuting ninanais natin at ipaliwanag kung ano ang magagawa nila para manampalataya kay Jesucristo habang sinisikap nilang matamo ang mga naising iyon.

- Kailan ninyo (o ng isang taong kilala ninyo) natanggap ang inyong mabubuting ninanais (ayon sa kalooban at takdang panahon ng Panginoon) dahil nanampalataya kayo kay Jesucristo?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang gagawin nila para magpakita ng pananampalataya kay Jesucristo habang sinisikap nilang matanggap ang kanilang mabubuting ninanais mula sa Kanya. Hikayatin ang mga estudyante na isagawa ang isinulat nila.

### Mateo 15:29–39

#### *Pinakain ni Jesus ang mahigit apat na libong tagasunod gamit ang pitong tinapay at ilang isda*

Ibuod ang Mateo 15:29–39 na ipinapaliwanag na bumalik si Jesus sa Galilea. Habang naroon Siya, mahigit apat na libong katao ang lumapit sa Kanya, na kasama ang mga taong may iba't ibang karamdaman at kapansanan. Pinagaling sila ng Tagapagligtas, at nang tatlong araw nang nananatili ang mga tao sa piling Niya, gumawa Siya ng isa pang himala at pinakain silang lahat gamit lamang ang pitong tinapay at ilang maliliit na isda. (*Paalala:* Ang himala ng pagpapakain ng apat na libo ay tatakayin nang mas detalyado sa lesson tungkol sa Marcos 8.)

Maaari mong tapusin ang lesson na ito sa pagbabahagi ng iyong patotoo tungkol sa mga katotohanan at alituntunin na tinukoy ng mga estudyante sa Mateo 15.

LESSON 19

# Mateo 16

## Pambungad

Pinagsabihan ni Jesucristo ang mga Fariseo at mga Saduceo dahil sa paghingi nila ng tanda ng Kanyang pagiging Diyos. Si Pedro ay nagbigay ng patotoo na si Jesus ang Cristo at pinangakuan ng mga susi ng kaharian. Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na pasanin ang kanilang krus at sumunod sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 16:1–12

*Ang mga Fariseo at mga Saduceo ay humingi ng tanda mula sa Tagapagligtas*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na mga kataga:

*Sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang anghel*

*Sa pamamagitan ng Espiritu Santo*

*Sa pamamagitan ng paniniwala sa mga salita ng isang kaibigan o kapamilya*

*Sa pamamagitan ng nasaksihang himala*

Sa simula ng aralin, sabihin sa mga estudyante na piliin sa pisara ang pariralang naglalarawan ng pinakagusto nilang paraan ng pagtanggap ng patotoo sa ebanghelyo. Anyayahan ang ilang estudyante na sabihin ang pariralang pinili nila at ipaliwanag kung bakit nila pinili ito.

Sabihin sa mga estudyante na alamin nila sa kanilang pag-aaral ng Mateo 16 ang mga katotohanan tungkol sa kung paano tayo tinutulungan ng Panginoon na magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo at mapalakas ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:1. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang hinihingi ng mga Fariseo at mga Saduceo kay Jesus.

- Ano ang hinihingi ng mga Fariseo at mga Saduceo kay Jesus?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "tinutukso" ng mga Fariseo at mga Saduceo si Jesus nang humingi sila ng tanda? (Ang isang kahulugan ng pandiwang *tuksuhin* ay tangkain o subukan.)

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 16:2–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas sa mga Fariseo at mga Saduceo.

- Anong tanda ang sinabi ng Panginoon na ibibigay Niya?

Ipaliwanag na ang tinutukoy ni Jesus ay ang propeta sa Lumang Tipan na si Jonas, na nilulon ng "malaking isda" (Jonas 1:17). Ang "pagkalibing" at paglabas ni Jonas

mula sa tiyan ng isda pagkaraan ng tatlong araw ay sumasagisag sa kamatayan, libing, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo mula sa libingan sa ikatlong araw.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas matapos Niyang pagsabihan ang mga Fariseo at mga Saduceo?
- Ano ang matututuhan natin sa kabanatang ito tungkol sa maling paraan ng paghahanap ng espirituwal na katotohanan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Hindi tayo tumatanggap ng espirituwal na katotohanan sa pamamagitan ng paghahanap ng mga tanda.**)

Ibuod ang Mateo 16:5–12 na ipinapaliwanag na pinag-iingat ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo sa maling mga turo ng mga Fariseo at mga Saduceo. (*Paalala:* Ang pangyayaring ito ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson sa Marcos 8.)

### Mateo 16:13–20

*Si Pedro ay nagpatotoo na si Jesus ang Cristo at siya ay pinangakuan ng mga susi ng kaharian*

Ipaliwanag na matapos pagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo at mga Saduceo sa paghingi ng tanda, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo kung paano magkaroon ng patotoo sa katotohanan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang itinanong ni Jesus at ang isinagot ng Kanyang mga disipulo.

- Ano ang itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo? Paano sila sumagot? (Maaaring kailangan mong ipaliwanag na si Elias at Jeremias ay ang mga propetang sina Elijah at Jeremias sa Lumang Tipan.)
- Ano ang sinasabi sa atin ng mga isinagot nila tungkol sa kung gaano nauunawaan ng mga tao si Jesus sa bahaging ito ng Kanyang ministeryo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:15–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang pangalawang itinanong ng Tagapagligtas.

> Ang **Mateo 16:15–19** ay isang scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng scripture mastery passages ay makatutulong sa mga estudyante na higit na maunawaan ang mga pangunahing doktrina at maging handa na ituro ang mga ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang scripture mastery passages sa paraang madali nila itong mahahanap. Tingnan ang ideya sa pagtuturo sa pagtatapos ng lesson para tulungan ang mga estudyante sa kanilang pagsasaulo ng mga talatang ito.

- Ano ang pangalawang itinanong ng Tagapagligtas? Ano ang sagot ni Pedro?
- Ayon sa talata 17, paano nalaman ni Pedro na si Jesucristo ang Anak ng Diyos? (Ipaliwanag na inihayag ng Ama sa Langit ang katotohanang ito sa kanya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.)

- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa kung paano magkaroon ng patotoo kay Jesucristo? (Ang mga sagot ng mga estudyante ay dapat kakitaan ng katotohanan na **tayo ay nagkakaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Espiritu Santo.**)
- Sa palagay ninyo, bakit mahalaga para sa atin na magkaroon ng patotoo sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Espiritu Santo sa halip na sa ibang paraan?

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang gawain ng Espiritu Santo sa pagtulong sa atin na magkaroon ng patotoo, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Joseph Fielding Smith:



"Ang Espiritu ng Diyos na nangungusap sa espiritu ng tao ay may kapangyarihang magbahagi ng katotohanan nang mas mabisa at mauunawaan kaysa sa katotohanang maibabahagi ng personal na pakikipag-ugnayan maging sa mga nilalang mula sa langit. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang katotohanan ay hinahabi sa bawat himaymay at litid ng katawan upang hindi ito malimutan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* [2013], 209).

- Ano ang ilang mga bagay na magagawa natin para maihanda ang ating sarili na tumanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo?
- Paano ninyo nalaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at inyong Tagapagligtas? Ano ang ginawa ninyo para maging handang tumanggap ng patotoong iyan mula sa Espiritu Santo?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang kanilang patotoo sa Tagapagligtas. Hikayatin sila na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung paano nila palalakasin ang kanilang patotoo o kung ano ang maaaring kailanganin nilang gawin para tumanggap ng patotoo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.


Papuntahin ang dalawang estudyante sa harap ng klase para sa dula-dulaan. Mag-assign ng isang estudyante na gaganap bilang sarili niya at isa pang estudyante na gaganap bilang kaibigan na non-member. Bigyan ang estudyanteng gaganap na kaibigan na non-member ng isang pirasong papel na may dalawang tanong na mula sa ibaba. Sabihin sa estudyante na isa-isang basahin nang malakas ang mga tanong, at ipasagot sa isa pang estudyante. (Maaari mong hikayatin ang klase na magmungkahi ng mga posibleng sagot na maibibigay ng estudyanteng sumasagot sa mga tanong.)

1. Narinig ko na ang simbahan lang daw ninyo ang totoong simbahan ni Jesucristo. Iyan ba ang paniwala mo?
2. Naniniwala rin ang simbahan ko kay Jesucristo, kaya bakit iniisip mo na simbahan lang ninyo ang totoo?

Pasalamatan ang mga estudyante sa pakikibahagi, at pabalikin na sila sa kanilang mga upuan.

Sabihin sa mga estudyante na sa patuloy na pag-aaral nila ng Mateo 16 ay hanapin ang mga katotohanan na makatutulong sa atin na maunawaan at maipaliwanag sa iba kung bakit naiiba Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang Simbahan ng Panginoon dito sa lupa.

Ipaalala sa mga estudyante na nang magtanong si Jesus sa Kanyang mga disipulo tungkol sa Kanyang identidad, nasa isang rehiyon sila na tinawag na Cesarea ni Filipo (tingnan sa Mateo 16:13). Kung maaari, idispley ang larawan ng Cesarea ni Filipo (tingnan sa Mga Larawan sa Biblia, blg. 26, "Cesarea ni Filipo"). Sabihin sa mga estudyante na tukuyin kung ano ang nasa likuran ng ilog at mga puno sa larawang ito. Ipaliwanag na ang malaking pormasyon ng bato sa Cesarea ni Filipo ay masasabing naging makahulugang lugar sa patuloy na pag-uusap ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga disipulo.



**Cesarea ni Filipo**

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:18–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano ginamit ng Tagapagligtas ang konsepto ng bato para ilarawan ang pundasyon ng Kanyang Simbahan.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang itatayo Niya ang Kanyang Simbahan "sa ibabaw ng batong ito"? (talata 18).

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga katagang ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:



"Itinuro ni Jesus, 'Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia. …' [Mateo 16:18.] Anong bato? Paghahayag" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 227).


"Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isinalig sa tuwirang paghahayag, katulad ng tunay na Simbahan ng Diyos noon pa man, ayon sa mga Banal na Kasulatan (Amos 3:7, at Mga Gawa 1:2)" (*Mga Turo: Joseph Smith*, 227).

- Paano ninyo ibubuod ang turo ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang Simbahan na nakatala sa talata 18? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang isang

alituntunin na tulad ng sumusunod: **Ang Simbahan ni Jesucristo ay nakasalig sa paghahayag mula sa Diyos.** Isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

- Paano napalalakas ang inyong patoo sa ebanghelyo ng kaalaman na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinayo sa paghahayag mula sa Diyos?
- Ayon sa talata 19, ano ang ipinangako ng Tagapagligtas na ibibigay kay Pedro?
- Anong doktrina ang matututuhan natin mula sa pangakong ibinigay ng Tagapagligtas kay Pedro? (Tiyakin na matutukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Ibinigay ng Panginoon ang mga susi ng kaharian sa Kanyang mga piniling propeta at apostol.**)
- Ano ang mga susi ng kaharian? (Ang kapangyarihan sa pamamahala, at awtoridad na kailangan para mangulo sa kaharian ng Diyos sa lupa, o sa Simbahan ni Jesucristo.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung ano ang mga susi ng priesthood, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang mga susi ng priesthood ay ang awtoridad na ibinigay ng Diyos sa mga [mayhawak] ng priesthood upang gabayan, pangasiwaan, at pamahalaan ang paggamit ng Kanyang priesthood sa mundo' [*Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.1]. Bawat gawain o ordenansang isinasagawa sa Simbahan ay ginagawa sa ilalim ng direkta o hindi direktang awtoridad na ibinigay ng mayhawak ng mga susi para sa gawaing iyon" ("Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 49).

- Ano ang sinabi ni Jesus na magagawa ni Pedro dahil sa mga susing ibibigay sa kanya?

Ipaliwanag na kasama sa mga susi na ipinangako ng Tagapagligtas kay Pedro ay ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod. Ang kapangyarihang ito ay nagtutulot sa mga ordenansang isinasagawa sa ilalim ng awtoridad ng mga lider ng Simbahan na magkaroon ng bisa sa langit. Ito ay ginagamit din sa pagbibigkis sa mga pamilya para sa kawalang-hanggan. Sa ating panahon, ang kapangyarihang magbuklod ay hawak ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.

- Paano ninyo ibubuod ang dahilan kung bakit nagbibigay ang Panginoon ng mga susi ng kaharian sa Kanyang mga propeta at Apostol? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Ang mga susi ng priesthood ay kailangan upang pangasiwaan ang Simbahan ng Panginoon sa mundo.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang mga tanong sa dula-dulaan. Sabihin sa klase na ipaliwanag kung paano sila tutugon sa mga tanong na ito gamit ang mga katotohanang natukoy nila sa Mateo 16:18–19. Maaari din ninyong anyayahan ang mga estudyante na magpatotoo sa mga katotohanang ito.

Maaari mong ipakita ang larawan ng kasalukuyang Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan sa LDS.org [halimbawa, saMeet Today's Prophets and Apostles] at ang mga isyu ng pangkalahatang kumperensya ng *Ensign* o *Liahona*) at magpatotoo na ang mga susi ring iyon na ibinigay kina Pedro at sa iba pang mga Apostol noong unang panahon ay hawak at ginagamit ngayon ng mga buhay na propeta at Apostol ng Panginoon.

### Mateo 16:21–28

*Itinuro ni Jesus kay Pedro ang ibig sabihin ng pagsunod sa Kanya*

Ibuod ang Mateo 16:21–28 na ipinapaliwanag na nagsalita si Jesus tungkol sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Itinuro rin niya sa Kanyang mga disipulo na kinakailangang maging handa silang iwaksi ang likas na tao (tingnan sa Mosias 3:19), maging masunurin, at magsakripisyo upang masayang magsisunod sa Kanya.

### Scripture Mastery—Mateo 16:15–19

Hikayatin ang mga estudyante na ibahagi sa kanilang mga pamilya ang natutuhan nila sa Mateo 16. Pumili ng isang bahagi ng Mateo 16:15–19 na isasaulo ng klase sa darating na mga araw. Makakakuha ka ng mga ideya para sa pagsasaulo sa apendiks ng manwal na ito.

LESSON 20

# Mateo 17

## Pambungad

Iginawad nina Jesucristo, Moises, at Elias (Elijah) ang mga susi ng priesthood kina Pedro, Santiago, at Juan sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Pagkababa sa bundok, pinaalis ni Jesus ang isang demonyo na sumanib sa isang batang lalake. Sa Capernaum, mahimalang nakapagbigay ng buwis si Jesus para sa kanila ni Pedro.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 17:1–13

*Sina Moises at Elias ay nagpakita kina Pedro, Santiago, at Juan*

Magpakita ng isang lisensya sa pagmamaneho, o sabihin sa isang estudyanteng may lisensya sa pagmamaneho na ipakita ito sa klase.

- Ano ang may pahintulot na gawin ng taong may lisensya sa pagmamaneho?

Idispley o magpakita ng larawan ng mga susi ng kotse.

- Bakit mahalaga para sa atin na magkaroon ng mga susi ng kotse bukod sa lisensya sa pagmamaneho?
- Paano maihahambing ang pagkakaroon ng lisensya at mga susi para makapagmaneho ng kotse at ang pagkakaroon ng awtoridad at mga susi ng priesthood para mapangasiwaan ang gawain ng Diyos? (Ang may lisensya sa pagmamaneho ay may awtoridad na magmaneho, tulad din na maraming kalalakihan ang may awtoridad ng priesthood. Napapaandar ng tsuper ang sasakyan gamit ang mga susi nito, gayon din naman, pinamumunuan ng isang taong may hawak ng mga susi ng priesthood ang gawain ng Diyos sa partikular na responsibilidad. Ang Pangulo ng Simbahan ang may hawak at gumagamit ng mga susi ng priesthood upang pamunuan at pangasiwaan ang lahat ng gawain ng Panginoon sa mundo.)

Ipaalala sa mga estudyante na mababasa natin sa Mateo 16:19 na ipinangako ng Panginoon na ibibigay kay Pedro ang mga susi ng kaharian, o awtoridad na pamahalaan ang gawain ng Diyos sa mundo. Noong panahong iyon, si Pedro at ang iba pang mga Apostol ay nabigyan ng awtoridad ng priesthood, ngunit hindi pa sila nabigyan ng mga susi ng kaharian.

Sabihin sa mga estudyante na alamin sa pag-aaral nila ng mga banal na kasulatan ngayon kung paano natanggap ni Pedro ang mga susi ng kaharian at kung paano naigawad kalaunan ang mga susi ring ito kay Joseph Smith at iba pa sa ating panahon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 17:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at tukuyin kung saan dinala ng Tagapagligtas sina Pedro, Santiago, at Juan upang ihanda sila sa pagtanggap ng mga susi ng priesthood. Maaari mong ipaliwanag na kaya marahil pinili ng Tagapagligtas sina Pedro, Santiago, at Juan ay dahil sila ang maglilingkod bilang Unang Panguluhan ng Simbahan pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli at Pag-akyat sa Langit ng

Tagapagligtas (tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo. [1954–56], 3:152.

- Saan dinala ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan?
- Ano ang nangyari sa Tagapagligtas sa bundok?
- Ano ang ibig sabihin ng magbagong-anyo?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang *pagbabagong-anyo* ay tumutukoy sa "kalagayan ng mga tao na panandaliang nagbago sa kaanyuan at kalikasan—gayon nga, itinaas sa isang mataas na antas ng espirituwalidad—nang sa gayon magtagal sila sa harapan at kaluwalhatian ng mga makalangit na tao" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabagong-Anyo," scriptures.lds.org). Sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagbagong-anyo rin nang sandaling iyon (tingnan sa D at T 67:11–12).

Isulat ang kasunod na heading sa pisara: *Mga tao na naroon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.* Isulat sa ilalim ng heading na ito ang *Jesucristo, Pedro, Santiago,* at *Juan.*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 17:3, at ipahanap sa klase kung sino ang nagpakita kay Jesus at sa mga Apostol sa bundok.

- Sino ang nagpakita sa bundok? (Ipaliwanag na si *Elias* ay tumutukoy kay Elijah, ang propeta sa Lumang Tipan [tingnan sa Matthew 17:3, footnote *b* ng LDS English version ng Biblia].)

Idagdag ang *Moises* at *Elijah* sa listahan sa pisara.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung bakit nagpakita si Moises at si Elijah sa bundok, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:



"Ibinigay ng Tagapagligtas, ni Moises, at Elias [Elijah], ang mga susi kina Pedro, Santiago at Juan, sa bundok, nang magbagong-anyo sila sa kanyang harapan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 122).

- Ayon kay Joseph Smith, bakit nagpakita sa bundok sina Elijah at Moises? (Upang magbigay ng mga susi ng priesthood kina Pedro, Santiago, at Juan. Maaari mo ring ipaliwanag na sina Moises at Elijah ay nagpakita sa Kirtland Temple noong Abril 3, 1836, upang magpanumbalik ng mga susi ng priesthood: ipinanumbalik ni Moises ang mga susi ng pagtitipon ng Israel [tingnan sa D at T 110:11] at ipinanumbalik ni Elijah ang mga susi na may kaugnayan sa kapangyarihang magbuklod [tingnan sa D at T 110:13–16]. Ang mga pagpapakitang ito sa Kirtland ay nagpapakita ng huwaran na nagpapaunawa sa naganap sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.)

Ipaliwanag na sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia nilinaw na si Juan Bautista—na pinatay ni Herodes—ay nagpakita rin sa bundok (tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Marcos 9:3 [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan];

tingnan din sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elias"). Idagdag ang *Juan Bautista* sa listahan sa pisara.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 17:4–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino pa ang naroon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.

- Sino pa ang nagpakita sa Bundok ng Pagbabagong-anyo? (Idagdag ang *Diyos Ama* sa listahan sa pisara.)

Maikling ipaalala sa mga estudyante na ang isang dispensasyon ng ebanghelyo ay isang panahon kung saan nagbibigay ang Ama sa Langit ng awtoridad ng priesthood, mga ordenansa, at kaalaman tungkol sa Kanyang plano ng kaligtasan sa mga tao sa mundo sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong lingkod. Papuntahin sa pisara ang isang estudyante at palagyan ng bituin sa tabi ng bawat isa sa mga taong nakalista sa pisara na nagpakita kay Propetang Joseph Smith sa ating dispensasyon. (Ang estudyante ay dapat maglagay ng isang bituin sa tabi ng bawat tao na nakalista sa pisara.)

Sabihin sa klase na ipaliwanag kung kailan naganap ang bawat isa sa mga pagbisitang ito at ang layunin nito. (Habang nagpapaliwanag ang mga estudyante, maaari mong idispley ang sumusunod na mga larawan: Ang Unang Pangitain; Iginawad ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood; Pagpapanumbalik ng Melchizedek Priesthood; at Nagpakita si Elijah sa Kirtland Temple [*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* (2009), blg. 90, 93, 94, 95; tingnan din sa LDS.org].)



**Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith.**

- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa mga pangyayaring ito tungkol sa paggawad ng mga susi ng priesthood sa bawat dispensasyon? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tulungan mo silang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Sa bawat dispensasyon, ang Diyos ay nagkakaloob ng mga susi ng priesthood sa Kanyang piling mga lingkod upang mapamahalaan nila ang Kanyang gawain sa mundo.**)
- Bakit mahalagang malaman na ang gayong huwaran sa pagkakaloob ng mga susi ng priesthood na nangyari noong panahon ni Jesucristo ay inulit kay Propetang Joseph Smith sa ating panahon?
- Ang kasalukuyang mga propeta at apostol ba ay may hawak din ng mga susing tinanggap ni Joseph Smith? (Oo.) Paano nila natanggap ang mga susing iyon? (Ang mga susi na naipasa kay Joseph Smith ay naipasa kay Brigham Young at sa sumunod na mga propeta.)

Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang nadarama tungkol sa awtoridad ng priesthood at ang paggawad ng mga susi sa ating dispensasyon tulad din noong mortal na ministeryo ni Jesucristo.



**Ipinanumbalik ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood**



**Ipinanumbalik nina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood**

## Mateo 17:14–23

### *Pinaalis ni Jesus ang isang demonyo na sumanib sa isang batang lalake*

Ibuod ang Mateo 17:14–23 na ipinapaliwanag na dinala ng isang ama ang kanyang anak na lalaki sa Tagapagligtas upang mapagaling. Matapos pagalingin ni Jesus ang bata, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo na ang ilang pagpapala ay matatamo lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Pagkatapos ay ipinropesiya Niya ang Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli. (*Paalala:* Ang mga pangyayaring ito ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson sa Marcos 9:14–29.)



**Ipinanumbalik ni Elijah ang susi ng pagbubuklod sa Kirtland Temple**

## Mateo 17:24–27

### *Mahimalang nakapagbigay ng buwis si Jesus para sa kanila ni Pedro*

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 17:24–27, hikayatin silang alamin ang isang katotohanan na magpapaunawa sa atin kung paano nakakaimpluwensya sa iba ang mga halimbawa natin.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng talatang ito, ipaliwanag na sa ilalim ng batas ni Moises, lahat ng lalaking Israelita na may edad na 20 at pataas ay dapat magbayad ng taunang paghahandog para sa templo na tinatawag na *buwis* (tingnan sa Exodo 30:13–16). Ang perang ito ay ginagamit para tustusan ang mga gastusin sa pagpapatakbo ng templo. Ilan sa mga saserdote at mga rabbi ang hindi pinagbabayad ng buwis na ito ng namumunong konseho.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 17:24–26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong ng mga maniningil ng buwis kina Jesus at Pedro.

- Ano ang itinanong ng mga maniningil ng buwis kay Pedro? Ano ang isinagot ni Pedro?
- Ano ang itinanong ni Jesus kay Pedro? Ano ang isinagot ni Pedro?

Ipaliwanag na ang salitang *nangaiiba* sa talatang ito ay tumutukoy sa lahat ng tao sa isang kaharian na hindi isa sa mga anak ng hari. Ang "nangaiiba" ay dapat magbayad ng buwis, samantalang ang mga anak ng hari ay hindi. Itinuturo ni Jesus kay Pedro na dahil Siya ang Anak ng Diyos at ang templo ay bahay ng Kanyang Ama (tingnan sa Mateo 17:25–26; Juan 2:16), hindi Niya kailangang magbayad ng buwis at maaari Niyang piliing huwag magbayad kung gusto Niya. Gayunman, inaasahan ng mga maniningil na magbabayad ng buwis si Jesus dahil hindi nila kilala kung sino Siya.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 17:27, na inaalam kung ano ang kasunod na ipinagawa ni Jesus kay Pedro.

- Ano ang ipinagawa ng Tagapagligtas kay Pedro?
- Bakit sinabi ni Jesus na magbabayad Siya ng buwis?

Isulat sa pisara ang salitang *katisuran,* at ipaliwanag na sa kontekstong ito ang mga katagang "baka katisuran tayo nila" ay malamang na tumutukoy sa katotohanang hindi gagawa ng anuman ang Tagapagligtas na espirituwal na ipaghihirap ng iba. (Kung hindi Siya magbabayad ng buwis, baka hindi maging maganda ang tingin sa Kanya at sa kanyang mga disipulo ng ilang Judio at mabawasan ang interes sa mensahe ng ebanghelyo.)

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa halimbawa ng Tagapagligtas? (Iba-iba man ang pagkakasabi rito ng mga estudyante, dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Masusunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas kung iiwasan nating gumawa ng anumang bagay na espirituwal na magpapahirap sa iba.** Isulat ang alituntuning ito sa pisara.)
- Ano ang ilan pang mga sitwasyon na magagabayan tayo ng alituntuning ito na pumili nang tama?
- Paano kayo napagpala nang sikapin ninyong sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas at iwasang gawin ang mga bagay na maaaring espirituwal na magpahirap sa iba?

***Magtanong ng mga bagay na umaantig ng damdamin at naghihikayat ng patotoo.***

Matapos maunawaan ng mga estudyante ang isang doktrina o alituntunin na itinuro sa mga banal na kasulatan, magtanong ng mga bagay na maghihikayat sa mga estudyante na pag-isipan ang nakaraang mga espirituwal na karanasang nauugnay sa doktrina o alituntuning iyon. Ang mga tanong na ito ay makatutulong sa mga estudyante na mas madama na totoo at mahalaga ang katotohanang iyon ng ebanghelyo sa kanilang buhay. Ang nararamdaman nilang iyon ay kadalasang naghihikayat sa kanila na mas maipamuhay nang tapat ang isang alituntunin ng ebanghelyo.

Tapusin ang lesson sa pag-anyaya sa mga estudyante na magsulat sa kanilang notebook o scripture study journal ng bagay na pagbubutihin nila para mas maipamuhay ang alituntuning tinukoy nila sa itaas.

## Scripture Mastery Review

Kapag madaling mahanap ng mga estudyante ang scripture mastery passages, mas nagkakaroon sila ng kumpiyansa na pag-aralan ang ebanghelyo, ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang buhay, at magturo mula sa mga banal na kasulatan.

Ang scripture mastery review activities ay isinama sa buong manwal na ito para ituro ang iba't ibang pamamaraan na matutulungan ang mga estudyante na regular na magrebyu ng scripture mastery. Ang mga karagdagang aktibidad sa pagrerebyu ay matatagpuan sa apendiks ng manwal na ito.

Makatutulong sa estudyanye ang mga quiz para maalala at malaman kung ano ang kanilang natutuhan. Sabihin sa mga estudyante na basahin ang tatlong scripture

mastery passage na binanggit na sa manwal na ito. Maaari din kayong magsama ng ilan pang bagong mga talata. (Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang mga talatang ito sa kanilang mga banal na kasulatan.) Matapos makapagbasa ang mga estudyante, alamin ang natutuhan nila sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahalagang salita mula sa talata o pagbasahin sila ng mga nakasulat sa seminary bookmark. Pagkatapos ay ipahanap sa mga estudyante ang tamang talata sa kanilang mga banal na kasulatan.

HOME-STUDY LESSON

# Mateo 13:24–17:27 (Unit 4)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Mateo 13:24–17:27 (unit 4) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Mateo 13:24–58)

Mula sa talinghaga ng trigo at ng mga pangsirang damo, natutuhan ng mga estudyante na titipunin ng Panginoon ang mabubuti sa mga huling araw at pagkatapos ay lilipulin ang masasama sa Kanyang Pagparito. Natutuhan nila sa iba pang mga talinghaga ang tungkol sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo na pupunuin ang buong mundo at ang mga walang-hanggang pagpapala na dumarating sa mga taong nagsasakripisyo para matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo.

### Day 2 (Mateo 14)

Naunawaan ng mga estudyante mula sa Mateo 14 na sa pagpapakita ng habag sa iba kahit dumaranas tayo ng kalungkutan, tinutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo. Natutuhan din nila na kung hahangarin natin ang tulong ng Diyos kapag nanghihina ang ating pananampalataya, mapapawi Niya ang ating mga takot at alinlangan.

### Day 3 (Mateo 15)

Sa pagtuturo ng Tagapagligtas sa mga eskriba at mga Fariseo, natutuhan ng mga estudyante na kung nais nating lumapit sa Diyos, dapat nating unahin ang Kanyang mga utos kaysa anumang tradisyon at kaugalian na mayroon tayo. Natutuhan din nila na kung pipiliin nating mag-isip at maghangad ng masama, ang mga iniisip at hinahangad nating iyon ay magpaparumi sa atin, at na kapag sumampalataya tayo kay Jesucristo, makatatanggap tayo ng mga pagpapala ayon sa ating mabubuting hangarin.

### Day 4 (Mateo 16–17)

Sa kanilang pag-aaral ng Mateo 16–17, natutuhan ng mga estudyante na ang Simbahan ni Jesucristo ay itinayo batay sa paghahayag mula sa Diyos. Natutuhan din nila ang tungkol sa mga susi ng priesthood na iginawad noong unang panahon at sa ating panahon na nagtutulot sa mga lingkod ng Panginoon na pamahalaan ang Kanyang Simbahan sa lupa.

## Pambungad

Pinagsabihan ni Jesucristo ang mga Fariseo at mga Saduceo dahil sa paghingi nila ng tanda ng Kanyang pagiging Diyos. Si Pedro ay nagpatotoo na si Jesus ang Cristo at pinangakuan ng mga susi ng kaharian. Ang sumusunod na mga ideya sa pagtuturo ay makatutulong sa mga estudyante na malaman kung paano nila mapapalakas ang kanilang patotoo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 16:1–12

*Ang mga Fariseo at mga Saduceo ay humingi ng tanda mula sa Tagapagligtas*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na mga parirala:

> *Sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang anghel*
>
> *Sa pamamagitan ng Espiritu Santo*
>
> *Sa pamamagitan ng paniniwala sa mga salita ng isang kaibigan o kapamilya*
>
> *Sa pamamagitan ng nasaksihang himala*

Para simulan ang lesson, sabihin sa mga estudyante na piliin sa pisara ang pariralang naglalarawan ng pinakagusto nilang paraan ng pagtanggap ng patotoo sa ebanghelyo. Anyayahan ang ilang estudyante na sabihin ang pariralang pinili nila at ipaliwanag kung bakit nila pinili ito.

Sabihin sa mga estudyante na alamin nila sa kanilang pag-aaral ng Mateo 16 ang mga katotohanan tungkol sa kung paano tayo tinutulungan ng Panginoon na magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo at mapalakas ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:1. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nais ng mga Fariseo at mga Saduceo kay Jesus.

- Ano ang nais ng mga Fariseo at mga Saduceo kay Jesus?

Anyayahan ang ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 16:2–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas sa mga Fariseo at mga Saduceo.

- Anong tanda ang sinabi ng Panginoon na ibibigay Niya?

Ipaliwanag na ang tinutukoy ni Jesus ay ang propeta sa Lumang Tipan na si Jonas, na nilulon ng "malaking isda" (Jonas 1:17). Ang "pagkalibing" at paglabas ni Jonas mula sa tiyan ng isda pagkaraan ng tatlong araw ay sumasagisag sa kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo mula sa libingan sa ikatlong araw.

Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tanda ni propetang Jonas: "Ang pagpasok at paglabas ni Jonas mula sa 'malaking isda' (Jonas 1:15–17; 2) ay simbolo ng kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo" (*Mormon Doctrine,* Ika-2 ed. [1966], 711–12)

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas matapos Niyang pagsabihan ang mga Fariseo at mga Saduceo?
- Ano ang matututuhan natin sa pangyayaring ito tungkol sa maling paraan ng paghahanap ng espirituwal na katotohanan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Hindi tayo tumatanggap ng espirituwal na katotohanan sa pamamagitan ng paghahanap ng tanda.**)

Ibuod ang Mateo 16:5–12 na ipinapaliwanag na pinag-iingat ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo laban sa maling mga turo ng mga Fariseo at mga Saduceo.

### Mateo 16:13–20

#### *Si Pedro ay nagpatotoo tungkol kay Jesucristo at siya ay pinangakuan ng mga susi ng kaharian*

Ipaliwanag na matapos pagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo at mga Saduceo sa paghingi ng tanda, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo kung paano magkaroon ng patotoo sa katotohanan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong ni Jesus at ang isinagot ng Kanyang mga disipulo.

- Ano ang itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo? Ano ang isinagot nila? (Maaaring kailangan mong ipaliwanag na si Elias at Jeremias ay ang mga propetang sina Elijah at Jeremias sa Lumang Tipan.)
- Ano ang sinasabi sa atin ng mga isinagot nila tungkol sa gaano kakilala ng mga tao si Jesus sa puntong ito ng Kanyang ministeryo?

*Paalala:* Sa lesson para sa day 4, pinag-aralan ng mga estudyante ang scripture mastery passage sa Mateo 16:15–19. Maaari mong rebyuhin sandali ang talata sa mga estudyante.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 16:15–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pangalawang tanong ng Tagapagligtas.

- Ano ang pangalawang tanong ng Tagapagligtas? Ano ang sagot ni Pedro?
- Ayon sa talata 17, paano nalaman ni Pedro na si Jesus ay ang Anak ng Diyos? (Ipaliwanag na inihayag ng Ama sa Langit ang katotohanang ito sa kanya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.)
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa paano magkaroon ng patotoo kay Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Nagkakaroon tayo ng patotoo kay Jesucristo sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Espiritu Santo.**)
- Sa palagay ninyo, bakit mahalaga para sa atin na magkaroon ng patotoo sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Espiritu Santo sa halip na sa ibang paraan?

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang gawain ng Espiritu Santo sa pagtulong sa atin na magkaroon ng patotoo sa Tagapagligtas, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Joseph Fielding Smith:



"Ang Espiritu ng Diyos na nangungusap sa espiritu ng tao ay may kapangyarihang magbahagi ng katotohanan nang mas mabisa at mauunawaan kaysa sa katotohanang maibabahagi ng personal na pakikipag-ugnayan maging sa mga nilalang mula sa langit. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang katotohanan ay hinahabi sa bawat himaymay at litid ng katawan upang hindi ito malimutan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* [2013], 209).

- Ano ang ilang mga bagay na magagawa natin para maihanda ang ating sarili na tumanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo?
- Paano ninyo nalaman na si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos at ang inyong Tagapagligtas? Anong paghahanda ang ginawa ninyo para matanggap ang patotoong iyan mula sa Espiritu Santo?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti kung paano nila mapalalakas ang kanilang mga patotoo o kung ano ang maaaring kailanganin nilang gawin para tumanggap ng patotoo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sabihin sa mga estudyante na sundin ang anumang pahiwatig na natatanggap nila.

## Susunod na Unit (Mateo 18:1–22:26)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagkakataon na nahirapan silang patawarin ang ibang tao. Sabihin sa kanila na pag-isipan ang mga sumusunod na tanong: Bakit sa pakiramdam ninyo ay tama lang na hindi patawarin ang taong ito? Bakit dapat nating patawarin ang iba sa kanilang mga pagkakasala kahit sa palagay natin ay tama lang na hindi sila patawarin? Ipahanap sa mga estudyante ang mga sagot sa mga tanong na ito sa patuloy nilang pag-aaral sa susunod na linggo.

LESSON 21

# Mateo 18

## Pambungad

Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang mga alituntuning makatutulong sa kanila na pamunuan ang Kanyang Simbahan matapos ang Kanyang Pag-akyat sa Langit. Ibinigay rin ng Panginoon ang talinghaga ng walang-awang alipin bilang tugon sa tanong ni Pedro tungkol sa pagpapatawad.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 18:1–20

*Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang mga alituntuning makatutulong sa kanila na pamunuan ang Kanyang Simbahan*

Ilista sa pisara ang sumusunod na pagkakasalang maaaring gawin sa isang tao: *pagsinungalingan; pagnakawan; ipagkanulo ng kaibigan.* Sabihin sa mga estudyante na tahimik na i-rate ang bawat pagkakasala sa scale na 1 hanggang 10, na 1 ang pinakamadaling patawarin at 10 ang pinakamahirap. Anyayahan ang ilang estudyante na gustong magbahagi kung paano nila ni-rate ang bawat pagkakasala.

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung bakit dapat nating patawarin ang iba kahit mahirap gawin iyon.

Sabihin sa mga estudyante na alamin nia sa pag-aaral ng Mateo 18 ang mga katotohanan na makatutulong sa kanila na maunawaan kung bakit dapat nating patawarin ang iba.

Ibuod ang Mateo 18:1–14 na ipinapaliwanag na tinagubilinan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na magpakumbaba at maging tulad sa maliliit na bata. Ipinaliwanag din Niya na ang mga yaong "mag[bi]bigay ng ikatitisod" o magkakasala sa maliliit na bata, ililigaw sila, o pahihinain ang kanilang pananampalataya, ay mananagot sa Diyos (tingnan sa mga talata 6–7). Pagkatapos ay pinayuhan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo na alisin sa kanilang buhay ang mga bagay na makasasakit sa kanila, o magpapahina sa kanila (tingnan sa talata 9). (*Paalala:* Ang mga turo ng Tagapagligtas na matatagpuan sa Mateo 18:1–14 ay tatalakayin nang mas detalyado sa mga lesson sa Marcos 9 at Lucas 15.)

Ipaliwanag na matapos payuhan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo na alisin sa kanilang buhay ang mga bagay na nagpapahina sa kanila, sinabi Niya sa kanila kung ano ang dapat gawin ng isang tao kung may nakagawa ng pagkakamali o kasalanan sa kanya. Itinuro rin Niya sa mga Apostol ang mga alituntunin ng pagdidisiplina ng Simbahan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 18:15, at ipahanap sa klase ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo kung may isang taong nagkasala sa kanila.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talatang ito tungkol sa dapat nating gawin kung may nagkasala sa atin?

Ibuod ang Mateo 18:16–17 na ipinapaliwanag na sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na kung ayaw aminin ng isang tao ang kanyang pagkakamali at ipagtapat ang kanyang kasalanan, at dalawa o mahigit pang mga saksi ang nagpatotoo laban sa kanya, ang taong iyon ay tatanggalin sa Simbahan. Maaari mo ring ipaliwanag na, ngayon, ang mga namumuno sa disciplinary council ng Simbahan na gumagawa ng gayong mga desisyon ay laging inaalam kung nais ba ng Panginoon na ang taong iyon ay tanggalin sa Simbahan, o itiwalag.


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 18:18–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung anong awtoridad ang natanggap ng mga Apostol.

- Anong awtoridad ang ibinigay sa mga Apostol? (Ipaliwanag na binigyan ng Tagapagligtas ang mga Apostol ng mga susi ng priesthood, na nagbigay sa kanila ng awtoridad, sa ilalim ng tagubilin ni Pedro, na magsagawa ng ordenansa ng pagbubuklod at matibay na pagpapasiya hinggil sa Simbahan, pati na ang pagpapasiya kung mananatiling miyembro ang nagkasala [tingnan sa Mateo 16:19].)
- Ano ang ipinangako ng Panginoon sa Kanyang mga Apostol sa mga talata 19–20? (Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang pangako sa talata 20.)

## Mateo 18:21–35

### *Ibinigay ng Panginoon ang talinghaga ng walang-awang alipin*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na kuwento ni Pangulong Thomas S. Monson, tungkol sa pamilya na namatayan ng dalawang-buwang sanggol:



"Ginawan ng ama na isang karpintero ng magandang kabaong ang kanyang minamahal na anak. Nadama sa malungkot na burol ang dalamhati ng mag-anak. Buhat-buhat ng ama ang maliit na kabaong, tinungo ng mag-anak ang kapilya, kung saan nagtipon na ang ilang mga kaibigan. Pagdating nila doon, nakakandado ang pinto ng kapilya. Nalimutan ng abalang bishop ang burol. Hindi malaman kung saan ito hahagilapin. Dahil hindi alam ang gagawin, binitbit ng ama ang kabaong, at kasama ng kanyang mag-anak, inuwi ito sa gitna nang rumaragasang ulan" ("Mga Nakatagong Kalso," *Ensign,* Mayo 2002, 19).

- Kung miyembro kayo ng pamilyang iyon, ano kaya ang mararamdaman ninyo nang hindi nakarating sa burol ang bishop?
- Bakit magiging mahirap sa inyo na patawarin ang bishop?

Ipaliwanag na matapos turuan ng Tagapagligtas ang mga Apostol, nagtanong si Pedro sa Panginoon tungkol sa pagpapatawad. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 18:21, at ipahanap sa mga estudyante ang itinanong ni Pedro.

- Ano ang itinanong ni Pedro sa Tagapagligtas?

Ipaliwanag na itinuro ng ilang lider ng relihiyon noong panahon ni Pedro na hindi kailangang magpatawad ang isang tao nang higit sa tatlong beses. Nang tanungin ang Panginoon kung dapat ba niyang patawarin ang isang tao nang makapito, inakala siguro ni Pedro na siya ay mapagpatawad na (tingnan sa Bruce R. McConkie, *The Mortal Messiah,* 4 na tomo. [1979–81], 3:91). Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 18:22, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas kay Pedro.

- Ayon sa Tagapagligtas, ilang beses natin dapat patawarin ang mga nanakit o nagkasala sa atin? (Ipaliwanag na ang "makapitongpung pito" ay isang paraan ng pagsasabi na hindi natin dapat limitahan ang bilang ng pagpapatawad natin sa iba.)
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa Tagapagligtas tungkol sa pagpapatawad sa iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Iniutos sa atin ng Panginoon na patawarin ang mga taong nananakit o nagkakasala sa atin.**)
- Ano ang ibig sabihin ng patawarin ang iba? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng patawarin ang iba ay mahalin ang taong nanakit o nagkasala sa atin at huwag sumama ang loob sa kanya [tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Magpatawad," scriptures.lds.org; D at T 64:9–11]. Ang pagpapatawad ay hindi nangangahulugan na pababayaan na lang nating saktan tayo o hindi na natin pananagutin ang nanakit sa atin, ayon man sa batas o anupaman.)

Ipaliwanag na matapos sagutin ang tanong ni Pedro, itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang talinghaga na makatutulong sa atin na maunawaan kung bakit dapat nating patawarin ang iba.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante at sabihin sa magkakapartner na pareho nilang basahin ang Mateo 18:23–35, na inaalam kung bakit dapat nating patawarin ang iba. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila.

Sa halip na ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 18:23–35, maaari mong ipalabas ang video na "Forgive Every One Their Trespasses: The Parable of the Unmerciful Servant [Patawarin ang mga Kasalanan ng Bawat Isa: Ang Talinghaga ng Walang-awang Alipin] [6:06]. Habang pinapanood ng mga estudyante ang video, sabihin sa kanila na alamin kung bakit dapat nating patawarin ang iba. Pagkatapos ng video, sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org.

Para matulungan ang mga estudyante na mapalalim ang pagkaunawa sa talinghagang ito, isulat sa pisara ang sumusunod na mga salita:

| *Hari* | *Alipin* | *Kapwa-alipin* |
|---|---|---|
| | | |

- Magkano ang utang ng alipin sa hari? (Isulat ang *may utang sa hari na 10,000 talento* sa ilalim ng *Alipin.*)

Ipaliwanag na noong panahon ni Jesus ang "10,000 talento ay katumbas ng 100,000,000 denarii [pera ng Romano]. Ang isang denarius ay ang karaniwang sahod sa isang araw ng pangkaraniwang manggagawa" (Jay A. Parry and Donald W. Parry, *Understanding the Parables of Jesus Christ* [2006], 95). Ipakuwenta sa mga estudyante kung ilang taon bago mabayaran ng alipin ang utang na ito sa pamamagitan ng pag-divide sa 100,000,000 denarii sa 365 araw (100,000,000/365 = 273,973). Isulat sa pisara ang *273,973 taon* sa ilalim ng *may utang sa hari na 10,000 talento.*

- Magkano ang utang ng kapwa-alipin sa alipin? (Isulat ang *may utang sa alipin na 100 denario* sa ilalim ng *Kapwa-alipin.*)


[NO TRANSLATION] Kung gayon, ang kapwa-alipin ay may utang sa alipin ng humigit-kumulang na 100 araw na halaga ng pagtatrabaho, o halos sangkatlo o one-third ng kanyang taunang suweldo. Isulat sa pisara ang *100 araw* sa ilalim ng *may utang sa alipin ng 100 denario.*

- Sa palagay ninyo bakit sinabi ng hari sa alipin na masama ito nang hindi nito patawarin ang kapwa-alipin sa utang na ito?

Itanong sa mga estudyante kung sino sa palagay nila ang maaaring katawanin ng bawat tao sa talinghaga? Matapos silang sumagot, isulat sa pisara ang sumusunod na mga posibleng kumatawan: *Hari = Ama sa Langit, Alipin = Tayo, Kapwa-alipin = Mga nagkasala sa atin.*

- Ano sa palagay ninyo ang alituntuning gustong ituro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo kung bakit dapat nating patawarin ang iba? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung gusto nating patawarin tayo ng Diyos, dapat na handa tayong patawarin ang iba.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Ano ang maaaring gawin ng isang tao kung nahihirapan siyang magpatawad?

Upang matulungan ang mga estudyante na malaman kung ano ang maaari nating gawin para mapatawad ang iba, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan. Kung maaari, gumawa ng handout para sa bawat estudyante.




"Kailangan nating maunawaan at tanggapin na galit tayo. Kailangan ng pagpapakumbaba para magawa ito, ngunit kung luluhod tayo at hihingi sa Ama sa Langit ng kakayahang magpatawad, tutulungan Niya tayo. Inutusan tayo ng Panginoon, na 'magpatawad sa lahat ng tao' [D at T 64:10] para sa ating ikabubuti dahil 'ang pagkamuhi ay hadlang sa espirituwal na pag-unlad' [Orson F. Whitney, *Gospel Themes* (1914), 144]. Sa pagwaksi ng pagkamuhi at kapaitan lamang maaaliw ng Panginoon ang ating mga puso. …

"… Kapag dumating ang trahedya, huwag nating hangaring maghiganti, sa halip hayaan nating manaig ang katarungan, at magparaya. Hindi madaling magparaya at alisin sa ating puso ang galit. Nag-alok ang Tagapagligtas ng mahalagang kapayapaan sa ating lahat sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ngunit dumarating lamang ito kapag handa tayong iwaksi sa ating

damndamin ang galit, pagkayamot, o paghihiganti. Para sa ating lahat na nagpapatawad 'sa mga tao ng kanilang mga kasalanan' [Joseph Smith Translation, Matthew 6:13], maging yaong nakagawa ng mabibigat na krimen, ang Pagbabayad-sala ay nagdudulot ng kapayapaan at aliw" (James E. Faust, "Ang Nakapagpapahilom na Kapangyarihan ng Pagpapatawad," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 69).

- Ano ang sinabi ni Pangulong Faust na gawin natin na makatutulong sa atin na patawarin ang iba?
- Ayon kay Pangulong Faust, ano ang maaaring mangyari kapag pinatawad natin ang iba?

Ipaalala sa mga estudyante ang kuwento ni Pangulong Monson na ibinahagi kanina sa klase at ipabasa sa isang estudyante ang katapusan ng kuwento:



"Kung mababaw ang pagkatao ng mag-anak, maaaring sinisi nila ang bishop at nagtanim ng sama ng loob. Nang nalaman ng bishop ang trahedya, dinalaw niya ang mag-anak at humingi ng tawad. Kahit na nakikita pa rin sa mukha niya ang hinanakit, lumuluhang pinatawad ng ama ang bishop, at nagyakap ang dalawa nang may diwa ng pag-unawa" ("Mga Nakatagong Kalso," *Ensign,* Mayo 2002, 19).

- Paano kayo tinulungan ng Panginoon na patawarin ang isang tao na nagkasala o nanakit sa inyo?
- Ano ang nakatulong sa inyo na patawarin ang iba? (Maaari mong sabihin sa mga estudyante na sagutin ang tanong na ito sa kanilang mga notebook o scripture study journal.)

### *Magbigay ng mga tanong at paanyaya na maghihikayat ng pamumuhay ng mga natutuhan*

Ang layunin ng pagtuturo ng ebanghelyo ay tulungan ang mga estudyante na ipamuhay ang mga alituntunin at doktrinang matatagpuan sa mga banal na kasulatan, magbalik-loob, at matanggap ang mga pagpapalang ipinangako sa matatapat at masunurin. Ang mga tanong at paanyaya na naghihikayat ng pagpapamuhay ay makatutulong sa mga estudyante na makita kung paano nila magagamit ang mga alituntunin at doktrina sa kanilang kasalukuyang sitwasyon at sa hinaharap.

Hikayatin ang mga estudyante na isiping mabuti kung sino ang hindi pa nila napapatawad. Hikayatin silang ipagdasal na magkaroon sila ng hangaring magpatawad at kakayahang kalimutan ang sakit at galit upang matulungan sila ni Jesucristo na makadama ng kapayapaan at kapanatagan sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-Sala.

LESSON 22

# Mateo 19–20

## Pambungad

Itinuro ni Jesucristo ang kasagraduhan ng kasal. Binigyang-diin Niya ang kahalagahan ng pagpili ng buhay na walang hanggan kaysa sa mga yaman ng mundo at itinuro ang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan. Sinabi rin ni Jesus ang nalalapit Niyang kamatayan at itinuro sa Kanyang mga disipulo na paglingkuran ang iba.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 19:1–12

*Itinuro ng Tagapagligtas ang kasagraduhan ng kasal*



Magdispley ng larawan ng masayang mag-asawa na nabuklod sa templo. Ipaliwanag na ang doktrina ng Panginoon hinggil sa kasal at diborsyo ay kaiba sa karaniwang pinaniniwalaan ng mundo.

- Ano ang ilang paniniwala ng mundo tungkol sa kasal at diborsyo? (*Paalala:* Iwasang mag-ukol ng maraming oras sa mga kaugnay na paksang tulad ng kasal ng magkapareho ng kasarian, na maaaring umagaw ng oras na inilaan para sa iba pang mahahalagang alituntunin sa lesson ngayon.)

Sabihin sa mga estudyante na alamin sa pag-aaral nila ng Mateo 19:1–12 ang mga itinuro ng Panginoon tungkol sa kasal at diborsyo at isipin ang kahalagahan ng mga turong ito sa kanila.

**_Maging sensitibo sa mga pangangailangan at damdamin ng mga estudyante_**

Habang tinatalakay mo ang mga turo ng Tagapagligtas sa kasal at diborsiyo, maging sensitibo sa mga estudyanteng maaaring nasaktan ang damdamin o nag-aalala dahil naghiwalay o nagdiborsyo ang mga magulang o iba pang mga miyembro ng pamilya. Mapanalanging hangarin at sundin ang patnubay ng Espiritu Santo sa iyong paghahanda at pagtuturo. Tandaan na makinig nang mabuti habang nagtatanong o nagbabahagi ng kanilang iniisip at nadarama ang mga estudyante.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:1–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga itinanong ng mga Fariseo kay Jesus. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na ang mga katagang "na ihiwalay ng isang lalake ang kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan" (Mateo 19:3) ay tumutukoy sa isang lalaking hinihiwalayan ang asawa sa anumang dahilan, kahit sa walang kuwentang bagay o pansarili lamang.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:4–6, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa kasal at diborsyo.

- Anong mga katotohanan tungkol sa kasal ang matututuhan natin mula sa isinagot ng Tagapagligtas sa mga Fariseo? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang ilang katotohanan, ngunit tiyaking mabigyang-diin na **ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay sagradong ugnayan at itinatag ng Diyos.**)


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:7, at sabihin sa klase na alamin ang isa pang itinanong ng mga Fariseo sa Tagapagligtas.

- Ano ang itinanong ng mga Fariseo sa Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:8–9, at sabihin sa klase na alamin ang isinagot ng Tagapagligtas.

- Ayon sa Tagapagligtas, bakit pinahintulutan ni Moises ang diborsyo sa mga Israelita? (Dahil sa katigasan ng puso ng mga tao.)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano nauugnay ang mga turong ito sa ating panahon, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang uri ng kasal na kailangan para sa kadakilaan—na nagtatagal sa kawalang-hanggan at makadiyos—ay hindi nag-iisip ng diborsyo. Sa mga templo ng Panginoon, ang mga magkasintahan ay ikinakasal para sa kawalang-hanggan. Ngunit hindi nararating ng ilang mag-asawa ang mithiing iyon. Dahil 'sa katigasan ng [ating] mga puso' [Mateo 19:8], hindi ipinatutupad ngayon ng Panginoon ang mga bunga ng paglabag sa selestiyal na pamantayan. Pinapayagan Niyang mag-asawang muli ang mga taong nakipagdiborsyo at hindi sila nagkasala sa tinukoy sa mas mataas na batas sa paggawa nito" ("Diborsyo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 70).

Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang patotoo na nilayon at itinatag ng Diyos ang kasal bilang isang sagradong ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae.

### Mateo 19:13–30; 20:1–16

*Nagturo si Jesus tungkol sa buhay na walang hanggan at ibinigay ang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan*

Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase. Sabihin sa estudyante na kung makakapag-push-up siya nang 10 beses, tatanggap siya ng gantimpalala (tulad ng 10 piraso ng kendi). Matapos siyang makapag–push-up nang 10 beses, ibigay sa kanya ang gantimpala, at pagkatapos ay mag-anyaya ng isa pang volunteer. Sabihin sa pangalawang estudyante na mag-push-up nang isang beses, at pagkatapos ay itanong sa klase kung ano sa palagay nila ang dapat tanggaping gantimpala ng estudyanteng ito at bakit. Sabihin sa dalawang estudyante na bumalik na sa kanilang mga upuan. Ipaalam sa klase na maya-maya ay tatanggapin ng pangalawang estudyante ang kanyang gantimpala batay sa matututuhan ng klase sa mga banal na kasulatan.

Ibuod ang Mateo 19:13–27 na ipinapaliwanag na hinikayat ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na maghangad ng buhay na walang hanggan sa halip na yaman ng mundo. Tinanong ni Pedro kung ano ang tatanggapin ng mga disipulo dahil iniwan nila ang kanilang ari-arian para masunod ang Tagapagligtas. (*Paalala:* Ang mga pangyayaring tinalakay sa mga talatang ito ay ituturo nang detalyado sa Marcos 10.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:28–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas kay Pedro.

- Ayon sa talata 29, ano ang mamanahin ng bawat tao na handang iwanan ang lahat para masunod ang Tagapagligtas?

Ipaliwanag na kasunod niyon ay itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang isang talinghaga na makatutulong sa kanila na maunawaan ang hangarin ng Ama sa Langit na mabigyan ang lahat ng Kanyang mga anak ng pagkakataong matanggap ang buhay na walang hanggan. Sa talinghagang ito, isang lalaki ang umupa ng mga manggagawa na magtatrabaho sa kanyang ubasan sa iba't ibang oras sa buong maghapon. Ang karaniwang araw ng pagtatrabaho sa panahon ng Bagong Tipan ay mga alas-6 n.u. hanggang alas-6 n.h., na nababago lang nang kaunti sa iba't ibang panahon ng taon.

Isulat sa pisara ang sumusunod na chart o ibigay ito sa mga estudyante bilang handout.

| *Mga Manggagawa (Simula ng Oras ng Trabaho)* | *Ang Pinagkasunduang Suweldo* | *Bilang ng Oras na Nagtrabaho* | *Halagang Ibinayad* |
|---|---|---|---|
| *Sa umaga (alas-6 n.u.)* | | | |
| *Ika-3 oras (alas-9 n.u.)* | | | |

| ***Mga Manggagawa (Simula ng Oras ng Trabaho)*** | ***Ang Pinagkasunduang Suweldo*** | ***Bilang ng Oras na Nagtrabaho*** | ***Halagang Ibinayad*** |
|---|---|---|---|
| *Ika-6 na oras (alas-12 n.h.)* | | | |
| *Ika-9 na oras (alas-3 n.h.)* | | | |
| *Ika-11 oras (alas-5 n.h.)* | | | |

Sabihin sa mga estudyante na maggrupu-grupo. Ipabasa sa grupo nila ang Mateo 20:1–7, na inaalam kung gaano katagal nagtrabaho ang bawat grupo ng manggagawa at ang sweldong napagkasunduan nila. (Ang "isang denario" ay barya ng mga Romano na halos katumbas ng isang araw na sweldo ng mangagawa.)

Pagkaraan ng sapat na oras, papuntahin sa pisara ang ilang estudyante at pasagutan sa kanila ang unang dalawang column ng chart (o sabihin sa kanila na ilagay ang mga sagot sa mga kopyang ibinigay mo sa kanila).

- Sino sa palagay ninyo ang dapat tumanggap ng pinakamalaking bayad?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 20:8–10, at sabihin sa klase na alamin ang bayad na tinanggap ng bawat grupo ng manggagawa.

- Magkano ang tinanggap na bayad ng bawat grupo ng mga manggagawa? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang *1 denario* sa bawat isa sa mga kahon sa column na may nakasulat na "Halagang Ibinayad.")
- Kung isa kayo sa mga manggagawa na nagtrabaho maghapon, ano kaya ang maiisip o mararamdaman ninyo kapag pareho lang kayo ng natanggap na bayad ng taong nagtrabaho nang isang oras lang?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 20:11–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ng mga taong nagtrabaho nang maghapon sa panginoon ng ubasan at kung ano ang isinagot nito sa kanila.

- Ano ang reklamo ng mga nagtrabaho nang maghapon?
- Ano ang isinagot ng panginoon ng ubasan?
- Paano naging makatarungan (o patas) ang panginoon ng ubasan sa mga nagtrabaho nang maghapon?

Para matulungan ang mga estudyante na matukoy ang katotohanan sa talinghagang ito, ipaliwanag na ang sweldo na isang denario ay maaaring

sumagisag sa buhay na walang hanggan, tulad ng nakasaad sa Mateo 19:29. Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Ang Diyos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na …*

- Kung ang gantimpala sa talinghagang ito ay sumasagisag sa buhay na walang hanggan, ano ang maaaring isagisag ng pagtatrabaho? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking nabigyang-diin na ang pagtatrabaho sa talinghagang ito ay maaaring sumagisag sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa Diyos. Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin sa pisara ang katotohanan na tulad ng sumusunod: **Ang Diyos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na pinipiling gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa Kanya.**)

Ipaliwanag na ang katotohanang ito ay tumutulong sa atin na maunawaan ang awa ng Ama sa Langit sa mga taong hindi kaagad nakagawa o nakatupad ng mga tipan at sa mga hindi nagkaroon ng pagkakataong gawin ito noong sila ay nabubuhay pa (tingnan sa D at T 137:7–8).

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang malaman na ang ang Diyos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na pinipiling gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa Kanya, kailan man ito naganap?

Ipaalala sa mga estudyante ang pangalawang estudyante na isang beses lang nagpush-up, at itanong:

- Sa palagay ninyo, ano ang dapat matanggap ng estudyanteng ito sa pag-push-up nang isang beses? (Bigyan ang estudyante ng gantimpala na kapareho ng ibinigay mo sa estudyante na nag-push-up nang 10 beses.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 20:15–16. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sinagot ng panginoon ng ubasan ang mga taong nagreklamo dahil sa kabaitan niya sa ibang mga manggagawa.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng panginoon ng ubasan nang itanong niya, "Masama ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti?" (talata 15).

Ipaliwanag na ginamitan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tanong na ito ng ibang mga salita na gaya ng sumusunod: "Bakit *ka* maiinggit kung piliin *kong* maging mabait?" ("Mga Manggagawa sa Ubasan," *Ensign* o *Liahona,* May 2012, 31).

- Ano ang ibig sabihin ng "marami ang tinawag, subalit iilan ang napili"? (Ang ibig sabihin ng *tinawag* ay ang maanyayahang makibahagi sa gawain ng Ama sa Langit. Ang ibig sabihin ng *napili* ay ang makatanggap ng Kanyang mga pagpapala—pati na ang pagpapala na buhay na walang hanggan.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talata 16? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang ilang alituntuning katulad ng sumusunod: **Kung pipiliin nating mainggit sa mga pagpapala ng Ama sa Langit sa iba, maaaring mawala sa atin ang mga pagpapalang nais Niyang ibigay sa atin.**)

Basahin nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland, at sabihin sa mga estudyante kung paano sila maaaring matuksong mainggit sa mga pagpapalang ibinibigay ng Ama sa Langit sa iba:



"May mga pagkakataon sa buhay natin na ibang tao ang nagtatamo ng di-inaasahang pagpapala o tumatanggap ng espesyal na pagkilala. Maaari ba akong magsumamo sa inyo na huwag kayong maghinanakit—at huwag mainggit—kapag sinusuwerte ang iba? Walang nababawas sa atin kapag may nadaragdag sa iba. Hindi tayo nagpapaligsahan para makita kung sino ang pinakamayaman o pinakamatalino o pinakamaganda o pinakamapalad. Ang paligsahang *talagang* pinasukan natin ay ang paligsahan laban sa kasalanan. …

"… Ang pag-iimbot, pagmamalaki, o paninira ay *hindi* nag-aangat sa katayuan *mo*, ni hindi nagpapaganda ng reputasyon mo ang paghamak mo sa iba. Kaya maging mabait, at magpasalamat na mabait ang Diyos. Paraan iyan para mabuhay nang masaya" ("Mga Manggagawa sa Ubasan," 31, 32).

Magpatotoo sa mga katotohanang natukoy ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan.

Isulat ang sumusunod na pahayag sa pisara. Bigyan ng oras ang mga estudyante na kumpletuhin ang pahayag sa kanilang notebook o scripture study journal: *Batay sa natutuhan ko mula sa talinghagang ito, ako ay …*

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang isinulat nila kung komportable silang gawin ito.

## Mateo 20:17–34

### *Sinabi ni Jesus ang nalalapit Niyang kamatayan at itinuro sa Kanyang mga disipulo na paglingkuran ang iba*

Ibuod ang Mateo 20:17–34 na ipinapaliliwanag na sinabi ng Tagapagligtas na Siya ay ipagkakanulo at hahatulan ng kamatayan sa pagbalik Niya sa Jerusalem. Itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo na sa halip na maghangad ng posisyon at awtoridad, dapat nilang tularan ang Kanyang halimbawa at paglingkuran ang iba.

LESSON 23

# Mateo 21:1–16

## Pambungad

Si Jesus ay matagumpay na nakapasok sa Jerusalem sa simula ng huling linggo ng Kanyang buhay. Habang naroon, nilinis Niya ang templo sa ikalawang pagkakataon at pinagaling ang bulag at lumpo na lumapit sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

*Paalala:* Makikita sa katapusan ng lesson na ito ang isang pahinang visual na may pamagat na "Ang Huling Linggo, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo." Ang maikling buod ng huling linggo ng buhay sa mundo ng Tagapagligtas ay makatutulong sa iyo at sa iyong mga estudyante na maunawaan ang mga pangyayaring humantong sa kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Maaari mong gamitin ang buod na ito sa Marcos, Lucas, at gayundin sa Juan.


### Mateo 21:1–11

*Si Jesucristo ay matagumpay na pumasok sa Jerusalem*

Magpakita ng isang klase ng pagkain o isulat sa pisara ang pangalan ng isang pagkain. Itanong sa mga estudyante kung nakatikim na sila ng ganitong pagkain at kung irerekomenda nila ito sa iba. Papuntahin sa harapan ng klase ang estudyante na magrerekomenda nito sa iba. Sabihin sa kanya na kunwari ay wala pang nakatikim ng pagkaing ito. Sabihin sa estudyante na ipakita ang sasabihin o gagawin niya para maganyak ang isang tao na tikman ang pagkaing ito. Sabihin sa estudyante na bumalik sa kanyang upuan kapag tapos na siya. Pagkatapos ay itanong sa klase:

- Kung hindi pa ninyo natikman ang pagkaing ito noon, gusto ba ninyo itong tikman ngayon? Bakit?

Magdispley ng larawan ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na maraming tao ang kaunti lang ang alam tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo at may responsibilidad tayong tulungan ang iba na malaman ang tungkol sa Kanya.



Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano ang magagawa nila para tulungan ang isang taong gusto pang malaman ang tungkol kay Jesucristo. Sabihin sa kanila na maghanap ng alituntunin habang pinag-aaralan nila ang Mateo 21:1–11 na makatutulong sa kanila habang hinihikayat nila ang iba na alamin pa ang tungkol kay Jesucristo.

Ipaliwanag na nakatala sa Mateo 21 ang mga pangyayari na naganap limang araw bago ang Pagpapako sa Krus sa Tagapagligtas. Ipaalala sa mga estudyante na sinundan ng maraming tao si Jesus at ang Kanyang mga Apostol habang naglalakbay sila papunta sa Jerusalem mula sa Jerico (tingnan sa Mateo 20:17–18, 29).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:1–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang ipinagawa ng Tagapagligtas sa dalawa sa Kanyang mga disipulo.

- Ano ang ipinagawa ni Jesus sa mga disipulong ito?

Ipaliwanag na ang mga propesiyang binanggit sa Mateo 21:4–5 ay matatagpuan sa Zacarias 9:9–10. (Sabihin sa mga estudyante na maaari nilang isulat ang scripture reference na ito sa tabi ng talata 5.) Ang propesiyang ito ay tungkol sa ipinangakong Mesiyas, o "pinahiran na langis na Propeta, Saserdote, Hari, at Tagapagligtas na ang pagparito ay sabik na hinihintay ng mga Judio" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mesiyas," scriptures.lds.org). Ipaliwanag na noong panahon ng Biblia, ang asno ay "simbolo ng maharlikang Judio. … Ang pagsakay sa asno … ay nagpapakita na dumating si Jesus bilang isang payapa at 'mapagpakumbabang' Tagapagligtas, hindi bilang isang manlulupig na nakasakay sa kabayong pandigma" (*New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 64).

- Ano ang ilang mga ginagawa sa iba't ibang kultura na nagpapakita ng magalang na pagkilala sa pagkahari?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:6–8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang ginawa ng "kalakhang bahagi ng karamihan" (talata 8) nang pumasok si Jesus sa Jerusalem. (Maaari mong ipaliwanag sa mga estudyante na nilinaw sa Joseph Smith Translation, Matthew 21:5 na isang hayop lang ang dinala at sinakyan.)

- Ano ang ginawa ng mga tao upang magalang na kilalanin si Jesus bilang Mesiyas? (Maaari mong ipaliwanag na tinukoy sa Ebanghelyo ayon kay Juan na gumamit ang mga tao ng "mga palapa ng mga puno ng palma" [Juan 12:13]. Ang mga palapa ng palma ay simbolo ng tagumpay at pagwawagi ng mga Judio laban sa mga kaaway. Ang paglalatag ng alpombra sa daanan, katulad ng ginawa ng mga tao gamit ang mga palapa at damit, ay pagpaparangal sa mga dugong bughaw o mga manlulupig at mananakop. Sa paggawa nito, kinilala at malugod na tinanggap ng mga tao si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas at Hari.)



Idispley ang larawang Matagumpay na Pagpasok (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 50; tingnan din sa LDS.org). Sabihin sa mga estudyante na isipin na kunwari ay isa sila sa mga taong nasa larawang ito. Basahin nang malakas ang unang bahagi ng Mateo 21:9, at sabihin sa klase na sabay-sabay na basahin nang malakas ang isinigaw ng mga tao sa bandang gitna ng talata na para bang kasama sila sa mga taong iyon.

- Anong salita ang inulit ng mga tao? (*Hosana.*)

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *hosana* ay "mangyari pong iligtas kami" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Hosana"). Sabihin sa mga estudyante na maaari nilang isulat ang kahulugang ito sa kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng talata 9.

***Pagmamarka at paglalagay ng komento sa mga banal na kasulatan***

Ang pagmamarka at paglalagay ng komento sa mga banal na kasulatan ay isa sa mga paraan na makatutulong nang malaki sa mga estudyante na matandaan ang natutuhan nila. Magagawa ito ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagsalungguhit, pagkulay, o pag-outline ng mahahalagang salita o mga parirala. Maaari din silang magsulat ng mga kahulugan, alituntunin, komento ng propeta, o personal na ideya at impresyon sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan.

Ipaliwanag na ang sigaw ng pagpupuri ng mga tao ay katuparan ng propesiya tungkol sa Mesiyas na nakatala sa Mga Awit 118:25–26. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang reference na ito sa tabi ng Mateo 21:9. Ipaliwanag na ang maharlika at para sa Mesiyas na titulong "Anak ni David" (talata 9) ay inilaan para sa tagapagmana ng trono ni David.

- Sa papuring ito, sino ang mga taong iyon na nagpahayag ng ganito tungkol kay Jesus?
- Kung nakatira kayo sa Jerusalem sa panahong ito, ano kaya ang maiisip o mararamdaman ninyo habang sinasaksihan ang matagumpay na pagpasok ng Tagapagligtas?

Ipaliwanag na libu-libo pang tao ang nasa Jerusalem noong panahong iyon para ipagdiwang ang Paskua. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:10–11. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang epekto ng ginawang ito ng karamihan sa iba pang mga tao sa Jerusalem.

- Ano ang itinatanong ng iba dahil sa ginawa ng karamihan?
- Tulad ng inilarawan sa tala na ito, ano ang maaaring mangyari kung hayagan nating kinikilala si Jesucristo at hayagang nagsasalita tungkol sa Kanya? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na alituntunin: **Kapag hayagan nating kinikilala si Jesucristo at hayagang nagsasalita tungkol sa Kanya, matutulungan natin ang iba na gustuhing malaman pa ang tungkol sa Kanya.** Maaari mong ilista sa pisara ang alituntuning ito.)
- Ano ang ilang pagkakataon na maaari nating hayagang kilalanin si Jesucristo at magsalita tungkol sa Kanya maliban pa sa mga miting sa Simbahan? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan, na kung naaangkop, magagawa natin ito sa mga pormal na pagkakataon, halimbawa sa social media, sa pakikipag-usap sa mga kaibigan, mga miyembro ng pamilya, at mga kapitbahay.)
- Paano natin magagawang hayagang kilalanin si Jesucristo at magsalita tungkol sa Kanya sa paraan na makatutulong sa iba na mas makilala Siya?
- Ano ang isasagot ninyo kapag tinanong kayo kung sino si Jesucristo?

Isulat sa pisara ang mga sumusunod na tanong, at anyayahan ang mga estudyante na sagutin ito sa kanilang notebook o scripture study journal:

> *Kailan nangyari na nahikayat kayo na makilala pa si Jesucristo dahil may isang taong hayagang kumilala at nagsalita tungkol sa Kanya?*
>
> *Paano ninyo (o ng isang taong kilala ninyo) natulungan ang iba na mahikayat na alamin pa ang tungkol kay Jesucristo dahil hayagan ninyo Siyang kinilala at hayagan kayong nagsalita tungkol sa Kanya?*

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na gustong magbahagi ng isinulat nila sa klase.


Hikayatin ang mga estudyante na hanapin at samantalahin ang mga tamang pagkakataon na kilalanin si Jesucristo at magsalita tungkol sa Kanya.

## Mateo 21:12–16

### *Nilinis ni Jesus ang templo at pinagaling ang bulag at ang lumpo*

Magdispley ng larawan ng isang templo ng mga Banal sa mga Huling Araw na malapit sa lugar ninyo. Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan at ilarawan ang mga naisip at nadama nila nang huling bumisita sila sa templo. Kung hindi pa nakapunta sa templo ang mga estudyante, itanong sa kanila kung ano kaya ang mararamdaman nila kapag nasa loob na sila ng templo.

- Ano ang nangyayari sa templo na nagtutulot sa atin na maramdaman ang mga ito?



Idispley ang larawang Ang Bahay ng Aking Ama (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo [2009]* , blg. 52; tingnan din sa LDS.org). Ipaliwanag na nang makapasok sa Jerusalem ang Tagapagligtas, Siya ay nagpunta sa patyo ng templo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:12–13. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng ilang tao na hindi kasiya-siya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

- Paano tinatrato ng ilang tao ang bahay ng Diyos?

Ipaliwanag na ang mga bisitang nagpunta sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskua ay kailangang bumili ng mga hayop na iaalay sa templo bilang bahagi ng kanilang pagsamba. Ang mga mamamalit ng salapi ay pinapalitan ng pera ng templo ang pera ng Romano at ng iba pa upang maipambili ng mga hayop, at nagbebenta naman ng mga hayop ang ibang negosyante.

- Ano ang mali sa ganitong klase ng pagnenegosyo sa bakuran ng templo?

Maaari mong ituro na kahit ang ganitong negosyo ay kailangan at may magandang intensyon, ang gawin ito sa ganoong lugar at paraan ay kawalang paggalang at pagpipitagan. Ipinahihiwatig sa talata 13 na ang mga mamamalit ng salapi at negosyante ay mas interesadong kumita kaysa sumamba sa Diyos at tinutulungan pa ang iba na gawin din ang gayon.

- Anong katotohanan tungkol sa templo ang matututuhan natin mula sa mga sinabi at ginawa ng Tagapagligtas? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Ang bahay ng Panginoon ay sagradong lugar, at gusto Niyang igalang natin ito.**)
- Paano natin maipapakita ang pagpipitagan sa bahay ng Panginoon?
- Paano nagpapakita ng pagpipitagan sa templo ang pagpunta rito nang karapat-dapat?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas sa templo matapos linisin ito.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa bulag at lumpo na lumapit sa Kanya sa templo?
- Ano ang matututuhan natin sa tala na ito tungkol sa magagawa sa atin ng Panginoon kapag pumupunta tayo sa templo? (Tiyaking matutukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Kapag pumupunta tayo sa templo, mapagagaling tayo ng Panginoon.**)

- Bukod sa pisikal na karamdaman, ano pang ibang sakit at pagsubok ang mapagagaling ng Panginoon kapag pumupunta tayo sa templo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan. Sabihin sa mga estudyante na pakinggan ang patotoo ni Pangulong Faust sa katotohanang natukoy nila.



"Ang Panginoon ay naglaan ng maraming oportunidad na makatatanggap tayo ng [Kanyang] nagpapagaling na impluwensya. Nagpapasalamat ako na ipinanumbalik ng Panginoon sa mundo ang gawain sa templo. Ito ay mahalagang bahagi ng gawain ng kaligtasan kapwa para sa mga buhay at sa mga patay. Ang ating mga templo ay nagsisilbing santuwaryo kung saan maisasantabi natin ang halos lahat ng problema sa mundo. Ang mga templo ay mga lugar ng kapayapaan at kapanatagan. Sa mga banal na santuwaryong ito ang Diyos ay 'pinagagaling ang mga may bagbag na puso, at tinatalian niya ang kanilang mga sugat.' (Mga Awit 147:3.)" ("Spiritual Healing," *Ensign,* Mayo 1992, 7).


- Bakit ang pagsamba sa bahay ng Panginoon ay nakatutulong sa atin na madama ang Kanyang nagpapagaling na impluwensya?

Ipaliwanag na ang pagpapagaling na nararanasan natin sa pagsamba sa templo ay maaaring kaagad na dumating, tulad ng nangyari sa bulag at lumpo na inilarawan sa tala na ito, o maaaring matagalan pa bago mangyari ito.

- Kailan kayo nakadama, o ang kakilala ninyo, ng nakapagpapagaling na impluwensya ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsamba sa templo? (Maaari ka ring magbahagi ng sarili mong karanasan.)

Ibuod ang Mateo 21:15–16 na ipinapaliwanag na ang mga punong saserdote at mga eskriba ay hindi natuwa sa ginawa ni Jesus sa templo at ang pagsigaw ng mga tao ng "Hosana" sa Kanya roon. Ipinaliwanag ni Jesus na ang hayagang pagkilala sa Kanya ng mga tao ay katuparan ng propesiya (tingnan sa Mga Awit 8:2).

Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo sa mga katotohanang tinalakay sa lesson na ito.


Ang Huling Linggo, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW
Libingan sa Halamanan
Golgota
Templo
Getsemani
Bundok ng mga Olivo
Palasyo ni Herodes
Silid sa Itaas
Patungo sa Betania
Matagumpay na pagpasok
Nilinis ang templo
Ibinigay ang talinghaga tungkol sa sampung dalaga, mga talento, at mga tupa at mga kambing
Ibinadya ang mga palatandaan ng Kanyang Ikalawang Pagparito
Nagturo tungkol sa lepta ng balo
Pinagsabihan ang mga Fariseo at nagturo sa templo
Nakipagsabwatan ang mga pinunong Judio kay Judas sa pagdakip kay Jesus
Paghahanda para sa Paskua
Nagdusa sa Getsemani
Nag-alay ng Panalangin ng Pamamagitan
Pinasimulan ang sakramento
Hinugasan ang mga paa ng Labindalawa
Huling Hapunan
Pagdakip, paglitis, at paghagupit
Pagpapako sa Krus at kamatayan
Libing
Nagministeryo sa daigdig ng mga espiritu
Nagpakita sa mga Apostol at sa iba pa
Pagkabuhay na Mag-uli at pagpapakita kay Maria Magdalena
Ikalimang araw bago ang Paskua
Ikaapat na araw bago ang Paskua
Ikatlong araw bago ang Paskua
Huling araw bago ang Paskua
Paskua
Sabbath ng mga Judio
Linggo
(Ang mga kaganapan sa ikalawang araw bago ang Paskua ay hindi alam.)
(Sinusukat ng mga Judio ang isang araw mula sa paglubog ng araw hanggang sa muling paglubog ng araw. Marami sa mga kaganapan sa araw na ito ay nangyari sa gabi.)
© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

LESSON 24

# Mateo 21:17–22:14

## Pambungad

Matapos magpalipas ng gabi sa bayan ng Betania, bumalik si Jesus sa templo. Habang nasa daan, isinumpa Niya ang isang puno ng igos. Ang mga pinunong Judio ay lumapit sa Kanya sa templo at kinuwestiyon kung saan galing ang Kanyang awtoridad. Pinagsabihan sila ni Jesus at nagturo ng ilang talinghaga na naglalarawan ng mga ibubunga ng hindi pagtanggap sa Kanya at sa Kanyang ebanghelyo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 21:17–32

*Isinumpa ni Jesus ang isang puno ng igos at pinagsabihan ang mga pinunong Judio*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano ang ilang pagkakataon na nakita ninyo na ang isang bagay ay hindi pala kasing ganda ng inaakala ninyo?*

Para simulan ang klase, anyayahan ang isa o mahigit pang mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot sa tanong sa pisara.

Ipaliwanag na ang Mateo 21 ay nagsasalaysay ng isang pangyayari na nakakita si Jesus ng isang bagay na mukhang maganda pero hindi pala. Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga katotohanan sa Mateo 21 na makatutulong sa atin na hindi lamang magmukhang mabuti sa iba kundi totoong mamuhay nang mabuti.

Para maibigay ang konteksto ng Mateo 21, ipaliwanag na matapos na matagumpay na makapasok si Jesus sa Jerusalem at linisin ang templo, nanatili Siya sa Betania, isang munting nayon malapit sa Jerusalem. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:18–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas kinabukasan habang naglalakbay mula sa Betania pabalik sa templo sa Jerusalem.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas sa puno ng igos?



**Puno ng igos**

© Jose Ramiro Laguna/Shutterstock.com

Magdispley ng larawan ng puno ng igos na may mga dahon. Ipaliwanag na kadalasan, kapag may mga dahon ang puno ng igos, ibig sabihin ay may bunga ang puno. Sa tagsibol (noong makakita ang Tagapagligtas ng puno ng igos na walang bunga), karaniwang may bubot na bunga na ang mga puno ng igos. Kung hindi pa nagbubunga ang mga ito, ibig sabihin ay hindi na ito magkakabunga sa taong iyon. Ang punong inilarawan sa tala na ito ay mukhang mabunga, pero hindi ito nagkabunga. Marahil ang isang dahilan kaya isinumpa ng Tagapagligtas ang puno

ng igos ay upang ituro sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa mga tiwaling pinunong pangrelihiyon ng mga Judio.

- Batay sa natutuhan ninyo tungkol sa mga pinunong pangrelihiyon ng mga Judio sa panahon ng Tagapagligtas, gaano karami sa kanila ang katulad ng puno ng igos na inilarawan sa tala na ito? (Mukha silang masunurin sa Diyos pero hindi naman nagkaroon ng bunga o hindi gumagawa ng mabuti.)

Ibuod ang Mateo 21:23–27 na ipinapaliwanag na ilan sa mga pinunong Judio na ito ang lumapit sa Tagapagligtas sa Templo at kinuwestiyon kung sino ang nagbigay ng karapatan sa Kanya na pumasok sa Jerusalem at linisin ang templo. Sinagot ito ng Tagapagligtas sa pagtatanong sa kanila kung ang bautismo (o ministeryo) ba ni Juan Bautista ay iniutos ng Diyos o ng tao. Hindi sinagot ng mga pinunong ito ang Tagapagligtas dahil sa takot na maipahamak ang sarili o galitin ang mga taong tumanggap kay Juan bilang propeta. Sinabi ng Tagapagligtas na hindi Niya sasagutin ang kanilang mga tanong at pagkatapos ay nagsalaysay Siya ng tatlong talinghaga na naglalarawan ng mga gawain ng tiwaling mga pinunong Judio. Ang unang talinghaga ay naglalarawan ng magkaibang pagtugon ng dalawang anak na lalaki sa kanilang ama.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:28–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap kung alin sa mga anak na lalaki ang mas nakakatulad ng mga pinunong Judio.

- Sino sa mga anak na lalaki ang mas nakakatulad ng pinunong Judio? Sa paanong paraan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:31–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, at ipahanap ang itinuro ng Tagapagligtas sa mga tiwaling pinunong Judio sa pamamagitan ng talinghagang ito. (Baka kailangan mong ipaliwanag na ang mga maniningil ng buwis ay nangongolekta ng buwis at ang mga patutot ay mga prostitute.) Mababa ang tingin ng mga pinunong Judio sa mga maniningil ng buwis at mga patutot, at itinuturing na makasalanan sila.)

- Paano naging katulad ng mga maniningil ng buwis at mga patutot ang unang anak?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa mga itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa mga makapapasok sa kaharian ng Diyos? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit tiyaking natukoy nila ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Upang makapasok sa kaharian ng Diyos, dapat nating sundin ang ating Ama sa Langit at pagsisihan ang ating mga kasalanan sa halip na sabihin lamang o magkunwaring sinusunod natin Siya.**)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na sitwasyon:

Isang binatilyo ang madalas na nagsasabi sa kanyang mga magulang na pumupunta siya sa aktibidad ng Simbahan pero ang totoo ay sa bahay ng kaibigan niya siya nagpupunta. Kapag kasama niya ang mga lider at titser ng Simbahan, nagsasalita at kumikilos siya na parang sinusunod niya ang mga utos ng Ama sa

Langit, pero kapag hindi na niya sila kasama ay sadyang nilalabag niya ang karamihan sa mga kautusan.

- Paano nakahahadlang ang mga piniling gawin ng binatilyong ito sa pagpasok niya sa kaharian ng Diyos?
- Kung ikaw ang kaibigan ng binatilyong ito, ano ang maaari mong sabihin sa kanya para matulungan siyang magbago ng pag-uugali?

Ipabasa nang malakas sa isa pang estudyante ang sumusunod na sitwasyon:

Isang dalagita ang nakikipagtsismisan sa kanyang mga kaibigan tungkol sa ilang kaeskwelang babae pero nagkukunwaring kaibigan ng mga babaeng ito kapag kasama niya sila. Regular siyang nagsisimba at tumatanggap ng sakramento, pero sa oras ng miting ay kadalasang nagte-text siya sa kanyang mga kaibigan tungkol sa mga pamimintas niya sa mga nasa paligid niya.

- Sa anong mga paraan naipapakita ng dalagitang ito na nagkukunwari lang siyang sumusunod sa mga utos ng Ama sa Langit?
- Bukod pa sa mga halimbawa sa mga sitwasyong ito, ano ang iba pang mga paraan na maaari tayong matukso na magkunwaring sumusunod sa Ama sa Langit sa halip na talagang sumunod sa Kanya?

Sabihin sa mga estudyante na alamin sa pag-aaral nila ng Mateo 21 kung ano ang gagawin nila para maiwasang maging katulad ng puno ng igos na walang bunga.

### Mateo 21:33–22:14

*Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng masasamang magsasaka at ng kasal ng anak na lalake ng hari*

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Kung maaari, bigyan ang bawat magkapartner ng isang kopya ng sumusunod na chart. Ipabasa nang malakas sa magkakapartner ang Mateo 21:33–41 at kumpletuhin ang chart ng salita na sa palagay nila ay inilalarawan ng huling tatlong simbolo.

## Ang Talinghaga ng Masasamang Magsasaka

| Mateo 21:33–41 | |
|---|---|
| **Simbolo** | **Kahulugan** |
| Puno ng sangbahayan | Ama sa Langit |
| Mga magsasaka | |
| Mga alipin | |
| Ang anak na lalake ng pinuno ng sangbahayan | |

Matapos makumpleto ng mga estudyante ang aktibidad na ito, anyayahan ang ilang magkapartner na ibahagi ang isinulat nila. Kung kinakailangan, linawin na

ang mga magsasaka ay kumakatawan sa mga tiwaling pinunong Israelita, ang mga alipin ay kumakatawan sa propeta ng Diyos, at ang anak na lalaki ng puno ng sangbahayan ay kumakatawan kay Jesucristo.

- Ano ang inilalarawan ni Jesus sa pamamagitan ng talinghagang ito? (Ilan sa mga pinuno ng Israel sa nakalipas na mga siglo ay hindi tinanggap ang mga propeta sa Lumang Tipan, at ang kasalukuyang mga pinunong Judio ay gustong patayin si Jesus [tingnan sa *New Testament Student Manual* (Church Educational System manual, 2014), 65]).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 21:43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung kanino ibibigay ang kaharian ng Diyos (ibig sabihin ang Simbahan ni Jesucristo at ang mga pagpapala ng ebanghelyo) matapos itong hindi tanggapin ng mga pinunong Judio.

- Kanino ibibigay ang kaharian ng Diyos?

Ipaliwanag na sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 21:53, tinukoy ang mga Gentil na bansang pagbibigyan ng kaharian ng Diyos. Maaari mong ipaliwanag na ang salitang *Gentil* ay maaaring tumukoy sa "mga taong hindi kabilang sa angkan ng mga Israelita … [o] hindi kabilang sa angkan ng mga Judio" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Gentil, Mga," scriptures.lds.org) o mga bansang hindi nagtataglay ng kabuuan ng awtoridad, ordenansa, mga batas, at mga turo ng Diyos. Ang paglipat ng kaharian sa mga Gentil ay nagsimula nang unang dalhin ang ebanghelyo sa mga Gentil ng mga Apostol matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas (tingnan sa Mga Gawa 10–11; tingnan din sa Mateo 20:16). Ito ay nagpatuloy sa mga huling araw sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, na nanirahan sa bansa ng mga Gentil. Bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, tayo ay kabilang sa mga pinagbigyan ng Diyos ng Kanyang kaharian.

- Ayon sa talata 43, ano ang responsibilidad nating gawin bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo? (Tiyaking natukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, responsibilidad nating gumawa ng mabubuting bagay.** Gamit ang mga isinagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Sabihin sa mga estudyante na pumunta sa pisara at magdrowing ng mga prutas sa puno ng igos. Sabihin sa kanila na lagyan ng label ang prutas ng mga salitang naglalarawan ng mabubuting bagay na dapat nating gawin bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang isinulat nila sa pagtatanong ng:

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang gawin ang bagay na iyan?
- Paano kayo nabiyayaan nang sikapin ninyong gawin ang isa sa mabubuting bagay na ito?

### *Pagbabahagi ng mga iniisip, nadarama, at nararanasan*

Ang pababahagi ng mga kaalaman at mahahalagang karanasan ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin. Kapag nagbabahagi ang mga

estudyante ng kanilang mga karanasan, kadalasang nahihikayat sila ng Espirirtu Santo na mas unawain at patotohanan pa ang mismong mga sinasabi nila. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang mga kaisipan, damdamin, at karanasang ibinabahagi ng mga estudyante ay magkakaroon din ng mahalagang epekto sa puso at isipan ng iba pang mga estudyante.

Ibuod ang Mateo 21:45–46 na ipinapaliwanag na nagalit ang mga punong saserdote at mga Fariseo nang matanto nila na sila ang tinutukoy na masasamang magsasaka sa talinghaga. Gayunman, hindi nila kinanti ang Tagapagligtas dahil natakot sila sa magiging reaksyon ng mga tao kapag ginawa nila ito.

Ipaliwanag na sa Mateo 22:1–10, nabasa natin na nagkuwento ng talinghaga si Jesucristo kung saan inihambing Niya ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa isang piging na ibinigay ng hari para sa kanyang anak na lalake. Ang mga tao na unang inanyayahan sa piging (na kumakatawan sa marami sa mga Judio, kabilang na ang mga pinuno) ay ayaw magsidalo. Ang mga tao na pangalawang inanyayahan (na kumakatawan sa mga Gentil) ay piniling dumalo at masayang kumain sa piging.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:11–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari sa piging ng kasalan.

- Bakit ipinatapon sa labas ng piging ang panauhing ito?

Ipaliwanag na tinupad ng hari ang sinaunang kaugalian nang bigyan niya ang kanyang mga panauhin ng malinis at angkop na damit na isusuot sa kasalan. Gayunman, pinili ng taong ito na huwag isuot ang damit na ibinigay ng hari.

- Sa talinghagang ito, ano ang sinasagisag ng damit sa kasalan? (Maaari mong ipaliwanag na sa mga banal na kasulatan, ang malinis na damit at bata [o robe] ay simbolo ng kabutihan at kadalisayan ng mga taong naging malinis sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo [tingnan sa *New Testament Student Manual* (Church Educational System manual, 2014), 66; tingnan din sa 3 Nephi 27:19].)

Ipaliwanag na idinagdag sa Joseph Smith Translation ng Matthew 22:14 na hindi lahat ng dadalo sa piging ay magsusuot ng damit-kasalan. Ibig sabihin, hindi lahat ng kumikilala sa Tagapagligtas, ay tinawag, at tinanggap ang paanyaya na maging bahagi ng kaharian ay magiging handa at karapat-dapat na mamuhay nang walang hanggan sa piling Niya at ng Ama sa Langit. Ilan sa kanila ay pagkakaitan ang sarili ng mahahalagang pagpapala dahil sila ay hindi nakasuot ng damit ng kabutihan.

- Paano mas nailalarawan ng talinghagang ito ang alituntuning nakasulat sa pisara?

Patotohanan ang kahalagahan ng mga walang hanggang pagpapala na inanyayahan tayong tanggapin. Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano ang ginagawa nila para matanggap ang paanyaya ng Ama sa Langit na tanggapin ang lahat ng pagpapala ng ebanghelyo. Hikayatin silang ipamuhay ang natutuhan nila sa pamamagitan ng paghahanda sa kanilang sarili na matanggap ang mga pagpapalang ito.

## LESSON 25

# Mateo 22:15–46

## Pambungad

Habang nagtuturo si Jesus sa templo, sinubukan ng mga Fariseo at mga Saduceo na lituhin si Jesus sa pagtatanong sa Kanya ng mahihirap na bagay. Nasagot Niya ang kanilang mga tanong at itinuro sa kanila na sundin ang mga batas ng lupain at sundin ang dalawang dakilang utos.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Ituro sa mga estudyante ang mga paraan sa pag-aaral***

Tulungan ang mga estudyante na mas maunawaan at maisaloob ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng mga paraan sa pag-aaral. Hikayatin silang saliksikin ang mga banal na kasulatan para magkaroon sila ng kaalaman, at tulungan silang matuklasan mismo sa kanilang sarili ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Bigyan din sila ng mga pagkakataong ipaliwanag ang ebanghelyo sa kanilang sariling mga salita at ibahagi at patotohanan ang nalalaman at nadarama nila. Hindi lamang ito makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang ebanghelyo kundi madama rin nila sa kanilang puso na ito ay totoo.

### Mateo 22:15–22

*Sinubukan ng mga Fariseo kung malilito nila ang Tagapagligtas kapag tinanong nila sa Kanya kung tama bang magbayad ng buwis*

- Ano ang ilang mahahalagang batas na ipinatutupad ng gobyerno sa ating lipunan? Sa palagay ninyo, bakit mahalaga ang mga ito?

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung mayroon bang anumang batas na hindi nila gaanong nasusunod. Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 22:15–22, sabihin sa kanila na alamin ang itinuro ni Jesucristo tungkol sa pagsunod sa mga batas ng lupain.

Ipaalala sa mga estudyante na sa huling linggo ng buhay sa mundo ng Tagapagligtas, araw-araw Siyang nagturo sa templo sa Jerusalem (tingnan sa Lucas 19:47; 22:53). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:15, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinubukang gawin ng mga Fariseo sa Tagapagligtas.

- Ano ang ibig sabihin ng mga katagang "mahuhuli nila siya sa kaniyang pananalita"?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:16–17, at sabihin sa klase na alamin kung paano tinangkang lituhin ng mga Fariseo ang Tagapagligtas. Ipaliwanag na ang kahulugan ng salitang *bumuwis* sa talata 17 ay magbayad ng buwis, at na si Cesar ang emperador ng Imperyong Romano na namuno sa Israel nang panahong yaon.

- Paano maaaring maging patibong ang itinanong nila kay Jesucristo? (Kung sinabi ng Tagapagligtas na dapat lamang magbayad ng buwis, maaari Siyang

paratangan ng mga Fariseo na panig sa mga Romano at taksil sa Kanyang mga tao. Kung sinabi ng Tagapagligtas na hindi dapat magbayad ng buwis, maaari Siyang akusahan ng mga Fariseo ng pagtataksil at isumbong Siya sa mga pinuno ng mga Romano.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:18–21, at sabihin sa klase na alamin ang isinagot ng Tagapagligtas sa tanong ng mga Fariseo. Ipaliwanag na ang pinatutungkulan ng mga katagang "kaya't ibigay ninyo kay Cesar ang sa kay Cesar" sa talata 21 ay ang ating obligasyon na sumunod sa mga batas ng pamahalaan, tulad ng batas na magbayad ng buwis. Magpakita ng barya at itanong:

- Bakit akmang-akma ang isinagot ng Tagapagligtas sa tanong ng mga Fariseo?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa itinuro ng Tagapagligtas na dapat nating "ibigay … kay Cesar ang sa kay Cesar"? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Inaasahan ng Panginoon na tayo ay magiging mabubuting mamamayan at susunod sa mga batas ng lupain** [tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12].)
- Sa palagay ninyo, bakit mahalaga sa atin bilang mga disipulo ni Jesucristo na maging mabuting mamamayan at sumunod sa mga batas ng lupain? (Tingnan sa D at T 58:21.)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 22:22, na inaalam ang reaksyon ng mga Fariseo sa isinagot ng Tagapagligtas. Sabihin sa mga estudyante na ipaalam ang nalaman nila.

### Mateo 22:23–34

#### *Itinuro ng Tagapagligtas sa mga Saduceo ang tungkol sa kasal at sa Pagkabuhay na Mag-uli*

Ipaliwanag na bukod sa mga Fariseo, sinubukan din ng mga Saduceo na lituhin sa Kanyang isasagot ang Tagapagligtas nang magturo Siya sa templo. Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga paniniwala ng mga Saduceo, sabihin sa kanila na tahimik na basahin ang tala na "Saduceo, Mga" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Sabihin sa klase na alamin ang pinaniniwalaan at hindi pinaniniwalaan ng mga Saduceo.

- Anong mga paniniwala ang ayaw tanggapin ng mga Saduceo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:23–28, at sabihin sa klase na alamin kung paano tinangkang lansihin o lituhin ng mga Fariseo ang Tagapagligtas.

- Paano ninyo ibubuod ang itinanong ng mga Saduceo sa Tagapagligtas?

Ipaliwanag na sadyang binago ng mga Saduceo ang pagsunod sa kaugalian sa Lumang Tipan na ginawa para tulungan ang mga balo (tingnan sa Deuteronomio 25:5–6; Bible Dictionary, "Levirate marriage"). Tinangka nilang eksaherahin o palabisin ang kaugaliang ito upang pabulaanan ang doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:29–30, at sabihin sa klase na alamin ang isinagot ng Tagapagligtas sa tanong ng mga Saduceo.

- Paano sinagot ng Tagapagligtas ang tanong?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang sagot ng Tagapagligtas, ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Hindi *itinatwa* kundi *ipinaliwanag* ni Jesucristo ang inaakala ng marami na sa langit ay may ikakasal at ipapakasal. Ang gusto Niyang sabihin ay kung 'sila' (ang mga Fariseo) at 'sila' ('ang mga anak ng daigdig na ito'), ang pag-uusapan, hindi sila magkakaroon ng pamilya hanggang sa pagkabuhay na mag-uli. …

" 'Samakatwid, kapag sila [ang mga taong hindi susunod, hindi sumusunod, o hindi makasusunod sa batas ng walang hanggang kasal] ay wala na sa daigdig na ito sila ay hindi makakasal o maipapakasal' [D at T 132:16].

"Iyan ay dahil walang pagpapakasal o maipapakasal sa langit para sa mga taong tinukoy ni Jesus; para sa mga taong ni hindi naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli, bukod pa sa ibang mga nakapagliligtas na katotohanan" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo. [1965–73], 1:606).

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang mensahe ng Tagapagligtas sa Mateo 22:29–30, ipaliwanag na inihayag ng Panginoon ang maraming mahahalagang katotohanan tungkol sa walang-hanggang kasal kay Propetang Joseph Smith. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Doktrina at mga Tipan 132:15–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith tungkol sa kasal.

- Sino ang tinukoy ng Panginoon na hindi "ikinasal ni ipinakasal" (talata 16) sa Pagkabuhay na Mag-uli?
- Ano ang katotohanang itinuro ng Tagapagligtas sa Mateo 22:30 at sa Doktrina at mga Tipan 132:15–17 tungkol sa pag-aasawa at sa kabilang-buhay? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Ang mga hindi ibinuklod ng awtoridad ng priesthood sa kanilang asawa sa buhay na ito o hindi nagawan ng mga ordenansa sa templo ay hindi maikakasal sa kabilang buhay.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:31–33, at ipahanap sa klase ang iba pang mga katotohanang itinuro ng Tagapagligtas sa mga Saduceo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas sa talata 32 na nagpapahiwatig na tunay na may Pagkabuhay na Mag-uli?
- Ano ang reaksyon ng mga tao nang marinig nilang itinuro ng Tagapagligtas ang mga doktrinang ito?

## Mateo 22:34–40

*Itinuro ng Tagapagligtas ang dalawang dakilang utos*

Anyayahan ang mga estudyante na magsulat sa kanilang notebook o scripture study journal ng lahat ng maiisip nilang mga kautusan sa loob ng isang minuto. Sabihin sa mga estudyante na ipaalam kung gaano karaming kautusan ang naisulat nila.

Ipaliwanag na itinuturo sa Judaismo na ang batas ni Moises ay kinapapalooban ng 613 utos. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:35–36. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong sa Tagapagligtas ng isa sa mga Fariseo tungkol sa mga utos na ito.

Ang **Mateo 22:36–39** ay isang scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng scripture mastery passages ay makatutulong sa mga estudyante na higit na maunawaan ang mga pangunahing doktrina at maging handa na ituro ang mga ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang scripture mastery passages sa paraang madali itong mahahanap. Tingnan ang ideya sa pagtuturo sa katapusan ng lesson para tulungan ang mga estudyante sa pag-aaral at pagsasaulo ng talatang ito.

- Ano ang itinanong ng Fariseo sa Tagapagligtas?

Bago tingnan ng mga estudyante ang sagot ng Tagapagligtas, pabilugan sa kanila ang isang utos sa kanilang listahan na sa palagay nila ay "dakila," o pinakamahalagang utos. Sabihin sa ilang estudyante na ipaalam kung aling utos ang binilugan nila at ipaliwanag kung bakit nila binilugan ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:37–40. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas sa tanong ng Fariseo.

- Ano ang pinakadakilang utos? Ano ang pangalawang pinakadakilang utos? (Ipaliwanag na ang dalawang utos na ito ay matatagpuan sa batas ni Moises [tingnan sa Deuteronomio 6:5; Levitico 19:18]. Ipaliwanag din na ang utos ng Panginoon na "iibigin mo ang iyong kapuwa" ay tumutukoy sa pakikitungo natin sa iba.)
- Sa palagay ninyo, bakit itinuturing ang mga utos na ito na pinakadakilang mga utos?
- Ano ang ibig sabihin ng sinabi sa talata 40 na "sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan"? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na lahat ng utos ng Diyos na inihayag sa batas ni Moises at sa pamamagitan ng mga propeta sa Lumang Tipan ay ginawa upang tulungan ang mga tao na ipakita ang kanilang pagmamahal sa Diyos at sa kanilang kapwa.)
- Kung bawat utos ay ginawa upang tulungan tayong masunod ang dalawang dakilang utos, anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talata 40 tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa lahat ng utos ng Diyos? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung talagang mahal natin ang Diyos at ang ating kapwa na gaya ng ating sarili, magsisikap tayo na sundin ang lahat ng utos ng Diyos.**)

Para mailarawan ang alituntuning ito, patingnan sa mga estudyante ang listahan ng mga utos na ginawa nila sa kanilang notebook o scripture study journal. Sabihin sa kanila na maglagay ng isang bituin sa tabi ng mga utos na nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos at ng kuwadrado sa tabi ng mga utos na nagpapakita ng pagmamahal sa ating kapwa. (Ang ilang utos ay maaaring markahan ng bituin at ng kuwadrado.) Papiliin ang mga estudyante ng isa sa mga utos na nasa listahan at ipaliwanag kung paano natin naipapakita ang pagmamahal sa Diyos, sa ating kapwa, o pareho, dahil sa pagsunod sa utos na iyon.

- Anong naramdaman ninyo nang pinili ninyong sundin ang isang utos para ipakita na mahal ninyo ang Diyos o ang isang tao?

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa alituntunin na kung talagang mahal natin ang Diyos at ang ating kapwa tulad sa ating sarili, susundin natin ang lahat ng utos ng Diyos. Sabihin sa mga estudyante na umisip ng isang utos na mas matapat nilang masusunod para maipakita na mahal nila ang Ama sa Langit o ang ibang tao, at hikayatin silang magtakda ng mithiin o goal na gawin ito. Sabihin sa kanila na isulat ang mithiing ito sa kanilang notebook o scripture study journal.

### Mateo 22:41–46

*Tinanong ng Tagapagligtas sa mga Fariseo kung ano ang iniisip nila tungkol kay Cristo.*

Ipaliwanag na matapos masagot ng Tagapagligtas ang mga Fariseo at mga Saduceo, nagtanong Siya sa mga Fariseo ng ilang bagay.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:41–42, at sabihin sa klase na alamin ang itinanong ng Tagapagligtas sa mga Fariseo.

- Ano ang mga itinanong ni Jesucristo sa mga Fariseo?
- Paano tumugon ang mga Fariseo?

Ipaliwanag na alam ng karamihan sa mga Judio na si Cristo, o ang Mesiyas, ay isang inapo ni Haring David. Naniwala ang mga Fariseo na ang Mesiyas ay magiging hari ng Israel at tutulungan silang matalo ang mga dayuhang kaaway (tulad ng Roma) at magiging malaya sila, tulad ng nagawa noon ni Haring David. Ibuod ang Mateo 22:43–46 na ipinapaliwanag na itinuro ni Jesus sa mga Fariseo na ayon sa kanilang sariling mga banal na kasulatan, si Cristo ay *higit pa sa* pagiging anak ni David—Siya rin ay Anak ng Diyos. O, tulad nang inihayag kalaunan kay Juan na Pinakamamahal, si Cristo ay kapwa "ang ugat at ang supling ni David" (Apocalipsis 22:16); Siya ay kapwa Panginoon ni David at kanyang inapo.

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung paano nila sasagutin ang tanong na "Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo?" Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas.

### Scripture Mastery—Mateo 22:36–39

Bigyan ng oras ang mga estudyante na isulat ang mga salita mula sa Mateo 22:36–39 sa notecards o maliliit na piraso ng papel. Hikayatin ang mga estudyante na dalhin ang kanilang card at tingnan-tingnan ito sa buong maghapon para matulungan silang maalalang sundin ang una at pangalawang utos.

HOME-STUDY LESSON

# Mateo 18:1–22:26 (Unit 5)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Mateo 18:1–22:26 (unit 5) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na itinuturo mo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Mateo 18–20)

Mula sa talinghaga ng walang awang alipin, natutuhan ng mga estudyante na kung gusto nating patawarin tayo ng Diyos, dapat na handa tayong patawarin ang iba. Natutuhan din nila ang kasagraduhan ng kasal.

### Day 2 (Mateo 21:1–16)

Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa matagumpay na pagpasok ng Tagapagligtas sa Jerusalem, natutuhan nila na kapag hayagan nating kinilala si Jesucristo at hayagang nagsalita tungkol sa Kanya, matutulungan natin ang iba na magkaroon ng pagnanais na matuto pa tungkol sa Kanya. Mula sa paglilinis ng Tagapagligtas ng templo, natutuhan ng mga estudyante na ang bahay ng Panginoon ay sagradong lugar, at gusto Niyang igalang natin ito. Natutuhan din nila na kapag pumupunta tayo sa templo, mapagagaling tayo ng Panginoon.

### Day 3 (Mateo 21:17–22:14)

Napag-aralan ng mga estudyante kung paano isinumpa ng Tagapagligtas ang puno ng igos at pagkatapos ay gumamit ng ilang talinghaga habang nagtuturo Siya sa templo. Natutuhan nila na para makapasok sa kaharian ng Diyos, dapat nating sundin ang ating Ama sa Langit at pagsisihan ang ating mga kasalanan sa halip na sabihin lamang o magkunwaring sinusunod natin Siya. Isa pang katotohanang natutuhan ng mga estudyante ay na bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, responsibilidad nating gumawa ng mabubuting bagay.

### Day 4 (Mateo 22:15–46)

Natutuhan ng mga estudyante na ipinagpatuloy ni Jesus ang Kanyang pagtuturo sa templo at itinuro sa mga tao na inaasahan ng Panginoon na magiging mabubuting mamamayan tayo at masunurin sa mga batas ng lupain. Itinuro ng Tagapagligtas na ang mga taong hindi ibinuklod ng awtoridad ng priesthood sa kanilang asawa sa buhay na ito o hindi nagawan ng mga ordenansa sa templo ay hindi maikakasal sa kabilang buhay. Natutuhan din ng mga estudyante na kung tunay nating minamahal ang Diyos at ang ating kapwa na gaya ng ating sarili, magsisikap tayong sundin ang lahat ng utos ng Diyos.

## Pambungad

Ang lesson na ito ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa Diyos. Matututuhan din nila na mahalagang magalak kapag pinagpapala ng Diyos ang iba.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 19:28–20:16

*Itinuro ni Jesus ang tungkol sa buhay na walang hanggan at ibinigay ang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan*

Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase. Sabihin sa estudyante na kung makakagawa siya ng 10 push-up, tatanggap siya ng gantimpalala (tulad ng 10 piraso ng kendi). Matapos makagawa ng 10 push-up ang estudyante, ibigay sa kanya ang gantimpala, at pagkatapos ay mag-anyaya ng isa pang volunteer. Pagawain ng isang push-up ang pangalawang estudyante, at pagkatapos ay itanong sa klase kung ano sa palagay nila ang dapat tanggaping gantimpala ng estudyanteng ito at bakit. Pabalikin na sa kanilang mga upuan ang dalawang estudyante. Ipaalam sa klase na maya-maya ay tatanggapin ng pangalawang estudyante ang kanyang gantimpala batay sa matututuhan ng klase sa mga banal na kasulatan.

Ipaliwanag na nang nagtuturo si Jesus sa baybayin ng Judea, tinanong ni Pedro kung ano ang tatanggapin ng mga disipulo dahil iniwan nila ang kanilang ari-arian para masunod ang Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:28–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas kay Pedro.

- Ayon sa talata 29, ano ang mamanahin ng bawat tao na handang iwanan ang lahat para masunod ang Tagapagligtas?

Ipaliwanag na kasunod niyon ay itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang isang talinghaga na makatutulong sa kanila na maunawaan ang hangarin ng Ama sa Langit na bigyan ang lahat ng Kanyang mga anak ng pagkakataong matanggap ang buhay na walang hanggan. Sa talinghagang ito, isang lalaki ang umupa ng mga manggagawa na magtatrabaho sa kanyang ubasan sa iba't ibang oras sa buong maghapon. Maaari mong ipaliwanag na ang karaniwang araw na pagtatrabaho sa panahon ng Bagong Tipan ay mga alas-6 n.u. hanggang alas-6 n.h., na nababago lang nang kaunti sa iba't ibang panahon ng taon.

Isulat sa pisara ang sumusunod na chart o ibigay ito sa mga estudyante bilang handout:

| ***Mga Manggagawa (Simula ng Oras ng Trabaho)*** | ***Ang Pinagkasunduang Suweldo*** | ***Oras ng Trabaho*** | ***Halagang Ibinayad*** |
|---|---|---|---|
| *Sa umaga (alas-6 n.u.)* | | | |
| *Ika-3 oras (alas-9 n.u.)* | | | |
| *Ika-6 na oras (alas-12 n.h.)* | | | |

| ***Mga Manggagawa (Simula ng Oras ng Trabaho)*** | ***Ang Pinagkasunduang Suweldo*** | ***Oras ng Trabaho*** | ***Halagang Ibinayad*** |
|---|---|---|---|
| *Ika-9 na oras (alas-3 n.h.)* | | | |
| *Ika-11 oras (alas-5 n.h.)* | | | |

Sabihin sa mga estudyante na maggrupu-grupo. Ipabasa sa mga grupo nila ang Mateo 20:1–7, na inaalam kung gaano katagal nagtrabaho ang bawat grupo ng manggagawa at ang sweldong napagkasunduan nila. (Ipaliwanag na ang “isang denario” ay barya ng mga Romano na halos katumbas ng isang araw na sweldo ng manggagawa.)

Pagkatapos ng sapat na oras, papuntahin sa pisara ang ilang estudyante at ipakumpleto sa kanila ang unang dalawang column ng chart (o ipakumpleto ito sa kanila sa mga kopyang ibinigay mo sa kanila).

- Sino sa palagay ninyo ang dapat tumanggap ng pinakamalaking bayad?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 20:8–10. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang natanggap na bayad ng bawat grupo ng mga manggagawa.

- Magkano ang tinanggap na bayad ng bawat grupo ng mga manggagawa? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang *1 denario* sa bawat isa sa mga kahon sa column na may nakasulat na “Halagang Ibinayad.”)
- Kung isa kayo sa mga manggagawa na nagtrabaho maghapon, ano kaya ang maiisip o mararamdaman ninyo kapag pareho lang kayo ng natanggap na bayad ng nagtrabaho nang isang oras lang?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 20:11–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng mga taong nagtrabaho nang maghapon sa panginoon ng ubasan at ano ang isinagot nito sa kanila.

- Ano ang reklamo ng mga nagtrabaho maghapon?
- Ano ang isinagot ng panginoon ng ubasan?
- Paano naging makatarungan (o patas) ang panginoon ng ubasan sa mga nagtrabaho nang maghapon?

Para matulungan ang mga estudyante na matukoy ang katotohanan sa talinghagang ito, ipaliwanag na ang sweldo na isang denario ay maaaring sumagisag sa buhay na walang hanggan, na binanggit sa Mateo 19:29. Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Ang Diyos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na …*

- Kung ang gantimpala sa talinghagang ito ay sumasagisag sa buhay na walang hanggan, ano ang maaaring isagisag ng pagtatrabaho? (Maaaring iba-iba ang

sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking nabigyang-diin na ang pagtatrabaho sa talinghagang ito ay maaaring sumagisag sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa Diyos. Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang katotohanan na nasa pisara tulad ng sumusunod: **Ang Diyos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na pinipiling gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa Kanya.**)

Ipaliwanag na ang katotohanang ito ay tumutulong sa atin na maunawaan ang awa ng Ama sa Langit sa mga tao na hindi kaagad nakagawa o nakatupad ng mga tipan at sa mga hindi nagkaroon ng pagkakataong gawin ito noong sila ay nabubuhay pa (tingnan sa D at T 137:7–8).

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang malaman na ang Diyos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na pinipiling gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa Kanya, kailanman ito naganap?

Ipaalala sa mga estudyante ang pangalawang estudyante na isang beses lang nagpush-up, at itanong:

- Sa palagay ninyo ano ang dapat matanggap ng estudyanteng ito na nagpush-up nang isang beses? (Ibigay sa estudyante ang gantimpalang ibinigay mo sa estudyante na nagpush-up nang 10 beses.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 20:15–16. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sinagot ng panginoon ng ubasan ang mga taong nagreklamo tungkol sa kabaitan niya sa ibang mga manggagawa.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang itanong niya, "Masama ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti?" (talata 15).

Ipaliwanag na ginamitan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tanong na ito ng ibang mga salita na gaya ng sumusunod: "Bakit *ka* naiinggit kung pinili *kong* maging mabait?" ("Ang mga Manggagawa sa Ubasan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2012, 31).

- Ano ang ibig sabihin ng marami ang tinawag subalit iilan ang napili? (Ang ibig sabihin ng *tinawag* ay naanyayahan na makibahagi sa gawain ng Ama sa Langit. Ang ibig sabihin ng *pinili* ay matanggap ang Kanyang mga pagpapala—pati na ang mga pagpapala na buhay na walang hanggan. Tingnan sa D at T 121:34–40.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talata 16? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang ilang mga alituntunin, kabilang na ang sumusunod: **Kung pipiliin nating mainggit sa mga pagpapala ng Ama sa Langit sa iba, maaaring mawala sa atin ang mga pagpapalang nais Niyang ibigay sa atin.**)

Basahin nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland, at sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung paano sila maaaring matuksong mainggit sa mga pagpapalang ibinibigay ng Ama sa Langit sa iba:



"May mga pagkakataon sa buhay natin na ibang tao ang nagtatamo ng di-inaasahang pagpapala o tumatanggap ng espesyal na pagkilala. Maaari ba akong magsumamo sa inyo na huwag kayong maghinanakit—at huwag mainggit—kapag sinusuwerte ang iba? Walang nababawas sa atin kapag may nadaragdag sa iba. Hindi tayo nagpapaligsahan para makita kung sino ang pinakamayaman o pinakamatalino o pinakamaganda o pinakamapalad. Ang paligsahang *talagang* pinasukan natin ay ang paligsahan laban sa kasalanan. …

"… Ang pag-iimbot, pagmamalaki, o paninira ay *hindi* nag-aangat sa katayuan *mo* ni hindi nagpapaganda ng reputasyon mo ang paghamak mo sa iba. Kaya maging mabait, at magpasalamat na mabait ang Diyos. Paraan iyan para mabuhay nang masaya" ("Mga Manggagawa sa Ubasan," 31, 32).

Magpatotoo sa mga katotohanang natukoy ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan.

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag. Bigyan ng oras ang mga estudyante para makumpleto ang pahayag sa kanilang notebook o scripture study journal: *Batay sa natutuhan ko mula sa talinghagang ito, ako ay …*

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang isinulat nila kung komportable silang gawin ito.

## Susunod na Unit (Mateo 23:1–26:30)

Para matulungang maihanda ang mga estudyante sa susunod na unit, sabihin sa kanila kung paano nila pinakamabuting maihahanda ang sarili para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Anong mga katotohanan ang itinuturo nang ibigay ni Jesucristo ang mga talinghaga ng sampung dalaga, ng mga talento, at ng mga tupa at mga kambing? Anong ordenansa ang ipinalit ng Tagapagligtas sa Paskua? Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga sagot sa kanilang pag-aaral sa susunod na linggo.

LESSON 26

# Mateo 23

## Pambungad

Sa huling linggo ng ministeryo sa mundo ng Tagapagligtas, kinondena Niya ang pagpapaimbabaw (o pagkukunwaring mabait) ng mga eskriba at mga Fariseo at nalungkot na hindi tinanggap ng mga tao ng Jerusalem ang Kanyang pagmamahal at pangangalaga.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 23:1–12

*Kinondena ng Tagapagligtas ang pagpapaimbabaw ng mga eskriba at mga Fariseo*

Sabihin sa mga estudyante na ipakita ang kanilang set ng mga banal na kasulatan sa isa't isa at alamin kung sino ang may pinakamalaking set.

- Ano ang magiging reaksyon ninyo kapag may nagsabi na ang taong may pinakamalaking set ng mga banal na kasulatan ang pinakamabait?
- Bakit hindi ito epektibong paraan para malaman kung mabuti ang isang tao?
- Ano ang mangyayari kung huhusgahan natin ang kabutihan ng iba sa panlabas na anyo? (Ang isang maaaring maging problema ay maisip ng iba na magkunwaring mabait.)
- Ano ang pagpapaimbabaw? ("Ang karaniwang ibig sabihin nito ay pagkukunwaring relihiyoso" [Bible Dictionary, "Hypocrite"]. Maaari din itong tumukoy sa isang tao na nagkukunwaring hindi relihiyoso.)

Ipaliwanag na bilang bahagi ng huling mensahe ng Tagapagligtas sa publiko na ibinigay sa templo sa Jerusalem sa huling linggo ng Kanyang mortal na ministeryo, kinondena Niya ang pagpapaimbabaw ng mga eskriba at mga Fariseo.

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng mga katotohanan sa Mateo 23 na makatutulong sa kanila na malaman ang dapat gawin kapag nakita nilang nagkukunwari ang ibang tao at ano ang magagawa nila para hindi maging mapagkunwari.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 23:1–7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa mga ginagawa ng mga eskriba at mga Fariseo na nagpapakita ng pagpapaimbabaw. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mga katagang "nagsisiupo sa luklukan ni Moises" (talata 2) ay may awtoridad ang mga eskriba at mga Fariseo na ituro ang doktrina at bigyang-kahulugan at ipatupad ang batas. Ang mga kataga ay maaari ding tumukoy sa isang literal na upuan na matatagpuan sa ilang sinaunang sinagoga na inilaan para sa mga taong itinuturing ang kanilang sarili na mas karapat-dapat kaysa sinumang tao sa sinagoga.

- Sa paanong mga paraan nagiging mapagpaimbabaw ang mga eskriba at mga Fariseo?

Kung mayroon, magdispley ng larawan ng isang taong may suot na pilakteria, na tinatawag ding *tefillin.* Ipaliwanag na kaugalian na sa mga Judio na magsuot ng mga pilakteria, na maliit na kahong yari sa katad (balat) at itinatali sa noo at braso. Sa loob ng mga pilakteria ay maliliit na bilot ng papel na may nakasulat na talata mula sa banal na kasulatan ng Hebreo. Ang mga Judio ay nagsusuot ng mga pilakteria upang tulungan sila na maalalang sundin ang mga utos ng Diyos (tingnan sa Deuteronomio 6:4–9; 11:13–21; Exodo 13:5–10, 14–16). Hindi kinokondena ng Panginoon ang mga nagsusuot ng mga pilakteria, ngunit kinokondena Niya ang mga nagsusuot nito para magpakitang-tao o pinalalaki ito para mapansin sila ng iba o magmukha silang mas importanteng tao.


**Lalaking Judio na may suot na mga pilakteria**

- Ayon sa Mateo 23:5, bakit pinalaki ng mga eskriba at mga Fariseo ang kanilang mga pilakteria, at ang "mga laylayan ng kanilang mga damit"?
- Sa anong iba pang paraan nila hangad na "mangakita ng mga tao" (talata 5) o tumanggap ng papuri ng mundo?
- Ayon sa payo ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo sa Mateo 23:3, ano ang magagawa natin kapag nakikita nating kumikilos ang iba nang may pagpapaimbabaw, o pagkukunwaring mabait pero hindi naman talaga? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Maaari nating piliing sundin ang mga batas ng Diyos kahit nakikita nating nagkukunwaring mabait lang ang iba.**)
- Sa palagay, ninyo bakit mahalagang sundin ang katotohanan o alituntuning ito sa ating panahon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 23:8, at sabihin sa klase na alamin ang ipinayo ng Panginoon sa mga tao na huwag gawin. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ituro ang mga katagang "kayong lahat ay magkakapatid" (talata 8) at ipaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa mga tao na hindi dapat ituring ang kanilang sarili na nakahihigit sa iba, dahil silang lahat ay mga anak ng Diyos, at pantay-pantay sa Kanyang paningin.

Ibuod ang Mateo 23:9–10 na ipinapaliwanag na pinatotohanan ng Tagapagligtas na ang Ama sa Langit ang ating Tagapaglikha at na Siya, si Cristo, ay isinugo ng Ama

at ang ating tunay na Panginoon na nagbibigay-buhay (tingnan sa Joseph Smith Translation, Matthew 23:6; Matthew 23:7).

Ipaliwanag na inakala ng mga eskriba at mga Fariseo na magiging dakila sila dahil sa kanilang katungkulan at katayuan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 23:11–12, at sabihin sa klase na alamin kung sino ang sinabi ng Tagapagligtas na ituturing Niyang dakila sa kaharian ng Diyos.

- Ayon sa talata 11, sino ang ituturing na dakila sa kaharian ng Diyos?
- Ayon sa talata 12, ano ang mangyayari kung tayo, tulad ng mga Fariseo, ay magtatangkang "[mag]mataas" (o iangat) ang ating sarili sa iba? (Matapos sumagot ang mga estudyante, tiyaking nauunawaan nila ang sumusunod na alituntunin: **Kung magtatangka tayong magmataas sa iba, tayo ay mabababa.** Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *mabababa* ay mamaliitin o kukutyain o hindi rerespetuhin.)
- Ayon sa mga talata 11–12, ano ang mangyayari kung tayo ay mapagkumbaba at naglilingkod sa iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung tayo ay mapagkumbaba at naglilingkod sa iba, tayo ay itataas ng Panginoon.**)

Ipaliwanag na ang katagang "matataas" (talata 12) ay nagpapahiwatig na ang Panginoon ay iaangat at tutulungan tayong maging higit na katulad Niya.

- Batay sa natutuhan ninyo sa Mateo 23, ano ang ibig sabihin ng magpakumbaba?

Idrowing sa pisara ang sumusunod na continuum. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mabubuti nilang ginagawa sa eskwela, sa tahanan, at simbahan. Sabihin sa kanila na pag-isipan kung saan nila ilalagay ang sarili sa continuum na ito batay sa intensyon nila sa paggawa ng mabuti at pagpapakumbaba.




Hikayatin ang mga estudyante na alalahanin na tayong lahat ay mga anak ng Ama sa Langit. Maaari mo rin silang hikayatin na magtakda ng mithiin o goal na paglingkuran ang isang tao araw-araw sa susunod na buwan. Maaari mong sabihin sa kanila na isulat ang karanasang ito sa kanilang journal.

## Mateo 23:13–36

### *Si Jesucristo ay nagpahayag ng pagkaaba o kapighatian sa mga eskriba at mga Fariseo*

Bago magsimula ang klase, maghanda ng tatlong tasa na hindi kita ang nasa loob o hindi transparent. Lagyan ng putik o grasa ang labas ng unang tasa at ang loob ng pangalawang tasa, at iwanang malinis ang pangatlong tasa. Ipakita ang mga tasa, at itanong sa klase kung alin ang gugustuhin nilang inuman. Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng klase, at patingnang mabuti sa kanya ang loob ng mga tasa at ipaliwanag kung alin sa mga tasa ang gugustuhin niyang inuman at bakit.

- Sa paanong mga paraan naglalarawan ng pagpapaimbabaw ang maruruming tasa?

Ibuod ang Mateo 23:13–36 na ipinapaliwanag na kinondena ng Tagapagligtas ang mga eskriba at mga Fariseo sa pagiging mapagpaimbabaw. Ipabasa nang mabilis sa mga estudyante ang mga talatang ito, na hinahanap ang salitang inulit ng Tagapagligtas sa simula ng ilang talata. Sabihin sa kanila na ipaalam ang nahanap nila. Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang mga katagang *sa aba* sa mga talatang ito. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *sa aba* ay paghihirap, pagdurusa, at kalungkutan.

Isulat sa pisara ang sumusunod na scripture references at mga tanong:

*Mateo 23:23–24*

*Mateo 23:25–26*

*Mateo 23:27–28*

*Mateo 23:29–36*

*Sa paanong mga paraan nagiging mapagpaimbabaw ang mga eskriba at mga Fariseo?*

*Anong mga halimbawa ng ganitong pagpapaimbabaw ang makikita natin sa ating panahon?*

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa magkapartner na basahin nang malakas ang bawat reference na nasa pisara at talakayin ang mga tanong sa pisara matapos nilang mabasa ang bawat reference. [NO TRANSLATION]

### Tulungan ang mga estudyante na gawin ang kanilang responsibilidad sa pag-aaral

Ang espirituwal na pag-aaral ay nangangailangan ng pagsisikap at pagpili ng mag-aaral. Para sa karamihan sa mga estudyante, ang pag-aaral mula sa mga banal na kasulatan ay tila hindi pamilyar at mahirap. Gayunman, matutulungan mo silang maunawaan, tanggapin, at gawin ang kanilang responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo. Sa aktibong paggawa ng mga estudyante sa kanilang responsibilidad sa pag-aaral ng ebanghelyo, madali nilang nahihiwatigan ang impluwensya ng Espiritu Santo.

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ireport ang kanilang mga sagot.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 23:26, at sabihin sa klase na alamin ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat gawin ng mga Fariseo para maiwasan ang pagiging mapagpaimbabaw.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat gawin ng mga Fariseo?
- Batay sa itinuro ng Tagapagligtas sa mga Fariseo, ano ang mangyayari sa atin kapag sinikap nating maging espirituwal na malinis sa kalooban? (Matapos

sumagot ang mga estudyante, tiyaking naunawaan nila ang sumusunod na alituntunin: **Kapag malinis ang kalooban natin, makikita ito sa mga pagpili natin.**)

- Ano ang dapat nating gawin para luminis ang ating kalooban?
- Paano makikita sa ating mga pinipili ang mabuting kalooban natin?

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung anong tasa ang naglalarawan nang husto ng kanilang espirituwalidad sa ngayon. Patotohanan ang naunang alituntunin, at hikayatin ang mga estudyante na magtakda ng mithiin o goal na makatutulong sa kanila na maging espirituwal na malinis.

## Mateo 23:37–39

### *Ang Tagapagligtas ay nalungkot dahil hindi lumapit sa Kanya ang mga tao ng Jerusalem*

Magdispley o magdrowing ng larawan ng inahing manok na pinoprotektahan ang kanyang mga sisiw.



- Bakit tinitipon ng inahing manok ang kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak? (Upang protektahan sila sa panganib. Ipaliwanag na handang isakripisyo ng inahing manok ang kanyang buhay para maprotektahan ang kanyang mga sisiw.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 23:37–39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano itinulad ng Tagapagligtas ang sarili sa inahing manok.

- Paano nagiging katulad ng inahing manok na nagtitipon ng kanyang mga sisiw ang Tagapagligtas?
- Ano ang ibig sabihin ng matipon ng Tagapagligtas?

Bigyang-diin ang mga katagang "ang inyong bahay ay iniiwan sa inyong wasak" (talata 38), at ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *wasak* ay wala nang laman o pinabayaan na. Dahil ayaw magpatipon ng mga tao sa Tagapagligtas, nawalan sila ng proteksyon. Ang mga katagang ito ay maaaring tumutukoy sa espirituwal na kalagayan ng mga tao noong panahon ni Jesus gayundin sa hinaharap kung kailan wawasakin ang Jerusalem.

- Batay sa itinuro ni Jesus tungkol sa inahing manok at Kanyang mga sisiw, ano ang matatanggap natin kung handa tayong magpatipon sa Tagapagligtas? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung tayo ay handang magpatipon sa Tagapagligtas, makatatanggap tayo ng Kanyang pangangalaga at proteksyon.**)

- Paano natin maipakikita sa Tagapagligtas na handa tayong magpatipon sa Kanya? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan na maaari silang magpatipon sa Tagapagligtas, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan:



"Ilang ulit [sinabi ng Tagapagligtas] na titipunin Niya tayo tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw. Sinabi Niya na kailangan nating piliing lumapit sa Kanya. …

"Isang paraan para magawa ito ay ang makipagtipon sa mga Banal sa Kanyang Simbahan. Dumalo sa inyong mga miting, kahit parang mahirap. Kung desidido kayo, bibigyan Niya kayo ng lakas na gawin iyon" ("Sa Lakas ng Panginoon ( *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 18).

- Ano ang sinabi ni Pangulong Eyring na magagawa natin upang ipakita na gusto nating matipon ng Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na tingnan sa pisara ang mga nakasulat na paraan na maipapakita natin na gusto nating matipon ni Cristo. Anyayahan silang ibahagi kung paano sila nakatanggap ng pangangalaga at proteksyon dahil natipon sila sa Tagapagligtas sa isa sa mga paraang iyon.

Hikayatin ang mga estudyante na magpasiya kung ano ang gagawin nila para matipon sa Tagapagligtas nang sa gayon ay patuloy nilang matanggap ang Kanyang pangangalaga at proteksyon.

LESSON 27

# Joseph Smith—Mateo; Mateo 24

## Pambungad

Ipinropesiya ni Jesucristo ang pagkawasak ng Jerusalem at ng templo. Inihayag Niya ang mga tanda o palatandaan ng Kanyang Ikalawang Pagparito at tinagubilinan ang matatapat na abangan at paghandaan ang araw na iyon.


## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### *Pagpapakahusay bilang guro*

Kapag hinangad mong magpakahusay pa at patuloy na magsikap upang magturo sa paraang nakasisiya sa ating Ama sa Langit, bibigyang-inspirasyon ka Niya sa iyong paghahanda, patitibayin ang ugnayan ninyo ng mga estudyante, palalawakin ang mga nagagawa mo, at pagpapalain ka ng Kanyang Espiritu. Tutulungan ka niyang makita kung paano ka uunlad habang sinisikap mong magturo sa paraan na mauunawaan at magtitiwala ang iyong mga estudyante sa mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

### Joseph Smith—Mateo 1:1–20

*Ipinropesiya ni Jesus ang pagkawasak ng Jerusalem at ng templo*



Idispley ang larawang Ang Ikalawang Pagparito (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 66; tingnan din sa LDS.org). Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga tanong na mayroon sila tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at isulat ang mga tanong na ito sa kanilang notebook o scripture study journal. Huwag munang sagutin ang mga tanong na ito. Ipahanap sa mga estudyante ang mga sagot sa pag-aaral nila ng Joseph Smith—Mateo.

Ipaliwanag na ang Joseph Smith—Mateo ay ang pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 23:39 at Mateo 24. Ibuod ang Joseph Smith—Mateo 1:1–3 na ipinapaliwanag na noong nagturo si Jesucristo sa templo sa Jerusalem, naunawaan ng Kanyang mga disipulo na Siya ay muling paparito sa mundo. Pagkatapos ay umalis

si Jesus sa templo, at nagsilapit sa Kanya ang Kanyang mga disipulo dahil gusto pa nilang malaman kung kailan wawasakin ang templo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Joseph Smith—Mateo 1:4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang dalawang bagay na itinanong ni Jesus habang nasa Bundok ng mga Olibo. Sabihin sa mga estudyante na ireport ang nalaman nila, at isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:

1. *Kailan wawasakin ang Jerusalem at ang templo?*
2. *Ano ang palatandaan ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at ang pagkalipol ng masasama?*

Ipaliwanag na sinagot ni Jesucristo ang unang tanong sa mga talata 5–21, at ang pangalawang tanong ay sinagot sa mga talata 21–55. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa kanila na basahin nang malakas sa kapartner nila ang Joseph Smith—Mateo 1:5–12, na inaalam ang mga palatandaan na kaugnay ng pagkawasak ng Jerusalem at ng templo. Sabihin sa mga estudyante na magreport tungkol sa nalaman nila.

- Bagama't sinabi ni Jesus na maghihirap ang Kanyang mga disipulo sa panahong ito, ano ang sinabi Niya tungkol sa mga taong "mananatiling matatag at hindi madadaig"? (talata 11).
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talata 11? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung tayo ay mananatiling matatag at hindi madadaig, tayo ay maliligtas.** Gamit ang mga salita ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Ano ang ibig sabihin ng maging matatag at hindi madadaig? (Ang maging *matatag* ay ang di-paggalaw sa kinatatayuan, pagiging matibay, di-natitinag, at di-nagagapi.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahulugan ng salitang *maliligtas* sa talata 11, ipaliwanag na kapag tayo ay matatag, maaaring mahirapan pa rin tayo, ngunit tiyak na maliligtas tayo sa kaharian ng Diyos.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na talata. Sabihin sa klase na pakinggan kung paano nakaligtas sa pagkawasak ang mga nanatiling matatag sa pagsunod sa payo ng Tagapagligtas:

Nalaman natin sa Joseph Smith—Mateo 1:13–18 na nagbabala si Jesus sa Kanyang mga disipulo na humanda sa pagtakas patungo sa mga bundok at huwag nang bumalik pa sa kanilang mga bahay dahil wawasakin ang Jerusalem. Siya ay nagpropesiya na ang kapighatian sa mga araw na iyon ang pinakamatindi at hindi pa naranasan sa Israel. Noong A.D. 70, mga 40 taon matapos sabihin ni Jesus ang mga katagang ito, nilusob ng mga Romano ang Jerusalem at pinatay ang mahigit isang milyong Judio. Ang templo ay winasak, at wala ni isang bato sa ibabaw ng ibang bato na hindi bumagsak—tulad ng ipinropesiya ng Tagapagligtas (tingnan sa Mateo 24:2). Gayunman, ang mga taong nakinig sa babala ni Jesus ay ligtas na

nakatakas patungong Pella, isang bayan na mga 50 milya pahilagang-silangan ng Jerusalem (tingnan sa Bible Dictionary, "Pella").

- Paano naipakita sa karanasan ng mga Judio ang kahalagahan ng pananatiling matatag sa pagsunod sa mga salita ng Tagapagligtas?
- Kailan kayo napagpala sa pananatiling matatag sa pagsunod sa mga kautusan?

Ibuod ang Joseph Smith—Mateo 1:19–20 na ipinapaliwanag na ipinropesiya ni Jesus na kahit daranas ng matitinding pagsubok ang mga Judio, sila ay pangangalagaan dahil sa tipan na ginawa sa kanila ng Diyos.

### Joseph Smith—Mateo 1:21–37

*Ipinropesiya ni Jesus ang mga palatandaan ng Kanyang Ikalawang Pagparito*

Ipaliwanag na bukod pa sa pagpapaliwanag ng mga palatandaang magsisilbing babala sa pagkawasak ng Jerusalem, sinagot ng Tagapagligtas ang pangalawang tanong ng kanyang mga disipulo sa pagpopropesiya ng mga palatandaan tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Joseph Smith—Mateo 1:21–23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung bakit inihayag ng Panginoon ang mga palatandaan ng Kanyang Ikalawang Pagparito.

- Bakit mahalaga na alam at nauunawaan ng mga disipulo ni Jesucristo ang mga palatandaang nagsisilbing hudyat sa Ikalawang Pagparito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Joseph Smith—Mateo 1:24–26. Sabihin sa klase na alamin kung paano magpapakita ang Tagapagligtas sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

- Sa paanong paraan magpapakita ang Tagapagligtas sa Kanyang Ikalawang Pagparito?
- Paano makatutulong ang kaalamang ito sa mga hinirang para hindi sila malinlang?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Joseph Smith—Mateo 1:27–31, na inaalam ang mga palatandaan na mangyayari bago ang Ikalawang Pagparito.

- Anong mga pagsubok ang mararanasan ng mga Banal bago sumapit ang Ikalawang Pagparito?
- Batay sa talata 27 at 31, anong magagandang palatandaan ang mangyayari bago ang Ikalawang Pagparito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Bago mangyari ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, ang mga hinirang ng Panginoon ay matitipon at ang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong mundo.**)
- Sa paanong mga paraan natin nakikitang natutupad ang propesiyang ito?

Ipaliwanag na inilalarawan sa Joseph Smith—Mateo 1:32–36 ang karagdagang mga palatandaan na kaugnay ng Ikalawang Pagparito.

Ipaalala sa mga estudyante ang mga babala ng Tagapagligtas na sa mga huling araw ay may mga bulaang Cristo at bulaang mga propeta na maghahangad na "malinlang … pati ang mga nahirang" (talata 22). Ipabasa nang malakas sa isang

estudyante ang Joseph Smith—Mateo 1:37. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano maiiwasan ng mga hinirang ang malinlang.

- Paano maiiwasan ng mga hinirang ang malinlang?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa talatang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung pahahalagahan natin ang salita ng Panginoon, hindi tayo malilinlang.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Isa sa aking mahuhusay na missionary na kasama ko noong ako ang mission president sa Toronto [Canada] ay nakipagkita sa akin makalipas ang ilang taon. Tinanong ko siya, 'Elder, ano ang maitutulong ko sa iyo?'

" 'President,' sabi niya, 'Palagay ko po nawawalan na ako ng patotoo.'

"Hindi ako makapaniwala. Itinanong ko kung paano nangyari iyon.

" 'Sa unang pagkakataon nakabasa ako ng artikulong laban sa mga Mormon,' sabi niya. 'May mga tanong ako na hindi masagot ng kahit sino. Naguguluhan ako, at palagay ko nawawalan na ako ng patotoo' " ("When Shall These Things Be?" *Ensign,* Dis. 1996, 60).

Itanong sa mga estudyante na pag-isipan kung nangyari din ba sa kanila, o sa sinumang kilala nila, ang naranasan ng dating missionary na ito.

- Ano ang ipapayo ninyo sa isang taong nasa ganitong sitwasyon? Bakit?

Sabihin sa isang estudyante na ituloy ang pagbasa nang malakas sa kuwento ni Elder Ballard:

"Itinanong ko kung ano ang mga itinatanong niya, at sinabi niya sa akin. Iyon ay mga karaniwang sinasabi laban sa Simbahan, ngunit gusto ko munang magtipon ng materyal upang makapagbigay ng mga makabuluhang sagot. Kaya nagkasundo kaming magkita pagkatapos ng 10 araw, at sasagutin ko sa araw na iyon ang bawat tanong niya. Nang siya'y paalis na, pinigilan ko siya.

" 'Elder, marami kang itinanong sa akin ngayon,' sabi ko. 'Ngayon, may isa lang akong tanong sa iyo.'

" 'Ano po iyon, President?'

" 'Kailan mo huling binasa ang Aklat ni Mormon?' tanong ko.

"Napatingin siya sa baba. Matagal siyang tumitig sa sahig. Pagkatapos ay tumingin siya sa akin. 'Matagal na, President,' pag-amin niya.

"Sige," sabi ko. 'Binigyan mo ako ng assignment. Patas lang na bigyan din kita. Gusto kong ipangako mo sa akin na magbabasa ka ng Aklat ni Mormon nang kahit isang oras araw-araw simula ngayon at hanggang sa muli nating pag-uusap.' Pumayag siya na gagawin iyon.

> "Pagkaraan ng 10 araw ay bumalik siya sa opisina ko, at handa na ako. Inilabas ko ang mga papel para simulan ang pagsagot sa kanyang mga tanong, ngunit pinigilan niya ako.
>
> " 'President,' sabi niya, hindi na po kailangan iyan.' Pagkatapos ay ipinaliwanag niya: 'Alam kong totoo ang Aklat ni Mormon. Alam kong si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos.
>
> " 'Natutuwa akong marinig iyan,' sabi ko. 'Pero makukuha mo pa rin ang mga sagot sa mga tanong mo. Ang tagal kong ginawa ito, kaya maupo ka lamang diyan at makinig.'
>
> "Kaya sinagot ko ang lahat ng kanyang mga tanong at pagkatapos ay itinanong ko, 'Elder ano ang natutuhan mo rito?'
>
> "At sabi niya, 'Bigyan ng oras ang Panginoon' " ("When Shall These Things Be?" 60).

- Paano nailalarawan ng karanasang ito ang alituntuning natukoy natin sa talata 37?
- Paano kayo napagpala nang pahalagahan ninyo ang salita ng Panginoon?

## Joseph Smith—Mateo 1:38–55

### *Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na maghanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito*

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng mga talinghaga, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo kung paano pahalagahan ang Kanyang salita at maging handa sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa isang kapartner na pag-aralan ang Joseph Smith—Mateo 1:38–46 at pag-aralan naman ng isa pang kapartner ang Joseph Smith—Mateo 1:47–54. (Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga doktrina at alituntunin sa mga naka-assign na talata sa kanila at isulat ang mga ito.


Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibuod sa kapartner nila ang mga talinghagang kanilang binasa at talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Anong mga katotohanan ang natukoy ninyo?
- Paano inilarawan ng Tagapagligtas ang mga katotohanang ito sa mga talatang pinag-aralan ninyo?

Sabihin sa ilang estudyante na ipaalam ang mga katotohanang natukoy nila, na maaaring kabilangan ng mga sumusunod: **Tanging ang Ama sa Langit lamang ang nakaaalam kung kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Kung aabangan natin ang mga palatandaan at susundin ang mga utos ng Panginoon, magiging handa tayo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.**

Rebyuhin ang mga katotohanang tinukoy sa Joseph Smith—Mateo, at itanong sa mga estudyante kung paano makatutulong ang mga katotohanang ito na masagot ang mga tanong na isinulat nila sa simula ng lesson. Anyayahan silang patotohanan ang mga katotohanang natutuhan nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol (kung maaari, bigyan ng mga kopya nito ang mga estudyante):



"Paano kung bukas na ang dating Niya? Kung alam nating haharap tayo sa Panginoon bukas—sa maagang pagkamatay natin o sa di-inaasahang pagdating Niya—ano ang gagawin natin ngayon? Ano ang mga ipagtatapat natin? Anong mga gawi ang ititigil natin? Anong mga pagkukulang ang babayaran natin? Ano ang mga patatawarin natin? Anong mga patotoo ang ibibigay natin?

"Kung gagawin natin ang bagay na ito, bakit hindi pa ngayon?" ("Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 9).

Sabihin sa mga estudyante na magsulat ng sagot sa sumusunod na tanong: Kung alam ko na makikita ko ang Tagapagligtas bukas, ano ang babaguhin ko ngayon? Hikayatin sila na ipamuhay ang isinulat nila.

LESSON 28

# Mateo 25:1–13

## Pambungad

Nang turuan ni Jesucristo nang sarilinan ang Kanyang mga disipulo sa Bundok ng Olibo tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito, itinuro Niya ang talinghaga ng sampung dalaga.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 25:1–13

*Itinuro ni Jesucristo ang talinghaga ng Sampung Dalaga*

***Gumamit ng mga kuwento para makuha ang atensyon at makaunawa***

Ang mga kuwento ay nakakakuha ng atensyon ng mga estudyante at natutulungan silang maunawaan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga karanasan ng iba. Sa paglalarawan ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa isang makabagong konteksto o sa konteksto ng mga banal na kasulatan, ang mga kuwento ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan kung paano nauugnay ang mga alituntuning iyon sa kanilang buhay at tutulungan sila na magkaroon ng hangaring ipamuhay ang mga ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa isang returned missionary na nagbahagi ng personal na karanasan sa isang testimony meeting. Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano kaya ang mararamdaman nila kung sila ang binata sa kwento.



"Ikinuwento niya ang pag-uwi niya mula sa isang deyt matapos siyang maorden bilang elder sa edad na 18. May nangyari sa deyt na ito na hindi niya maipagmalaki. Hindi na niya binanggit ang anumang detalye, ni hindi niya iyon dapat sabihin sa publiko. Hanggang ngayo'y hindi ko alam ang detalye ng nangyari, pero sapat ang halaga niyon sa kanya para maapektuhan ang kanyang espiritu at pagpapahalaga sa sarili.

"Habang nakaupo sandali sa kanyang kotse sa garahe ng sarili niyang bahay, na pinag-iisipan ang mga bagay at talagang nalulungkot sa nangyari, patakbong dumiretso ang kanyang inang di-miyembro mula sa bahay papunta sa kotse niya. Sa isang iglap sinabi ng ina na ang nakababatang kapatid ng lalaking ito ay nahulog sa bahay nila, humampas nang malakas ang ulo at tila nangingisay o nagkukumbulsiyon. Agad tumawag ng ambulansya ang amang di-miyembro, ngunit medyo matatagalan pa bago dumating ang tulong.

" 'Halika at gumawa ka ng paraan,' lumuluhang sinabi ng ina. 'Wala ba kayong ginagawa sa Simbahan ninyo sa mga pagkakataong tulad nito? Nasa iyo ang priesthood nila. Halika at gumawa ka ng paraan.' …

"… Sa gabing ito na kailangan ng isang taong mahal na mahal niya ang kanyang pananampalataya at lakas, hindi makakibo ang binatang ito. Dahil sa pinaglalabanan niyang damdamin at sa kompromisong nagawa niya—anuman iyon—hindi siya makaharap sa

Panginoon para hingin ang basbas na kailangan" ("Ang Tiwala sa Pagkamarapat," *Liahona,* Abr. 2014, 58–59).

- Ano kaya ang maiisip ninyo kung kayo ang lalaking ito sa ganitong sitwasyon? Bakit napakahalaga na laging maging handa?



Idispley ang larawan ng Talinghaga ng Sampung Dalaga (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 53; tingnan din sa LDS.org). Ipaalala sa mga estudyante na habang si Jesucristo ay nasa Bundok ng mga Olibo kasama ang Kanyang mga disipulo, itinuro Niya sa kanila ang tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito (tingnan sa Mateo 24). Pagkatapos ay ibinigay Niya ang talinghaga ng sampung dalaga upang ilarawan kung paano maghanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:1–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga pangunahing bahagi ng talinghaga. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga kataga:

*Ang lalaking ikakasal*

*Mga matatalino at mga mangmang na dalaga*

*Ilawan at langis*

Ipaliwanag na kapag ikinakasal ang mga Judio, kaugalian na nila na ang lalaking ikakasal, kasama ang kanyang matatalik na kaibigan, ay pupunta sa bahay ng kanyang pakakasalan sa gabi para sa seremonya ng kasal. Pagkatapos ng seremonya, pupunta ang mga dadalo sa kasal sa bahay ng lalaking ikakasal para sa handaan. Ang bisita sa kasal na sumama sa prusisyon ay dapat may kani-kanyang dalang ilawan bilang palatandaan na kasama sila sa mga dadalo sa kasal at upang makadagdag sa liwanag at ganda ng okasyon.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 25:5–13. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng limang matatalinong dalaga at limang mangmang na dalaga.

Sa halip na ipabasa nang malakas sa mga estudyante ang Mateo 25:5–13, maaari mong ipanood sa kanila ang bahagi ng video na "They That Are Wise" (time code 0:00–5:46), na naglalarawan ng talinghaga ng sampung dalaga. Ang video ay makukuha sa *Doctrine and Covenants and Church History Visual Resources DVDs* at sa LDS.org. Bago simulan ang video, sabihin sa mga estudyante

na alamin ang ginawa ng limang matatalinong dalaga at ng limang mangmang na dalaga.

- Ano ang ginawa ng limang matatalinong dalaga? Ano ang ginawa ng limang mangmang na dalaga?


Patingnan ang mga bahagi ng talinghaga na nakasulat sa pisara. Sabihin sa klase kung ano sa palagay nila ang maaaring katawanin ng bawat bahagi.

Isulat sa pisara ang *Jesucristo* sa tabi ng *Ang lalaking ikakasal*. Ipaliwanag na ang mga katagang "samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake" (talata 5) at "pagkahating gabi ay may sumigaw" (talata 6) ay tumutukoy sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo sa mga talatang ito?

Ipaliwanag na ang mga matatalino at mga mangmang na dalaga na imbitado sa piging o handaan, ay kumakatawan sa mga miyembro ng Simbahan (tingnan sa Dallin H. Oaks, "Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 8). Isulat sa pisara ang *Mga Miyembro ng Simbahan* sa tabi ng *Mga Matatalino at mga Mangmang na dalaga*.

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 25:8–9 at pag-isipan kung bakit hindi ibinigay ng matatalinong dalaga ang kanilang langis sa mga mangmang na dalaga. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang sinasagisag ng langis at bakit hindi ito maaaring ipahiram.



"Hindi ito pagdadamot o kawalan ng malasakit. Ang uri ng langis na kailangan upang paliwanagin ang daan at pawiin ang dilim ay hindi maipapahiram. Paano maipapahiram ng tao ang pagsunod sa pagbabayad ng ikapu; ang panatag na isip na dulot ng mabuting pamumuhay; ang pagtatamo ng kaalaman? Paano maipapahiram ng isang tao ang pananampalataya o patotoo? Paano maipapahiram ng isang tao ang mga pag-uugali o kalinisang-puri, o ang karanasan sa misyon? Paano maipapahiram ng isang tao ang kanyang mga pribilehiyo sa templo? Kailangang kamtin ng bawat isa ang gayong uri ng langis para sa kanyang sarili. …

"Sa talinghaga, ang langis ay mabibili sa tindahan. Sa ating buhay ang langis ng kahandaan ay unti-unting naiipon sa bawat patak sa mabuting pamumuhay. … Ang bawat gawain ng katapatan at pagsunod ay isang patak na dumaragdag sa ating imbakan" (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 255–56).

- Ano ang sinasagisag ng langis sa talinghaga? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante, tulad ng *espirituwal na paghahanda, patotoo, pananampalataya, pagbabalik-loob,* at *karanasan,* sa tabi ng *Mga ilawan at langis*. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa simbolismo ng langis, maaari mong imungkahi sa mga estudyante na basahin ang Doktrina at mga Tipan 45:56–57 at i-cross-reference ito sa Mateo 25:8.)
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa talinghaga at mula sa sinabi ni Pangulong Kimball tungkol sa paghiram ng espirituwal na paghahanda? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang


sumusunod na katotohanan: **Hindi tayo makahihiram ng espirituwal na paghahanda sa iba.**

- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa talinghaga tungkol sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Naghahanda tayo para sa Ikalawang Pagparito sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating patotoo at pagbabalik-loob sa pamamagitan ng araw-araw na paggawa ng mabuti.** Isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

Bigyan ang mga estudyante ng kopya ng kasamang handout. Ipalista sa kanila sa handout ang mga paraan na makapag-iipon sila ng "langis" ng espirituwal na paghahanda.

## Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon

Para makapaghanda sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon, magdadagdag ako ng "langis" sa aking "ilawan" sa pamamagitan ng:



Pagkaraan ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na magbahagi ng ilang ideya sa klase.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang ibang paraan na makakapag-ipon sila ng langis nang papatak-patak sa pamamagitan ng mabuting pamumuhay, ipalabas ang natitirang bahagi ng video na "They That Are

Wise" (time code 5:46–8:44). Sabihin sa mga estudyante na magdagdag ng ideya sa kanilang listahan habang pinapanood nila ang video.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:10–12. Sabihin sa klase na sumabay sa pagbasa nang tahimik, na inaalam ang sinabi ng lalaking ikakasal sa mga mangmang na dalaga. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na nilinaw sa Joseph Smith Translation, Matthew 25:11 na sinabi ng lalaking ikakasal, "Hindi ninyo ako nangakikilala.").

- Ano ang sinasabi sa atin ng pahayag na "Hindi ninyo ako nangakikilala" tungkol sa limang mangmang na dalaga? Ano ang pagkakaiba ng kilala ninyo ang Panginoon sa may alam lang kayo tungkol sa Kanya?
- Anong matututuhan natin sa talatang ito tungkol sa dapat nating gawin para maging handa sa pagdating ng Panginoon? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Para maging handa sa pagdating ng Panginoon at manatiling karapat-dapat sa Kanyang presensya, dapat natin Siyang makilala.**)
- Sa anong mga paraan ninyo mas nakilala kamakailan ang Tagapagligtas?

Ipaalala sa mga estudyante ang kuwento sa simula ng lesson tungkol sa priesthood holder na hindi handa sa oras na kailangan siya. Ipaliwanag na nagmadaling pumunta ang binata sa bahay ng isang matandang miyembro ng kanilang ward na nakatira malapit sa kanila. Kaagad binigyan ng basbas ng nakatatandang lalaki ang kapatid ng binata na nagpabuti ng lagay nito hanggang sa dumating ang paramedics. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang patotoo ng binata na inilahad ni Elder Holland:



" 'Walang sinuman na hindi nakaranas ng naranasan ko noong gabing iyon ang makakaalam sa kahihiyang nadama ko at lungkot na tiniis ko dahil sa dama kong hindi ako karapat-dapat na gamitin ang priesthood na hawak ko. Mas masakit ang alaalang ito para sa akin dahil sarili kong kapatid ang nangailangan sa akin at pinakamamahal kong mga magulang na di-miyembro ang takot na takot at may karapatang umasa sa akin nang higit pa rito. Ngunit habang nakatayo ako sa harapan ninyo ngayon, ito ang maipapangako ko,' sabi niya. 'Hindi ako perpekto, ngunit mula noong gabing iyon wala na akong ginawang anuman na hahadlang sa akin para humarap sa Panginoon nang may tiwala at humingi ng tulong sa Kanya kapag kailangan. Ang pagkamarapat ng sarili ay isang pakikipaglaban sa mundong ito na ating ginagalawan,' sabi niya, 'ngunit isang pakikipaglaban ito na pananalunan ko. Nadama ko na isinumpa na akong minsan sa buhay ko, at ayaw kong madama itong muli kailanman kung may magagawa ako ukol dito. At, siyempre,' pagtatapos niya, 'magagawa ko *ang lahat* ukol dito' " ("Ang Tiwala sa Pagkamarapat," 59).

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang kailangan nilang gawin upang maging espirituwal na handa sa pagdating ng Panginoon at maging karapat-dapat na manatili sa Kanyang piling. Maaari mo silang hikayatin na bilugan ang isa o dalawa sa mga inilista nilang gagawin sa handout at magtakda ng mithiin o goal na makadaragdag sa kanilang espirituwal na pagiging handa. Sabihin sa kanila na iuwi ang handout para maalala nila ang kanilang mga mithiin.

LESSON 29

# Mateo 25:14–46

## Pambungad

Nang ituro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito habang nasa Bundok ng mga Olibo, ikinuwento niya ang talinghaga ng mga talento. Ipinaliwanag din Niya na Kanyang ihihiwalay ang mabubuti mula sa masasama sa Kanyang pagbabalik.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 25:14–30

*Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang talinghaga ng mga talento*

Bago magklase, maglagay ng limang barya sa isang panig ng silid at dalawang barya sa kabilang panig. Maglagay ng walo pang barya sa bulsa mo.

Para simulan ang lesson, papuntahin sa harapan ng klase ang tatlong estudyante para tulungan kang isadula ang talinghaga na itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo bilang bahagi ng Kanyang tagubilin patungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:14–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang tinanggap ng bawat alipin at ano ang ginawa niya rito.

- Ano ang ibinigay ng panginoon sa bawat alipin? (Ipaliwanag na ang mga talento sa talinghagang ito ay halaga ng pera. Ilabas ang walong barya sa iyong bulsa, at magbigay ng lima sa unang estudyante, ng dalawa sa pangalawang estudyante, at ng isa sa pangatlong estudyante.)
- Ano ang ginawa ng bawat alipin sa perang ibinigay sa kanila?

Sabihin sa estudyante na may limang barya na kunin ang karagdagang limang barya sa kabilang panig ng silid. Sabihin sa estudyante na may dalawang barya na kunin ang karagdagang dalawang barya sa kabilang panig ng silid. Sabihin sa isang estudyante na may isang barya na itago o ibaon kunwari ang barya.

Sabihin sa mga estudyante na ibalik sa iyo ang mga barya at umupo na. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga bahagi ng talinghaga (na wala pa ang mga interpretasyon sa mga panaklong):

*Ang panginoon ng mga alipin (Ang Panginoong Jesucristo)*

*Ang mga alipin (Ang mga disipulo ng Panginoon)*

*Mga talento (Ang mga kaloob at kakayahang ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo)*

- Ano ang maaaring katawanin ng mga bahagi ng talinghaga? (Ipaliwanag na ilan sa mga kaloob at kakayahang mayroon tayo sa buhay natin sa mundo ay

natanggap at napaunlad bago tayo isilang sa mundo. Maaari nating ipagpatuloy na paunlarin ang mga kaloob na iyon at ang iba pa sa buhay sa mundo.)

- Ayon sa Mateo 25:15, bakit binigyan ng panginoon ng iba't ibang halaga ng pera ang bawat alipin? (Matapos sumagot ang mga estudyante, ipaliwanag na ang mga katagang "ayon sa kanikaniyang kaya" ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagbibigay sa bawat isa sa atin ng mga kaloob at kakayahan na ayon sa ating mga kalagayan.)

Basahin nang malakas ang mga sumusunod na tanong, at anyayahan ang mga estudyante na pag-isipan ang mga ito:

- Sa palagay ninyo, sinong alipin ang pinaka nakakatulad ninyo: ang isang binigyan ng limang talento, dalawang talento, o isang talento? Bakit?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:19–21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, at alamin ang sinabi ng Tagapagligtas sa alipin na tumanggap ng limang talento.

- Ano ang sinabi ng panginoon sa unang alipin?

Ipaliwanag na tinutukoy ng "pamamahalain kita sa maraming bagay" at "[pagpasok] … sa kagalakan ng iyong panginoon" (Mateo 25:21) ang pag-abot ng ating banal na potensyal at pagtanggap ng walang hanggang buhay sa piling ng Ama sa Langit.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa karanasan ng unang alipin? (Ang sumusunod ay isang alituntunin na maaaring matukoy ng mga estudyante: **Kung matapat nating gagamitin ang mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon, maaabot natin ang ating banal na potensyal at tatanggap ng buhay na walang hanggan.**
- Ano ang ilang halimbawa ng paraan na matapat nating magagamit ang mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon?

Ipaliwanag na maaaring magreklamo ang pangalawang alipin nang makita niyang tumanggap ng limang talento ang unang alipin samantalang siya ay dalawa lang. Sa halip, matapat niyang ginamit ang mga talentong ibinigay sa kanya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:22–23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas sa alipin na tumanggap ng dalawang talento.

- Ano ang sinabi ng panginoon sa alipin na tumanggap ng dalawang talento?
- Kahit magkaiba ang halagang ibinigay ng panginoon sa una at pangalawang alipin, bakit sa palagay ninyo pareho lang ang tinanggap nilang tugon mula sa kanilang panginoon?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa karanasan ng lalaking binigyan ng dalawang talento? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Pagpapalain tayo ng Panginoon kung matapat nating gagamitin ang mga kaloob at kakayahang ibinigay Niya sa atin, gaano man ito karami o anuman ang mga ito.** Gamit ang mga sagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Sabihin sa klase na isipin kung nadama na ba nila minsan na mas maraming kaloob o kakayahan ang iba kaysa sa kanila. Ituro ang alituntuning isinulat mo sa pisara.

- Paano makatutulong sa atin ang pag-alala sa alituntuning ito kapag naiisip natin na mas marami at mas maganda ang mga kaloob ng iba kaysa sa atin?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang humusay sa ating mga talento ay ang pinakamainam na sukatan ng ating pag-unlad. … Ang ikumpara ang ating mga pagpapala sa iba ay tiyak na magpapawala ng ating kagalakan. Hindi maaari na habang nagpapasalamat tayo ay naiinggit din tayo. Kung talagang gusto nating mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon at matuwa at sumaya, dapat tayong magalak sa ating mga pagpapala at magpasalamat" ("Rejoice!" *Ensign,* Nob. 1996, 29, 30).

- Paano natin matutuklasan ang mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon?

Bigyan ng papel ang bawat estudyante at ipasulat ang pangalan nila sa itaas. Sabihin sa kanila na ipasa ang kanilang papel sa katabi nila. Sabihin sa mga estudyante na isulat ang isang kakayahang nakikita nila sa tao na ang pangalan ay nakasulat sa papel. Sabihin sa kanila na ituloy ang pagpapasa ng mga papel paikot sa silid at sulatan ng mga kaloob at kakayahang naobserbahan nila.

### *Magkaroon ng pagmamahalan, paggalang, at layunin sa loob ng klase*

Kapag nadarama ng mga estudyante na minamahal sila at iginagalang ng kanilang titser at ng ibang mga estudyante, mas malamang na pumasok sila sa klase na handang matuto. Ang pagtanggap at pagmamahal na nadarama nila ay magpapalambot ng kanilang puso, papawi ng kanilang mga takot, at bibigyan sila ng hangarin at tiwalang kailangan para maibahagi nila sa klase ang kanilang mga iniisip, nararanasan, at nadarama.


Makalipas ang ilang minuto, ipabalik na sa mga estudyante ang mga papel sa orihinal na may-ari. Bigyan ng oras ang mga estudyante na mabasa ang mga kaloob at kakayahang nakikita sa kanila ng iba. Pagkatapos ay sabihin sa kanila na isulat sa kanilang papel ang mga sagot sa sumusunod na tanong:

- Sa anong paraan ninyo magagamit ang isa sa mga kaloob ninyo para paunlarin ang gawain ng Panginoon?

Ipaliwanag na kasama sa talinghaga ng mga talento ang mga babala tungkol sa mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 25:24–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas sa alipin na nagtago ng talento. Pagkatapos basahin ang talata 27, ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *pakinabang* ay tubo (kinita mula sa pag-invest o pagpapahiram ng pera).

- Bakit itinago ng huling alipin ang kanyang talento? Ano ang naging tugon ng panginoon sa piniling gawin ng alipin?
- Kahit wala siyang naiwala sa pera ng kanyang panginoon, ano ang mali sa ginawa ng alipin?
- Sa palagay ninyo, ano kaya ang naging tugon ng panginoon sa alipin kung nagbalik ito ng dalawang talento?
- Ano ang nangyari sa talentong ibinigay ng panginoon sa kanyang alipin? (Kinuha ito sa kanya at ibinigay sa iba.)

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Sterling W. Sill ng Pitumpu. Sabihin sa klase na pakinggan kung bakit nawawalan tayo ng mga kaloob at kakayahan kung hindi natin ginagamit sa kabutihan.



"Nawalan ang [pangatlong alipin] hindi dahil may ginawa siyang mali, kundi dahil hinadlangan siya ng takot na gumawa ng kahit na ano. Ngunit sa ganitong paraan tayo madalas na nawawalan ng mga pagpapala. …


"… Kapag hindi ginagamit ng tao ang kanyang kalamnan, nawawalan siya ng lakas. … Kapag hindi natin pinahuhusay ang ating mga kakayahan, nawawalan tayo ng kakayahan. Nang hindi iginalang ng mga tao noong unang panahon ang Priesthood, kinuha ito sa kanila. … Kahit ang mga talentong espirituwal, mental o pisikal ay hindi mapahuhusay kung ibabaon sa lupa" (*The Law of the Harvest* [1963], 375).

- Anong mga alituntunin ang matututuhan natin sa alipin na nagtago ng talento? (Iba-iba man ang imungkahing alituntunin ng mga estudyante, tiyakin na natukoy nila ang sumusunod na mga katotohanan: **Mahahadlangan tayo ng takot sa paggamit sa mga kaloob at mga kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon. Kung hindi natin pahuhusayin at gagamitin ang mga espirituwal na kaloob para sa kabutihan, mawawala ang mga ito sa atin.**)
- Sa anong mga paraan tayo mahahadlangan ng takot na gumawa ng mabuti gamit ang ating mga kaloob at kakayahan?

Anyayahan ang mga estudyante na magpatotoo sa mga alituntuning tinalakay nila. Hikayatin silang gamitin ang kanilang mga kaloob at kakayahan para isulong pa ang gawain ng Panginoon.

### Mateo 25:31–46

*Inihayag ng Tagapagligtas ang paghihiwalay sa masasama at mabubuti sa Kanyang Ikalawang Pagparito*



Idispley ang larawang Ang Ikalawang Pagparito (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 66; tingnan din sa LDS.org). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:31–33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang gagawin ng Panginoon sa mga tao sa mundo matapos ang Kanyang Ikalawang Pagparito.

- Ano ang gagawin ng Panginoon sa mga tao sa mundo matapos ang Kanyang Ikalawang Pagparito?
- Anong mga hayop ang ginamit ng Panginoon para sumagisag sa masasama? Sa mabubuti?

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa mga magkapartner na sabay-sabay na basahin nang malakas ang Mateo 25:34–40, na inaalam kung paano malalaman ng Panginoon na ang isang tao ay isang "tupa" (Mateo 25:32–33). Sabihin sa isa pang magkapartner na sabay-sabay na basahin nang malakas ang Mateo 25:41-46, na inaalam kung paano malalaman ng Panginoon na ang isang tao ay isang "kambing" (Mateo 25:32–33).

Pagkatapos ng sapat na oras, i-assign ang bawat magkapartner na makigrupo sa isa pang magkapartner na nagbasa ng ibang talata. Sabihin sa mga estudyante na ibuod ang nabasa nila at talakayin ang sumusunod na mga tanong sa kanilang mga grupo:

- Paano nakikilala ng Panginoon ang mga nagmamahal sa Kanya (mga tupa) at ang mga hindi (mga kambing)?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa mga talatang ito?

Sabihin sa isang tao sa bawat grupo na isulat sa pisara ang alituntuning natukoy ng grupo nila. Dapat matukoy ng mga estudyante ang mga alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag mahal at pinaglilingkuran natin ang iba, ipinapakita nating mahal natin ang Panginoon. Kapag kinakalimutan natin ang mga pangangailangan ng iba, kinakalimutan natin ang Panginoon.**

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga alituntuning ito, magtanong ng tulad ng sumusunod:

- Ano kaya ang gagawin ng taong nasa kanan ng Panginoon sa kanyang nakababatang kapatid na nagpapatulong sa homework?

- Ano kaya ang gagawin ng taong nasa kaliwa ng Panginoon sa kapwa estudyante na nakabagsak ng kanyang mga libro sa pasilyo?
- Paano nakatutulong ang pag-unawa natin sa mga alituntuning ito sa pakikitungo natin sa iba ?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung paano nila pinakitunguhan ang iba sa nakalipas na 24 oras. Sabihin sa kanila na isipin kung pipiliin ba nilang iba ang gawin kung maranasan nila ang gayong sitwasyon sa hinaharap. Hikayatin ang mga estudyante na umisip ng mga paraan na mas lalo nilang mamahalin at paglilingkuran ang iba, at anyayahan silang isagawa ang kanilang plano. Maaari mong kumustahin ang mga estudyante tungkol dito sa susunod na pagkaklase ninyo at anyayahan silang sabihin ang ilan sa magagandang karanasan nila.

LESSON 30

# Mateo 26:1–30

## Pambungad

Dalawang araw bago ang Paskua, nakipagsabwatan si Judas sa mga pinunong Judio na gustong patayin si Jesus. Noong gabi ng Paskua, pinasimulan ni Jesus ang sakramento.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### *Ihanda ang bawat lesson na iniisip ang mga estudyante mo*

Habang naghahanda ka para magturo, isipin kung paano mo nais na ipamuhay ng mga estudyante mo ang mga doktrina at mga alituntuning itinuro sa lesson na ito. Ipinaalala ni Pangulong Thomas S. Monson sa mga nagtuturo ng ebanghelyo na "ang mithiin ng pagtuturo ng ebanghelyo … ay hindi para 'magbuhos ng impormasyon' sa isipan ng mga miyembro ng klase. … *Ang layunin ay pukawin ang bawat tao na pag-isipan, damhin, at pagkatapos ay gumawa ng paraan na maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo*" (sa Conference Report, Okt. 1970, 107).

### Mateo 26:1–16

*Nakipagsabwatan si Judas sa mga pinunong Judio na gustong patayin si Jesus*

Bago magsimula ang klase, maghanda ng isang mesa na may tablecloth at maglagay dito ng ilang piraso ng manipis na tinapay (o biskwit) at isang tasa. Pagkatapos ng debosyonal, ipaliwanag na noong panahon ni Cristo, ang mga bagay na ito, kasama ang iba pa, ay makikita sa mga mesa ng mga Judio kapag araw ng Paskua.

- Ano ang layunin ng pista ng Paskua? (Ang Paskua ay pinasimulan noong panahon ni Moises upang ipaalala sa mga anak ni Israel na ang mapangwasak na anghel ay nilampasan ang kanilang mga bahay at pinatay ang mga panganay na anak sa Egipto [tingnan sa Exodo 12:21–28; 13:14–15]. Bilang bahagi ng Paskua, ang mga Israelita ay nag-alay ng kordero at iwinisik ang dugo nito sa haligi ng kanilang mga pinto. Ang tupa ay sumasagisag sa paparating na Mesiyas, na gumawa ng nagbabayad-salang sakripisyo na magliligtas sa sangkatauhan mula sa kamatayan at kasalanan [tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Paskua," scriptures.lds.org].)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus na magaganap pagkatapos ng Paskua.

- Ano ang sinabi ni Jesus na magaganap pagkatapos ng Paskua?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:3–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin kung sino ang nagpaplanong patayin si Jesus sa pagkakataong ito.

- Bakit ipinasiya ng mga eskriba at mga punong saserdote na hintaying munang matapos ang Paskua bago patayin si Jesus?

Ibuod ang Mateo 26:6–13 na ipinapaliwanag na noong si Jesus ay nasa Betania, isang babae ang lumapit sa Kanya at pinahiran Siya ng mamahaling unguento (o ointment) bilang paghahanda sa Kanyang nalalapit na kamatayan at libing. Ang ilan sa Kanyang mga disipulo, pati na si Judas, isa sa Labindalawang Apostol at ang tagaingat-yaman ng grupo, ay nagsabing ipinagbili na lamang sana ang unguento para tulungan ang mga maralita. Gayunman, si Judas ay hindi tunay na nag-aalala para sa mga maralita kundi isang magnanakaw na gustong mapasakanya ang pera (tingnan sa Juan 12:4–6). (*Paalala:* Ang pagpapahid ng unguento kay Jesus sa Betania ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson sa Marcos 11–14.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:14–16. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Judas matapos siyang pagsabihan ni Jesus dahil sa pagrereklamo.

- Ano ang ginawa ni Judas? (Nakipagsabwatan siya sa mga punong saserdote para tulungan silang matagpuan at dakpin si Jesus.)
- Magkano ang ibinayad ng mga punong saserdote kay Judas bilang kapalit ng pagbibigay niya kay Jesus sa kanila?

Ipaliwanag na "alinsunod sa batas ni Moises ang tatlumpung siklong pilak ay ibinabayad sa may-ari ng sinumang nakapatay sa alipin nito (tingnan sa Exodo 21:32). … Makikita sa halaga ng pagkakanulo ang mababang pagtingin ni Judas at ng mga punong saserdote sa Tagapagligtas" (*New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 81). Ito rin ay katuparan ng propesiya sa Lumang Tipan ng pagkakanulo ni Judas sa Tagapagligtas (tingnan sa Zacarias 11:12).

## Mateo 26:17–25

### *Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay kumain ng pagkain ng Paskua*

Magpakita ng isang salamin at itanong:

- Ano ang mga naitutulong sa atin ng salamin?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan:



"Kadalasan tinatangka nating iwasang suriin ang kaibuturan ng ating kaluluwa at harapin ang ating mga kahinaan, limitasyon, at takot. …

"Ngunit ang makitang mabuti ang ating sarili ay napakahalaga sa ating espirituwal na pag-unlad at kapakanan. …

"Nais kong sabihin sa inyo na ang mga banal na kasulatan at ang mga mensaheng ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya ay napakalinaw na salamin para makita nating mabuti ang ating sarili" ("Ako Baga, Panginoon?" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2014, 58.)

- Paano nagiging tulad ng salamin ang mga banal na kasulatan at ang mga mensaheng ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya?

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 26:17–25, hikayatin silang alamin ang alituntunin na tutulong sa kanila na makita ang kanilang mga kahinaan at sikaping madaig ang mga ito.

Ibuod ang Mateo 26:17–19 na ipinapaliwanag na sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na kumuha ng silid sa Jerusalem para sa paghahandaan ng pagkain ng Paskua.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:20–21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo habang nagsisikain sila ng pagkain ng Paskua.

- Ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga Apostol?
- Kung isa kayo sa mga Apostol, ano kaya ang maiisip ninyo sa pagkakataong ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naging tugon ng mga Apostol sa sinabi ni Jesus.

- Ano ang itinanong ng mga Apostol?
- Ano ang itinuturo sa atin ng tanong na "Ako baga, Panginoon?" tungkol sa matatapat na labing-isang Apostol?
- Batay sa tala na ito, anong alituntunin ang matututuhan natin tungkol sa dapat isagot ng mga disipulo ni Jesucristo kapag naririnig nila ang mga salita ng Panginoon? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Tuwing maririnig ng mga disipulo ni Jesucristo ang mga salita ng Panginoon, sinusuri nila ang kanilang buhay upang makita kung paano ito naaangkop sa kanila.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Uchtdorf:



"Hindi pinag-alinlanganan ng mga disipulo ang sinabi [ni Jesus]. Ni hindi nila inilibot ang kanilang tingin, itinuro ang iba, at itinanong, 'Siya ba?'

"Sa halip, sila ay 'lubhang nangamanglaw, at nagpasimula ang bawa't isa na magsabi sa kaniya, *Ako baga, Panginoon?*' [Mateo 26:22].

"Iniisip ko ang gagawin ng bawat isa sa atin. … Titingin kaya tayo sa mga nasa paligid natin at sasabihin sa puso natin, 'Baka si Brother Johnson ang tinutukoy niya. Noon pa ako duda sa kanya,' o 'Mabuti't narito si Brother Brown. Kailangan niya talagang marinig ang mensaheng ito'? O susuriin kaya natin ang ating sarili, tulad ng mga disipulo noong araw, at itatanong ang matalim na tanong na: 'Ako baga?' ("Ako Baga, Panginoon?" 56).

- Ano ang ilang halimbawa ng mga pangyayari na maaari tayong matuksong balewalain ang mga salita ng Panginoon at ipalagay na hindi iyon para sa atin kundi sa iba?

Ipabasa nang malakas sa isa pang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Uchtdorf, at sabihin sa klase na pakinggan ang ipinagagawa sa atin ni Pangulong Uchtdorf kapag narinig natin ang mga salita ng Panginoon:

> "Sa mga simpleng salitang, *'Ako baga, Panginoon?'* nagsisimula ang karunungan at ang daan tungo sa sariling pagbabalik-loob at patuloy na pagbabago. …
>
> "Huwag nating panaigin ang ating kapalaluan, alisin ang kayabangan, at mapagpakumbabang itanong, *'Ako baga, Panginoon?'*
>
> "At kung ang sagot ng Panginoon ay 'Oo, anak ko, may mga bagay kang dapat baguhin, mga bagay na matutulungan kitang daigin,' dalangin kong nawa'y tanggapin natin ang sagot na ito, mapagkumbaba nating aminin ang ating mga kasalanan at pagkukulang, at baguhin natin ang ating pag-uugali sa pamamagitan ng pagiging mas mabuti" ("Ako Baga, Panginoon?" 56, 58).

- Paano kayo napagpala nang ipamuhay ninyo ang mga salita ng Panginoon at nagbagong-buhay?

Magpatotoo sa alituntuning naunang tinukoy ng mga estudyante. Anyayahan ang mga estudyante na suriin ang sarili nilang buhay sa tuwing maririnig o mababasa nila ang mga salita ng Panginoon at kumilos kaagad sa mga inspirasyong natatanggap nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:23–25. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ng Tagapagligtas sa mga tanong ng mga Apostol.

Ipaliwanag na pagkatapos tukuyin ni Jesus na si Judas ang taong magkakanulo sa Kanya, umalis si Judas (tingnan sa Juan 13:30).

### Mateo 26:26–30

#### *Pinasimulan ni Jesucristo ang sakramento sa panahon ng Paskua*



Idispley ang larawang Ang Huling Hapunan (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 54; tingnan din sa LDS.org). Ipaalam sa mga estudyante na noong kumain ang Tagapagligtas ng pagkain ng Paskua kasama ang Kanyang mga Apostol, pinasimulan Niya ang ordenansa ng sakramento.

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang kanilang mga sagot sa mga sumusunod na tanong (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito bago magklase):

*Noong huli kayong tumanggap ng sakramento, ano ang ginagawa ninyo? Ano ang iniisip ninyo? Ano ang nadama ninyo?*

Itaas ang tasa at ang tinapay na nakapatong sa mesa. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:26–29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang gagawin ng Panginoon sa tinapay at sa laman ng tasa.

- Ano ang ginawa ng Panginoon sa tinapay at sa laman ng tasa?
- Batay sa mga talatang ito, ano ang kinakatawan ng dalawang sagisag na ito ng sakramento? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na doktrina: **Ang mga sagisag ng sakramento ay kumakatawan sa katawan at dugo ni Jesucristo, na inialay Niya para sa atin.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na nagbibigay ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga talatang ito. Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 26:22 na matatagpuan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Ipabasa rin sa kanila ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 26:24–25 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa mga estudyante na alamin kung anong mahahalagang pagbabago ang ginawa sa mga talatang ito, na makatutulong sa atin na maunawaan ang mahalagang layunin ng sakramento.

- Bakit pinasimulan ni Jesucristo ang sakramento? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod: **Pinasimulan ni Jesucristo ang sakramento upang maalala natin Siya at ang Kanyang Pagbabayad-sala para sa ating mga kasalanan.**)
- Ano ang ilang bagay na magagawa natin upang matiyak na matutulungan tayo ng sakramento na maalala si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala para sa ating mga kasalanan?
- Ano ang nadarama at nararanasan ninyo kapag sinisikap ninyong alalahanin ang Tagapagligtas at ang Kanyang Pagbabayad-sala habang tumatanggap kayo ng sakramento?

Para matulungan ang mga estudyante na makatukoy ng isa pang alituntunin, itanong:

- Ayon sa mga talata 27–28, dahil sa dugong itinigis ni Cristo para sa atin, ano ang matatanggap natin kapag nakikibahagi tayo sa sakramento? (Kapatawaran ng mga kasalanan.)

Ipaliwanag na ang pagkain ng tinapay at pag-inom ng tubig sa oras ng sakramento ay hindi sapat para maging karapat-dapat na makatanggap tayo ng kapatawaran sa ating mga kasalanan. Kailangang manampalataya tayo kay Jesucristo, at tanggapin ang sakramento nang may tunay na layunin sa pamamagitan ng pag-alaala sa Kanya sa tuwina at pagsisikap na sundin ang Kanyang mga utos. Sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento nang karapat-dapat, pinaninibago natin ang mga tipan natin sa binyag. Isulat ang sumusunod na katotohanan sa pisara: **Kapag tayo**

**ay nagsisi at tumanggap ng sakramento nang may tunay na layunin, maaari tayong tumanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan.**

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung paano nila ipamumuhay ang mga katotohanan hinggil sa sakramento na natukoy nila sa Mateo 26. Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang mga sagot kung komportable silang gawin ito.

Ipabasang muli nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung kailan muli tatanggap ng sakramento ang Tagapagligtas ayon sa Kanya. Sabihin sa mga estudyante na magreport tungkol sa nalaman nila.

Ipaliwanag na "ang sakramento ay hindi lamang sumasagisag sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas kundi pag-asam din sa Kanyang pagbabalik sa mundo sa kaluwalhatian (tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:26)" (*New Testament Student Manual,* 83). Kung tutuparin natin ang ating mga tipan at magtitiis hanggang sa wakas, magiging kabilang tayo sa mga tatanggap ng sakramento kasama ng Tagapagligtas sa panahong iyon (tingnan sa D at T 27:4–14).

Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo sa mga katotohanang tinukoy sa lesson na ito.

HOME-STUDY LESSON

# Mateo 23:1–26:30 (Unit 6)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng Mateo 23:1–26:30 (unit 6) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na itinuturo mo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Mateo 23)

Napag-aralan ng mga estudyante ang pagkondena ni Jesus sa mga pinunong Judio at natutuhan na maaari nating piliing sundin ang batas ng Diyos kahit nakikita nating nagkukunwaring mabait lang ang iba. Natutuhan din nila na kung tatangkain nating magmataas sa iba, tayo ay ibababa, at kung tayo ay magpapakumbaba at maglilingkod sa iba, tayo ay itataas ng Panginoon. Natutuhan din nila na kung sisikapin nating magkaroon ng malinis na kalooban, makikita ito sa pagpili natin, at kung tayo ay handang magpatipon sa Tagapagligtas, makatatanggap tayo ng Kanyang pangangalaga at proteksyon.

### Day 2 (Mateo 24)

Mula sa pagtalakay ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito, natutuhan ng mga estudyante ang sumusunod: Kung tayo ay mananatiling matatag at hindi madadaig, tayo ay maliligtas. Bago mangyari ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, ang mga hinirang ng Panginoon ay matitipon at ang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong mundo. Kung pahahalagahan natin ang salita ng Panginoon, hindi tayo malilinlang. Tanging ang Ama sa Langit lamang ang nakaaalam kung kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Kung aabangan natin ang mga palatandaan at susundin ang mga utos ng Panginoon, magiging handa tayo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

### Day 3 (Mateo 25)

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng talinghaga ng sampung dalaga, natutuhan nila na hindi tayo maaaring manghiram ng espirituwal na paghahanda mula sa iba at na naghahanda tayo sa Ikalawang Pagparito sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating patotoo at pagbabalik-loob sa pamamagitan ng araw-araw na paggawa ng mabuti. Natutuhan din nila na para maging handa sa pagdating ng Panginoon at maging karapat-dapat na manatili sa Kanyang kinaroroonan, dapat natin Siyang makilala. Maikling pinag-aralan ng mga estudyante ang talinghaga ng mga talento at natutuhan na ang takot ay maaaring humadlang sa atin sa paggamit ng mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon, at kung hindi natin paghuhusayin at gagamitin ang ating mga espirituwal na kaloob para sa kabutihan, mawawala ang mga ito.

### Day 4 (Mateo 26:1–30)

Nang mapag-aralan ng mga estudyante ang mga huling araw ng mortal na ministeryo ni Jesucristo, nalaman nila na noong marinig ng mga disipulo ni Jesucristo ang salita ng Panginoon, sinuri nila ang kanilang buhay upang makita kung paano ito naaangkop sa kanila. Nalaman nila na ang mga sagisag ng sakramento ay kumakatawan sa katawan at dugo ni Jesucristo, na inialay Niya para sa atin at na pinasimulan ni Jesucristo ang sakramento upang maalala natin Siya at ang Pagbabayad-sala Niya para sa ating mga kasalanan. Natutuhan din nila na kapag tayo ay nagsisi at tumanggap ng sakramento nang may tunay na layunin, maaari tayong tumanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan.

## Pambungad

Nang ituro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang Kanyang Ikalawang Pagparito habang nasa Bundok ng mga Olibo, ikinuwento niya ang talinghaga ng mga talento.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 25:14–30

*Itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo ang talinghaga ng mga talento*

Bago magklase, maglagay ng limang barya sa isang panig ng kuwarto at ng dalawang barya sa kabilang panig. Maglagay ng walo pang barya sa bulsa mo.

Para simulan ang lesson, papuntahin sa harapan ng klase ang tatlong estudyante para tulungan kang isadula ang talinghaga na itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo bilang bahagi ng Kanyang tagubilin patungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:14–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang tinanggap ng bawat alipin at ano ang ginawa niya rito.

- Ano ang ibinigay ng panginoon sa bawat alipin? (Ipaliwanag na ang mga talento sa talinghagang ito ay halaga ng pera. Ilabas ang walong barya sa iyong bulsa, at magbigay ng lima sa unang estudyante, ng dalawa sa pangalawang estudyante, at ng isa sa pangatlong estudyante.)
- Ano ang ginawa ng bawat alipin sa perang ibinigay sa kanila?

Sabihin sa estudyanteng may limang barya na kunin ang karagdagang limang barya sa kabilang panig ng silid. Sabihin sa estudyanteng may dalawang barya na kunin ang karagdagang dalawang barya sa kabilang panig ng silid. Sabihin sa isang estudyanteng may isang barya na itago o ibaon kunwari ang barya.

Sabihin sa mga estudyante na ibalik sa iyo ang mga barya at magsiupo na. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga bahagi ng talinghaga (na wala pa ang mga interpretasyon sa mga panaklong):

> *Ang panginoon ng mga alipin (Ang Panginoong Jesucristo).*
>
> *Ang mga alipin (Ang mga disipulo ng Panginoon)*
>
> *Mga talento (Ang mga kaloob at kakayahang ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo)*

- Ano ang maaaring katawanin ng mga bahagi ng talinghaga? (Kung kailangan, tulungan ang mga estudyante na matukoy kung sino at ano ang isinasagisag ng mga bahagi. Isulat sa pisara ang mga interpretasyon sa tabi ng mga bahagi. Ipaliwanag na ilan sa mga kaloob at kakayahang mayroon tayo sa buhay natin sa mundo ay natanggap at napaunlad bago tayo isilang sa mundo. Maaari

nating piliing patuloy na paunlarin ang mga kaloob na iyon at ang iba pa sa buhay sa mundo.)

- Ayon sa Mateo 25:15, bakit binigyan ng panginoon ng iba't ibang halaga ng pera ang bawat alipin? (Matapos sumagot ang mga estudyante, ipaliwanag na ang mga katagang "ayon sa kanikaniyang kaya" ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagbibigay sa bawat isa sa atin ng mga kaloob at kakayahan ayon sa ating mga kalagayan. Ang bawat tao ay pinagkalooban ng espirituwal na kaloob mula sa Diyos [tingnan sa D at T 46:11]. Ipaliwanag na hindi nasusukat sa dami ng talento natin ang halaga natin bilang tao.)

Basahin nang malakas ang mga sumusunod na tanong, at anyayahan ang mga estudyante na pag-isipan ang mga ito:

- Sa palagay ninyo, sinong alipin ang pinaka nakakatulad ninyo: ang isang binigyan ng limang talento, dalawang talento, o isang talento? Bakit?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:19–21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, at alamin ang sinabi ng Tagapagligtas sa alipin na tumanggap ng limang talento.

- Ano ang sinabi ng panginoon sa unang alipin?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "pamamahalain kita sa maraming bagay" at ng "pumasok … sa kagalakan ng iyong panginoon" (Mateo 25:21) ay ang pag-abot ng ating banal na potensyal at pagtanggap ng buhay na walang hanggan sa piling ng Ama sa Langit.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa halimbawa ng unang alipin? (Ang sumusunod ay isang alituntunin na maaaring matukoy ng mga estudyante: **Kung matapat nating gagamitin ang mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon, maaabot natin ang ating potensyal at tatanggap ng buhay na walang hanggan.**)
- Ano ang ilang halimbawa ng kung paano natin matapat na magagamit ang mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon?

Ipaliwanag na maaaring magreklamo ang pangalawang alipin nang makita niyang tumanggap ng limang talento ang unang alipin samantalang siya ay dalawa lang. Sa halip, matapat niyang ginamit ang mga talentong ibinigay sa kanya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 25:22–23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng panginoon sa alipin na tumanggap ng dalawang talento.

- Ano ang sinabi ng panginoon sa alipin na tumanggap ng dalawang talento?
- Kahit magkaiba ang halagang ibinigay ng panginoon sa una at pangalawang alipin, bakit sa palagay ninyo pareho lang ang tinanggap nilang tugon mula sa kanilang panginoon?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa karanasan ng lalaking binigyan ng dalawang talento? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Pagpapalain tayo ng Panginoon kung matapat nating gagamitin ang mga kaloob at kakayahang ibinigay Niya sa atin, gaano man ito karami o anuman ang**

**mga ito.** Gamit ang mga salita ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Sabihin sa klase na isipin kung nadama na ba nila minsan na mas maraming kaloob o kakayahan ang iba kaysa sa kanila. Ituro ang alituntuning isinulat mo sa pisara.

- Paano makatutulong sa atin ang pag-alaala sa alituntuning ito kapag sa pakiramdam natin ay mas marami o mas maganda ang mga kaloob ng iba kaysa sa atin?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Ang humusay sa ating mga talento ay ang pinakamainam na sukatan ng ating pag-unlad. … Ang ikumpara ang ating mga pagpapala sa iba ay tiyak na magpapawala ng ating kagalakan. Hindi maaari na habang nagpapasalamat tayo ay naiinggit din tayo. Kung talagang gusto nating mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon at matuwa at sumaya, dapat tayong magalak sa ating mga pagpapala at magpasalamat" ("Rejoice!" *Ensign,* Nob. 1996, 29, 30.

- Paano natin matutuklasan ang mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin ng Panginoon?

Bigyan ng papel ang bawat estudyante at ipasulat ang pangalan nila sa itaas. Sabihin sa kanila na ipasa ang kanilang papel sa katabi nila. Sabihin sa mga estudyante na isulat ang isang kaloob o kakayahang nakikita nila sa tao na nakasulat ang pangalan sa papel. Sabihin sa kanila na ituloy ang pagpapasa ng mga papel paikot sa silid at pagsulat ng mga kaloob at kakayahang naobserbahan nila.

Makalipas ang ilang minuto, ipabalik na sa mga estudyante ang mga papel sa orihinal na may-ari. Bigyan ng oras ang mga estudyante na mabasa ang mga kaloob at kakayahang nakikita sa kanila ng iba. Pagkatapos ay sabihin sa kanila na isulat sa papel nila ang sagot sa sumusunod na tanong:

- Sa anong paraan ninyo magagamit ang isa sa mga kaloob ninyo para paunlarin ang gawain ng Panginoon?

Ipaliwanag na kasama sa talinghaga ng mga talento ang mga babala tungkol sa mga kaloob at kakayahang ibinigay sa atin. Anyayahan ang ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 25:24-30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng panginoon sa alipin na nagtago ng talento. Pagkatapos basahin ang talata 27, ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *pakinabang* ay tubo (kinita mula sa pamumuhunan o pagpapahiram ng pera).

- Bakit itinago ng huling alipin ang kanyang talento? Ano ang naging tugon ng panginoon sa piniling gawin ng alipin?
- Kahit wala siyang naiwala sa pera ng kanyang panginoon, ano ang mali sa ginawa ng alipin?
- Sa palagay ninyo, ano kaya ang naging tugon ng panginoon sa alipin kung nagbalik ito ng dalawang talento?

Anyayahan ang mga estudyante na magpatotoo sa mga alituntuning tinalakay nila. Hikayatin silang gamitin ang kanilang mga kaloob at kakayahan para maisulong pa ang gawain ng Panginoon.

### Susunod na Unit (Mateo 26:31–Marcos 3)

Ipaliwanag na sa susunod na linggo, pag-aaralan ng mga estudyante nang detalyado ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na nagsimula sa Kanyang pagdurusa sa Halamanan ng Getsemani at nagpatuloy sa di-makatarungang paglilitis, pangungutya, paghampas, at kamatayan sa pamamagitan ng pagpapako sa krus, at nagwakas sa Kanyang maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli.

LESSON 31

# Mateo 26:31–75

## Pambungad

Sa Halamanan ng Getsemani, sinimulan ni Jesucristo ang pag-ako sa mga kasalanan ng lahat ng tao bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala. Ipinagkanulo ni Judas si Jesus sa mga pinunong Judio. Si Jesus ay nilitis nang hindi makatarungan sa harapan ni Caifas, ang mataas na saserdote, kung saan inakusahan Siya nang mali. Samantala, tatlong beses ipinagkaila ni Pedro na kilala niya ang Tagapagligtas sa mga taong nakilala siya bilang isa sa mga disipulo ni Jesucristo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 26:31-46

*Nagdusa si Jesucristo sa Halamanan ng Getsemani*

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang sumusunod na sitwasyon: Isang tinedyer ang sinabihan mula pa noong bata siya na tungkulin niyang maglingkod ng full-time mission. Ngayong tinedyer na, alam pa rin niya na dapat siyang magmisyon ngunit nahihirapan siyang gawin ito. Mas interesado siya sa ibang mga oportunidad at nag-aalala na magiging hadlang ang misyon para samantalahin ang mga iyon.

- Ano ang iba pang mga sitwasyon na maaaring iba ang gusto ng kabataan sa gustong ipagawa sa kanila ng Ama sa Langit? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)
- Bakit mahirap kung minsan na gawin ang alam nating gustong ipagawa sa atin ng Ama sa Langit?

Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga alituntunin sa Mateo 26:31–46 na makatutulong sa kanila kapag nahihirapan silang sundin ang kagustuhan ng Ama sa Langit.

Ipaalala sa mga estudyante na tulad nag nakatala sa Mateo 26: 1–30, ang Panginoon at ang Kanyang mga Apostol ay kumain sa pista ng Paskua at pinasimulan ang sakramento.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 26:31–35. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinropesiya ni Jesus na mangyayari sa Kanyang mga Apostol.

- Ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari sa mga Apostol sa gabing iyon?

Ipaliwanag na sa kontekstong ito, ang ibig sabihin ng salitang *mangagdaramdam* ay manlamig o tumalikod o magtatwa.

- Ano ang isinagot ni Pedro at ng iba pang mga Apostol sa sinabi ng Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:36–38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung saan pumunta si Jesus at ang

mga Apostol pagkatapos ng pista ng Paskua. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.


Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang Mga Larawan sa Biblia, blg. 11, "Bundok ng mga Olibo" at blg. 12, "Halaman ng Getsemani" sa Latter-day Saint edition ng King James Bible at sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Ipaliwanag na ang Getsemani ay halamanan ng mga punong olibo na matatagpuan sa Bundok ng mga Olibo sa labas lamang ng Jerusalem at na ang ibig sa sabihin ng pangalang *Getsemani* ay "pigaan ng langis."

- Anong mga kataga sa talata 36–38 ang naglalarawan ng nadama ni Jesus nang pumasok Siya sa Getsemani?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:39, at sabihin sa klase na alamin ang ginawa ni Jesus matapos lumakad "sa dako pa roon" sa halamanan.

- Anong mga salita o mga kataga sa mga talata 37–39 ang naglalarawan ng mabigat na pasaning nararanasan ni Jesus?
- Ano ang hiniling ni Jesus sa Ama na alisin sa Kanya?

Itaas ang saro. Ipaliwanag na ang saro na tinukoy ng Tagapagligtas ay simbolo ng mapait na pagdurusang naranasan Niya bilang bahagi ng Pagbabayad-sala. Sa Getsemani, sinimulan ni Jesus ang pag-ako ng mga kasalanan at pagdurusa para sa lahat ng tao bilang bahagi ng Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo.



**Bundok ng mga Olibo**



**Halamanan ng Getsemani**

***Pagtuturo tungkol sa pagdurusa ni Jesucristo sa Getsemani***

May tatlong tala ng mga pangyayaring naganap sa Getsemani. Sa manwal na ito, ang lesson para sa Mateo 26 ay nakapokus sa pagsunod ng Tagapagligtas sa kagustuhan ng Ama. Ang lesson para sa Marcos 14 ay tumatalakay sa pagdurusa ni Jesus sa Getsemani. Ang lesson para sa Lucas 22 ay nagbibigay-diin sa kasidhian ng Kanyang pagdurusa. Ang pagtuturo sa mga

estudyante ng mga kakaibang aspeto ng Pagbabayad-sala ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng katangi-tanging mga karanasan habang pinag-aaralan nila ang bawat tala.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, na ipinaliwanag ang isinamo ni Jesus sa Ama nang hilingin Niyang palampasin sa Kanya ang saro:



"Sinabi ng Panginoon, sa katunayan, 'Kung may iba pang daan, daraanan ko ito. Kung may iba pang paraan—ibang daan—malugod kong tatanggapin.' … Subalit sa huli, hindi lumampas ang sarong ito" ("Pagtuturo, Pangangaral, Pagpapagaling," *Liahona,* Ene. 2003, 41).

Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga katagang "gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (talata 39.)

- Kahit humiling si Jesus ng ibang paraan na maisasakatuparan ang mga layunin ng ating Ama, ano ang ginawa Niya upang maisagawa ang Pagbabayad-sala? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Sinunod ni Jesucristo ang gusto ng Ama at hindi ang gusto Niya para magawa ang Pagbabayad-sala.**)
- Ano ang matututuhan natin sa kahandaan ni Jesus na sundin ang kagustuhan ng Ama sa Langit kahit na ibig sabihin nito ay dadanas Siya ng matinding pagdurusa at kamatayan?

Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Tinutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo kapag …*

- Paano ninyo kukumpletuhin ang pahayag na ito batay sa natutuhan natin mula sa Mateo 26:39? (Gamit ang mga salita ng mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag upang mailahad ang sumusunod na katotohanan: **Tinutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo kapag pinili nating gawin ang gusto ng Ama sa halip na ang gusto natin.**)

Ipaalala sa mga estudyante ang sitwasyon tungkol sa binatilyo na nag-aalangang magmisyon, pati ang iba pang mga sitwasyong nakalista sa pisara.

- Paano tayo mapalalakas ng halimbawa ng Tagapagligtas sa ganitong mga sitwasyon?

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga pagkakataon na ipinasiya pa rin nilang sundin ang gusto ng Ama sa Langit kahit iba ito sa gusto nila. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga karanasan at ipaliwanag kung bakit iyon ang pinili nila at ano ang nadama nila tungkol dito.

Hikayatin ang mga estudyante na tumukoy ng isang partikular na paraan na matutularan nila ang halimbawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng paggawa ng gusto ng Ama at hindi ng gusto nila.

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin ang Mateo 26:37–38, na inaalam ang mga ibinilin ng Tagapagligtas kina Pedro, Santiago, at Juan sa Getsemani.

- Ano ang mga ibinilin ni Jesus kina Pedro, Santiago, at Juan?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng tagubilin na "makipagpuyat sa akin"? (talata 38).

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung bakit kailangan ng mga disipulo ang tagubilin ng Tagapagligtas na makipagpuyat sa Kanya, ipaliwanag na pagdating ng mga disipulo sa halamanan, sila ay "nagsimulang magtaka nang labis, at namanglaw nang lubha, kung ito nga ba ang Mesiyas" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Marcos 14:36 [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan]). Sa pagtatagubilin Niya sa Kanyang mga disipulo na makipagpuyat sa Kanya, binabalaan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na mag-ingat dahil susubukan ang kanilang pananampalataya sa Kanya.

- Bakit iniisip ng mga disipulo kung talaga bang si Jesus ang Mesiyas? (Maraming Judio ang hindi nakaunawa na ang Mesiyas ay magdurusa at mamamatay bagkus ay iniisip nila na ang Mesiyas ang magpapalaya sa mga Judio sa pamamagitan ng paglupig sa mga Romano.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:40, at ipahanap sa klase ang natuklasan ni Jesus na ginagawa ng tatlong Apostol na ito habang nagdarasal Siya. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Ipaliwanag na isinasaad sa Joseph Smith Translation ng Luke 22:45 na ang mga disipulo ay nagsisitulog, "dahil sila ay lubhang nahahapis."

- Bakit kaya nahahapis o napakalungkot ng mga Apostol?
- Ano kaya ang madarama ninyo kung kayo ay nasa kalagayan nila at natanto ninyo na nakatulog kayo sa halip na mangagsipagpuyat sa Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:41, at sabihin sa klase na alamin ang ipinagagawa ni Jesus sa Kanyang mga disipulo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa mga tagubilin ng Tagapagligtas sa mga Apostol na ito? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung patuloy tayong mangagsisipagpuyat [o magbabantay] at mananalangin, magkakaroon tayo ng lakas na labanan ang tukso.**)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman" (talata 41)? Paano ito nauugnay sa paglaban sa tukso?
- Ipaliwanag na ang kahulugan ng "mangagpuyat" ay gumising, maging alerto, o mapagbantay. Paano makatutulong sa atin ang espirituwal na pagbabantay at pananalangin na madaig ang ating mga kahinaan at labanan ang tukso?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti kung naranasan na ba nila, tulad ng mga Apostol sa Getsemani na matukso dahil hindi sila nanalangin at espirituwal na nagbantay. Sabihin sa kanila na pag-isipan kung paano sila naapektuhan ng pagpiling iyon. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga

pagkakataon na nalabanan nila ang tukso sa pamamagitan ng pananalangin at espirituwal na pagbabantay.

- Ano ang nakatulong sa inyo na palaging maging espirituwal na magbantay at manalangin?

Magpatotoo na malalabanan natin ang tukso kapag patuloy tayong espirituwal na nagbabantay at nananalangin. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kapirasong papel ang isang bagay na gagawin nila upang patuloy na mas espirituwal na magbantay at manalangin. Hikayatin silang dalhin ang papel para maalala ang kanilang goal o mithiin.

Ibuod ang Mateo 26:42–46 na ipinapaliwanag na nanalangin si Jesus nang tatlong beses sa Halamanan ng Getsemani. Sa bawat panalangin ay ipinahayag Niya ang kahandaang sundin ang kagustuhan ng Kanyang Ama.

### Mateo 26:47–75

*Si Jesucristo ay nadakip at nilitis sa harap ni Caifas*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Gerald N. Lund, na kalaunan ay naging miyembro ng Pitumpu.



"Wariin [si Jesucristo,] ang Nilalang na ang kapangyarihan, liwanag, kaluwalhatiang taglay ay inilagay sa kaayusan ang sansinukob, ang Nilalang na nagsalita at nalikha ang mga planeta, mga kalawakan, at mga bituin—na nakatayo sa harapan ng masasamang tao at hinahatulan bilang nilalang na walang halaga!" ("Knowest Thou the Condescension of God?" sa *Doctrines of the Book of Mormon: The 1991 Sperry Symposium,* ed. Bruce A. Van Orden and Brent L. Top [1992], 86).

Isulat sa pisara ang *Mateo 26:47–68*. Sabihin sa mga estudyante na saliksikin ang mga talatang ito, na inaalam kung paano patuloy na sinunod ni Jesucristo ang kagustuhan ng Kanyang Ama kahit Siya ay pinahirapan at hinatulan ng masasamang tao. Depende sa pangangailangan ng iyong mga estudyante, maaari ninyong sama-samang basahin nang malakas ang mga talatang ito sa klase, pagpartner-partnerin ang mga estudyante para mabasa nang malakas ang mga talata, o ipabasa ito nang tahimik sa mga estudyante.

Sa halip na ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 26:47–68, maaari mong ipanood sa kanila ang ilang bahagi ng mga sumusunod na video mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos:* (1) "The Savior Suffers in Gethsemane [Ang Tagapagligtas ay Nagdusa sa Getsemani]" (time code 5:53–8:30), na naglalarawan ng pagkakanulo ni Judas at pagdakip kay Jesucristo, at (2) "Jesus Is Tried by Caiaphas, Peter Denies Knowing Him [Si Jesus ay Nilitis ni Caifas, Ikinaila ni Pedro na Kilala Niya Siya]" (time code 0:00–1:40), na naglalarawan ng paglilitis ni Caifas kay Jesus, paghagupit, at paglura sa Kanya. Ang mga video na ito ay makukuha sa LDS.org.

Pagkatapos ng sapat na oras, itanong ang sumusunod:

- Paano patuloy na sinunod ni Jesucristo ang kagustuhan ng Ama sa Langit kahit Siya ay pinahirapan at hinatulan ng masasamang tao?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:53. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus na maaari sana Niyang gawin sa mga pangyayaring ito.

- Ano ang maaari sanang gawin ng Tagapagligtas?
- Sa halip na humingi ng pulutong ng mga anghel o anumang tulong mula sa langit para iligtas Siya, ano ang ginawa ni Jesus?
- Ano ang itinuturo nito sa inyo tungkol sa kahandaan ng Tagapagligtas na gawin ang kagustuhan ng Ama sa Langit anuman ang sitwasyon?

Kahit may kapangyarihan si Jesucristo na lipulin ang mga taong humahagupit at nandudura sa Kanya, buong puso Niyang tiniis ang lahat ng ito (tingnan sa 1 Nephi 19:9). Hindi alam ng mga pinuno at mga sundalo ang walang-hanggang kapangyarihan na maaaring hingin ni Jesus kung iyon ang nais ng Ama sa Langit na gawin Niya.

Ipaliwanag na tulad ng nakatala sa talata 56, ang propesiya ng Tagapagligtas na iiwan Siya ng mga Apostol ay nangyari. Gayunman, ang pag-iwan na ito ay pansamantala lamang.

Ibuod ang Mateo 26:69–75 na ipinapaliwanag na habang nililitis si Jesus matapos Siyang dakpin, tatlong beses siyang ipinagkaila ni Pedro. (*Paalala:* Ang pagkakaila ni Pedro ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson sa Lucas 22.)

Magpatotoo sa mga katotohanang tinukoy sa lesson na ito.

## LESSON 32

# Mateo 27:1–50

### Pambungad

Bilang bahagi ng pagsasabwatan na patayin si Jesucristo, dinala ng mga pinunong Judio si Jesus kay Poncio Pilato, ang gobernador ng Roma. Pinahintulutan ni Pilato si Jesus na hampasin o hagupitin at ipako sa krus. Tiniis ni Jesus ang pagdurusa at tinanggap ang kamatayan upang gawin ang kagustuhan ng Kanyang Ama.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 27:1–25

*Dinala si Jesus kay Pilato upang mahatulan ng pagpapako sa krus*

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang sumusunod na tanong:

- Kung isa kayo sa magiging saksi sa isang pangyayari sa banal na kasulatan, alin ang pipiliin ninyo?

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot. Ipaliwanag na sa lesson na ito, pag-aaralan ng mga estudyante ang isa sa pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo. Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay nasaksihan nila ang pangyayari.

Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Ngayon ay nakita at nadama ko …*

Ituro ang di-kumpletong pahayag sa pisara, at ipaliwanag na magkakaroon ng oportunidad ang mga estudyante na kumpletuhin ang pahayag ayon sa naranasan nila sa kanilang pag-aaral ng Mateo 27:1–50.

Ipaalala sa mga estudyante na nang dakpin si Jesus, "iniwan siya ng lahat ng mga alagad, at nagsitakas" (Mateo 26:56). Ang mataas na saserdoteng si Caifas at ang Sanedrin ay inakusahan si Jesus ng paglapastangan sa Diyos—isang mabigat na kasalanan na may parusang kamatayan sa ilalim ng batas ng mga Judio; gayunpaman, sa ilalim ng batas ng Romano, ang mga Judio ay walang kapangyarihang ipapatay ang isang tao dahil sa paglapastangan sa Diyos. Dahil dito, ang mga pinunong Judio ay naghanap ng kasalanan sa ilalim ng batas ng Roma kung saan mapaparusahan ng kamatayan si Jesus.

Ibuod ang Mateo 27:1–10 na ipinapaliwanag na dinala ng mga pinunong Judio si Jesus kay Poncio Pilato, ang Romanong gobernador ng Judea. Nang makita ito ni Judas, pinagsisihan niya ang kanyang pasiya na ipagkanulo si Jesus, ibinalik ang perang tinanggap niya mula sa mga pinunong Judio, at nagpatiwakal. Dahil ang mga piraso ng pilak ay "halaga ng dugo" (Mateo 27:6) at samakatwid ay hindi dapat idagdag sa kabang-yaman, ginamit ng mga pinunong Judio ang pera na pambili ng bukid ng magpapalyok, upang paglibingan ng mga taga-ibang bayan (o mga dayuhan). Binanggit ni Mateo ang pangyayaring ito bilang katuparan ng propesiyang matatagpuan sa Zacarias 11:12–13.

***Magkakasamang basahin sa klase ang mga banal na kasulatan***

Ang magkakasamang pagbabasa ng mga banal na kasulatan sa klase ay makatutulong sa mga estudyante na maging pamilyar sa mga talatang pinag-aaralan nila at mas maunawaan ang mga ito at matulungan sila na magkaroon ng kumpiyansang basahin ang mga banal na kasulatan nang mag-isa. Hikayatin ang pagbabasa ng banal na kasulatan sa klase sa pagsasabi sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng naka-assign na mga talata. Huwag ipahiya ang mga estudyanteng hindi makabasa nang maayos o nahihiya. Sinumang ayaw magbasa nang malakas ay hindi dapat piliting gawin iyon.

Sabihin sa ilang estudyante na magsaIitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 27:11–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga ipinaratang ng mga pinunong Judio kay Jesus sa harap ni Pilato.

- Ayon sa talata 11, ano ang itinanong ni Pilato kay Jesus?

Ipaliwanag na pinaratangan si Jesus ng mga pinunong Judio ng pagtataksil, o pagtatangkang pabagsakin ang pamahalaan ng Roma, at sinabing ipinahahayag ni Jesus na Siya ay hari at naghahangad na magtatag ng Kanyang sariling kaharian.

- Ayon sa talata 14, bakit nanggilalas o namangha si Pilato?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano ang sasabihin nila kay Pilato para ipagtanggol ang Tagapagligtas kung mayroon silang pagkakataong magsalita. Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang mga iniisip.

Ibuod ang Mateo 27:15–16 na ipinapaliwanag na bawat taon tuwing Pista ng Paskua, kaugalian na ng gobernador ng Roma na patawarin ang sinumang nahatulang kriminal. Ang mga tao ay pinapahintulutang pumili ng isang bilanggo na palalayain. Isang kilalang bilanggo noong oras na hinahatulan si Jesus ay isang lalaking nagngangalang Barrabas, na hinatulan dahil sa pagnanakaw, pagrerebelde sa awtoridad ng Roma, at pagpatay.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 27:17–25. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang itinanong ni Pilato sa mga taong nagtipon sa palasyo ng gobernador.

- Ayon sa talata 17 at 21, ano ang itinanong ni Pilato sa mga tao?
- Ano kaya ang mga dahilan kung bakit iminungkahi ni Pilato na palayain si Jesus sa halip na si Barrabas?
- Bakit sa bandang huli ay pinalaya ni Pilato si Barabbas at ipinapako si Jesus?

## Mateo 27:26–50

### *Si Jesus ay hinampas, kinutya, at ipinako sa krus*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 27:26, at sabihin sa klase na alamin ang ginawa kay Jesus bago Siya ipinako sa krus.

- Ano ang ibig sabihin ng hampasin? (Latiguhin nang paulit-ulit.)

Maaari kang magpakita ng maliit na bato na may matalim o matutulis na gilid at ipaliwanag na ang latigo na ginagamit na panghampas ay kadalasang may matutulis na bagay (gaya ng mga bato, metal, o buto) na ikinakabit sa mga hibla ng

latigo. Ang ganitong uri ng pagpaparusa ay karaniwang ipinapataw sa mga alipin, samantalang ang mga dugong maharlika o malalayang tao ay hinahampas ng pamalo. Maraming tao ang namatay matapos malatigo dahil sa matinding sakit na dulot nito.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 27:27–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng mga kawal na Romano kay Jesus.

- Ano ang ginawa ng mga kawal na Romano kay Jesus?
- Sa palagay ninyo, bakit humanap ang mga kawal ng magbubuhat ng krus para kay Jesus? (Tiyak na nanghina na si Jesus matapos maranasan ang napakatinding sakit na di-kayang ilarawan ng isip at ang pagkawala ng maraming dugo dulot ng pagdurusa sa Getsemani at habang nilalatigo.)
- Batid na si Jesus ay Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo, ano kaya ang madarama ninyo kung kayo ay sapilitang pinagdala ng krus ni Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 27:33–34, at sabihin sa klase na alamin ang bagay na ayaw gawin ni Jesus bago siya ipako sa krus.

- Ano ang ayaw gawin ni Jesus? (Inumin ang alak na inalok sa Kanya.)

Ang pag-alok sa inuming ito ay katuparan ng propesiyang matatagpuan sa Mga Awit 69:21. Maaari mong ipaliwanag na ang suka na "may kahalong apdo" (Mateo 27: 34), o tulad ng nakatala sa Marcos, na, "alak na hinaluan ng mirra" (Marcos 15:23), ay nakaugalian nang ibinibigay bilang pampamanhid para mabawasan nang kaunti ang paghihirap ng taong naghihingalo. Sa pagtangging uminom, sinadya ni Jesus na huwag pamanhidin ang Kanyang mga pandamdam at magpakita ng determinasyong manatiling may malay sa nalalabing sandali ng Kanyang nagbabayad-salang pagdurusa.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 27:35–45, at sabihin sa klase na alamin ang iba pang mga bagay na ginawa ng mga tao para kutyain o tuksuhin si Jesus.

- Paano kinutya o tinukso ng mga tao si Jesus?
- Batid na si Jesus ay may kapangyarihang iligtas ang Kanyang sarili, bakit sa palagay ninyo hindi Siya bumaba mula sa krus?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 27:46, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus habang nakapako sa krus.

- Ano ang sinabi ni Jesus? ("Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?")

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung ano ang nangyari sa sandaling ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Taglay ang matibay na pananalig ng aking kaluluwa pinatototohanan ko na … *hindi* pinabayaan ng perpektong Ama ang Kanyang Anak sa oras na iyon. Tunay nga, ito ang personal kong paniniwala na sa buong ministeryo ni Cristo sa lupa maaaring sa huling sandaling ito ng napakatinding paghihirap naging napakalapit ng Ama sa Kanyang Anak. Gayunman, … saglit na [inilayo] ng Ama kay Jesus ang pag-alo ng Kanyang Espiritu, na suporta ng Kanyang presensya "("Walang Sinuman ang Kasama Niya," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2009, 87–88).

- Sa palagay ninyo, bakit inilayo ng Ama sa Langit ang Kanyang Espiritu kay Jesus sa sandaling ito?

Para matulungan ang mga estudyante na matukoy ang katotohanan sa talata 46, basahin ang nalalabing bahagi ng pahayag ni Elder Holland:

"Kailangan iyon; tunay ngang mahalaga iyon sa bisa ng Pagbabayad-sala, na ang perpektong Anak na ito na hindi kailanman nagsalita ng masama, ni gumawa ng mali, o humipo ng maruming bagay, ay kailangang malaman kung ano ang mararamdaman ng sangkatauhan—tayo, nating lahat—kapag nakagawa ng gayong mga kasalanan. Para maging walang katapusan at walang hanggan ang Kanyang Pagbabayad-sala, kinailangan Niyang malaman kung ano ang pakiramdam nang mamatay hindi lamang sa pisikal kundi maging sa espirituwal, ang madama kahit paano ang pakiramdam kapag nawala ang banal na Espiritu, at maiwang kahabag-habag, walang pag-asa, at nag-iisa" ("Walang Sinuman ang Kasama Niya," 88).

- Batay sa Mateo 27:46 at sa pahayag ni Elder Holland, paano ninyo ibubuod ang naranasan ng Tagapagligtas bilang bahagi ng Pagbabayad-sala? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Bilang bahagi ng Pagbabayad-sala, nadama ni Jesucristo ang paglayo ng Espiritu ng Ama sa Langit.**)
- Ayon kay Elder Holland, bakit naranasan ni Jesucristo ang paglayo ng Espiritu? (Para madama kung ano ang pakiramdam ng espirituwal na mamatay.)

Ipaliwanag na nakararanas tayo ng espirituwal na kamatayan, o paglayo ng Espiritu ng Ama sa Langit, kapag nagkakasala tayo. Magpatotoo na dahil naranasan ni Jesucristo ang espirituwal na kamatayan sa Halamanan ng Getsemani, matututulungan Niya tayo kapag nalayo tayo sa Espiritu ng Ama sa Langit dahil sa mga mali nating pagpili. Matutulungan din Niya tayo kapag nadarama natin na nag-iisa lang tayo.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 27:50 at ang hango (o excerpt) mula sa Joseph Smith Translation, Matthew 27:50 na binago ang talata at naging ganito, "At muling sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, sinasabing, Ama, naganap na, nagawa na ang Inyong kalooban, at nalagot ang Kaniyang hininga," na inaalam kung ano pa ang sinabi ng Tagapagligtas habang nakapako sa krus.

- Ayon sa Joseph Smith Translation ng talatang ito, bakit kailangang pagdusahan ni Jesus ang lahat ng iyon? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Si Jesucristo ay nagdusa upang gawin ang kagustuhan ng Ama sa Langit.**)

Ipaalala sa mga estudyante ang naunang lesson, kung saan pinag-aralan nila ang Mateo 26 at nalaman ang tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani at ang kahandaan Niyang sumunod sa kagustuhan ng Ama. Maaari mong imungkahi na isulat ng mga estudyante ang Mateo 26:39 bilang cross-reference sa kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Mateo 27:50 upang tulungan silang maalala na ginawa ni Jesus ang ipinangako Niyang gawin.

- Bakit ang kagustuhan ng Ama na maranasan ni Jesus ang mga pagdurusang iyon, ay nagsimula sa Getsemani at natapos sa pagpapako sa krus?

Para marebyu at matulungan ang mga estudyante na madama ang katotohanan at kahalagahan ng mga pangyayari, mga doktrina, at mga alituntuning natutuhan nila mula sa Mateo 27, maaari mong ipapanood ang video na *Mormon Messages* na "None Were with Him" [Walang Sinuman ang Kasama Niya], [ (4:25). Mapapanood sa video na ito ang pagsasadula ng Pagpapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas at excerpt mula sa "None Were with Him [Walang Sinuman ang Kasama Niya]" (*Ensign* o *Liahona,* Mayo 2009, 86–88), isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2009 na ibinigay ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang video na ito ay matatagpuan sa LDS.org.

Ipaliwanag na isa sa mga pinakamainam na paraan para maipakita natin sa Panginoon ang pasasalamat at pagpapahalaga natin sa pagdurusang tiniis Niya para sa atin ay ang mamuhay nang matwid. Balikan ang di-kumpletong pahayag na isinulat mo sa pisara sa simula ng klase: "Ngayon ay nakita at nadama ko …" Sabihin sa mga estudyante na kumpletuhin ang pahayag sa kanilang notebook o scripture study journal. Pagkatapos ng sapat na oras, maaari mong anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang isinulat.

LESSON 33

# Mateo 27:51–28:20

## Pambungad

Sa kamatayan ni Jesucristo, ang tabing ng templo ay nahapak o nahati sa gitna. Hiniling ng mga pinunong Judio kay Pilato na pabantayan ang pinaglilibingan kay Jesus. Si Jesucristo ay nabuhay na muli, at nagpakita sa maraming tao, kabilang na sa Kanyang mga Apostol. Iniutos Niya sa Kanyang mga Apostol na dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng bansa.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 27:51–56

*Sa kamatayan ni Jesucristo, ang tabing ng templo ay nahapak sa gitna at nayanig ang lupa*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung namatayan na ba sila o ang isang kakilala nila ng mahal sa buhay. Pagkatapos ay itanong sa klase:


- Bakit mahirap mamatayan ng mahal sa buhay?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa kanilang pag-aaral ng Mateo 27:51–28:20 na makakagaan ng damdamin nila kapag pumanaw na ang isang mahal sa buhay. Para maibigay ang konteksto ng aralin ngayon, maaari mong sabihin sa mga estudyante na ibuod nang maikli ang naranasan ni Jesucristo mula nang Siya ay dinakip hanggang sa Siya ay ipinako sa krus.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 27:51. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari sa templo nang mamatay si Jesus.


- Ano ang nangyari nang mamatay si Jesus? [NO TRANSLATION]

Maaari mong kopyahin sa pisara ang kalakip na diagram ng loob ng templo.




Ipaliwanag na noong panahon ni Jesus, ang templo ay may dalawang silid: ang Dakong Banal at ang Kabanalbanalang Dako. Ang Kabanalbanalang Dako ay sumasagisag sa kinaroroonan ng Diyos. Ang dalawang silid na ito ay pinaghihiwalay ng tabing, o ng kurtina. Minsan sa isang taon, sa Araw ng Pagbabayad-sala, ang mataas na saserdote ay dumaraan sa mga Dakong Banal sa pamamagitan ng tabing ng templo at pumapasok sa Kabanalbanalang Dako, kung saan iwiniwisik niya ang dugo na pantubos sa mga kasalanan ng buong kapisanan ng Israel (tingnan sa Levitico 16). Nang nahapak sa gitna ang tabing ng templo nang mamatay si Jesucristo, ito ay kagila-gilalas na simbolo na si Jesucristo, na Lubhang Dakilang Saserdote, ay dumaan sa tabing ng kamatayan at di-magtatagal ay papasok na sa kinaroroonan ng Diyos Ama.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng pagkahapak ng tabing, ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang Kabanalbanalang Dako ay bukas na ngayon sa lahat, at ang lahat, sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ng Kordero, ay makapapasok na ngayon sa pinakadakila at pinakabanal sa lahat ng mga lugar, ang kahariang iyon kung saan matatagpuan ang buhay na walang hanggan. … Ang mga ordenansang ginagawa sa tabing ng templo noong unang panahon ay kahalintulad ng gagawin ni Cristo, at dahil ito ay nagawa na niya ngayon, ang lahat ng tao ay karapat-dapat nang dumaan sa tabing papunta sa kinaroroonan ng Panginoon upang magmana ng ganap na kadakilaan" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:830).

- Anong mahalagang katotohanan ang matututuhan natin tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo mula sa paghapak ng tabing? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong makapasok sa kinaroroonan ng Diyos kung tayo ay magsisisi at tutupad sa ating mga tipan.**)
- Paano ginagawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na makabalik tayo sa kinaroroonan ng Diyos?

Ipaliwanag na kahit na ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na makabalik tayo sa kinaroroonan ng Diyos, dapat nating gawin ang ating bahagi upang maging karapat-dapat na makasama ang ating Ama sa Langit nang walang hanggan.

- Ano ang dapat *nating* gawin para maging karapat-dapat na manirahang kasama ng Ama sa Langit nang walang hanggan?

Ibuod ang Mateo 27:52–56 na ipinapaliwanag na matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, maraming mabubuting tao na namatay ang nabuhay ring muli at nagpakita sa maraming tao sa Jerusalem. Inilalahad din ng mga talatang ito na kabilang sa nakasaksi ng kamatayan ni Jesus ay isang Romanong senturion at ang maraming kababaihan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 27:54. Sabihin sa klase na alamin ang reaksyon ng Romanong senturion at ng mga kasama niya nang masaksihan nila ang mga kaganapan matapos ang pagpapako sa krus sa Tagapagligtas.

- Ano ang reaksyon ng senturion at ng mga kasama niya?
- Ano ang nakita nila na siyang maaaring dahilan kaya nila sinabing "tunay na [si Jesus] ang Anak ng Dios"?

## Mateo 27:57–66

### *Ang mga pinunong Judio ay nakipagsabwatan kay Pilato na bantayan ang libingan ni Jesus*

Ibuod ang Mateo 27:57–61 na ipinapaliwanag na noong mamatay si Jesus, isang mayamang disipulo na nagngangalang Jose ng Arimatea ang "hiningi [ipinakiusap na ibigay] ang bangkay ni Jesus" (talata 58). Binalot niya ng malinis na tela ang bangkay ni Jesus, inilagay ito sa nitso (o libingan) na pag-aari niya, at tinakpan ang pintuan nito ng malaking bato.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 27:62–66. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang hiniling ng mga punong saserdote at mga Fariseo kay Pilato.

- Ano ang hiniling ng mga punong saserdote at mga Fariseo kay Pilato?
- Bakit nila hiniling iyon?

## Mateo 28:1–20

### *Si Jesucristo ay nabuhay na muli at nagpakita sa maraming tao*

Ipaliwanag na nang umaga ng unang araw ng linggo, o araw ng Linggo, si Maria Magdalena at ang isa pang babaeng nagngangalang Maria ay dumating sa puntod upang pahiran ng pabango ang katawan ni Jesus bilang pagpapakita ng kanilang pagmamahal at pagsamba. Sabihin sa ilang estudyante na magsaIitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 28:1–6.

- Ano ang nakita ng mga babae nang dumating sila sa libingan? (Ipaliwanag na sa Joseph Smith Translation, Matthew 25:11 nilinaw doon na dalawang anghel ang nakita ng mga babae, hindi isa..)

- Ano kaya ang magiging reaksyon ninyo kung makakita kayo ng dalawang anghel? Ano ang reaksyon ng mga bantay?
- Ayon sa mga talata 5–6, ano ang sinabi ng mga anghel sa mga babae?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa mga sinabing ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Si Jesucristo ay nabuhay na muli mula sa kamatayan.**)

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli, hatiin sila sa mga grupo na may tigdalawa o tigtatlong katao at ipakumpleto ang sumusunod na handout sa kani-kanilang grupo:


## "Siya'y nagbangon" (Mateo 28:6).

Pag-aralan ang tala tungkol sa "Pagkabuhay na Mag-uli" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Pagkatapos ay talakayin ang mga tanong sa ibaba at isulat ang inyong mga sagot sa mga puwang.

| | |
|---|---|
| Ano ang pagkakaiba ng taong patay na muling binuhay sa taong nabuhay na muli? | |
| Ano ang mangyayari sa lahat ng tao dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo? | |
| Paano nagbibigay ng kapanatagan sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay ang pag-unawa sa doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli? | |

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi sa klase ang natutuhan nila matapos makumpleto ang handout.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:



"Ang himala ng umagang iyon sa pagkabuhay na mag-uli, ang unang Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, ay isang himala sa buong sangkatauhan. Ito ay himala ng kapangyarihan ng Diyos, na ang Pinakamamahal na Anak ay ibinigay ang Kanyang buhay upang magbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat, isang sakripisyo ng pagmamahal para sa bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Sa paggawa nito kinalag Niya ang mga gapos ng kamatayan. …

"At tulad ng pagbangon Niya ng Kanyang katawan at paglabas mula sa libingan, magsasama ring muli ang ating katawan at espiritu sa araw ng ating sariling pagkabuhay na mag-uli.

"Nagagalak tayo, kung gayon, tulad ng marami, at gaya ng dapat gawin ng buong sangkatauhan, kapag inaalala natin ang lubos na maluwalhati, ang lubos na nakapapanatag, ang lubos na nagbibigay-katiyakan sa lahat ng mga pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan—ang tagumpay laban sa kamatayan" ("The Victory over Death," *Ensign,* Abr. 1997, 4).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 28:7–10.

- Ayon sa talata 7, ano ang ipinagawa ng mga anghel sa mga babae?
- Sa palagay ninyo, bakit umalis ang mga babae na taglay ang "takot at ang malaking galak"?
- Ano ang nangyari sa mga babae nang umalis sila para sabihin sa mga disipulo ang kanilang naranasan?

Ibuod ang Mateo 28:11–15 na ipinapaliwanag na habang nagmamadali ang mga babae para ibalita sa mga disipulo ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus, narinig ng mga punong saserdote ang nangyari sa mga kawal na nagbantay sa libingan. Natakot ang mga pinunong Judio na malaman ng mga tao ang totoo, kaya binayaran nila ang mga bantay para ikalat ang kasinungalingan na kinuha ng mga disipulo ang Kanyang katawan mula sa libingan habang natutulog ang mga bantay.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 28:16–18. Sabihin sa klase na tahimik sa sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pagpapalang dumating sa labing-isang Apostol nang sinunod nila ang sinabi ng mga babae na magpunta sa Galilea.

- Anong mga pagpapala ang dumating sa labing-isang Apostol nang sinunod nila ang sinabi ng mga babae?.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 28:19–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol matapos na Siya ay makita nila.

Ang **Mateo 28:19–20** ay isang scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng scripture mastery passages ay makatutulong sa mga estudyante na higit na maunawaan ang mga pangunahing doktrina at maging handa na ituro ang mga ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang scripture mastery passages sa paraang madali nila itong mahahanap. Tingnan ang ideya sa pagtuturo sa katapusan ng lesson para tulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral at pagsasaulo ng mga talatang ito.

Para sa paliwanag tungkol sa scripture mastery at listahan ng karagdagang mga aktibidad na makatutulong na mapag-aralang mabuti at maisaulo ng mga estudyante ang mga piniling talatang ito, tingnan ang apendiks ng manwal na ito.

- Ano ang ipinagawa sa mga Apostol matapos nilang makita ang Tagapagligtas?
- Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang karanasan tungkol sa responsibilidad ng pagkakaroon natin ng patotoo kay Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Sa pagkakaroon natin ng patotoo kay Jesucristo, tungkulin nating magpatotoo sa iba tungkol sa Kanya.**)

Pasulatin sa pisara ang mga estudyante ng mga paraan na makapagpapatotoo tayo sa iba tungkol kay Jesucristo. Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na ipaliwanag o magbigay ng halimbawa ng mga ideyang isinulat nila. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ayon sa talata 20, ano ang ipinangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol?

- Sa anong mga paraan "sumasa inyo," o tumutulong sa inyo, ang Panginoon sa pagbabahagi ninyo ng ebanghelyo?

Hikayatin ang mga estudyante na ibahagi sa iba ang kanilang patotoo kay Jesucristo. Para tulungan silang gawin ito, sabihin sa mga estudyante na gamitin ang isa sa mga ideya na nakalista sa pisara at gumawa ng personal na mithiin o goal na magpatotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo sa mga kapamilya, kaibigan, at iba pa. Sabihin sa kanila na isulat ang mithiin o goal nila sa kanilang notebook o scripture study journal.

### Scripture Mastery—Mateo 28:19–20

Para matulungan ang mga estudyante na isaulo ang scripture mastery passage na ito, pagpartner-partnerin sila at sabihin sa isa sa bawat magkapartner na isulat ang talata sa kapirasong papel. Sabihin sa mga estudyante na gupitin nang mahaba at makitid ang papel nang hindi nagugupit ang mga parirala sa scripture passage. Sabihin sa kanila na guluhin ang pagkakasunud-sunod ng mga strip o ginupit na piraso ng papel at pagkatapos ay ibalik sa dating pagkakasunud-sunod (na tumitingin lamang sa kanilang mga banal na kasulatan kung kailangan.) Hikayatin ang mga estudyante na patuloy na magpraktis hanggang sa hindi na nila kailangang tingnan ang kanilang mga banal na kasulatan. Sabihin sa kanila na tanggalin ang isang strip at bigkasin ang nawawalang parirala nang walang tinginan. Matapos maisaulo ng mga estudyante ang isang parirala, sabihin sa kanila na tanggalin ang isa pang parirala at pagkatapos ay bigkasing muli ang dalawang parirala nang walang tinginan. Hayaan silang gawin ito hanggang sa mabigkas nila ang buong talata nang saulado.

# Pambungad sa Ebanghelyo Ayon kay Marcos

## Bakit pag-aaralan ang aklat na ito?

Ang aklat ni Marcos ay nagsasalaysay ng ministeryo, kamatayan, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa isang mabilis na daloy na madalas na nakatuon sa mga makapangyarihang ginawa ng Tagapagligtas. Nangunguna sa mga ito ang Pagbabayad-sala, na binigyang-diin ni Marcos bilang pinakamahalagang bahagi ng misyon ni Jesus bilang Mesiyas na ipinangakong darating noon pa man. Sa pag-aaral ng tala at patotoo ni Marcos tungkol sa kung paano isinakatuparan ng Tagapagligtas ang Kanyang nagbabayad-salang misyon, ang mga estudyante ay maaaring mas lubos na magbalik-loob sa ebanghelyo at magkaroon ng tapang na sundin ang Tagapagligtas.

## Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Si Marcos (na tinatawag ding Juan Marcos) ang may-akda ng aklat na ito. Bagama't si Marcos ay hindi isa sa orihinal na mga disipulo ni Jesucristo, siya ay nagbalik-loob kalaunan at naging katuwang ni Apostol Pedro, at maaaring isinulat niya ang kanyang Ebanghelyo batay sa natutuhan niya kay Pedro (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Marcos").

Si Marcos at ang kanyang inang si Maria ay nakatira sa Jerusalem; ang kanilang tahanan ay isang lugar ng pagtitipon para sa ilan sa pinakaunang mga Kristiyano (tingnan sa Mga Gawa 12:12). Si Marcos ay lumisan sa Jerusalem upang tulungan si Bernabe at Saulo (Pablo) sa kanilang unang paglalakbay bilang misyonero (tingnan sa Mga Gawa 12:25; 13:4–6, 42–48). Kalaunan ay isinulat ni Pablo na kasama niya si Marcos sa Roma (tingnan sa Mga Taga Colosas 4:10; Kay Filemon 1:24) at pinuri si Marcos na kasamang "napapakinabangan [niya] sa ministerio" (II Kay Timoteo 4:11). Tinukoy siya ni Pedro bilang "Marcos na aking anak" (I Ni Pedro 5:13), na nagpapahiwatig na malapit sila sa isa't isa.

## Kailan at saan ito isinulat?

Hindi natin alam ang eksaktong lugar kung saan isinulat ang Ebanghelyo Ayon kay Marcos. Maaaring isinulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyo sa Roma sa pagitan ng A.D. 64 at A.D. 70, marahil pagkatapos patayin si Apostol Pedro noong mga A.D. 64.

## Para kanino ito isinulat at bakit?

Ang Ebanghelyo Ayon kay Marcos ay naglalaman ng mga detalye—tulad ng mga isinaling pahayag sa wikang Aramaic, wikang Latin, at mga paliwanag sa mga kaugalian ng mga Judio—na tila nilayon para sa mga Romano at mga tao mula sa ibang mga bansa ng mga gentil, at gayundin sa mga naging Kristiyano, na malamang ay nasa Roma at sa buong Imperyo ng Roma. Maraming naniniwala na maaaring kasama ni Marcos si Pedro sa Roma noong panahon na nakadaranas ng

matitinding pagsubok sa pananampalataya ang maraming miyembro ng Simbahan sa iba't ibang lugar sa Imperyo ng Roma.

Ang ikatlong bahagi ng Ebanghelyo Ayon kay Marcos ay naglalahad ng tungkol sa mga turo at naranasan ng Tagapagligtas sa huling linggo ng Kanyang buhay. Nagpatotoo si Marcos na ang pagdurusa ng Anak ng Diyos ay pagtatagumpay sa huli sa kasamaan, kasalanan, at kamatayan. Ang patotoong ito ay nangangahulugan na hindi dapat matakot ang mga tagasunod ng Tagapagligtas; kapag nakaranas sila ng pag-uusig, pagsubok, o maging ng kamatayan, sa pagsunod sa kanilang Panginoon. Makakapagtiis sila nang may tiwala, batid na tutulungan sila ng Panginoon at lahat ng Kanyang pangako ay matutupad.

## Ano ang ilan sa kakaibang mga katangian ng aklat na ito?

Ang Ebanghelyo Ayon kay Marcos ay nagsisimula nang tuwiran at kapansin-pansin at mabilis ang takbo ng pagsasalaysay ng mga pangyayari sa pagkakasunod-sunod nito. Si Marcos ay madalas gumamit ng mga salitang *karakaraka* at *pagdaka'y* na nagpapakita ng epekto ng bilis ng pagsasalaysay at pangyayari.

Bagama't mahigit 90 porsiyento ng nakasulat sa Marcos ay matatagpuan din sa Mateo at Lucas, ang tala ni Marcos ay madalas kapalooban ng mga karagdagang detalye na tumutulong sa atin na mas lubos na mapahalagahan ang pagkahabag ng Tagapagligtas at ang tugon ng mga taong nakapaligid sa Kanya (ikumpara ang Marcos 9:14–27 sa Mateo 17:14–18). Halimbawa, isinalaysay ni Marcos ang laganap at masiglang pagtanggap sa Tagapagligtas ng mga tao sa Galilea at saanmang dako sa unang mga araw ng Kanyang ministeryo (tingnan sa Marcos 1:32–33, 45; 2:2; 3:7–9; 4:1). Maingat ding isinalaysay ni Marcos ang negatibong tugon at reaksyon ng mga eskriba at mga Fariseo, na ang pagsalungat ay lalo pang tumindi mula sa pagkakaroon ng mapagdudang puso (tingnan sa Marcos 2:6–7) hanggang sa pagplanuhang patayin si Jesus (tingnan sa Marcos 3:6).

Kabilang sa mahahalagang tema sa Marcos ay mga tanong kung sino si Jesus at sino ang nakauunawa ng Kanyang pagkatao, gayon din ang responsibilidad ng mga disipulo na "pasanin ang kaniyang krus, at sumunod [kay Jesus]" (Marcos 8:34). Bukod dito, ang Marcos ang tanging Ebanghelyo na nagsalaysay ng talinghaga ng binhi na sumibol at lumaki sa sarili nito mismo (tingnan sa Marcos 4:26–27), ang pagpapagaling ng isang taong bingi sa rehiyon ng Decapolis (tingnan sa Marcos 7:31–37), at ang unti-unting pagpapagaling sa lalaking bulag sa Betsaida (tingnan sa Marcos 8:22–26).

## Outline

**Marcos 1–4** Si Jesus ay bininyagan ni Juan Bautista at nagsimulang mangaral, tumawag ng mga disipulo, at gumawa ng mga himala. Sa pagdami ng mga sumasalungat sa Kanya, nagturo Siya sa pamamagitan ng mga talinghaga.

**Marcos 5–7** Patuloy na gumawa ng mga himala ang Tagapagligtas, ipinadarama ang pagkahabag Niya sa iba. Pagkamatay ni Juan Bautista, pinakain ni Jesus ang

mahigit limang libong tao at naglakad sa ibabaw ng tubig. Si Jesus ay nagturo laban sa mga maling tradisyon.

**Mark 8–10** Si Jesucristo ay patuloy na gumawa ng mga himala. Si Pedro ay nagpatotoo na si Jesus ang Cristo. Nagpropesiya nang tatlong beses ang Tagapagligtas tungkol sa Kanyang pagdurusa, kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli, ngunit hindi pa lubos na nauunawaan ng Kanyang mga disipulo ang ibig Niyang sabihin. Siya ay nagturo sa kanila tungkol sa pagpapakumbaba at paglilingkod na hinihingi Niya sa Kanyang mga disipulo.

**Marcos 11–16** Sa huling linggo ng Kanyang buhay, ang Tagapagligtas ay pumasok sa Jerusalem, nagturo sa Kanyang mga disipulo, nagdusa sa Getsemani, at ipinako sa krus. Si Jesucristo ay nabuhay na muli.

LESSON 34

# Marcos 1

## Pambungad

Si Juan Bautista ay nangaral ng "bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan" (Marcos 1:4). Matapos binyagan ni Juan si Jesus, ang Tagapagligtas ay nagsimulang mangaral ng ebanghelyo at gumawa ng mga himala sa pamamagitan ng banal na kapangyarihan at awtoridad. Siya ay nagpaalis ng mga karumal-dumal na espiritu at nagpagaling ng isang ketongin. Ang Kanyang katanyagan ay lumaganap sa buong Galilea.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 1:1–20

*Sinimulan ni Jesus ang Kanyang ministeryo*

Ilang araw bago magklase, hilingin sa dalawang estudyante na maikling ibahagi sa klase ang kanilang patotoo kay Jesucristo. Pagkatapos ng debosyonal, anyayahan ang dalawang estudyanteng ito na ibahagi ang kanilang patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Pagkatapos nito, itanong sa klase:

- Bakit mahalagang makarinig ng patotoo mula sa iilang tao kaysa sa iisang tao lamang?
- Sa inyong palagay, bakit mahalagang pag-aralan ang patotoo ni Marcos ngayong napag-aralan na ninyo ang patotoo ni Mateo?

Ipabasa nang mabilis at tahimik sa mga estudyante ang Marcos 1:1–4, 9–11, na hinahanap ang pangyayari kung saan sinimulan ni Marcos ang kanyang tala tungkol sa buhay ng Tagapagligtas.

- Ano ang pangyayaring iyon kung saan sinimulan ni Marcos ang kanyang tala?

Ipaliwanag na ang tala ni Marcos tungkol sa buhay ng Tagapagligtas ay naiiba kay Mateo. Ito ay sinimulan at inilahad nang mabilis, na binibigyang-diin ang pagiging Diyos ng Tagapagligtas sa pagtutuon sa Kanyang mga gawain at himala. Maaaring naisulat ni Marcos ang kanyang tala batay sa nalaman niya mula kay Apostol Pedro.

Ibuod ang Marcos 1:12–20 na ipinapaliwanag na matapos mag-ayuno ni Jesus nang 40 araw, Siya ay tinukso ng diyablo. Siya rin ay nangaral ng pagsisisi sa Galilea at inanyayahan ang Kanyang mga disipulo na sumunod sa Kanya. (*Paalala:* Ang mga talang ito ay naituro nang detalyado sa mga lesson sa Mateo 4.)

### Marcos 1:21–39

*Si Jesus ay nagpaalis ng mga demonyo at nagpagaling ng mga maysakit*

Isulat sa pisara ang mga katagang *Teritoryo ng Kaaway* at tanungin ang mga estudyante kung ano ang mga panganib na maaaring kaharapin ng isang sundalo na nasa teritoryo ng kaaway.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Kayong mga kabataan ay lumalaki sa teritoryo ng kaaway.

"Nalaman natin mula sa mga banal na kasulatan na nagkaroon ng digmaan sa langit at na si Lucifer ay naghimagsik at, kasama ang kanyang mga alagad ay, 'inihagis sa lupa' [Apocalipsis 12:9]. Determinado siyang sirain ang plano ng ating Ama sa Langit at hangad na kontrolin ang isipan at kilos ng lahat ng tao" ("Payo sa Kabataan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 16).

- Sa paanong paraan natutulad ang ating buhay dito sa lupa sa pagiging naroroon sa teritoryo ng kaaway?

Sabihin sa mga estudyante na itaas ang kanilang mga kamay kung nakadama na sila ng takot dahil sa masasamang impluwensya at tukso na nakapaligid sa kanila. Habang pinag-aaralan ng mga estudyante ang Marcos 1:21–39, sabihin sa kanila na alamin ang katotohanan na makatutulong sa kanila kapag naharap sila sa masasamang impluwensya at tukso.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 1:21–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Jesus sa Capernaum at ang reaksyon ng mga Judio.

- Bakit nangagtaka ang mga Judio sa mga itinuro ng Tagapagligtas?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng nagturo si Jesus "tulad sa may kapamahalaan"? (Marcos 1:22).

Ipaliwanag na ang mga eskriba ay itinuturing na mga eksperto sa batas ni Moises. Madalas nilang banggitin ang mga dating eksperto sa batas kapag sila ay nangaral (tingnan sa *New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 103). Sa kabaliktaran, si Jesus ay nangaral nang may kapangyarihan at awtoridad ng Kanyang Ama at bilang ang dakilang Jehova na nagbigay ng batas ni Moises (nilinaw sa Joseph Smith Translation, Matthew 7:37 na si Jesus ay "nagturo sa kanila nang may awtoridad mula sa Diyos, at hindi nang may awtoridad na mula sa mga eskriba" ).


Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Marcos 1:23–26, o ipanood sa klase ang video na "Jesus Heals a Possessed Man" (1:48) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos,* na makukuha sa LDS.org. Sabihin sa klase na alamin ang nangyari nang magturo si Jesus sa sinagoga. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Ipaliwanag na ang "karumaldumal na espiritu" ay tumutukoy sa masamang espiritu.

- Ano ang alam ng karumal-dumal na espiritu tungkol kay Jesus?
- Paano nalaman ng karumal-dumal na espiritu kung sino si Jesus? (Ang masasamang espiritu na naghahangad na mag-angkin ng pisikal na katawan ay mga alagad ni Lucifer. Kasama nila noon ang Ama sa Langit at si Jesucristo bago sila napalayas sa langit.)
- Kung naroon kayo noon sa sinagoga, ano kaya ang maiisip ninyo tungkol kay Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 1:27–28. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang reaksyon ng mga tao pagkatapos makitang pinaalis ni Jesus ang karumal-dumal na espiritu mula sa lalaki.

- Ano ang reaksyon ng mga tao?
- Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kapangyarihan ng Tagapagligtas? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Ang Tagapagligtas ay may kapangyarihan sa diyablo at sa kanyang mga alagad.**)
- Paano makatutulong sa atin ang pagkaalam sa katotohanang ito kapag nakadarama tayo ng takot dahil sa masasamang impluwensya at tukso na nakapaligid sa atin?

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan:



"Sinabi ni [Joseph Smith], 'Ang masasamang espiritu ay may mga hangganan, limitasyon, at batas na namamahala sa kanila' [sa *History of the Church,* 4:576]. Kaya hindi lubos na malakas ang kapangyarihan ni Satanas at ng kanyang mga anghel. …

"… Ang mga gawain ni Satanas ay maaaring pigilan ng lahat ng mga yaong lumalapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipan at ordenansa ng ebanghelyo" ("Serving the Lord and Resisting the Devil," *Ensign,* Set. 1995, 6, 7).

- Ayon kay Pangulong Faust, ano ang magagawa natin para makatanggap ng higit na lakas upang mapaglabanan ang masama?
- Ayon sa talata 28, anong nangyari matapos paalisin ng Tagapagligtas ang masamang espiritu?

Ibuod ang Marcos 1:29–39 na ipinapaliwanag na pinagaling ng Tagapagligtas ang lagnat ng biyenang babae ni Pedro, pinagaling ang maraming iba pang maysakit, at nagpaalis ng maraming demonyo. Si Jesus ay patuloy na nangaral sa Galilea.

## Marcos 1:40–45

### *Pinagaling ni Jesus ang isang ketongin*

Ipabasa nang mabilis at tahimik sa mga estudyante ang Marcos 1:40, na inaalam kung sino ang lumapit sa Tagapagligtas habang patuloy Siyang nangangaral sa Galilea. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase. Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay may ketong ang estudyanteng nasa harapan nila.

Ipaliwanag na ang ketong ay isang malubhang sakit na tumatama sa balat, mga ugat, mata, buto, at paa. Kapag hindi nagamot, humahantong ito sa isang masakit na kamatayan. Noong unang panahon, pinaniniwalaan na ang sinumang madikit sa mga taong may ketong ay mahahawa nito. Ituro ang estudyante na nakatayo sa harapan ng klase at itanong:

- Kung si (pangalan ng estudyante) ay isang ketongin na nabuhay noong unang panahon, paano kaya siya tatratuhin?

Ipaliwanag na para maprotektahan ang kalusugan at kapakanan ng komunidad, sapilitang pinatitira sa labas ng bayan ang mga ketongin. Iniutos ng batas sa kanila na humiyaw sila ng "Karumaldumal!" para balaan ang sinumang lalapit sa kanila (tingnan sa Bible Dictionary, "Leper"; Levitico 13:44–46). Ipasadula sa ilang estudyante ang tagpong ito na kunwari ay nadaanan nila ang estudyanteng gumaganap na ketongin. Habang naglalakad sila, sabihin sa estudyanteng gumaganap na ketongin na sumigaw ng "Karumal-dumal! Karumal-dumal!" Itanong sa mga estudyanteng naglalakad ang magiging reaksyon nila sa sitwasyong ito. Pagkatapos ay paupuin ang mga estudyante.

- Paano makakaapekto sa inyong buhay ang pagkakasakit ng ketong?

Sabihin sa mga estudyante na isipin na kunwari ay mga ketongin sila sa panahon ni Jesucristo. Itanong kung ano ang gagawin nila kung nakita nilang palapit ang Tagapagligtas.


- Ayon sa Marcos 1:40, ano ang ginawa ng ketongin nang makita niya ang Tagapagligtas? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *namamanhik* ay nagmamakaawa o nagsusumamo.)
- Paano ipinakita ng ketongin ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo? Paano ipinapakita ng mga katagang "kung ibig mo" ang pananampalataya ng ketongin?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Marcos 1:41–42, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas sa pagsusumamo ng lalaki.

- Ano ang nagpahanga sa inyo sa ginawa ng Tagapagligtas sa pagsusumamo ng lalaki?
- Kung kayo ang ketongin, ano ang ibig sabihin sa inyo ng mahipo ng Tagapagligtas? Bakit?
- Paano kaya mababago ang buhay ninyo kung pinagaling ni Jesucristo ang inyong ketong?

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag: *Maaaring ihalintulad ang ketong sa kasalanan.*

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano maaaring ihalintulad ang ketong sa kasalanan (tingnan sa Levitico 14), ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang ketong sa panahon ng Biblia, bukod pa sa kahindik-hindik na epekto nito sa katawan, ay itinuturing na simbolo ng kasalanan at karumihan, nagpapahiwatig na tulad ng matinding sakit na ito na kinakain at sinisira ang pisikal na katawan, gayon din naman ang kasalanan na kinakain at sinisira ang espirituwal na bahagi ng tao" (*The Mortal Messiah*, 4 na tomo. [1979–81], 2:45).

- Sa paanong paraan maihahalintulad ang ketong sa kasalanan? (Sa paghahalintulad ng ketong sa kasalanan, tiyakin na nauunawaan ng mga estudyante na ang sakit ay hindi naman nangangahulugan na sanhi ng kasalanan.)

Ipabasa muli nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 1:40–42, at sa pagkakataong ito ay ihalili ang salitang *makasalanan* sa salitang *ketongin* at ang salitang *kasalanan* sa salitang *ketong.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano natin maihahalintulad ang paggaling ng ketongin na ito sa pagiging malinis mula sa kasalanan.

***Paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa ating sarili***

Ang ibig sabihin ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa ating sarili ay pagkumpara nito sa sarili nating buhay. Kapag nakita ng mga estudyante ang pagkakatulad ng sarili nilang mga karanasan sa mga nakatala sa mga banal na kasulatan, mas matutukoy nila ang mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo. Mas makikita rin ng mga estudyante kung paano nila maipamumuhay ang mga doktrina at mga alituntuning ito.

- Kapag binasa ninyo sa ganitong paraan ang mga talatang ito, anong mga salita ang nagpapahiwatig na napatawad ang kasalanan?
- Paano natin maihahalintulad ang ginawa ng ketongin para maging malinis mula sa sakit na ketong sa kinakailangan nating gawin para maging malinis mula sa kasalanan?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa paghahalintulad sa pagpapagaling ng ketongin sa pagiging malinis mula sa kasalanan? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kapag nanampalataya tayo at lumapit sa Tagapagligtas, kahahabagan Niya tayo at lilinisin mula sa ating mga kasalanan.** Gamit ang mga isinagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Paano tayo mananampalataya at lalapit sa Tagapagligtas upang mapatawad Niya tayo sa ating mga kasalanan?

Sabihin sa mga estudyante na isiping muli ang buhay ng ketongin bago at pagkatapos siyang mapagaling.

- Paanong nagpapabago ng buhay ng isang tao ang paglapit kay Jesucristo para malinis mula sa kasalanan?
- Kailan kayo nakakita ng isang tao na nagbago ang buhay matapos malinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo? (Sabihin sa mga estudyante na huwag banggitin ang mga pangalan ng mga tao o ang nagawa nilang mga kasalanan noon.)

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti kung anong mga kasalanan ang kailangang malinis sa kanila. Anyayahan ang mga estudyante na lumapit sa Tagapagligtas nang nananampalataya sa Kanya sa pamamagitan ng pagdarasal, pagsisisi, at pagsunod upang sila ay malinis Niya. Maaari mong ibahagi ang

patotoo mo tungkol sa naglilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas sa Marcos 1:43–45. Sabihin sa klase na alamin ang mga tagubiling ibinigay ng Tagapagligtas sa ketongin. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na inutos sa batas ni Moises na dapat ipakita ng mga taong gumaling sa sakit na ketong ang kanilang sarili sa isang saserdote ng templo at mag-alay ng sakripisyo.

- Ano ang ginawa ng lalaki pagkatapos siyang bilinan ng Tagapagligtas na huwag sabihin sa iba ang nangyari?
- Ano ang nangyari dahil ipinagsabi ng lalaki ang kanyang paggaling?

Maaari mong tapusin ang lesson sa pagtatanong sa mga estudyante kung ano ang pinakahinangaan nila sa mga ginawa ni Jesucristo na nakatala sa Marcos 1.

LESSON 35

# Marcos 2–3

## Pambungad

Si Jesus ay nagpatawad at nagpagaling ng isang lalaking lumpo at tinawag si Mateo na sumunod sa Kanya. Itinuro Niya sa mga eskriba at mga Fariseo ang tungkol sa araw ng Sabbath. Ang Tagapagligtas ay patuloy na nagpagaling ng maraming tao, nagsugo ng Kanyang mga Apostol na mangaral, at nagbabala tungkol sa paglapastangan (o blasphemy) sa Espiritu Santo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 2:1–12

*Pinatawad at pinagaling ni Jesus ang isang lalaking lumpo*

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay may malubhang sakit ang isang taong mahal nila at kailangan niya ang isang mahusay na doktor.

- Sino ang hihingan ninyo ng tulong para sa inyong mahal sa buhay? Bakit?
- Ano kaya ang handa ninyong gawin kung iisang doktor lang ang makakatulong pero mahirap humingi ng appointment sa doktor na ito?

Ibuod ang Marcos 2:1–4 na ipinapaliwanag na sa nayon ng Capernaum sa Galilea, may isang lalaking "lumpo" (talata 3), na ibig sabihin ay paralisado siya. Apat na iba pang lalaki ang nagbuhat sa lalaking ito papunta sa bahay kung saan naroon si Jesus. Nang malaman nila na punung-puno ng tao ang bahay at hindi sila makakapasok dito, tinanggal nila ang isang bahagi ng bubong ng bahay at ibinaba ang lalaking lumpo sa harapan ng Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 2:5 at sabihin sa klase na alamin ang sinabi ng Tagapagligtas sa lalaking lumpo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 2:6–12. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kasunod na nangyari.

- Ayon sa mga talata 6–7, ano ang reaksyon ng "ilan sa mga eskriba" sa mga sinabi ng Tagapagligtas? (Ikinagalit nila ang paghahayag Niya ng pagpapatawad ng mga kasalanan.)
- Ano ang itinanong ni Jesus sa mga eskriba?
- Ano ang ipinakita at itinuro ng Tagapagligtas sa pagpapagaling sa lalaking ito? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, tulungan sila na matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Si Jesucristo ay may kapangyarihang pagalingin tayo kapwa sa espirituwal at pisikal.**)

Ipaliwanag na nang makita ng mga eskriba ang lalaking lumpo na bumangon mula sa kanyang higaan at lumakad, nabigyan sila ng di-mapag-aalinlangang katibayan na si Jesucristo ay may kapangyarihang magpagaling ng maysakit at narinig nila Siya na nagpatotoo na Siya ay makapagpapatawad ng mga kasalanan. Gayunman,

walang indikasyon na lumapit ang mga lalaking ito kay Jesus pagkatapos niyon at humingi ng kapatawaran para sa kanilang sariling mga kasalanan.

(*Paalala:* Ang mga pangyayaring nakatala sa Marcos 2:1–12 ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson para sa Lucas 5.)

## Marcos 2:13–22

### *Tinawag ni Jesus si Mateo na sumunod sa Kanya at kumain Siya kasalo ang mga maniningil ng buwis at makasalanan*

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante at bigyan ang bawat magkapartner ng isang papel. Sabihin sa magkakapartner na pag-usapan nila ang sumusunod na tanong at isulat ang kanilang mga sagot sa kanilang mga papel.

- Ano ang ilang dahilan kung bakit hindi humihingi ng kapatawaran sa Panginoon ang mga tao para sa kanilang mga kasalanan?

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot, na maaaring kalakip ang mga sumusunod: maaaring may mga taong ayaw huminto sa pagkakasala; ang iba naman ay ayaw aminin o ipagtapat ang mga kasalanan dahil sa kapalaluan o kahihiyan; ang ilan ay umaasa na patatawarin sila ng Panginoon kahit hindi sila nagsisi; at maaaring naniniwala ang ilan na may kapangyarihang magpatawad ang Panginoon, ngunit hindi sila nananampalataya na mapapatawad Niya ang kanilang mga kasalanan.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa Marcos 2:13–22 na maghihikayat sa atin na hangarin ang pagpapatawad ng Panginoon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 2:13–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas pagkatapos pagalingin ang lalaking paralisado.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas matapos pagalingin ang lalaking ito?
- Paano tumugon si Levi sa paanyaya ng Tagapagligtas?

Ipaliwanag na si Levi ay tinatawag din sa pangalang Mateo at ang siya ring Mateo na nagsulat ng Ebanghelyo Ayon kay Mateo. Ang ibig sabihin ng mga katagang "nakaupo sa paningilan ng buwis" (talata 14) ay si Mateo ay "isang tagasingil ng buwis para sa mga Romano sa Capernaum, marahil ay naglilingkod kay Herodes Antipas" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mateo"). Galit ang maraming Judio sa mga maniningil ng buwis dahil itinuturing nilang mga traydor ang mga ito na nangongolekta ng buwis sa mga kababayan nila para sa mga Romano.

- Ayon sa talata 15, ano ang ginawa ni Mateo para sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga disipulo?
- Sino pa ang dumalo sa piging na ito?

Ipaliwanag na noong ministeryo ng Tagapagligtas dito sa lupa, ang pagsasalu-salo sa pagkain ay higit pa sa simpleng pagkain at pag-inom nang magkakasama. Nagpapakita ito na mayroong pagkakaibigan at kapayapaan sa lahat ng taong dumalo roon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 2:16, at sabihin sa klase na alamin ang sinabi ng mga eskriba at mga Fariseo nang makita nila na kumakain ang Tagapagligtas kasalo ang mga maniningil ng buwis.

- Ano ang sinabi ng mga eskriba at mga Fariseo?
- Sa inyong palagay, bakit nila kinutya si Jesus sa pagkain kasalo ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 2:17 at sabihin sa klase na alamin ang tugon ng Tagapagligtas sa pangungutya ng mga eskriba at mga Fariseo.

- Anong salita ang ginamit ng Tagapagligtas para ilarawan ang Kanyang sarili? (Bigyang-diin na sa paggamit ng salitang *manggagamot,* muling pinagtibay ng Tagapagligtas ang Kanyang kapangyarihang magpagaling kapwa sa espirituwal at pisikal.)
- Paano sana nakatulong ang sinabi ng Tagapagligtas para maunawaan ng mga eskriba at mga Fariseo kung bakit Siya nakikisalamuha sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?
- Anong katotohanan ang malalaman natin mula sa talata 17 tungkol sa gagawin ng Tagapagligtas sa ating mga kasalanan? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Hangad ng Tagapagligtas na tulungan tayong magsisi ng ating mga kasalanan at mapagaling.**)
- Bakit mahalagang paniwalaan na hangad ni Jesus na tulungan tayong magsisi at mapagaling?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Craig A. Cardon ng Pitumpu:



"Mahal tayo ng Panginoon at nais Niyang maunawaan natin ang kahandaan Niyang magpatawad. …

"… Dahil dito, lahat tayo, pati na yaong mga nahihirapang madaig ang pagkalulong sa droga o pornograpiya at iba pang kaugnay nito, ay malalaman na kikilalanin ng Panginoon ang matwid nating mga pagsisikap at mapagmahal na magpapatawad kapag ganap ang pagsisisi" ("Nais ng Tagapagligtas na Magpatawad," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 16).

- Paano natin malalaman na nais ng Panginoon na tulungan tayong magsisi at matanggap ang Kanyang pagpapatawad?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti kung sila ba ay tulad ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan (na kinikilala na kailangan nila ang Tagapagligtas at lumapit sa Kanya) o tulad ng mga eskriba at mga Fariseo (na hindi lumapit sa Tagapagligtas para hangarin ang Kanyang pagpapatawad at nagpapagaling na kapangyarihan).

Magpatotoo sa kapangyarihan at pagnanais ng Tagapagligtas na pagalingin tayo, at hikayatin ang mga estudyante na humingi ng tawad sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisisi kung kailangan.

Ibuod ang Marcos 2:18–22 na ipinapaliwanag na itinuro ni Jesus kung bakit hindi nag-ayuno ang Kanyang mga disipulo habang Siya ay kasama nila. Itinuro rin Niya kung bakit nahihirapan ang ilang tao na tanggapin ang Kanyang ebanghelyo. (*Paalala:* Ang mga turong ito ay tatalakayin nang mas detalyado sa lesson para sa Lucas 5.)

### Marcos 2:23–3:6

*Nagturo si Jesus tungkol sa araw ng Sabbath*

Itanong sa mga estudyante kung nagawa na nilang huwag sumali sa isang aktibidad para mapanatiling banal ang araw ng Sabbath. Anyayahan ang ilan na ibahagi ang kanilang mga karanasan.

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong at sabihin sa mga estudyante na isipin itong mabuti sa patuloy na pag-aaral nila ng Marcos 2–3: *Paano ninyo malalaman na angkop gawin ang isang aktibidad sa araw ng Sabbath?*

Hatiin sa dalawang grupo ang klase. Ipabasa nang tahimik sa isang grupo ang Marcos 2:23–28. (Maaari mong ipaliwanag na nilinaw sa Joseph Smith Translation ang mga talata 27–28: "Samakatwid ang Sabbath ay ibinigay sa tao para magpahinga; at gayon din upang luwalhatiin ng tao ang Diyos, at hindi upang hindi kumain ang tao; Dahil ginawa ng Anak ng tao ang araw ng Sabbath, kaya't ang Anak ng tao ang Panginoon din naman ng Sabbath," Joseph Smith Translation, Mark 2:26–27). Ipabasa nang tahimik sa isa pang grupo ang Marcos 3:1–6. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang ginawa ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga disipulo na pinaniniwalaan ng mga Saduceo na paglabag sa kautusang panatilihing banal ang araw ng Sabbath.

Pagkatapos ng sapat na oras, itanong ang mga sumusunod:

- Anong paglabag sa kautusan ang pinaniniwalaan ng mga Fariseo na nagawa ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga disipulo sa araw ng Sabbath? (Nagsipulot sila ng mga butil at nagpagaling ng isang tao.)
- Bakit itinuturing ng mga Fariseo na paglabag sa mga batas ng Diyos ang pagpulot ng mga butil o pagpapagaling ng isang tao sa araw ng Sabbath?

Kung kinakailangan, ipaalala sa mga estudyante na idinagdag ng mga guro ng mga Judio ang sarili nilang mga patakaran at interpretasyon, na tinatawag na oral na batas o tradisyon, sa mga batas ni Moises. Ang layunin ng mga idinagdag na patakarang ito ay maiwasan ang paglabag sa batas ng Diyos, ngunit hinahadlangan din ng mga ito ang ilang tao na maunawaan ang tunay na layunin ng mga kautusan, kabilang na ang utos na panatilihing banal ang araw ng Sabbath.

Isulat sa pisara ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag: *Mapapanatili nating banal ang araw ng Sabbath sa pamamagitan ng …*


- Paano ninyo kukumpletuhin ang pahayag na ito batay sa mga turo ng Tagapagligtas sa Marcos 2–3? (Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag sa pisara para maituro ang sumusunod na katotohanan: **Mapapanatili nating banal ang araw ng Sabbath sa pamamagitan ng pagbibigay-luwalhati sa Diyos at paggawa ng mabuti.**)
- Sa paanong paraan natin maluluwalhati ang Diyos sa Kanyang banal na araw?

- Ano ang ilang halimbawa ng paggawa ng mabuti sa araw ng Sabbath?

***Tanungin ang mga estudyante ng mga bagay na makatutulong sa kanila na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin***

Matapos matukoy ng mga estudyante ang mga doktrina at mga alituntunin, dapat nilang maunawaan muna ang mga ito bago nila ito maipamuhay nang makabuluhan. Magtanong ng mga bagay na magpapaunawa nang mas malinaw sa mga estudyante sa isang partikular na doktrina o alituntunin o na maghihikayat sa kanila na isiping mabuti ang isang alituntunin sa makabagong konteksto. Sabihin din sa mga estudyante na ipaliwanag ang naunawaan nila tungkol sa doktrina o alituntunin.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano nila malalaman ang mga aktibidad na angkop para sa Sabbath, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan:



"Ano ang angkop at hindi angkop na gawin sa araw ng Sabbath? Sa pamamagitan ng mga alituntunin, dapat sagutin ng bawat isa sa atin ang tanong na ito para sa ating sarili. Bagama't ang mga alituntuning ito ay nasa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga makabagong propeta, dapat nakasulat din ito sa ating puso at ipinamumuhay. … Tiyak na walang mangyayaring anumang mabigat na paglabag sa pagsamba sa araw ng Sabbath kung mapagkumbaba tayong lalapit sa Panginoon at iaalay sa kanya ang ating buong puso, kaluluwa, at isipan. (Tingnan sa Mat. 22:37.)

"Ang mga gawaing marapat o hindi marapat sa araw ng Sabbath ay dapat pagdesisyunan ng bawat isa sa atin sa pagsisikap na maging matapat sa Panginoon. Sa araw ng Sabbath kailangan nating gawin ang tama at nararapat nang may mapagsambang puso at limitahan ang iba pa nating mga aktibidad" ("The Lord's Day," *Ensign,* Nob. 1991, 35).

- Paano kayo napagpala sa pagsisikap ninyong sambahin ang Diyos at gumawa ng mabuting bagay sa araw ng Sabbath?

Hikayatin ang mga estudyante na pag-isipan ang isang paraan na mas mapapanatili nilang banal ang araw ng Sabbath at na magsulat sa kanilang notebook o scripture study journal ng isang mithiin na isasagawa nila.

## Marcos 3:7–35

### *Ang Tagapagligtas ay nagpagaling ng maraming tao, nagsugo ng Kanyang mga Apostol para mangaral, at nagbabala tungkol sa paglapastangan sa Espiritu Santo*

Ibuod ang Marcos 3:7–35 na ipinapaliwanag na si Jesus ay nagpunta sa Dagat ng Galilea at nagpagaling ng maraming tao na sumunod sa Kanya roon, kabilang ang ilang sinapian ng mga karumal-dumal na espiritu. Pagkatapos pumili ng Labindalawang Apostol, inordenan sila ni Jesus at isinugo na mangaral, magpagaling, at magpaalis ng mga demonyo. Pagkatapos ay binalaan Niya ang mga eskriba tungkol sa pagsasalita ng kalapastanganan sa Espiritu Santo at nagturo na ang Kanyang pamilya ay ang mga taong gumagawa ng kalooban ng Ama sa Langit.

(*Paalala:* Ilan sa mga kaganapan na nakatala sa Marcos 3:7–35 ay tinalakay nang mas detalyado sa lesson para sa Mateo 12:22–35.)

Sa katapusan ng lesson, maaari kang magpatotoo tungkol sa mga katotohanang natukoy sa lesson.

HOME-STUDY LESSON

# Mateo 26:31–Marcos 3:35 (Unit 7)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Mateo 26:31–Marcos 3 (unit 7) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Mateo 26:31–75)

Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa pagdurusa ni Jesus sa Halamanan ng Getsemani, natutuhan nila na nagpasakop si Jesucristo sa kalooban ng Ama upang isakatuparan ang Pagbabayad-sala at na tinutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo kapag pinipili nating magpasakop sa kalooban ng Ama sa Langit. Mula sa mga tagubilin ng Tagapagligtas sa mga Apostol sa Getsemani, natutuhan ng mga estudyante na kung palagi tayong mapagbantay at patuloy na mananalangin, magkakaroon tayo ng lakas na labanan ang tukso.

### Day 2 (Mateo 27–28)

Mula sa tala tungkol sa Pagpapako sa Krus ng Tagapagligtas, nalaman ng mga estudyante na bilang bahagi ng Pagbabayad-sala, nadama ni Jesucristo ang pag-alis ng Espiritu ng Ama sa Langit. Nalaman din nila na si Jesucristo ay nagdusa para isakatuparan ang kalooban ng Ama sa Langit, tulad ng ipinangako Niya sa Mateo 26. At sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa tabing ng templo na nahati sa dalawa sa pagkamatay ng Tagapagligtas, nalaman nila na sumasagisag ito sa katotohanan na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayong lahat ay makakapasok sa kinaroroonan ng Diyos kung magsisisi tayo at tutuparin ang ating mga tipan.

### Day 3 (Marcos 1)

Mula sa salaysay tungkol kay Jesus na nagpaalis ng karumal-dumal na mga espiritu, natutuhan ng mga estudyante na ang Tagapagligtas ay may kapangyarihan laban sa diyablo at sa kanyang mga tagasunod. Natutuhan din ng mga estudyante na tulad ng pagkahabag at paglinis ni Jesus sa ketongin, kapag nanampalataya tayo at lumapit sa Tagapagligtas, Siya ay mahahabag sa atin at lilinisin tayo mula sa ating mga kasalanan.

### Day 4 (Marcos 2–3)

Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa pagpapatawad at pagpapagaling sa lalaking lumpo, natutuhan nila na si Jesucristo ay may kapangyarihang pagalingin tayo sa mga aspetong espirituwal at pisikal. Sa pag-aaral nila tungkol sa pagkain ni Jesus kasalo ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan, natutuhan nila na nais ng Tagapagligtas na magsisi tayo ng ating mga kasalanan at mapagaling. Sa pagbabasa nila tungkol sa pagkutya ng mga mga Fariseo kay Jesus at sa Kanyang mga disipulo sa paglabag sa araw ng Sabbath, natutuhan ng mga estudyante na mapananatili nating banal ang araw ng Sabbath sa pagluwalhati sa Diyos at paggawa ng mabubuting gawa.

## Pambungad

Si Jesucristo ay nabuhay na muli, at nagpakita sa maraming tao, pati na sa Kanyang mga Apostol. Iniutos Niya sa Kanyang mga Apostol na dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng bansa.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Mateo 28

*Si Jesucristo ay nabuhay na muli, at nagpakita sa maraming tao*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung namatayan na sila o ang isang taong kakilala nila ng isang taong malapit sa kanila. Pagkatapos ay itanong sa klase:

- Bakit masakit sa atin ang mawalan ng mahal sa buhay?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Mateo 28 na makatutulong sa kanila na makadama ng kapanatagan kapag pumanaw ang isang mahal sa buhay.

Ipaliwanag na noong umaga sa unang araw ng linggo—Linggo—si Maria Magdalena at isa pang babaeng nagngangalang Maria ay nagpunta sa libingan, kung saan nakahimlay ang katawan ni Jesus.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 28:1–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nakita ng mga babae nang papalapit na sila sa libingan.

- Ano ang nakita ng mga babae nang papalapit na sila sa libingan? (Ipaliwanag na nilinaw sa Joseph Smith Translation para sa mga talatang ito na nakakita ang mga babae ng *dalawang* anghel, hindi isa [tingnan din sa Juan 20:12].)
- Ano kaya ang magiging reaksyon ninyo kung nakakita kayo ng dalawang anghel?
- Ayon sa talata 4, ano ang reaksyon ng mga bantay?
- Ayon sa mga talata 5–6, ano ang sinabi ng mga anghel sa mga babae?
- Anong katotohanan ang malalaman natin mula sa mga salitang ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Si Jesucristo ay nabuhay na muli mula sa kamatayan.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli, hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-dadalawa o tig-tatatlong estudyante at sabihin sa kanila na kumpletuhin ang kalakip na handout sa kanilang mga grupo.


### "Siya'y nagbangon" (Mateo 28:6).

Pag-aralan ang paksang "Pagkabuhay na Mag-uli" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Pagkatapos ay talakayin ang mga tanong sa ibaba at isulat ang inyong mga sagot sa inilaang espasyo.

| | |
|---|---|
| Ano ang pagkakaiba ng taong patay na muling binuhay sa taong nabuhay na muli? | |
| Ano ang mangyayari sa buong sangkatauhan dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo? | |
| Paano nagbibigay ng kapanatagan ang pag-unawa sa doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli para sa mga taong nawalan ng mga mahal sa buhay? | |

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi sa klase ang natutuhan nila sa pagkumpleto ng handout.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:



"Ang himala ng umagang iyon ng Pagkabuhay na Mag-uli, ang unang Linggo ng Paskua, ay isang himala para sa buong sangkatauhan. Himala ito ng kapangyarihan ng Diyos, na ang Pinakamamahal na Anak ay nag-alay ng Kanyang buhay upang magbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng tao, isang sakripisyo ng pagmamahal para sa bawat anak na lalaki at babae ng Diyos. Sa paggawa nito, kinalag Niya ang mga gapos ng kamatayan. …

"At tulad ng pagkuha Niya ng Kanyang katawan at pagbangon mula sa libingan, ang ating katawan at espiritu rin ay magsasamang muli at magiging buhay na kaluluwa sa araw ng ating sariling pagkabuhay na mag-uli.

"Samakatwid, nagagalak tayo tulad ng marami, at ng buong sangkatauhan, kapag naaalala natin ang pinakamaluwalhati, ang pinakanakapapanatag, ang pinakatiyak sa lahat ng kaganapan sa kasaysayan ng sangkatauhan—ang tagumpay sa kamatayan" ("The Victory over Death," *Ensign,* Abril 1997, 4).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 28:7–10. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang iniutos sa mga babae na nasa libingan ni Jesus.

- Ayon sa talata 7, ano ang iniutos ng mga anghel sa mga babae?
- Sa inyong palagay, bakit lumisan ang mga babae na "taglay ang takot at ang malaking galak"? (Mateo 28:8).
- Anong nangyari sa mga babae habang paalis sila para ibalita sa mga disipulo ang tungkol sa naranasan nila?

Ibuod ang Mateo 28:11–15 na ipinapaliwanag na habang nagmamadali ang mga babae na ibalita sa mga disipulo ang tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus, nalaman ng mga punong saserdote ang nangyari mula sa mga kawal na nagbantay sa libingan. Natakot ang mga pinunong Judio na malaman ng mga tao ang katotohanan, kaya binayaran nila ang mga bantay na magpalaganap ng mga

kasinungalingan na kinuha ng mga disipulo ng Tagapagligtas ang Kanyang katawan mula sa libingan habang tulog ang mga bantay.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 28:16–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pagpapalang dumating sa labing-isang Apostol nang sundin nila ang mensaheng sinabi ng mga babae at nagpunta sa Galilea.

- Anong pagpapala ang dumating sa labing-isang apostol dahil sinunod nila ang mensahe na magpunta sa Galilea? (Nakita nila ang nabuhay na muling Panginoon.)

Sabihin sa mga estudyante na tumayo at basahin ang Mateo 28:19–20 nang malakas at sabay-sabay. Ipaalala sa kanila na ito ay isang scripture mastery passage.

Sabihin sa klase na rebyuhin ang mga talata 19–20, na inaalam ang ipinagawa ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol pagkatapos nilang makita Siya.

- Ano ang ipinagawa sa mga Apostol matapos nilang makita ang Tagapagligtas?
- Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang karanasan tungkol sa responsibilidad natin kapag nagkaroon tayo ng patotoo tungkol kay Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kapag nagkaroon tayo ng patotoo tungkol kay Jesucristo, may responsibilidad tayo na magpatotoo sa iba tungkol sa Kanya.**)

Paalalahanan ang mga estudyante na bilang bahagi ng kanilang home-study lesson sa Mateo 27–28, naglista sila ng mga paraan para makapagpatotoo sila sa iba tungkol kay Jesucristo (assignment 3 sa Unit 7: Day 2 lesson). Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang isinulat nila at ipaliwanag ito at magbigay ng mga halimbawa ng kanilang mga ideya. Maaari mong ilista sa pisara ang kanilang mga ideya.

- Ayon sa Mateo 28:20, ano ang ipinangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo?
- Sa papaanong paraan "sumasa inyo," o tumulong ang Panginoon sa inyo, sa pagsisikap ninyong ibahagi ang ebanghelyo?

Pag-isipan kung aanyayahan mo ang mga estudyante na magbahagi ng kanilang mga patotoo kay Jesucristo sa buong klase, sa maliliit na grupo, o sa kapartner. Maaari mo ring ibahagi sa klase ang iyong patotoo kay Jesucristo. Ipaalala sa mga estudyante na nagsulat din sila ng isang mithiin sa kanilang scripture study journal assignment tungkol sa kung paano sila magpapatotoo sa iba tungkol kay Jesucristo. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga mithiin sa klase.

## Susunod na Unit (Marcos 4–9)

Ipaliwanag sa mga estudyante na marami pa silang matututuhan sa susunod na unit tungkol sa mga himalang isinagawa ni Jesucristo, tulad ng paglalakad sa ibabaw ng tubig, pagpapaalis ng mga demonyo mula sa isang lalaki, at pagbuhay sa isang batang babae na pumanaw na. Itanong sa mga estudyante kung nakaranas na sila ng malakas na bagyo at ano ang nadama nila nang mangyari ito. Sabihin sa kanila na pag-isipan kung nakaranas na sila ng matitinding unos o problema sa kanilang personal na buhay. Hikayatin sila, sa pag-aaral nila ng Marcos 4–9 sa

susunod na linggo, na alamin ang mga paraan upang madama pa rin nila ang kapanatagan sa kabila ng mga problema sa buhay.

LESSON 36

# Marcos 4–5

## Pambungad

Sa dalampasigan ng Dagat ng Galilea, nagturo si Jesus sa Kanyang mga disipulo gamit ang mga talinghaga. Habang nasa dagat, pinapayapa ng Tagapagligtas ang bagyo. Ipinakita ni Jesus na higit Siyang makapangyarihan sa mga demonyo sa pagpapaalis sa kanila mula sa isang lalaki. Habang nagmiministeryo sa Capernaum, pinagaling Niya ang isang babaeng inaagasan ng dugo at ibinangon ang anak na babae ni Jairo mula sa kamatayan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 4

*Si Jesus ay gumagamit ng mga talinghaga para ituro ang tungkol sa kaharian ng Diyos at pinapayapa ang bagyo*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang pinakamalakas na bagyo na naranasan nila. Maikling ipakuwento sa ilang estudyante ang kanilang mga karanasan.

- Paano natutulad sa isang bagyo ang mga problema sa buhay?

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga salita, (mag-iwan ng puwang sa ilalim ng bawat salita): *Pisikal, Espirituwal, Mental, Sosyal.* Itanong ang sumusunod gamit ang bawat salita sa pisara:

- Ano ang ilang halimbawa ng pisikal (o espirituwal, mental, o sosyal) na mga problemang nararanasan ng mga kabataan? (Isulat ang mga sagot ng mga estudyante sa ilalim ng mga salita sa pisara kung saan ito angkop.)

Sabihin sa mga estudyante na sa pag-aaral nila ng Marcos 4–5, maghanap sila ng mga alituntuning makatutulong sa kanila sa oras na dumating ang mga problema sa kanilang buhay.

Ibuod ang Marcos 4:1–34 na ipinapaliwanag na habang nasa dalampasigan ng Dagat ng Galilea, ang Tagapagligtas ay nagturo ng ilang talinghaga sa mga tao.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 4:35–38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang problemang naranasan ng mga disipulo habang patawid sila sa Dagat ng Galilea.

- Ano ang naging problema habang patawid ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga disipulo sa Dagat ng Galilea?

Ipaliwanag na ang Dagat ng Galilea ay 700 talampakan mula sa kapatagan ng dagat at napaliligiran ng mga bundok sa tatlong dako nito. Kung minsan, bumababa mula sa mga bundok ang malamig at tuyong hangin at sumasalubong sa mainit at mahalumigmig na hangin sa ibabaw ng Dagat ng Galilea, na lumilikha kaagad ng malalakas na bagyo—kung minsan sa loob lamang ng ilang minuto—na may malalaking alon sa maliit na dagat na ito.

- Ano ang naging epekto ng bagyo sa sasakyang-dagat?
- Kung kayo ay nasa isang sasakyang-dagat sa ganitong sitwasyon, ano ang maiisip at madarama ninyo?
- Sino ang hiningan ng tulong ng mga disipulo sa nakakatakot na sandaling ito? Ano ang sinabi nila sa Panginoon?



**Ang Dagat ng Galilea at Bundok Arbel**

- Sa paanong paraan tayo maaaring matuksong gawin ang ginawa ng mga disipulo ni Jesus kapag dumating ang problema sa ating buhay?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 4:39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas nang humingi ng tulong ang mga disipulo. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang mga katagang "Pumayapa, tumigil ka" at "humusay na totoo ang panahon" (talata 39).

- Kung hihingi tayo ng tulong sa Panginoon sa oras ng kagipitan o takot, ano ang magagawa Niya para sa atin? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung hihingin natin ang tulong ng Panginoon sa panahon ng kagipitan o takot, bibigyan Niya tayo ng kapanatagan.**)
- Sa paanong paraan tayo makahihingi ng tulong sa Panginoon sa oras ng kagipitan o takot? (Maaari tayong manalangin sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo. Maaaring hindi masagot ang ating mga panalangin ayon sa mga paraang inaasahan natin. Gayunman, tayo ay bibiyayaan ng kapanatagan kapag hiningi natin ang tulong ng Panginoon.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 4:40–41. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong ng mga disipulo tungkol kay Jesus.

- Kung kasama kayo ng mga disipulo, paano ninyo sasagutin ang kanilang tanong sa talata 41?
- Paano nakapagpapalakas ng ating pananampalataya ang pagkaunawa kung "sino nga ito[ng]" si Jesus (talata 41) at naghihikayat sa atin na hingin ang Kanyang tulong sa oras ng kagipitan o takot?

Kung maaari, ipabasa sa mga estudyante ang mga salita ng himnong "Guro, Bagyo'y Nagngangalit" (*Mga Himno,* blg. 60). Bigyang-diin na si Jesucristo ay may kapangyarihang payapain hindi lamang ang mga bagyo kundi ang unos o takot din sa ating puso.

Anyayahan ang ilang estudyante na magkuwento ng isang pangyayari na humingi sila ng kapanatagan sa Panginoon sa panahon ng unos o problema sa buhay at Kanyang pinawi ang Kanilang pangamba at binigyan sila ng kapanatagan.

Maaari mong ipasulat sa mga estudyante sa kanilang notebook o scripture study journal ang maaari nilang gawin para makahingi ng tulong sa Panginoon kapag may mga problema sila.

## Marcos 5:1–20

### *Pinagaling ni Jesus ang isang lalaki sa pamamagitan ng pagpapaalis ng mga demonyo mula sa kanya*

Ibuod ang Marcos 5:1–18 na ipinapaliwanag na pinagaling ni Jesus ang isang lalaking nasapian ng maraming "karumaldumal," o masasamang espiritu. Matapos mapaalis ang masasamang espiritu mula sa lalaki, pumasok sila sa kawan ng mga baboy, at nagkakagulong nagsitakbo sa bangin at nahulog sa dagat. Pagkatapos ay nakiusap ang lalaking pinagaling na isama siya ni Jesus sa sasakyang-dagat.

> ***Magpasiya kung gaano kabilis mo tatalakayin ang buong lesson***
>
> Iwasan ang masyadong pagtalakay sa unang bahagi ng lesson at pagkatapos ay mamadaliin ang natitirang bahagi nito. Habang naghahanda ka, tantiyahin kung gaano katagal mo tatalakayin ang bawat bahagi ng lesson gamit ang mga pamamaraan sa pagtuturo na napili mo. Dahil halos laging may mas marami kang materyal na ituturo kaysa sa oras para ituro ito, pagpasiyahan kung anong bahagi ng scripture block ang bibigyang-diin at ibubuod.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 5:19–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinagawa ng Tagapagligtas sa lalaking ito.

- Ano ang ipinagawa ng Tagapagligtas sa lalaking ito?
- Ano ang ginawa ng lalaki?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa ating magagawa kapag nadama natin ang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kapag nadama natin ang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay, mapatototohanan natin sa iba ang Kanyang mga pagpapala at pagkahabag.**)

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng mga paraan na makatutulong sila sa iba sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa mga pagpapala at pagkahabag ng Tagapagligtas.

## Marcos 5:21–43

### *Pinagaling ni Jesus ang isang babaeng inaagasan ng dugo at ibinangon ang anak na babae ni Jairo mula sa kamatayan*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na kuwento ni Elder Shayne M. Bowen ng Pitumpu:



"Noong ika-4 ng Pebrero 1990, isinilang ang pangatlo naming anak na lalaki at pang-anim na anak. Pinangalanan namin siyang Tyson. …

"Noong si Tyson ay walong buwang gulang, nakalulon siya ng chalk na nakita niya sa carpet. Bumara ang chalk sa lalamunan ni Tyson, at hindi siya makahinga. Ipinanhik si Tyson ng kanyang kuya, na natatarantang sumigaw ng, 'Hindi humihinga si baby. Hindi humihinga si baby.' Binigyan namin siya ng CPR at tinawagan ang 911.

"Dumating ang mga paramedic at isinugod si Tyson sa ospital. Sa waiting room patuloy kaming nagdasal nang taimtim, nagsusumamo ng himala sa Diyos. Matapos ang tila napakatagal na paghihintay, pumasok ang doktor sa silid at sinabi, 'Ikinalulungkot ko. Wala na kaming magagawa pa. Maiwan ko muna kayo.' Pagkatapos ay umalis na siya" ("Sapagka't Ako'y Nabubuhay, ay Mangabubuhay Rin Naman Kayo *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 16).

- Kung si Tyson ay inyong kapatid, ano ang maiisip o gagawin ninyo sa sandaling iyon?
- Paano sinusubukan ng ganitong karanasan ang pananampalataya ng isang tao?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 5:21–24. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano hinarap ng pinunong si Jairo ang ganito ring problema na maaaring sumubok sa kanyang pananampalataya.

- Bakit hiningi ni Jairo ang tulong ng Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 5:25–26, at sabihin sa klase na alamin kung sino pa ang nangailangan ng tulong ng Tagapagligtas.

Ipaliwanag na bagama't hindi tinukoy sa Bagong Tipan ang dahilan kung bakit "inaagasan" ng dugo ang babae (talata 25), alam natin na talagang pinahirapan siya nito. Dagdag pa rito, sa ilalim ng batas ni Moises ang isang taong inaagasan ng dugo ay itinuturing na karumal-dumal o marumi (tingnan sa Levitico 15:19–33). Malamang na pinaalis at inihiwalay ang babaeng ito sa loob ng 12 taong pagkakasakit niya. Ang paghihirap na naranasan niya sa kanyang sitwasyon ay nakita sa katotohanang "nagugol na niya ang lahat niyang tinatangkilik" (Marcos 5:26) sa pagpapagamot sa mga doktor.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 5:27–34. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng babaeng ito para matanggap ang tulong ng Tagapagligtas.

- Ano ang ginawa ng babaeng ito na nagpakita ng kanyang pananampalataya kay Jesucristo? (Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "lumapit siya sa karamihan, sa likuran niya" [talata 27] ay nagpilit siyang makadaan sa maraming tao na nakapalibot sa Tagapagligtas.)
- Ano ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa dapat nating gawin kung nais nating mapagaling? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung ipapakita natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo sa ating mga pagsisikap na lumapit sa Kanya, tayo ay mapapagaling Niya.**)

Ipaliwanag na ang paggaling natin sa anumang karamdaman sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo ay hindi lamang nakabatay sa ating mga pagsisikap na lumapit sa Kanya kundi batay rin ito sa panahon at kalooban ng Diyos.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Marcos 5:35, na inaalam ang mensaheng inihatid kay Jairo nang huminto ang Tagapagligtas para tulungan ang babaeng ito.

- Anong balita ang natanggap ni Jairo?
- Kung kayo si Jairo, ano ang maiisip o gagawin ninyo sa sandaling iyon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 5:36, at sabihin sa klase na alamin ang sinabi ng Tagapagligtas kay Jairo.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na maaaring nagpalakas sa pananampalataya ni Jairo?

Para mabigyang-diin ang nalaman natin tungkol sa pananampalataya mula sa kuwentong ito, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Ang pananampalataya kay Jesucristo ay humihingi sa atin ng patuloy na pananalig sa Kanya kahit sa panahon ng kawalang-katiyakan.**

- Sa paanong mga paraan natin maipamumuhay ang alituntuning ito?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 5:37–43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari sa anak na babae ni Jairo.

- Anong himala ang ginawa ng Tagapagligtas?

Maaari mong patotohanan ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na mapagpala at mapagaling tayo. Ipaliwanag na kung minsan ay pinapayapa ng Tagapagligtas ang mga unos sa ating buhay sa pag-alis sa hirap o takot na nararanasan natin. Kung minsan naman, maaaring hindi Niya alisin ang ating pagsubok, tulad ng ikinuwento ni Elder Bowen tungkol sa pagkamatay ng kanyang anak. Gayunpaman, kapag nanampalataya tayo kay Jesucristo, bibigyan Niya tayo ng kapanatagan sa sandali ng ating mga paghihirap.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano tayo patuloy na mananampalataya anuman ang kahantungan ng mga problema natin, basahin ang sumusunod na patotoo ni Elder Bowen. Sabihin sa mga estudyante na pakinggan kung paano siya patuloy na nanampalataya kahit namatay ang kanyang anak.



"Nang mapuno na ako ng paninisi, galit, at awa sa sarili, ipinagdasal ko na mabago ang aking saloobin. Sa napakapersonal na sagradong mga karanasan, binigyan ako ng Panginoon ng bagong damdamin, at kahit naroon pa rin ang lungkot at sakit, nabago ang buong pananaw ko. Ipinaalam sa akin na walang inagaw sa akin at sa halip ay may dakilang pagpapalang naghihintay sa akin kung ako ay magiging matapat. …

> "Pinatototohanan ko [na] … 'sa pag-asa natin sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matutulungan Niya tayo na tiisin ang ating mga pagsubok, karamdaman, at sakit. Mapupuspos tayo ng galak, kapayapaan, at kaaliwan. Lahat ng di-makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo' [*Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 57]" ("Sapagka't Ako'y Nabubuhay," 17).

- Tulad ni Jairo, kailan kayo o ang isang taong kakilala ninyo patuloy na nanampalataya kay Jesucristo sa panahon ng kawalang-katiyakan? Anong mga pagpapala ang dumating dahil dito?

Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na magpatotoo tungkol sa mga katotohanang itinuro sa lesson na ito.

LESSON 37

# Marcos 6

## Pambungad

Si Jesus ay hindi tinanggap sa Kanyang kinalakhang bayan ng Nazaret. Isinugo Niya ang Labindalawang Apostol upang mangaral ng ebanghelyo. Si Juan Bautista ay pinatay sa utos ni Herodes Antipas. Mahimalang napakain ni Jesus ang mahigit limang libong tao, naglakad sa ibabaw ng tubig, pinatigil ang bagyo, at nagpagaling ng maysakit.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 6:1–29

*Si Jesus ay hindi tinanggap sa Nazaret at isinugo ang Labindalawa; isinalaysay ang kamatayan ni Juan Bautista*

Simulan ang klase sa pagsasabi sa mga estudyante na isipin ang isang pangyayari sa buhay nila noon na parang pinipilit sila na gumawa ng isang bagay na alam nilang hindi tama.

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag (ang pahayag na ito ay matatagpuan sa "Making the Right Choices," *Ensign,* Nob. 1994, 37):

> *"Gusto ng mga taong gumagawa ng mali na makiisa kayo sa kanila dahil nagiging mas komportable sila sa ginagawa nila kapag ginagawa rin ito ng iba" (Richard G. Scott).*

- Ano ang ilang halimbawa ng mga pamimilit ng iba na gawin ninyo ang isang bagay na alam ninyong mali?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng isang katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 6 na makatutulong sa kanila na hindi magpadala sa peer pressure o masasamang impluwensya ng mga kaibigan.

Ibuod ang Marcos 6:1–16 na ipinapaliwanag na si Jesus ay nangaral sa Kanyang kinalakhang bayan ng Nazaret. Gayunman, dahil sa kawalang-paniniwala ng mga tao, hindi Siya gumawa ng maraming himala sa kanila. Habang naroon, isinugo ni Jesus nang dala-dalawa ang Labindalawang Apostol upang mangaral ng ebanghelyo. Habang nangangaral ng ebanghelyo, sila rin ay nagpaalis ng mga demonyo at nagpagaling ng mga maysakit. Nang marinig ni Herodes ang tungkol sa maraming himalang ginawa ni Jesus, natakot siya na bumangon mula sa kamatayan si Juan Bautista at siyang gumagawa ng mga himalang ito.

Ipaliwanag na isinasalaysay ng Marcos 6:17–29 ang nangyari kay Juan Bautista. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 6:17–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Herodes kay Juan Bautista.

- Ayon sa mga talatang ito, ano ang ginawa ni Herodes kay Juan at bakit?

Ipaliwanag na ang Herodes na binanggit sa mga talatang ito ay si Herodes Antipas, na siyang namamahala sa mga rehiyon ng Galilea at Perea nang pumanaw ang kanyang ama, ang Dakilang si Herodes (Herod the Great). Diniborsyo ni Herodes Antipas ang kanyang asawa at pinakasalan si Herodias, ang asawa ng kanyang kapatid na si Filipo. Ang gawaing ito ay lantarang paglabag sa batas ng mga Judio (tingnan sa Levitico 18:16), at hayagang tinuligsa ito ni Juan Bautista. Ikinagalit ni Herodias ang pagsalungat ni Juan sa kasal na ito, kaya ibinilanggo ni Herodes si Juan para pahupain ang loob niya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 6:19–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang gustong gawin ni Herodias kay Juan Bautista.

- Ano ang gustong gawin ni Herodias kay Juan Bautista?
- Bakit hindi niya kayang ipapatay si Juan Bautista? (Dahil takot si Herodes kay Juan at alam niyang si Juan ay isang tao ng Diyos; tingnan din sa Joseph Smith Translation, Mark 6:21 para malaman pa ang tungkol sa saloobin ni Herodes kay Juan Bautista.)

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 6:21–29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Herodes kay Juan Bautista.

- Ayon sa talata 26, ano ang nadama ni Herodes tungkol sa pagpatay kay Juan Bautista?
- Bakit pinapugutan ni Herodes ng ulo si Juan kung alam niya na mali ito at ayaw niyang gawin ito? (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga katagang para "sa nangakaupo sa dulang," na nagpapahiwatig na inaalala ni Herodes ang sasabihin ng mga taong nangakaupong kasalo niya.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa desisyong ito ni Herodes tungkol sa mangyayari kapag binigyang-kasiyahan natin ang iba sa halip na gawin ang tama? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Ang paghangad na pasayahin ang iba sa halip na gawin ang alam nating tama ay humahantong sa maling pagpili, kalungkutan, at kapighatian.**)

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan pa ang katotohanang ito, hatiin sila sa mga grupo na may dalawa hanggang apat na miyembro at sabihin sa kanila na mag-isip ng ilang halimbawa ng mga sitwasyon kung saan kailangang pumili ng mga kabataan kung bibigyang-kasiyahan nila ang iba o gagawin ang alam nilang tama. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa bawat grupo na magreport. Habang ginagawa nila ito, isulat sa pisara ang ilan sa mga halimbawa nila.

- Sa paanong mga paraan ninyo nakita na nagdudulot ng kalungkutan at kapighatian ang pagsunod sa mga pamimilit na gaya ng mga halimbawang ito?
- Kailan ninyo nakita na pinili ng isang tao ang gawin ang tama sa halip na bigyang-kasiyahan ang iba?

- Ano ang makatutulong sa atin na piliing gawin ang alam nating tama sa halip na bigyang-kasiyahan ang iba?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang darating na linggo at tukuyin ang posibleng mga sitwasyon na kakailanganin nilang pumili kung bibigyang-kasiyahan nila ang iba o gagawin ang tama. Hikayatin silang magplano kung paano sila tutugon sa mga ganitong pamimilit kapag nakaharap nila ito.

## Marcos 6:30–44

### *Mahimalang pinakain ni Jesus ang mahigit limang libong tao*

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti ang sumusunod na sitwasyon: Kabadong-kabado ang isang katatawag na missionary sa pagpunta sa kanyang mission. Ang taong ito ay hindi mahusay magsalita at nahihirapang makihalubilo sa iba.

- Ano ang sasabihin ninyo sa batang missionary na ito?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng isang alituntunin sa pag-aaral nila ng Marcos 6:30–44 na makatutulong sa bata pang missionary na ito at sa ating lahat kapag nadama nating hindi natin kayang gawin ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon.

Ibuod ang Marcos 6:30–33 na ipinapaliwanag na nagbalik ang Labindalawang Apostol mula sa pangangaral ng ebanghelyo at nag-ulat kay Jesus ng mga ginawa at itinuro nila. Si Jesus at ang Labindalawang Apostol ay sumakay sa isang bangka para makapunta sa isang lugar kung saan sila makakapag-isa at makakapagpahinga. Gayunman, nagpuntahan ang mga tao mula sa ilang kalapit na bayan sa paroroonan ni Jesus at naghihintay sila nang dumating Siya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 6:34, at sabihin sa klase na alamin kung paano tumugon ang Tagapagligtas sa mga tao.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "sila'y gaya ng mga tupa na walang pastor"?

Ipaliwanag na matapos magturo sa maraming tao nang buong maghapon, gumawa ng isang dakilang himala ang Tagapagligtas. Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang himalang ito, pagpartner-partnerin sila at bigyan ang bawat magkapartner ng isang kopya ng sumusunod na handout. Sabihin sa magkakapartner na basahin nang magkasama ang Marcos 6:35–44 at Mateo 14:18 at lagyan ng numero ang mga pangyayari sa handout ayon sa pagkakasunud-sunod nito.

Sa halip na ipabasa sa mga estudyante ang talang ito sa mga banal na kasulatan, maaari mong ipanood ang video na "The Feeding of the 5,000" (2:52) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos* at sabihin sa mga estudyante na lagyan ng numero ang mga pangyayari sa handout ayon sa pagkakasunod-sunod sa napanood nila sa video. Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org.

## Ang Pagpapakain sa 5000

___ Pinarami ng Tagapagligtas ang pagkaing dala ng mga disipulo, tinugunan at hinigitan ang kailangan.

___ Sinabi ng mga disipulo na mayroon silang limang tinapay at dalawang isda.

___ Iminungkahi ng mga disipulo na pabilhin ng pagkain ang mga tao.

___ Tinanong ng Tagapagligtas kung ano ang maibibigay ng mga disipulo.

___ Sinabi ng Tagapagligtas sa mga disipulo na bigyan ng pagkain ang mga tao.

___ Walang makain ang mga tao.

___ Sinabi ng Tagapagligtas sa mga disipulo na ibigay sa Kanya ang anumang mayroon sila.

Matapos magkaroon ng sapat na oras ang mga estudyante para matapos ang aktibidad na ito, rebyuhin ang mga sagot sa klase. (Ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga sagot ay 7, 5, 2, 4, 3, 1, 6.)

- Ilang tao ang napakain? (Ipaliwanag na nilinaw sa tekstong Griyego ng Marcos 6:44 na ang mga katagang "limang libong lalake" ay nangangahulugang limang libong adult na kalalakihan. Kung gayon, maaaring mas malaki pa ang bilang ng mga napakain, kung isasaalang-alang na may mga kababaihan at mga bata rin doon [tingnan din sa Mateo 14:21].)

Ipaliwanag na bago isagawa ang himalang ito, sinabi muna ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na ibigay sa Kanya ang limang tinapay at dalawang isda—na tanging mayroon sila.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa himalang ito tungkol sa magagawa ng Tagapagligtas kapag ibinigay natin sa Kanya ang lahat ng mayroon tayo? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag ibinigay natin sa Tagapagligtas ang lahat ng mayroon tayo, palalakihin Niya ang ating handog upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

### *Pagsulat sa pisara*

Sa pamamagitan ng epektibong paggamit ng pisara sa klase, maihahanda mo ang mga estudyante na matuto at makibahagi nang makabuluhan sa talakayan, lalo na ang mga taong mas natututo sa mga bagay na nakikita nila. Sa pisara, maisusulat mo ang mahahalagang turo o alituntunin ng lesson, maida-diagram ang isang doktrina, makakapagdrowing ng mga mapa, makakapagpakita ng mga flow chart, makakapagdispley o makakapagdrowing ng mga bagay na makikita sa mga banal na kasulatan, o makagagawa ng maraming iba pang aktibidad na magpapabilis ng pagkatuto.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipaalala sa kanila ang sitwasyon ng kabado at bagong tawag na missionary na binanggit kanina.

- Sa kabila ng kahinaan ng binata o dalagang ito, ano kaya ang iuutos ng Tagapagligtas na dalhin ng missionary na ito sa Kanya? (Inaanyayahan ng

Tagapagligtas ang lahat ng may nais na maisakatuparan ang Kanyang mga layunin na ibigay sa Kanya ang kanilang buong hangarin, abilidad, talento, kakayahan, lakas, talino, at pagsisikap [tingnan sa Omni 1:26; 2 Nephi 25:29].)

- Ano ang magiging resulta kung ibibigay ng missionary na ito ang lahat ng mayroon siya sa Tagapagligtas?
- Ano pang ibang mga sitwasyon ang maaaring maranasan ng mga kabataan ng Simbahan kung saan makatutulong na alam nila ang alituntuning ito?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti at isulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung paano pinatitindi ng Panginoon ang kanilang pagsisikap upang magawa nila ang iniuutos Niya sa kanila. Maaari mong anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang isinulat nila, kung gusto nilang gawin ito.

Ibahagi ang iyong patotoo na kapag ibinigay natin sa Tagapagligtas ang lahat ng mayroon tayo, palalakihin Niya ang ating handog upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin. Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang alituntuning ito.

## Marcos 6:45–56

### *Si Jesus ay naglakad sa ibabaw ng tubig at nagpagaling ng maysakit*

Ibuod ang Marcos 6:45–56 na ipinapaliwanag na matapos pakainin ni Jesus ang limang libo, iniutos Niya sa Kanyang mga disipulo na sumakay sa bangka at maglayag patungo sa kabilang ibayo ng Dagat ng Galilea. Pagkatapos ay pinauwi na niya ang mga tao. Pagsapit ng gabi, nagkaroon ng isang bagyo, at nakita ng Tagapagligtas mula sa isang bundok ang Kanyang mga disipulo na nagsisikap na makarating sa kabilang ibayo ngunit hindi makausad sa paglalayag. Pagkatapos ay naglakad Siya sa ibabaw ng tubig papunta sa kanila, tumigil ang bagyo, at ligtas silang nakarating sa kabilang ibayo ng Dagat ng Galilea.

- Sa sitwasyong ito, paano nakatulong sa mga disipulo ang kapangyarihan ng Panginoon upang maisakatuparan nila ang iniutos Niyang gawin nila?

Maaari mong tapusin ang lesson sa pag-anyaya sa mga estudyanteng gustong magbahagi ng kanilang nadarama o patotoo tungkol sa mga katotohanang tinalakay sa araw na ito.

LESSON 38

# Marcos 7–8

## Pambungad

Pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo dahil sa kanilang mga maling tradisyon. Pagkatapos ay buong pagkahabag Niyang pinagaling ang isang bata na sinapian ng demonyo, gayundin ang isang taong bingi at utal. Pinakain Niya ang apat na libong tao malapit sa Dagat ng Galilea at naglakbay papuntang Betsaida, kung saan pinagaling Niya nang paunti-unti ang isang lalaking bulag.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 7

*Pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo, pinagaling ang isang batang sinapian ng demonyo, at pinagaling ang lalaking bingi*

Bago magklase, ibigay sa tatlong estudyante ang sumusunod na mga instruksyon: Estudyante 1: "Kapag sinabihang gawin ito, magpalakad-lakad sa klase nang walang jacket at magkunwaring nanginginig." Estudyante 2: "Kapag sinabihang gawin ito, magpalakad-lakad sa klase at magtanong kung may nakakita sa alagang hayop ng iyong pamilya." Estudyante 3: "Kapag sinabihang gawin ito, buksan ang iyong backpack para magbagsakan ang mga bagay na nasa loob nito habang naglalakad ka." (Maaari mong iakma ang mga aktibidad na ito gamit ang ibang mga sitwasyon na nagpapakita ng mga estudyanteng nangangailangan, pero huwag mag-ukol ng maraming oras dito.)

Kapag nagsimula na ang klase, iutos sa mga estudyante na gawin ang mga instruksyong ito nang paisa-isa. Sabihin sa klase na alamin ang pagkakapareho ng tatlong sitwasyong ito.

- Ano ang pagkakapareho ng mga sitwasyong ito? (Bawat isa sa mga sitwasyong ito ay naglalarawan ng isang taong nangangailangan.)
- Gaano tayo kadalas magkaroon ng pagkakataon na tulungan ang mga nangangailangan? Ano ang ilang pagkakataong nakita ninyo kamakailan?

Hikayatin ang mga estudyante na alamin sa pag-aaral nila ng Marcos 7–8 ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat nating gawin kapag may nakita tayong nangangailangan.

Ibuod ang Marcos 7:1–30 na ipinapaliwanag na pinagsabihan ng Tagapagligtas ang mga Fariseo sa pagsunod sa mga maling tradisyon. Pinagaling din Niya ang anak ng isang babaeng Griega, na sinapian ng demonyo. Ipaalala sa mga estudyante na sa panahong ito, ang misyon ng Tagapagligtas ay sa sambahayan ni Israel, hindi sa mga Gentil, subalit buong pagkahabag Niyang tinulungan ang babaeng Gentil na ito na nagsumamo sa Kanya.

Ipahanap sa mga estudyante ang mga lungsod ng Tiro at Sidon at ang Dagat ng Galilea sa Mga Mapa sa Biblia, blg. 11, "Ang Banal na Lupain Noong Panahong ng Bagong Tipan." Ipaliwanag na sa pag-alis ng Tagapagligtas sa Tiro at Sidon, Siya ay nagpunta sa silangang dako ng Dagat ng Galilea, sa rehiyon ng Decapolis.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa kanila na magkasamang basahin nang malakas ang Marcos 7:31–37, na inaalam kung paano nagpakita ng pagkahabag ang Tagapagligtas sa isang lalaki sa Decapolis. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na pag-usapan ang mga sumusunod na tanong sa kani-kanyang kapartner:

- Ano ang kalagayan ng lalaking ito at nais niyang pagalingin siya?
- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas bago niya pagalingin ang lalaking ito?

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang ginawa ng Tagapagligtas, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Kaharap ng Panginoon ang isang taong naniniwala ngunit hindi makarinig sa kanyang sinasabi o hindi masabi nang maayos ang kanyang tugon sa kanila. Kaya ano pa ang dapat gawin kundi ang sumenyas, na siyang alam gawin at nauunawaan ng lalaking bingi at utal, para masabi kung ano ang maaaring magawa at magagawa ng Panginoon … ?" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:373).

- Ano ang maituturo sa atin ng ginawa ng Tagapagligtas sa sitwasyong ito tungkol sa Kanyang pagkatao?

Ipaliwanag na kahit nagbilin ang Tagapagligtas sa mga taong pinagaling Niya na huwag ipagsabi ang Kanyang mga himala, nabalitaan pa rin ng mga tao sa rehiyon ng Decapolis ang tungkol sa mga kamangha-manghang bagay na ginawa ng Tagapagligtas, at maraming tao ang pumunta sa Kanya (tingnan sa Marcos 7:36–37).

## Marcos 8:1–21

### *Pinakain ni Jesus ang mahigit apat na libong tao*

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang kanilang sagot sa sumusunod na tanong:

- Kailan napansin ng isang tao na nangangailangan kayo ng tulong at gumawa ng isang bagay para matulungan kayo?

Ipaliwanag na kalaunan sa lesson, ang mga estudyanteng gustong magbahagi ng kanilang mga karanasan ay magkakaroon ng pagkakataong magawa ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 8:1–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang naging problema dahil maraming tao ang sumunod kay Jesus.

- Ano ang naging problema ng maraming tao? Sino ang nakapansin sa pangangailangan ng mga tao?
- Ano ang inalala ng Tagapagligtas na maaaring mangyari kung uuwi ang mga tao sa kanilang mga tahanan nang hindi muna kumakain?

- Ayon sa talata 2, ano ang nadama ng Tagapagligtas sa maraming tao? (Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang mga katagang "nahahabag ako sa karamihan," na nagpapahiwatig na naawa at nag-alala ang Tagapagligtas sa mga tao.)

Sabihin sa dalawang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 8:4–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ibinunga ng pagkahabag ng Tagapagligtas.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa maraming tao?
- Ilang tao ang napakain?
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng Tagapagligtas sa talang ito? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Matutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpansin sa mga pangangailangan ng iba at pagkatapos ay pagtulong na matugunan ang mga pangangailangang iyon.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipaliwanag na itinuro ni Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, na upang matularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod sa mga anak ng Diyos, kailangang "magmasid muna [tayo] at pagkatapos ay maglingkod" ("Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 78). Isulat sa pisara ang mga katagang ito sa ilalim ng alituntunin.


- Paano tayo matututong maging mas mapagmasid sa mga pangangailangan ng iba? (Maaari mong ipaliwanag na may ilang pangangailangan na hindi kaagad nakikita. Gayunman, maaari tayong manalangin at humingi ng tulong na mapansin ang mga pangangailangan ng iba at mapagtuunan ang iba sa halip na ang ating sarili.)
- Ano ang maaaring makahadlang sa kakayahan nating mapansin ang mga pangangailangan ng iba at makatulong na matugunan ang mga ito?

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang mga karanasang isinulat nila tungkol sa isang pangyayari na napansin ng isang tao na nangangailangan sila ng tulong at tumulong nga sa kanila.

### *Pagbabahagi ng mga ideya, damdamin, at karanasan*

Ang pagbabahagi ng mga ideya at kaugnay na mga karanasan ay makatutulong sa mga estudyante na malinaw na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin. Habang nagbabahagi ang mga estudyante ng kanilang mga karanasan, naaakay sila kadalasan ng Espiritu Santo sa mas malalim na pagkaunawa at patotoo sa mismong ibinahagi nila. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang mga ideya, damdamin, at karanasan na ibinahagi ng mga estudyante ay maaari ding magkaroon ng malaking epekto sa puso at isipan ng kanilang mga kaklase.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:



"Ilang beses na bang naantig ang inyong puso nang makita ninyo ang pangangailangan ng iba? Gaano kadalas ninyo *binalak* tulungan ang isang tao? Gayunman, gaano kadalas humahadlang ang pang-araw-araw na buhay at ipinauubaya ninyo sa iba ang pagtulong, iniisip na 'ah, tiyak na may mag-aasikaso sa pangangailangang iyan'.

"Masyado tayong nagiging abala sa ating buhay. Gayunman, kung titigil tayo sandali, at mamasdan ang ating ginagawa, makikita nating masyado tayong abala sa 'mga bagay na di gaanong mahalaga.' Sa madaling salita, kadalasan ay ginugugol natin ang ating oras sa mga bagay na hindi gaanong makabuluhan sa kabuuang plano ng buhay, at napapabayaan ang mas mahahalagang dahilan" ("Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2009, 85).

Sabihin sa mga estudyante na ilarawan sa kanilang isipan ang isang tipikal na araw para sa kanila. Sabihin sa kanila na isipin ang mga taong nakakasalamuha nila na maaaring nangangailangan ng tulong nila, gaya ng mga magulang, kapatid, at kaibigan. Hikayatin ang mga estudyante na mangakong tutularan ang halimbawa ng Tagapagligtas kapag may nakita silang nangangailangan.

Ibuod ang Marcos 8:10–21 na ipinapaliwanag na matapos mahimalang pakainin ang 4,000, si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay naglayag papunta sa lugar na tinatawag na Dalmanuta. Doon ay sinabi ng mga Fariseo na magpakita Siya sa kanila ng isang tanda. Tumanggi si Jesus at nagturo sa Kanyang mga disipulo na iwasan ang doktrina ng mga Fariseo, na doktrinang humahantong sa espirituwal na pagkabulag.

## Marcos 8:22–26

### *Unti-unting pinagaling ni Jesus ang isang lalaking bulag*

Ipaliwanag na nilisan ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo ang Decapolis at pumunta sa isang lugar na tinatawag na Betsaida. Pagdating nila roon, isang lalaking bulag ang dinala sa Tagapagligtas para pagalingin.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 8:22–26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano pinagaling ng Tagapagligtas ang lalaking bulag.

- Ano ang nangyari pagkatapos na unang ipatong ng Tagapagligtas ang Kanyang mga kamay sa lalaking bulag? (Maaaring kailanganin mong ipaliwanag na ang mga katagang, "Nakakakita ako ng mga tao; sapagka't namamasdan ko silang tulad sa mga punong kahoy, na nagsisilakad" [talata 24] ay nagpapahiwatig na nakakakita ang bulag na lalaki, pero hindi malinaw.)
- Ano ang nangyari pagkatapos na ipatong ng Tapagligtas ang Kanyang mga kamay sa lalaking bulag sa pangalawang pagkakataon?

Magbigay sa mga estudyante ng mga kopya ng sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga dahilan kung bakit dahan-dahan o paunti-unti ang pagpapagaling ni Jesus sa lalaki.



"Kakaiba ang himalang ito; ito lamang ang nag-iisang kaganapang nakatala na pinagaling ni Jesus ang isang tao nang paunti-unti. Maaaring ginawa ito ng ating Panginoon upang palakasin ang mahina ngunit umuusbong na pananampalataya ng lalaking bulag. Malinaw na ang magkakasunod na paghawak ni Jesus ay nakadagdag sa pag-asa, katiyakan, at pananampalataya ng lalaking bulag na ito. Si Jesus mismo ang (1) umakay sa lalaki palabas ng nayon, (2) nagpahid ng kanyang sariling laway sa mga mata ng bulag, (3) nagsagawa ng ordenansa ng pagpapatong ng kamay, at (4) ipinatong ang mga kamay sa pangalawang pagkakataon sa mga mata ng lalaki.

"Talagang itinuturo ng paraang ito ng pagpapagaling na dapat hangarin ng mga tao ang nakapagpapagaling na biyaya ng Panginoon nang kanilang buong lakas at pananampalataya, bagama't sapat na ang gayon para sa bahagyang paggaling lamang, ngunit kasunod ng pagtanggap nito, makakamit nila ang dagdag na katiyakan at pananampalataya na gagaling sila nang lubusan. Kadalasang gumagaling din ang mga tao sa kanilang espirituwal na mga karamdaman nang paunti-unti, nang dahan-dahan habang naiaayon nila ang kanilang buhay sa mga plano at layunin ng Maykapal" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 1:379–80).

- Paano napapalakas ng paunti-unting paggaling ang pananampalataya ng isang tao kay Jesucristo?
- Bakit mahalagang maunawaan na ang ilang pagpapala, tulad ng pagkakaroon ng patotoo sa ebanghelyo o pagtanggap ng pisikal o espirituwal na pagpapagaling, ay kadalasang dumarating nang paunti-unti o dahan-dahan, sa halip na agaran o nang minsanan?

## Marcos 8:27–38

### *Si Pedro ay nagpatotoo na si Jesus ang Cristo*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 8:27. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Sabihin sa klase na alalahanin kung paano tumugon si Pedro sa tanong na ito, gaya ng nakatala sa Mateo 16:16 (ang talatang ito ay bahagi ng scripture mastery passage). Kung hindi nila maalala, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 8:29 (kabilang sa talatang ito ang sagot ni Pedro).

Ibuod ang Marcos 8:30–38 na ipinapaliwanag na sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na huwag munang sabihin sa mga tao na Siya ang Cristo, o Mesiyas. Itinuro rin Niya sa kanila ang tungkol sa Kanyang nalalapit na pagdurusa at kamatayan.

Tapusin ang lesson sa pag-anyaya sa mga estudyante na magpatotoo sa mga katotohanang natutuhan nila mula sa mga banal na kasulatan na napag-aralan nila sa oras ng lesson.

LESSON 39

# Marcos 9:1–29

## Pambungad

Si Jesus ay nagbagong-anyo sa harap nina Pedro, Santiago, at Juan. Pagkatapos ay itinuro Niya sa kanila ang tungkol sa gawain ni Juan Bautista bilang isang Elias na siyang maghahanda ng daan para sa Mesiyas. Matapos bumalik si Jesus sa iba pa Niyang mga disipulo, isang lalaki ang nagsumamo sa Kanya na paalisin ang masamang espiritu mula sa kanyang anak. Pinaalis ni Jesus ang masamang espiritu at itinuro sa Kanyang mga disipulo ang pangangailangang manalangin at mag-ayuno.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Iwasang sayangin ang oras ng klase***

Kapag nagsimula sa takdang oras ang klase at kapag nakita ng mga estudyante na walang dapat sayangin na oras, madarama nila ang kanilang responsibilidad. Ang mabisa at mahusay na simula sa klase ay makatutulong sa mga estudyante na mas matuto mula sa mga banal na kasulatan.

### Marcos 9:1–13

*Si Jesus ay nagbagong-anyo sa harap nina Pedro, Santiago, at Juan at nagturo tungkol kay Elias*

Anyayahan ang ilang volunteer na pumunta sa harapan ng klase at maikling ipakita ang isang aktibidad na nagpapalakas ng pisikal na katawan.

- Bakit gusto o kailangan ng isang tao na madagdagan ang kanyang pisikal na lakas?
- Paano maihahalintulad ang pisikal na lakas sa espirituwal na lakas, o pananampalataya kay Jesucristo?
- Ano ang ilang sitwasyon na masusubukan ang ating pananampalataya kay Jesucristo at mapapalakas kapag kailangang-kailangan ito? (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)

Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 9:1–29 na makatutulong sa kanila na mapalakas ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

Ibuod ang Marcos 9:1–13 na ipinapaliwanag na naglalaman ito ng tala tungkol sa pagbabagong-anyo o transfiguration ni Jesus sa harap nina Pedro, Santiago, at Juan sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Isinasalaysay rin sa talatang ito na itinuro ni Jesus sa mga Apostol na tinupad ni Juan Bautista ang ipinropesiyang gawain ng isang Elias, o ng isang taong maghahanda ng daan para sa pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa Joseph Smith Translation, Mark 9:10).

## Marcos 9:14–29

### *Pinaalis ni Jesus ang masamang espiritu mula sa anak ng isang lalaki*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:14–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sitwasyong nakaharap ng Tagapagligtas nang bumalik Siya mula sa bundok papunta sa iba pa Niyang mga disipulo. Sabihin sa mga estudyante na ireport ang nalaman nila.

Ipabasa sa isang estudyante ang mga sinabi ng Tagapagligtas at sa isa pang estudyante ang mga sinabi ng ama sa tala na sumusunod sa Marcos 9:16–24 (maaari mong i-assign ang mga bahaging ito bago magklase at sabihin sa mga estudyanteng ito na hanapin ang mga linyang sasabihin nila). Maaaring ikaw ang gumanap na narrator o ipagawa ito sa isa pang estudyante. Sabihin sa mga naka-assign na mga estudyante na basahin nang malakas ang kanilang mga bahagi sa Marcos 9:16–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang hiniling ng ama sa mga disipulo ng Tagapagligtas.

- Ano ang hiniling ng ama para sa kanyang anak? (Kailangan mong ipaliwanag na sinapian ng masamang espiritu ang anak, kaya ito napipi, nabingi [tingnan sa Marcos 9:17, 25], at nagkaroon ng iba pang karamdaman. Tuwing papasok ang masamang espiritu sa anak, ang anak ay kinukumbulsyon, bumubula ang bibig, nangangalit ang mga ngipin, at naninigas.)

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay sila ang amang ito at isipin kung paano maaaring maapektuhan ang kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at sa Kanyang kapangyarihan nang hindi mapagaling ng mga disipulo ang kanilang anak.

Sabihin sa naka-assign na mga estudyante na ipagpatuloy ang pagbasa nang malakas sa kanilang bahagi sa Marcos 9:19–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na iniisip ang maaaring nadarama ng amang ito habang kausap niya ang Tagapagligtas.

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng amang ito habang kausap niya ang Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano pa ang ipinaunawa sa atin ni Elder Holland tungkol sa damdamin at pagsusumamo ng amang ito.



"Sa kawalan ng pag-asa, ipinahayag ng amang ito ang pananampalataya niya at isinamo sa Tagapagligtas ng mundo, 'Kung mayroon *kang* magagawang *anomang bagay,* ay maawa ka sa *amin,* at tulungan mo *kami*' [Marcos 9:22; idinagdag ang italics]. Napaluha ako nang mabasa ko ang mga salitang ito. Ang panghalip na *kami* ay malinaw na ginamit nang sadya. Ang ibig sabihin ng lalaking ito ay, 'Nagsusumamo ang buong pamilya namin. Hindi kami tumitigil sa pakikibaka. Pagod na kami. Bumabagsak ang anak namin sa tubig. Bumabagsak ang anak namin sa apoy. Palagi siyang nasa panganib, at palagi kaming nangangamba. Wala na kaming malapitan. Maaari *mo* ba kaming tulungan? Pasasalamatan namin ang *anuman*—kaunting basbas, kaunting pag-asa, kaunting paggaan ng pasaning dala-dala ng ina ng batang ito sa bawat araw ng kanyang buhay' " ("Panginoon, Nananampalataya Ako," *Ensign* o *Liahona,* Mayo

2013, 93).

Sabihin sa naka-assign na estudyante na basahin nang malakas ang sinabi ng Tagapagligtas sa Marcos 9:23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa amang ito.

- Kanino dapat maniwala ang amang ito?
- Anong alituntunin ang itinuro ng Tagapagligtas sa amang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Kung maniniwala tayo kay Jesucristo, ang lahat ng bagay ay magiging posible sa atin.** Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga salita sa talata 23 na nagtuturo ng alituntuning ito.)

Ituro na ang "lahat ng mga bagay" ay tumutukoy sa lahat ng mabubuting pagpapala na ibinibigay ayon sa kalooban, layunin, at takdang panahon ng Diyos.

- Paano makatutulong ang paniniwala sa alituntuning ito sa isang taong nahaharap sa mga problemang tila imposibleng malagpasan?

Sabihin sa estudyanteng naka-assign na basahin nang malakas ang sinabi ng ama sa Marcos 9:24. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ng ama sa alituntuning itinuro ng Tagapagligtas.

- Paano ninyo mailalarawan ang pananampalataya ng amang ito sa sandaling iyon?

Sabihin sa mga estudyante na pansinin ang dalawang bahagi ng sagot ng amang ito. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland. Sabihin sa klase na pakinggan ang ipinahihiwatig ng pahayag ng ama tungkol sa magagawa natin sa mga panahon ng, "kakulangan ng pananampalataya," o panahon ng pag-aalinlangan o pagkatakot.



"Nang magkaroon ng hamon sa pananampalataya, ginawa muna ng ama ang kanyang magagawa at saka niya kinilala ang kanyang limitasyon. Sumagot muna siya ng oo at walang pag-aatubiling sinabing: "[Panginoon,] nananampalataya ako." Sasabihin ko sa lahat ng nais maragdagan ang pananampalataya, alalahanin ang lalaking ito! Sa mga sandali ng takot o pag-aalinlangan o problema, panindigan ang inyong pananampalataya, kahit limitado pa iyon. Sa paglago na kailangan nating danasing lahat sa buhay na ito, ang espirituwal na katumbas ng hirap ng batang ito o ng kawalang-pag-asa ng magulang na ito ay sasapit sa ating lahat. Pagdating ng mga sandaling iyon at magkaroon ng mga problema, at hindi ito malutas kaagad, *manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman*" ("Panginoon, Nananampalataya Ako," 94).

- Ano ang matututuhan natin mula sa amang ito tungkol sa magagawa natin sa mga sandaling nagkukulang ang ating pananampalataya? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag: *Kung kakapit tayo nang mahigpit sa pinaniniwalaan natin …*)

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagharap sa kakulangan ng pananampalataya mula sa isa pang bahagi ng pahayag na ito ng ama sa talata 24? (Matapos sumagot ang mga estudyante, idagdag ang sumusunod na mga kataga sa pahayag na nasa pisara: *at hihingi ng tulong sa Panginoon, …*)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:25–27. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas bilang tugon sa pagsusumamo ng ama.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas bilang tugon sa pagsusumamo ng ama?
- Paano ninyo kukumpletuhin ang pahayag na nasa pisara batay sa natutuhan ninyo sa pangyayaring ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag sa pisara para maituro ang sumusunod na alituntunin: **Kung kakapit tayo nang mahigpit sa pinaniniwalaan natin at hihingi ng tulong sa Panginoon, tutulungan Niya tayo na mapalakas ang ating pananampalataya.**)

Balikan ang mga sitwasyong nakalista sa pisara, na tinalakay ninyo sa simula ng lesson.

- Paano magagamit ang alituntuning ito sa ganitong mga sitwasyon?
- Kailan kayo o ang isang taong kilala ninyo nakatanggap ng tulong ng Panginoon sa panahong nagkukulang ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng pagkapit nang mahigpit sa inyong paniniwala at paghingi ng Kanyang tulong? (Maaari ka ring magbahagi ng iyong sariling karanasan.)

Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang alituntuning ito sa mga panahong nagkukulang ang kanilang pananampalataya.

Ipaalala sa mga estudyante na unang dinala ng amang ito ang kanyang anak sa ilan sa mga disipulo ni Jesus upang mapagaling ito. Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay sila ang mga disipulong ito.

- Ano kaya ang maiisip o madarama ninyo pagkatapos kayong mabigong paalisin ang masamang espiritu mula sa bata?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:28, at sabihin sa klase na alamin ang itinanong ng mga disipulo kay Jesus.

- Ano ang itinanong ng mga disipulo kay Jesus?

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin ang Marcos 9:19, na inaalam kung paano inilarawan ng Tagapagligtas ang mga tao, pati na ang Kanyang mga disipulo, na naroroon. (Sila ay “walang pananampalataya.”) Ipaliwanag na ang tinutukoy ng *walang pananampalataya* rito ay kawalang-pananampalataya kay Jesucristo. Kakailanganin ang pananampalataya kay Jesucristo para maging mabisa ang mga basbas ng priesthood.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ng Tagapagligtas sa tanong ng Kanyang mga disipulo.

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo?

- Paano nakakaimpluwensya ang panalangin at pag-aayuno sa pananampalataya ng isang tao? (Matapos sumagot ng mga estudyante, tulungan sila na maunawaan ang sumusunod na katotohanan: **Mapapalakas natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag mula sa buklet na *Tapat sa Pananampalataya.* Sabihin sa klase na pakinggan ang iba't ibang sitwasyon kung saan maaaring gamitin ang katotohanang ito:

> "Itinuturo ng salaysay [na ito tungkol sa pagpapaalis ni Jesus ng masamang espiritu mula sa anak ng isang lalaki] na ang panalangin at pag-aayuno ay makapagbibigay ng lakas sa mga yaong nagbibigay at tumatanggap ng mga basbas ng priesthood. Ang salaysay na ito ay maiaangkop din sa personal ninyong pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo. Kung may kahinaan o kasalanan kayo na nahihirapan kayong daigin, maaaring kailangan ninyong mag-ayuno at manalangin upang matanggap ang tulong o kapatawarang hangad ninyo. Gaya ng demonyong pinalabas ni Cristo, ang suliranin ninyo ay maaaring [maalis] lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 103).

- Ayon sa pahayag na ito, ano ang ilang sitwasyon na magagamit natin ang katotohanang ito?
- Kailan nakatulong ang panalangin at pag-aayuno na mapalakas ang inyong pananampalataya kay Cristo at matanggap ninyo ang mabubuting pagpapala na inyong ninanais?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga pagpapalang ninanais nila sa kanilang sarili o sa iba na matatamo sa pagpapalakas ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Sabihin sa kanila na magsulat sila ng isang mithiin na mananalangin at mag-aayuno para sa mga pagpapalang ito sa susunod na Linggo ng ayuno.

## Scripture Mastery Review

Isiping tingnan ang ilang scripture mastery passages na maaaring hindi pa alam ng mga estudyante. Sabihin sa kanila na basahin at markahan ang mga ito. Maaari kang mag-assign ng bagong scripture mastery passage sa bawat estudyante o sa magkakapartner na mga estudyante at ipadrowing sa papel ang mga inilalarawang katotohanan na itinuro sa kanilang mga scripture mastery passage. Sabihin sa kanila na ipaliwanag sa klase ang mga gawa nila. Maaari mong idispley ang mga drowing kung may paggagamitan ang mga ito.

(*Paalala*: Maaari mong gamitin ang aktibidad na ito sa simula o katapusan ng anumang lesson, kung may oras pa.)

LESSON 40

# Marcos 9:30–50

## Pambungad

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang nalalapit Niyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli at itinuro sa kanila kung sino ang magiging pinakadakila sa kaharian ng Diyos. Nagbabala Siya tungkol sa ibubunga ng pang-uudyok na magkasala ang iba at itinuro sa Kanyang mga disipulo na lumayo sa mga impluwensyang mag-uudyok sa kanila na magkasala.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 9:30–37

*Ibinadya ni Jesus ang Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli at itinuro kung sino ang magiging pinakadakila sa kaharian ng Diyos*

Magdala sa klase ng isang bagay na may matapang na amoy o aroma na matutukoy ng mga estudyante (tulad ng isang bagong hiwang dalandan o sibuyas, o bagong lutong tinapay). Bago magklase, ilagay ito sa bahagi ng silid-aralan na hindi nakikita ng mga estudyante.

Simulan ang lesson sa pagtatanong sa mga estudyante kung may naamoy sila pagpasok nila sa klase.

- Ano, kung mayroon man, ang ipinapaisip o ipinapagawa sa inyo ng matapang na amoy na ito sa sandaling matukoy ninyo kung ano ito?

Ipaliwanag na katulad ng maaaring maging impluwensya ng matapang na amoy, maaari din nating maimpluwensyahan ang isipan at kilos ng iba. Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga katotohanan sa Marcos 9:30–50 na makatutulong sa kanila na pag-isipan ang impluwensya nila sa pagsisikap ng iba na sundin ang Tagapagligtas at gayon din ang impluwensya ng iba sa kanila.

Ipaliwanag na pagkatapos magpaalis ng masamang espiritu mula sa isang batang lalaki (tingnan sa Marcos 9:17–29), ang Tagapagligtas ay naglakbay sa Galilea kasama ang Kanyang mga disipulo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:31–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga pangyayaring ipinropesiya ng Tagapagligtas.

- Anong mga pangyayari ang ipinropesiya ng Tagapagligtas?

Ibuod ang Marcos 9:33–37 na ipinapaliwang na nang dumating si Jesus sa Capernaum, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo kung sino ang magiging pinakadakila sa kaharian ng Diyos. Itinuro rin Niya sa kanila na tanggapin sa Simbahan ang mga taong nagpakumbaba ng kanilang sarili tulad ng maliliit na bata at yaong mga tumanggap sa Kanya (tingnan sa Joseph Smith Translation, Mark 9:34–35. (*Paalala:* Ang mga turong ito ay matatalakay nang husto sa lesson para sa Marcos 10.)

### Marcos 9:38–50

*Si Jesus ay nagbababala sa mga nang-iimpluwensya sa iba na magkasala at sa mga hindi lumalayo sa masasamang impluwensya*

Ipabasa sa isang estudyante ang Marcos 9:38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pangyayaring ibinalita ni Apostol Juan sa Tagapagligtas.

- Ano ang ibinalita ni Juan sa Panginoon?

Ipaliwanag na pinagbawalan ng mga Apostol ang lalaking ito na magpaalis ng mga demonyo dahil hindi siya kasama sa paglalakbay ng Labindalawang Apostol. Gayunman, sinabi ng Tagapagligtas sa kanila na huwag pagbawalan ang lalaki (na nagpapahiwatig na ang lalaking ito ay mabuting tao at may awtoridad) at itinuro na ang mga taong tumutulong sa Kanyang mga kinatawan ay mabibiyayaan (tingnan sa Marcos 9:39–41).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:42. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa na inaalam ang babala ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na sa kontekstong ito, ang ibig sabihin ng salitang *ikatitisod* ay pang-iimpluwensya sa iba na magkamali, malihis ang landas o magkasala o talikuran ang kanilang pananampalataya.

- Anong grupo ng mga tao ang sinasabi ng Tagapagligtas na huwag impluwensyahang magkasala? (Maaari mong ipaliwanag na ang "maliliit na ito na sumasampalataya [kay Jesus]" ay kinabibilangan ng mga bago pa sa Simbahan at wala pang gaanong alam sa ebanghelyo, tulad ng mga kabataan at bagong binyag, gayon din ang Kanyang mga mapagkumbaba at nananalig na mga disipulo anuman ang edad nila.)
- Ano ang babala ng Tagapagligtas sa mga mag-iimpluwensya sa Kanyang mga disipulo na magkasala? (Sinabi Niya na mas mabuti pang mamatay sila kaysa dumanas ng matinding pagdurusa at pagkawalay sa Diyos na daranasin natin kung iimpluwensyahan natin ang iba na magkasala.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa babala ng Tagapagligtas sa talata 42? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung iimpluwensyahan natin na magkasala ang mga taong naniniwala kay Jesucristo, mananagot tayo sa harapan ng Diyos.**)
- Sa anong mga paraan maaaring maimpluwensyahan ng isang tao na magkasala ang mga naniniwala kay Jesucristo?

Ipaalala sa mga estudyante ang tungkol sa matapang na amoy sa loob ng klase at ang katotohanan na gaya ng isang matapang na amoy, may positibo o negatibong impluwensya tayo sa iba. Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang impluwensya nila sa mga taong naniniwala kay Jesucristo.

> ***Pagkuha at pagpapanatili ng interes ng mga estudyante***
>
> Dahil may mga estudyanteng maikli ang atensyon, humanap ng mga paraan para muling mabuhay ang kanilang interes at sigla sa buong lesson. Gawin ito sa paraang maitutuon ng mga estudyante ang kanilang atensyon sa mga scripture passage na pag-aaralan nila.

Para maihanda ang mga estudyante na matukoy ang isa pang alituntuning itinuro ng Tagapagligtas, hilingin sa isang volunteer na nakasuot ng sapatos na may sintas na pumunta sa harap ng klase. Sabihin sa estudyante na alisin ang pagkakatali ng sintas ng kanyang sapatos at muli itong isintas gamit lamang ang isang kamay. Habang sinisikap ng estudyante na magawa ito, itanong sa klase:

- Anong mga hamon ang mararanasan ninyo kung mawalan kayo ng isang kamay?
- Anong mga bagay, kung mayroon man, ang karapat-dapat na dahilan para putulin ninyo ang inyong kamay?

Ipaliwanag na ang sadyang pagputol ng isang bahagi ng katawan ay tinatawag na amputation at maaaring gawin kapag ang isang bahagi ng katawan ay napinsala nang husto, naimpeksyon, o may diperensya na. Bagama't ang amputation at kasunod na pagpapagaling ay maaaring maging masakit at sobrang nakapanlulumo, maaaring makapigil ang prosesong ito sa pagkalat ng impeksyon sa iba pang bahagi ng katawan at sa iba pang pinsala o kamatayan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 9:43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa kung kailan mas makabubuting maputol ang isang kamay kaysa panatilihin ang dalawang kamay.

- Kailan mas makabubuting maputol ang isang kamay kaysa panatilihin ang dalawang kamay?
- Sa inyong palagay, dapat ba nating literal na sundin ang turong ito at putulin ang isang kamay na "[nakapag]patisod" sa atin, o nakaimpluwensya sa atin na magkasala? (Maaaring kailangan mong ipaliwanag na hindi sinasabi ng Tagapagligtas na kailangang literal na putulin ng mga tao ang kanilang mga kamay. Sa halip, Siya ay gumamit ng talinghaga para bigyang-diin ang kahalagahan ng itinuturo Niya.)

Sabihin sa isang estudyante na magdrowing sa pisara ng imahe ng isang tao. Habang nagdodrowing ang estudyante, ipaliwanag na ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Marcos 9:43–48 ay magdaragdag sa pag-unawa natin sa mga turo ng Tagapagligtas sa talatang ito. Sa mga talatang ito, nalaman natin na ginamit ng Tagapagligtas ang kamay, paa, at mata upang isimbolo ang mga impluwensya sa ating buhay na nag-uudyok sa atin na magkasala. Sabihin sa estudyanteng nagdodrowing sa pisara na bilugan ang isang kamay, paa, at mata ng kanyang idinrowing. Pagkatapos ay paupuin na ang estudyante.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Pagsasalin ni Joseph Smith, Marcos 9:40–48 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung saan inihalintulad ng

Tagapagligtas ang isang kamay, paa, at mata na "makapagpapatisod" sa isang tao, o makakaimpluwensya sa iba na magkasala. Maaaring kailangan mong ipaliwanag na ang salitang *buhay* sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Marcos 9:40–41, 43 ay tumutukoy sa buhay na walang hanggan.

- Ayon sa pagsasaling ito, ano ang isinisimbolo ng kamay, paa, at mata? (Ang kamay ay simbolo ng ating mga kapamilya at kaibigan, ang paa ay simbolo ng mga taong tinutularan natin kung paano mag-isip at kumilos, at ang mata ay simbolo ng ating mga lider.)

Lagyan ng label ang mga parteng ito, na kasama ang kanilang interpretasyon, sa larawang idinrowing ng estudyante sa pisara.

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat nating gawin sa masasamang impluwensya o mga impluwensyang nag-uudyok sa ating magkasala?
- Sa paanong paraan maaaring itulad sa pagputol ng isang kamay o paa ang paglayo natin sa masasamang impluwensya?
- Ano ang maaaring mangyari kung hindi tayo lalayo sa masasamang impluwensya? Bakit?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa mga itinuro ng Tagapagligtas sa mga talatang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Mas mabuting lumayo tayo sa masasamang impluwensya kaysa mahiwalay tayo sa Diyos.** (Gamit ang mga salitang isinagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang katotohanang ito.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Walter F. González ng Pitumpu. Sabihin sa klase na pakinggan ang iba pang mga impluwensyang dapat nating layuan.



"Nangangahulugan din na ang pagputol na iyon ay hindi lamang tumutukoy sa mga kaibigan kundi sa lahat ng masasamang impluwensya, tulad ng mga hindi angkop na palabas sa telebisyon, Internet site, pelikula, babasahin, laro, o musika. Ang pagsulat sa ating kaluluwa ng alituntuning ito ay tutulong sa atin na mapaglabanan ang tukso na magpadala sa anumang masasamang impluwensya" ("Ngayon ang Panahon," *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2007, 55).

- Anong mga hamon ang maaaring maranasan natin kapag lumayo tayo sa masasamang impluwensya?
- Paano natin malalaman ang tamang paraan para mailayo ang ating mga sarili sa masasamang impluwensya?

Ipaliwanag na ang paglayo sa masasamang impluwensya ay hindi nangangahulugang pakikitunguhan natin nang hindi mabuti ang iba, magsasalita nang hindi maganda sa iba, o hindi makikihalubilo sa mga miyembrong hindi aktibo o tapat sa Simbahan. Sa halip, dapat tayong lumayo, o umiwas sa pakikihalubilo sa mga taong mag-uudyok sa ating magkasala. Bagama't hindi natin maaalis o maiiwasan ang lahat ng impluwensya na maaaring mag-udyok sa atin na

magkasala, tayo ay pagpapalain ng Panginoon kapag ginagawa natin ang lahat ng ating makakaya para makalayo sa anumang masamang impluwensya at kapag sinikap nating magkaroon ng disiplina sa sarili para maiwasan ang impluwensyang hindi natin lubusang maalis.

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan pa ang katotohanang ito, sabihin sa dalawang estudyante na pumunta sa harap ng klase. Sabihin sa bawat estudyante na basahin nang malakas ang isa sa sumusunod na mga sitwasyon at itanong sa klase ang mga tanong na may kaugnayan dito. Sabihin sa klase na sagutin ang mga tanong batay sa mga katotohanang tinukoy sa Marcos 9:43–48.

**Sitwasyon 1.** May mga kaibigan ako na madalas akong inuudyukan na sumali sa mga aktibidad na lumalabag sa mga utos ng Diyos. Gayunman, sa palagay ko ay maaari akong maging mabuting impluwensya sa kanila kung patuloy ko silang sasamahan.

- Hindi ko na ba maiimpluwensyahan sa kabutihan ang mga kaibigan kong ito kung lalayuan ko sila? Anong uri ng ugnayan ang dapat mayroon sa amin?
- Ano ang dapat kong sabihin at gawin para maayos akong makalayo sa mga kaibigang ito?

**Sitwasyon 2.** Ilang taon na akong tagahanga ng isang popular na banda. Sa ilan sa kanilang huling musika at interbyu, naghihikayat sila ng mga pag-uugali at ideyang salungat sa mga pamantayan at mga turo ng Panginoon.

- Musika at mga titik lang naman ito, ‘di ba? Kaya ano ang panganib sa patuloy na pakikinig sa kanilang musika at pagsunod sa kanila sa social media?

Pasalamatan ang mga volunteer sa kanilang tulong, at pabalikin na sila sa kanilang upuan. Itanong sa klase:

- Kahit mahirap lumayo kung minsan sa mga impluwensyang nag-uudyok sa atin na magkasala, ano ang maidudulot na kabutihan sa atin ng pagsasakripisyong ito? (Maraming pagpapala, kabilang na ang buhay na walang hanggan.) Bakit ang gantimpalang ito ay karapat-dapat para sa anumang sakripisyo?
- Kailan kayo o ang isang kakilala ninyo nagpasyang lumayo sa masasamang impluwensya? (Paalalahanan ang mga estudyante na huwag magbahagi ng anumang napakapersonal o napakapribadong bagay.) Ano ang mahirap sa paglayo sa impluwensyang iyon? Anong mga pagpapala ang dumating sa paggawa nito?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung may impluwensya sa kanilang buhay na maaaring umakay sa kanila na magkasala. Ipasulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung paano sila lalayo sa mga impluwensyang ito.

Ibuod ang Marcos 9:49–50 na ipinapaliwanag na iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na magkaroon ng payapang pakikipag-ugnayan sa isa’t isa.

Tapusin ang lesson sa paghikayat sa mga estudyante na kumilos ayon sa anumang inspirasyong natanggap nila sa lesson na ito.

HOME-STUDY LESSON

# Marcos 4–9 (Unit 8)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Marcos 4–9 (unit 8) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Marcos 4–5)

Natutuhan ng mga estudyante na kung hihingin natin ang tulong ng Panginoon sa panahon ng kagipitan o takot, bibigyan Niya tayo ng kapanatagan. Natutuhan din nila na kapag nadama natin ang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay, mapatototohanan natin sa iba ang Kanyang mga pagpapala at pagkahabag. Mula sa mga kuwento tungkol sa anak na babae ni Jairo at sa babaeng inaagasan ng dugo, natutuhan ng mga estudyante na kung ipapakita natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisikap nating lumapit sa Kanya, pagagalingin Niya tayo at na ang pananampalataya kay Jesucristo ay nangangailangan ng patuloy nating pananalig sa Kanya kahit sa panahon ng kawalang-katiyakan.

### Day 2 (Marcos 6–8)

Mula sa himala ng pagpapakain ng mahigit 5,000 tao, natutuhan ng mga estudyante na kapag ibinigay natin ang lahat ng mayroon tayo sa Tagapagligtas, mapapalaki Niya ang ating mga handog upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin. Natutuhan din ng mga estudyante na matutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpansin sa mga pangangailangan ng iba at pagkatapos ay pagtulong na matugunan ang mga pangangailangang iyon.

### Day 3 (Marcos 9:1–29)

Mula sa tala tungkol kay Jesus na nagpaalis ng karumal-dumal na espiritu mula sa isang batang lalaki, natutuhan ng mga estudyante na kung maniniwala tayo kay Jesucristo, lahat ng bagay ay magiging posible sa atin. Ang iba pang mga alituntunin mula sa lesson na ito ay kinabibilangan ng sumusunod: Kung mananangan tayo nang mahigpit sa pinaniniwalan natin at hihingin ang tulong ng Panginoon, tutulungan Niya tayo na mapalakas ang ating pananampalataya. Mapapalakas natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.

### Day 4 (Marcos 9:30–50)

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Marcos 9:30–50, natutuhan nila na kung iimpluwensyahan natin na magkasala ang mga taong naniniwala kay Jesucristo, mananagot tayo sa harapan ng Diyos. Mula sa mga turo ng Tagapagligtas sa mga talatang ito, natutuhan ng mga estudyante na mas makabubuting ilayo ang ating sarili sa masasamang impluwensya kaysa humantong tayo sa pagkahiwalay sa Diyos.

## Pambungad

Makatutulong ang lesson na ito na maunawaan ng mga estudyante na ang hangaring mapasaya ang iba sa halip na gawin ang alam nating tama, ay maaaring humantong sa maling pagpili, kalungkutan, at pagsisisi.

# Mga Mungkahi sa Pagtuturo

## Marcos 6:1–29

### *Si Jesus ay hindi tinanggap sa Nazaret at isinugo ang Labindalawa; ang kamatayan ni Juan Bautista ay inilahad*

Simulan ang klase sa pagsasabi sa mga estudyante na isipin ang huling pagkakataon na parang nauudyukan sila na gumawa ng isang bagay na alam nilang hindi tama.

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag (ang pahayag na ito ay matatagpuan sa "Making the Right Choices," *Ensign,* Nob. 1994, 37):

> *"Gusto ng mga taong gumagawa ng mali na makiisa kayo sa kanila dahil nagiging mas komportable sila sa ginagawa nila kapag ginagawa rin ito ng iba" (Elder Richard G. Scott).*

- Ano ang ilang halimbawa ng mga pang-uudyok ng ibang tao para gawin ninyo ang isang bagay na alam ninyong mali?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 6 na makatutulong sa kanila na hindi magpatangay sa masasamang impluwensya ng mga kaibigan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 6:17–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Herodes kay Juan Bautista. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ano ang ginawa ni Herodes kay Juan at bakit?

Diniborsyo ni Herodes ang kanyang asawa at pinakasalan si Herodias, ang asawa ng kanyang kapatid na si Filipo. Ang gawaing ito ay lantarang paglabag sa batas ng mga Judio (tingnan sa Levitico 18:16), at hayagang nagsalita laban dito si Juan Bautista. Ikinagalit ni Herodias ang pagsalungat ni Juan sa kasal na ito, kaya ibinilanggo ni Herodes si Juan para paglubagin ang loob ni Herodias.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 6:19–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang gustong gawin ni Herodias kay Juan Bautista.

- Ano ang gustong gawin ni Herodias kay Juan Bautista?
- Bakit hindi niya mapapatay si Juan Bautista? (Dahil takot si Herodes kay Juan at alam niya na si Juan ay isang tao ng Diyos.)

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 6:21–29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Herodes kay Juan Bautista.


- Ayon sa talata 26, ano ang naramdaman ni Herodes tungkol sa pagpatay kay Juan Bautista?

- Bakit pinapugutan ni Herodes ng ulo si Juan kung alam niya na ito ay mali at ayaw niyang gawin ito? (Nag-alala si Herodes sa sasabihin ng mga taong kasama niya sa dulang.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa desisyong ito ni Herodes tungkol sa mangyayari kapag binigyang-kasiyahan natin ang iba sa halip na gawin ang tama? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kapag hinangad nating mapasaya ang iba sa halip na gawin ang alam nating tama, humahantong ito sa maling pagpili, kalungkutan, at pagsisisi.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan pa ang katotohanang ito, igrupu-grupo sila na may tig-dadalawa hanggang tig-aapat na katao at sabihin sa kanila na mag-isip ng ilang halimbawa ng mga sitwasyon kung saan kailangang pumili ang mga kabataan kung bibigyang-kasiyahan nila ang iba o gagawin ang alam nilang tama. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa bawat grupo na magreport. Habang ginagawa nila nito, isulat sa pisara ang ilan sa mga halimbawa nila.

- Sa anong mga paraan ninyo nakikita na ang pagpapatangay sa mga pang-uudyok tulad ng mga halimbawang ito ay nagdudulot ng kalungkutan at kapighatian?
- Kailan kayo nakakita na mas pinili ng isang tao na gawin ang tama sa halip na bigyang-kasiyahan ang iba?
- Ano ang makatutulong sa atin para piliin nating gawin ang alam nating tama sa halip na bigyang-kasiyahan ang iba?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa paggawa ng tamang pasiya:



"Pinakamadaling gumawa ng mga tamang desisyon kapag maaga natin itong ginagawa … ; hindi tayo lubhang nag-aalala sa oras ng pagpapasiya, kung kailan pagod na tayo at labis na natutukso" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 131).

Anyayahan ang mga estudyante na isipin ang kanilang paparating na linggo at isipin ang posibleng mga sitwasyon kung saan ay kakailanganin nilang pumili kung bibigyang-kasiyahan nila ang iba o gagawin ang tama. Hikayatin silang magplano kung paano sila tutugon sa mga pang-uudyok na ito kapag nangyari sa kanila ang mga ito.

Ipaliwanag na nang marinig ni Herodes ang tungkol sa maraming himalang isinagawa ni Jesus sa Galilea, natakot siya na bumangon mula sa kamatayan si Juan Bautista at ginagawa ang mga himalang ito (tingnan sa Marcos 6:14–16).

## Marcos 7–8

### *Pinagaling ni Jesus ang dalawang tao at tinuruan ang Kanyang mga disipulo*

Ipaliwanag na ang Marcos 7–8 ay naglalaman ng dalawang tala tungkol sa pagpapagaling ng Tagapagligtas sa isang tao. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Ipabasa sa isang estudyante sa bawat magkapartner ang Marcos 7:31–35 at ipabasa naman sa isa pang kapartner na estudyante ang Marcos 8:22–25. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na ilarawan sa kanilang kapartner ang himala ng pagpapagaling sa mga talatang binasa nila.

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano pinagaling ng Tagapagligtas ang dalawang taong ito.

- Ano ang mapupulot nating aral sa katotohanang ang lalaking ito ay hindi lubusang gumaling noong simula?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa mga estudyante na pakinggan ang mga dahilan kung bakit unti-unti o dahan-dahang pinagaling ni Jesus ang lalaki.



"Kakaiba ang himalang ito; ito lamang ang nag-iisang kaganapang nakatala na pinagaling ni Jesus ang isang tao nang paunti-unti. Maaaring ginawa ito ng ating Panginoon upang palakasin ang mahina ngunit lumalakas na pananampalataya ng lalaking bulag. Malinaw na ang magkakasunod na paghawak ni Jesus ay nakaragdag sa pag-asa, katiyakan, at pananampalataya ng lalaking bulag na ito. Si Jesus mismo ang (1) umakay sa lalaki sa labas ng nayon, (2) nagpahid ng kanyang sariling laway sa mga mata ng bulag, (3) nagsagawa ng ordenansa ng pagpapatong ng kamay, at (4) nagpatong ng mga kamay sa pangalawang pagkakataon sa mga mata ng lalaki.

"Talagang itinuturo ng paraang ito ng pagpapagaling na dapat hangarin ng mga tao ang nakapagpapagaling na biyaya ng Panginoon nang kanilang buong lakas at pananampalataya, bagama't iyon ay sapat para sa bahagyang paggaling lamang, ngunit kasunod ng pagtanggap nito, makakamit nila ang dagdag na katiyakan at pananampalataya na gagaling sila nang lubusan. Kadalasang gumagaling din ang mga tao sa kanilang espirituwal na mga karamdaman nang paunti-unti, nang dahan-dahan kapag naiaayon nila ang kanilang buhay sa mga plano at layunin ng Maykapal" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 vols. [1965–73], 1:379–80).

- Paano napapalakas ng unti-unting paggaling ang pananampalataya ng isang tao kay Jesucristo?
- Bakit mahalagang maunawaan na ang ilang pagpapala, tulad ng pagkakaroon ng patotoo sa ebanghelyo o pagtanggap ng pisikal o espirituwal na pagpapagaling, ay kadalasang dumarating nang paunti-unti o dahan-dahan, sa halip na agaran o nang minsanan?

Ibuod ang Marcos 8:27–28 na ipinapaliwanag na tinanong ni Jesus ang Kanyang mga disipulo kung ano ang sabi ng ibang tao tungkol sa kung sino Siya. Sinabi nila na sinasabi ng ilan na Siya ay si Juan Bautista o isa pang propeta.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 8:29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinahayag ni Pedro tungkol kay Jesus.

- Ano ang sinabi ni Pedro tungkol sa kung sino si Jesus? (Ang salitang *Cristo* ay salitang Griyego na katumbas ng *Mesiyas.*)

Ibuod ang Marcos 8:30–31 na ipinapaliwanag na itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na Siya ay hindi tatanggapin ng mga Judio at Siya ay papatayin. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 8:32–33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang reaksyon ni Pedro sa balitang ito.

Ipaliwanag na dahil inaasahan ng mga Judio ang isang Mesiyas na magliligtas sa kanila sa pananakop ng mga dayuhan, mahirap para kay Pedro, gayundin sa marami pang Judio sa panahong iyon, na maunawaan at matanggap ang ideya tungkol sa isang Mesiyas na magdurusa at mamamatay.

- Paano naging katulad ni Pedro ang lalaking bulag na inilarawan sa Marcos 8:22–25? (Unti-unting "nakita" ni Pedro ang katotohanan. May pananampalataya siya sa Tagapagligtas, ngunit ang pagkaunawa niya sa misyon ng Tagapagligtas ay paunti-unti.)
- Paano kayo o ang isang kakilala ninyo natulungan ng Panginoon para unti-unting makita ang katotohanan?

Tapusin ang lesson ngayon sa pagsasabi sa mga estudyante na tahimik na basahin ang Marcos 8:34–38, na pinag-iisipan kung paano makatutulong sa kanila ang lesson sa araw na ito na unahin ang Panginoon sa kanilang buhay.

### Susunod na Unit (Marcos 10–Lucas 4)

Ipaliwanag na tatapusin ng mga estudyante ang kanilang pag-aaral sa Ebanghelyo Ayon kay Marcos at sisimulang pag-aralan ang mga isinulat ni Lucas. Sabihin sa kanila na maghanap ng mga bagong detalye kapag muli nilang binasa ang tungkol sa mga huling kaganapan sa buhay ni Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala at pansinin ang pangungutya kay Jesus habang nakapako Siya sa krus. Mababasa nila sa Ebanghelyo Ayon kay Lucas ang isa sa mga pinakasikat na kabanata sa Biblia—Lucas 2—at ang mga tala tungkol sa mga naaapi, mga itinaboy, at mga makasalanan.

LESSON 41

# Marcos 10

## Pambungad

Sa nalalapit na pagwawakas ng Kanyang ministeryo sa mundo, nagministeryo ang Tagapagligtas sa mga tao sa Perea. Habang naroon, itinuro Niya ang doktrina ng kasal at inanyayahan ang maliliit na bata na lumapit sa Kanya. Pinayuhan din ng Tagapagligtas ang isang mayamang batang pinuno na ipagbili ang lahat ng kanyang pag-aari at sumunod sa Kanya. Nang lisanin ng Tagapagligtas ang Perea at nagtungo sa Jerusalem sa huling pagkakataon sa mortalidad, ibinadya Niya ang Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli at pinayuhan ang Kanyang mga Apostol na paglingkuran ang iba. Pinagaling din Niya ang isang lalaking bulag sa Jerico.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 10:1–16

*Itinuro ni Jesus ang doktrina ng kasal at inanyayahan ang maliliit na bata na lumapit sa Kanya*

Magpakita sa mga estudyante ng ilang larawan ng maliliit na bata.

- Anong mga katangian o ugali ang hinahangaan ninyo sa inyong mga nakababatang kapatid o sa iba pang maliliit na bata na kilala ninyo? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 10:1–16 na nagtuturo sa atin kung bakit dapat tayong maging tulad ng maliliit na bata.

Ipaliwanag na nang nalalapit na ang pagwawakas ng ministeryo ng Tagapagligtas, nilisan Niya ang Galilea at nagpunta sa lugar na tinatawag na Perea. (Maaari mong sabihin sa mga estudyante na hanapin ang Perea sa handout na "Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundong Ito" [tingnan sa lesson 5] o sa Mga Mapa sa Biblia, blg. 11, "Ang Banal na Lupain Noong Panahon ng Bagong Tipan.") Ibuod ang Marcos 10:1–12 na ipinapaliwanag na habang nasa Perea, ang Tagapagligtas ay nagturo sa mga tao ng tungkol sa kahalagahan ng kasal.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 10:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari habang nasa Perea ang Tagapagligtas.

- Ano ang ginawa ng mga disipulo nang dalhin ng mga tao ang maliliit na bata sa Tagapagligtas? (Ipaliwanag na ang salitang *sinaway* sa talata 13 ay nagsasaad na sinabihan ng mga disipulo ang mga tao na hindi nila dapat dalhin ang kanilang mga anak sa Tagapagligtas.)
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas sa mga disipulo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 10:15–16, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo nang lumapit sa Kanya ang maliliit na bata. Ipaliwanag na ang mga katagang "tumanggap ng kaharian ng Dios" sa talata 15 ay tumutukoy sa pagtanggap ng ebanghelyo.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng tanggapin ang ebanghelyo "tulad sa isang maliit na bata"? (talata 15). (Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante, at ikumpara ang mga ito sa mga bagay na nakasulat na sa pisara.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa mangyayari kapag tinanggap natin ang ebanghelyo tulad sa maliliit na bata? (Maaaring iba iba ang matukoy na katotohanan ng mga estudyante, ngunit tiyakin na malinaw na **kapag tinanggap natin ang ebanghelyo tulad sa maliliit na bata, magiging handa tayo sa pagpasok sa kaharian ng Diyos.**)
- Sa paanong paraan tayo naihahanda ng pagtanggap ng ebanghelyo tulad sa maliliit na bata sa pagpasok sa kaharian ng Diyos? (Para matulungan ang mga estudyante na masagot ang tanong na ito, maaari mong ipabasa sa kanila ang Mosias 3:19.)

### Marcos 10:17–34

*Pinayuhan ng Tagapagligtas ang isang mayamang batang pinuno na ipagbili ang lahat ng kanyang pag-aari at sumunod sa Kanya*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 10:17–20, at sabihin sa klase na alamin ang nangyari pagkatapos basbasan ng Tagapagligtas ang maliliit na bata.

- Paano ninyo ilalarawan ang lalaking lumapit kay Jesus? Bakit?
- Ano ang itinanong ng lalaki sa Tagapagligtas? Paano tumugon si Jesus?

Ipaliwanag na ang Mateo 19 ay naglalaman ng salaysay tungkol sa lalaking ito na lumapit sa Tagapagligtas. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 19:20, at sabihin sa klase na alamin ang sinabi ng lalaki matapos isa-isahin ng Tagapagligtas ang ilan sa mga kautusan.

- Matapos sabihing sinusunod na niya ang lahat ng kautusan, ano ang itinanong ng lalaki sa Tagapagligtas? (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang tanong ng lalaki.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano pa ang kulang sa akin?*

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Marcos 10:21, na inaalam kung paano tumugon ang Tagapagligtas sa lalaki.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na kulang pa sa lalaking ito?

Ituro ang mga katagang "pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya" sa talata 21. (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga katagang ito sa kanilang mga banal na kasulatan.)

- Sa inyong palagay, bakit mahalagang malaman na mahal ni Jesus ang lalaking ito bago Niya sabihin sa kanya kung ano pa ang kulang nito?
- Anong mga alituntunin ang matututuhan natin mula sa talang ito? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang ilang alituntunin, kabilang ang sumusunod: **Dahil mahal Niya tayo, tutulungan tayo ng Panginoon na malaman kung ano ang kulang pa sa ating mga pagsisikap na sundin Siya. Kung magtatanong tayo sa Panginoon, ituturo Niya sa atin ang mga dapat nating gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan.**)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Marcos 10:22, na inaalam ang reaksyon ng lalaki nang payuhan siya ng Tagapagligtas na ipagbili ang lahat ng kanyang ari-arian.

- Ano ang reaksyon ng lalaki?
- Ayon sa talata 22, bakit ganoon ang naging reaksyon niya?

Ipaliwanag na bagama't maaaring hindi tayo inutusang ibigay ang malaking kayamanan natin para sumunod sa Panginoon, iniuutos Niya sa atin na gumawa tayo ng iba pang mga sakripisyo para makapaglingkod sa Kanya at masunod ang Kanyang mga kautusan.

- Ano ang ilang sakripisyo na ipinagagawa sa atin ng Panginoon na maaaring mahirap gawin?
- Anong mga pagpapala ang maaaring hindi natin matanggap kapag pinili nating hindi sumunod sa Panginoon sa lahat ng bagay?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 10:23–27. Ipabasa rin nang malakas sa estudyanteng ito ang sumusunod mula sa Joseph Smith Translation, Mark 10:26: "Sa mga taong nagtitiwala sa mga kayamanan, hindi makapangyayari ito; ngunit hindi gayon sa mga taong nagtitiwala sa Diyos at iniiwan ang lahat alang-alang sa akin, sapagkat para sa kanila ang lahat ng bagay na ito ay mangyayari." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ni Jesus tungkol sa pag-iwan ng lahat ng bagay alang-alang sa Kanya.

- Sa palagay ninyo, bakit napakahirap para sa mga taong nagtitiwala sa mga kayamanan o iba pang makamundong bagay na makapasok sa kaharian ng Diyos?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng lahat ay posible para sa mga taong nagtitiwala sa Diyos?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 10:28–31. Ipabasa rin nang malakas sa estudyanteng ito ang sumusunod mula sa Joseph Smith Translation, Mark 10:30–31: "Datapuwa't maraming nangauuna ay mangahuhuli, at nangahuhuli na mangauuna. Ito ang Kanyang sinabi, na pinagsasabihan si Pedro." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Pedro pagkatapos ituro ng Tagapagligtas na dapat handa tayong ibigay ang anumang hingin Niya sa atin.

- Ayon sa talata 28, ano ang sinabi ni Pedro?
- Ano ang ipinangako ng Tagapagligtas sa mga taong handang isuko ang lahat para sumunod sa Kanya?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa mga itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa dapat nating gawin upang matanggap ang buhay na walang hanggan? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Para matanggap ang buhay na walang hanggan, dapat handa tayong isuko ang anumang bagay na hihilingin ng Panginoon sa atin.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Bakit ang buhay na walang hanggan ay sulit o karapat-dapat sa anumang sakripisyong ipagagawa sa atin sa mundong ito? (Maaari mong ipaalala sa mga

estudyante na ang buhay na walang hanggan ay pamumuhay magpakailanman sa piling ng Diyos kasama ang mabubuting miyembro ng ating pamilya.)

Ibuod ang Marcos 10:32–34 na ipinapaliwanag na sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo na pagkarating nila sa Jerusalem, Siya ay kukutyain, sasaktan, luluraan, at papatayin at na Siya ay babangong muli sa ikatlong araw.

- Paano naging perpektong halimbawa ang Tagapagligtas sa kahandaang gawin ang lahat ng iutos ng Diyos?

Patotohanan ang mga katotohanang itinuro sa lesson na ito. Hikayatin ang mga estudyante na mapanalanging pag-isipan ang tanong na "Ano pa ang kulang ko?" at sundin ang anumang inspirasyong matatanggap nila tungkol sa mga sakripisyong ipagagawa sa kanila ng Panginoon.

***Ibahagi ang iyong patotoo***

Ang katapusan ng lesson ay hindi lamang ang pagkakataon na maibabahagi mo ang iyong patotoo. Samantalahin na maibahagi sa oras ng lesson ang iyong patotoo sa mga doktrina at mga alituntuning natukoy at napag-usapan. Hikayatin ang iyong mga estudyante na gayon din ang gawin. Kapag naibabahagi ang mga patotoo, pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga patotoo sa puso at isipan ng mga estudyante.

## Marcos 10:35–52

*Ibinadya ng Tagapagligtas ang Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli at pinayuhan ang Kanyang mga Apostol na paglingkuran ang iba*

Hatiin ang mga estudyante sa maliliit na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isang kopya ng sumusunod na handout, at sabihin sa kanila na kumpletuhin ito:

### Sino ang Pinakadakila?

Kumpletuhin ang handout na ito bilang isang grupo, at pag-usapan ang mga sagot ninyo sa mga tanong.

Maglista ng ilang aktibidad na gusto ninyo: ______________________

- Bumanggit ng ilang tao na talagang mahusay sa paggawa ng mga aktibidad na inilista ninyo sa itaas. Bakit sila mahusay?

Habang patuloy ninyong pinag-aaralan ang mga salita ng Tagapagligtas sa Marcos 10, alamin ang itinuro Niya tungkol sa mga dapat gawin ng isang tao upang maging dakila.

Basahin ang Marcos 10:35–37, na inaalam ang hiniling nina Santiago at Juan sa Tagapagligtas habang naglalakbay sila papunta sa Jerusalem.

Ang kahilingan nina Santiago at Juan na makaupo sila sa kanan at kaliwang kamay ng Tagapagligtas ay nagpapahiwatig na gusto nilang tumanggap ng mas malaking kaluwalhatian at karangalan sa kaharian ng Diyos kaysa matatanggap ng iba pang mga Apostol. Nakatala sa Marcos 10:38–40 na ipinaliwanag ng Tagapagligtas kina Santiago at Juan na ang pagpapalang ito ay ibibigay sa mga handang tanggapin ito.

Basahin ang Marcos 10:41, na inaalam ang reaksyon ng iba pang mga disipulo sa kahilingan nina Santiago at Juan.

- Sa inyong palagay, bakit nagalit ang iba pang mga disipulo kina Santiago at Juan?

Basahin ang Marcos 10:42–45, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo tungkol sa kadakilaan.

Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag ayon sa itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa tunay na kadakilaan:

**Upang maging tunay na dakila, dapat nating ____________________.**

Sa talata 45, ang ibig sabihin ng salitang *maglingkod* ay mangalaga, magbigay ng ginhawa, tulong, at suporta sa iba.

- Bakit itinuturing na tunay na dakila ang isang taong naglilingkod at nagmiministeryo sa iba (tulad ng Tagapagligtas)?
- Kailan may naglingkod at nagmalasakit sa inyo at sa inyong pamilya? Bakit itinuturing ninyo na tunay na dakila ang taong iyon?

Matapos makumpleto ng mga estudyante ang handout, sabihin sa ilang estudyante na magreport kung paano nila kinumpleto ang pahayag batay sa Marcos 10:42–45. Maaaring ibang salita ang gamitin ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Upang maging tunay na dakila, dapat nating tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod sa iba.**

Ibuod ang Marcos 10:46–52 na ipinapaliwanag na habang paalis na ang Tagapagligtas at Kanyang mga Apostol sa Jerico, isang bulag na lalaki na nagngangalang Bartimeo ang nagsisisigaw na pagalingin siya ng Tagapagligtas. Sinabihan ng mga tao si Bartimeo na tumahimik siya, ngunit lalo pang lumakas ang kanyang pagsigaw. Narinig ng Tagapagligtas ang kanyang pagsigaw, nahabag sa kanya, at pinagaling siya. (*Paunawa*: Ang tala tungkol sa pagpapagaling kay Bartimeo ay ituturo nang mas detalyado sa lesson para sa Lucas 18.)

- Paano naging perpektong huwaran ang Tagapagligtas sa alituntuning itinuro Niya tungkol sa paglilingkod sa iba?

Ibahagi ang iyong patotoo na talagang dakila ang Tagapagligtas dahil sa paraan ng paglilingkod Niya sa mga anak ng Ama sa Langit. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang magagawa nila para makapaglingkod at mapangalagaan ang mga taong nasa paligid nila. Hikayatin sila na magtakda ng mithiin na tutulong sa kanila na maglingkod at magministeryo sa iba.

LESSON 42

# Marcos 11–16

## Pambungad

Sa nalalapit na pagwawakas ng Kanyang ministeryo dito sa mundo, namasdan ng Tagapagligtas ang isang maralitang balo na naghulog ng dalawang lepta sa kabang-yaman ng templo. Kalaunan, habang naghahapunan sa Betania, pinahiran ni Maria si Jesus ng unguento bilang tanda ng Kanyang libing. Ang Tagapagligtas ay nagdusa sa Getsemani. Siya ay nilitis at hinatulang mamatay. Matapos Siyang mamatay sa krus at mabuhay na muli, ang Panginoon ay nagpakita sa Kanyang mga Apostol at inatasan silang dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Pagtuturo tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani***

May tatlong tala ng mga nangyari sa Getsemani. Ang lesson para sa Mateo 26 ay nakatuon sa pagpapasakop ng Tagapagligtas sa kalooban ng Kanyang Ama. Ang lesson para sa Marcos 14 ay tumatalakay sa pagdurusa ni Jesucristo sa Getsemani. Ang lesson para sa Lucas 22 ay nagbibigay-diin sa tindi ng Kanyang pagdurusa. Ang pagtutuon sa kakaibang aspeto ng tatlong talang ito ng pagdurusa ng Tagapagligtas ay makapagbibigay sa mga estudyante ng natatanging karanasan sa pag-aaral nila ng bawat tala.

### Marcos 11–13

*Nagturo ang Tagapagligtas sa templo at minasdan ang isang maralitang balo na naghulog ng mga lepta sa kabang-yaman ng templo*

Basahin nang malakas ang sumusunod na mga sitwasyon, at sabihin sa mga estudyante na pakinggan ang mga pagkakaiba ng mga handog na inialay sa Panginoon sa bawat sitwasyon.

1. Isang babae ang nagbigay sa kanyang bishop ng malaking halaga ng pera bilang handog-ayuno o fast offering. Isa pang babae sa ward ding iyon ang nagbigay sa kanyang bishop ng napakaliit na halaga ng pera bilang fast offering.
2. Isang lalaki ang naglilingkod bilang stake president. Ang isa namang lalaki sa stake ding iyon ay naglilingkod bilang titser sa primary.

- Ano ang mga pagkakaibang napansin ninyo sa mga handog na ibinigay sa bawat sitwasyon?
- Ano kaya ang mararamdaman ng isang tao kung ang kanyang handog sa Panginoon ay tila maliit kumpara sa mga handog ng iba?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 11–14 na tutulong sa kanila na malaman kung paano isinasaalang-alang ng Panginoon ang kanilang mga handog sa Kanya.



Ipakita ang larawang Matagumpay na Pagpasok (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 50; tingnan din sa LDS.org). Ibuod nang maikli ang Marcos 11:1–12:40 na ipinapaliwanag na habang papalapit na ang pagwawakas ng ministeryo ng Tagapagligtas dito sa mundo, Siya ay matagumpay na pumasok sa Jerusalem, nilinis ang templo, at tinuruan ang mga tao roon. Ipaalala sa mga estudyante na sa pagtatangkang ipahiya ang Tagapagligtas, mahihirap na katanungan ang itinanong sa Kanya ng mga Fariseo at mga eskriba habang nagtuturo Siya sa templo. Pagkatapos sagutin ng Tagapagligtas ang kanilang mga tanong, nagsalita siya laban sa pagiging mapag-imbabaw (o hypocrisy) ng mga Fariseo at mga eskriba (tingnan sa Mateo 23).

Ipaliwanag na habang nasa templo si Jesus, nakita Niya ang mga tao na nagdadala ng pera para sa kabang-yaman ng templo bilang handog sa Diyos. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 12:41–44, at sabihin sa klase na alamin ang nakita ng Tagapagligtas sa lugar na kinalalagyan ng kabang-yaman.

- Ano ang nakita ng Tagapagligtas sa may kabang-yaman?

Magpakita ng barya na pinakamababa ang halaga sa inyong bansa, at ipaliwanag na ang *lepta* ang "pinakamaliit na tansong barya na gamit ng mga Judio" (Bible Dictionary, "Money").

- Ano kaya ang nararamdaman ng isang tao na dalawang lepta lamang ang maiaalay sa Diyos?
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa handog ng balo kumpara sa mga handog ng iba?
- Sa inyong palagay, bakit itinuring ng Tagapagligtas na "higit" ang kanyang handog kaysa sa iba pang mga handog?
- Batay sa sinabi ng Panginoon tungkol sa balo, anong alituntunin ang matututuhan natin tungkol sa pagbibigay sa Panginoon? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung handa tayong ibigay ang lahat ng mayroon tayo sa Panginoon, tatanggapin Niya ang ating handog kahit tila maliit ito kumpara sa iba.**)

Ibuod ang Marcos 13 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol ang tungkol sa Ikalawang Pagparito. Ipaalala sa mga estudyante na pinag-aralan nila ang mga turong ito sa Joseph Smith—Mateo.

### Marcos 14:1–9

#### *Pinahiran ni Maria ng unguento ang Tagapagligtas*

Ipaliwanag na matapos ituro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa mga palatandaan ng Kanyang Ikalawang Pagparito, nilisan Niya ang

Jerusalem at nagpunta sa Betania sa bahay ng isang lalaki na nagngangalang Simon, na dating may ketong.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 14:3 at sa isa pa ang Juan 12:3. Sabihin sa klase na pakinggan ang nangyari sa Tagapagligtas habang nakaupo Siya para maghapunan.

- Ano ang nangyari sa Tagapagligtas habang nakaupo Siya para maghapunan sa bahay ni Simon? (Ipaliwanag na ang babaeng nagpahid ng unguento sa Tagapagligtas ay si Maria na kapatid ni Marta at Lazaro [tingnan sa Juan 12:1–3].)
- Paano ipinakita ni Maria ang kanyang pagmamahal at katapatan sa Tagapagligtas?

Ipaliwanag na ang ginawang pagpapahid ng unguentong nardo (isang mamahaling unguento) sa ulo at mga paa ng Tagapagligtas ay isang pagpipitagan na bihirang matanggap kahit ng mga hari (tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* Ika-3 edisyon [1916], 512).

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 14:4–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang reaksyon ng ilang taong naroon sa hapunan sa ginawa ni Maria. Ipaliwanag na malalaman natin sa Juan 12:4–5 na si Judas Iscariote ang taong tumutol sa ginawa ni Maria.

- Ano ang reaksyon ni Judas Iscariote nang pahiran ni Maria ang Tagapagligtas ng mamahaling unguento?
- Ayon sa talata 5, magkano ang halaga ng unguento? (Ipaliwanag na ang tatlong daang denario ay katumbas ng isang taong suweldo ng isang karaniwang manggagawa.)
- Ano ang itinugon ng Tagapagligtas sa pangungutya ni Judas kay Maria?

Ituro ang mga katagang "mabuting gawa ang ginawa niya sa akin" sa talata 6, at ipaliwanag na nagpapahiwatig ito na nalugod ang Tagapagligtas sa ginawa ni Maria. Ituro rin ang mga katagang "ginawa niya ang kaniyang nakaya" sa talata 8, at ipaliwanag na nagpapahiwatig ito na ibinigay ni Maria ang lahat ng makakaya niya sa Panginoon.

- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa nadarama ng Tagapagligtas kapag ibinibigay natin ang lahat ng makakaya natin sa Kanya? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Ang Tagapagligtas ay nalulugod kapag ibinigay natin sa Kanya ang lahat ng ating makakaya.**)

Balikan ang dalawang sitwasyon na inilahad sa pagsisimula ng klase. Sabihin sa mga estudyante na gamitin ang mga katotohanang natukoy nila sa Marcos 12 at Marcos 14 upang maipaliwanag kung paano mapapasaya ng mga tao sa bawat sitwasyon ang Panginoon.

- Paano makatutulong ang paniniwala sa mga katotohanang ito sa isang tao na nakadaramang walang siyang gaanong maibibigay sa Panginoon?

- Kailan kayo nakakita na ibinigay ng isang tao ang lahat ng kanyang makakaya sa Panginoon?

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung naibibigay ba nila sa kasalukuyan ang lahat ng kanilang makakaya sa Panginoon. Hikayatin sila na pumili ng isang aspeto sa kanilang buhay na mas mapagbubuti pa nila at magtakda sila ng mithiin na makatutulong sa kanila na maibigay ang lahat ng kanilang makakaya sa Panginoon.

### Marcos 14:10–16:20

*Ang Pagbabayad-sala ni Jesus ay nagsimula sa pagdurusa Niya sa Getsemani para sa ating mga kasalanan; ipinagkanulo Siya ni Judas Iscariote at iniharap sa mga lider ng mga Judio*

Sabihin sa mga estudyante na tahimik na pag-isipan ang sumusunod na mga tanong:

- Naramdaman na ba ninyo na walang sinumang nakauunawa sa inyo o sa pinagdadaanan ninyo?
- Naramdaman na ba ninyo na hindi na kayo mapapatawad sa inyong mga nagawang kasalanan noon?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 14 na makatutulong sa isang tao na ganito ang nararamdaman.

Ibuod ang Marcos 14:10–31 na ipinapaliwanag na ilang araw pagkaraang pahiran ni Maria ng unguento si Jesus, ipinagdiwang ni Jesus at ng mga Apostol ang Paskua. Pagkatapos nito, nagpunta si Jesus sa Halamanan ng Getsemani.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 14:32–34. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naranasan ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani.

- Ano ang naranasan ni Jesus sa Halamanan ng Getsemani?

Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang mga sumusunod na kataga: *nagtakang totoo, namamanglaw na mainam, namamanglaw na lubha.*

Ipaliwanag na ang mga katagang ito ay tumutukoy sa pagdurusang naranasan ni Jesucristo bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala.

- Ano ang itinuturo sa atin ng mga katagang ito tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, si Jesucristo ay nagdusa at namanglaw nang husto sa Halamanan ng Getsemani.**)

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 14:35–42. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas dahil sa Kanyang matinding pagdurusa.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas dahil sa Kanyang matinding pagdurusa? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na napakatindi ng pagdurusa ni Jesus kaya't hiniling Niya na kung maaari ay hindi Niya maranasan ito.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga kataga: *Si Jesucristo ay nagdanas ng … upang Kanyang …*

Ipaliwanag na makatutulong sa atin ang iba pang mga talata sa mga banal na kasulatan na maunawaan ang pagdurusa ni Jesucristo at kung bakit handa Siyang magdusa para sa atin.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya: *Isaias 53:3–5* at *Alma 7:11–13.* Pagpartner-partnerin ang mga estudyante, at sabihin sa kanila na magkasamang basahin ang mga talata, na inaalam ang dinanas ng Tagapagligtas at kung bakit Siya nagdurusa. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung paano nila kukumpletuhin ang mga katagang nakasulat sa pisara gamit ang nalaman nila sa Isaias 53:3–5 at Alma 7:11–13. (Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *tutulungan* sa Alma 7:12 ay mabilis na pagbibigay ng ginhawa o pagtulong sa isang tao.)

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ilahad kung paano nila kinumpleto ang mga kataga. Ang mga sagot nila ay dapat katulad ng sumusunod: Dinanas ni Jesucristo ang ating mga pasakit, hirap, tukso, karamdaman, kahinaan, at kalungkutan nang sa gayon ay malaman Niya kung paano tayo tutulungan. Nagdusa si Jesucristo para sa ating mga kasalanan upang malinis Niya ang ating mga kasalanan. Ipaalala sa mga estudyante na ang pagdurusa ng Tagapagligtas para sa mga kasalanan ng sangkatauhan ay nagsimula sa Getsemani at nagpatuloy at nagtapos sa Kanyang Pagkakapako sa krus.

Para matulungan ang mga estudyante na madama ang kahalagahan ng katotohanan na bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, si Jesucristo ay nagdusa at namighati sa Halamanan ng Getsemani, maaari mong ipanood sa kanila ang video na "Special Witness—Elder Holland" (2:38), kung saan nagpatotoo si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani. Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org.

- Paano makatutulong ang nalaman ninyo tungkol sa dinanas ng Tagapagligtas at ang dahilan ng Kanyang pagdurusa kapag naharap kayo sa mga pagsubok, pasakit, at paghihirap?
- Kailan ninyo nadama na tinulungan kayo ng Tagapagligtas sa panahon ng paghihirap, karamdaman, o kalungkutan?
- Ano ang naramdaman ninyo nang magsisi kayo at maramdamang napawi (o nabura) ang inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo?

Ibuod ang Marcos 14:43–16:20 na ipinapaliwanag na si Jesus ay nilitis nang hindi makatwiran sa harap ng Sanedrin at hinatulang mamatay. Pagkatapos mamatay sa krus ang Tagapagligtas at mabuhay na muli, Siya ay nagpakita sa Kanyang mga Apostol at inatasan silang dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo.

Maaari kang magtapos sa pagpapatotoo sa mga katotohanang tinalakay mo sa araw na ito.

# Pambungad sa Ebanghelyo Ayon kay Lucas

## Bakit pag-aaralan ang aklat na ito?

Ang aklat ni Lucas ay nagbibigay ng karagdagang patotoo sa maraming katotohanang itinala nina Mateo at Marcos at mayroon ding mga natatanging nilalaman. Ang Ebanghelyo Ayon kay Lucas ay magpapalalim ng pang-unawa ng mga estudyante tungkol sa mga turo ni Jesucristo at makatutulong sa kanila na mas lubos na mapahalagahan ang Kanyang pagmamahal at habag para sa buong sangkatauhan, na nakita sa Kanyang ministeryo sa buhay na ito at sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala.

## Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Si Lucas ang may-akda ng Ebanghelyong ito. Siya ay isang manggagamot (tingnan sa Mga Taga Colosas 4:14) at "isang sugo ni Jesucristo" (Joseph Smith Translation, Luke 1:1). Si Lucas ay isa sa "mga kamanggagawa" ni Pablo (Kay Filemon 1:24) at ang kasama ni Pablo sa ministeryo (tingnan sa II Kay Timoteo 4:11). Si Lucas din ang sumulat ng aklat ng Mga Gawa (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Lucas").

## Kailan at saan ito isinulat?

Bagama't hindi alam kung kailan talaga isinulat ni Lucas ang kanyang Ebanghelyo, ito ay malamang na isinulat sa huling kalahati ng unang siglo A.D. Ang mga pinagkunan ng tala ni Lucas ay ang mga taong "buhat sa pasimula ay mga saksing nangakakakita" (Lucas 1:2) sa ministeryo sa buhay na ito at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. Hindi natin alam kung saan isinulat ang Ebanghelyo Ayon kay Lucas.

## Para kanino ito isinulat at bakit?

Layunin ni Lucas na mabasa ang kanyang Ebanghelyo ng mga Gentil, at ipinakilala niya si Jesucristo bilang Tagapagligtas kapwa ng mga Judio at mga Gentil. Inilahad ni Lucas ang kanyang ebanghelyo kay "Teofilo" (Lucas 1:3), na ang ibig sabihin sa Griyego ay "kaibigan ng Diyos" o "minamahal ng Diyos." Malinaw na si Teofilo ay naturuan na noon tungkol sa buhay at mga turo ni Jesucristo (tingnan sa Lucas 1:4). Nais ni Lucas magturo pa sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang sistematikong tala tungkol sa misyon at ministeryo ng Tagapagligtas. Gusto niya na "mapagkilala" ng babasa ng kanyang patotoo ang "katunayan" (Lucas 1:4) tungkol sa Anak ng Diyos—ang Kanyang pagkahabag, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli.

## Ano ang ilan sa mga natatanging katangian ng aklat na ito?

Ang Lucas ang pinakamahaba sa apat na Ebanghelyo at ang pinakamahabang aklat sa Bagong Tipan. Ilan sa pinakakilalang kuwento ng mga bansang Kristiyano ay

natatangi o makikita lamang sa Ebanghelyo Ayon kay Lucas: ang kalagayan ng pagsilang ni Juan Bautista (tingnan sa Lucas 1:5–25, 57–80); ang tradisyonal na kuwento ng Pasko (tingnan sa Lucas 2:1–20); ang kuwento tungkol kay Jesus noong siya ay 12 taong gulang (tingnan sa Lucas 2:41–52); mga talinghaga tulad ng mabuting Samaritano (tingnan sa Lucas 10:30–37), ang alibughang anak (tingnan sa Lucas 15:11–32), at ang mayamang lalaki at si Lazaro (tingnan sa Lucas 16:19–31); ang kuwento tungkol sa sampung ketongin (tingnan sa Lucas 17:11–19); at ang tala tungkol sa nabuhay na muling Panginoon na nakisabay sa paglalakad sa Kanyang mga disipulo sa daan papuntang Emaus (tingnan sa Lucas 24:13–32).

Ang iba pang mga kakaibang katangian ay ang paglalakip ni Lucas ng mga turo ni Juan Bautista na hindi matatagpuan sa ibang mga Ebanghelyo (tingnan sa Lucas 3:10–14); ang pagbibigay-diin niya sa pagiging madasalin ni Jesucristo (tingnan sa Lucas 3:21; 5:16; 9:18, 28–29; 11:1); at ang paglalakip niya sa pagtawag, pagsasanay, at gawaing misyonero ng Pitumpu (tingnan sa Lucas 10:1–22). Bukod pa riyan, si Lucas lamang ang tanging manunulat ng Ebanghelyo na nagtala na ang pawis ng Tagapagligtas ay gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsitulo sa Getsemani at na isang anghel ang naglingkod sa Kanya (tingnan sa Lucas 22:43–44).

Dahil ang Ebanghelyo Ayon kay Lucas ay nagsimula at nagtapos sa templo, nagpapahiwatig din ito ng kahalagahan ng templo bilang pangunahing lugar kung saan nakikipag-ugnayan ang Diyos sa sangkatauhan (tingnan sa Lucas 1:9; 24:53).

## Outline

**Lucas 1–3** Ang pagsilang at misyon ni Juan Bautista at ibinadya ang pagsilang ni Jesucristo. Nagpatotoo ang mga nakakita na ang sanggol na si Jesus ay ang Mesiyas. Sa edad na 12, nagturo si Jesucristo sa templo. Nangaral ng pagsisisi si Juan Bautista at bininyagan si Jesucristo. Itinala ni Lucas ang talaangkanan ni Jesucristo.

**Lucas 4–8** Tinukso si Jesucristo sa ilang. Inihayag Niya sa Nazaret na Siya ang Mesiyas at hindi Siya tinanggap. Pumili ng Labindalawang Apostol si Jesucristo at nagturo sa Kanyang mga disipulo. Siya ay nagpatawad ng mga kasalanan at nagsagawa ng maraming himala.

**Lucas 9–14** Ang Labindalawang Apostol ay isinugo upang mangaral at magpagaling. Pinakain ni Jesucristo ang limang libo at nagbagong-anyo sa isang bundok. Tumawag Siya ng Pitumpu at isinugo sila upang mangaral. Si Jesucristo ay nagturo tungkol sa pagkadisipulo, pagpapaimbabaw, at paghatol. Itinuro Niya ang talinghaga ng mabuting Samaritano

**Lucas 15–17** Nagturo si Jesus sa pamamagitan ng mga talinghaga. Nagturo Siya tungkol sa kasalanan, pananampalataya, at pagpapatawad. Siya ay nagpagaling ng sampung ketongin at nagturo tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

**Lucas 18–22** Patuloy na nagturo si Jesucristo sa pamamagitan ng mga talinghaga. Pinagaling Niya ang isang lalaking bulag at tinuruan si Zaqueo. Siya ay matagumpay na pumasok sa Jerusalem sakay ng asno, nanangis para sa lungsod, at nilinis ang templo. Ibinadya ni Cristo ang pagkawasak ng Jerusalem at binanggit ang mga tanda na magaganap bago ang Kanyang Ikalawang Pagparito.

Pinasimulan Niya ang sakramento, tinuruan ang Kanyang mga Apostol, at nagdusa sa Getsemani. Siya ay ipinagkanulo, dinakip, kinutya, pinahirapan, at nilitis.

**Lucas 23–24** Si Jesucristo ay nilitis sa harap nina Pilato at Herodes, ipinako sa krus, at inilibing. Ang mga anghel sa libingan at ang dalawang disipulo sa daan patungong Emaus ay nagpatotoo na si Jesucristo ay nabuhay na muli. Nagpakita ang Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo sa Jerusalem, nangako sa Kanyang mga Apostol na ipagkakaloob sa kanila ang kapangyarihang mula sa Diyos, at umakyat sa langit.

LESSON 43

# Lucas 1

## Pambungad

Ang anghel na si Gabriel ay nagpakita kay Zacarias at ibinalita na siya at ang kanyang asawang si Elisabet ay magkakaroon ng anak, na pangangalanan nilang Juan. Makaraan ang anim na buwan, nagpakita rin ang anghel na iyon kay Maria at ibinalitang magiging ina siya ng Anak ng Diyos. Dinalaw ni Maria si Elisabet, at nagalak sila sa pagdating ng Tagapagligtas. Makalipas ang tatlong buwan, isinilang ni Elisabet si Juan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 1:1–4

*Ipinaliwanag ni Lucas ang mga dahilan kung bakit niya isinulat ang kanyang Ebanghelyo*

Idispley ang mga sumusunod na larawan, at sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang ipinapakita sa bawat isa: Naglalakbay sina Jose at Maria patungong Betlehem (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 29; tingnan din sa LDS.org), Nagpakita ang Anghel sa mga Pastol (blg. 31), Yumuyukod si Simeon sa Batang Cristo (blg. 32), Ang Batang si Jesus sa Templo (blg. 34), Ang Mabuting Samaritano (blg. 44), Sina Maria at Marta (blg. 45), at Ang Sampung Ketongin (blg. 46). Ipaliwanag na ang mga ito at marami pang ibang pangyayari at turo mula sa ministeryo ng Tagapagligtas dito sa mundo ay nakatala kay Lucas ngunit wala sa Mga Ebanghelyo Ayon kina Mateo, Marcos, at Juan.



Maikling ipakilala ang Ebanghelyo Ayon kay Lucas na ipinapaliwanag na sinimulan ni Lucas ang kanyang Ebanghelyo sa pagtukoy sa isang taong nagngangalang "Teofilo" (talata 3) at ipinaliwanag ang kanyang mga dahilan sa pagsulat. Ang ibig sabihin ng *Teofilo* ay "kaibigan ng Diyos" (Bible Dictionary, "Theophilus"). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 1:1–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga dahilan ni Lucas sa pagsulat.


#### *Ang layunin ng may-akda*

Habang nagtuturo ka mula sa mga banal na kasulatan, sikaping alamin ang nais iparating ng manunulat. Para malaman pa ang tungkol sa mga layunin ni Lucas sa pagsulat ng kanyang Ebanghelyo, basahin ang "Pambungad sa ang Ebanghelyo Ayon kay Lucas," na nasa unahan ng lesson na ito.

- Ano ang ilan sa mga dahilan ni Lucas sa pagsulat ng talang ito?

- Batay sa Lucas 1:4, ano ang maitutulong sa atin ng pag-aaral ng Ebanghelyo Ayon kay Lucas?

Tiyakin sa mga estudyante na sa pag-aaral nila ng Ebanghelyo Ayon kay Lucas, malalaman nila ang "katunayan" (talata 4) ng mga katotohanang itinuro sa kanila tungkol kay Jesucristo.







*Si Cristo sa Templo,* ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

### Lucas 1:5–25

*Ibinalita ng anghel na si Gabriel ang pagsilang ni Juan kay Zacarias, at nagdalang-tao si Elisabet*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagpapala o sagot mula sa Diyos na hinihintay o inaasam nila. Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Lucas 1 na makatutulong sa kanila kapag naghihintay sila ng pagpapala o sagot mula sa Diyos.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 1:5–7, at sabihin sa klase na alamin kung sino ang naghihintay ng biyaya sa halos buong buhay nila.

- Anong mga detalye ang nalaman natin tungkol kina Zacarias at Elisabet mula sa mga talatang ito?

Ibuod ang Lucas 1:8–10 na ipinapaliwanag na naatasan si Zacarias na magsunog ng kamangyan o insenso sa templo ng Jerusalem, isang karangalan na marahil ay minsan lang dumating sa buhay ng isang saserdote.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Lucas 1:11–13, na inaalam ang nangyari habang nasa templo si Zacarias.

- Ayon sa talata 13, anong panalangin ang nasagot para kina Zacarias at Elisabet? (Ipaliwanag na maaaring maraming taon nang nananalangin sina Zacarias at Elisabet na magkaroon ng anak. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga katagang "dininig ang daing mo" sa talatang ito.)
- Ano kaya ang naramdaman ni Zacarias nang marinig niya na siya







© Providence Collection/Licensed mula sa GoodSalt.com

at si Elisabet ay magkakaroon ng anak bagama't sila ay "may pataw ng maraming taon" o matanda na? (talata 7).

Ibuod ang Lucas 1:14–17 na ipinapaliwanag na sinabi ng anghel na si Gabriel kay Zacarias na sila ni Elisabet ay "magkakaroon ng ligaya at galak" (talata 14) at na ang kanilang anak ang maghahanda ng maraming tao para sa Panginoon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 1:18–20, at sabihin sa klase na alamin kung paano tumugon si Zacarias sa anghel. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ano ang nangyari kay Zacarias dahil nagduda siya sa mga sinabi ng anghel?
- Ayon sa talata 20, ano ang sinabi ng anghel na mangyayari sa mga salitang winika niya kay Zacarias? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Ang mga salita ng Panginoon na ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod ay magaganap sa kanilang kapanahunan.** Isulat sa pisara ang katotohanang ito.)
- Ano ang ibig sabihin ng mga katagang "sa kanilang kapanahunan"? (Ayon sa takdang panahon ng Panginoon.)

Patingnan ang pahayag na nasa pisara at itanong:

- Paano makakaapekto ang pagkaalam sa katotohanang ito sa paraan ng pagtugon natin sa mga pangako ng Panginoon? (Matapos sumagot ang mga estudyante, baguhin ang katotohanang nakasulat sa pisara para mabuo ang sumusunod na pahayag: **Mapagkakatiwalaan natin ang mga pangako ng Panginoon dahil ang Kanyang mga salita ay magaganap sa kanilang kapanahunan.**)
- Paano makatutulong ang katotohanang ito sa isang taong umaasam sa katuparan ng isang banal na pangako?

Ibuod ang Lucas 1:21–24 na ipinapaliwanag na nang lisanin ni Zacarias ang templo, hindi na siya makapagsalita. Si Elisabet ay nagdalang-tao kalaunan, tulad ng ipinangako ng anghel.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante (mas mainam kung isang dalagita) ang mga sinabi ni Elisabet sa Lucas 1:25. Sabihin sa klase na pag-isipan ang maaaring nadama ni Elisabet habang naghahanda siyang magkaroon ng anak. Maaaring kailanganin mong ipaliwanag na ang sinabi ni Elisabet na "[in]alis [ng Panginoon] ang aking pagkaduhagi sa gitna ng mga tao" ay tumutukoy sa kahihiyang naranasan niya dahil sa isang maling paniniwala na karaniwan sa sinaunang mga kultura na ang hindi pagkakaroon ng anak ay kaparusahan mula sa Diyos.

### Lucas 1:26–38

*Ibinalita ni anghel Gabriel ang nalalapit na pagsilang ni Jesus kay Maria*

Ipakita ang larawang Ang Pagbati ng Anghel: Nagpakita si Anghel Gabriel kay Maria (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 28; tingnan din sa LDS.org), at sabihin sa mga estudyante na isipin ang maaaring maramdaman nila kapag biglang magpakita sa kanila ang isang anghel. Ibuod ang Lucas 1:26–27 na ipinapaliwanag na sa ikaanim na buwang pagbubuntis ni Elisabet, isinugo si anghel Gabriel kay Maria, isang dalaga sa Nazaret.



**Nagpakita si Anghel Gabriel kay Maria**

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 1:28–33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at ipahanap ang mga kataga na nakatulong kay Maria na maunawaan ang kahalagahan ng gawaing ibinigay sa kanya ng Diyos.

- Ano ang mga katagang maaaring nakatulong kay Maria na maunawaan ang kahalagahan ng gawaing ibinigay sa kanya ng Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng titulong "Anak ng Kataastaasan" (talata 32)? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Si Jesucristo ay Anak ng Diyos Ama.**)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Lucas 1:34, na inaalam ang itinanong ni Maria. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Ipaliwanag na ang pahayag ni Maria na "ako'y hindi nakakakilaIa ng lalake" ay nangangahulugang siya ay isang birhen.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 1:35–37, at ipahanap sa mga estudyante ang sagot ng anghel sa tanong ni Maria.

Ipaliwanag na hindi natin alam, maliban sa nakasaad sa banal na kasulatan, kung paano nangyari ang himala ng pagdadalang-tao kay Jesucristo; sinabi lang sa atin na ito ay kahima-himala at ang batang isisilang ay Anak ng Diyos.

***Iwasang magbigay ng haka-haka***

Huwag magbigay ng haka-haka tungkol sa sagradong paksa kung paano ipinagdalang-tao ang Tagapagligtas. Sa halip, magtuon sa mga turo sa mga banal na kasulatan, na isinasaisip ang patotoong naroon na ang pagsilang ni Cristo ay isang himala at si Maria "ay tinawag na birhen, bago at pagkatapos niyang magsilang" (Ezra Taft Benson, "Joy in Christ," *Ensign,* Mar. 1986, 4; tingnan din sa 1 Nephi 11:13–20; Alma 7:10).

- Sa nakatala sa Lucas 1:37, anong katotohanan ang ipinahayag ng anghel na nakatulong na maipaliwanag ang kahima-himalang pangyayaring ito? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Walang salitang mula sa Diyos na di may kapangyarihan o walang imposible sa Diyos.**

Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang katotohanang ito sa kanilang mga banal na kasulatan.)

- Sa palagay ninyo, ano ang sasabihin nina Maria o Elisabet para palakasin ang ating loob kapag nadarama nating imposibleng mangyari ang isang bagay na inaasam natin?
- Ano ang isang karanasang nagpalakas sa inyong paniniwala na walang imposible sa Diyos?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Lucas 1:38, na inaalam kung paano tumugon si Maria sa anghel.

- Anong katibayan ang nakikita ninyo sa talatang ito na naniniwala si Maria sa mga salita ng anghel?
- Paano naiba ang pagtanggap ni Maria sa mga salita ng anghel sa pagtugon ni Zacarias sa sinabi ng anghel sa templo?

Hikayatin ang mga estudyante na tularan ang mga halimbawa nina Maria at Elisabet sa paniniwalang magagawa nila sa sarili nilang buhay ang lahat ng ipag-uutos ng Panginoon sa tulong Niya.

### Lucas 1:39–56

*Dinalaw ni Maria si Elisabet, at kapwa sila nagpatotoo tungkol sa Tagapagligtas*

Kung maaari, magdispley ng larawan ng pagdalaw ni Maria kay Elisabet sa panahong nagdadalang-tao siya. Sabihin sa mga estudyante kung nakikilala nila ang nasa larawan at kung ano ang ipinapakita sa larawan.

- Sina Maria at Elisabet ay tila mga karaniwang babae, ngunit sa papaanong paraan nila ginampanan ang mahahalagang tungkulin na magpapabago sa mundo?



**Dinalaw ni Maria si Elisabet**

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 1:41–45. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang patotoo ni Elisabet kay Maria.

- Ano ang naunawaan na ni Elisabet tungkol kay Maria?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante (mas mainam kung isang dalagita) ang Lucas 1:46–49. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano pinuri ni Maria ang Panginoon.

- Anong mga kataga ang ginamit ni Maria na nakatala sa talata 49 para ilarawan ang ginawa ng Panginoon para sa kanya? (“Mga dakilang bagay.”)

Ipabasa muli nang tahimik sa mga estudyante ang Lucas 1:38, 45–46, na inaalam ang nagawa ni Maria kaya gumawa ang Panginoon ng “mga dakilang bagay” para sa kanya.

- Ano ang nagawa ni Maria kaya gumawa ang Panginoon ng "mga dakilang bagay" para sa kanya?

Ituro na tulad nina Zacarias, Elisabet, at Maria na may kani-kanyang tungkulin na gagampanan sa banal na plano, tayo rin ay may mahahalagang gawain na ibinigay sa atin ng Panginoon.

- Batay sa halimbawa ni Maria, ano ang mangyayari sa ating buhay kung tapat nating gagampanan ang mga tungkuling ibinigay ng Panginoon sa atin? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung sisikapin nating magampanan ang mga tungkuling ibinigay ng Panginoon sa atin, Siya ay gagawa ng mga dakilang bagay sa ating buhay.**)
- Ano ang ilang tungkulin na nais ng Panginoon na magampanan ninyo sa Kanyang plano?
- Ano ang maaaring mangyari sa inyong buhay kapag tumugon kayo sa Panginoon tulad ng ginawa ni Maria?

### Lucas 1:57–80

*Isinilang si Juan Bautista*

Ibuod ang Lucas 1:57–80 na ipinapaliwanag na matapos magsilang si Elisabet, sinang-ayunan ni Zacarias na ang dapat ipangalan sa bata ay Juan. Nang gawin niya ito, kaagad siyang nakapagsalita at nagpropesiya tungkol sa misyon nina Jesucristo at Juan.

Magpatotoo na kapag talagang tinupad natin ang mga ibinigay na tungkulin sa atin tulad nina Zacarias, Elisabet, at Maria, ang Panginoon ay gagawa ng mga dakilang bagay para sa atin at sa pamamagitan natin. Hikayatin ang mga estudyante na gampanan ang kani-kanilang tungkulin sa plano ng Panginoon.

LESSON 44

# Lucas 2

## Pambungad

Sina Jose at Maria ay naglakbay patungong Betlehem, kung saan isinilang si Jesus. Sinunod ng mga pastol ang tagubilin ng isang anghel na hanapin ang bagong silang na sanggol na si Jesus, at pagkatapos ay ipinahayag nila sa iba ang pagsilang ni Jesus. Binasbasan ni Simeon si Jesus sa templo, at nagpatotoo si Ana na isinilang na ang Manunubos. Si Jesus ay lumaki "sa karunungan at pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 2:1–20

*Isinilang si Jesus sa Betlehem*

Maaari mong ipakanta sa klase ang "O Magsaya" (*Mga Himno,* blg. 121) o iba pang himnong Pamasko bilang bahagi ng debosyonal.



Ipakita ang larawang Naglalakbay sina Jose at Maria patungong Betlehem (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 29; tingnan din sa LDS.org). Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung gaano ang nalalaman nila tungkol sa mga kaganapang nangyari sa pagsilang ng Tagapagligtas.

Upang maihanda ang mga estudyante sa pag-aaral ng Lucas 2:1–20, bigyan sila ng quiz na sasagutan ng tama o mali. (Bago magklase, maghanda ng kopya ng quiz para sa bawat estudyante.)

### Quiz–Tama o Mali (Lucas 2:1–20)

______ 1. Nagpunta sina Maria at Jose sa Betlehem para magbayad ng buwis.

______ 2. Kailangang maglakbay nina Maria at Jose ng 27 milya (44 kilometro) mula sa Nazaret patungo sa Betlehem.

______ 3. Inihiga ni Maria ang sanggol na si Jesus sa sabsaban dahil wala nang bakante sa bahay-tuluyan (inn).

______ 4. Sinundan ng mga pastol ang bituin hanggang sa sabsaban kung saan nakahiga si Jesus.

______ 5. Bukod kina Maria at Jose, ang unang mga taong nakakita kay Jesus ayon sa mga banal na kasulatan ay ang mga pastol.

______ 6. Sinabi ng anghel sa mga pastol na huwag sabihin kaninuman ang nakita nila.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga sagot sa quiz habang pinag-aaralan nila ang Lucas 2.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 2:1–5 Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung bakit naglakbay patungong Betlehem sina Jose at Maria.

- Bakit naglakbay sina Jose at Maria patungong Betlehem? (Gusto ni Cesar na magparehistro, o mabilang, ang mga tao. Ginagawa ito para sa pagbubuwis.)

Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang Mga Mapa ng Biblia, blg. 11, "Banal na Lupain Noong Panahon ng Bagong Tipan," na nasa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang Nazaret at Betlehem sa mapa at, gamit ang key o panukat, kalkulahin kung gaano kalayo ang nilakbay nina Jose at Maria. Matapos sumagot ang mga estudyante, ipaliwanag na ang layong 85–90 milya (137–145 kilometro) mula Nazaret hanggang Betlehem ay hindi kukulangin sa apat hanggang limang araw na paglalakad, at marahil mas mahaba pa para kina Jose at Maria dahil sa kalagayan ni Maria.

### *Gamitin ang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan*

Ang Simbahan ay naghanda ng maraming tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at inilakip ang mga ito sa mga banal na kasulatan para sa ilang wika. Kabilang dito ang mga reference material tulad ng mga footnote, indeks, larawan, at mapa. Ang mga ito ay ilan sa pinakamahalagang resources na magagamit ng mga titser at mga estudyante sa pag-aaral nila ng mga banal na kasulatan. Hikayatin ang mga estudyante na gamitin ang mga tulong sa pag-aaral sa kanilang personal scripture study.


Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano sa palagay nila ang nararapat na kalagayan para sa pagsilang ng Lumikha at Tagapagligtas ng daigdig.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 2:6–7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kalagayan ng pagsilang ni Jesus.

- Sa kabila ng napakahalaga at natatanging katayuan ni Jesus bilang Bugtong na Anak ng Diyos sa laman, ano ang kalagayan ng Kanyang pagsilang?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 2:8–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano ipinahayag ang pagsilang ng Tagapagligtas. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Ipakita ang larawang Nagpakita ang Anghel sa mga Pastol (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 31; tingnan din sa LDS.org).

- Ayon sa talata 10, ano ang madarama natin dahil isinilang ang Tagapagligtas? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Dahil isinilang ang Tagapagligtas sa mundo, makadarama tayo ng malaking kagalakan.**)



Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Lucas 2, anyayahan sila na mag-isip ng mga halimbawa kung paano nagbibigay ng kagalakan sa iba ang kaalamang isinilang ang Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 2:15–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon ang mga pastol sa mensahe ng anghel.

- Anong mga kataga ang nagpapakita kung paano tumugon ang mga pastol sa mensahe ng anghel? (Maaari mong imungkahi na markahan ng mga estudyante ang mga katagang "magsiparoon nga tayo ngayon" sa talata 15 at "sila'y dalidaling nagsiparoon" sa talata 16.)
- Ano ang nasaksihan o natanggap na patotoo ng mga pastol dahil sinunod nila ang mensaheng ito?
- Ano ang ginawa ng mga pastol pagkatapos makatanggap ng patotoo tungkol kay Jesucristo?
- Sa inyong palagay, bakit ibinahagi ng mga pastol sa ibang tao ang naranasan nila?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa mangyayari kapag nagkaroon tayo ng sariling patotoo kay Jesucristo? (Gamit ang sarili nilang mga salita, dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag nagkaroon tayo ng sariling patotoo tungkol kay Jesucristo, nais nating ibahagi ang ating patotoo sa iba.**)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang pagkakataong ninais nilang ibahagi sa ibang tao ang kanilang patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Hikayatin silang pag-isipan kung ano ang naghikayat sa kanila na naisin iyon. Anyayahan ang ilang estudyante na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa klase.

### Lucas 2:21–39

#### *Inihayag nina Simeon at Ana na si Jesus ang Tagapagligtas ng daigdig*

Ibuod ang Lucas 2:21–24 na ipinapaliwanag na pagkatapos ng pagsilang ni Jesus, dinala Siya nina Maria at Jose sa templo alinsunod sa batas ng mga Judio (tingnan sa Exodo 13:2). Nakilala ng dalawang tao sa templo nang araw na iyon ang sanggol

na si Jesus bilang Mesiyas. Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang lalaki sa klase ang tala tungkol kay Simeon sa Lucas 2:25–32. (Maaaring kailanganin mong ipaliwanag na ang mga katagang "nag-aantay ng kaaliwan ng Israel" sa talata 25 ay tumutukoy sa mga naghihintay sa pagdating ng Mesiyas.) Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang babae ang tala tungkol kay Ana sa Lucas 2:36–38. Habang binabasa ng mga estudyante ang naka-assign na mga talata sa kanila, sabihin sa kanila na alamin ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong:

- Paano nakapagdulot ng kagalakan sa taong ito ang kaalamang isinilang na ang Tagapagligtas?
- Ano ang pinatotohanan niya tungkol kay Jesucristo?



Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang isang binatilyo na tumayo at ibuod ang tala na kanyang binasa, at sabihin ang mga sagot niya sa mga tanong. Ipakita ang larawang Yumuyukod si Simeon sa Batang Cristo (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 32; tingnan din sa LDS.org).

Ibuod ang Lucas 2:33–35 na ipinapaliwanag na binasbasan din ni Simeon sina Maria at Jose.

Anyayahan ang isang dalagita na tumayo at ibuod ang talang binasa niya, at sabihin ang kanyang mga sagot sa mga naunang tanong.

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano makapagdudulot ng kagalakan sa atin ang kaalamang isinilang ang Tagapagligtas. Anyayahan ang mga gustong magpatotoo tungkol kay Jesucristo na ibahagi ito sa klase.

Ibuod ang Lucas 2:39 na ipinapaliwanag na pagkatapos ng mga kaganapang ito, sina Maria, Jose, at Jesus ay bumalik sa Nazaret.

## Lucas 2:40–52

### *Nagturo ang batang si Jesus sa templo*

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang isang bagay na gusto nilang pagbutihin pa. Anyayahan ang ilang estudyante na gustong ibahagi sa klase ang isinulat nila. (Paalalahanan ang mga estudyante na huwag magbahagi ng anumang napakapersonal o napakapribadong bagay.)

- Paano makatutulong sa inyo bilang kabataan ang malaman ang tungkol kay Jesus noong Siya ay bata pa?

Ipaliwanag na kakaunti lang ang detalye natin tungkol sa kabataan ni Jesus, ngunit ang mga nakatala ay maaaring maging malaking pagpapala at gabay sa atin sa paghahangad nating mas mapagbuti pa ang ating sarili. Sa pag-aaral ng mga

estudyante sa natitirang bahagi ng Lucas 2, sabihin sa kanila na alamin ang mga katotohanan na makatutulong sa atin na malaman kung anong mga aspeto sa ating buhay ang dapat pang pagtuunan habang sinisikap nating mas mapagbuti pa ang ating sarili.




Ipakita ang larawang Nananalangin si Jesus Kasama ang Kanyang Ina (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 33; tingnan din sa LDS.org). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 2:40. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano inilarawan ni Lucas ang kabataan ni Jesus. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *lumalakas* ay lalo pang humuhusay o umuunlad. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 2:41–47. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Jesus noong Siya ay 12 taong gulang.

- Bakit nagpaiwan ang batang si Jesus sa templo? (Ipabasa sa mga estudyante ang nakatala sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 2:46 na matatagpuan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, na inaalam kung paano nilinaw ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang ginawa ni Jesus sa templo at kung paano mas akma ang paglilinaw na ito sa paglalarawan ng kaganapan sa Lucas 2:47.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 2:48–50. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang sinabi ni Jesus kina Maria at Jose nang matagpuan Siya ng mga ito.

Sa halip na ipabasa sa estudyante ang Lucas 2:48–50, maaari mong ipanood ang "Young Jesus Teaches in the Temple" (2:30) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos,* na makukuha sa LDS.org.

- Ano ang sinabi ni Jesus kina Maria at Jose nang matagpuan Siya ng mga ito?
- Ano ang inihahayag ng talang ito tungkol sa kaalaman ni Jesus sa Kanyang tunay na pagkatao at tungkol sa katangian Niya noong bata pa Siya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 2:51–52. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano lumaki si Jesus.

- Ano ang ibig sabihin ng "lumalaki sa karunungan"? (Nagkakaroon ng karunungan.) Lumalaki sa "pangangatawan"? (Lumalakas ang pisikal na katawan.) Lumalaki sa "pagbibigay lugod sa Dios"? (Lumalakas ang espirituwalidad.) Lumalaki sa "pagbibigay lugod … sa mga tao"? (Nakikihalubilo sa tao.)

- Batay sa talata 52, anong alituntunin ang mabubuo ninyo na maaaring gumabay sa atin sa pagtulad sa halimbawa ni Jesus? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Matutularan natin ang halimbawa ni Jesus sa pamamagitan ng pagtatamo ng karunungan at pagpapalakas ng katawan at espirituwalidad, at pagkatutong makihalubilo sa mga tao.**)
- Bakit mahalaga sa atin na lumakas o humusay sa *bawat* isa sa apat na aspetong ito? (Upang tayo ay maging matatag na tao.)
- Paano kayo napagpapala habang sinisikap ninyong tularan ang halimbawa ni Jesus sa pamamagitan ng pagpapalakas o pagpapahusay ng inyong sarili sa mga aspetong ito?

Isulat sa pisara ang sumusunod na pamagat at sabihin sa mga estudyante na kopyahin ang mga ito sa kanilang notebook o scripture study journal: *Intelektuwal, Pisikal, Espirituwal,* at *Sosyal.* Sabihin sa mga estudyante na magsulat ng mithiin sa ilalim ng bawat isa sa mga kategoryang ito para sa kanilang personal na pag-unlad. Hikayatin ang mga estudyante na tuparin ang mga mithiing ito. Tapusin ang lesson sa pagbabahagi ng iyong patotoo tungkol sa mga alituntuning natukoy sa lesson sa araw na ito.

(Narito ang mga sagot sa quiz: 1. Tama; 2. Mali; 3. Tama; 4. Mali; 5. Tama; 6. Mali.)

## Scripture Mastery Review

Ang pag-uulit ay tumutulong sa mga estudyante na maalala ang lokasyon ng mga scripture mastery passage. Gamitin ang mga scripture mastery card, o pagawin ang mga estudyante ng sarili nilang mga card sa pamamagitan ng pagsulat ng mahahalagang salita o kahulugan sa harap ng mga blangkong notecard o papel at pagsulat naman ng mga reperensya sa likod nito. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa kanila na i-test ang nalalaman ng isa't isa gamit ang mga card. Sabihin sa mga estudyante na gamitin nang madalas ang mga card para i-test ang sarili at isa't isa. Maaari mong gamitin ang mga clue na nasa mga card para magawa ang scripture chase activity sa klase (tingnan sa "scripture chase" sa apendiks ng manwal na ito).

## LESSON 45

# Lucas 3–4

## Pambungad

Si Juan Bautista ay nangaral ng pagsisisi at nagpatotoo tungkol sa darating na Mesiyas. Si Jesucristo ay bininyagan ni Juan at pagkatapos ay nag-ayuno sa ilang nang 40 araw. Pagkatapos maglakbay patungong Galilea, ipinahayag ni Jesus sa Nazaret na Siya ang Mesiyas. Hindi Siya tinanggap ng mga tao sa Nazaret, at nagpunta Siya sa Capernaum, kung saan Siya nagpagaling ng maysakit at nagpaalis ng mga demonyo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 3:1–22

*Si Juan Bautista ay nagpropesiya tungkol kay Jesucristo*

Bago magklase, hilingin sa isang estudyante na pag-aralan ang tala tungkol kay Elijah at sa balo ng Sarepta sa I Mga Hari 17:1–16 at sa isa pang estudyante na pag-aralan ang tala tungkol kay Naaman at Eliseo sa II Mga Hari 5:1–15. Ipaliwanag na magbibigay sila ng maikling buod ng mga talang ito kalaunan sa lesson. Sabihin sa kanila na bigyang-diin ang ginawa ni Naaman at ng balo ng Sarepta para ipakita ang kanilang pananampalataya at ituro na ang dalawang ito ay mga Gentil (hindi kabilang sa sambahayan ni Israel).

Sa simula ng lesson, sabihin sa mga estudyante na isulat sa kapirasong papel ang isang pagkakataon na naramdaman nilang nakahiwalay o nakabukod sila sa mga taong nakapaligid sa kanila dahil sinusunod nila ang mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo (tiyakin na hindi isusulat ng mga estudyante ang kanilang pangalan sa papel nila). Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibigay sa iyo ang kanilang papel. Basahin nang malakas ang ilan sa mga karanasan sa klase.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isang katotohanan sa pag-aaral nila ng Lucas 3:1–22 na magpapaliwanag kung bakit kung minsan ay maaaring madama ng mga taong sumusunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo na nakahiwalay sila sa iba.

Ipaliwanag na sa ilalim ng batas ni Moises, ang mataas na saserdote ay ang namumunong opisyal ng Aaronic Priesthood at pinuno ng bansang Israel. Gayunman, sa panahon ng ministeryo ng Tagapagligtas, nadungisan ang katungkulan ng mataas na saserdote. Sa halip na Diyos ang pumipili, ang pumipili ng matataas na saserdote ay ang mga taong katulad nina Herodes at iba pang pinuno ng mga Romano (tingnan sa Bible Dictionary sa LDS English version ng Biblia, “High priest”).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 3:2–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung kanino nangusap ang Diyos sa halip na sa matataas na saserdote.

- Sa halip na sa matataas na saserdote, kanino nangusap ang Diyos? (Kay “Juan ang anak ni Zacarias,” na kilala rin bilang si Juan Bautista.)
- Ano ang itinuturo ni Juan Bautista?

Ipaliwanag na noong panahon ni Juan, may ilang tao na naniniwala na dahil mga inapo sila ni Abraham, sila ay mas mabuti o mas mahal ng Diyos kaysa sa mga hindi Israelita. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 3:7–9, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ni Juan Bautista sa mga Judio na kailangan nilang gawin upang malugod ang Diyos.

- Ano ang itinuro ni Juan na kailangang gawin ng mga Judio upang malugod ang Diyos? (Ipaliwanag na ang "bunga" ay simbolo ng mga resulta ng mga pinili natin.)
- Ayon sa talata 9, ano ang mangyayari sa mga hindi "nagbubunga ng mabuti," o hindi namumuhay nang matwid?

Ibuod ang Lucas 3:10–15 na ipinapaliwanag na nagturo si Juan sa mga partikular na grupo ng mga Judio kung paano sila magbubunga ng mabuti. Kahanga-hanga ang ministeryo ni Juan, at inakala ng ilan na siya marahil ang Mesiyas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 3:16–17, at sabihin sa klase na alamin ang sinabi ni Juan na gagawin ng Mesiyas kapag Siya ay dumating.

- Ano ang sinabi ni Juan na gagawin ng paparating na Mesiyas?

Ipaliwanag na ang mga katagang "kayo'y babautismuhan niya sa Espiritu Santo at sa apoy" (talata 16) ay tumutukoy sa nagpapadalisay at nagpapabanal na epekto ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo.

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan pa ang talata 17, magdispley ng isang dakot na butil o maliliit na bato at kaunting kusot (sawdust) o maliliit na piraso ng diyaryo. Paghaluin ang mga butil at kusot, at ilagay ito sa isang mababaw na trey.

- Paano maihihiwalay ng isang tao ang mga butil mula sa kusot?

Ipaliwanag na pagkatapos anihin at giikin ang trigo (kung saan inihihiwalay ang butil mula sa iba pang bahagi ng halaman), ang butil ay tinatahip. Ang pagtatahip ay isang sinaunang paraan na ginagamit para ihiwalay ang trigo mula sa ipa (ang balat) nito at sa talupak (husk). Gumagamit ang tagatahip ng malaking pala o kahoy na sambat (isinalin sa mga banal na kasulatan bilang "kalaykay") para malipad ng hangin ang nagiik na trigo. Tatangayin ng hangin ang mas magaan at di-kanais-nais na ipa, at ang mas mabigat na mga butil ng trigo ay babagsak sa isang tumpok na nasa sahig ng giikan.

Para mailarawan ang konseptong ito, magpakita ng isang pamaypay (maaari kang gumamit ng makapal na papel, karton, o nakatuping papel kung kinakailangan). Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng klase, at sabihin sa kanya na paypayan ang mga butil at sawdust. Habang pinapaypayan na ito ng estudyante, dahan-dahang yugyugin ang pinaghalong butil at sawdust para liparin ng hangin ang sawdust samantalang ang mga butil ay nahuhulog pabalik sa tray. Paupuin ang estudyante.

- Ano ang sinisimbolo ng trigo at ng ipa? (Ang trigo ay sumisimbolo sa mabubuti at ang ipa ay sumisimbolo sa masasama.)
- Ayon sa mga talata 16–17, sino ang naghihiwalay sa mabubuti mula sa masasama? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang

sumusunod na katotohanan: **Hinihiwalay ni Jesucristo ang mabubuti mula sa masasama.**)

- Bagama't ang huling paghihiwalay ng mabubuti mula sa masasama ay magaganap sa Araw ng Paghuhukom, sa papaanong paraan nahihiwalay ngayon ang mga disipulo sa ibang tao dahil sa pagsunod nila kay Jesucristo at pamumuhay sa Kanyang ebanghelyo?
- Bakit kailangan nating maunawaan na mararamdaman natin na nakahiwalay tayo sa ibang tao dahil ninais nating sundin si Jesucristo at ipamuhay ang Kanyang ebanghelyo?

Ibuod ang Lucas 3:18–22 na ipinapaliwanag na dumating si Jesus upang magpabinyag kay Juan Bautista. Kalaunan, si Juan Bautista ay ipinakulong ni Herodes.

### Lucas 3:23–38

*Ang angkang pinagmulan ni Jesucristo ay inilahad*

Ibuod ang Lucas 3:23–38 na ipinapaliwanag na isinama ni Lucas ang talaangkanan o genealogy ni Jesus at nagpatotoo na si Jose ang "sinasapantaha" (hindi totoong) ama ni Jesus, na Anak ng Diyos.

### Lucas 4:1–13

*Si Jesus ay tinukso ni Satanas sa ilang*

Ipaliwanag na naglalaman ang Lucas 4:1–13 ng tala tungkol sa pag-aayuno ni Jesus nang 40 araw sa ilang at ang pagtanggi sa mga tukso ni Satanas.

### Lucas 4:14–30

*Ipinahayag ni Jesus na Siya ang Mesiyas*

Ilista sa pisara ang mga salitang *nangaaapi, bihag, dukha,* at *bulag*. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang sandaling nadama nila ang isa o mahigit pa sa mga salitang ito. Sabihin sa kanila na alamin kung paano mapapawi ang mga nadaramang ito sa pag-aaral nila ng Lucas 4:14–30.

Ibuod ang Lucas 4:14–17 na ipinapaliwanag na pagkatapos lisanin ni Jesus ang ilang, nagsimula Siyang mangaral sa mga sinagoga sa Galilea. Di-nagtagal, bumalik Siya sa Kanyang kinalakhang bayan ng Nazaret. Habang naroon, Siya ay tumayo sa sinagoga at nagbasa mula sa aklat ni Isaias.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 4:18–21, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ni Isaias tungkol sa banal na misyon ng Mesiyas.

- Ano ang pinatotohanan ni Jesus sa mga tao sa Kanyang kinalakhang bayan ng Nazaret? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Si Jesus ang Mesiyas na isinugo upang pagalingin ang namimighati at iligtas ang mga espirituwal na bihag.**)
- Ano ang mga naranasan ninyo na nagpakita sa inyo na patuloy tayong pinagagaling at inililigtas ni Jesucristo sa ating panahon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 4:22, at sabihin sa klase na alamin kung paano tumugon ang mga tao sa Nazaret sa hayagang pagpapahayag ni Jesus na Siya ang matagal nang hinihintay na Mesiyas.

- Ano ang reaksyon ng mga tao sa pahayag ni Jesus?
- Batay sa talata 22, bakit sa palagay ninyo nahirapan ang mga tao sa Nazaret na maniwala na si Jesus ang Mesiyas?

Ibuod ang Lucas 4:23 na ipinapaliwanag na alam ni Jesus na hahamunin Siya ng mga tao sa Nazaret na patunayan na Siya ang Mesiyas sa pagpapaulit sa Kanya ng mga himalang ginawa Niya sa Capernaum.

Sabihin sa mga estudyante na mabilis na basahin ang Lucas 4:24–27, na inaalam ang dalawang tala mula sa Lumang Tipan na binanggit ng Tagapagligtas bilang tugon Niya sa mga tao sa Nazaret. (Maaaring kailanganin mong linawin na ang Elias ay tumutukoy kay Elijah at si Eliseo ay tumutukoy kay Elisha.) Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Sabihin sa dalawang estudyante na hinilingan mong pag-aralan ang mga talang ito na ilahad na ngayon ang kanilang buod. Pagkatapos, ipaliwanag na itinuro ni Jesus sa mga tao ng Nazaret na bagama't may mga Israelitang balo at ketongin, ang nakaranas ng mga himala ay dalawang hindi Israelita (mga Gentil).

- Paano nagpakita ng pananampalataya si Naaman at ang balo ng Sarepta?
- Paano naiiba ang pananampalataya ng balo at ni Naaman sa pananampalataya ng mga tao sa Nazaret?

### *Paghambingin at Pagkumparahin*

Madalas na mas madaling maunawaan ang isang talata sa mga banal na kasulatan kapag ikinumpara o inihambing ito sa iba pang bagay. Sa pagtulong sa mga estudyante na mapansin ang mga pagkakatulad at mga pagkakaiba ng mga turo, mga tao, o mga pangyayari, lalo nilang makikita ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

Ituro na kakaunti lang ang naisagawang himala ni Jesus sa Nazaret dahil karamihan sa mga tao roon ay walang pananampalataya sa Kanya (tingnan sa Mateo 13:54–58; Marcos 6:1–6).

- Anong alituntunin ang matututuhan natin tungkol sa pananampalataya kapag inihambing natin ang mga tao sa Nazaret sa balo at kay Naaman? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang isang alituntunin na tulad ng sumusunod: **Kapag nanampalataya tayo kay Jesucristo, makakakita tayo ng mga himala.**)

Sabihin sa mga estudyante na pumunta sa pisara at maglista ng mga paraan na maipapakita natin na sumasampalataya tayo na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Matapos maglista ang mga estudyante, itanong:

- Ano ang mga halimbawa ng mga pagpapala o himala na dumarating lamang kapag kumilos muna tayo nang may pananampalataya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 4:28–30, at sabihin sa klase na alamin kung paano tumugon kay Jesus ang mga tao sa sinagoga. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Sa paanong paraan ipinapakita ng talang ito kung paano ihihiwalay ni Jesucristo ang masasama sa mabubuti? (Tingnan sa Lucas 3:17.)

## Lucas 4:31–44

### *Si Jesus ay nagpaalis ng mga demonyo at nagpagaling ng maysakit*

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa magkakapartner na basahin nang malakas ang Lucas 4:31–44 at alamin ang mga pagpapalang natanggap ng mga tao ng Capernaum kumpara sa mga pagpapalang natanggap ng mga tao ng Nazaret. Pagkatapos nilang magbasa, sabihin sa magkakapartner na pag-usapan nila ang kanilang isasagot sa mga sumusunod na tanong (maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito):

- Ano ang kaibahan ng reaksyon kay Jesus ng mga tao sa Capernaum sa reaksyon ng mga tao sa Nazaret?
- Anong mga pagpapala ang natanggap ng mga tao ng Capernaum, kumpara sa mga pagpapalang natanggap ng mga tao sa Nazaret?
- Paano inilalarawan ng mga talang ito ang alituntunin na kapag sumampalataya tayo kay Jesucristo, makakakita tayo ng mga himala?

Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang mga sagot sa huling dalawang tanong.

Tapusin ang lesson sa pagbabahagi ng iyong patotoo tungkol kay Jesucristo at sa mga pagpapalang natanggap mo habang ipinapakita mo ang iyong pananampalataya sa Kanya. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang ilang paraan na maipapakita nila ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Anyayahan sila na magtakda ng mithiin na gawin ang mga bagay na isinulat nila.

HOME-STUDY LESSON

# Marcos 10–Lucas 4 (Unit 9)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Marcos 10–Lucas 4 (unit 9) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Marcos 10–16)

Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa paanyaya ng Tagapagligtas para sa maliliit na bata na lumapit sa Kanya, natutuhan nila na kapag tinanggap natin ang ebanghelyo tulad ng maliliit na bata, magiging handa tayo sa pagpasok sa kaharian ng Diyos. Sa pagbabasa nila tungkol sa payo ni Jesucristo sa mayamang batang pinuno, natutuhan nila na dahil mahal Niya tayo, tutulungan tayo ng Panginoon na malaman kung ano ang kulang sa ating mga pagsisikap na sumunod sa Kanya, at kung mananalangin tayo sa Panginoon, tuturuan Niya tayo kung ano ang kailangan nating gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan. Ang mga tala tungkol sa balo na nagbigay ng kanyang lepta at tungkol sa pagpapahid ng langis ni Maria sa Tagapagligtas ay nakatulong sa mga estudyante na matutuhan na kung handa tayong ibigay ang lahat ng mayroon tayo sa Panginoon, tatanggapin Niya ang ating handog kahit tila maliit ito kung ikukumpara sa iba at na nalulugod ang Tagapagligtas kapag ibinibigay natin sa Kanya ang lahat ng ating makakaya.

### Day 2 (Lucas 1)

Sa lesson na ito, napag-aralan ng mga estudyante ang tungkol sa ipinangako ni anghel Gabriel na magkakaroon ng anak na lalaki sina Zacarias at Elisabet. Nalaman din nila na sinabi ni Gabriel kay Maria na siya ang magiging ina ng Anak ng Diyos. Natutuhan ng mga estudyante sa mga banal na kasulatang ito ang sumusunod na mga katotohanan: Ang mga salita ng Panginoon na ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod ay matutupad sa kanilang kapanahunan. Si Jesucristo ay ang Anak ng Diyos Ama. Sa Diyos, walang bagay na hindi makapangyayari. Kung tapat nating sisikaping magampanan ang mga gawaing ibinigay ng Panginoon sa atin, Siya ay gagawa ng mga dakilang bagay sa ating buhay.

### Day 3 (Lucas 2)

Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa pagsilang ni Jesucristo, natutuhan nila na dahil isinilang ang Tagapagligtas sa mundo, makadarama tayo ng malaking kagalakan. Natutuhan din nila na kapag sinusunod natin ang mga tagubilin ng Diyos, magkakaroon tayo ng sariling patotoo kay Jesucristo, at kapag nagkaroon tayo ng sariling patotoo kay Jesucristo, nanaisin nating ibahagi ang ating patotoo sa iba. Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa kabataan ni Jesus, natutuhan nila na matutularan natin ang halimbawa ni Jesus sa pamamagitan ng pagtatamo ng karunungan at pag-unlad sa aspetong pisikal, espirituwal, at sosyal.

### Day 4 (Lucas 3–4)

Sa lesson na ito, natutuhan ng mga estudyante ang tungkol kay Juan Bautista at tungkol sa binyag ni Jesucristo. Nalaman din nila ang tungkol sa pahayag ni Jesus sa Nazaret na Siya ang Mesiyas. Natutuhan ng mga estudyante sa mga talang ito ang sumusunod na mga katotohanan: Ihinihiwalay ni Jesucristo ang mabubuti mula sa masasama. Si Jesus ang Mesiyas na isinugo upang pagalingin ang namimighati at iligtas ang yaong mga espirituwal na bihag. Kapag sumampalataya tayo kay Jesucristo, makikita natin na nangyayari ang mga himala.

## Pambungad

Matutulungan ng lesson na ito ang mga estudyante na maunawaan ang ilan sa mga pagdurusang naranasan ni Jesucristo bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala. Bukod pa rito, mauunawaan din ng mga estudyante ang ilan sa mga dahilan kung bakit nagdusa ang Tagapagligtas para sa atin.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Marcos 14:10–16:20

*Nagsimula ang Pagbabayad-sala ni Jesus sa pagdurusa Niya sa Getsemani para sa ating mga kasalanan; Siya ay ipinagkanulo ni Judas Iscariote at dinala sa harap ng mga pinunong Judio*

Sabihin sa mga estudyante na tahimik na pag-isipan ang sumusunod na mga tanong:

- Nadama na ba ninyo na walang sinumang nakauunawa sa inyo o sa mga pinagdaraanan ninyo?
- Nadama na ba ninyo na hindi kayo mapapatawad sa inyong mga nagawang kasalanan noon?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Marcos 14 na makatutulong sa isang tao na may ganitong pakiramdam.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 14:32–34. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang naranasan ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani.

- Ano ang naranasan ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani?

Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang mga sumusunod na kataga: *nagtakang totoo, namamanglaw na mainam, namamanglaw na lubha.*

Ipaliwanag na ang mga katagang ito ay tumutukoy sa pagdurusang naranasan ni Jesucristo bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala.

- Ano ang itinuturo sa atin ng mga katagang ito tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, si Jesucristo ay nagdusa at namanglaw sa Halamanan ng Getsemani.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang doktrinang ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Sa Getsemani, ang pagdurusa ni Jesus ay nagsimula sa '[mag]takang totoo' (Marcos 14:33), o, sa wikang Griyego, 'nabigla' at 'namangha.'

"Isipin ninyo, si Jehova, ang Tagapaglikha ng daigdig na ito at ng iba pang mga daigdig, ay 'namangha'! … Hindi pa Niya personal na naranasan ang napakatindi at napakasakit na pagdurusa ng pagbabayad-sala. Kaya, nang lubos na maramdaman ang pagdurusa, napakatindi nito, napakasakit nito na hindi

> Niya sukat-akalain! Kaya hindi nakapagtatakang nagpakita ang isang anghel para palakasin siya! (Tingnan sa Lucas 22:43.)
>
> "Ang lahat ng kasalanan ng lahat ng tao—noon, ngayon, at sa hinaharap—ay pinasan ng perpekto, walang kasalanan, at mapagmahal na Kaluluwang iyon! Lahat ng ating kahinaan at karamdaman ay bahagi rin ng di-masusukat na paghihirap ng Pagbabayad-sala. (Tingnan sa Alma 7:11–12; Isa. 53:3–5; Mat. 8:17.) …
>
> "Sa kagipitang ito, umasa ba Siya, na kahit paano ay masagip ang isang korderong nahuli sa kadawagan? Hindi ko alam. Ang Kanyang pagdurusa—ay, *napakatindi* na parang *walang katapusan*—na dahilan ng Kanyang pagsamo habang nakabayubay sa krus, na Siya ay naiwang mag-isa. (Tingnan sa Mat. 27:46.) …
>
> "Ang kahanga-hanga at maluwalhating Pagbabayad-sala ang pinakamahalagang kaganapan sa buong kasaysayan ng tao. Dito nakasalalay ang lahat ng bagay na walang hanggan ang kahalagahan. At ito ay nangyari dahil sa pagiging masunurin ni Jesus!" ("Willing to Submit," *Ensign,* Mayo 1985, 72–73).

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Marcos 14:35–42. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas dahil sa Kanyang matinding pagdurusa.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas dahil sa Kanyang matinding pagdurusa? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na napakatindi ng pagdurusa ni Jesus kaya't hiniling Niya na kung maaari ay hindi Niya maranasan ito.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na parirala: *Si Jesucristo ay nagdanas ng … upang Kanyang …*

Ipaliwanag na ang iba pang mga talata sa mga banal na kasulatan ay makatutulong sa atin na maunawaan ang pagdurusa ni Jesucristo at kung bakit handa Siyang magdusa para sa atin.

Isulat ang sumusunod na mga reference sa pisara: *Isaias 53:3–5* at *Alma 7:11–13.* Pagpartner-partnerin ang mga estudyante, at sabihin sa kanila na magkasamang basahin ang mga talata, na inaalam kung ano ang dinanas ng Tagapagligtas at kung bakit Siya nagdusa. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung paano nila kukumpletuhin ang mga katagang nakasulat sa pisara gamit ang nalaman nila sa Isaias 53:3–5 at Alma 7:11–13. (Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *tutulungan* sa Alma 7:12 ay mabilis na pagbibigay ng ginhawa o pagtulong sa isang tao.)

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ilahad ang idinugtong nila sa parirala para makumpleto ito. Ang mga sagot nila ay dapat katulad ng sumusunod: Si Jesucristo ay nagdanas ng ating mga pasakit, hirap, tukso, karamdaman, kahinaan, at kalungkutan upang Kanyang malaman kung paano tayo tutulungan. Nagdusa si Jesucristo para sa ating mga kasalanan upang tayo ay malinis Niya. Ipaalala sa mga estudyante na ang pagdurusa ng Tagapagligtas para sa mga kasalanan ng sangkatauhan ay nagsimula sa Getsemani at nagpatuloy at nagtapos sa Kanyang Pagkakapako sa krus.

Para matulungan ang mga estudyante na madama ang kahalagahan ng katotohanan na bilang bahagi ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, nagdusa

Siya sa Halamanan ng Getsemani, maaari mong ipanood sa kanila ang video na "Special Witness—Elder Holland" (2:38), kung saan nagpatotoo si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani. Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org.

- Paano makatutulong ang nalaman ninyo tungkol sa dinanas ng Tagapagligtas at ang dahilan ng Kanyang pagdurusa kapag naharap kayo sa mga pagsubok, pasakit, at paghihirap? (Tingnan sa D at T 45:3–5.)
- Kailan ninyo nadama na tinulungan kayo ng Tagapagligtas sa inyong paghihirap, karamdaman, o kalungkutan?
- Ano ang nadama ninyo nang magsisi kayo at madamang napawi (o nabura) ang inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo?

Ibuod ang Marcos 14:43–16:20 na ipinapaliwanag na si Jesus ay di-makatarungang nilitis sa harap ng Sanedrin (mga pinunong Judio) at hinatulang mamatay. Matapos mamatay sa krus ang Tagapagligtas at mabuhay na muli, Siya ay nagpakita sa Kanyang mga Apostol at inatasan silang mangaral, na nangangakong matutupad ang mga tanda sa kanila na mga naniniwala. (*Paalala*: Ang kamatayan, libing at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay detalyadong tinalakay sa pag-aaral ng mga estudyante ng Mateo 27–28.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Marcos 16:15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang iniutos ng Panginoon sa Kanyang mga Apostol.

- Paano kayo makatutulong sa pagtupad sa utos na ipangaral ang ebanghelyo sa "buong sanglibutan" ngayon at sa hinaharap?

Maaari mong tapusin ang lesson sa pagpapatotoo sa mga katotohanang tinalakay mo sa araw na ito.

### Susunod na Unit (Lucas 5:1–10:37)

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan kung naisip nila noon kung mapapatawad pa kaya sila sa kanilang mga kasalanan. Ipaliwanag na sa pag-aaral nila ng Lucas 5:1–10:37 sa susunod na linggo, malalaman nila ang tungkol sa kahandaan ng Tagapagligtas na patawarin ang kanilang mga kasalanan at kung ano ang magagawa nila para mapatawad.

LESSON 46

# Lucas 5

## Pambungad

Pagkatapos mahimalang makahuli ng maraming isda sa tulong ng Tagapagligtas, iniwan nina Pedro, Santiago, at Juan ang lahat upang sumunod sa Tagapagligtas at maging mga mamamalakaya o mangingisda ng mga tao. Pinagaling ni Jesus ang isang ketongin at isang lalaking bulag. Tinawag Niya si Mateo para maging disipulo at itinuro na naparito Siya upang mangaral ng pagsisisi sa mga makasalanan. Itinuro rin ni Jesus ang talinghaga ng bagong alak sa mga lumang balat.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 5:1–11

*Tinawag ng Panginoon sina Pedro, Santiago, at Juan na maging mga mamamalakaya o mangingisda ng mga tao*

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Kailan kayo inutusang gawin ang isang bagay nang hindi nalalaman ang dahilan kung bakit ito gagawin?* Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang tanong at anyayahan ang ilan na magbahagi ng kanilang mga karanasan.

- Bakit maaaring mahirap sundin ang mga instruksyon kapag hindi nauunawaan ang mga dahilan nito?
- Anong mga utos o payo mula sa mga lider ng Simbahan ang maaaring mahirapan ang ilang kabataan na sundin kung hindi nila lubos na nauunawaan ang mga dahilan nito? (Maaari mong ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isang alituntunin sa Lucas 5:1–11 na makatutulong sa kanila kapag hindi nila lubusang nauunawaan kung bakit sila inuutusang sundin ang payo o mga kautusan ng Panginoon.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas sa Lucas 5:1–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinagagawa ng Tagapagligtas kay Simon (Pedro) pagkatapos Niyang mangaral. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. (Kung kailangan, ipaliwanag na ang ibig sabihin sa talata 4 ng *mamalakaya* ay mangisda o manghuli ng isda.)

- Ano ang sinabi ni Simon sa Tagapagligtas tungkol sa nakaraang pagsisikap nila na makahuli ng isda?
- Ano kaya ang naging karanasan noon ni Simon sa pangingisda kaya niya nasabi iyon nang utusan siya ng Tagapagligtas na ihulog muli ang mga lambat?
- Ano ang sinabi ni Simon na nagpakita ng pagtitiwala niya sa Panginoon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 5:6–9, at sabihin sa klase na alamin ang nangyari nang sundin ni Simon ang iniutos ng Panginoon.

- Ano ang nangyari nang sundin ni Simon ang iniutos ng Panginoon?

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa kahandaan ni Simon na sundin ang utos ng Panginoon kahit hindi niya nauunawaan ang dahilan nito? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung susundin natin ang utos ng Panginoon kahit hindi natin nauunawaan ang dahilan nito, maaari Siyang magbigay ng mas malalaking pagpapala kaysa inaasahan natin.** Gamit ang mga isinagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

### *Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang ipinapahiwatig na mga alituntunin*

Maraming alituntuning hindi ipinapahayag nang tuwiran sa mga banal na kasulatan at sa halip ay ipinahihiwatig lamang ang mga ito. Ang mga ipinahihiwatig na alituntunin ay madalas matuklasan sa pagtatanong ng, "Anong aral o mahalagang bagay ang itinuturo sa kuwentong ito?" Tulungan ang mga estudyante na suriin ang mga kilos, saloobin, at pag-uugali ng mga tao o grupo sa mga tala sa banal na kasulatan at matukoy ang mga pagpapala o ibinunga ng mga ginawa. Ang pag-aaral ng mga tala sa banal na kasulatan sa ganitong paraan ay makatutulong upang makita nang mas malinaw ang mga ipinahihiwatig na alituntunin ng ebanghelyo.

- Sa papaanong paraan humihingi ng pagtitiwala kay Jesucristo ang pagsunod sa alituntuning ito?

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol. Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng kopya ng pahayag:



"Ang buhay na ito ay isang karanasan sa pagtitiwala nang lubos—pagtitiwala kay Jesucristo, pagtitiwala sa Kanyang mga turo, pagtitiwala sa ating kakayahan kapag nahikayat ng Banal na Espiritu na sundin ang mga turong iyon upang lumigaya ngayon at upang mabuhay nang may layunin at lubos na kaligayahan sa kawalang-hanggan. Ang ibig sabihin ng magtiwala ay sumunod nang kusa nang hindi nalalaman ang wakas mula sa simula (tingnan sa Kawikaan 3:5–7). 3:5–7). Upang mabuti ang ibunga nito, dapat mas malakas at matibay ang inyong pagtitiwala sa Panginoon kaysa pagtitiwala ninyo sa inyong personal na nadarama at kaalaman" ("Trust in the Lord," *Ensign,* Nob. 1995, 17).

- Paano tayo magkakaroon ng ganitong uri ng pagtitiwala sa Tagapagligtas?
- Paano kayo o ang inyong pamilya nakatanggap ng mas malalaking pagpapala kaysa inaasahan ninyo dahil sa pagsunod sa mga itinuro ng Panginoon kahit hindi ninyo lubos na naunawaan ang mga dahilan nito? (Maaaring kasama sa mga sagot ang mga karanasan na tumulong sa mga estudyante na maunawaan kung bakit nagbigay ang Panginoon ng gayong mga turo.)

Sa isang papel na maiuuwi nila, sabihin sa mga estudyante na magsulat ng mga payo o kautusan ng Panginoon na mas lalo pa nilang masusunod kahit hindi nila lubos na nauunawaan ang mga dahilan sa paggawa nito. (Kung may oras pa, maaari mong ipabasa sa mga estudyante ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011] para sa mga ideya.)

Ibuod ang Lucas 5:10–11 na ipinapaliwanag na iniwan nina Pedro, Santiago,at Juan ang kanilang mga bangkang pangisda at mga lambat para sumunod kay Jesus.

## Lucas 5:12–26

### *Pinagaling ni Jesus ang isang ketongin at isang lalaking lumpo*

Ipakita sa mga estudyante ang sumusunod na mga bagay (o idrowing ang mga ito sa pisara): hiringgilya [syringe o injection], benda, sabon, at icepack.

- Paano matutulungan ng mga bagay na ito ang mga tao para gumaling sa kanilang sakit o sugat?
- Maliban sa karamdaman at pinsala sa katawan, ano pa ang kailangang mapagaling sa isang tao? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante. Maaaring kasama sa mga sagot ang kasalanan, adiksyon, kawalan ng pag-asa, at kapighatian.)

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga alituntunin sa pag-aaral nila ng Lucas 5:12–25 na nagtuturo sa atin ng maaari nating gawin upang matulungan ang ating sarili at ang iba na makatanggap ng kinakailangang pagpapagaling.

Idrowing sa pisara ang sumusunod na chart at sabihin sa mga estudyante na kopyahin ito sa kanilang notebook o scripture study journal:

| ***Mga Pagkakatulad*** | ***Mga Pagkakaiba*** |
|---|---|
| | |

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya: *Lucas 5:12–15* at *Lucas 5:17–25.* Ipaliwanag na isinasalaysay sa mga talatang ito na pinagaling ng Tagapagligtas ang dalawang lalaki. Isa sa mga lalaki ay may ketong, at ang isa pang lalaki ay lumpo, na ang ibig sabihin ay paralisado siya. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa magkakapartner na magkasamang basahin ang bawat tala at pag-usapan ang mga sumusunod na tanong:

- Paano nagkatulad ang dalawang pagpapagaling na ito? Paano nagkaiba ang mga ito?
- Ano ang naging bahagi ng pananampalataya sa bawat tala?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang chart ang nalaman nila. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Maaari mong ipamarka sa mga estudyante ang mga katagang "pagkakita sa kanilang pananampalataya" sa talata 20. Tiyakin na nauunawaan ng mga estudyante na nakatulong ang pananampalataya ng mga taong nagdala sa lalaking lumpo sa Tagapagligtas sa paggaling ng lalaking ito.

- Anong mga alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga talang ito tungkol sa kung paano tayo mapapagaling at ano ang magagawa natin para

matulungan ang iba na mapagaling? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang mga sumusunod na alituntunin: **Kapag tayo ay nanampalataya at lumapit sa Tagapagligtas, mapapagaling Niya tayo. Matutulungan natin ang iba na lumapit sa Tagapagligtas upang sila rin ay mapagaling.** Isulat sa pisara ang mga alituntuning ito.)

- Sa paanong mga paraan tayo napagagaling ng Tagapagligtas? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na maaaring alisin ng Tagapagligtas ang ating mga karamdaman, o maaari Niya tayong bigyan ng lakas ng loob, pananampalataya, kapanatagan, at kapayapaan na kailangan natin upang mapagtiisan o makayanan ang ating mga karamdaman.)

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga karamdamang nakalista sa pisara na kakailanganing mapagaling sa mga tao.

- Ano ang magagawa ninyo para makatulong na madala ang mga tao sa Tagapagligtas upang sila ay Kanyang mapagaling?
- Kailan kayo o ang isang kakilala ninyo napagaling sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tagapagligtas? (Paalalahanan ang mga estudyante na huwag magbahagi ng anumang napakapersonal o napakapribadong bagay.)
- Kailan kayo nakakita ng isang taong nagdala sa Panginoon ng iba pang tao para mapagaling ng Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang magagawa nila para higit na manampalataya kay Jesucristo upang mapagaling, mapatawad, o mapanatag o ang magagawa nila upang madala ang isang kaibigan o ibang tao sa Tagapagligtas. Hikayatin sila na kumilos ayon sa anumang inspirasyon na maaaring matanggap nila.

## Lucas 5:27–35

### *Nagtanong ang mga eskriba at Fariseo kung bakit kumakain si Jesus kasalo ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 5:27–28, at sabihin sa klase na alamin ang paanyaya ng Tagapagligtas kay Levi. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ano ang hinangaan ninyo sa tugon ni Levi sa paanyaya ng Tagapagligtas?

Ipaalala sa mga estudyante na si Levi ay tinatawag ding Mateo (tingnan sa Mateo 9:9). Siya ay maniningil ng buwis, na ibig sabihin ay nangongolekta siya ng mga buwis sa kanyang kapwa Judio para sa pamahalaan ng mga Romano. Karaniwang kinapopootan ng mga Judio ang mga maniningil ng buwis at itinuturing sila na masasama, makasalanan, at mga taksil sa bansang Israel. Ibuod ang Lucas 5:29–35 na ipinapaliwanag na habang kumakain ang Tagapagligtas kasama si Levi at ang iba pa, kinutya Siya ng mga eskriba at Fariseo sa pagsalo sa mga makasalanan. Itinuro ni Jesus na naparito Siya upang mangaral ng pagsisisi sa mga makasalanan.

## Lucas 5:36–39

### *Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng bagong alak na nasa mga lumang balat*

Ipaliwanag na gumamit ang Tagapagligtas ng talinghaga upang turuan ang mga eskriba at mga Fariseo. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas sa Lucas 5:36–39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin ang mga bagay na ginamit ng Tagapagligtas sa Kanyang talinghaga.

- Anong mga bagay ang ginamit ng Tagapagligtas sa pagtuturo ng Kanyang talinghaga?

Magpakita sa mga estudyante ng isang pirasong bagong tela at isang pirasong lumang tela na may butas. Ipaliwanag na ang "bagong damit" sa talata 36 ay tumutukoy sa telang hindi pa umuurong. Hindi matatagpian ang isang lumang damit ng bagong tela dahil kapag umurong ang bagong tela, mas lalaki pa ang butas kaysa dati. Sa gayunding paraan, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi pagtatagpi sa mga sinaunang paniniwala at gawi kundi isang lubos at ganap na panunumbalik ng katotohanan.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang *mga balat* ay tumutukoy sa "balat na sisidlan o wineskins," at kung maaari, magpakita sa mga estudyante ng mga piraso ng bago at lumang balat.

- Ano ang pagkakaiba ng bago at lumang balat? (Ang bagong balat ay malambot at madaling mabaluktot; ang lumang balat ay matigas at malutong na.)

Ipaliwanag na kapag ang bagong alak ay nagtagal sa balat na sisidlan, namumuo ang gas sa loob at nababanat ang balat. Kapag nabanat nang ganito ang balat na sisidlan, ang pagtatangkang lagyan muli ito ng bagong alak ay magdudulot ng maaaring pagputok nito.

Sa talinghaga, ang bagong alak ay sumasagisag sa mga turo ng Tagapagligtas at sa kabuuan ng walang-hanggang ebanghelyo, at ang lumang alak ay sumasagisagg sa mga gawi, kaugalian, at paniniwala ng mga Fariseo sa ilalim ng batas ni Moises.

- Sa papaanong paraan sumasagisag ang "mga balat na luma" sa mga eskriba at mga Fariseo? (Tulad ng mga balat na luma na masyado nang matigas para malagyan ng bagong alak, ang mga eskriba at mga Fariseo ay matitigas ang puso at ayaw magbago upang matanggap ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo.)
- Sino ang sinasagisag ng "mga bagong balat"? (Ang mga taong mapagpakumbaba at handang magbago upang matanggap ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo.)
- Ano ang matututuhan natin sa talinghagang ito tungkol sa dapat nating gawin para matanggap ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Upang matanggap ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo, dapat tayong maging mapagpakumbaba at handang magbago.** Sabihin sa mga estudyante na isulat ang alituntuning ito sa margin ng kanilang banal na kasulatan sa tabi ng Lucas 5:36–39.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, sabihin sa kanila na rebyuhin ang Lucas 5 at maghanap ng mga halimbawa kung paano naging matigas at hindi nagbago ang mga tao sa kanilang saloobin sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo at maghanap din ng mga halimbawa kung paano nagpakumbaba at naging handang magbago at umunlad ang mga tao sa pagsunod sa Tagapagligtas. Sabihin sa ilang estudyante na ilahad ang nahanap nila.

Tapusin ang iyong lesson sa pagbabahagi ng iyong patotoo tungkol sa mga alituntuning itinuro sa Lucas 5.

LESSON 47

# Lucas 6:1–7:18

## Pambungad

Si Jesus ay nagturo tungkol sa kahalagahan ng paggawa ng mabuti sa iba, pati na sa araw ng Sabbath. Matapos manalangin nang buong gabi, tinawag Niya ang Labindalawang Apostol at pagkatapos ay tinuruan sila at ang maraming tao. Pinagaling din Niya ang alipin ng isang senturion at binuhay ang anak ng isang balo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 6

*Si Jesus ay nagpagaling sa araw ng Sabbath, pumili ng Labindalawang Apostol, at nagturo sa maraming tao*

(*Paalala:* Karamihan sa nilalaman ng Lucas 6 ay natalakay sa mga lesson para sa Mateo 5–7; 10:1–4; at Marcos 3:1–6. Ang bahaging ito ng lesson ay magtutuon sa Lucas 6:31–38.)

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay narinig nila sa kanilang mga miting sa Simbahan sa araw ng Linggo ang tungkol sa gagawing paglilingkod sa isang pamilyang nakatira malapit sa kanila. Matapos ibalita ito, nakarinig sila ng apat na magkakaibang reaksyon ng mga miyembro. Ipabasa nang malakas sa apat na estudyante ang sumusunod na kunwaring reaksyon ng mga miyembro:

1. "Matindi ang pinagdaanan ng pamilyang iyan. Masaya akong tutulong sa abot ng makakaya ko."
2. "Dapat may miryenda pagkatapos, dahil kung wala, hindi ako pupunta."
3. "Ayaw ko talagang pumunta, pero kailangan ko ng tulong sa susunod na linggo sa isang proyektong isinasaayos ko, kaya dapat siguro akong tumulong ngayon."
4. "Kung pupunta ang kaibigan ko, pupunta rin ako."

- Ano ang sinasabi ng mga halimbawang ito tungkol sa mga dahilan kung bakit minsan ay naglilingkod ang mga tao?

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga pagkakataong nakapaglingkod sila at ang nadama nila habang ginagawa ito. Sabihin sa kanilang alamin ang mga alituntunin na makatutulong sa kanila na maglingkod nang mas makabuluhan sa pag-aaral nila ng Lucas 6–7.

Ibuod ang Lucas 6 na ipinapaliwanag na habang nasa Galilea si Jesus noong mga unang araw ng Kanyang ministeryo, pinagaling Niya ang natutuyong kamay ng isang lalaki sa araw ng Sabbath, buong gabing nanalangin, at tinawag ang Labindalawang Apostol. Pagkatapos ay nagsimula si Jesus na turuan sila at ang "lubhang malaking bilang ng mga tao" (talata 17) kung paano makatatanggap ng gantimpala mula sa langit.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Lucas 6:19, na inaalam ang ginawa ni Jesus para sa mga tao bago Siya nagsimulang magturo sa kanila. Sabihin sa mga estudyante na ilahad ang nalaman nila.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 6:31–35. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinayo ni Jesus sa Kanyang mga disipulo.

- Ano ang ipinayo ni Jesus sa Kanyang mga disipulo?
- Ayon sa talata 35, ano ang dapat nating asahang kapalit ng kabutihang ginawa natin sa iba? (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga katagang "huwag mawawalan ng pagasa [huwag maghintay ng kapalit].")
- Anong mga temporal na gantimpala ang maaaring asamin ng mga tao kapag naglingkod sila?
- Kung gagawa tayo ng mabuti sa iba nang hindi naghihintay ng anumang kapalit, ano ang ipinangako ng Panginoon na mangyayari? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung gagawa tayo ng mabuti sa iba nang hindi naghihintay ng anumang kapalit, malaki ang magiging gantimpla natin at tayo ay magiging mga anak ng Kataastaasan.**)

Ipaliwanag na bagama't lahat tayo ay anak ng Diyos, isinasakatuparan ng mga taong gumagawa ng mabuti sa iba ang kanilang banal na potensyal sa pamamagitan ng pagiging katulad ng Ama sa Langit.

- Bakit ang pangakong ito ang pinakamagandang gantimpala para sa pagmamahal at paggawa ng mabuti sa iba?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 6:36–38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga halimbawang ibinigay ni Jesus na mga paraan na makagagawa tayo ng mabuti sa iba.

- Ayon sa mga talata 36–37, anong mga halimbawa ang ibinigay ni Jesus na mga paraan na makagagawa tayo ng mabuti sa iba? (Maaari mong ipaliwanag na ang mga taong gumagawa ng mabuti sa mga paraang ito ay tatanggap ng awa at kapatawaran sa Diyos.)

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang talata 38, magdala sa klase ng isang timba, basket, o kahon at ilan pang ibang mga bagay, tulad ng damit, pagkain, at bote ng tubig. Tiyaking magdala ng mas maraming bagay kaysa sa magkakasya sa lalagyang dala mo. Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng klase, at sabihin sa kanya na hangga't maaari'y pagkasyahin ang mga bagay sa lalagyan. Pagkatapos ng estudyante, itanong sa kanya:

- Paano inilalarawan ng mga katagang "takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw" (talata 38) ang iyong pagsisikap na punuin ang lalagyang ito? (Pasalamatan ang estudyante, at paupuin siya.)
- Paano nailalarawan ng mga katagang ito ang paraan ng paggantimpala sa atin ng Ama sa Langit kapag tumulong tayo sa iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Kapag bukas-palad tayong nagbigay sa iba, tayo ay lalong pagpapalain ng Ama sa Langit.**)

- Sa papaanong paraan tayo magiging bukas-palad sa pagbibigay sa iba?

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagkakataon na sila o ang isang taong kilala nila ay nagbigay nang bukas-palad sa iba. Ipakita ang mga sumusunod na tanong (o bigyan ng kopya ang mga estudyante), at sabihin sa kanilang sagutan ang mga ito sa kanilang notebook o scripture study journal (o sa handout na ibinigay mo):

- Paano ka o ang isang taong kilala mo pinagpala ng Panginoon sa pagbibigay nang bukas-palad?
- Ano ang gagawin mo para maging mas bukas-palad sa iba?

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang sinumang estudyante na gustong magbahagi ng isinulat nila. Hikayatin ang mga estudyante na manalangin na tulungan ng Panginoon sa pagsisikap nilang maging mas bukas-palad sa iba.

## Lucas 7:1–10

### *Pinagaling ni Jesus ang alipin ng isang senturion*

Ipaliwanag na matapos magturo sa maraming tao, si Jesus ay pumunta sa isang bayan na tinatawag na Capernaum.

Sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 7:2–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang humingi ng tulong kay Jesus pagkatapos mabalitaang naroon Siya sa bayan.

- Sino ang humingi ng tulong kay Jesus?

Ipaliwanag na ang senturion ay isang Romanong opisyal na namumuno sa isang hukbong militar na binubuo ng 50 hanggang 100 kalalakihan.

- Ano ang bumabagabag sa senturion?

Ipaliwanag na kadalasan ay ayaw ng mga Judio sa mga senturion dahil kumakatawan sila sa kapangyarihan ng mga Romano sa pamahalaan at militar na namumuno sa mga Judio at sa kanilang lupain (tingnan sa *New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 153).

- Anong klaseng tao ang senturion na ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:6–8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano ipinakita ng senturion ang malaking pananampalataya kay Jesucristo.

- Paano ipinakita ng senturion ang kanyang malaking pananampalataya kay Jesucristo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:9–10. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano nagantimpalaan ang pananampalataya ng senturion na ito. Sabihin sa mga estudyante na ilahad ang nalaman nila.

- Anong mga alituntunin ang matututuhan natin mula sa talang ito? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang ilang alituntunin, kabilang ang sumusunod: **Sa pagsampalataya kay Jesucristo, makatutulong tayo na mapagpala ang buhay ng iba.**)

### Lucas 7:11–18

*Binuhay ni Jesus ang anak ng isang balo*

Ipaliwanag na kinabukasan matapos pagalingin ng Tagapagligtas ang alipin ng senturion, gumawa Siya ng isa pang himala.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:11–12. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nakita ni Jesus at ng mga disipulo habang papalapit na sila sa lungsod na tinatawag na Nain.

Sa halip na ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:11–12, maaari mong ipanood ang isang bahagi ng video na "The Widow of Nain" (0:00–0:45) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos,* na makukuha sa LDS.org.

#### Mga audiovisual presentation

Ang paggamit ng mga audiovisual presentation ay lalong makatutulong sa mga estudyante na matutuhan at maisabuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo kapag natulungan nito ang mga estudyante na mas maunawaan ang mga pangyayari o alituntuning nakatala sa mga banal na kasulatan. Makabubuting isulat sa pisara ang mga partikular na bagay na hahanapin o mga tanong na pag-iisipan nila habang pinanonood o pinakikinggan nila ang presentasyon. Maaari mo ring i-pause ang presentasyon para magtanong o talakayin ang impormasyon na tutulong sa mga estudyante.

- Ano ang nakita ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo habang papalapit sila sa pasukan ng lungsod?
- Ayon sa talata 12, bakit napakasakit ng pagkamatay ng binata para sa babaeng ito?

Ipaliwanag na hindi lamang namatayan ng kanyang kaisa-isang anak ang babaeng ito, ngunit pumanaw na rin noon ang kanyang asawa. Bukod pa sa matinding kalungkutang naramdaman niya, wala na ring susuporta o tutustos sa kanya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:13–15, o ipalabas ang natirang bahagi ng video (0:45–2:23). Sabihin sa klase na alamin ang ginawa ng Tagapagligtas nang makita Niyang nagdadalamhati ang babaeng ito. (Maaari mong ipaliwanag na ang kabaong ay ang pinaghihimlayan ng patay.)


- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa babaeng ito?
- Ayon sa talata 13, bakit binuhay ni Jesus ang anak ng babaeng ito? (Maaari mong ipaliwanag na hindi hiniling ng balo na buhayin ang kanyang anak ngunit napansin Niya ang pangangailangan ng balo at Siya ay tumulong na tugunan ito.)
- Ano ang mararamdaman ninyo kung kayo ang nasa sitwasyon ng balo at nakitang binuhay ng Tagapagligtas ang inyong nag-iisang anak?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa talang ito tungkol sa kung paano natin matutularan ang halimbawa ni Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Matutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo sa pagiging**

**mahabagin sa iba at pagtulong na matugunan ang kanilang mga pangangailangan na hindi nila binabanggit.**)

- Paano natin malalaman ang mga pangangailangan ng iba kung hindi nila ito sinasabi sa atin?

Ipaliwanag na kapag hinangad ng mga estudyante ang patnubay ng Espiritu Santo, makatatanggap sila ng inspirasyon kung paano tumugon sa nakatagong mga pangangailangan ng iba. Bukod pa riyan, maaaring pag-isipan ng mga estudyante ang natanggap na payo noon ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan: "Kapag may nakilala ka, [isipin] mo na parang mabigat ang problema nila, at mas malamang na tama ka" ("Sa Lakas ng Panginoon," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 16).

Para matulungan ang mga estudyante na madama ang katotohanan at kahalagahan ng alituntuning natukoy nila, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:



"Kaunti lang ang nakatala sa ministeryo ng Panginoon na mas nakakaantig sa akin kaysa sa Kanyang ipinakitang pagkahabag sa nagdadalamhating balo ng Nain. …

"Anong kapangyarihan, kabaitan, pagkahabag ang ipinakita ng ating Panginoon! Maaari din nating mapagpala ang iba kung tutularan lamang natin ang Kanyang dakilang halimbawa. Naririyan ang mga pagkakataon sa lahat ng dako. Ang kailangan lamang ay mga matang makakakita sa kalunus-lunos na kalagayan at mga taingang diririnig sa tahimik na mga pagsamo ng namimighating puso. Oo, at isang kaluluwang puno ng pagkahabag, upang hindi lamang tayo makapag-usap nang mata sa mata o makarinig, kundi sa maringal na paraan ng Tagapagligtas, maging nang puso sa puso" ("Meeting Life's Challenges," *Ensign,* Nob. 1993, 71).

- Kailan kayo o ang pamilya ninyo kinahahabagan o pinaglingkuran ng iba, kahit hindi ninyo ito hiningi?
- Paano makatutulong sa atin ang pagtulad sa halimbawa ni Cristo na magkaroon tayo ng kakayahang malaman ang hindi masabing mga pangangailangan ng iba?

Kung hindi mo ipinanood ang video, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:16–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naging reaksyon ng mga tao sa pagbuhay sa anak ng balo.

- Ano ang reaksyon ng mga tao pagkatapos buhayin ni Jesus ang anak ng balo?

Ipaliwanag na kaya nasabi ng mga tao na "lumitaw sa gitna natin ang isang dakilang propeta" (talata 16) ay dahil sa pagkakatulad ng pagbuhay sa anak ng balo ng Nain sa pagbuhay ng mga propeta sa Lumang Tipan na sina Elijah at Eliseo sa mga anak na lalaki (tingnan sa I Mga Hari 17:17–24; II Mga Hari 4:17–22, 32–37; *New Testament Student Manual,* 154).

Tapusin ang lesson sa pag-anyaya sa mga estudyante na maghanap ng mga pagkakataon na matugunan ang hindi masabing mga pangangailangan ng iba.

Hikayatin silang maglingkod nang taos-puso at huwag maghintay ng anumang kapalit.

LESSON 48

# Lucas 7:18–50

## Pambungad

Pinuri ni Jesus si Juan Bautista at nagpatotoo na si Juan ang naghanda ng daan para sa Kanyang ministeryo. Habang kumakain si Jesus kasalo si Simon na Fariseo, isang babaeng nagsisisi ang nagpakita ng kanyang pananampalataya at pagmamahal sa Tagapagligtas.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 7:18–35

*Pinuri ni Jesus si Juan Bautista at nagpatotoo tungkol sa misyon ni Juan*

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante at bigyan ang bawat magkapartner ng isang papel. Sabihin sa mga magkakapartner na magsulat ng maraming bagay na natatandaan nila tungkol kay Juan Bautista hangga't kaya nila sa loob ng isang minuto. Pagkatapos ng isang minuto, sabihin sa mga estudyante na bilangin ang nakasulat sa kanilang papel.

- Ilan ang nailista ninyo tungkol kay Juan Bautista?

Anyayahan ang mga estudyante na sabihin sa klase ang ilan sa nailista nila.

Kung maaari, magdispley ng isang mahabang tambo at isang malambot na damit. Ipaliwanag na ginamit ni Jesus ang mga bagay na ito upang ituro sa mga tao ang tungkol sa pagkatao ni Juan Bautista. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:24–26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ni Jesus tungkol kay Juan Bautista habang tinutukoy ang tambo at malambot na damit.

- Paano naiiba si Juan Bautista sa tambo o damo? (Hindi tulad ng tambo, na natitinag o nalilipad ng hangin, si Juan Bautista ay matatag at di-natitinag sa kanyang patotoo at pagtupad sa kanyang misyon.)



Nangangaral si Juan Bautista

Ipakita ang kalakip na larawan ni Juan Bautista at itanong:

- Paano naiiba si Juan Bautista sa mga taong "nararamtan ng mga damit na maseselan" at nakatira sa "palasio ng mga hari" (talata 25)? (Si Juan Bautista ay nakatira sa ilang at nakasuot ng damit na gawa sa balahibo ng kamelyo, na napakagaspang. Sa halip na maghangad ng temporal na kaginhawahan, ang hinangad lamang ni Juan Bautista ay gawin ang kalooban ng Diyos.)
- Ano ang sinabi ni Jesus tungkol kay Juan Bautista sa talata 26?

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang natatanging tungkulin ni Juan Bautista, ipaliwanag na binanggit ni Jesus ang isang propesiya na ipinahayag daan-daang taon na ang nakalipas tungkol sa isang "sugo" na "maghahanda ng daan [ng Mesiyas]" (Malakias 3:1). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:27–28, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung bakit si Juan Bautista ay natatangi mula sa ibang mga propeta.

- Ano ang natatangi at mahalagang tungkulin ni Juan Bautista na inorden na gagawin niya noon pa man ? (Maaaring iba-iba ang gamiting salita ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Si Juan Bautista ang propetang inorden noon pa man para maghanda ng daan at magbinyag sa Anak ng Diyos.**)
- Paano inihanda ni Juan Bautista ang daan para sa pagdating ni Jesucristo?

Ipaliwanag na sinabi ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod tungkol sa Lucas 7:28:



"Si Jesus ay itinuring na may pinakamaliit na karapatan sa kaharian ng Diyos, at [tila] pinakahuli sa nararapat nilang paniwalaan bilang propeta; para bang sinabi Niyang—'Siya na itinuturing na pinakamaliit sa inyo ang pinakadakila kaysa kay Juan—ibig sabihin ay Ako mismo'" *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 95).

Ibuod ang Lucas 7:29–35 na ipinapaliwanag na maraming naniwala sa mga turo ni Jesus, ngunit hindi tinanggap ng mga Fariseo at mga tagapagtanggol na naroon ang Kanyang mga turo. Ipinaliwanag ni Jesus na hindi nila tinanggap ang katotohanan kahit Siya o si Juan Bautista ang nagturo nito.

## Lucas 7:36–50

### *Habang kumakain si Jesus kasalo si Simon na Fariseo, hinugusan ng isang babae ang mga paa ng Tagapagligtas gamit ang kanyang mga luha*

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Mapapatawad ba ako?*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang pagkakataon na maaaring naisip nila kung mapapatawad ba sila. Sabihin sa kanila na alamin ang mga katotohanang sumasagot sa tanong na ito sa patuloy na pag-aaral nila ng Lucas 7.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto at nilalaman ng Lucas 7:36–50, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na buod at paliwanag:

Isang Fariseo na nagngangalang Simon ang nag-imbita kay Jesus na kumain sa kanyang tahanan. Sa ganitong piging, ang mga panauhin ay hihilig sa almuhadon na nakapaligid sa isang mababang mesa at nakaunat ang kanilang mga paa malayo sa mesa. Kaugalian sa panahong iyon na pahintulutan ang mga taong nangangailangan na kumuha ng mga natirang pagkain mula sa piging. Kaya, karaniwan na para sa mga hindi imbitado ang pumasok sa bahay sa oras ng piging (tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 3rd ed. [1916], 261).

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang nilalaman ng Lucas 7:36–50, maaari mong ipanood ang video na "Come unto Me [Magsiparito sa Akin]" (11:34), na makukuha sa LDS.org. Maaari mong ipanood ang bahagi ng video na nagpapakita ng pagkain ni Jesus kasalo si Simon na Fariseo (simula sa time code 4:17). Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa sa kanilang mga banal na kasulatan, na inaalam ang nangyari nang pumasok ang isang taong hindi imbitado sa tahanan ni Simon sa oras ng piging. I-pause ang video pagkatapos sabihin ni Jesus ang, "Thou has rightly judged [Matuwid ang pagkahatol mo]" (Lucas 7:43) (time code 7:24).

- Paano inilarawan ni Lucas ang babae sa Lucas 7:37?
- Paano ipinakita ng babae ang kanyang pagmamahal sa Tagapagligtas? (Maaari mong ipaliwanag na ang "sisidlang alabastro na puno ng unguento" ay isang bote na puno ng mamahaling pabango.)
- Ano ang naisip ni Simon nang makita niya ang ginagawa ng babae?

Para marebyu ang talinghagang itinuro ni Jesus, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 7:40–43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas kay Simon.

Kopyahin sa pisara ang sumusunod na chart.

<table>
<tr><td colspan="2">May pautang = ____________________</td></tr>
<tr><td>Taong may utang na 50 denario =<br>____________________</td><td>Taong may utang na 500 denario =<br>____________________</td></tr>
</table>

Ipaliwanag na ang may pautang ay isang taong nagpahiram ng pera; ang taong nanghiram ng pera ay ang taong may utang. Sumang-ayon ang nangutang na babayaran ang nagpautang o siya ay makukulong. Sabihin sa isang estudyante na ibuod sa sarili niyang salita ang talinghaga.

- Sino ang kumakatawan sa may pautang? (Isulat sa pisara ang *Jesucristo* sa tabi ng "May pautang.")
- Alin sa mga may utang ang maaaring kumakatawan sa babae, at alin ang maaaring kumakatawan kay Simon na Fariseo? Bakit? (Isulat ang *Simon na Fariseo* sa ilalim ng "Taong may utang na 50 denario" at *Babae* sa ilalim ng "Taong may utang na 500 denario.")

Ipaliwanag na sa panahon ni Jesus, kaugalian na parangalan ng nangangasiwa ng piging ang kanyang panauhing-pandangal sa pamamagitan ng pag-aasikaso sa kanila gaya ng paghalik sa kanila bilang tanda ng pagbati, pagbibigay ng tubig para ipanghugas ng kanilang paa, at pagpapahid ng langis sa kanilang ulo (tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* 261).

I-resume ang video sa time code 7:25 at ihinto ito pagkasabi ni Jesus ng, "Go in peace [Yumaon kang payapa]" (Lucas 7:50) (time code 8:52). O, sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 7:44–47. Sabihin sa klase na alamin kung paano inasikaso ni Simon si Jesus kumpara sa pag-aasikaso ng babae sa Kanya at ang nadarama ng bawat isa kay Jesus.

- Ayon sa mga talata 44–47, ano ang ilang pagkakaiba sa pag-aasikaso ni Simon kay Jesus at sa pag-aasikaso ng babae sa Kanya at ano ang nadarama ng bawat isa tungkol kay Jesus? (Isulat sa chart na nasa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)

Kapag nasabi na ng mga estudyante ang nalaman nila, ang chart ay dapat katulad ng sumusunod:

| *May pautang = Jesucristo* | |
|---|---|
| *Taong may utang na 50 denarioSimon na Fariseo*<br>*Hindi nagbigay ng tubig kay Jesus para mahugasan ang Kanyang mga paa*<br>*Hindi Siya hinagkan o hinalikan*<br>*Hindi Siya pinahiran ng langis*<br>*Minahal Siya nang kaunti* | *Taong may utang na 500 denarioBabae*<br>*Hinugasan ang Kanyang mga paa gamit ang kanyang mga luha at kinuskos ang mga ito gamit ang kanyang buhok*<br>*Hinagkan o hinalikan ang Kanyang mga paa*<br>*Pinahiran ng unguento ang Kanyang mga paa*<br>*Mahal na mahal Siya* |

- Anong pagpapala ang tinanggap ng babae mula sa Tagapagligtas?

Ipaliwanag na sa hayagang pagkumpara kay Simon sa taong may utang na 50 denario, ipinapahiwatig ng Tagapagligtas na kailangan din ni Simon ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Lucas 7:47–50, at sabihin sa kanila na alamin ang dahilan kung bakit napatawad ang babaeng ito.


- Anong mga alituntunin ang matututuhan natin mula sa talang ito? (Gamit ang mga isinagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang mga sumusunod na alituntunin: **Kapag tayo ay nanampalataya sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating pagmamahal at katapatan sa Panginoon, mapapatawad Niya tayo. Kapag natanggap natin ang kapatawaran ng Panginoon, lalo tayong mapupuspos ng hangaring mahalin at paglingkuran Siya.**)

### *Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang mga alituntunin*

Kung minsan, ipapaliwanag mo ang mga doktrina at alituntunin sa mga estudyante. Sa ibang mga pagkakataon naman ay gagabayan, hihikayatin, at hahayaan mong matuklasan mismo ng mga estudyante ang mga doktrina at alituntunin. Sa pagtukoy sa mga doktrina at mga alituntunin, mahalagang ipahayag ang mga ito nang malinaw at simple. Ang pagsulat ng natukoy na doktrina o alituntunin sa pisara o pagsasabi sa mga estudyante na isulat o markahan ito sa kanilang mga banal na kasulatan ay makatutulong para maunawaan ng mga estudyante ang mga katotohanang ito.

- Bakit kaya nanaisin nating lalo pang mahalin at paglingkuran ang Tagapagligtas kapag nadama natin ang Kanyang pagpapatawad?

Sabihin sa tatlong estudyante na bawat isa sa kanila ay babasahin nang malakas ang isang talata mula sa sumusunod na pahayag ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Maraming antas ang personal na pagkamarapat at kabutihan. Gayunman, ang pagsisisi ay isang pagpapala sa ating lahat. Kailangang madama ng bawat isa sa atin ang mga bisig ng awa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng kapatawaran ng ating mga kasalanan.

"Ilang taon na ang nakararaan, nahilingan akong bumisita sa isang tao na, sa isang yugto ng kanyang buhay, ay namuhay nang magulo, maraming taon na ang nakararaan. Bunga ng kanyang masasamang pasiya, natiwalag siya sa Simbahan. Matagal na siyang nakabalik sa Simbahan at tapat na sinunod ang mga utos, ngunit binabagabag pa rin ang kanyang konsiyensya ng mga dati niyang ginawa. Nang makausap ko siya, nadama ko ang kanyang pagkahiya at taimtim na pagsisisi sa paglabag sa kanyang mga tipan. Pagkatapos ng aming interbyu, inilagay ko ang aking mga kamay sa kanyang ulunan para bigyan siya ng basbas ng priesthood. Bago ako nakapagsalita, nadama ko ang matinding pagmamahal at pagpapatawad ng Tagapagligtas sa kanya. Kasunod ng basbas, nagyakap kami at hayagang umiyak ang lalaki.

"Namangha ako sa yakap ng mga bisig ng awa at pagmamahal ng Tagapagligtas para sa taong nagsisisi, gaano man kasakim ang tinalikurang pagkakasala. Pinatototohanan ko na kaya at sabik ang Tagapagligtas na patawarin ang ating mga kasalanan. Maliban sa mga kasalanan ng

> ilang tao na pinili ang kapahamakan matapos malaman ang kaganapan, walang pagkakasalang hindi mapapatawad. Napakagandang pribilehiyo para sa bawat isa sa atin na talikuran ang ating mga kasalanan at lumapit kay Cristo. Ang kapatawaran ng langit ay isa sa pinakamatatamis na bunga ng ebanghelyo, na pumapawi sa pagbagabag ng budhi at bigat sa ating puso at pinapalitan ito ng kagalakan at kapayapaan ng budhi" ("Magsisi … Upang Mapagaling Ko Kayo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 40–41).

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagkakataon na naranasan nila ang pagpapatawad ng Panginoon. Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang naisip at nadama nila noon sa Tagapagligtas.

Banggitin ang tanong sa pisara. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang isasagot nila kung may magtanong sa kanila ng "Mapapatawad ba ako?"

Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo na si Jesucristo ay may kapangyarihang patawarin tayo kung mananampalataya tayo sa Kanya at magsisisi sa ating mga kasalanan.

## Scripture Mastery Review

Para matulungan ang mga estudyante na marebyu ang limang scripture mastery passage na napag-aralan na nila sa kursong ito, maaari mo silang bigyan ng maikling quiz. Magbigay ng key words o mahahalagang salita mula sa seminary bookmark, at ipasulat sa mga estudyante ang kaukulang scripture reference. Tingnan ang apendiks ng manwal na ito para sa mas maraming ideya.

LESSON 49

# Lucas 8-9

## Pambungad

Ang Tagapagligtas ay patuloy na nagministeryo sa Galilea, kung saan nagpropesiya Siya tungkol sa Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli. Pagkaalis sa Galilea, naglakbay si Jesus papunta sa Jerusalem para kumpletuhin ang Kanyang misyon sa lupa. Sa Samaria, nagnais sina Santiago at Juan na magpababa ng apoy mula sa langit para sunugin ang isang nayon ng mga Samaritano na hindi tinanggap si Jesus, ngunit itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo na Siya ay pumarito upang iligtas ang mga tao, hindi upang lipulin sila. Itinuro rin ni Jesus ang tungkol sa pagiging tunay na disipulo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 8:1–9:56

*Ang Tagapagligtas ay gumawa ng mga himala, nagturo gamit ang mga talinghaga, at nagtungo sa Jerusalem*

Isulat sa pisara ang mga sumusunod na sitwasyon, o isulat ang bawat isa sa magkakahiwalay na papel. Ipabasa nang malakas sa tatlong estudyante ang mga ito.

1. Nang pakiusapan mo ang iyong kapatid na tulungan kang linisin ang mga kalat, walang galang niyang sinabing gawin mong mag-isa ito.
2. Habang nagpaplano ng aktibidad sa paaralan, pinintasan at pinagtawanan ng ilang kaklase mo ang ideyang iyong ibinahagi.
3. Habang ibinabahagi mo ang ebanghelyo sa isang kaibigan, sinabi niya na kakaiba ang paniniwala mo.

- Ano ang mararamdaman ninyo sa bawat sitwasyong ito? Ano ang gagawin ninyo?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng mga turo ng Tagapagligtas sa Lucas 8–9 na maaaring gumabay sa kanila kapag nadama nila na nasaktan sila sa ginawa at sinabi ng iba.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang mga buod ng kabanata ng Lucas 8–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga pangyayaring nakatala sa mga kabanatang ito. Ipaliwanag na dahil sa napag-aralan na nila nang detalyado ang mga pangyayaring ito sa mga lesson sa Mateo at Marcos, ang lesson na ito ay nakapokus sa Lucas 9:51–62.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 9:51, at sabihin sa klase na alamin ang lugar kung saan nagpasiyang magpunta ang Tagapagligtas. Ipaliwanag na ang mga katagang "tatanggapin sa itaas" ay tumutukoy sa nalalapit na Pag-akyat sa langit ng Tagapagligtas.

- Saan nagpasiyang magpunta ang Tagapagligtas?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng manatiling gawin ang isang bagay ay gawin ito nang determinado o nang hindi natitinag. Bago ito, ang Tagapagligtas ay

nagpropesiya sa Kanyang mga disipulo na Siya ay ipagkakanulo, hahampasin o sasaktan, at ipapako sa krus sa Jerusalem (tingnan sa Mateo 20:17–19; Lucas 9:44).

- Ano ang inihahayag tungkol sa pagkatao ng Tagapagligtas ng determinasyon Niya na magpunta sa Jerusalem sa kabila ng mga hamon na ito?

Ipaliwanag na habang naglalakbay papunta sa Jerusalem, nakarating si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sa isang nayon ng mga Samaritano. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 9:52–54, at sabihin sa klase na alamin ang ginawa ng mga Samaritano nang malaman nila na papasok si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sa kanilang nayon.

- Ano ang ginawa ng mga Samaritano nang malaman nila na gustong pumasok ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo sa kanilang nayon?
- Ano ang reaksyon nina Santiago at Juan sa hindi mabuting pagtrato at hindi pagtanggap ng mga Samaritano sa Tagapagligtas?
- Sa anong mga paraan sumusobra ang reaksyon ng mga tao sa panahon ngayon kapag ininsulto at sinaktan ng iba ang damdamin nila? (Balikan ang mga sitwasyon sa simula ng lesson, at sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga bagay na maaaring gawin ng isang taong sobra ang reaksyon sa mga sitwasyong ito.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 9:55–56. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas kina Santiago at Juan. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na nang sabihin ng Tagapagligtas na, "[Hindi ninyo nalalaman kung anong espiritu ang nasa inyo]" (talata 55), ipinahihiwatig Niya na ang hiling nina Santiago at Juan ay hindi ayon sa Espiritu ng Diyos kundi mas ayon kay Satanas, na inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit (tingnan sa 3 Nephi 11:29–30).

- Paano naiiba ang reaksyon ng Tagapagligtas sa reaksyon nina Santiago at Juan sa hindi pagtanggap sa kanila ng mga Samaritano?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa halimbawa ng Tagapagligtas na makatutulong sa atin kapag nasaktan ang ating damdamin? (Gamit ang mga sinabi ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Tinutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas kapag pinili nating tumugon nang may pagpapasensya at mahabang pagtitiis sa mga nagkasala sa atin.**)

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang mga sitwasyon sa simula ng lesson.

- Ano ang maaaring panganib sa pagpiling maghinanakit sa bawat sitwasyong ito?
- Sa bawat sitwasyong ito, paano natin matutularan ang halimbawa ng Tagapagligtas?
- Paano tayo mapagpapala kapag pinili nating tumugon nang may pagpapasensya at mahabang pagtitiis sa mga nagkakasala sa atin?

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang isang pagkakataon na pinili nilang maghinanakit sa sinabi o ginawa ng iba. Hikayatin sila na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpiling tumugon nang may pagpapasensya at mahabang pagtitiis sa nagkakasala sa kanila.

***Ang pang-aabuso ay hindi dapat pahintulutan***

Kapag sinabi mo sa mga estudyante na isipin ang kamaliang nagawa sa kanila at tumugon nang may pagpapasensya at mahabang pagtitiis, linawin sa mga estudyante na hindi nila dapat pahintulutan na patuloy na gawin sa kanila ang anumang uri ng pang-aabuso. Kung ang isang estudyante ay biktima ng pang-aabuso, dapat siyang humingi agad ng tulong sa mga magulang, lider ng priesthood, at iba pang awtoridad kung angkop.

## Lucas 9:57–62

### *Nagturo si Jesus tungkol sa pagiging tunay na disipulo*

Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng klase, at ipakita sa kanya ang 20 hanggang 30 maliliit na bagay (gaya ng mga beads). Sabihin sa estudyante na tahimik na bilangin ang mga ito. Habang ginagawa niya ito, sabihin sa klase na subukan kung kaya nilang guluhin sa pagbibilang ang estudyante. Tiyaking hindi magiging marahas ang mga estudyante sa pagtatangkang guluhin ang estudyante. Sabihin sa kanila na manatiling nakaupo, at huwag maghahagis nang anuman o hawakan ang estudyanteng nagbibilang.

- Sa papaanong paraan natutulad ang pagbibilang ng mga bagay-bagay habang ginugulo sa pagsisikap na sundin si Jesucristo?

Pasalamatan ang estudyanteng nagbilang, at paupuin na siya. Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante ng Lucas 9, sabihin sa kanila na pag-isipan kung paano natin madaraig ang mga impluwensya na maaaring makagambala o makahadlang sa atin sa pagsunod sa Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 9:57. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng isang lalaki kay Jesus habang naglalakbay Siya at ang Kanyang mga disipulo patungo sa Jerusalem.

- Ano ang sinabi ng lalaking ito sa Tagapagligtas na handa niyang gawin?

Isulat sa pisara ang mga sumusunod na kataga: *Upang maging tunay na disipulo ni Jesucristo, …*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 9:58, at sabihin sa klase na alamin ang sagot ng Tagapagligtas sa lalaking gustong sumunod sa Kanya. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ano ang ipinahihiwatig ng mga katagang "ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo" tungkol sa uri ng pamumuhay ng Tagapagligtas? (Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay palaging naglalakbay. Hindi komportable o madali ang kanilang ministeryo.)

Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Lucas 9:59–60, na inaalam ang sinabi ng pangalawang lalaki sa paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod siya sa Kanya.

- Ano ang gustong gawin ng lalaking ito bago sumunod sa Tagapagligtas?
- Ano ang maaaring ipinahihiwatig ng salitang *muna* (talata 59) tungkol sa lalaking ito?


Ipaliwanag na hindi sinasabi ni Jesucristo na maling magluksa sa pagkamatay ng isang mahal sa buhay o pumunta sa burol (tingnan sa D at T 42:45). Sa halip, itinuturo Niya sa lalaking ito ang isang mahalagang aral tungkol sa pagiging disipulo.

- Ano ang matututuhan natin sa tugon ng Tagapagligtas na nakatala sa talata 60 tungkol sa mga priyoridad ng isang tunay na disipulo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 9:61–62. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang gustong gawin ng pangatlong lalaki bago sumunod sa Tagapagligtas.

- Ano ang gustong gawin ng lalaking ito bago sumunod sa Tagapagligtas?
- Paano tumugon ang Panginoon sa lalaking ito?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang analohiya ng paghawak sa araro at hindi paglingon sa likod, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:




"Upang maging tuwid ang nilalandas sa pag-aararo, dapat nakatuon ang mga mata ng nag-aararo sa kanyang unahan. Iyan ang magpapanatili sa kanya sa tuwid na landas. Ngunit kung sakaling lumingon siya para tingnan kung saan siya nanggaling, malaki ang tsansa na malihis siya. Ang ibinubunga nito ay hindi tuwid at hindi pantay na daan ng araro. … Kung ang ating lakas ay nakatuon hindi sa paglingon sa likod natin kundi sa yaong nasa harapan natin—sa buhay na walang hanggan at kagalakan ng kaligtasan—tiyak na makakamtan natin ito" ("Am I a 'Living' Member?" *Ensign,* Mayo 1987, 17).

- Paano natutulad ang pagiging disipulo ni Jesucristo sa paghawak natin sa araro at hindi paglingon sa likod?
- Paano naging halimbawa ang Tagapagligtas sa Kanyang itinuro na nakatala sa talata 62? ("Pinapanatili niyang harap ang kaniyang mukha upang pumaroon sa Jerusalem" [Lucas 9:51] upang tapusin ang misyong ibinigay sa Kanya ng Ama sa Langit, at hindi Siya lumingon sa likod.)

Tukuyin ang hindi kumpletong pahayag sa pisara.

- Batay sa natutuhan natin sa Lucas 9:57–62, paano ninyo ibubuod ang katotohanang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa hinihingi Niya sa Kanyang mga disipulo? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang iba't ibang alituntunin. Matapos nilang sumagot, kumpletuhin ang pahayag sa pisara para maipakita ang sumusunod na katotohanan: **Upang maging tunay na disipulo ni Jesucristo, huwag nating unahin ang anumang bagay bago sumunod sa Kanya.**)
- Bakit kung minsan ay inuuna natin ang ibang bagay kaysa sa mga responsibilidad natin bilang mga disipulo ni Jesucristo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"May makapangyarihang sandata na magagamit si Satanas laban sa mabubuting tao. Ito ay ang panggugulo sa isipan ng tao. Tutuksuhin niya ang mabubuting tao na punuin ang kanilang buhay ng 'magagandang bagay' upang mawalan ng paglalagyan para sa mahahalagang bagay" ("First Things First," *Ensign,* Mayo 2001, 7).

Upang matulungan ang mga estudyante na pag-isipan ang maaaring makahadlang sa kanila sa pagsunod kay Jesucristo, idrowing sa pisara ang sumusunod na chart at sabihin sa mga estudyante na kopyahin ito sa kanilang notebook o scripture study journal.

| ***Mga responsibilidad ng isang disipulo ni Jesucristo*** | ***Iba pang mga priyoridad*** |
|---|---|
| | |

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa magkakapartner na magtulungan sa paglista sa chart ng mga responsibilidad ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo (maaaring kabilang dito ang pagiging matapat, paglilingkod sa iba, pagbabahagi ng ebanghelyo, paggawa ng family history at gawain sa templo, at pagpapalaki ng isang pamilya). Para sa bawat responsibidad na nakalista sa kanilang chart, sabihin sa mga estudyante na maglista ng mga halimbawa ng iba pang mga priyoridad na maaaring unahin ng isang tao kaysa sa responsibilidad na iyon.

Sabihin sa mga estudyante na ireport ang kanilang inilista.

Hikayatin ang mga estudyante na magbahagi ng magagandang halimbawa ng mga disipulo ni Jesucristo sa pagtatanong ng:

- Kailan ninyo nakita na pinili ng isang tao na isantabi ang iba pang mga mithiin o priyoridad para sundin ang Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano sa palagay nila ang kanilang hinahayaang unahin nila kaysa sa pagsunod kay Jesucristo at Kanyang mga turo. Hikayatin silang magsulat ng mithiin sa kanilang scripture study journal na kanilang gagawin upang mas unahin nila ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo.

Maaari mong tapusin ang lesson sa pag-anyaya sa mga estudyante na kantahin ang himnong "Panginoon, Kayo'y Laging Susundin" (*Mga Himno,* blg. 164) o iba pang himno tungkol sa pagsunod kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo.

### *Paggamit ng mga himno*

Ang musika, lalo na ang mga himno ng Simbahan, ay mahalaga para madama ng mga estudyante ang impluwensya ng Espiritu Santo sa kanilang pag-aaral ng ebanghelyo. Upang makatulong sa pagbibigay ng karagdagang mga ideya sa lesson, maaari mong hilingin sa mga estudyante na kantahin ang isa o mahigit pang taludtod ng isang himno na may tuwirang kaugnayan sa lesson.

LESSON 50

# Lucas 10:1–37

## Pambungad

Si Jesus ay tumawag, nagturo, at nagsugo ng Pitumpu. Ipinangaral nila ang ebanghelyo, pinagaling ang mga maysakit, nagpaalis ng mga demonyo, at bumalik upang magbigay ng ulat tungkol sa kanilang mga ginawa. Itinuro ni Jesus sa isang tagapagtanggol ang talinghaga ng mabuting Samaritano.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 10:1–24

*Ang Panginoon ay tumawag ng Pitumpu, at sila ay binigyan Niya ng awtoridad at tagubilin*

Magdala sa klase ng isang lalagyan na puno ng iba't ibang bagay (tulad ng mga bola na iba't iba ang laki). Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng klase. Sabihin sa estudyante na hawakan ang mga bagay na ibibigay mo sa kanya at huwag ihuhulog o ilalapag ang kahit isa sa mga ito. Bigyan ng mga bagay ang estudyante hanggang sa hindi na niya kayang mahawakan ang lahat ng ito at ang ilan ay nalalaglag na. Pagkatapos ay itanong sa estudyante:

- Ano ang magagawa mo para hindi malaglag ang mga bagay na hawak mo?

Kung kailangan, imungkahi sa estudyante na humingi ng tulong sa mga kaklase niya. Patuloy na ibigay ang mga bagay sa estudyante, at hayaan siyang ipasa ang ilan sa mga ito sa iba pang mga estudyante. Pagkatapos ay paupuin ang mga estudyante.

- Paano ninyo maikukumpara ang aktibidad na ito sa paraang ginagawa ng mga lider ng Simbahan sa pagtupad sa kanilang mga responsibilidad?

Ipaalala sa mga estudyante na tumawag ng labindalawang Apostol ang Tagapagligtas at isinugo sila upang tumulong sa Kanyang gawain. Gayunman, kakailanganin ng mga Apostol ang tulong ng iba pa sa pagtuturo at pagmiministeryo upang ang mga pagpapala ng ebanghelyo ay maiparating sa lahat ng tao.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang itinalaga ng Panginoon para tulungan ang mga Apostol na magawa ang Kanyang gawain.


- Sino ang itinalaga ng Panginoon para tulungan Siya sa Kanyang gawain? Ano ang kanilang tungkulin?

Ipaliwanag na ang salitang *pitongpu* sa Lucas 10:1 ay tumutukoy sa isang katungkulan sa Melchizedek Priesthood. Ang katungkulan ding ito ay nasa ipinanumbalik na Simbahan ngayon. (Kung maaari, ipakita ang mga pahina na may pamagat na "Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw" sa pinakahuling isyu ng kumperensya ng *Ensign* o *Liahona.*) Maraming korum ng Pitumpu sa kasalukuyan, bagama't ang mga miyembro lamang ng unang dalawang korum ang

tinatawag na mga General Authority. Bawat korum ay maaaring magkaroon ng hanggang 70 miyembro. Ang gawain nila na mangaral ng ebanghelyo at tumulong sa pangangasiwa ng Simbahan ay pinamamahalaan ng Korum ng Labindalawang Apostol at ng Panguluhan ng Pitumpu (tingnan sa D at T 107:25–26, 34; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pitumpu," scriptures.lds.org).

- Ayon sa talata 2, ano ang sinabi ng Panginoon na kakaunti para sa pag-ani ng mga kaluluwa?
- Anong katotohanan ang malalaman natin tungkol sa gawain ng Panginoon mula sa mga talatang ito? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Ang Panginoon ay tumatawag ng manggagawa bukod pa sa mga Apostol upang kumatawan sa Kanya at tulungan Siya sa Kanyang gawain.**)
- Bukod pa sa mga Apostol at Pitumpu, sino pa ang may responsibilidad na tulungan ang Panginoon sa Kanyang gawain sa panahong ito? (Lahat ng miyembro ng Simbahan.)

Ipaliwanag na tulad ng ipinahayag ng Tagapagligtas na nangangailangan pa ng mas maraming manggagawa upang maisakatuparan ang pag-aani ng kaligtasan, ang mga propeta sa mga huling araw ay palagi ring nananawagan na nangangailangan pa ng mas maraming missionary. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:



"Inuulit ko ang matagal nang itinuro ng mga propeta—lahat ng karapat-dapat, may-kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay maghanda na magmisyon. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon na gagawin natin, tayo na nabiyayaan nang lubos. Mga kabataan, hinihikayat ko kayong maghandang maglingkod bilang misyonero. …

"Para sa inyong mga kabataang babae: samantalang wala kayong gayong resposibilidad ng priesthood tulad ng mga kabataang lalaki, na maglingkod ng full-time na misyon, maaari rin kayong magbigay ng mahalagang kontribusyon bilang misyonero; at ikagagalak namin ang inyong paglilingkod" ("Sa Pagkikita Nating Muli," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 5–6).

- Bukod pa sa pagmimisyon, paano pa natin matutulungan ang Panginoon sa Kanyang gawain?
- Ano ang mga naging karanasan ninyo o ng isang taong kakilala ninyo sa pagtulong sa Panginoon sa Kanyang gawain?

Ibuod ang Lucas 10:3–24 na ipinapaliwanag na tinagubilinan ng Panginoon ang Pitumpu kung paano gawin ang kanilang mga responsibilidad. Pinagsabihan din Niya ang mga tao sa iba't ibang lungsod na hindi tumanggap ng Kanyang mga turo. Kalaunan ay nag-ulat ang Pitumpu ng kanilang mga gawa kay Jesus, at nagbigay Siya sa kanila ng karagdagang tagubilin at nagalak kasama nila.

## Lucas 10:25–37

*Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng mabuting Samaritano*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan:



"Ang mga tao sa paligid natin ay hindi perpekto. Ang mga tao ay nakakagawa ng mga bagay na nakakayamot, nakakalungkot, at nakakagalit. Lagi itong mangyayari sa mortal na buhay na ito" ("Ang Mahabagin ay Kahahabagan," *Ensign* o *Liahona*, Mayo 2012, 77).

Sabihin sa klase na pag-isipang mabuti kung may kilala sila na isang taong gumagawa ng mga bagay na nakakayamot, nagpapalungkot, at nakakagalit sa kanila.

- Bakit parang mahirap mahalin ang isang taong gumagawa ng ganitong mga bagay?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan na gagabay sa kanilang pakikihalubilo sa mga taong maaaring mahirap mahalin sa pag-aaral nila ng Lucas 10:25–37.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:25. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong ng isang tagapagtanggol sa Tagapagligtas.

- Ano ang itinanong ng tagapagtanggol sa Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:26–28. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ng Tagapagligtas. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Anong alituntunin ang malalaman natin sa mga talatang ito tungkol sa dapat nating gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Upang magkaroon ng buhay na walang hanggan, dapat nating ibigin ang Diyos at ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Ayon sa talata 27, paano natin dapat iibigin ang Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng iibigin mo ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, lakas, at pag-iisip?

Ituro ang mga katagang "ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili" sa pisara. Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang maaaring ibig sabihin ng ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili, sabihin sa kanila na maglista sa pisara ng mga bagay na ginagawa nila sa isang karaniwang araw. (Maaaring kasama sa mga ito ang paghahanda para sa maghapon, pagkain, pagtulog, paggawa ng homework, at iba pa.)

Pagkatapos maglista sa pisara, sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti kung ilan sa kanilang mga aktibidad ang nakapokus sa kanilang sarili.

- Ano ang matututuhan natin sa aktibidad na ito?
- Ano ang ilang paraan na maaari nating mas madalas na pagtuunan ng pansin ang kapakanan ng iba at naising ibigin o mahalin sila, gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili?
- Ano ang ilan sa mga paraan na magagawa natin ito maging sa mga aktibidad na ginagawa natin para sa ating sarili? (Maaaring kasama sa mga halimbawa ang pagkain ng pananghalian kasalo ang mga taong tila nalulungkot o pagpuri sa iba sa ating mga aktibidad sa paaralan.)
- Sa inyong palagay, paano makatutulong sa pagsulong natin sa buhay na walang hanggan ang pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pangalawang tanong ng tagapagtanggol kay Jesus.

- Ano ang pangalawang tanong ng tagapagtanggol?

Ihanda ang ilang estudyante na maisadula ang talinghaga ng mabuting Samaritano sa Lucas 10:30–35. Anyayahan ang isang estudyante na maging narrator at ang iba sa papel na sugatang lalaking Judio, dalawang magnanakaw, isang saserdote, isang Levita, at ang Samaritano. (Kung kakaunti lang ang estudyante mo, maaari silang gumanap sa maraming tauhan.) Maaari kang maghanda ng ilang props, maaaring isama rito ang mga name tag, ekstrang damit na kukunin sa lalaking Judio, dalawang lalagyan na gagamitin kunwari para sa langis at alak, isang upuang may gulong para kunwari ay hayop, at dalawang barya bilang dalawang denario. (*Paalala:* Maaaring pumili ka ng gaganap sa dula-dulaan at bigyan sila ng espesipikong mga instruksyon bago magklase para matiyak na magiging epektibo, angkop, at maayos ang dula-dulaan.)

Ipabasa nang malakas sa narrator ang Lucas 10:30–35, at sabihin sa mga kasali na isadula ang talinghaga. Sabihin sa iba pa sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas kung sino ang ating kapwa-tao. Pagkatapos magdula-dulaan, paupuin ang mga estudyante.

- Alin sa mga ginawa ng Samaritano ang higit na nagpahanga sa inyo?

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan kung ano ang maaaring asahan sa isang saserdote, Levita, at Samaritano, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na paliwanag:

Ang mga saserdote at Levita ay mayhawak ng Aaronic priesthood at inatasang maglingkod sa Diyos at sa kanilang kapwa-tao, kapwa sa loob ng templo at bilang mga guro at halimbawa ng pagsunod sa batas ng Diyos. Alam ng mga mayhawak na ito ng priesthood ang tungkol sa kautusang "iibigin ninyo ang inyong kapuwa na gaya ng sa inyong sarili" (Levitico 19:18) at kalingain ang mga taga ibang bayan at mga naglalakbay (tingnan sa Levitico 19:34; 25:35). Sa kabilang banda, "Bahagyang Israelita at bahagyang Gentil ang mga Samaritano. Ang kanilang

relihiyon ay pinaghalong mga paniniwala at kaugalian ng Judio at pagano. … Nabuo [ang pagkamuhi ng mga Judio] … sa mga Samaritano dahil ang mga Samaritano ay tumalikod mula sa relihiyon ng Israelita" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Samaritano, Mga," scriptures.lds.org). Ang mga Judio at Samaritano ay talagang iniiwasan ang bawat isa.

- Sa talinghaga, bakit kaya nakakagulat ang mga ginawa ng saserdote, Levita, at Samaritano?
- Ano ang maaaring maging dahilan ng Samaritano para hindi tulungan ang sugatang Judio?
- Ayon sa talata 33, bakit naantig ang Samaritano na tumulong nang makita niya ang sugatang lalaki?


Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng nagdalang habag ay ang pagpansin sa pangangailangan o problema ng ibang tao at pagdama ng pagnanais na gawin ang anumang magagawa natin upang tulungan ang taong iyon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:36–37. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kasunod na itinuro ng Tagapagligtas sa tagapagtanggol.

- Paano nasagot ng talinghagang ito ang tanong sa talata 29, "Sino ang aking kapuwa tao?"

Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ang paggamit ng Tagapagligtas sa Samaritano sa talinghagang ito ay nagpapahiwatig na hindi lamang ang mga taong nakatira malapit sa atin ang ating kapuwa tao kundi ang sinuman sa mga anak ng Ama sa Langit—kabilang na ang mga taong nahihirapan tayong mahalin.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:



"Kailangan nating alalahanin na bagama't makakapili tayo ng mga kaibigan, ang Diyos ang pumipili ng mga taong ilalapit sa atin—saan man. Ang pagmamahal ay hindi dapat limitahan. … Sabi ni Cristo, 'Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?' (Mateo 5:46)" ("The Lord's Touchstone," *Ensign,* Nob. 1986, 35).

- Ayon sa talata 37, ano ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat gawin ng tagapagtanggol?

Sabihin sa mga estudyante na isipin muli ang mga tao na sa akala nila ay mahirap para sa kanila na mahalin.

- Ano ang magagawa natin para mahalin at kahabagan ang mga taong mahirap para sa atin na mahalin?
- Isipin ang panahon na kayo o ang isang kakilala ninyo ay sinunod ang payo ng Tagapagligtas na "iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Lucas 10:27). Ano ang naging resulta?

Magpatotoo sa mga katotohanang itinuro sa lesson na ito. Isulat sa pisara ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag at ipakumpleto ito sa mga estudyante sa kanilang notebook o scripture study journal: *Tutularan ko ang halimbawa ng mabuting Samaritano sa pamamagitan ng …*

### *Magtanong at mag-anyaya na maghihikayat ng pagsasabuhay*

Ang layunin ng pagtuturo ng ebanghelyo ay upang tulungan ang mga estudyante na ipamuhay ang mga alituntunin at doktrinang matatagpuan sa mga banal na kasulatan, magbalik-loob o maging converted, at matanggap ang mga pagpapalang ipinangako sa matatapat at masunurin. Ang pagtatanong at pag-aanyaya na naghihikayat ng pagsasabuhay ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan kung paano nila maipamumuhay ang alituntuning ito sa kanilang kasalukuyang sitwasyon at mapag-isipang mabuti kung paano nila maipamumuhay ang mga ito sa hinaharap.

HOME-STUDY LESSON

# Lucas 5:1–10:37 (Unit 10)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Lucas 5:1–10:37 (unit 10) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Lucas 5)

Mula sa tala tungkol sa pag-anyaya ng Tagapagligtas kina Pedro, Santiago, at Juan na maging mamamalakaya ng mga tao, natutuhan ng mga estudyante na kung susundin natin ang iniuutos ng Panginoon kahit hindi natin nauunawaan kung bakit, maaari Siyang magbigay ng mas malalaking pagpapala na hindi natin inaasahan. At mula sa pagpapagaling sa ketongin at lalaking lumpo, natutuhan ng mga estudyante na kapag sumampalataya tayo at lumapit sa Tagapagligtas, mapapagaling Niya tayo at maaari nating tulungan ang iba na lumapit sa Tagapagligtas upang sila ay mapagaling din. Natutuhan din ng mga estudyante na upang matanggap ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo, dapat tayong maging mapagpakumbaba at handang magbago.

### Day 2 (Lucas 6:1–7:17)

Natuklasan ng mga estudyante na kung gagawa tayo ng mabuti sa iba nang hindi naghihintay ng anumang kapalit, malaki ang magiging gantimpla natin at tayo ay magiging mga anak ng Kataastaasan at na tayo ay lubos na pagpapalain ng Ama sa Langit kapag bukas-palad tayong nagbigay sa iba. Natutuhan din nila ang mga sumusunod na katotohanan: Sa pagsampalataya kay Jesucristo, makatutulong tayo na mapagpala ang buhay ng iba. Matutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo sa pagiging mahabagin sa iba at pagtulong na matugunan ang hindi masambit na mga pangangailangan nila.

### Day 3 (Lucas 7:18–50)

Natutuhan ng mga estudyante sa lesson na ito na si Juan Bautista ay ang propetang inorden noon pa man para maghanda ng daan at magbinyag sa Anak ng Diyos. Mula sa kuwento tungkol sa isang babae na naghugas ng mga paa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng kanyang mga luha, natutuhan ng mga estudyante ang sumusunod: Kapag tayo ay nanampalataya sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating pagmamahal at katapatan sa Panginoon, mapapatawad Niya tayo. Kapag natanggap natin ang kapatawaran ng Panginoon, lalo tayong mapupuspos ng hangaring mahalin at paglingkuran Siya.

### Day 4 (Lucas 8:1–10:37)

Mula sa lesson na ito, ang mga estudyante ay hinihikayat na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpiling tumugon nang may pagpapasensya at mahabang pagtitiis sa mga pang-iinsulto o pananakit ng damdamin sa kanila. Bukod pa rito, natutuhan nila na upang maging tunay na disipulo ni Jesucristo, dapat nating unahin ang pagsunod sa Kanya kaysa anumang mga bagay at na dapat nating ibigin ang Diyos at ibigin ang ating kapwa-tao gaya ng ating sarili upang magtamo ng buhay na walang hanggan.

## Pambungad

Isang tagapagtanggol ang nagtanong sa Tagapagligtas, “Anong aking gagawin upang magmana ng walang hanggang buhay?” (Lucas 10:25). Ang sumusunod na

mga ideya sa pagtuturo ay makatutulong sa mga estudyante na matutuhan ang ibig sabihin ng ibigin ang Diyos at ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 10:25–37

*Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng mabuting Samaritano*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan:



"Ang mga tao sa paligid natin ay hindi perpekto. Ang mga tao ay nakakagawa ng mga bagay na nakakayamot, nakakalungkot, at nakakagalit. Lagi itong mangyayari sa mortal na buhay na ito" ("Ang Mahabagin ay Kahahabagan," *Ensign* o *Liahona*, Mayo 2012, 77).

Sabihin sa klase na pag-isipang mabuti kung may tao silang kilala na gumagawa ng mga bagay na nakakayamot, nakakalungkot, at nakakagalit sa kanila.

- Bakit parang mahirap mahalin ang isang tao na gumagawa ng ganitong mga bagay?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Lucas 10:25–37 na gagabay sa kanila sa pakikihalubilo nila sa mga taong maaaring mahirap mahalin.

Ipaalala sa mga estudyante na sa kanilang personal na pag-aaral ng Lucas 10, nalaman nila ang tungkol sa tagapagtangol na nagtanong sa Tagapagligtas kung paano magmamana ng buhay na walang hanggan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:26–28. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ng Tagapagligtas. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa dapat nating gawin upang magtamo ng buhay na walang hanggan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Upang magkaroon ng buhay na walang hanggan, dapat nating ibigin ang Diyos at ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.
- Ano ang ibig sabihin ng iibigin mo ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, lakas, at pag-iisip?

Ituro ang mga katagang "ibigin ang ating kapwa gaya ng ating sarili" sa pisara. Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung ano ang maaaring ibig sabihin ng ibigin o mahalin ang ating kapwa-tao gaya ng ating sarili, sabihin sa kanila na maglista sa pisara ng mga bagay na ginagawa nila sa karaniwang araw. (Maaaring kasama sa mga ito ang paghahanda para sa maghapon, pagkain, pagtulog, paggawa ng homework, at iba pa.)

Pagkatapos maglista sa pisara, sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti kung ilan sa kanilang mga aktibidad ang nakatuon sa kanilang sarili. (Maaari mong ipatukoy sa kanila kung para sa kanilang sarili, para sa iba, o para sa Diyos ang mga bagay na nakalista sa pisara.)

- Ano ang matututuhan natin sa aktibidad na ito?
- Ano ang ilang paraan na maaari nating mas madalas na pagtuunan ang kapakanan ng iba at naising mahalin sila, gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili?
- Ano ang ilan sa mga paraan na magagawa natin ito maging sa mga aktibidad na ginagawa natin para sa ating sarili? (Maaaring kasama sa mga halimbawa ang pananghalian kasama ang mga taong tila nalulungkot o pagpuri sa iba sa ating mga aktibidad sa paaralan.)
- Sa inyong palagay, paano makatutulong sa pagsulong natin sa buhay na walang hanggan ang pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa-tao gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:29. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pangalawang tanong ng tagapagtanggol kay Jesus.

- Ano ang pangalawang tanong ng tagapagtanggol?

Ihanda ang ilang estudyante sa pagsasadula ng talinghaga ng mabuting Samaritano sa Lucas 10:30–35. Anyayahan ang isang estudyante na maging narrator at ang iba ay sa papel na sugatang lalaking Judio, dalawang magnanakaw, isang saserdote, isang Levita, at ang Samaritano. (Kung kakaunti lang ang estudyante mo, maaari silang gumanap sa maraming tauhan.) Maaari kang maghanda ng ilang props, maaaring isama rito ang mga name tag, ekstrang damit na kukunin sa lalaking Judio, dalawang lalagyan na kakatawan sa langis at alak, isang upuang may gulong para kunwari ay hayop, at dalawang barya bilang dalawang denario. (*Paalala:* Maaaring ikaw ang pumili ng gaganap sa dula-dulaan at bigyan sila ng espesipikong mga instruksyon bago magklase para matiyak na magiging epektibo, angkop, at ligtas ang dula-dulaan.)

Ipabasa nang malakas sa narrator ang Lucas 10:30–35, at sabihin sa kasali na isadula ang talinghaga. Sabihin sa iba pa sa klase na makinig at manood, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas kung sino ang ating kapwa-tao. Pagkatapos magdula-dulaan, paupuin na ang mga estudyante.

- Alin sa mga ginawa ng Samaritano ang nagpahanga sa inyo nang husto?

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan kung ano ang maaaring asahan sa isang saserdote, Levita, at Samaritano, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na paliwanag:

Sa nakasulat na batas ni Moises, ang mga saserdote at Levita ay inatasan [at may resposibilidad] na paglingkuran ang Diyos at kanilang kapwa-tao, kapwa sa loob ng templo at bilang mga guro at huwaran sa pagsunod sa mga batas ng Diyos. Alam ng mga mayhawak na ito ng priesthood ang tungkol sa kautusang "iibigin ninyo ang inyong kapuwa na gaya ng sa inyong sarili" (Levitico 19:18). Sa

katunayan, ang mga Levita ay inutusan lalo na sa pagtulong sa mga manlalakbay sa ikabubuhay nito at sa iba pang mga paraan (tingnan sa Levitico 25:35–36). Sa kabilang banda, "Bahagyang Israelita at bahagyang Gentil ang mga Samaritano. Ang kanilang relihiyon ay pinaghalong mga paniniwala at kaugalian ng Judio at pagano. … Nabuo [ang pagkamuhi ng] mga Judio sa mga Samaritano dahil ang mga Samaritano ay tumalikod mula sa relihiyon ng Israelita" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Samaritano, Mga," scriptures.lds.org). Ang mga Judio at Samaritano ay talagang iniiwasan ang bawat isa.

- Sa talinghaga, bakit kaya nakagugulat ang ginawa ng saserdote, Levita at Samaritano?
- Ano ang maaaring mga dahilan ng Samaritano para hindi tulungan ang sugatang Judio?
- Ayon sa Lucas 10:33, bakit naantig ang Samaritano na tumulong nang makita niya ang sugatang lalaki?


Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng nagdalang-habag ay napansin ang pangangailangan o problema ng ibang tao at nakadama ng pagnanais na gawin ang anumang magagawa natin upang tulungan ang taong iyon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:36–37. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kasunod na itinuro ng Tagapagligtas sa tagapagtanggol.

- Paano nasagot ng talinghagang ito ang tanong sa talata 29, "Sino ang aking kapuwa tao?"

Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ang paggamit ng Tagapagligtas sa Samaritano sa talinghagang ito ay nagpapahiwatig na ang ating kapuwa tao ay hindi lamang ang mga taong nakatira malapit sa atin kundi ang sinuman sa mga anak ng Ama sa Langit—kabilang na ang mga yaong pinakamahirap nating mahalin.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:



"Kailangan nating alalahanin na bagama't makakapili tayo ng mga kaibigan, ang Diyos ang pumipili ng mga taong ilalapit sa atin—saan man. Ang pagmamahal ay hindi dapat limitahan. … Sabi ni Cristo, 'Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?' (Mateo 5:46)" ("The Lord's Touchstone," *Ensign,* Nob. 1986, 35).

- Ayon sa Lucas 10:37, ano ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat gawin ng tagapagtanggol?

Sabihin sa mga estudyante na isipin muli ang mga tao na sa akala nila ay mahirap para sa kanila na mahalin.

- Ano ang magagawa natin para mahalin at kahabagan ang mga taong mahirap para sa atin na mahalin?

- Isipin ang panahon na kayo o ang isang kakilala ninyo ay sinunod ang payo ng Tagapagligtas na "ibigin … ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Lucas 10:27). Ano ang naging resulta?

Patotohanan ang mga katotohanang itinuro sa lesson na ito. Isulat sa pisara ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag at ipakumpleto ito sa mga estudyante sa kanilang notebook o scripture study journal: *Tutularan ko ang halimbawa ng mabuting Samaritano sa pamamagitan ng …*

### Susunod na Unit (Lucas 10:38–17:37)

Ipaliwanag sa mga estudyante na pag-aaralan nila sa susunod na unit kung paano paulit-ulit na pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo na nagkukunwaring mga matwid ngunit sa katunayan ay mga makasarili. Sabihin sa kanila na pag-isipan kung paano sila hindi magiging katulad ng mga Fariseo at kung paano sila magiging mas mapagkumbabang tagasunod ni Cristo. Pag-aaralan din nila ang ilan sa iba pang mga talinghaga na ibinigay ni Jesus, kabilang ang talinghaga ng alibughang anak. Sabihin sa kanila na pansinin ang nangyari sa mayamang lalaki na itinuon ang kanyang buhay sa pagpapayaman at hindi tinulungan ang mga maralita.

LESSON 51

# Lucas 10:38–Lucas 12:59

## Pambungad

Tinuruan ng Tagapagligtas sina Maria at Marta sa bahay ni Marta. Kalaunan, itinuro Niya ang maraming katotohanan sa Kanyang mga disipulo tungkol sa panalangin at nagbababala laban sa pagpapaimbabaw at pag-iimbot.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang mga katotohanang natutuhan nila.***

Kung natutuhan ang alituntunin ng ebanghelyo ngunit hindi ito ipinamumuhay, ang pag-aaral ay hindi kumpleto. Ang pamumuhay ayon sa ebanghelyo ay nangyayari kapag tinatanggap ng isang tao ang katotohanan sa kanyang puso at isipan at pagkatapos ay kumikilos ayon sa katotohanang iyan. Hikayatin ang mga estudyante na sundin ang mga espirituwal na inspirasyon na natatanggap nila para maipamuhay ang mga katotohanang natutuhan nila.

### Lucas 10:38–42

*Tinuruan ni Jesus sina Maria at Marta*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga pagpiling ginawa nila kahapon. Sabihin sa kanila na isulat sa loob ng isang minuto ang marami sa mga pagpiling iyon hanggang kaya nila sa kanilang notebook o scripture study journal. Sabihin sa ilang estudyante na magreport sa klase tungkol sa ilan sa kanilang mabubuting pagpili.

- Ano ang ilang sitwasyon na maaaring kailanganin nating pumili sa dalawang mabuting bagay?

Habang pinag-aaralan ng mga estudyante ang Lucas 10:38–42, sabihin sa kanila na alamin ang alituntuning itinuro ng Tagapagligtas na gagabay sa ating pasiya o pagpili—lalo na kapag mahigit sa isang mabuting bagay ang pagpipiliian natin.

Ipaliwanag na matapos magturo ng talinghaga ng mabuting Samaritano, ang Tagapagligtas ay naglakbay papuntang Betania at dumalaw sa tahanan ng isang babaeng nagngangalang Marta.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:38–40. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang piniling gawin ni Marta at ng kanyang kapatid na si Maria habang nasa kanilang tahanan ang Tagapagligtas.

- Ano ang ginawa ni Maria habang nasa kanilang tahanan ang Tagapagligtas?
- Ano ang ginawa ni Marta? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *naliligalig* sa talata 40 ay nahihirapan.)




Idispley ang larawang Sina Maria at Marta (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 45; tingnan din sa LDS.org). Ipaliwanag na ang pag-aasikaso sa bisita ay napakahalaga sa panahon ni Jesus. Sinikap ni Marta na gawin ang karaniwang inaasahan sa kanya bilang punong-abala o nag-aasikaso sa mga bisita. Nakatuon siya sa mga temporal na bagay tulad ng paghahanda at pagsisilbi ng pagkain.

- Ayon sa talata 40, ano ang hiniling ni Marta sa Tagapagligtas na nagpapakita na nag-aalala siya sa mga bagay na temporal?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 10:41–42. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang tugon ng Tagapagligtas kay Marta.

- Ano kaya ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "Isang bagay ang kinakailangan: sapagka't pinili ni Maria ang magaling na bahagi"?


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Marapat purihin si Marta na 'naliligalig at nababagabag tungkol sa maraming bagay' (t. 41), ngunit ang matutuhan ang ebanghelyo mula sa Pinunong Guro ay higit na 'kailangan' " ("Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 104).

- Ano kaya ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang ang "magaling na bahagi" na pinili ni Maria ay "hindi aalisin sa kaniya" (Lucas 10:42)? (Sa pagpili na makinig sa Tagapagligtas sa halip na magtuon sa mga bagay na temporal, si Maria ay tatanggap ng mga pagpapalang epirituwal, na walang hanggan.)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa sinabi ng Tagapagligtas kay Marta? (Maaaring masabi ito ng mga estudyante sa ibang salita, ngunit kailangan nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung pipiliin nating ituon ang ating sarili sa mga bagay na espirituwal kaysa sa mga bagay na temporal, makatatanggap tayo ng walang hanggang pagpapala.**)
- Paano natin maitutuon ang ating sarili sa mga bagay na espirituwal at kasabay nito ay maaasikaso pa rin ang ibang mga bagay na "kinakailangan" (Lucas 10:42) pero hindi gaanong mahalaga?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Oaks:



"Habang iniisip natin ang iba't ibang pagpipilian, dapat nating tandaan na hindi sapat na maganda ang isang bagay. Ang ibang mga pagpipilian ay mas maganda, at may iba pang pinakamaganda. …

"Pag-isipan kung paano natin ginagamit ang ating oras sa pagpili ng panonoorin sa telebisyon, lalaruing mga video game, hahanapin sa Internet, o babasahing mga aklat o magasin. Siyempre pa magandang panoorin ang makabuluhang palabas o makakuha ng nakawiwiling impormasyon. Ngunit hindi lahat ng ganitong uri ng bagay ay nararapat pag-ukulan ng ating panahon para makamtan. May ilang bagay na mas maganda, at may ibang pinakamaganda" ("Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," Ensign o Liahona, Nob. 2007 105).

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin ang listahan ng mga pinili nila kahapon at lagyan ng label na "maganda," "mas maganda," o "pinakamaganda" ang bawat isa sa mga ito. Anyayahan ang isa o dalawang estudyante na magpatotoo kung paano sila napagpala nang unahin nila ang mga bagay na espirituwal kaysa mga bagay na temporal.

## Lucas 11

### *Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa panalangin*

Sabihin sa mga estudyante na isipin na kunwari ay mga full-time missionary sila na nagtuturo ng isang investigator na ilang beses nang nagdasal pero pakiramdam niya ay hindi sumasagot ang Diyos. Naisip ng investigator na huwag nang magdasal.

- Batay sa sarili ninyong mga karanasan, ano ang isasagot ninyo sa problema niya?

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Lucas 11, sabihin sa kanila na alamin ang mga katotohanan na makatutulong sa isang tao na nakadaramang hindi sinasagot ng Diyos ang kanyang mga panalangin.

Ibuod ang Lucas 11:1–4 na ipinapaliwanag na matapos marinig ang panalangin ni Jesus, hiniling ng isa sa Kanyang mga disipulo na turuan Niya sila kung paano manalangin, at tinuruan nga sila ng Tagapagligtas.

Ipaliwanag na pagkatapos turuan ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo kung paano manalangin, gumamit Siya ng mga analohiya upang maituro ang mga karagdagang katotohanan tungkol sa panalangin, kabilang ang pagnanais ng Diyos na sumagot sa mga panalangin.

Sabihin sa mga estudyante na magpartner-partner at pag-aralan ang Lucas 11:5–13, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa panalangin. Ituro ang mga idinagdag ng Joseph Smith Translation sa mga talata 5 at 13. Ang mga karagdagang ito ay matatagpuan sa Joseph Smith Translation, Luke 11:5–6 (sa Luke 11:5, footnote *a*) at Joseph Smith Translation, Luke 11:14 (sa Luke 11:13, footnote *a*) sa LDS Edition ng Biblia. Pagkatapos ng sapat na oras, itanong sa klase:

- Sa talinghagang binasa ninyo sa mga talata 5–8, ano ang ipinakiusap ng isang tao sa kanyang kaibigan? Bakit?
- Sa palagay ninyo, bakit tinugon ng kaibigan ang pakiusap nito? (Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *pagbagabag* sa talata 8 ay tumutukoy sa pagiging masigasig ng lalaki kahit noong una ay tumanggi ang kanyang kaibigan sa pakiusap niya.)
- Kung tayo ang taong nangangailangan, at ang kanyang kaibigan na may tinapay ay ang ating Ama sa Langit, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating gawin sa oras ng pangangailangan?

Isulat ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag sa pisara: *Kung masigasig tayong mananalangin at hihingi ng mga pagpapala sa Ama sa Langit sa oras ng pangangailangan, …*

- Ayon sa talata 13, ano ang ipinagkakaloob ng Ama sa Langit sa mga masigasig manalangin at humingi ng Kanyang mga pagpapala?
- Batay sa mga turo ng Tagapagligtas sa Lucas 11:5–13, ano ang idurugtong ninyo para makumpleto ang pahayag na nasa pisara? (Matapos sumagot ang mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag sa pisara para maituro nito ang sumusunod na katotohanan: **Kung masigasig tayong mananalangin at hihingi ng mga pagpapala sa Ama sa Langit sa oras ng pangangailangan, sasagutin Niya ang ating mga panalangin sa paraang lalo tayong mapagpapala.**)

Anyayahan ang mga estudyante na magbahagi ng mga halimbawa tungkol sa mga pagkakataong nakatanggap sila ng mga sagot sa kanilang mga panalangin nang masigasig silang humingi ng mga pagpapala sa Ama sa Langit.

Ibuod ang Lucas 11:14–54 na ipinapaliwanag na pinaalis ni Jesus ang isang demonyo mula sa isang lalaki, pinayuhan ang mga tao na pakinggan ang salita ng Diyos, at pinagsabihan ang mga Fariseo at mga eskriba dahil sa kanilang kamangmangan sa aspetong espirituwal at kasamaan.

## Lucas 12

### *Ang Tagapagligtas ay nagbabala laban sa pagpapaimbabaw o pagkukunwari at kasakiman*

Basahin sa klase ang mga sumusunod na tanong at sabihin sa mga estudyante na tahimik na pag-isipan ang kanilang mga isasagot:

- May isang bagay ba kayong gustung-gusto kaya ito na lang ang laman ng isip ninyo?
- Ano ang negatibong epekto sa atin ng ganitong uri ng pag-iisip?

Ibuod ang Lucas 12:1–13 na ipinapaliwanag na habang nakatayo ang Tagapagligtas sa harap ng maraming tao, itinuro Niya sa Kanyang mga disipulo na iwasan ang pagpapaimbabaw o pagkukunwari. Ipinaalala rin Niya sa kanila na lahat ng mga nakatagong bagay ay ipahahayag balang-araw at kilala at pinangangalagaan ng Diyos ang Kanyang mga anak. Pagkatapos ay hiniling ng isang lalaki sa

Tagapagligtas kung pwede Niyang kausapin ang kapatid nito at hikayatin ito na bahagian siya ng mana.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 12:14–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ng Tagapagligtas sa kahilingan ng lalaki.

- Anong babala ang ibinigay ng Tagapagligtas sa mga taong kasama Niya?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *kasakiman* ay labis na paghahangad na maangkin ang isang bagay. Isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Iniutos sa atin ng Panginoon na huwag nating pag-imbutan ang mga bagay-bagay ng mundo.**

- Bakit dapat umiwas sa kasakiman o pag-iimbot ang isang tao? Paano tayo matutulungan ng katotohanang ito na mamuhay nang mas masaya?

Ipaliwanag na pagkatapos sabihin ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na iwasan ang kasakiman, nagbigay Siya ng isang talinghaga para ituro ang kahalagahan ng kautusang ito. Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Lucas 12:16–19, na inaalam kung ilang beses ginamit ng lalaki sa talinghaga ang mga salitang *ako* at *akin.* Sabihin sa mga estudyante na maglahad tungkol sa nalaman nila.

- Ano ang itinuturo sa atin ng madalas na paggamit ng lalaki ng *ako* at *akin* tungkol sa mga bagay na labis niyang inaalala?
- Sa anong mga paraan maaari tayong maging katulad ng lalaking ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 12:20–21. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Diyos tungkol sa kasakiman at pag-iimbot ng lalaking ito. Sabihin sa mga estudyante na maglahad tungkol sa nalaman nila.

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. (Ang pahayag na ito ay matatagpuan sa "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2005, 44):

> *"Ang pinakamahalaga ay kung ano ang [mananatili hanggang sa kabilang buhay]" (Elder M. Russell Ballard).*

- Sa papaanong paraan nabigo ang mayamang lalaki sa talinghaga na magtuon sa "pinakamahalaga"?
- Bakit maituturing na kahangalan ang ginawa ng lalaking ito?

Ibuod ang Lucas 12:22–30 na ipinapaliwanag na binigyang-diin ng Panginoon na hindi kailangang mag-alala nang husto ang Kanyang mga disipulo tungkol sa kanilang temporal na mga pangangailangan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 12:31–34. Sabihin din sa kanya na basahin ang Joseph Smith Translation, Luke 12:34. Sabihin sa klase na

tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ipinayo ng Tagapagligtas na dapat hangarin ng Kanyang mga disipulo sa halip na magtuon sa makasarili nilang mga hangarin.

- Ano ang ipinayo ni Jesus na dapat hangarin ng Kanyang mga disipulo?
- Ano ang ipinangako sa kanila kung hahangarin nilang itatag ang kaharian ng Diyos?
- Paano ninyo ibubuod ang mga turo ng Tagapagligtas sa Lucas 12:31–34 bilang isang alituntunin? (Maaaring sariling salita ang gamitin ng mga estudyante, ngunit kailangan nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung hahangarin nating itatag ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang kabutihan, tutulungan Niya tayo na makapaglaan para sa ating mga pangangailangan at maghahanda ng lugar para sa atin sa Kanyang kaharian.**)
- Sa paanong paraan maaari nating itatag ang kaharian ng Diyos? (Sa pagsagot ng mga estudyante, maaari mong banggitin sa kanila ang alituntuning natukoy nila tungkol sa pagtutuon ng ating sarili sa mga bagay na espirituwal kaysa mga bagay na temporal.)

Magpatotoo kung paano ka napagpala nang hangarin mong unahin ang mga bagay na espirituwal kaysa mga bagay na temporal at itatag ang kaharian ng Diyos. Hikayatin ang mga estudyante na pag-isipan kung mas nakatuon sila sa mga bagay na espirituwal o sa mga bagay na temporal. Sabihin sa kanila na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal kung ano ang gagawin nila para unahin ang mga bagay na espirituwal kaysa mga bagay na temporal at itatag ang kaharian ng Diyos.

Ibuod ang Lucas 12:35–59 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga tagasunod na maghanda sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Tinulungan Niya sila na maunawaan na sinumang "binigyan ng marami, … marami ang hihingin" (talata 48), at ipinaliwanag Niya na dahil sa Kanyang ebanghelyo magkakabaha-bahagi ang maraming tao.

LESSON 52

# Lucas 13-14

## Pambungad

Si Jesus ay nagturo tungkol sa pagsisisi at sa kaharian ng Diyos, at nagpagaling sa araw ng Sabbath. Gumagamit din Siya ng mga talinghaga upang ituro ang tungkol sa pagpapakumbaba at ang mga hinihingi sa pagiging disipulo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 13:1–14:14

*Si Jesus ay nagpagaling sa araw ng Sabbath at nagturo tungkol sa pagpapakumbaba at pagmamalasakit sa mga kapus-palad*

Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon: Kunwari ay nakaupo ka at nananghalian kasama ang ilang kaibigan, at napansin nila ang isang estudyante na luma ang damit at mag-isang nakaupo. Isa sa iyong grupo ang nagsalita ng hindi maganda tungkol sa hitsura ng estudyante, at nagtawanan ang iyong mga kaibigan.

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti ang madarama nila sa sitwasyong ito.

- Ano ang ilan sa iba't ibang paraan na maaari ninyong gawin sa sitwasyong ito?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang itinuro ng Tagapagligtas sa Lucas 13–14 tungkol sa pakikitungo sa mga taong mas kapus-palad kaysa sa atin.

Ibuod ang Lucas 13:1–14:6 na ipinapaliwanag na nagkuwento ang Tagapagligtas ng isang talinghaga tungkol sa puno ng igos na puputulin kung hindi ito magbubunga, na nagtuturo na tayo ay masasawi kung hindi tayo magsisisi. Siya ay nagpagaling ng isang babae sa araw ng Sabbath at nagturo tungkol sa kaharian ng Diyos at tungkol sa mga taong pahihintulutang makapasok dito. Siya rin ay nanangis dahil sa nalalapit na pagkawasak ng Jerusalem. Sa Lucas 14:1–6, mababasa natin na ang Tagapagligtas ay inanyayahang kumain sa bahay ng isa sa mga punong Fariseo sa araw ng Sabbath. Bago kumain, pinagaling ng Tagapagligtas ang isang lalaking namamaga ang katawan.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Ipabasa nang tahimik sa isang estudyante sa bawat magkapartner ang Lucas 13:15–16 at ipabasa nang tahimik sa isa pang kapartner na estudyante ang Lucas 14:5–6. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isinagot ng Tagapagligtas sa mga Fariseo na nag-akusa sa Kanya na nilabag Niya ang araw ng Sabbath sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga taong ito. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi sa kanilang mga kapartner ang nalaman nila.

Pagkatapos ng sapat na oras, itanong sa klase:

- Anong mga kataga ang nagpapahiwatig ng mga bagay na gagawin ng mga Fariseo sa kanilang mga hayop sa araw ng Sabbath? (Kakalagan ang mga hayop at kukunin sa hukay.)
- Ano ang matututuhan natin sa halimbawa ng Tagapagligtas tungkol sa paggalang at pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath? (Ang paglilingkod sa mga taong nangangailangan ay angkop sa araw ng Sabbath. Ang mabuting

halimbawa ng Tagapagligtas ay naiiba sa ugali ng ilang Fariseo na binibigyang-katwiran ang pagtulong sa mga hayop ngunit hindi sa pagtulong sa mga tao sa araw ng Sabbath.)

Ibuod ang Lucas 14:7–11 na ipinapaliwanag na matapos pagalingin ang lalaking namamaga, pinagsabihan ng Tagapagligtas ang iba pang mga panauhin sa hapunan dahil itinataas nila ang kanilang sarili sa pag-upo sa pangulong luklukan, na pinakamalapit sa kinauupuan ng taong nag-anyaya sa kanya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 14:12–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa Fariseong nag-imbita sa Kanya na kumain.

- Ano ang ipinayo ng Tagapagligtas sa Fariseong ito?
- Ano ang ilang posibleng dahilan kung bakit inaanyayahan kumain ng mga tao ang kanilang mga kaibigan at mayayamang kapitbahay?

Ipaliwanag na sa panahon ng Tagapagligtas, ang mga pingkaw, lumpo, o bulag ay nahihirapang maglaan para sa kanilang sarili kaya sila maralita. Kinukutya ng ilang Fariseo ang mga taong ito (tingnan sa Lucas 16:14–31).

- Ano ang ilang dahilan kung bakit kinukutya ng mga tao sa kasalukuyan ang iba?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa Lucas 14:14 tungkol sa pagtulong sa mga taong mas kapus-palad kaysa sa atin? (Ang sumusunod ay isang alituntunin na maaaring matukoy ng mga estudyante: **Kung nagsisikap tayong tulungan ang mga taong mas kapus-palad kaysa sa atin, gagantimpalaan tayo ng Panginoon sa Pagkabuhay na Mag-uli.**)

Ipaliwanag na bukod pa sa gantimpala sa atin sa Pagkabuhay na Mag-uli, pagpapalain din tayo ng Panginoon sa buhay na ito kapag nagsisikap tayong tulungan ang mga taong mas kapus-palad kaysa sa atin.

- Sa paanong paraan natin matutulungan ang mga taong mas kapus-palad kaysa sa atin?
- Paano kayo, o ang isang kakilala ninyo, napagpala sa pagsisikap na tulungan ang mga taong mas kapus-palad?

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng mga paraan na matutulungan nila ang mga taong mas kapus-palad kaysa sa kanila. Hikayatin silang magsulat sa kanilang scripture study journal o notebook ng isang mithiin na paglingkuran ang mga taong mas kapus-palad kaysa sa kanila.

## Lucas 14:15–35

### *Inilahad ni Jesus ang talinghaga ng malaking hapunan at itinuro ang tungkol sa hinihingi sa pagiging disipulo*

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa pisara ang ilang bagay na maaaring hilingin sa kanila na isakripisyo o isuko bilang mga disipulo ni Jesucristo.

- Ano ang ilang dahilan na maaaring matukso ang ilang tao na gamitin para makaiwas sa mga pagsasakripisyong ito?

Sabihin sa klase na alamin sa kanilang patuloy na pag-aaral ng Lucas 14 ang mga alituntunin na nagtuturo ng mga hinihingi ni Jesucristo sa Kanyang mga disipulo.

Ipaliwanag na pagkatapos payuhan ng Tagapagligtas ang Fariseo na anyayahan ang mga kapus-palad sa kainan, sinabi sa Kanya ng isang tao na nasa silid, "Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Dios" (Lucas 14:15). Bilang tugon sa pahayag na ito, inilahad ng Tagapagligtas ang talinghaga ng malaking hapunan.

Ipabasa nang malakas sa mga magkakapartner sa simula ng lesson ang Lucas 14:16–24. Ipahanap sa isang estudyante sa bawat magkakapartner ang paanyaya na natanggap ng mga tao sa talinghaga. Ipahanap naman sa isa pang estudyante sa bawat magkakapartner ang mga pagdadahilan ng mga tao sa pagtanggi sa paanyaya. Pagkatapos mabigyan ng sapat na oras, itanong sa klase:

- Paano maihahalintulad ang ebanghelyo ni Jesucristo sa isang malaking hapunan? (Maaaring kasama sa mga sagot ang sumusunod: ang ebanghelyo ay isang kaloob na inihanda para sa atin; maaari tayong mapuspos nito at matugunan ang ating mga pangangailangan; inanyayahan tayong makibahagi rito; at maaari nating tanggapin o hindi ang paanyaya na makibahagi rito.)
- Ano ang mga idinahilan ng mga taong hindi tinanggap ang paanyaya sa malaking hapunan?
- Ano ang ipinapakita ng mga dahilang ito tungkol sa mga priyoridad ng mga taong ito?

Ayon sa talata 24, ano ang mangyayari kapag inuna natin ang ibang bagay kaysa sa Panginoon at sa Kanyang ebanghelyo? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung uunahin natin ang ibang bagay kaysa sa Panginoon at sa Kanyang ebanghelyo, mawawala ang mga pagpapala na matatanggap sana natin.**)

Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang nakalista sa pisara tungkol sa mga sakripisyong maaaring hilingin sa kanila bilang mga disipulo ni Jesucristo.

- Anong mga pagpapala ang maaaring mawala sa atin kung hindi tayo handang gawin ang mga sakripisyong ito?

Ipaliwanag na matapos ituro ang talinghagang ito, nagsalita ang Tagapagligtas tungkol sa mga bagay na hinihingi Niya sa Kanyang mga disipulo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 14:25–27. Ipaliwanag na nilinaw sa Joseph Smith Translation ang mga turo ng Tagapagligtas sa Lucas 14:25–27: "Nagsisama nga sa kaniya ang lubhang maraming tao; at siya'y lumingon at sa kanila'y sinabi, Kung ang sinomang tao'y pumaparito sa akin, at hindi napopoot sa kaniyang sariling ama, at ina, at asawang babae, at mga anak, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, o asawang lalake, oo, at pati sa kaniyang sariling buhay man; o sa madaling salita, ay natatakot ialay ang kaniyang buhay alang-alang sa akin, hindi siya maaaring maging alagad ko. Sinomang hindi nagdadala ng kaniyang krus, at sumusunod sa akin, ay hindi maaaring maging alagad ko. Kaya't isapuso ninyo ito, na inyong gagawin ang mga bagay na ituturo, at iuutos ko sa inyo."

***Paggamit ng mga tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan***

Ang Simbahan ay naghanda ng ilang tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at isinama ang mga ito sa standard works para sa ilang wika. Kabilang sa mga tulong na ito sa pag-aaral ang mga footnote, topical index, mga larawan, at mga mapa. Ang mga ito ay mahalaga sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Hikayatin ang mga estudyante na gamitin ang mga tulong na ito sa kanilang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat handang gawin ng Kanyang mga disipulo?


Ipaliwanag na ang isang kahulugan ng salitang Griyego na isinalin bilang *pagkapoot* ay "bawasan ang pagmamahal" (James Strong, *The Exhaustive Concordance of the Bible* [1890], "misĕō," 48). Ipinapaliwanag ng Tagapagligtas na para sa Kanyang mga disipulo, ang katapatan sa pamilya o maging sa sariling buhay ay kailangang pumangalawa lang sa katapatan sa Kanya (tingnan din sa Mateo 10:37). Ang pasanin ng isang tao ang kanyang krus ay tumutukoy sa pagpapako sa krus at sumasagisag sa kahandaang ibigay ang buhay para kay Cristo, na nagbigay ng Kanyang buhay para sa atin (tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 16:26 [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan).

- Anong mga katotohanan ang matututuhan natin tungkol sa pagiging mga disipulo ni Jesucristo mula sa mga talatang ito? (Maaaring makatukoy ang mga estudyante ng iba't ibang katotohanan, ngunit tiyaking matukoy nila ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Ang mga disipulo ni Cristo ay dapat handang magsakripisyo ng lahat ng bagay para sumunod sa Kanya.** Maaari mong sabihin sa mga estudyante na isulat ang katotohanang ito sa margin na katabi ng Lucas 14:25–27.)
- Sa palagay ninyo, bakit kinakailangang unahin si Jesucristo ng Kanyang mga disipulo sa lahat ng bagay, kabilang ang kanilang pamilya at sariling buhay?

Isulat sa pisara ang mga katagang *Pagpasiyahan ito sa inyong mga puso* (tingnan sa Joseph Smith Translation, Luke 14:27).

- Sa inyong palagay, ano ang ibig sabihin ng mga katagang "pagpasiyahan ito sa inyong mga puso"? (Ipaliwanag na ang kahulugan ng *pagpasiyahan* sa kontekstong ito ay magdesisyon nang may matibay na determinasyon.)
- Ano ang gusto ng Panginoon na pagpasiyahan natin sa ating mga puso?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa Joseph Smith Translation ng Luke 14:27? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag ipinasiya natin sa ating puso na gawin ang itinuro at iniutos ni Jesucristo sa atin, tayo ay nagiging Kanyang mga disipulo.**)

Bigyan ang mga estudyante ng kopya ng pahayag ni Elder Larry W. Gibbons ng Pitumpu. Ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang magagawa natin para maipamuhay ang alituntuning ito.



"Sa pagsisimula ninyong ayusin ang inyong mga priyoridad sa buhay, tandaan, na ang tanging seguridad sa buhay ay ang pagsunod sa mga utos. …

"… Kaygandang makapagpasiya nang maaga sa buhay kung ano ang gagawin sa mga bagay na patungkol sa katapatan, kahinhinan, kalinisang-puri, sa Word of Wisdom, at kasal sa templo.

Mga kapatid, manatili sa tuwid at makipot na daan. Hindi pala, manatili sa *gitna* ng tuwid at makitid na daan. Huwag maliligaw; huwag maging pabaya; maging maingat.

"… Ang pamumuhay ng mga utos ay magdudulot sa inyo ng kaligayahang hinahanap ng napakaraming tao sa ibang lugar" ("Samakatwid, Pagpasiyahan Ito sa Inyong mga Puso," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 103, 104).

- Ano ang isang kautusan na pinagpasiyahan ninyong susundin kahit anong mangyari? Paano kayo napagpala sa pagpapasiyang sundin ang kautusang iyan?

Hikayatin ang mga estudyante na pagpasiyahan sa kanilang puso "kung ano ang [kanilang] gagawin … [at] … [hindi gagawin] sa mga bagay na patungkol sa katapatan, kahinhinan, kalinisang-puri, sa Word of Wisdom, at kasal sa templo." Maaari ninyong anyayahan ang mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang kanilang mga pasiya.

Ipaliwanag na matapos ituro ang mga alituntuning ito tungkol sa pagkadisipulo, ang Tagapagligtas ay nagbigay ng dalawang analohiya. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 14:28–30 at sa isa pang estudyante ang Lucas 14:31–33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuturo ng dalawang analohiyang ito.

- Ano sa palagay ninyo ang itinuturo ng dalawang analohiyang ito?

Ipaliwanag na ang dalawang analohiya ay nagtuturo ng kahalagahan ng pagsasaalang-alang, o pag-alam, ng halaga ng gagawin bago simulan ito upang malaman kung kaya ninyo itong tapusin. Gusto ng Tagapagligtas na pag-isipang mabuti ng Kanyang mga tagasunod kung handa silang magsakripisyo anuman ang hingin sa kanila upang patuloy silang maging disipulo Niya sa buong buhay nila. (Tingnan din sa Joseph Smith Translation, Luke 14:31.)

Sabihin sa mga estudyante na muling pag-isipan ang nakasulat na mga sakripisyo sa pisara. Anyayahan ang ilan sa kanila na ipaliwanag kung bakit handa silang gawin ang mga sakripisyong ito bilang mga disipulo ni Jesucristo.

Maaaring anyayahan ang mga estudyante na markahan ang talata 33, na nagbibigay ng simpleng buod ng mga turo ng Tagapagligtas sa kabanatang ito. Patotohanan ang mga tinalakay mo.

LESSON 53

# Lucas 15

## Pambungad

Ang mga Fariseo at mga eskriba ay dumaing tungkol sa pakikisalamuha ng Tagapagligtas sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan. Tumugon ang Tagapagligtas sa kanila sa pagbibigay ng talinghaga ng nawawalang tupa, ng nawawalang barya, at ng alibughang anak.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 15:1–10

*Ibinigay ni Jesus ang talinghaga ng nawawalang tupa at ng nawawalang isang putol na pilak o barya*

Simulan ang klase sa pagtatanong sa mga estudyante kung nawalan na sila ng isang bagay na mahalaga sa kanila.

- Ano ang handa ninyong gawin para mahanap ito? Bakit?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng espirituwal na "nawawala" ang isang tao? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ito ay maaaring tumukoy sa mga taong hindi pa natatanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo o hindi kasalukuyang namumuhay ayon sa mga turo ng ebanghelyo.)

Sabihin sa klase na mag-isip ng isang taong kakilala nila na maaaring espirituwal na nawawala. Sabihin sa kanila na pagnilayan ang nadarama nila tungkol sa taong ito.

Ipaliwanag na ang Lucas 15 ay naglalaman ng mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa mga taong espirituwal na nawawala. Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga katotohanan sa Lucas 15 tungkol sa nadarama ng Ama sa Langit sa mga taong espirituwal na nawawala at ang mga responsibilidad natin sa kanila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 15:1–2. Sabihin sa klase sa tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang nagsilapit kay Jesus at ano ang dinaing ng mga Fariseo at mga eskriba tungkol dito.

- Sino ang mga nagsilapit sa Tagapagligtas? Bakit nangagbulung-bulungan o dumaing ang mga Fariseo at mga eskriba?
- Ano ang ipinapakita ng pagbubulung-bulungan na ito tungkol sa mga Fariseo at mga eskriba?

Ipaliwanag na nagsalita sa kanila ang Tagapagligtas sa pagbibigay ng tatlong talinghaga: isa ay tungkol sa nawawalang tupa, ang isa ay tungkol sa nawawalang isang putol na pilak o barya, at ang isa pa ay tungkol sa nawawalang anak. Ang mga talinghagang ito ay nilayong magbigay ng pag-asa sa mga makasalanan gayundin upang kondenahin ang pagpapaimbabaw at pagmamalinis ng mga eskriba at mga Fariseo. Sabihin sa mga estudyante na pansinin kung bakit ang paksa sa bawat talinghaga ay tungkol sa pagkawala at kung paano ito nakita.

Isulat sa pisara ang sumusunod na chart o ibigay ito sa mga estudyante bilang handout. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante, at sabihin sa isang estudyante na pag-aralan ang Lucas 15:3–7 at sa isa namang estudyante ang Lucas 15:8–10. Ipabasa sa mga estudyante ang naka-assign na mga talinghaga sa kanila, na inaalam ang mga sagot sa mga tanong na nasa kaliwang column. (Ang pangatlong talinghaga ay tatalakayin kalaunan sa lesson.)

## Mga Talinghaga ng Nawawalang Tupa, ng Isang Putol na Pilak o Barya, at ng Anak

| | Lucas 15:3–7 | Lucas 15:8–10 | Lucas 15:11–32 |
|---|---|---|---|
| Ano ang nawawala? | | | |
| Bakit ito nawala? | | | |
| Paano ito nahanap? | | | |
| Anong mga salita o kataga ang naglalarawan sa reaksyon nang nahanap ito? | | | |

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang naka-assign na talinghaga sa kanila, at sabihin sa kanilang mga kapartner ang mga sagot nila sa mga tanong na nasa chart. Kapag tapos na ang mga magkakapartner sa bawat grupo, papuntahin ang ilan sa pisara at isulat sa chart ang kanilang mga sagot o (kung hindi mo isinulat ang chart sa pisara) ipabahagi ang kanilang mga sagot sa klase.

- Ano ang kaibhan ng pagkawala ng tupa sa pagkawala ng isang putol na pilak o barya? (Ang tupa ay nawala nang hindi sinadya, samantalang ang putol na pilak o barya ay nawala dahil sa kapabayaan ng may-ari nito [tingnan sa David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1945, 120, 121–22].)
- Ayon sa talata 7 at 10, ano ang kinakatawan ng nahanap na isang putol na pilak o barya at tupa? (Kumakatawan ang mga ito sa isang makasalanan na nagsisi at bumaling sa Diyos.)
- Ano ang ating responsibilidad sa mga nawawala, kahit ano pa ang dahilan ng kanilang pagkawala?

Isulat ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag sa pisara: *Kapag tinulungan natin ang iba na magkaroon ng hangaring magsisi, …*

- Batay sa reaksyon ng mga taong nahanap ang mga nawawala, ano ang idurugtong ninyo para makumpleto ang pahayag na nasa pisara? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag tinulungan natin ang iba na magkaroon ng hangaring magsisi, nagagalak tayo at natutuwa ang kalangitan.** Kumpletuhin ang nakasulat na alituntunin sa pisara. Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na isulat ang alituntuning ito sa kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Lucas 15:1–10.)

- Paano ninyo o ng isang taong kilala ninyo tinulungan ang isang taong espirituwal na nawawala na magkaroon ng hangaring magsisi o lumapit sa Ama sa Langit? Kailan kayo tinulungan ng isang tao? (Paalalahanan ang mga estudyante na huwag magbahagi ng anumang napakapersonal o napakapribadong bagay.)

### Lucas 15:11–32

*Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng alibughang anak*

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti ang sumusunod na sitwasyon: Isang dalagita ang nakagawa ng mabibigat na kasalanan at hindi na nagdarasal at nagsisimba. Nakadama siya ng pagnanais na simulan ang pagdarasal at pagsunod sa mga pamantayan ng Panginoon, pero nag-alala siya na baka ayaw na Niya na bumalik siya.

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung may kilala sila na parang ganito ang sitwasyon. Ipaliwanag na ang pangatlong talinghaga sa Lucas 15 ay kuwento tungkol sa isang alibugha (ibig sabihin ay maaksaya at maluho) na anak, sa kanyang nakatatandang kapatid, at sa kanilang ama. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng talinghagang ito na makatutulong sa mga taong nakadarama na wala na silang pag-asa at hindi na makababalik pa.

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo na may tigtatatlong katao. Bigyan ang bawat grupo ng isang kopya ng sumusunod na chart. Ipabasa nang malakas sa mga magkakagrupo ang Lucas 15:11–32. Mag-assign ng isang estudyante na pag-isipan ang talinghaga mula sa pananaw ng alibughang anak, ang pangalawang estudyante naman ay pag-iisipan ito mula sa pananaw ng ama, at ang pangatlong estudyante ay pag-iisipan ito mula sa pananaw ng nakatatandang kapatid.

#### *Mga assignment para sa maliit na grupo*

Sa pagbibigay ng mga assignment sa maliliit na grupo, maaaring hindi matuon ang isipan ng mga estudyante sa layunin ng aktibidad, at baka pag-usapan na lang nila ang mga bagay na personal, o maging kaswal sa kanilang pagsisikap na matuto. Palaging magpalipat-lipat sa bawat grupo at i-monitor ang pinag-aaralan upang matulungan ang mga estudyante na manatiling nakapokus sa gawain at lalo pang matuto sa paggawa ng assignment.

Matapos magbasa ang mga estudyante, sabihin sa kanila na pag-usapan nilang magkakagrupo ang mga tanong sa handout.

Sa halip na ipabasa sa mga estudyante at ipatalakay ang talinghaga, maaari mong ipanood ang video na "The Prodigal Son" (5:35) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos.* Bigyan ang bawat estudyante ng isang kopya ng sumusunod na handout, at sabihin sa kanila na alamin ang mga sagot sa mga tanong habang pinapanood nila ang video. Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org.

## Ang Talinghaga ng Alibughang Anak

### Ang Alibughang Anak

- Ano ang nakatulong sa iyo para magising ka sa iyong pagkakamali, o matanto ang kalunus-lunos na kalagayan na kinasadlakan mo?
- Ano ang inaasahan mong magiging reaksyon ng iyong ama sa iyong pagbabalik?
- Ano kaya ang maiisip at madarama mo kapag malugod kang tinanggap ng iyong ama?

### Ang Ama

- Ano kaya ang maiisip at madarama mo habang wala ang iyong bunsong anak?
- Bakit malugod mo pa ring tatanggapin ang iyong alibughang anak gaya ng ginawa mo?
- Nang maghinanakit ang iyong panganay na anak sa malugod na pagtanggap mo sa kanyang bunsong kapatid, paano mo siya tinulungan na maunawaan ang ginawa mo?

### Ang Nakatatandang Kapatid

- Ano kaya ang maiisip at madarama mo habang wala ang iyong kapatid?
- Bakit mahirap para sa iyo na magalak sa pagbabalik ng iyong kapatid?
- Anong mga pagpapala ang natanggap mo sa pagiging tapat sa iyong ama?

Sabihin sa mga estudyante kung ano ang ilalagay nila sa pangatlong column (Lucas 15:11–32) na nasa chart sa pisara o sa unang handout. Isulat sa pisara ang mga sagot ng estudyante, o sabihin sa mga estudyante na isulat ang kanilang mga sagot sa kanilang mga handout.

- Bakit nawawala ang alibughang anak? (Kumpara sa tupa at isang putol na pilak o barya, nawala ang alibughang anak dahil sa pagrerebelde nito.)
- Sa pagkaunawang ang ama sa talinghagang ito ay kumakatawan sa Ama sa Langit, ano ang matututuhan natin tungkol sa pagtugon ng Ama sa Langit sa mga taong bumabalik sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisisi? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung babalik tayo sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagsisisi at paghingi ng tawad sa Kanya, Siya ay magagalak at malugod tayong tatanggapin.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Paano makatutulong ang alituntuning ito sa mga taong nakadarama na sila ay espirituwal na nawawala?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang nakaaantig na larawan ng sabik at nagmamahal na ama ng binatang ito na patakbong sinalubong siya at pinaghahagkan ay isa sa mga tagpong nakakabagbag-damdamin at puno ng pagkahabag sa lahat ng banal na kasulatan. Ito ay nagsasabi sa bawat anak ng Diyos, alibugha o anupaman, na talagang nais ng Diyos na makabalik tayo nang ligtas sa Kanyang piling" ("The Other Prodigal," *Ensign,* Mayo 2002, 62).

Ipaalala sa mga estudyante ang nakatatandang kapatid.

- Bakit kaya nagalit ang nakatatandang kapatid?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Holland, at sabihin sa klase na pakinggan kung bakit nagalit ang nakatatandang kapatid.



"Ang anak na ito ay hindi gaanong galit sa pagbalik ng kanyang kapatid ngunit sa pagiging masaya ng kanyang mga magulang dahil dito. Dahil akala niya ay hindi siya pinahahalagahan at marahil medyo naawa sa kanyang sarili, ang masunuring anak na ito—at *talaga namang* masunurin siya—ay saglit na nakalimot na hindi niya kailanman naranasan ang marumihan o magdalamhati, matakot o masuklam sa sarili. Sandali niyang nalimutan na lahat ng bisiro sa rantso ay sa kanya at gayon din ang lahat ng kasuotan sa damitan at lahat ng singsing sa taguan. Sandali niyang nalimutan na ang kanyang katapatan ay nagantimpalaan at palaging gagantimpalaan. …

"… Kailangan pa niyang maging mahabagin at maawain, na napakahalagang katangian upang makita na *ang pagbabalik na ito ng kanyang kapatid ay hindi upang makipagkumpetensya sa kanya.* Kapatid niya ito. …

"Ang bunsong kapatid na ito ay talagang naging bilanggo—bilanggo ng kasalanan, kahangalan, at namahay na parang isang baboy. Ngunit bilanggo rin ang nakatatandang kapatid. Hindi pa siya nakaaalis sa kanyang sariling bilangguan. Siya ay talagang nakadarama ng matinding pagkainggit" ("The Other Prodigal," 63).

- Ayon kay Elder Holland, bakit nagalit ang nakatatandang kapatid?
- Ano ang kailangan nating alalahanin kapag nakita natin na kinaaawaan at pinagpapala ng Diyos ang mga yaong nagsisisi at nagbalik sa Kanya?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talinghagang ito tungkol sa pagiging mas katulad ng ating Ama sa Langit? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Magiging mas katulad tayo ng ating Ama sa Langit sa pagpapakita ng pagkahabag at kagalakan kapag nagsisi ang ibang tao.**)

Rebyuhin ang mga alituntuning natutuhan ng mga estudyante mula sa mga talinghaga sa Lucas 15. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano kaya nila magagamit ang mga alituntuning ito upang sabihan ang mga Fariseo at mga eskriba na dumaing o bumulung-bulong nang sumalo si Jesus sa pagkain sa mga makasalanan.

Ipaalala sa mga estudyante ang tungkol sa tao na pag-iisipan nila sa simula ng klase na maaaring espirituwal na nawawala. Hikayatin sila na mapanalanging pag-isipan kung paano nila matutulungan ang taong iyon na magsisi at mas mapalapit sa Ama sa Langit. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang kanilang sagot sa sumusunod na tanong:

- Ano ang isang paraan na magagamit ninyo ang inyong natutuhan sa araw na ito?

LESSON 54

# Lucas 16

## Pambungad

Itinuro ni Jesus ang talinghaga tungkol ng di-tapat na katiwala. Narinig ng mga Fariseo ang mga turo ni Jesus at kinutya Siya. Pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo at itinuro sa kanila ang talinghaga ng taong mayaman at si Lazaro.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 16:1–12

*Itinuro ni Jesus ang talinghaga ng di-tapat na katiwala*

Isiping magdala sa klase ng mga bagay na maaaring kumatawan sa mga kayamanan at kapangyarihan ng mundo, tulad ng pera, electronic device, diploma, laruang kotse, o larawan ng isang bahay.

Simulan ang lesson sa pagtatanong ng:

- Ano ang ilang bagay na madalas paglagakan ng tao ng kanilang mga puso at sinisikap nilang matamo? (Kung nagdala ka sa klase ng mga bagay na may kaugnayan dito, ipakita ang mga ito kapag nabanggit ito ng mga estudyante. Kung wala kang dala, ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)
- Ano ang ilang kayamanan na nais ng Ama sa Langit na hanapin natin? (Ipalista sa isang estudyante ang mga sagot ng klase sa pisara, na maaaring kasama rito ang mga walang-hanggang pamilya, kapayapaan, kagalakan, at kaluwalhatiang selestiyal. Sabihin sa estudyante na isulat ang pamagat na *Walang Hanggang Kayamanan* sa itaas ng listahan.)

Ipaliwanag na matatamasa natin ang ilan sa mga yaong walang hanggang kayamanan sa buhay na ito. Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti kung alin sa mga walang hanggang kayamanan ang talagang mahalaga sa kanila. Sabihin sa kanila na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Lucas 16 na makatutulong sa kanila na matamasa ang mga walang hanggang kayamanan.

Ipaliwanag na matapos ituro ang mga talinghaga ng nawawalang tupa, nawawalang isang putol na pilak o barya, at alibughang anak, itinuro ng Tagapagligtas ang talinghaga ng di-tapat na katiwala. Maaari mong ipaliwanag na ang katiwala ay isang taong namamahala sa negosyo, pera, o ari-arian ng ibang tao.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 16:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nalaman ng mayamang lalaki sa kanyang katiwala.

- Ang ang ginawa ng katiwala sa mga mga pag-aari ng mayamang lalaki?
- Ano ang ibinunga ng pagwawaldas ng katiwala? (Mawawalan siya ng trabaho.)


Ibuod ang Lucas 16:3–7 na ipinapaliwanag na nag-alala ang katiwala sa mangyayari sa kanya kapag nawalan siya ng trabaho dahil hindi niya kaya ang

mabibigat na trabaho at nahihiya siyang manghingi. Gumawa siya ng isang plano na naisip niya na maaaring humantong sa pagkakaroon ng trabaho sa ibang mga bahay. Binisita niya ang dalawang may utang sa mayamang lalaki at binawasan nang malaki ang mga utang nila, sa pag-asang makakahingi siya ng pabor sa kanila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 16:8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng mayamang lalaki tungkol sa ginawa ng kanyang katiwala. Ipaliwanag na ang "mga anak ng sanglibutang ito" ay ang mga taong makamundo ang isipan at na ang "mga anak ng ilaw" ay ang mga tagasunod ng Diyos, o mga taong espirituwal ang isipan.

- Paano tumugon ang mayamang lalaki nang malaman niya ang ginawa ng katiwalang ito? Ano ang pinuri ng mayamang lalaki? (Pinuri ng mayamang lalaki ang katalinuhan ng katiwala dahil nakagawa ito ng paraan na makakagaanan siya ng loob ng mga may utang sa mayamang lalaki. Hindi niya pinupuri ang kawalang katapatan ng katiwala.)

Bigyan ang mga estudyante ng kopya ng sumusunod na pahayag ni Elder James E. Talmage ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang itinuturo ng Tagapagligtas sa talinghaga ng di-tapat na katiwala.



"Ang layunin ng ating Panginoon ay ipakita ang pagkakaiba ng pangangalaga, pagmamalasakit, at katapatan ng mga tao sa mga bagay na may kinalaman sa pagpapayaman o pagkita ng pera sa mundo, at ang di-lubos na katapatan ng marami na nagsasabing hinahangad nila ang mga espirituwal na kayamanan. …

"… Matuto maging sa mga taong di-tapat at masama; kung napakasinop nila sa paghahanda para sa tanging kinabukasang nasa isip nila, gaano pa kaya kayo dapat higit na maghanda, na naniniwala sa isang walang hanggang hinaharap! … Tularan ang di-tapat na katiwala, at ang mga maibigin sa kayamanan, hindi sa kanilang kawalan ng katapatan, kasakiman at pagkamkam ng kayamanan na panandalian [pansamantala] lamang, kundi ang kanilang pagiging masigasig, pag-iisip at paghahanda para sa hinaharap" (*Jesus the Christ,* Ika-3 edisyon [1916], 463, 464).

- Ano ang nais ng Tagapagligtas na matutuhan ng Kanyang mga disipulo mula sa mga taong nakatuon sa mga temporal na bagay tulad ng di-tapat na katiwala?

Isulat sa pisara ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag: *Kung matalino nating paghahandaan ang ating walang hanggang hinaharap …*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 16:10–12. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating gawin para mabiyayaan ng mga walang hanggang kayamanan. Ipaliwanag na ang *kayamanan* ay tumutukoy sa mga yaman sa mundo, gaya ng pera, mga ari-arian, at mga asosasyon.

- Ano sa inyong palagay ang ibig sabihin ng maging "mapagtapat sa kakaunti" (talata 10)? (Matapos sumagot ang mga estudyante, idagdag ang sumusunod sa

mga kataga na nasa pisara: *at matwid na gagamitin ang mga kayamanan ng mundo, …*)

Ituon ang pansin ng mga estudyante sa nakasulat na mga walang hanggang kayamanan sa pisara.

- Bakit "tunay na kayamanan" (talata 11) ang mga ito?

Sabihin sa mga estudyante na kumpletuhin ang pahayag na nasa pisara para mabuo ang isang alituntunin kung paano tayo magtatamo ng mga walang hanggang kayamanan: (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na alituntunin: **Kung matalino nating paghahandaan ang ating walang hanggang hinaharap at matwid na gagamitin ang mga kayamanan ng mundo, tayo ay mabibiyayaan ng mga walang hanggang kayamanan.**)

- Bakit kung minsan ay mahirap paghandaan nang matalino at masigasig ang ating walang hanggang hinaharap?
- Paano natin matwid na magagamit ang mga kayamanan natin sa mundo?
- Paano nagpapakita ang matwid nating paggamit ng mga kayamanan ng mundo sa pagiging karapat-dapat natin na pagkatiwalaan ng mga walang hanggang kayamanan?

***Pahalagahan ang mga sagot ng mga estudyante***

Tiyaking mapahalagahan ang mga sagot ng mga estudyante sa ilang paraan, maaaring sa pagpapasalamat o pagpuri sa kanilang mga sagot. Ang paggawa nito ay magpapadama sa mga estudyante na sila ay pinakikinggan at pinahahalagahan at makatutulong ito na maging mas komportable sila sa pagbabahagi ng mga sagot, ideya, at karanasan sa darating na mga araw.

## Lucas 16:13–31

### *Pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo at itinuro ang talinghaga ng taong mayaman at ni Lazaro*

Ituon ang pansin ng mga estudyante sa nakalista sa pisara (o, kung dala mo ang mga ito, sa mga bagay na kumakatawan sa mga kayamanan ng mundo), at sabihin sa kanila na pag-isipang mabuti kung paanong ang pag-iimbot sa mga kayamanan ng mundo ay humahadlang sa atin sa pagtatamo ng mga kayamanan na walang hanggan. Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng isang sagot sa tanong na ito sa pag-aaral nila ng Lucas 16:13–26.

Ibuod ang Lucas 16:13–14 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na "hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan" (talata 13). Narinig ng mga Fariseo ang mga turo ni Jesus at Siya ay "tinutuya" (talata 14) o kinutya nila. Ipahanap sa mga estudyante sa Lucas 16:14 ang salitang naglalarawan sa mga Fariseo at magbigay ng isang paliwanag kung bakit tinuya o kinutya nila ang Tagapagligtas dahil sa Kanyang mga turo.

- Sa nalaman ninyo tungkol sa mga Fariseo, ano ang gustung-gusto nila? (Kayamanan at kapangyarihan ng mundo [tingnan sa Mateo 23:2–6, 14].)

- Sa palagay ninyo, bakit ang pagiging mapag-imbot ng mga Fariseo ang nag-udyok sa kanila na kutyain ang Tagapagligtas?

Ipaliwanag na nagbigay ng karagdagang kaalaman ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Lucas 16:16–23 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan) tungkol sa pag-uusap ng mga Fariseo at ng Tagapagligtas. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na buod ng pagsasaling ito:

> Sinabi ng mga Fariseo na ang mga batas ni Moises at iba pang banal na kasulatan (ang Lumang Tipan) na isinulat ng mga propeta ay nagsisilbing batas nila, at dahil dito, hindi nila tinatanggap si Jesus bilang kanilang hukom. Ipinaliwanag ni Jesus na ang batas ni Moises at ang mga propeta ay nagpapatotoo tungkol sa Kanya. Tinanong Niya ang mga Fariseo sa pagtanggi nila sa mga yaong nakasulat at pinagsabihan sila dahil kanilang "iniliWigaw ang tamang daan" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 16:21). Upang matulungan ang mga Fariseo, na ang mga puso ay nakalagak sa mga kayamanan at kapangyarihan ng mundo, na matanto ang kanilang pag-uugali at mga bunga nito, inihalintulad sila ng Tagapagligtas sa mayamang lalaki sa talinghagang nakatala sa Lucas 16:19–31.

Anyayahan ang tatlong estudyante na sumali sa isang reader's theater o pagsasadula sa pamamagitan ng pagbasa. Mag-assign ng isang volunteer na magbabasa ng mga salita ng Tagapagligtas (Lucas 16:19–23), ang pangalawang volunteer ay magbabasa ng sinabi ng mayamang lalaki (Lucas 16:24, 27, 28, 30), at sa pangatlong volunteer naman ang mga sinabi ni Abraham (Lucas 16:25, 26, 29, 31). Sabihin sa mga estudyanteng ito na basahin nang malakas ang kanilang bahagi sa Lucas 16:19–26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang dinanas ng maralitang lalaki na nagngangalang Lazaro at ng mayamang lalaki.

- Paano nagkaiba ang buhay sa mundo ng mayamang lalaki at ni Lazaro?
- Paano nagkaiba ang kanilang buhay sa kabilang daigdig? (Maaaring kailanganin mong ipaliwanag na ang "sinapupunan ni Abraham" [talata 22] ay tumutukoy sa paraiso sa daigdig ng mga espiritu at na ang "hades" [talata 23] o impiyerno ay tumutukoy sa bilangguan ng mga espiritu [tingnan sa Bible Dictionary sa LDS English version ng Biblia, "Abraham's Bosom," Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Impiyerno"].)
- Sa paanong paraan nabigo ang mayamang lalaki na gamitin nang matwid ang kanyang mga kayamanan sa mundo?

Ipaalala sa mga estudyante na ang mayamang lalaki sa talinghagang ito ay kumakatawan sa mapag-imbot na mga Fariseo.

- Ano ang matututuhan natin sa talinghagang ito tungkol sa mangyayari sa atin kapag mapag-imbot tayo at hindi matwid na ginamit ang ating mga kayamanan sa mundo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung tayo ay mapag-imbot at hindi ginamit nang matwid ang ating mga kayamanan sa mundo, makakaranas tayo kalaunan ng paghihirap at panghihinayang** [tingnan din sa D at T 104:18].)

Para maihanda ang mga estudyante na matukoy ang karagdagang katotohanan mula sa talinghagang ito, anyayahan silang mag-isip ng isang taong

pinagmamalasakitan nila na pinipiling hindi sumunod sa mga turo ng Tagapagligtas.

- Ano sa inyong palagay ang makahihikayat sa taong iyan na magsisi at magbago ng uri ng kanyang pamumuhay?

Ipabasa nang malakas sa naka-assign na mga estudyante ang kanilang bahagi sa Lucas 16:27–31. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kahilingan ng mayamang lalaki.

- Ano ang gustong ipagawa ng mayamang lalaki para sa kanyang limang kapatid na lalaki? Bakit?
- Ano ang pinaniniwalaang mangyayari ng mayamang lalaki kung magpapakita si Lazaro sa mga kapatid ng mayamang lalaki?

Ipaliwanag na naniniwala ang mayamang lalaki na magsisisi at magbabalik-loob sa katotohanan ang kanyang mga kapatid kung si Lazaro ang magpapakita sa kanila. Ang tunay na pagbabalik-loob ay "pagbabago ng isang tao sa paniniwala, nasasapuso, at buhay upang tanggapin at sundin ang kalooban ng Diyos" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob," scriptures.lds.org).

- Ayon sa talinghaga, bakit hindi isinugo ni Abraham si Lazaro sa mga kapatid ng mayamang lalaki?

Ipaliwanag na sa pagbanggit kay "Moises at ang mga propeta" (Lucas 16:29, 31), muling tinutukoy ng Tagapagligtas ang mga banal na kasulatan na sinasabi ng Fariseo na pinaniniwalaan nila at ipinamumuhay ngunit sa katunayan ay hindi nila tinatanggap. Ipaliwanag na isang tunay na taong nagngangalang Lazaro ang kalaunan ay "[n]agbangon sa mga patay" (talata 31) nang muli siyang buhayin ng Tagapagligtas (tingnan sa Juan 11). Kalaunan, si Jesus ang naging Tao na bumangon mula sa kamatayan nang Siya ay nabuhay na muli. Gayunman, sa dalawang kaganapang ito, hindi tinanggap ng mga Fariseo at ng iba pa ang katibayan ng pagiging Diyos ng Tagapagligtas at hindi nahikayat na magsisi.

- Anong katotohanan ang matututuhan natin tungkol sa pagbabalik-loob mula sa itinuro ni Abraham sa mayamang lalaki sa talinghagang ito? (Maaaring makatukoy ang mga estudyante ng maraming katotohanan, ngunit tiyaking matukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Ang pagbabalik-loob ay nangyayari dahil sa paniniwala at pagsunod sa mga salita ng mga propeta, hindi dahil sa nakitang mga himala o mga anghel.**)
- Sa inyong palagay, bakit nangyayari ang pagbabalik-loob sa pamamagitan ng paniniwala at pagsunod sa mga salita ng mga propeta sa halip na sa pamamagitan ng nakitang mga himala o mga anghel?
- Paano natin matutulungan ang mga tao na maniwala at sumunod sa mga salita ng mga propeta?
- Anong partikular na mga turo mula sa mga propeta ang nakaimpluwensya sa inyong pagbabalik-loob?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang mga paraan na mas paniniwalaan o mas susundin nila ang mga turo o payo ng

mga propeta, na magpapatatag ng kanilang pagbabalik-loob. Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang mga isinulat nila.

LESSON 55

# Lucas 17

## Pambungad

Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa pangangailangan na patawarin ang iba. Pagkatapos, hiniling ng mga Apostol kay Jesus na palakasin ang kanilang pananampalataya. Bilang tugon, itinuro sa kanila ng Tagapagligtas ang talinghaga ng aliping walang kabuluhan. Pagkatapos niyon, pinagaling ni Jesus ang sampung ketongin, ngunit isa lang ang bumalik para magpasalamat sa Kanya. Tinanong ng mga Fariseo ang Tagapagligtas, at Siya ay nagturo tungkol sa pagdating ng kaharian ng Diyos.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Pagtuon sa pagtulong sa mga estudyante na magawa ang kanilang responsibilidad***

Sa paghahanda mo sa bawat lesson, manatiling nakatuon sa responsibilidad ng mga estudyante sa klase at hindi lamang sa gagawin mo sa klase. Sa halip na magtanong lamang ng, "Ano ang gagawin ko ngayon sa klase?" o "Ano ang ituturo ko sa aking mga estudyante?", dapat mo ring isaisip sa iyong paghahanda ng lesson kung, "Ano ang gagawin ng mga estudyante ko sa klase ngayon?" "Paano ko matutulungan ang mga estudyante ko na matuklasan ang kailangan nilang malaman?"

### Lucas 17:1–10

*Hiniling ng mga Apostol kay Jesus na palakasin ang kanilang pananampalataya*

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng mga partikular na sitwasyon na maaaring kailanganin ang kanilang pananampalataya (tulad ng paghahangad ng basbas ng priesthood, pagbabayad ng ikapu, o pagbibigay ng mensahe o lesson sa simbahan). Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang naisip nila, at isulat ito sa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na tahimik na pag-isipan ang mga sumusunod na tanong:

- Ginusto na ba ninyong magkaroon ng mas malaking pananampalataya? Kung gayon, ano ang mga naranasan ninyo kaya ninyo nadama ang ganito?

Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga alituntunin sa pag-aaral nila ng Lucas 17 na makatutulong sa kanila na madagdagan ang kanilang pananampalataya.

Ibuod ang Lucas 17:1–2 na ipinapaliwanag na nagbabala ang Tagapagligtas na papanagutin ang mga taong naglilihis o nag-uudyok sa iba na magkasala.

Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Lucas 17:3–4, na inaalam ang iniutos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na maaaring mangailangan ng matibay na pananampalataya.

- Ayon sa talata 3, ano ang iniutos ni Jesus na gawin ng Kanyang mga disipulo kapag nagkasala ang isang tao sa kanila?

- Ayon sa talata 4, ilang beses dapat magpatawad ang mga disipulo? (Maaari mong ipaliwanag na ang sagot ng Tagapagligtas ay isang paraan ng pagsasabing dapat tayong magpatawad gaano man karaming beses nagkasala sa atin ang isang taong nagsisi na.)
- Bakit parang mahirap patawarin ang isang taong paulit-ulit na nagkasala sa iyo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 17:5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang hiniling ng mga Apostol sa Tagapagligtas matapos Niyang sabihin sa mga disipulo na patawarin ang mga nagkasala sa kanila.

- Ano ang hiniling ng mga Apostol sa Tagapagligtas? (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga katagang "dagdagan mo ang pananampalataya namin" sa kanilang mga banal na kasulatan.)
- Paano nakatulong ang paghiling ng mga Apostol sa Panginoon na dagdagan ang kanilang pananampalataya upang masunod nila ang kautusan na patawarin ang iba?

Ibuod ang Lucas 17:6 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na ang pananampalataya na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa ay nagdudulot ng mga himala. Upang matulungan ang mga Apostol kung paano madaragdagan ang kanilang pananampalataya, si Jesus ay nagbigay ng isang talinghaga na naglalarawan ng kaugnayan ng panginoon at alipin.

Isulat ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag sa pisara: *Madaragdagan ang ating pananampalataya kapag tayo ay …*

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 17:7–10. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang inaasahan ng panginoon sa kanyang alipin.

- Ano ang inaasahan ng panginoon sa kanyang alipin?

Ipaliwanag na sa panahon ng Biblia, inilalaan ng panginoon ang lahat ng pangangailangan sa buhay ng kanyang alipin kapag tapat na ginagampanan ng alipin ang kanyang mga tungkulin. Dahil dito, hindi na kailangang magbigay ng espesyal na pasasalamat ang panginoon sa kanyang alipin o magkaroon ng utang na loob sa kanya sa paggawa ng kanyang mga tungkulin.

- Paano natutulad sa ating Ama sa Langit ang panginoon sa talinghagang ito? Ano ang inaasahan Niya sa atin? (Ang gawin ang "lahat ng mga bagay na iniutos" sa atin [talata 10].)

Dugtungan ang pahayag na nasa pisara para mabasa ito nang ganito: *Madaragdagan ang ating pananampalataya kapag sinikap nating gawin ang lahat ng iniuutos ng Ama sa Langit.*

Upang matulungan ang mga estudyante na maisip ang iba pang bagay na makapagdaragdag sa kanilang pananampalataya, itanong:

- Ayon sa talata 10, ano ang dapat sabihin ng mga alipin matapos sundin ang mga utos ng panginoon?

- Ano ang ibig sabihin ng maging “mga aliping walang kabuluhan”? (Ibig sabihin nito ay kahit sinusunod nang mabuti ng mga tao ang mga kautusan, sila ay laging may pagkakautang sa Diyos.)
- Bakit lagi tayong may pagkakautang sa Ama sa Langit, kahit masunurin tayo at namumuhay nang matwid? (Dahil lagi tayong pinagpapala ng Ama sa Langit, hindi natin Siya kailanman mababayaran [tingnan sa Mosias 2:20–26].)

Kumpletuhin ang pahayag na nasa pisara para maituro nito ang sumusunod na katotohanan: **Madaragdagan ang ating pananampalataya kapag sinikap nating gawin ang lahat ng iniuutos ng Ama sa Langit at kapag inalala natin na palagi tayong may pagkakautang sa Kanya.** Maaari mong hikayatin ang mga estudyante na isulat ang alituntuning ito sa kanilang mga banal na kasulatan.

- Paano nadaragdagan ang ating pananampalataya sa pagsisikap na gawin ang lahat ng iniuutos ng Ama sa Langit?

Anyayahan ang mga estudyante na isipin ang panahon na sinunod nila ang mga kautusan o tapat na ginawa ang kanilang tungkulin at nadamang nadagdagan ang kanilang pananampalataya dahil dito. Sabihin sa kanila na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang nasasaisip nila.

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang isinulat nila sa ibang estudyante. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga naisip sa klase.

## Lucas 17:11–19

### *Pinagaling ni Jesus ang sampung ketongin*

Isulat ang sumusunod na hindi kumpletong pahayag sa pisara: *Noong panahon ng Biblia, napakahirap na magkasakit ng ketong dahil …*

Tulungan ang mga estudyante na alalahaning muli ang nalalaman nila tungkol sa ketong sa pagsasabi sa kanila na sabihin sa klase kung paano nila tatapusin ang pahayag. Halimbawa, maaaring banggitin ng mga estudyante na ang ketong ay maaaring humantong sa pagkasira ng hitsura at kamatayan; na ang mga ketongin ay nakahiwalay sa iba pang mga tao sa komunidad para mapangalagaan ang kalusugan ng iba; at sila ay kinakailangang sumigaw ng “Karumal-dumal!” upang balaan ang sinumang papalapit sa kanila (tingnan sa Bible Dictionary, “Leper”).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 17:11–12. Sabihin sa klase na alamin kung sino ang nakasalubong ni Jesus nang tumigil Siya sa isang nayon habang naglalakbay papunta sa Jerusalem. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Kung kayo ay isa mga ketongin na iyon, ano kaya ang madarama ninyo pagkakita ninyo kay Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 17:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng mga ketongin sa Tagapagligtas at ano ang sinabi Niya sa kanila.

- Ano ang hiniling ng mga ketongin kay Jesus?
- Ano ang ipinagagawa ni Jesus sa kanila?

Ipaliwanag na nakasaad sa batas ni Moises na dapat ipakita ng mga ketongin ang kanilang sarili sa mga saserdote matapos silang gumaling upang tanggapin silang muli sa lipunan (tingnan sa Levitico 14).

- Ano ang nangyari nang magsialis na ang mga ketongin?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa talata 14 tungkol sa dapat nating gawin upang matanggap ang mga pagpapala ng Panginoon? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Tumatanggap tayo ng mga pagpapala mula sa Panginoon kapag ginawa natin ang iniuutos Niya sa atin.**)


Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano kaya ang pakiramdam kung isa sila sa mga ketongin na pinagaling ng Tagapagligtas.

- Ano kaya ang gagawin ninyo kapag natanto ninyo na napagaling na ang ketong ninyo?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 17:15–19. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ginawa ng isa sa mga ketongin na kakaiba sa mga kasama niya.

- Ano ang ginawa ng Samaritanong ketongin na nagpapakita ng kanyang pasasalamat sa Tagapagligtas?
- Bakit kaya binanggit ni Lucas na ang nagpasalamat na ketongin ay isang Samaritano—isang taong maaaring kamuhian ng maraming Judio? Ano ang idinagdag ng detalyeng ito para maunawaan natin ang talang ito?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa ketongin na bumalik upang magpasalamat sa Panginoon? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Mahalagang magpasalamat sa mga pagpapalang natatanggap natin.**)
- Bakit mahalagang magpasalamat sa Diyos para sa mga pagpapalang natatanggap natin?
- Paano tayo natutulad kung minsan sa siyam na ketongin?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson:



"Mga kapatid ko, naaalala ba nating magpasalamat sa mga pagpapalang natatanggap natin? Ang taos-pusong pasasalamat ay hindi lamang nakakatulong para makilala natin ang ating mga pagpapala, kundi nagbubukas din ng pintuan ng langit at nagpapadama sa atin ng pag-ibig ng Diyos" ("Ang Banal na Kaloob na Pasasalamat," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 87).

- Ayon sa talata 19, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na nangyari sa ketongin na ito dahil sa ginawa niya? (Siya ay lubos na napagaling.)
- Sa paanong paraan nakatutulong ang pasasalamat sa Panginoon para sa mga pagpapala sa atin upang tayo ay lubos na mapagaling?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang scripture study journal ang partikular na mga pagpapala mula sa Ama sa Langit na ipinagpapasalamat nila. Ipasulat din sa kanila kung paano sila patuloy na magpapasalamat para sa mga pagpapalang ito.

### Lucas 17:20–37

#### *Itinuro ni Jesus ang tungkol sa pagdating ng kaharian ng Diyos*

Ibuod ang Lucas 17:20–37 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas ang tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito. (*Paalala:* Ang mga turo rito ay kapareho sa lesson para sa Mateo 24 at Joseph Smith—Mateo.)

Maaari mong tapusin ang lesson sa pagbabahagi ng iyong patotoo tungkol sa mga katotohanang natukoy sa lesson na ito. Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang mga katotohanang ito.

### Scripture Mastery Review

Ang aktibidad na ito ay magagamit upang tulungan ang mga estudyante na maisaulo ang scripture mastery passage.

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-aapat o tig-lilimang estudyante. Bigyan ang bawat grupo ng isang dice at isang lapis. (Kung walang dice, maaari kang maglagay ng anim na piraso ng papel na nilagyan ng numerong 1 hanggang 6 sa isang sobre o iba pang lalagyan.) Kakailanganin din ng bawat estudyante ang blangkong papel. Sabihin sa bawat grupo ng mga estudyante na maupo nang magkakalapit sa palibot ng isang mesa o maupo nang pabilog. Sabihin sa kanila na buksan ang kanilang mga banal na kasulatan sa scripture mastery passage na gusto mong ipasaulo sa kanila. Ipaliwanag na ang layunin ng aktibidad na ito ay maging unang miyembro sa grupo na nakasulat ng buong scripture mastery passage. Gayunpaman, dapat gamitin ng mga estudyante ang isang lapis na ibinigay sa kanila. Maaari lamang gamitin ng isang estudyante ang lapis kapag numero 1 ang lumabas sa initsang dice (o napili ang papel na may numerong 1). Sabihin sa mga miyembro ng bawat grupo na magsalitan sa pag-hagis ng dice (o pagkuha ng isang papel sa sobre o lalagyan at pagkatapos ay ibalik ito). Kapag numero 1 ang lumabas sa pag-hagis sa dice, kukunin ng estudyanteng iyon ang lapis at magsisimulang isulat ang mga salita ng talata sa kanyang papel, na binibigkas nang malakas ang bawat salita. Samantala, magsasalitan naman ang ibang kagrupo sa pag-hagis ng dice. Kapag numero 1 ang lumabas sa pag-hagis sa dice ng isa pang kagrupo, kukunin ng estudyanteng iyon ang lapis at magsisimulang isulat ang mga salita ng talata sa kanyang papel, habang binibigkas nang malakas ang bawat salita. Ang naunang nagsulat ay sasali uli sa kanyang kagrupo sa pag-hagis ng dice. Kapag maaari nang gumamit ang mga estudyante ng lapis at naisulat na ang ilang bahagi ng talata, dapat nilang basahin nang malakas ang bahaging iyan bago nila maisulat ang iba pa sa talata. (Ang paulit-ulit na pagbanggit sa talatang ito ay makatutulong sa mga estudyante na maisaulo ito.) Matatapos ang aktibidad kapag naisulat ng isang estudyante mula sa bawat grupo ang buong scripture mastery passage.

Sabihin sa klase na sabay-sabay na bigkasin ang talata pagkatapos ng aktibidad.

HOME-STUDY LESSON

# Lucas 10:38–17:37 (Unit 11)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng mga Daily Home-Study Lesson*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Lucas 10:38–17:37 (unit 11) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at mga alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Lucas 10:38–12:59)

Mula sa mga sinabi ng Tagapagligtas kay Marta, natutuhan ng mga estudyante na kung pipiliin nating ituon ang ating sarili sa mga bagay na espirituwal kaysa sa mga bagay na temporal, makatatanggap tayo ng walang hanggang pagpapala. Itinuro rin ni Jesus na kung matiyaga tayong mananalangin at hihingi ng mga pagpapala sa Ama sa Langit sa oras ng pangangailangan, sasagutin Niya ang ating mga panalangin sa Kanyang sariling panahon at sa Kanyang sariling paraan. Ang iba pang mga katotohanang natutuhan ng mga estudyante ay: Iniutos sa atin ng Panginoon na huwag nating pag-imbutan ang mga bagay-bagay ng mundo. Kung hahangarin nating itatag ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katwiran, tutulong Siya na mailaan ang ating mga pangangailangan at maghahanda ng lugar para sa atin sa Kanyang kaharian.

### Day 2 (Lucas 13–15)

Natutuhan ng mga estudyante mula sa mga kabanatang ito ang sumusunod na mga alituntunin: Kung sinisikap nating tulungan ang mga taong mas kapus-palad kaysa sa atin, gagantimpalaan tayo ng Panginoon sa Pagkabuhay na Mag-uli. Kung uunahin natin ang ibang mga bagay kaysa sa Panginoon at sa Kanyang ebanghelyo, mawawala ang mga pagpapala ng ebanghelyo na matatanggap sana natin. Dapat handang isakripisyo ng mga disipulo ni Cristo ang lahat para sumunod sa Kanya. Kapag tinutulungan natin ang ibang tao na magkaroon ng hangaring magsisi, nakadarama tayo ng kagalakan at nagagalak ang kalangitan.

### Day 3 (Lucas 16)

Mula sa mga talinghaga ng hindi matwid na katiwala at ng mayamang lalaki, natutuhan ng mga estudyante na kung matalino nating paghahandaan ang ating walang-hanggang hinaharap at matwid na gagamitin ang mga kayamanan ng mundo, tayo ay mabibiyayaan ng mga walang-hanggang kayamanan. Natutuhan din nila ang sumusunod na mga alituntunin: Kung tayo ay mapag-imbot at hindi ginagamit nang matwid ang ating mga kayamanan sa mundo, makakaranas tayo kalaunan ng paghihirap at kapighatian. Ang lubos na pagbabalik-loob ay nangyayari dahil sa paniniwala at pagsunod sa mga salita ng mga propeta, hindi dahil sa nakitang mga himala o mga anghel.

### Day 4 (Lucas 17)

Sa Lucas 17, hiniling ng mga Apostol kay Jesus na dagdagan ang kanilang pananampalataya. Natutuhan ng mga estudyante na madaragdagan ang ating pananampalataya kapag sinisikap nating gawin ang lahat ng iniuutos ng Ama sa Langit at kapag inalala natin na palagi tayong may pagkakautang sa Kanya. Natutuhan din ng mga estudyante na tumatanggap tayo ng mga pagpapala sa Panginoon kapag ginawa natin ang iniuutos Niya sa atin, at na mahalagang magpasalamat sa mga pagpapalang natatanggap natin.

## Pambungad

Tumugon ang Tagapagligtas sa mga pangungutya sa Kanya ng mga Fariseo tungkol sa pakikihalubilo Niya sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan sa pagbibigay sa kanila ng talinghaga ng nawawalang tupa, ng nawawalang isang putol na pilak o barya, at ng alibughang anak.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 15

#### *Itinuro ni Jesus ang mga talinghaga ng nawawalang tupa, ng nawawalang isang putol na pilak o barya, at ng alibughang anak*

Simulan ang klase sa pagtatanong sa mga estudyante kung nawalan na sila ng isang bagay na mahalaga sa kanila.

- Ano ang handa ninyong gawin upang mahanap ito? Bakit?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng espirituwal na "nawawala" ang isang tao? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ito ay maaaring tumukoy sa mga taong hindi pa natatanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo o hindi kasalukuyang namumuhay ayon sa mga turo ng ebanghelyo.)

Sabihin sa klase na mag-isip ng isang taong kakilala nila na maaaring espirituwal na nawawala. Sabihin sa kanila na isipin ang nadarama nila tungkol sa taong ito.

Ipaliwanag na ang Lucas 15 ay naglalaman ng mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa mga taong espirituwal na nawawala. Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga katotohanan sa Lucas 15 tungkol sa nadarama ng Ama sa Langit sa mga yaong espirituwal na nawawala at ang mga responsibilidad natin sa kanila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 15:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ibinulung-bulong ng mga Fariseo at mga eskriba.

- Bakit bumulung-bulong o dumaing ang mga Fariseo at mga eskriba?
- Ano ang ipinapakita ng pagbubulung-bulong na ito tungkol sa mga Fariseo at mga eskriba?

Ipaliwanag na tumugon sa kanila ang Tagapagligtas sa pagbibigay ng tatlong talinghaga: isa ay tungkol sa nawawalang tupa, ang isa ay tungkol sa nawawalang isang putol na pilak o barya, at ang isa pa ay tungkol sa nawawalang anak. Sabihin sa kanila na pansinin kung bakit ang paksa sa bawat talinghaga ay nawala at kung paano ito nahanap.

Ipaliwanag na sa mga talinghaga ng nawawalang tupa at ng nawawalang isang putol na pilak o barya, inilarawan ng Tagapagligtas kung paano masigasig na hinanap ng pastol at ng babaeng nakawala sa isang putol na pilak o barya ang bagay na nawala sa kanila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 15:4–6, 8–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang naramdaman ng pastol at ng babae nang mahanap nila ang tupa at ang isang putol na pilak o barya.

- Ano ang kaibhan ng pagkawala ng tupa sa pagkawala ng isang putol na pilak o barya? (Ang tupa ay nawala dahil sa pagsunod nito sa normal na agos ng buhay at hindi dahil sa ito ay nagkamali, samantalang ang isang putol na pilak o barya ay nawala dahil sa kapabayaan ng may-ari nito [tingnan sa David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1945, 120–22].)
- Anong salita ang ginamit para ilarawan ang nadama ng pastol at ng babae?

Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Lucas 15:7, 10, na inaalam kung saan inihalintulad ng Tagapagligtas ang kagalakan ng pastol at ng babae. (Ang pagkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisi.)

Ipaliwanag na ang pangatlong talinghaga sa Lucas 15 ay kuwento tungkol sa isang alibughang anak (ibig sabihin ay isang taong maaksaya at maluho), ang kanyang nakatatandang kapatid, at ang kanilang ama.

Maaaring hatiin ang mga estudyante sa mga grupo na may tig-tatatlong katao. Bigyan ang bawat grupo ng isang kopya ng sumusunod na chart. Ipabasa nang malakas ang Lucas 15:11–32 sa mga magkakagrupo. Mag-assign ng isang estudyante na pag-iisipan ang talinghaga mula sa pananaw ng alibughang anak, ang pangalawang estudyante naman ay pag-iisipan ito mula sa pananaw ng ama, at ang pangatlong estudyante mula sa pananaw ng nakatatandang kapatid.

Matapos magbasa ang mga estudyante, hilingin sa kanila na pag-usapan ang mga tanong sa handout sa kanilang mga grupo.

Sa halip na ipabasa sa mga estudyante at ipatalakay ang talinghaga, maaari mong ipanood ang video na "The Prodigal Son" (5:35) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos.* Bigyan ang bawat estudyante ng isang kopya ng sumusunod na handout, at sabihin sa kanila na alamin ang mga sagot sa mga tanong habang pinapanood nila ang video. Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org.

## Ang Talinghaga ng Alibughang Anak

### Ang Alibughang Anak

- Ano ang nakatulong sa iyo para magising ka sa iyong pagkakamali, o matanto ang kakila-kilabot na kalagayan na kinasadlakan mo?
- Ano ang inaasahan mong magiging reaksyon ng iyong ama sa iyong pagbabalik?
- Ano kaya ang naiisip at nadarama mo nang malugod kang tinanggap ng iyong ama gaya ng ginawa niya?

### Ang Ama

- Ano kaya ang iniisip at nadarama mo habang wala ang iyong bunsong anak?
- Bakit malugod mo pa ring tatanggapin ang iyong alibughang anak?
- Nang maghinanakit ang iyong panganay na anak sa malugod na pagtanggap mo sa kanyang bunsong kapatid, paano mo siya tinulungan na maunawaan ang ginawa mo?

### Ang Nakatatandang Kapatid

- Ano kaya ang iniisip at nadarama mo habang wala ang iyong kapatid?
- Bakit mahirap para sa iyo na magalak sa pagbabalik ng iyong kapatid?
- Anong mga pagpapala ang natanggap mo sa pagiging tapat sa iyong ama?

- Bakit nawala ang alibughang anak? (Kumpara sa tupa at sa isang putol na pilak o barya, nawala ang alibughang anak dahil sa pagrerebelde nito.)
- Sa pagkaunawang ang ama sa talinghagang ito ay kumakatawan sa Ama sa Langit, ano ang matututuhan natin tungkol sa pagtugon ng Ama sa Langit sa mga taong bumabalik sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisisi? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung babalik tayo sa Ama sa Langit, sa pamamagitan ng pagsisisi at paghingi ng tawad sa Kanya, Siya ay magagalak at malugod tayong tatanggapin.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Paano makatutulong ang alituntuning ito sa mga taong nakadarama na sila ay espirituwal na nawawala?

Ipaalala sa mga estudyante ang nakatatandang kapatid sa talinghaga.

- Bakit kaya nagalit ang nakatatandang kapatid?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, at sabihin sa klase na pakinggan kung bakit nagalit ang nakatatandang kapatid.



"Dahil nadamang hindi siya pinahahalagahan at marahil medyo naawa sa kanyang sarili, ang masunuring anak na ito—at *talagang* masunurin siya—ay saglit na nalimutan na hindi niya kailanman naranasan ang marumihan o magdalamhati, matakot o masuklam sa sarili. Sandali niyang nalimutan na lahat ng bisiro sa rantso na pag-aari ng kanyang ama ay sa kanya na at gayon din ang lahat ng kasuotan sa damitan at lahat ng singsing sa taguan. Nalimutan niya sandali na ang kanyang katapatan ay nagantimpalaan at palaging gagantimpalaan. …

"… Siya na ang lahat ay nasa kanya na, at na sa kanyang kasipagan, ay nakamtan ito, ay nagkulang ng isang bagay na maaaring magturing sa kanya bilang tao ng Panginoon. Kailangan pa niyang maging mahabagin at maawain, na mga katangiang napakahalaga upang makita na *ang pagbabalik na ito ng kanyang kapatid ay hindi upang makipagkumpetensya sa kanya.* Kapatid niya ito. …

"Ang bunsong kapatid na ito ay talagang naging bilanggo—bilanggo ng kasalanan, kahangalan, at namuhay na parang isang baboy. Ngunit bilanggo rin ang nakatatandang kapatid. Hindi pa siya nakakawala sa kulungan ng kanyang sarili. Nakadama siya ng matinding pagkainggit. Nadama niyang binalewala siya ng kanyang ama at inagawan ng kanyang kapatid, gayong hindi naman totoo ang mga ito" ("The Other Prodigal," *Ensign,* Mayo 2002, 63).

- Ayon kay Elder Holland, bakit nagalit ang nakatatandang kapatid? Sa paanong paraan nawawala rin ang nakatatandang kapatid?

- Ano ang kailangan nating alalahanin kapag nakita natin na kinaaawaan at pinagpapala ng Diyos ang mga yaong nagsisisi at bumabalik sa Kanya?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa talinghagang ito tungkol sa pagiging mas katulad ng ating Ama sa Langit? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Magiging mas katulad tayo ng ating Ama sa Langit sa pagpapakita ng pagkahabag at kagalakan kapag nagsisisi ang ibang tao.**)

Ipaalala sa mga estudyante ang tungkol sa tao na inisip nila sa simula ng klase na maaaring espirituwal na nawawala. Hikayatin sila na mapanalanging pag-isipan kung paano nila matutulungan ang taong iyon na magsisi at mas mapalapit sa Ama sa Langit. Anyayahan sila na pag-isipan din kung sa paanong paraan na sila rin mismo ay maaaring nawawala at kailangang magsisi at bumalik sa Tagapagligtas.

## Susunod na Unit (Lucas 18–Juan 1)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pangyayari na pinagmalupitan sila ng isang tao at ano ang nadama nila. Ipaliwanag na sa pag-aaral nila ng susunod na unit, matututuhan nila kung paano tumugon ang Tagapagligtas sa mga nagmalupit sa Kanya. Sabihin sa kanila na pansinin ang karagdagang mga detalye sa tala ni Lucas tungkol sa pagdurusa ni Jesucristo sa Getsemani at ano ang kinain ni Jesus matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.

LESSON 56

# Lucas 18–21

## Pambungad

Sa pagpunta ni Jesucristo sa Jerusalem sa huling pagkakataon sa mundong ito, itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo at nagsagawa ng mga himala sa mga tao. Matagumpay Siyang nakapasok sa Jerusalem sakay ng isang asno, muling nilinis ang templo, at nagturo sa mga tao roon.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 18–21

*Nagturo ang Tagapagligtas habang papunta Siya sa Jerusalem*





Ipaliwanag sa mga estudyante na alam na nila ang maraming pangyayaring nakatala sa Lucas 18–21 mula sa kanilang pag-aaral ng Mateo at Marcos. Upang marebyu ang dalawa sa mga pangyayaring ito, ipakita ang sumusunod na mga larawan: Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 48; tingnan din sa LDS.org) at Matagumpay na Pagpasok (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* blg. 50). Sabihin sa mga estudyante na ibuod ang mga kuwentong ito para sa klase at ipaliwanag kung ano ang naalala nila na natutuhan nila rito.

Maaari mong gamitin ang sumusunod na buod ng Lucas 18–21 kung kailangan ng tulong ng mga estudyante para maalala ang mga kuwentong ito. (*Paalala:* Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung kailan naganap sa buhay ng Tagapagligtas ang mga pangyayari sa lesson na ito, maaari mong ipakita sa mga estudyante ang graphic na *Ang Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundo* sa apendiks ng manwal na ito.)

Sa pagpunta ni Jesucristo sa Jerusalem sa huling pagkakataon sa Kanyang buhay sa mundong ito, nagturo Siya ng ilang talinghaga at nagpagaling ng maraming tao. Inanyayahan Niya ang isang mayamang batang pinuno na ibigay ang lahat ng kanyang ari-arian sa mga maralita at

sumunod sa Kanya. Pinagaling Niya ang isang lalaking bulag. Sa kabila ng pangungutya, sinaluhan Niya sa pagkain ang isa sa mga punong maniningil ng buwis sa Jerico.

Dumating siya sa Jerusalem at, sa gitna ng mga hiyaw ng papuri, sumakay sa isang batang asno sa pagpasok Niya sa lungsod. Muli Niyang pinaalis ang mga mamamalit ng salapi sa templo, nagturo sa mga tao roon, at sumagot sa mga tanong ng mga punong saserdote at eskriba. Pinuri Niya ang isang balo na naghulog ng dalawang lepta sa kabang-yaman ng templo. Itinuro rin Niya sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Ipaliwanag na karamihan sa mga tala na pag-aaralan ng mga estudyante sa lesson na ito ay natatangi sa Ebanghelyo Ayon kay Lucas.

Upang maihanda ang mga estudyante sa pag-aaral ng mga talang ito, isulat ang sumusunod na tanong sa pisara:

*Anong mga kilos ang nagpapakita na gusto talaga ng isang tao na mapalapit sa Panginoon?*

*Anong pag-uugali ang nagpapakita na talagang gusto niyang mapatawad o hinahangad niya ang tulong ng Panginoon?*

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga tanong na ito sa pag-aaral nila ng sumusunod na mga tala mula sa mga isinulat ni Lucas.

Isulat sa pisara ang sumusunod na scripture references: *Lucas 18:1–8; Lucas 18:9–14; Lucas 18:35–43; Lucas 19:1–10.* Ipaliwanag na ang mga talatang ito sa banal na kasulatan ay kinapapalooban ng mga talinghaga at mga kaganapan mula sa huling paglalakbay ng Tagapagligtas papunta sa Jerusalem sa Kanyang buhay sa mundong ito.

Mag-assign ng isang estudyante sa bawat scripture reference na nakasulat sa pisara, o maaaring hatiin ang klase sa apat na grupo at bigyan ang bawat grupo ng isang scripture reference na nasa pisara. Sabihin sa bawat estudyante o grupo na basahin ang talatang naka-assign sa kanila at maghandang isadula ang pangyayari o ang talinghagang nakapaloob dito. (Kung hindi mo igugrupo ang mga estudyante, maaari mong ipasadula sa buong klase ang bawat isa sa mga tala. Kung pipiliin mong huwag isadula ang mga tala, maaari mong hilingin sa mga estudyante na pag-aralan ang naka-assign na scripture reference sa kanila sa pamamagitan ng paggamit ng sumusunod na mga tanong at pagkatapos ay pagtuturo sa isa't isa ng kanilang natutuhan.) Ipaliwanag na isang estudyante sa klase o sa bawat grupo ang dapat na maging narrator at magbabasa ng tala sa banal na kasulatan habang isinasadula ito ng ibang mga miyembro ng klase o grupo. Bilang pagpipitagan at paggalang sa Tagapagligtas, sabihin sa mga magsasadula ng Lucas 18:35–43 at Lucas 19:1–10 na gawin ito nang walang taong gaganap na Jesucristo. Sabihin sa narrator na basahin ang mga sinabi ni Jesus, at sabihin sa ibang gumaganap na tumugon na parang kasali Siya sa senaryo.

***Magpakita ng pagpipitagan at paggalang sa Panginoong Jesucristo***

Upang maigalang si Jesucristo, ang Simbahan ay maingat sa paglalarawan sa Tagapagligtas sa sining at teatro. Magbigay-pitagan din tayo sa Kanya sa ating mga silid-aralan. Iwasang ilarawan ang Tagapagligtas nang walang pagpipitagan. Ang mga gaganap na tinig Niya ay dapat lamang gamitin ang mga salitang ginamit Niya tulad ng nakatala sa mga banal na kasulatan.

Habang naghahanda ang mga grupo, sabihin sa kanila na sama-samang pag-usapan ang mga sumusunod na tanong at maghandang magreport sa klase tungkol sa kanilang mga sagot matapos nilang magsadula. (Isulat ang mga tanong na ito sa pisara o magbigay sa kanila ng handout.)

- Ano ang hangad ng pangunahing tauhan (balo, maniningil ng buwis, bulag na lalaki, o si Zaqueo) sa talang ito?
- Ano ang ginawa ng pangunahing tauhan na nagpapakita na tapat ang kanyang hangarin?
- Anong nangyari dahil sa katapatan ng pangunahing tauhan?
- Anong mga alituntunin o mga doktrina ang natukoy ninyo sa kuwento?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa klase o bawat grupo na isadula ang naka-assign na tala sa kanila habang binabasa ng narrator ang mga talata. Habang nanonood o tahimik na sumasabay sa pagbasa ng mga banal na kasulatan ang klase, sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang itinuturo sa atin ng bawat tala tungkol sa pagpapakita ng pananampalataya sa Panginoon. Pagkatapos ng bawat pagsasadula, sabihin sa klase o grupo na magreport tungkol sa kanilang mga sagot sa mga naunang tanong. Sabihin sa kanila na isulat sa pisara ang mga alituntunin o mga doktrina na natukoy nila.

Matapos magreport ng mga grupo tungkol sa kanilang mga sagot, itanong ang mga sumusunod:

- Anong mga pagkakatulad ang napansin ninyo sa mga ginawa ng bawat pangunahing tauhan? (Bawat isa sa kanila ay nagpakita ng pagtitiyaga o katapatan nang hangarin nilang makamtan ang kanilang mga naisin.)
- Ano ang maituturo sa atin ng mga pag-uugaling ito tungkol sa pagpapakita ng pananampalataya sa Panginoon?
- Anong mga pagkakapareho ang napansin ninyo na natanggap ng bawat pangunahing tauhan dahil sa kanyang mga ginawa? (Tumanggap ang bawat isa sa kanila ng tulong o awa.)

Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang isang alituntunin mula sa mga pagkakatulad sa mga tala. Maaaring makatukoy ang mga estudyante ng iba't ibang alituntunin, ngunit tiyaking mabigyang-diin na **kung tapat at masigasig tayo sa pagsampalataya sa Panginoon, matatamo natin ang Kanyang awa.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na

pakinggan kung ano ang ipinapakita ng isang taong nananampalataya sa Panginoon.



"Ang tunay na pananampalataya ay nakatuon sa Panginoong Jesucristo at laging nauuwi sa mabuting pagkilos" ("Humingi nang may Pananampalataya," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2008, 95).

Ituon ang pansin ng mga estudyante sa mga tanong na nakasulat sa pisara sa simula ng lesson. Sabihin sa mga estudyante na humarap sa kanilang kapartner at pag-usapan ang mga sagot sa mga tanong.

- Ano ang ilang paraan na maipapakita natin ang ating pananampalataya sa Diyos sa panahong ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bednar, at sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang ibig sabihin ng madama ang awa ng Panginoon:



"Ang magiliw na awa ng Panginoon ay siyang lubhang personal at indibiduwal na mga pagpapala, kalakasan, proteksyon, katiyakan, patnubay, mapagmahal na kabaitan, kasiyahan, suporta, at mga espituwal na kaloob na natatanggap natin mula at dahil kay at sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo" ("Ang Magiliw na Awa ng Panginoon," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2005, 99).

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang kanilang mga sagot sa mga sumusunod na tanong. (Maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong.)

- Sa papaanong paraan nagpakita kayo o ang isang taong kakilala ninyo ng pananampalataya kay Jesucristo? Paano kayo o sila kinaawaan bunga nito?
- Isipin kung papaano ninyo hahangarin ang tulong o awa ng Panginoon sa inyong buhay? Ano ang gagawin ninyo para maipakita ang inyong pananampalataya sa Panginoon upang kayo ay kaawaan Niya?

Anyayahan ang ilang estudyante na gustong magbahagi ng isinulat nila. Paalalahanan sila na huwag magbahagi ng anumang napakapersonal na bagay. Maaari ka ring magbahagi ng iyong sariling karanasan tungkol sa alituntunin at magpatotoo sa katotohanan nito.

LESSON 57

# Lucas 22

## Pambungad

Habang papatapos na ang Kanyang ministeryo dito sa mundo, pinasimulan ni Jesus ang sakramento, itinuro sa Kanyang mga disipulo na paglingkuran ang iba, at iniutos kay Pedro na palakasin ang kanyang mga kapatid. Nagsimula ang pagbabayad-sala ni Jesucristo sa Halamanan ng Getsemani. Siya ay dinakip at nilitis sa harapan ni Caifas. Habang nililitis ang Tagapagligtas, ikinaila Siya ni Pedro.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 22:1–38

*Pinasimulan ng Tagapagligtas ang sakramento at tinagubilinan ang Kanyang mga Apostol*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kunwari (o maaari mong anyayahan ang dalawang estudyante na gawin ang aktibidad na ito) na nakaupo sa sahig ang isa sa kanila kasama ang isang kapamilya. Gustong tumayo ng isang miyembro ng pamilya at humingi ito ng tulong.

- Paano ninyo siya matutulungan kung nakaupo pa rin kayo sa sahig?
- Ano ang magiging kaibhan kung kayo muna ang tatayo?

Ipaliwanag na matutulungan tayo ng analohiyang ito na maunawaan kung ano ang magagawa natin para matulungan ang iba sa aspetong espirituwal.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Lucas 22 na makatutulong sa kanila na malaman kung paano matutulungan ang ibang tao sa aspetong espirituwal.

Ibuod ang Lucas 22:1–30 na ipinapaalala sa mga estudyante na sa nalalapit na pagtatapos ng Kanyang ministeryo sa buhay na ito, pinulong ng Tagapagligtas ang Kanyang mga Apostol upang ipagdiwang ang Paskua. Sa panahong iyan, sinabi ng Tagapagligtas na isa sa Kanyang mga disipulo ang magkakanulo sa Kanya, pinasimulan ang ordenansa ng sakramento, nag-utos na patuloy itong isasagawa bilang pag-alaala sa Kanya, at itinuro sa Kanyang mga Apostol na ang mga taong naglilingkod sa kanilang kapwa-tao ay ang pinakadakila sa lahat. Pinuri din ng Tagapagligtas ang Kanyang mga Apostol sa patuloy na pagsunod sa Kanya at ipinangako sa kanila na balang-araw ay mauupo sila sa mga luklukan at hahatulan ang labindalawang lipi ng Israel.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 22:31–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas kay Simon Pedro. paliwanag sa klase na sa Joseph Smith Translation, ang talata 31 ay “At sinabi ng Panginoon, Simon, Simon, narito hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo.”

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na gusto ni Satanas? (Gusto ni Satanas na ligligin si Pedro at ang mga Banal gaya ng trigo.)

Ipaliwanag na ang trigo ay nililiglig sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga butil mula sa iba pang bahagi ng trigo.

- Ano ang nalaman ninyo tungkol kay Pedro na nagpapakita na mayroon na siyang patotoo? (Kung kailangan, ipaalala sa mga estudyante na ipinahayag ni Pedro ang kanyang patotoo na si Jesus ang Cristo, ang anak ng Diyos [tingnan sa Mateo 16:13–17].)
- Ayon sa talata 32, ano pa ang kailangang maranasan ni Pedro bago niya mapagtibay ang kanyang mga kapatid?
- Ano ang kaibhan ng pagkakaroon ng patotoo sa ebanghelyo at pagbabalik-loob sa ebanghelyo? (Ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng patotoo sa ebanghelyo ay natanggap natin ang espirituwal na patotoo sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu Santo [tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Patotoo," scriptures.lds.org]. Ang ibig sabihin ng pagbabalik-loob ay "pagbabago ng isang tao ng kanyang paniniwala, nasasapuso, at buhay upang tanggapin at sundin ang kalooban ng Diyos (Mga Gawa 3:19)" [Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabalik-loob, Nagbalik-loob," scriptures.lds.org]).
- Batay sa sinabi ng Panginoon kay Pedro, ano ang magagawa natin kapag nagbalik-loob tayo sa ebanghelyo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Kapag nagbalik-loob tayo sa ebanghelyo ni Jesucristo, mapagtitibay natin ang iba.** Sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga katagang nagtuturo ng katotohanang ito sa talata 32.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 22:33–34. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin kung paano tumugon si Pedro sa payo ng Tagapagligtas na magbalik-loob at pagtibayin ang kanyang mga kapatid.

- Paano tumugon si Pedro sa payo ng Tagapagligtas?
- Ano ang ipinropesiya ng Panginoon na gagawin ni Pedro?

Ipaliwanag na nakatala ang mas detalyadong bersyon nito sa Mateo 26. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 26:35. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang itinugon ni Pedro sa Tagapagligtas matapos marinig ang propesiya.

- Ano ang itinugon ni Pedro matapos marinig ang propesiyang ito?
- Ano ang maituturo sa atin ng tugon ni Pedro tungkol sa inaakala niyang lakas ng kanyang patotoo?

## Lucas 22:39–53

*Ang Tagapagligtas ay nagdusa sa Getsemani, nagpawis ng malalaking patak ng dugo, at ipinagkanulo ni Judas*

### *Pagtuturo tungkol sa pagdurusa ni Jesucristo sa Getsemani*

May tatlong kaganapan na nangyari sa Getsemani. Sa manwal na ito, ang lesson para sa Mateo 26 ay nakatuon sa pagsunod ng Tagapagligtas sa kalooban ng Ama. Ang lesson para sa

Marcos 14 ay tumatalakay sa pagdurusa ni Jesucristo sa Getsemani. Ang lesson para sa Lucas 22 ay nagbibigay-diin sa katindihan ng Kanyang pagdurusa. Ang pagtuturo sa mga estudyante tungkol sa natatanging mga aspetong ito ng Pagbabayad-sala ay makapagbibigay sa kanila ng mga natatanging karanasan habang pinag-aaralan nila ang bawat tala.

Ipaliwanag na pagkatapos ng Paskua, ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga Apostol ay nagtungo sa Halamanan ng Getsemani. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 22:39–43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas nang makarating na Siya sa Halamanan ng Getsemani. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ayon sa talata 43, sino ang tumulong sa Tagapagligtas na nagpalakas sa Kanya na gawin ang kalooban ng Ama sa Langit?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa gagawin ng Ama sa Langit para sa atin kung gagawin natin ang Kanyang kalooban? (Maaaring makatukoy ng iba't ibang katotohanan ang mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw na naunawaan nila na **kung handa tayong sumunod sa Ama sa Langit, bibigyan Niya tayo ng lakas na magawa ang Kanyang kalooban.**
- Ano ang ilan sa mga paraan na mapapalakas tayo ng Ama sa Langit?

Ipaliwanag na kadalasan, ang tulong na natatanggap natin mula sa Ama sa Langit ay hindi darating sa pagpapakita ng mga anghel ngunit tutulungan Niya tayo sa mga paraan na alam Niya na pinakamabuti para sa atin. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang panahon na napalakas sila ng Ama sa Langit nang sikapin nilang gawin ang Kanyang kalooban.

Ipaliwanag na ang tala ni Lucas tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani ay kinapapalooban ng mahahalagang detalye na hindi kabilang sa mga tala na ibinigay nina Mateo at Marcos. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 22:44. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin kung paano inilarawan ni Lucas ang pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani.

- Paano inilarawan ni Lucas ang pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani? (Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga salita sa talata 44 na nagtuturo ng sumusunod na katotohanan: **Si Jesucristo ay nilabasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat nang magdusa Siya sa Halamanan ng Getsemani.** Maaari mong ipaliwanag na ang aspetong ito tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas ay naipropesiya mahigit isang siglo na ang nakakaraan [tingnan sa Mosias 3:7].)

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang dinanas ng Tagapagligtas, ipaliwanag na inilarawan ng Tagapagligtas ang Kanyang sariling pagdurusa sa isang paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith na nakatala sa Doktrina at mga Tipan 19. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na i-cross reference ang Doktrina at mga Tipan 19:18 sa Lucas 22:44 sa kanilang mga banal na kasulatan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang

Doktrina at mga Tipan 19:18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano inilarawan ng Tagapagligtas ang Kanyang pagdurusa.

- Anong karagdagang detalye ang nalaman natin tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas mula sa Kanyang sariling paglalarawan sa talata 18? (Ang pagdurusa ni Jesucristo ay naging dahilan upang Siya ay "manginig dahil sa sakit, … labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu.")
- Ano ang naisip ninyo nang nalaman ninyo na nagdusa nang labis para sa inyo si Jesucristo?

Ibuod ang Lucas 22:45–48 na ipinapaliwanag na matapos magdusa ng Tagapagligtas sa Getsemani, Siya ay pinagkanulo ni Judas Iscariote.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 22:49–51. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Pedro nang dumating ang mga punong saserdote at iba pa para dakipin si Jesus (tingnan sa Juan 18:10, na siyang nag-iisang tala na nagsasabing si Pedro ang Apostol na tumagpas sa tainga ng alipin).

- Ano ang ginawa ni Pedro sa alipin ng mataas na saserdote?
- Ano ang kahanga-hangang ginawa ng Tagapagligtas para sa alipin?

Ibuod ang Lucas 22:52–53 na ipinapaliwanag na nagtanong ang Tagapagligtas kung bakit Siya sa gabi dinarakip ng mga punong saserdote at hindi sa umaga noong Siya ay naroon sa templo.

### Lucas 22:54–71

#### *Si Jesus ay nilitis sa harapan ng Sanedrin, at ikinaila Siya ni Pedro*

Ibuod ang Lucas 22:54 na ipinapaliwanag na nang dalhin ang Tagapagligtas sa bahay ng punong saserdote para litisin, sumunod si Pedro.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Bigyan ang bawat magkapartner ng isang kopya ng sumusunod na chart (o isulat ito sa pisara). Sabihin sa mga estudyante na basahin ang mga banal na kasulatan na nasa chart at kumpletuhin ang chart kasama ang kanilang kapartner.

## Lucas 22:54–60

| | Ano ang nangyari kay Pedro? | Ano ang sinabi niya? |
|---|---|---|
| Lucas 22:55–57 | | |
| Lucas 22:58 | | |
| Lucas 22:59–60 | | |

- Sa palagay ninyo, bakit natukso si Pedro na ikaila na hindi niya kilala si Jesus sa bawat isa sa mga taong ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 22:61–62. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari matapos ikaila ni Pedro na kilala niya ang Tagapagligtas.


- Ano ang nangyari matapos ikaila ni Pedro na kilala niya ang Tagapagligtas?

Kung maaari, ipakita ang larawan na *Peter's Denial,* ni Carl Heinrich Bloch. Ang larawang ito ay makukuha sa LDS.org.

- Kung kayo ang nasa katayuan ni Pedro, ano kaya ang maiisip o madarama ninyo nang tingnan kayo ng Tagapagligtas? Bakit?
- Paano inilalarawan sa karanasan ni Pedro ang kaibahan ng pagkakaroon ng patotoo sa ebanghelyo sa lubos na pagbabalik-loob dito?

Ipaliwanag na bagama't may patotoo na si Pedro sa ebanghelyo, hindi pa siya lubos na nagbalik-loob. Gayunman, natanto niya ang kanyang kahinaan, lubos na nagbalik-loob, at inilaan ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Diyos at pagbabahagi ng ebanghelyo.

- Anong aral ang matututuhan natin mula sa karanasan ni Pedro?



*Peter's Denial,* ni Carl Heinrich Bloch. Sa kagandahang-loob ng National History Museum at Frederiksborg Castle sa Hillerød, Denmark. Bawal kopyahin.

Ibuod ang Lucas 22:63–71 na ipinapaliwanag na ang Tagapagligtas ay hinamak at hinampas ng mga punong saserdote.

Tapusin ang lesson sa paghikayat sa mga estudyante na isulat sa kanilang notebook o scripture study journal ang ilang bagay na magagawa nila na makatutulong sa kanila na tunay na makapagbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo. Hikayatin silang gawin ang isa sa mga bagay na ito sa kanilang listahan sa linggong ito.

## LESSON 58

# Lucas 23

## Pambungad

Ang Tagapagligtas ay nilitis sa harap nina Poncio Pilato at Herodes Antipas. Walang nakitang kasalanan ang dalawang lalaking ito sa Tagapagligtas sa mga krimeng ipinaratang sa Kanya, gayunpaman pinahintulutan ni Pilato na mapako Siya sa krus. Pinatawad ni Jesus ang mga kawal na Romano na nagpako sa Kanya at nagsalita sa isang magnanakaw na nakapako rin sa krus. Pagkamatay ni Jesus, inihimlay ni Jose ng Arimatea ang Kanyang katawan sa libingan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 23:1–25

*Ang Tagapagligtas ay nilitis sa harap nina Pilato at Herodes*

Bago magklase, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

> *Kailan ninyo nadama na napagmalupitan kayo dahil sa sinabi o ginawa ng ibang tao?*
>
> *Paano kayo tutugon sa gayong sitwasyon?*

Simulan ang klase sa pag-anyaya sa mga estudyante na isiping mabuti ang mga tanong na nasa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang katotohanan sa pag-aaral nila ng Lucas 23 na tutulong sa kanila na malaman kung paano tutugon kapag pinagmalupitan sila ng ibang tao.

Ipaalala sa mga estudyante na pagkatapos magdusa ni Jesus sa Getsemani, Siya ay dinakip ng mga punong saserdote at hinatulan Siyang mamatay. Sabihin na mula sa panahong iyan hanggang sa Kanyang kamatayan, nakaharap ni Jesus ang sumusunod na mga tao: Poncio Pilato, Herodes Antipas, isang grupo ng matatapat na kababaihan, kawal na Romano, at dalawang magnanakaw na ipinako sa krus sa magkabilang tabi Niya. Si Poncio Pilato ay isang Romano na namamahala sa teritoryo ng Judea, na kinabibilangan ng kabiserang lungsod ng Jerusalem; si Herodes Antipas (na nagpapatay kay Juan Bautista) ay namamahala sa teritoryo ng Galilea at Perea sa ilalim ng awtoridad ng Roma (tingnan sa Lucas 3:1).

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante at sabihin sa magkakapartner na magkasamang basahin ang Lucas 23:1–11, na inaalam ang pagkakaiba ng sagot ng Tagapagligtas kay Poncio Pilato at kay Herodes Antipas. Upang tulungan silang maunawaan ang sagot ng Tagapagligtas kay Pilato, ipaliwanag na ang Marcos 15:2 sa Joseph Smith Translation, ay "At pagsagot niya ay sinabi sa kaniya, Ako nga, tulad ng sabi mo."

Sabihin sa mga magkakapartner na pag-usapan nila ang sumusunod na mga tanong:

- Paano naiba ang sagot ni Jesus kay Pilato sa sagot Niya kay Herodes?
- Bakit kaya ikinagulat ni Pilato ang sagot ng Tagapagligtas sa kanya?
- Bakit kaya nadismaya si Pilato sa hindi pagkibo ng Tagapagligtas?

Ibuod ang Lucas 23:12–25 na ipinapaliwanag na walang nakitang kasalanan si Pilato o si Herodes sa Tagapagligtas, kaya sinabi ni Pilato sa mga tao na kanyang parurusahan Siya at pagkatapos ay palalayain. Sumigaw ang mga tao kay Pilato na si Barrabas ang palayain at hiniling na ipako si Jesus sa krus. Pinalaya ni Pilato si Barrabas at ibinigay sa mga tao si Jesus upang ipako sa krus. (*Paalala:* Ang tala tungkol kay Jesus sa harap ni Pilato ay ituturo nang mas detalyado sa lesson sa Juan 18–19.)

## Lucas 23:26–56

### *Si Jesus ay ipinako sa krus sa gitna ng dalawang magnanakaw*


Ibuod ang Lucas 23:26–31 na ipinapaliwanag na isang malaking grupo ng matatapat na kababaihan na kasama Niya mula pa noong Kanyang ministeryo sa Galilea ang nagsitangis o nag-iiyakan habang sinusundan nila si Jesus na dinadala sa lugar na pagpapakuan sa Kanya. Sinabi ni Jesus sa kanila na huwag silang tumangis para sa Kanya kundi sa nalalapit na pagkawasak na darating sa Jerusalem dahil hindi tinanggap ng mga Judio ang kanilang Hari.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 23:32–34. Ipaliwanag na sa Lucas 23:34 ng Joseph Smith Translation, ay ganito ang mababasa, "At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila, sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. (Ibig sabihin ang mga kawal na nagpako sa kanya,) at sa pagbabahabahagi nila ng kaniyang mga suot ay kanilang pinagsapalaranan." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas habang Siya ay nakabayubay o nakapako sa krus.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas habang nakabayubay Siya sa krus? (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga salita ng Tagapagligtas na nakatala sa talata 34.)
- Bakit ang panalangin ng Tagapagligtas sa sandaling ito ay lubos na kamangha-mangha?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa halimbawa ng Tagapagligtas tungkol sa dapat nating gawin kapag pinagmalupitan tayo ng iba? (Maaaring iba-iba ang mga sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Matutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo sa pagpiling patawarin ang mga nagmalupit sa atin.**)
- Ano ang ibig sabihin ng magpatawad?

Maaari mong ipaliwanag na ang pagpapatawad ay hindi nangangahulugang hindi pananagutin ang mga nagkasala sa atin para sa mga ginawa nila. Hindi rin ito nangangahulugan na hahayaan nating patuloy tayong pagmalupitan ng mga tao. Sa halip, ang kahulugan ng pagpapatawad ay pakitunguhan nang may pagmamahal ang mga taong nagmalupit sa atin at huwag maghinanakit o magalit sa kanila (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Magpatawad," scriptures.lds.org).

Sabihin sa mga estudyante na tahimik na pagnilayan kung may isang taong kailangan nilang patawarin. Aminin na kung minsan ay mahirap magpatawad. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang magagawa nila kung nahihirapan silang magpatawad ng iba.



"Isinasamo ko sa inyo na humingi sa Panginoon ng lakas para makapagpatawad. … Maaaring hindi maging madali ito, at maaaring hindi agad dumating ito. Ngunit kung hihingin ninyo ito nang taos-puso at lilinangin ito, ito *ay* darating" ("Of You It Is Required to Forgive," *Ensign,* Hunyo 1991, 5).

- Ano ang ipinayo ni Pangulong Hinckley na gawin natin kung nahihirapan tayong magpatawad ng iba?
- Sa palagay ninyo, paano nakatutulong sa atin ang paghingi ng lakas upang makapagpatawad tayo?

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagkakataon na pinatawad nila ang isang tao. Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa klase. (Sabihin sa kanila na huwag magbanggit ng mga pangalan sa klase, at paalalahanan sila na huwag magbahagi ng anumang bagay na napakapersonal.)

Hikayatin ang mga estudyante na tularan ang halimbawa ni Jesucristo at patawarin ang mga nagmalupit sa kanila. Anyayahan sila na manalangin at humingi ng lakas at kakayahang magawa ito.

Ibuod ang Lucas 23:35–38 na ipinapaliwanag na nilibak ng mga pinunong Judio at mga kawal na Romano ang Tagapagligtas habang Siya ay nakabayubay sa krus.



Ipakita ang larawang Ang Pagpapako sa Krus (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 57; tingnan din sa LDS.org). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 23:39–43, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tinrato ang Tagapagligtas ng dalawang magnanakaw na ipinako sa Kanyang magkabilang tabi.

- Paano tinrato ng dalawang magnanakaw ang Tagapagligtas?
- Ano kaya ang ibig sabihin ng magnanakaw nang sabinin niya, "Tinanggap natin ang nararapat na kabayaran sa ating mga gawa" (talata 41)?
- Ano ang isinagot ng Tagapagligtas sa magnanakaw na ito nang hilingin niya sa Tagapagligtas na alalahanin siya sa kaharian ng Diyos?

Upang mas maunawaan ng mga estudyante ang kahulugan ng sinabi ng Tagapagligtas sa magnanakaw na isasama Niya ito sa paraiso, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag:

> "Sa mga banal na kasulatan, ang salitang *paraiso* ay ginamit sa iba't ibang paraan. Una, ito ay isang lugar ng kapayapaan at kaligayahan sa daigdig ng mga espiritu sa kabilang buhay, na nakatalaga para sa mga nabinyagan at nanatiling tapat (tingnan sa Alma 40:12; Moroni 10:34). …
>
> "Ang ikalawang gamit ng salitang *paraiso* ay matatagpuan sa pagsasalaysay ni Lucas tungkol sa Pagpapako sa Krus sa Tagapagligtas. … Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na … talagang sinabi ng Panginoon [na] makakapiling [Niya ang] magnanakaw sa daigdig ng mga espiritu" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 191; tingnan din sa *History of the Church,* 5:424–25).

- Ayon kay Propetang Joseph Smith, saan mapupunta ang magnanakaw pagkamatay niya? (Sa daigdig ng mga espiritu [tingnan sa Alma 40:11–14].)
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa pahayag ng Tagapagligtas na isasama Niya sa paraiso ang magnanakaw (Lucas 23:43)? (Maaaring iba-iba ang sagot ang mga estudyante, ngunit tiyaking natukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Ang mga espiritu ng lahat ng tao ay pumapasok sa daigdig ng mga espiritu sa pagkamatay nila.**)

Ipaliwanag na matutulungan tayo ng iba pang mga banal na kasulatan upang mas maunawaan kung ano ang mangyayari sa magnanakaw at sa iba pang kagaya niya sa daigdig ng mga espiritu. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang Doktrina at mga Tipan 138:28–32, 58–59 bilang cross-reference sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan katabi ng Lucas 23:43.

> ***Mga Cross-Reference***
>
> Ang cross-reference ay isang scripture reference na magbibigay sa inyo ng karagdagang impormasyon at kaalaman tungkol sa talatang inyong pinag-aaralan. Ang pag-cross-reference, o pag-uugnay, ay pagkokonekta ng scripture references na nakatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang isang talata sa banal na kasulatan. Ang cross-reference na ibinibigay mo bilang bahagi ng iyong lesson ay dapat makaragdag sa pagkaunawa ng mga estudyante sa talata sa banal na kasulatan at hindi lamang pagbanggit muli sa mga katotohanang natukoy na nila.

Ipaliwanag na ang Doktrina at mga Tipan 138 ay naglalaman ng paghahayag na ibinigay kay Pangulong Joseph F. Smith kung saan inihayag ng Tagapagligtas ang mga katotohanang ito tungkol sa daigdig ng mga espiritu. Ang mga katotohanang ito ay makatutulong sa atin na maunawaan ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niya, "Ngayon ay kakasamahin kita sa paraiso" (Lucas 23:43).

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Doktrina at mga Tipan 138:11, 16, 18, 28–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Tagapagligtas nang pumunta Siya sa daigdig ng mga espiritu.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas nang pumunta Siya sa daigdig ng mga espiritu?
- Ayon sa talata 29, saan hindi pumunta ang Tagapagligtas habang Siya ay nasa daigdig ng mga espiritu?
- Ano ang iniatas ng Tagapagligtas na gagawin ng Kanyang mabubuting sugo?
- Anong mga katotohanan ang matututuhan natin sa mga talatang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Sa ilalim ng pamamahala ni Jesucristo, ang mabubuting sugo ay nagturo ng ebanghelyo sa mga nasa bilangguan ng mga espiritu.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Brother Alain A. Petion, dating Area Seventy. Sabihin sa klase na pakinggan ang mensahe ng Tagapagligtas at kung ano ang magagawa nito para sa kriminal na nakapako sa krus.



"Maawaing sumagot ang Tagapagligtas at binigyan siya ng pag-asa. Malamang na hindi naunawaan ng kriminal na ito na ang ebanghelyo ay ituturo sa kanya sa daigdig ng mga espiritu o bibigyan siya ng pagkakataon na mamuhay sa espiritu nang naaayon sa Diyos (tingnan sa I Ni Pedro 4:6; D at T 138:18–34). Totoong nagmalasakit ang Tagapagligtas sa magnanakaw na nakapako sa tabi Niya; tiyak din na labis Siyang nagmamalasakit sa mga nagmamahal sa Kanya at nagsisikap na sundin ang Kanyang mga kautusan!" ("Words of Jesus: On the Cross," *Ensign,* Hunyo 2003, 34).

- Anong pag-asa ang ibinibigay sa atin ng mga salita sa D at T 138:29–32 tungkol sa lahat ng pumanaw na walang kaalaman sa ebanghelyo?

Ipaliwanag na kahit ang ebanghelyo ay ipangangaral sa magnanakaw na ito, siya ay hindi kaagad maliligtas sa kaharian ng Diyos.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Doktrina at mga Tipan 138:58–59, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang kinakailangang gawin ng magnanakaw at ng iba pa sa bilangguan ng mga espiritu upang sila ay matubos.

- Ano ang kailangang gawin ng magnanakaw, o ng sinuman sa bilangguan ng mga espiritu, upang sila ay matubos?
- Ano ang mangyayari sa mga espiritung nagsisi at tumanggap ng mga ordenansa sa templo na isinagawa para sa kanila? (Ang mga espiritu "na magsisisi ay matutubos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa ng [templo]," malilinis sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, at "tatanggap ng [kanilang] gantimpala" [D at T 138:58–59].)
- Ano ang dapat nating gawin upang matulungan ang mga espiritung iyon, na gaya ng magnanakaw, na kailangang matubos? (Maaari nating tapusin ang gawain sa family history at makibahagi sa mga ordenansa sa templo para sa mga patay.)

Ibuod ang Lucas 23:44–56 na ipinapaliwanag na namatay sa krus ang Tagapagligtas pagkasabi Niya ng, “Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu” (talata 46). Pagkatapos ay ibinalot ni Jose ng Arimatea ng kayong lino ang katawan ng Tagapagligtas at inihimlay Siya sa isang libingan.

Tapusin ang lesson na nagpapatotoo tungkol sa mga katotohanang tinalakay mo sa lesson na ito.

LESSON 59

# Lucas 24

## Pambungad

Sa ikatlong araw matapos ang kamatayan ni Jesucristo, ibinalita ng anghel na naroon sa libingan ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli sa isang grupo ng kababaihan. Nang marinig ang ibinalita ng kababaihan, pinagdudahan ng ilan sa mga disipulo ang posibilidad ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. Dalawang disipulo ang naglakbay papuntang Emaus at, nakausap ang hindi nakilalang nabuhay na muling Panginoon habang nasa daan. Si Jesus ay nagpakita kalaunan sa Kanyang mga Apostol at sa iba pa, ipinakita sa kanila ang Kanyang nabuhay na muling katawan, at inatasan silang mangaral ng pagsisisi at maging saksi sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Lucas 24:1–12

*Ibinalita ng mga anghel sa isang grupo ng kababaihan na si Jesucristo ay nagbangon*

Ipanood ang isang bahagi ng video na "Jesus Is Laid in a Tomb" mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos,* at huminto bago magsalita ang mga anghel sa kababaihan (time code 0:00–2:27). Ang video na ito ay makukuha sa LDS.org

Kung hindi mo maipapanood ang video, sabihin sa mga estudyante na kunwari ay naroon sila sa libingan nang ihimlay roon si Jesus at nakita na iginulong at itinakip ang bato sa pasukan nito. Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano kaya ang maiisip at madarama nila roon. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:1–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang natuklasan ng kababaihan nang bumalik sila sa libingan makalipas ang tatlong araw.

Matapos ipanood ang video o ipabasa ang mga talata 1–4, itanong:

- Ano ang nakita ng kababaihan sa libingan?
- Ano kaya ang magiging reaksyon ninyo kung nakita ninyong nakatayo ang mga anghel sa bukas na libingan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:5–8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng mga anghel sa kababaihan. Sabihin sa mga estudyante na magreport tungkol sa nalaman nila.

Ibuod ang Lucas 24:9–10 na ipinapaliwanag na nilisan ng kababaihan ang libingan at ibinalita sa mga disipulo ang nakita at narinig nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:11, at sabihin sa klase na alamin ang reaksyon ng mga Apostol sa ibinalita ng kababaihan. Sabihin sa mga estudyante na magreport tungkol sa nalaman nila.

Ipaliwanag na pagkarinig sa ibinallita ng kababaihan, tumakbo sina Pedro at Juan sa libingan at nakita na wala na roon ang katawan ni Jesus (tingnan sa Lucas 24:12; Juan 20:1–4).

### Lucas 24:13–32

*Kinausap ng nabuhay na muling Panginoon ang dalawang disipulo sa daan patungong Emaus*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang sandali na sila, tulad ng mga disipulo sa talang ito, ay nahirapang maniwala sa isang konsepto ng ebanghelyo.

Ipaliwanag na sa Lucas 24:13 nalaman natin na nilisan ng dalawang disipulo ang Jerusalem "nang araw ding yaon," naglakbay ng mga 6–7.5 milya (10–12 kilometro) patungo "sa isang nayong ngala'y Emaus." Makatutulong sa atin na pag-aralan ang kanilang karanasan sa daan patungong Emaus upang malaman kung paano natin mapapalakas ang ating mga patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:14–17, at sabihin sa klase na alamin kung sino ang nakisabay sa dalawang disipulo sa paglalakad nila.

- Sino ang nakisabay sa paglalakad ng mga disipulo?
- Bakit hindi nakilala ng mga disipulo si Jesus? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *may nakatatakip* [talata 16] ay natatakpan.)

Ipanood ang video na "Christ Appears on the Road to Emmaus" (3:32) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos,* na makukuha sa LDS.org. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang natutuhan ng mga disipulo mula kay Jesus habang naglalakad sila na kasabay Niya at hindi nakilala kung sino Siya. Bago ipanood ang video, ipaliwanag na ang pag-uusap sa video ay hango sa Lucas 24:17–33 nang sa gayon ay tahimik na makasabay sa pagbasa ang mga estudyante sa mga banal na kasulatan kung gusto nila. (Kung hindi mo maipapanood ang video, sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas mula sa mga talatang ito.)

Ipaliwanag na sa video na ito, hindi natin maririnig ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo habang sila ay naglalakad. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:27, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo.

- Ano ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo? Anong kasangkapan ang ginamit Niya upang ituro ang tungkol sa Kanyang sarili?
- Ayon sa Lucas 24:32, paano nakaapekto ang mga turo ng Tagapagligtas mula sa mga banal na kasulatan sa dalawang disipulo?
- Ano ang ibig sabihin ng "nagaalab ang puso [ng mga disipulo] sa loob" nila? (Ang Espiritu Santo ay nagpatotoo na ang mga turo tungkol kay Jesus sa mga banal na kasulatan ay totoo.)

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti ang maaaring natutuhan ng mga disipulo sa paggamit ni Jesus ng mga banal na kasulatan para turuan sila sa halip na sabihin lamang sa kanila kung sino Siya. Maaari mong hilingin sa ilang estudyante na ibahagi ang nasasaisip nila.

- Ano ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa epekto ng personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kapag pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan, inaanyayahan natin ang Espiritu Santo na magturo sa atin tungkol kay Jesucristo.**)

- Bukod sa pag-aalab sa ating puso, paano pa ninyo ilalarawan ang maaari nating madama kapag nagpapatotoo ang Espiritu Santo tungkol kay Jesucristo?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng isang talata sa banal na kasulatan na nakatulong sa kanila na madama na nagtuturo sa kanila ang Espiritu Santo tungkol kay Jesucristo. Ipabahagi sa kanila ang talata at mga epekto ng nadama nila. Maaari ka ring magbahagi ng banal na kasulatan na personal na nakatulong sa iyo.

Ipaalala sa mga estudyante na bagama't mahalagang basahin ang Bagong Tipan para sa seminary credit, mas mahalagang pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa paraang mapapalakas ng Espiritu Santo ang kanilang patotoo sa Tagapagligtas.

Magbigay sa mga estudyante ng mga kopya ng bookmark na naglalaman ng sumusunod na pahayag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol (o ipasulat sa mga estudyante ang pahayag sa blankong bookmark):



"Ang pangunahing layunin ng lahat ng banal na kasulatan ay puspusin ang ating mga kaluluwa ng pananampalataya sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. …

"… Ang pananampalataya ay nakakamtan sa pagsaksi ng Banal na Espiritu sa ating mga kaluluwa, nang Espiritu sa espiritu, habang naririnig o binabasa natin ang salita ng Diyos. At lumalalim ang pananampalataya kapag patuloy tayong nagpapakabusog sa salita. …

"… Maingat at masusing pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Pagnilayan at ipanalangin ang mga ito. Ang mga banal na Kasulatan ay paghahayag, at magdudulot ang mga ito ng dagdag na paghahayag" (D. Todd Christofferson, "Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2010, 34, 35).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag ni Elder Christofferson. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga paraan na mas mapagbubuti nila ang kanilang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Sabihin sa mga estudyante na magtakda ng mithiing pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa paraang madaragdagan ng Espiritu Santo ang kanilang pananampalataya at kaalaman tungkol kay Jesucristo. Maaari mong imungkahi na isulat nila ang mithiing ito sa likod ng bookmark nang sa gayon ay magamit nila ito bilang paalala sa pag-aaral nila ng banal na kasulatan.

## Lucas 24:33–53

### *Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga disipulo at ipinakita sa kanila ang Kanyang nabuhay na muling katawan*

Sabihin sa dalawang estudyante na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa harapan ng klase para makatulong sa pagsasadula ng isang tagpo na nagpapakita sa pagpunta ng mga missionary sa bahay ng isang tao. Sabihin sa kanila na kumatok. Magkunwaring bubuksan ang pinto at batiin sila. Sabihin sa kanila na magpakilala sila. Kapag nagawa na ito, magsabi ng katulad ng sumusunod:

"May tanong ako. Marami akong kilala na hindi naniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Sinabi ng ilan sa kanila na naniniwala sila kay Jesucristo ngunit hindi sila naniniwala na Siya ay nabuhay na muli at may pisikal na katawan. Sinabi nila na mananatili Siyang buhay bilang isang espiritu lamang. Ano ang pinaniniwalan ninyo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo?"


Bigyan ng oras ang dalawang estudyante na masagot ang tanong.

Ipaliwanag na ang Lucas 24:36–39 ay isang scripture mastery passage at makatutulong sa pagtuturo tungkol sa literal na Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Ibigay ang konteksto para sa talatang ito na ipinapaliwanag na ang mga disipulo na kasabay ni Jesus sa daan patungong Emaus ay kaagad bumalik sa Jerusalem at ikinuwento sa mga Apostol at iba pang mga disipulo ang kanilang karanasan (tingnan sa Lucas 24:33–35). Habang sila ay nag-uusap, nagpakita ang Tagapagligtas (tingnan sa talata 36).

Ang **Lucas 24:36–39** ay isang scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng scripture mastery passages ay makatutulong para madagdagan ang pagkaunawa ng mga estudyante tungkol sa pangunahing mga doktrina at maging handang ituro ang mga ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang scripture mastery passages sa kakaibang paraan para mabilis nila itong mahanap. Alamin ang mga ideya sa pagtuturo na nasa hulihan ng lesson upang matulungan ang mga estudyante sa pagsasaulo at pag-unawa nila sa scripture mastery passage na ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante na gumanap sa dula-dulaan ang Lucas 24:36–39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang katibayan na literal na nabuhay muli si Jesus at may katawang may laman at mga buto.

- Ano ang ipinagawa ni Jesus sa Kanyang mga disipulo para matulungan sila na maunawan na hindi Siya espiritu lamang kundi may pisikal na katawan din? (Ipakita ang larawang Ipinapakita ni Jesus ang Kanyang mga Sugat [*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* (2009), blg. 60; tingnan din sa LDS.org].)
- Ano kaya ang mararamdaman ninyo kung naroon kayo nang magpakita si Jesucristo sa Kanyang mga disipulo?



Pasalamatan ang mga estudyanteng gumanap sa dula-dulaan, at paupuin na sila. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:40–43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano pa ang ginawa ni Jesus para maipakita na Siya ay may nahahawakan (o pisikal) na katawan na nabuhay na muli.

- Ano pa ang ginawa ng Tagapagligtas para maipakita na Siya ay may katawan na nabuhay na muli?
- Anong mga doktrina ang matututuhan natin sa mga talatang ito? (Maaaring makatukoy ang mga estudyante ng iba't ibang doktrina, ngunit tiyaking mabigyang-diin na **si Jesucristo ay may nabuhay na muling katawan na may laman at mga buto.** Isulat sa pisara ang doktrinang ito.)
- Bakit mahalagang maunawaan at paniwalaan ang doktrinang ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag:

> "Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli—maliligtas mula sa pisikal na kamatayan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22). Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay ang muling pagsasama ng espiritu at katawan sa isang perpekto at imortal na kalagayan, na hindi na dadanas pa ng sakit o kamatayan (tingnan sa Alma 11:42–45). …
>
> "Ang pag-unawa at patotoo sa pagkabuhay na mag-uli ay magbibigay sa inyo ng pag-asa at pananaw habang dumaranas kayo ng mga hamon, pagsubok, at tagumpay sa buhay. Makasusumpong kayo ng kaaliwan sa katiyakang ang Tagapagligtas ay buhay at sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, 'nilagot niya ang mga gapos ng kamatayan, upang ang libingan ay hindi magtagumpay, at ang tibo ng kamatayan ay malamon sa pag-asa ng kaluwalhatian' (Alma 22:14)" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 136, 137).

- Ano ang ilang halimbawa ng mga pagsubok na ang pag-asa sa sarili nating pagkabuhay na mag-uli ay makatutulong sa atin para makapagtiis?

Hilingin sa ilang estudyante na magpatotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at na ipaliwanag kung bakit mahalaga sa kanila ang doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:44–53. Sabihin sa klase na pakinggan ang mga sinabi ng Tagapagligtas na para bang bahagi sila ng grupo ng mga disipulo na kasama Niya at pag-isipan kung alin sa mga turo Niya ang pinakamakahulugan sa kanila. Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang naisip nila tungkol sa mga talatang ito.

Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo ng mga katotohanang tinalakay mo.

### Scripture Mastery—Lucas 24:36–39

Upang matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang Lucas 24:36–39, hatiin ang klase sa apat na grupo. Mag-assign ng iba't ibang talata mula sa scripture mastery passage na ito sa bawat grupo, at tagubilinan ang mga estudyante sa bawat grupo na magtulungan sa pagsaulo sa talatang naka-assign sa kanila. Pagkatapos ng ilang minuto, sabihin sa bawat grupo na i-recite ang naka-assign na talata sa kanila ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga talata. Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na i-recite muli ang kanilang mga talata sa susunod na ilang klase hanggang maging pamilyar sa lahat ang buong scripture mastery passage.

# Pambungad sa Ang Ebanghelyo Ayon kay Juan

## Bakit dapat pag-aralan ang aklat na ito?

Noong panahon ng matinding pag-uusig sa mga Kristiyano, paglaganap ng apostasiya, at pagtatalo tungkol sa likas na katangian ni Jesucristo, itinala ni Apostol Juan ang kanyang patotoo sa Tagapagligtas. Ang pag-aaral ng Ebanghelyo Ayon Kay Juan ay makatutulong sa mga estudyante na makilala ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng ministeryo ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Itinuturo ng tala ni Juan na makatatanggap ng malaking pagpapala ang mga namumuhay ayon sa mga turo ni Jesucristo, kasama na ang buhay na walang hanggan.

## Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Isinulat ni Apostol Juan ang aklat na ito. Tinukoy niya ang kanyang sarili sa buong aklat bilang ang "alagad, na minamahal ni Jesus" (tingnan sa Juan 13:23; 19:26; 20:2; 21:7, 20).

Si Juan at ang kanyang kapatid na si Santiago ay mga mangingisda (tingnan sa Mateo 4:21). Bago maging disipulo at Apostol ni Jesucristo, tila isang tagasunod ni Juan Bautista si Juan (tingnan sa Juan 1:35–40; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Juan, Anak ni Zebedeo," scriptures.lds.org).

## Kailan at saan ito isinulat?

Hindi natin alam kung kailan mismo isinulat ni Juan ang aklat na ito. Sinasabing isinulat ito mula A.D. 60 hanggang A.D. 100. Ipinahayag ng mga naunang Kristiyanong manunulat ng ikalawang siglo A.D. na maaaring isinulat ni Juan ang aklat na ito sa Efeso sa Asia Minor (kasalukuyang Turkey).

## Para kanino ito isinulat at bakit?

Kahit na sadyang para sa lahat ang mga sulat ni Juan, may mas partikular na pinatutungkulan ang kanyang mensahe. Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang ebanghelyo ni Juan ay isang tala para sa mga banal; higit sa lahat, ito ay ebanghelyo para sa Simbahan" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:65). Sinabi ni Juan na ang layunin niya sa pagsusulat ng aklat na ito ay hikayatin ang tao na, "magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan" (Juan 20:31). "Ang mga kaganapan mula sa buhay ni Jesus na inilarawan [ni Juan] ay maingat na pinili at inayos nang may gayong layunin" (sa Bible Dictionary ng LDS English version ng Biblia, "John, Gospel of").

## Ano ang ilan sa naiibang katangian ng aklat na ito?

Mga 92 porsiyento ng nakatala sa Ebanghelyo Ayon kay Juan ay hindi matatagpuan sa iba pang Ebanghelyo. Ito marahil ay dahil ang talang ito na isinulat ni Juan para sa mga tao—mga miyembro ng Simbahan na may nalalaman na tungkol kay Jesucristo—ay iba sa mga tao na nais nina Mateo, Marcos, at Lucas na makabasa

ng kanilang mga tala. Sa pitong himalang itinala ni Juan, lima rito ang hindi nakatala sa iba pang Ebanghelyo. Bagama't inilahad nina Mateo, Marcos, at Lucas ang maraming impormasyon tungkol sa ministeryo ni Jesus sa Galilea, itinala naman ni Juan ang maraming pangyayaring naganap sa Judea. Naglalaman ng maraming doktrina ang Ebanghelyo Ayon kay Juan, na may mga mahalagang tema tulad ng kabanalan ni Jesus bilang Anak ng Diyos, ang Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buhay na walang hanggan, ang Espiritu Santo, ang pangangailang maipangak na muli, ang kahalagahan ng pagmamahal sa iba, at ang kahalagahan ng paniniwala sa Tagapagligtas.

Binigyang-diin ni Juan ang kabanalan ni Jesus bilang Anak ng Diyos. Itinala ni Juan ang mahigit 100 pagbanggit ni Jesus sa Kanyang Ama, lakip ang mahigit 20 reperensiya sa Juan 14 pa lamang. Isa sa mga pinakamahalagang naitala ni Juan ay ang mga turo ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo sa mga oras bago Siya dinakip, kasama na ang dakilang Panalangin ng Pamamagitan, na inialay Niya sa gabing nagdusa Siya sa Getsemani. Ang bahaging ito ng tala ni Juan (Juan 13–17) ay bumubuo sa mahigit 18 porsiyento ng mga pahina sa Juan, na nagbibigay sa atin ng higit na pagkaunawa sa doktrina ng Tagapagligtas at sa inaasahan Niya sa Kanyang mga disipulo.

## Outline

**Juan 1** Pinatotohanan ni Juan ang pagkadiyos at kabanalan sa buhay bago ang buhay sa mundong ito ni Jesucristo at ang misyon na magbigay ng kaligtasan sa lahat ng tao. Itinala ni Juan ang pagbinyag kay Jesus at ang pagtawag sa ilan sa Kanyang mga disipulo.

**Juan 2–4** Ginawang alak ni Jesucristo ang tubig. Itinuro Niya kay Nicodemo ang tungkol sa espirituwal na ipanganak na muli at nagpatotoo sa babaeng nasa tabi ng balon na Siya ang Cristo. Pinagaling Niya ang anak ng isang maharlika.

**Juan 5–7** Pinagaling ng Tagapagligtas ang isang maysakit na lalaki sa tangke (pool) ng Betesda at ipinahayag ang Kanyang banal na kapangyarihan at awtoridad. Pinakain Niya ang limang libong katao bilang paghahanda sa sermon na Tinapay ng Kabuhayan, ipinahayag na Siya ang Mesiyas, at ipinahayag sa Kapistahan ng mga Tabernakulo na ang mga tumatanggap sa Kanya ang magkakaroon lamang ng buhay na walang hanggan.

**Juan 8–10** Sa pamamagitan ng karanasan ng babaeng nahuling nangangalunya, nagturo si Jesus tungkol sa pagkahabag at pagsisisi. Ipinahayag Niya na Siya si Jehova, ang dakilang Ako Nga. Pinagaling Niya ang isang lalaking ipinanganak na bulag at inilarawan ang Kanyang sarili bilang ang Mabuting Pastol, na nagmamahal at nag-aalay ng Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa.

**Juan 11–13** Pinabangon ni Jesucristo si Lazaro mula sa kamatayan, na nagpapakita ng Kanyang kapangyarihang daigin ang kamatayan. Matagumpay Siyang pumasok sa Jerusalem. Sa Huling Hapunan, hinugasan ni Jesus ang mga paa ng Kanyang mga disipulo at nagturo na ibigin nila ang isa't isa.

**Juan 14–16** Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang kaugnayan ng pagmamahal at pagsunod. Nangako siya na ipadadala ang Mang-aaliw (ang

Espiritu Santo) at gagabayan Niya ang Kanyang mga disipulo. Ipinahayag niya na Siya ang Tunay na Puno ng Ubas at na dinaig Niya ang sanlibutan.

**Juan 17–19** Inihandog ni Jesus ang Panalangin ng Pamamagitan para sa Kanyang mga disipulo at sa mga taong maniniwala sa kanilang pagtuturo. Siya ay ipinagkanulo, dinakip, nilitis, at hinatulan. Pagkatapos magdusa sa krus, Siya ay namatay at inilibing.

**Juan 20–21** Nagpakita ang nabuhay na muling si Jesucristo kay Maria Magdalena sa Libingan sa Halamanan at sa ilan sa Kanyang mga disipulo sa Jerusalem. Nagpakita siya sa pitong disipulo sa Dagat ng Galilea at iniutos kay Pedro na pamunuan ang mga disipulo sa paglilingkod sa iba.

LESSON 60

# Juan 1


## Pambungad

Itinala ni Juan ang Pinakamamahal ang mahahalagang doktrinang may kinalaman sa tungkulin ni Jesucristo sa buhay bago ang buhay sa mundo. Nagpatotoo rin si Juan Bautista kay Jesucristo at bininyagan Siya. Inanyayahan ni Jesucristo ang mga tao na mag-aral sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 1:1–18; Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:1–19

*Pinatotohanan ni Juan na si Jesucristo ang Anak ng Diyos*



Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Magdispley sa pisara ng larawan ni Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay nakikipag-usap sila sa isang taong kaunti lamang ang nalalaman tungkol kay Jesucristo. Sabihin sa magkakapartner na ang isa sa kanila ay tuturuan ang kapartner nila nang isang minuto tungkol kay Jesus na parang kakaunti lamang ang nalalaman nito tungkol kay Jesucristo. Pagkatapos ng aktibidad na ito, sabihin sa ilang estudyanteng naturuan tungkol kay Cristo na ibahagi sa klase kung ano ang itinuro sa kanila ng kapartner nila.

Maikling ipakilala ang aklat ni Juan na ipinapaliwanag na itinala ni Apostol Juan ang nais niyang malaman ng mga Banal tungkol kay Jesucristo. Si Juan ay saksi sa maraming tala na isinulat niya. Karamihan sa mga nakatala sa Ebanghelyo Ayon kay Juan ay hindi matatagpuan sa mga Ebanghelyo Ayon kina Mateo, Marcos, at Lucas, na isinulat upang tulungan ang mga Judio at mga Gentil na maniwala na si Jesus ang Mesiyas at ang Tagapagligtas ng sangkatauhan. Kabaligtaran niyan, partikular na nagsulat si Juan para sa mga taong naniniwala na si Jesus ang Cristo.

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Juan 1, sabihin sa kanila na hanapin ang mga katotohanan tungkol sa Tagapagligtas na magpapalakas sa kanilang pananampalataya at patotoo kay Jesucristo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:1–2 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa. Sabihin sa kanila na alamin ang mga katotohanang itinuro ni Juan tungkol kay Jesucristo.

- Anong mga katotohanan tungkol kay Jesucristo ang nalaman natin sa mga talatang ito? (Ang isang katotohanan na dapat matukoy ng mga estudyante ay **si Jesucristo ay sumasa Diyos sa simula.** Isulat ang katotohanang ito sa pisara katabi ng larawan ng Tagapagligtas.)
- Ano ang ibig sabihin ng si Jesucristo ay sumasa Diyos sa simula? (Ipaliwanag na ang mga katagang "sa simula" ay tumutukoy sa buhay bago ang buhay sa mundo. Si Jesucristo ang Panganay ng Ama sa espiritu [tingnan sa D at T 93:21], Siya ay katulad ng Diyos at kabilang sa mga espiritung nagtipon "bago pa ang mundo" [Abraham 3:22–24], at Siya ang pinili ng Ama mula pa sa simula [tingnan sa Moises 4:2].)

### *Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga Pangunahing Doktrina*

Matututuhan ng mga estudyante ang mga Pangunahing Doktrina kapag pinag-aralan at tinalakay nila ang mga banal na kasulatan at kapag pinag-aralan at inunawa nilang mabuti ang mahahalagang talata. Huwag mong baguhin ang pagkakasunud-sunod ng pag-aaralang banal na kasulatan para magpokus sa mga Pangunahing Doktrina. Sa halip, tukuyin at tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga Pangunahing Doktrina kapag itinuturo na ang mga ito at nakapaloob sa lesson. Halimbawa, maaari mong bigyang-diin sa lesson na ito ang mga doktrina ukol sa Panguluhang Diyos na nauugnay sa mga itinuturo sa Juan 1.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:3 (sa Gabay sa mga Banal ng Kasulatan), at ipahanap sa klase ang karagdagang katotohanan na itinuro ni Juan tungkol kay Jesucristo.

- Ano pa ang itinuro ni Juan tungkol kay Jesucristo? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang doktrina tulad ng sumusunod: **Lahat ng bagay ay nilikha ni Jesucristo.** Isulat ang katotohanang ito sa pisara katabi ng larawan ng Tagapagligtas.)

Ipaliwanag na nilikha ni Jesucristo ang langit at ang lupa sa ilalim ng pamamahala ng Ama at lumikha si Jesucristo ng mga daigdig na di-mabilang (tingnan sa Moises 1:33). Gayunman, ang Ama sa Langit ang siyang gumawa ng "dalawang paglikha": ang paglikha ng lahat ng espiritu (kabilang na ang kay Jesucristo) at ang paglikha ng mga pisikal na katawan nina Adan at Eva (Bruce R. McConkie, *A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 63; tingnan din sa Moises 2:27).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:4–5 (sa Gabay sa Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na alamin kung paano inilarawan ni Juan si Jesus at ang Kanyang ebanghelyo.

- Paano inilarawan ni Juan si Jesus at ang Kanyang ebanghelyo?
- Ano ang ibig sabihin ng "nasa kanya ang ebanghelyo"? (Si Jesucristo ang mabuting balita, ang pinakadiwa ng ebanghelyo.)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "ang ilaw ay lumiwanag sa sanlibutan, at hindi ito naunawaan ng sanlibutan"? (Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:5).

Ipaliwanag na ang kasunod na itinuro ni Apostol Juan ay tungkol kay Juan Bautista. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:6–10 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na alamin kung ano ang ipinahayag ni Juan Bautista tungkol kay Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Sa mga talata 9–10, anong doktrina ang itinuro ni Apostol Juan tungkol kay Jesus? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang doktrina tulad ng sumusunod: **Si Jesucristo ang Ilaw ng Sanlibutan.** Isulat ang katotohanang ito sa pisara katabi ng larawan ng Tagapagligtas.)
- Sa paanong paraan si Jesucristo ang Ilaw ng Sanlibutan? (Tingnan sa D at T 88:5–13.)

Ibuod ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:11–18 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan) na ipinapaliwanag na nagpatotoo si Juan Bautista na lahat ng yaong naniniwala kay Jesucristo ay tatanggap ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.

Ituro na sa mga talata 14 at 16, tinukoy ni Juan si Jesucristo bilang "ang Salita." Ipaliwanag na ito ay isang titulo ni Jesucristo na matatagpuan sa ilang talata sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Juan 1:1, 14; I Ni Juan 1:1; Apocalipsis 19:13; D at T 93:8–10; Moises 1:32).

Ipaliwanag na gumagamit tayo ng mga salita upang makipag-ugnayan at maipahayag ang ating mga saloobin, damdamin, at ideya sa iba.

- Sa paanong paraan angkop na titulo ang "ang Salita" kay Jesucristo?

Ipaliwanag din na kung wala ang Pagsasalin ni Joseph Smith, maaaring maging mali ang pagkaunawa natin sa Juan 1:18 na walang taong nakakita kailan man sa Diyos Ama. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:19 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan).

- Paano nilinaw ng Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:19 ang Juan 1:18?

Pagsamahin ang dating magkakapartner sa unang aktibidad sa simula ng lesson. Sabihin sa magkakapartner na ang isa sa kanila ay tuturuan ang kapartner nila nang isang minuto tungkol kay Jesucristo gamit ang mga doktrinang natukoy ng klase sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:1–19 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Pagkatapos ng sapat na oras, itanong:

- Bakit mahalaga para sa sinuman na malaman ang mga doktrinang ito tungkol kay Jesucristo?

### Juan 1:19–34; Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:20–34

*Si Juan Bautista ay nagpatotoo tungkol kay Jesucristo at bininyagan Siya*

Ibuod ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:20–28 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan) na ipinaliliwanag na ang mga Judio ay nagsugo ng mga saserdote kay Juan Bautista upang magtanong kung siya ang Mesiyas. Ipinaliwanag ni Juan na ang kanyang tungkulin ay patotohanan ang Mesiyas, na magbibinyag sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo. Kinabukasan, nakita ni Juan Bautista si Jesus, na bininyagan niya nang nakaraang araw.

Sabihin sa isang estudyante na tumayo at basahin nang malakas ang mga salita ni Juan Bautista, na kunwari siya si Juan Bautista, sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:29–33 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin kung ano ang nais ni Juan Bautista na malaman ng mga tao tungkol kay Jesucristo.

Ituro ang larawan ni Jesucristo at ang mga katotohanang nakasulat sa pisara at itanong:

- Anong iba pang katotohanan o paglalarawan tungkol kay Jesucristo ang maidaragdag natin mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 1:29–33? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)
- Sa palagay ninyo, bakit tinukoy ni Juan Bautista si Jesus bilang "ang Kordero ng Diyos"?

## Juan 1:35–51

### *Inaanyayahan ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na mag-aral pa tungkol sa Kanya*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kunwari na may isang tinedyer na dumalo ng pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo at narinig ang ilan niyang kaibigan na nagpatotoo na alam nila na si Jesucristo ang kanilang Tagapagligtas. Nagtataka ang tinedyer na ito kung paano "nalaman" ng mga kaibigan niya ang mga bagay na iyon.

- Paano ninyo sasagutin ang ganyang tanong?

Sa pag-aaral ng klase ng Juan 1:35–51, sabihin sa mga estudyante na alamin kung ano ang magagawa natin upang matanggap (o mapalakas) ang ating sariling patotoo kay Jesucristo bilang Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 1:35–37, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang ginawa ni Juan Bautista sa kasunod na araw pagkatapos niyang binyagan si Jesus.

- Ano ang ginawa ni Juan nang makita niya si Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 1:38–39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus sa dalawang disipulo.

- Ano ang itinanong ni Jesus sa dalawang disipulo?
- Ano ang kanilang sagot?
- Ano ang ipinagawa ni Jesus sa dalawang disipulong ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 1:40–42, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang nalaman ni Andres pagkatapos niyang tanggapin ang paanyaya ng Tagapagligtas na "magsiparito kayo, at inyong makikita."

- Ano ang nalaman ni Andres sa pagtanggap sa paanyaya ng Tagapagligtas na "magsiparito kayo, at inyong makikita"? (Na si Jesus ang Mesiyas, o ang Cristo. Maaari mo ring ipaliwanag na nalaman natin mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Juan 1:42 na si Pedro ay tatawaging "Cefas, na, ang kahulugan ay,

*isang tagakita,* o isang bato" [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan], na ipinahihiwatig na si Pedro ay magiging isang tagakita [seer] sa Simbahan.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 1:43–46, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang ipinagawa ng Tagapagligtas kay Felipe. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Aling mga salita sa talata 45 ang nagpapahiwatig na nakatanggap si Felipe ng patotoo tungkol kay Jesucristo pagkatapos niyang tanggapin ang paanyaya ng Tagapagligtas na sumunod sa Kanya?
- Anong paanyaya ang ibinigay ni Felipe kay Natanael?

Ipabasa nang malakas sa tatlong estudyante ang Juan 1:47–51. I-assign ang isa bilang narrator, ipabasa naman sa isa ang mga sinabi ni Jesus, at sa isa pa ang sinabi ni Natanael. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang nangyari nang tanggapin ni Natanael ang paanyaya na mag-aral kay Jesus.

- Ano ang nangyari pagkatapos tanggapin ni Natanael ang paanyayang mag-aral kay Jesus?
- Anong alituntunin ang maaari nating matutuhan mula sa mga talang ito? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag tinanggap natin ang paanyaya na mag-aral at sumunod kay Jesucristo, magkakaroon tayo ng sariling patotoo tungkol sa Kanya.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Tila ang pangunahing layunin ng ating paglalakbay sa buhay na ito at ang mga kasagutan sa mga pinakamahalagang katanungan sa buhay natin ay mauuwi sa dalawang napakaikling bahaging ito sa simula ng ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo. Ang isang bahagi ay ang tanong sa bawat isa sa atin sa mundong ito: 'Ano ang inyong hinahanap? Ano ang gusto ninyo?' Ang pangalawa ay ang Kanyang itinugon sa ating sagot, *anuman ang sagot na iyan.* Kahit sino pa tayo at kahit ano pa ang sagot natin, ang Kanyang tugon ay gayon pa rin *palagi*: 'Magsiparito kayo,' ang sabi Niya nang buong giliw. 'Pumarito [kayo], sumunod [kayo] sa akin.' Saan man kayo patungo, pumarito muna kayo at tingnan kung ano ang ginagawa ko, tingnan kung saan at paano ko ginugugol ang aking oras. Mag-aral sa akin, maglakad kasama ko, kausapin ako, maniwala. Pakinggan akong manalangin. At sa paggawa nito mahahanap ninyo ang mga sagot sa inyong mga panalangin. Ang Diyos ay magbibigay ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa" ("He Hath Filled the Hungry with Good Things," *Ensign,* Nob. 1997, 65).

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan ang kanilang sariling mga pagsisikap na mag-aral kay Jesucristo at sundin Siya.

- Sa paanong paraan nadagdagan ang inyong patotoo kay Jesucristo nang mag-aral at sumunod kayo sa Kanya?

Sabihin sa mga estudyante na magsulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ng ilang pangungusap tungkol sa gagawin nila upang mas lubos na matanggap ang paanyaya ng Tagapagligtas na "pumarito ka at tingnan mo" at mag-aral at sumunod sa Kanya.

Tapusin ang lesson na ibinabahagi ang iyong patotoo sa mga alituntuning natukoy sa klase sa araw na ito.

HOME-STUDY LESSON

# Lucas 18–Juan 1 (Unit 12)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng Daily Home-Study Lessons*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Lucas 18–Juan 1 (unit 12) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong ituturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Lucas 18–21)

Napag-aralan ng mga estudyante sa lesson na ito ang mga talinghaga ng likong hukom at ng Fariseo at publikano. Nabasa rin nila ang tungkol sa isang lalaking bulag na humingi ng tulong sa Panginoon at ang tungkol kay Zaqueo. Natutuhan ng mga estudyante mula sa mga tala na ito na kapag tapat at masigasig tayo sa pananampalataya sa Panginoon, matatamo natin ang Kanyang awa.

### Day 2 (Lucas 22)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa payo ng Panginoon kay Pedro, natutuhan nila na kapag nagbalik-loob tayo sa ebanghelyo ni Jesucristo, mapapalakas natin ang iba. Natutuhan din ng mga estudyante ang mga sumusunod na katotohanan sa pagbabasa nila ng tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani: Kapag handa tayong sumunod sa Ama sa Langit, bibigyan Niya tayo ng lakas na magawa ang ipinagagawa Niya. Nagpawis si Jesucristo ng malalaking patak ng dugo habang nagdurusa Siya sa Halamanan ng Getsemani.

### Day 3 (Lucas 23–24)

Nabasa ng mga estudyante sa lesson na ito ang Pagpapako sa Krus, libing, at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Natutuhan nila ang mga sumusunod na katotohanan: Matutularan natin ang halimbawa ni Jesucristo sa pagpiling magpatawad sa mga taong nagmamalupit sa atin. Tutungo sa daigdig ng mga espiritu ang espiritu ng lahat tao sa oras ng kanilang kamatayan. Si Jesucristo ay may nabuhay na muling katawan na may laman at buto.

### Day 4 (Juan 1)

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng mga salita ni Juan na Pinakamamahal at ni Juan Bautista, natutuhan nila na kasama ng Diyos si Jesucristo sa simula pa lamang, na nilikha Niya ang lahat ng bagay, at Siya ang Ilaw ng Sanglibutan. Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa kung paano nakilala ng ilang mga disipulo si Jesucristo, natutuhan nila na kapag tinanggap natin ang paanyayang mag-aral at sumunod kay Jesucristo, magkakaroon tayo ng sariling patotoo tungkol sa Kanya.

## Pambungad

Makatutulong ang lesson na ito upang maunawaan ng mga estudyante kung paano aanyayahan ang Espiritu Santo upang magturo sa kanila tungkol kay Jesucristo. Gayundin, malalaman nila na si Jesucristo ay isang nabuhay na muling nilalang na may laman at buto.

# Mga Mungkahi sa Pagtuturo

## Lucas 24:13–32

### *Kinausap ng nabuhay na muling Panginoon ang dalawang disipulo sa daan patungong Emaus*

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung nahirapan na ba silang malaman kung totoo ang isang alituntunin sa ebanghelyo.

Ipaliwanag na malalaman natin sa Lucas 24:13 na lumisan mula Jerusalem ang dalawang disipulo sa mismong araw na natagpuan ng isang grupo ng kababaihan na walang laman ang libingan ni Jesus. Naglakbay sila nang mga 6–7.5 milya (10–12 kilometro) patungo "sa isang nayong ngala'y Emaus." Makatutulong sa atin ang pag-aaral ng kanilang karanasan sa daan patungong Emaus na malaman kung paano palalakasin ang ating mga patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:14–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang nakisabay sa dalawang disipulo habang naglalakad sila.

- Sino ang nakisabay sa mga disipulo habang naglalakbay sila patungong Emaus?
- Bakit hindi nakilala ng mga disipulo si Jesus? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *nakatatakip* sa Lucas 24:16 ay natatakpan.)

Sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Lucas 24:17–33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang natutuhan ng mga disipulo mula kay Jesus habang naglalakad sila na kasama Niya nang hindi Siya nakikilala.

Kung mayroon sa inyong wika, sa halip na basahin ang Lucas 24:17–33, maaari mong ipalabas ang video na "Christ Appears on the Road to Emmaus" (3:32) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos,* na matatagpuan sa LDS.org. Sabihin sa klase na panoorin ang natutuhan ng mga disipulo mula kay Jesus habang naglalakad silang kasama Niya nang hindi Siya nakikilala. Bago ipalabas ang video, ipaliwanag na ang pag-uusap sa video ay mula sa Lucas 24:17–33 kaya maaaring tahimik na sabayan ng mga estudyante ang pagbabasa nito sa kanilang mga banal na kasulatan kung nais nila.

Ituro na sa video na ito, hindi natin maririnig kung ano ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo habang naglalakad sila. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:27. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo.

- Ano ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo?
- Anong bagay ang ginamit Niya upang magturo tungkol sa Kanyang Sarili? (Ang mga banal na kasulatan.)
- Sa talata 32, ano ang ibig sabihin ng nag-alab ang mga puso ng mga disipulo? (Nagpatotoo ang Espiritu Santo na totoo ang mga turo ni Jesus sa mga banal na kasulatan.)

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang maaaring nalaman ng mga disipulo sa paggamit ni Jesus ng mga banal na kasulatan sa pagtuturo sa kanila sa halip na

ihayag na lamang kung sino Siya. Maaari mong anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga saloobin.

- Anong alituntunin ang itinuro ng mga talatang ito tungkol sa mga epekto ng pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang sumusunod na alituntunin sa pisara: **Kapag pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan, inaanyayahan natin ang Espiritu Santo na magturo sa atin tungkol kay Jesucristo.**)
- Maliban sa pag-alab ng ating mga puso, paano pa ninyo mailalarawan ang mararanasan natin kapag nagpapatotoo ang Espiritu Santo kay Jesucristo?

Sabihin sa mga estudyante na maghanap ng isang talata sa banal na kasulatan na nakatulong sa kanila na maramdaman na tinuturuan sila ng Espiritu Santo tungkol kay Jesucristo. Sabihin sa kanila na ibahagi ang kanilang mga talata at ang mga epekto ng nadama nila. Maaari mo ring ibahagi ang isang talata sa banal na kasulatan na nakatulong sa iyo.

Ipaalala sa mga estudyante na kahit mahalagang mabasa ang Bagong Tipan para sa seminary credit, mas mahalaga pa rin na pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa paraang maaanyayahan ang Espiritu Santo na mapalakas ang kanilang patotoo sa Tagapagligtas.

Kung posible, magbigay ng mga kopya ng bookmark na naglalaman ng sumusunod na pahayag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, o sabihin sa mga estudyante na isulat ang pahayag sa isang blangkong papel o card na magagamit nila bilang bookmark. (Isang printable PDF sheet na may maraming bookmark ang makukuha sa online version ng lesson na ito.)



"Ang pangunahing layunin ng lahat ng banal na kasulatan ay puspusin ang ating mga kaluluwa ng pananampalataya sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. …

"… Ang pananampalataya ay nakakamtan sa pagsaksi ng Banal na Espiritu sa ating mga kaluluwa, nang Espiritu sa espiritu, habang naririnig o binabasa natin ang salita ng Diyos. At lumalalim ang pananampalataya kapag patuloy tayong nagpapakabusog sa salita. …

"… Maingat at masusing pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Pagnilayan at ipanalangin ang mga ito. Ang mga banal na kasulatan ay paghahayag, at magdudulot ang mga ito ng dagdag na paghahayag" (D. Todd Christofferson, "Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," *Ensign* o *Liahona*, Mayo 2010, 34–35).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag ni Elder Christofferson. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga paraan na mapagbubuti nila ang kanilang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Sabihin sa mga estudyante na magtakda ng mithiin na pag-aralan ang kanilang mga banal na kasulatan sa mga paraan na nag-aanyaya sa Espiritu Santo upang madagdagan ang kanilang pananampalataya at kaalaman kay Jesucristo. Maaari mong imungkahi na isulat nila ang mithiing ito sa likod ng bookmark upang magamit nila ito bilang paalala sa pag-aaral nila ng mga banal na kasulatan.

## Lucas 24:36–39

### *Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga disipulo at ipinakita sa kanila ang Kanyang nabuhay na muling katawan*

Ipaliwanag na bumalik agad sa Jerusalem ang mga disipulo na nakasama ni Jesus sa daan patungong Emaus at sinabi sa mga Apostol at sa iba pang mga disipulo ang naranasan nila (tingnan sa Lucas 24:33–35).

Ipabasa nang malakas sa buong klase ang scripture mastery passage sa Lucas 24:36–39, na inaalam ang nangyari habang ikinukuwento ng mga disipulo ang kanilang karanasan sa iba pang mga disipulo.

- Ano ang nangyari habang ikinukuwento ng mga disipulo ang kanilang karanasan?

Ipakita ang larawang Ipinapakita ni Jesus ang Kanyang mga Sugat (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 60; tingnan din sa LDS.org).

- Ano ang ipinagawa ni Jesus sa Kanyang mga disipulo upang matulungan silang maunawaan na hindi lamang Siya isang espiritu ngunit mayroon ding pisikal na katawan?
- Anong doktrina ang malalaman natin mula sa mga talatang ito? (Maaaring makatukoy ng iba't ibang doktrina ang mga estudyante, ngunit tiyaking mabigyang-diin na **si Jesucristo ay nabuhay na muling nilalang na may katawang may laman at buto.** Isulat ang doktrinang ito sa pisara; tingnan din sa D at T 130:22.)

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang patotoo sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas at ipaliwanag kung bakit mahalaga ang doktrinang ito sa kanila, o sabihin sa kanila na ibahagi ang isinulat nila sa kanilang scripture study journal para sa assignment 3 sa Unit 12: Day 3 lesson. Tapusin ang lesson na ibinabahagi ang iyong patotoo sa katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.

## Susunod na Unit (Juan 2–6)

Ipaliwanag sa mga estudyante na sa pag-aaral nila ng Juan 2–6, malalaman nila ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong: Ano ang unang himala ni Jesus sa mga tao? Paano ito nakatulong sa Kanyang ina? Bakit Niya nilinis ang templo? Kanino unang inihayag ni Jesus na Siya ang Mesiyas? Ano ang inihayag Niya sa babaeng ito tungkol sa buhay nito na Siya lamang ang nakaaalam? Bakit tinukoy ng Tagapagligtas ang Kanyang Sarili bilang ang tubig na buhay at ang Tinapay ng Kabuhayan? Mababasa rin ng mga estudyante ang tungkol sa dakila at makapangyarihang pagmiministeryo ni Jesus.

LESSON 61

# Juan 2

## Pambungad

Sa Cana, ginawa ng Tagapagligtas ang unang himalang nasaksihan ng publiko sa Kanyang ministeryo sa lupa nang gawin Niyang alak ang tubig. Pumunta si Jesucristo sa Jerusalem para sa Paskua. Nilinis Niya ang templo sa pamamagitan ng pagpapaalis sa mga mamamalit ng salapi na nilalapastangan ang bahay ng Kanyang Ama.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 2:1–11

*Ginawang alak ni Jesus ang tubig*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang tungkol sa sumusunod na "mga una" na maaaring nangyari sa kanilang buhay: ang kanilang unang araw sa paaralan, ang kanilang unang trabaho, ang unang pagkakataon na naalala nilang naramdaman nila ang Espiritu Santo.

- Bakit pinahahalagahan natin kung minsan ang mga ito at iba pang "mga una" sa ating buhay?

Ipaliwanag sa mga estudyante na sa pag-aaral nila ng Juan 2:1–11, malalaman nila ang tungkol sa unang nakatalang himala na ginawa ni Jesus noong nagministeryo Siya rito sa mundo. Sabihin sa mga estudyante na alamin kung bakit mahalaga ang unang nakatalang himala na ito.

Ipaliwanag na hindi nagtagal matapos mabinyagan si Jesus, Siya at ang Kanyang mga disipulo ay dumalo sa isang kasalan sa Cana, isang nayon malapit sa Nazaret, na kinalakhan ni Jesus. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 2:1–3, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang naging problema sa kasalan.

- Ano ang naging problema sa kasalan?

Ipaliwanag na ang alak ay kinaugaliang inumin sa isang kasalan. Minsan ay tumatagal ang isang kasalan nang maraming araw. Ang maubusan ng alak ay kahiya-hiya para sa mga punong-abala o nagdaos ng kasalan. Tila naramdaman ni Maria na may responsibilidad siya para sa piging ng kasal, kaya nang maubos ang alak, lumapit siya sa kanyang Anak at hiniling ang tulong Niya sa pagsisikap na iligtas sa kahihiyan ang pamilyang nagdaos ng kasalan. Ang sagot ni Jesus ay nagpakita ng paggalang at pagkahabag sa pagnanais ng Kanyang ina na makatulong sa kasalan.

Basahin ang nakatala sa Joseph Smith Translation ng John 2:4, at sabihin sa mga estudyante na pakinggan ang itinugon ni Jesus sa Kanyang ina: "Sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, ano ang nais mong gawin ko para sa iyo? na aking gagawin; ang aking oras ay hindi pa dumarating."

- Ano ang itinugon ni Jesus sa Kanyang ina?
- Paano nagpakita ng paggalang ang itinugon ni Jesus sa Kanyang Ina? (Hindi lamang itinanong ni Jesus kung ano ang nais ipagawa sa Kanya ng Kanyang ina, ngunit ipinakita rin Niya ang kahandaang gawin ito. Maaari mong

ipaliwanag na noong panahon ni Jesus, ang salitang "babae" ay magalang na pagtawag sa isang ina.)

- Ano ang tinutukoy ni Jesus nang sabihin Niyang, "Ang aking oras ay hindi pa dumarating"?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 2:5, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang sinabi ni Maria sa mga alila o tagapagsilbi. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ano ang itinuturo sa atin ng mga tagubilin ni Maria sa mga tagapagsilbi tungkol sa kanyang pananampalataya kay Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 2:6–7, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang ipinagawa ni Jesus sa mga tagapagsilbi.

- Ano ang ipinagawa ni Jesus sa mga tagapagsilbi?

Ipaliwanag na noong panahon ni Jesus, ang mga tapayan (waterpots) na gawa sa bato ay itinuturing na dalisay at magagamit sa mga seremonyang panrelihiyon. Kaugalian ng mga Judio na linisin ang kanilang sarili bago sila kumain sa pamamagitan ng paghuhugas ng kanilang kamay gamit ang tubig mula sa mga tapayang ito.

- Gaano karaming tubig ang inilagay ng mga tagapagsilbi sa mga tapayan?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang dami ng tubig na nasa mga tapayan, magpakita ng isang lalagyan ng tubig na maaaring lagyan ng isang galon (o isang litro) na tubig. Ipaliwanag sa mga estudyante na ang isang "banga" ay mga siyam na galon (o 34 litro), kaya ang anim na tapayan ay mapaglalagyan ng mga 100 hanggang 160 galon (o mga 380 hanggang 600 litro) na tubig. Punuin ang lalagyan ng tubig.



**Mga tapayang gawa sa apog mula sa panahon ng Bagong Tipan sa Israel**

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 2:8, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang kasunod na ipinagawa ni Jesus sa mga tagapagsilbi. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Habang nagrereport ang mga estudyante, ipang-salok ang isang tasa sa lalagyan ng tubig, at hawakan ang tasa.

- Kung isa kayo sa mga tagapagsilbing ito, ano kaya ang maiisip o mararamdaman ninyo habang dinadala ninyo ang tasa sa gobernador, o pinuno, ng kasalan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 2:9–10, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang sinabi ng gobernador matapos matikman ang inumin na dinala sa kanya.

- Ano ang ginawa ni Jesus sa tubig?

- Ano ang sinabi ng gobernador ng kasalan tungkol sa bagong alak? (Ipaliwanag na kadalasang ipinaiinom ang pinakamasarap na alak sa simula ng kasalan at sa huli ipinaiinom ang mga alak na may mas mababang kalidad.)

Ipaliwanang na si Jesus ay hindi nagbigay ng partikular na kahulugan o simbolismo tungkol sa unang nakatalang himalang ito sa Kanyang ministeryo dito sa mundo. Gayunman, maraming mahahalagang katotohanan ang matututuhan natin mula sa unang naitalang himalang ito ni Jesus.

Hatiin ang klase sa maliliit na grupo na may tig-dadalawa o tig-tatatlong estudyante. Sabihin sa bawat grupo na ilista sa isang papel ang mga katotohanan na maaaring matutuhan sa Juan 2:1–11 hanggang sa makakaya nila. Pagkaraan ng sapat na oras, anyayahan ang isang miyembro mula sa bawat grupo na ibahagi sa klase ang mga katotohanang natukoy ng kanilang grupo. Hilingin sa isang estudyante na siya ang magsulat sa pisara. Sabihin sa kanya na isulat sa pisara ang bawat kakaibang katotohanang naibahagi. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga maaaring matukoy na katotohanan ng mga estudyante: **Si Jesucristo ay may kapangyarihan sa mga elemento. Alam ng Tagapagligtas na mayroon Siyang banal na misyon na isasakatuparan. Ipinakita ng Mesiyas ang Kanyang banal na kapangyarihan sa pamamagitan ng mga himala. Minamahal at iginagalang ng Anak ng Diyos ang Kanyang ina.**

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 2:11, at sabihin sa klase na alamin kung ano ang epekto ng himalang ito sa mga disipulo ni Jesus.

- Ano ang epekto ng himalang ito sa mga disipulo ni Jesus?

Bilugan ang sumusunod na katotohanan sa pisara mula sa listahan ng mga katotohanang natukoy ng mga estudyante: **Si Jesucristo ay may kapangyarihan sa mga elemento.** (*Paalala:* Kung hindi nailista ng mga estudyante ang katotohanang ito, idagdag ito sa listahan.)

- Paano napalakas ang inyong pananampalataya kay Jesucristo nang maunawaan ninyo na si Jesus ay may kapangyarihan sa mga elemento?
- Ano ang iba pang mga tala na napag-aralan natin sa Bagong Tipan na nagpapakita rin na si Jesucristo ay may kapangyarihan sa mga elemento? (Maaaring kasama sa mga sagot ang sumusunod: ang dalawang himala tungkol sa pagpaparami ng mga tinapay at mga isda [limang libo: Marcos 6:33–44; apat na libo: Marcos 8:1–9] pagpapatigil sa bagyo [Marcos 4:35–41], o paglalakad sa ibabaw ng tubig [Mateo 14:22–33].)

## Juan 2:12–25

### *Nilinis ni Jesus ang Templo*

Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng mga outdoor game na nilaro nila noong sila ay mga bata pa. Pagkatapos na maglista ng ilang mga laro, itanong ang sumusunod:

- Bagama't ang mga larong ito ay pambata at masaya, komportable ka bang laruin ang mga ito sa bakuran ng templo?

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo na may tig-dadalawang tao. Ipabasa sa bawat grupo ang Juan 2:12–17. Habang nagbabasa sila, sabihin sa mga grupo na

alamin at talakayin ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong (isulat ang mga tanong na ito sa pisara):

1. *Ano ang nakita ni Jesus sa templo?*
2. *Sa inyong palagay, bakit nabalisa si Jesus?*
3. *Ano ang ginawa ni Jesus upang itama ang problema?*


Pagkatapos ng sapat na oras, ipakita ang larawang Nililinis ni Jesus ang Templo (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009]. blg. 51; tingnan din sa LDS.org), at sabihin sa ilang grupo na ireport ang kanilang mga sagot. Maaari mong ipaliwanag na kailangang bumili ng mga hayop ang libu-libong bisita na nagsidatingan sa Jerusalem para sa pagdiriwang ng Paskua upang ialay bilang mga hain sa templo bilang bahagi ng kanilang pagsamba. Ang mga mamamalit ng salapi ay nagpapalit ng perang Romano o iba pang pera para sa perang gamit sa templo upang makabili ng mga hayop na iaaalay, at ang iba pang mangangalakal ay nagtitinda ng mga hayop na iyon. Bagama't mahalaga ang pangangalakal na ito, ang paggawa nito sa templo ay paglapastangan at kawalang-pagpipitagan sa templo.

- Anong katotohanan tungkol sa mga templo ang matututuhan natin mula sa sinabi ni Jesus tungkol sa templo sa talata 16? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Ang templo ay bahay ng Diyos.**)
- Sa anong mga paraan ang mga templo ay bahay ng Diyos? (Maaaring magkakaiba ang mga sagot ng mga estudyante ngunit dapat kasama ang sumusunod na mga ideya: Ang mga templo ay mga lugar kung saan maaaring pumunta ang Diyos, kung saan madarama ang Kanyang presensya o Espiritu, at magagawa ang mga ordenansang may kinalaman sa Kanyang gawain ng kaligtasan. Ang mga templo ang pinakabanal na lugar ng pagsamba sa lupa.)

### *Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin*

Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin sa pamamagitan ng pagtatanong na maghihikayat sa mga estudyante na suriin ang kahulugan ng mga ito o ihalintulad ang mga ito sa mga sitwasyon sa kasalukuyan. Ang maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin ay nangangahulugang naintindihan ng mga estudyante ang natukoy na mga doktrina at mga alituntunin at sa anong mga sitwasyon nila ito maaaring maipamuhay. Kailangang maunawaan muna ang isang doktrina o alituntunin upang madama ang katotohanan at kahalagahan nito at malaman kung paano ito maipamumuhay.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter. Sabihin sa mga estudyante na pakinggan kung paano mas nakapagpatibay sa desisyon ni Jesus na itaboy ang mga mamamalit ng salapi at mangangalakal mula sa templo ang pagkaunawa Niya tungkol sa kabanalan ng mga templo.



"Ang dahilan ng paglilinis sa templo ay dahil sa limang salita lamang: 'Ang bahay ng aking Ama.' Ito ay hindi isang karaniwang bahay; ito ay bahay ng Diyos. Itinayo ito para sa pagsamba sa Diyos. Ito ay tahanan para sa mapitagang puso. Ito ay lugar ng kapanatagan para sa mga taong napipighati at nababalisa, ang mismong pasukan ng langit. … Ang pagmamahal [ni Jesus] sa Pinakamakapangyarihang Diyos ang nagpasiklab ng apoy sa kanyang kaluluwa at nagbigay ng lakas sa kanyang mga salita na tumagos sa mga may sala na tila isang punyal" ("Hallowed Be Thy Name," *Ensign,* Nob. 1977, 53).

- Paano ipinakita ng mga ikinilos ni Jesus ang Kanyang pagpipitagan sa bahay ng Kanyang Ama?

Isulat ang sumusunod na di-kumpletong pahayag sa pisara: *Maipapakita natin ang pagpipitagan sa templo sa pamamagitan ng …*

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo na may tig-dadalawa o tig-tatatlong tao. Sabihin sa mga grupo na magsulat sa isang papel ng maraming paraan sa abot ng makakaya nila para makumpleto ang pahayag na ito. Pagkatapos ng isa o dalawang minuto, sabihin sa isang grupo na ibahagi ang kanilang listahan sa klase. Habang nagbabahagi ang unang grupo, sabihin sa ibang mga grupo na itsek ang mga nabanggit na nasa listahan nila. Pagkatapos, ipabahagi sa iba pang grupo ang mga nakalista sa kanila na hindi nabanggit ng unang grupo. Ulitin ang paraang ito hanggang sa makapagbahagi ang lahat ng grupo.

- Paano natin maipapakita ang ating pagpipitagan sa templo kahit wala tayo roon?

Sabihin sa bawat estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal kung bakit sa palagay nila ay mahalaga na gawin nila ang lahat ng kanilang makakaya upang magpakita ng pagpipitagan sa templo. Sabihin din sa mga estudyante na magsulat ng isang mithiin na gumawa ng isang bagay na magpapakita ng pagpipitagan sa templo. Hikayatin silang kumilos ayon sa mithiing ito.

Ibahagi ang iyong patotoo sa mga alituntunin na tinukoy sa aralin ngayon.

### Scripture Mastery Review

Ang aktibidad na ito ay magagamit upang maituro o marebyu ang isang set ng scripture mastery passages. Pumili ng isang numero ng mga scripture mastery card, at maghanda na ipamahagi ito sa iyong mga estudyante. (Siguraduhin na marami kang kopya ng bawat card para mas maraming estudyante ang makatanggap ng magkakaparehong scripture mastery passage. Maaaring gustuhin mong magkaroon ng sapat na mga card para sa bawat estudyante para magkaroon sila ng dalawa o tatlong magkakaibang scripture passage.) Ipamahagi ang mga card sa mga estudyante. Bigyan ng oras ang mga estudyante para mapag-aralan ang scripture mastery passage, ang reference, ang mga key word o mahahalagang salita, ang konteksto, ang doktrina o alituntunin, at mga application idea sa bawat card. Magbigay ng mga clue mula sa bawat card (halimbawa, mga salita mula sa scripture mastery passage o ang mga key word, konteksto, doktrina o alituntunin, o

application). Ang mga estudyante na may kaugnay na mga card ay dapat tumayo at sabihin nang malakas ang scripture mastery reference.

LESSON 62

# Juan 3

## Pambungad

Isang gabi, nagtungo ang Fariseong nagngangalang Nicodemo kay Jesus at nakipag-usap sa Kanya. Itinuro ni Jesus kay Nicodemo na lahat ng tao ay kinakailangang ipanganak na muli upang makapasok sa kaharian ng Diyos. Pagkatapos nito, ipinaliwanag ni Juan Bautista sa kanyang mga disipulo na ang kanyang tungkulin ay ihanda ang daan para kay Jesucristo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 3:1–21

*Tinuruan ni Jesus si Nicodemo ng mga espirituwal na katotohanan*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kunwari na isang araw habang nag-uusap sila ng ilang kaibigan tungkol sa relihiyon, sinabi ng isa, "Basta't mabuti akong tao, makakapunta ako sa langit." Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano ang sasabihin nila sa kaibigang ito.

Hikayatin ang mga estudyante na alamin sa Juan 3 kung ano ang kailangan nating gawin upang makapasok sa kaharian ng Diyos.

Ipaliwanag na sa simula ng Kanyang ministeryo, ang Panginoon ay pumunta sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskua. Maraming tao sa Jerusalem ang naniwala kay Jesus pagkatapos nilang makita ang mga himalang ginawa Niya (tingnan sa Juan 2:23–25).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 3:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang nangyari habang nasa Jerusalem ang Tagapagligtas.

- Sino ang bumisita kay Jesus?

Ipaliwanag na bilang "isang pinuno ng mga Judio" (Juan 3:1), si Nicodemo ay miyembro ng Sanedrin. Ang Sanedrin ay isang namumunong konseho na binubuo ng mga Fariseo at mga Saduceo na namamahala sa gawaing sibil at panrelihiyon ng mga Judio.

- Sa palagay ninyo, bakit kaya gabi bumisita si Nicodemo kay Jesus?
- Ayon sa talata 2, ano ang itinawag ni Nicodemo kay Jesus?

Ipaliwanag na ang pagtawag ni Nicodemo kay Jesus na "isang guro na nagbuhat sa Dios" (talata 2) ay nagpapahiwatig na gustong matuto ni Nicodemo mula kay Jesus. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 3:3–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas kay Nicodemo.



**Bumisita si Nicodemo kay Jesus**

Ang **Juan 3:5** ay isang scripture mastery passage. Ang pag-aaral ng mga scripture mastery passage ay makatutulong sa mga estudyante na madagdagan ang kanilang pang-unawa sa mga pangunahing doktrina at maihanda silang ituro ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga scripture mastery passage sa paraang madali nila itong mahanap. Basahin ang ideya sa pagtuturo na nasa katapusan ng lesson upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng talatang ito.

- Ayon sa talata 3, ano ang itinuro ng Tagapagligtas kay Nicodemo?
- Ano ang inisip ni Nicodemo na kahulugan ng mga katagang "ipanganak na muli" (talata 3)?

Ipaliwanag na ang ipanganak na muli ay "ang matanggap ang Espiritu ng Panginoon ay nagdudulot ng malaking pagbabago sa puso ng isang tao kung kaya't nawawalan siya ng pagnanais na gumawa ng masama, sa halip ay nagnanais na hanapin ang mga bagay ng Diyos" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Isilang na Muli, Isinilang sa Diyos," scriptures.lds.org; tingnan din sa Mosias 5:2; Alma 5:14–15; Moises 6:59).

- Ayon sa talata 5, anong dalawang bagay ang itinuro ni Jesus kay Nicodemo na kailangan upang makapasok sa kaharian ng Diyos? Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "ipanganak ng tubig at ng Espiritu"?
- Paano ninyo ibubuod ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa mga kailangan upang espirituwal na ipanganak muli at makapasok sa kahariang selestiyal? (Matapos sumagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin gamit ang mga isinagot ng mga estudyante: **Ang mabinyagan at makatanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay kailangan upang espirituwal na ipanganak muli at makatanggap ng kadakilaan sa kahariang selestiyal.**)

Ipaalala sa mga estudyante ang sitwasyong kasama nila ang kaibigan nila. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa isang estudyante ng bawat magkakapartner na kunwari siya ang kaibigan na nag-aakala na ang kailangan lamang para makapasok sa kaharian ng Diyos ay ang pagiging isang mabuting tao. Sabihin naman sa isa pang estudyante sa bawat magkakapartner na magpraktis na mabigyang-linaw ang maling pagkaunawa gamit ang Juan 3:5.

Ibuod ang Juan 3:6–12 na nagpaliwanag na tinanong ni Nicodemo si Jesus kung paano mangyayaring ipanganak na muli ang tao. Tumugon si Jesus sa pagtatanong kung paano naging isang pinuno ng relihiyon at guro sa Israel si Nicodemo at hindi nito nalalaman na kailangan ang espirituwal na pagsilang na muli at kung paano mangyayari ang espirituwal na pagsilang muli.

Nabasa natin sa Juan 3:13–21 na ipinaliwanag ng Tagapagligtas kay Nicodemo kung paano mangyayari na ipanganak na muli ang tao. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 3:13–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at alamin kung paano sinagot ni Jesus ang tanong ni Nicodemo.

Sa halip na ipabasa nang malakas sa mga estudyante ang Juan 3:13–15, maaari mong ipalabas ang video na "Heavenly Things [Mga Bagay na Nauukol sa Langit]" (8:55) mula sa time code na 5:30 hanggang matapos. Ipinapakita sa video ang pagtuturo ni Jesus kay Nicodemo. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa sa kanilang mga banal na kasulatan, na inaalam kung paano sinagot ni Jesus ang tanong ni Nicodemo. Ang video ay makukuha sa LDS.org.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang Sarili sa Juan 3:13? (Nagpatotoo Siya tungkol sa Kanyang Sarili bilang Anak ng Diyos na bumaba mula sa langit.)



Ipakita ang larawang Si Moises at ang Ahas na Tanso (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg.16; tingnan din sa LDS.org). Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang nakatala sa mga banal na kasulatan na ipinapakita sa larawan. Kung kinakailangan, ipaliwanag na noong panahon ni Moises, ang Panginoon ay nagpadala ng mga makamandag na ahas bunga ng pagkakasala ng mga Israelita sa Diyos. Ang mga Israelita ay nalason nang tuklawin sila ng mga ahas. Iniutos ng Panginoon kay Moises na itaas at ipatong ang ahas na tanso sa isang tikin at ipinangako na gagaling ang sinumang Israelita na titingin sa ahas na nasa tikin. (Tingnan sa Mga Bilang 21:4–9.)

- Ayon sa Juan 3:14, ano ang sinabi ni Jesus na sinasagisag ng ahas na tanso?




Ipakita ang larawang Ang Pagpapako sa Krus (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 57; tingnan din sa LDS.org).

- Ayon sa talata 15, anong pagpapala ang darating sa mga sumasampalataya sa Tagapagligtas?
- Anong doktrina ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na katotohanan: **Lahat ng tao ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.** Isulat ang alituntuning ito sa pisara.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 3:16–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang doktrinang matututuhan natin tungkol sa Ama sa Langit.

- Bakit isinugo ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak?
- Anong doktrina ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa Ama sa Langit? (Maaaring iba-iba ang isagot ng mga estudyante upang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Mahal na mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak kaya ipinadala Niya ang Kanyang Bugtong na Anak upang magdusa para sa ating mga kasalanan.** Idagdag ang doktrinang ito sa mga nakalista na sa pisara.)
- Paano ipinakita ng Ama sa Langit ang pagmamahal Niya sa bawat isa sa atin sa pagpapadala sa Kanyang Anak na si Jesucristo sa mundo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pag-isipan kung ano ang mararamdaman nila sa nalaman nila na sila ay minamahal ng Ama sa Langit.



"Wala nang mas hihigit na katibayan sa walang-katapusang kapangyarihan at kaganapan ng pag-ibig ng Diyos na ipinahayag ni Apostol Juan [sa Juan 3:16]. … Isipin na lamang kung gaano ang pighati ng ating Ama sa Langit sa pagsusugo ng Kanyang Anak upang tiisin ang di-maarok na pagdurusa para sa ating mga kasalanan. Iyan ang pinakamalaking katibayan ng Kanyang pagmamahal sa bawat isa sa atin!" ("Pag-ibig at Batas," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 26).

- Ano ang pakiramdam na alam ninyo na mahal na mahal kayo ng Ama sa Langit kaya isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak upang magdusa at mamatay para sa inyo?
- Ayon sa Juan 3:16–17, paano tayo maililigtas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala? (Matapos sumagot ang mga estudyante, idagdag ang sumusunod na alituntunin sa pisara: **Kung naniniwala tayo kay Jesucristo,**

**na kinapapalooban ng pagsisisi sa ating mga kasalanan at pagsunod sa Kanyang salita, maaari tayong magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.**)

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin ang mga katotohanang itinuro ni Jesus kay Nicodemo na nakalista sa pisara.

- Paano nauugnay ang mga katotohanang ito sa isa't isa?
- Ano ang ilang paraan na maipapakita natin ang ating paniniwala kay Jesucristo?

Magpatotoo na kapag ipinapakita natin ang ating pananalig kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisisi at pagsunod sa Kanya, tayo ay maliligtas at makatatanggap ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga kataga: *Ipapakita ko ang aking pananalig kay Jesucristo sa pamamagitan ng …* Sabihin sa mga estudyante na tapusin ang parirala o mga katagang ito sa kanilang mga notebook o scripture study journal sa pagsusulat ng mga gagawin nila upang maipakita ang kanilang pananalig kay Jesucristo.

## Juan 3:22–36

### *Itinuro ni Juan Bautista na si Jesus ang Cristo*

Magpakita ng isang malinaw na lalagyan na puno ng tubig. Patakan ng food coloring ang tubig nang isa o dalawang beses.

- Paano maaaring maihambing ang food coloring sa inyong impluwensya sa iba?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong David O. McKay. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang matututuhan natin tungkol sa impluwensya natin sa buhay ng iba.



"Bawat taong nabubuhay sa mundong ito ay nag-iimpluwensiya, sa mabuti man o sa masama. (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* [2004], 259).

"Malaki ang epekto ng ating mga salita at gawa sa mundo. Sa bawat sandali ng buhay ay bahagya ninyong binabago ang buhay ng buong mundo" (*Mga Turo: David O. McKay* 259).

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang alituntunin sa Juan 3:22–36 na nagtuturo sa atin kung paano natin maiimpluwensyahan nang mabuti ang iba.

Ibuod ang Juan 3:22–36 na ipinapaliwanag na nag-aalala ang ilang mga disipulo ni Juan Bautista dahil maraming taong sumusunod kay Jesucristo sa halip na kay Juan Bautista.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 3:27–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang pagkakaunawa ni Juan Bautista tungkol sa kanyang tungkulin na may kaugnayan kay Jesucristo.

- Ano ang nais na ipaunawa ni Juan Bautista sa kanyang mga disipulo tungkol sa tungkulin niya? (Siya ay isinugo bago si Jesucristo upang maihanda ang iba para sa Kanya.)
- Anong analohiya ang ginamit ni Juan Bautista (talata 29)?

Ipaliwanag na ang kasintahang lalaki ay kumakatawan kay Jesus, at ang kasintahang babae ay kumakatawan sa mga taong lumalapit kay Cristo, at ang kaibigan ng kasintahang lalaki ay kumakatawan kay Juan Bautista.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Juan Bautista nang sabihin niyang "Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba" (talata 30)? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa ugali ni Juan Bautista?
- Ano ang magagawa ni Jesucristo para sa mga tao na hindi magagawa ni Juan Bautista?
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Juan Bautista tungkol sa kung ano ang magagawa natin upang maimpluwensyahan ang iba na gumawa ng mabuti? (Maaaring makatukoy ang mga estudyante ng iba't ibang katotohanan, ngunit tiyakin na malinaw na naunawaan na **maiimpluwensyahan natin ang iba na gumawa ng mabuti sa pamamagitan ng pag-akay sa kanila patungo kay Jesucristo.**)
- Bakit mahalagang gamitin natin ang ating impluwensya sa pag-akay sa iba patungo kay Jesucristo?
- Kailan kayo nakakita ng isang tao na inakay ang iba patungo sa Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng mga paraan kung paano nila maaakay ang iba patungo sa Tagapagligtas. Hikayatin silang hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo sa kanilang pagsisikap na magawa ito.

Ibuod ang Juan 3:31–36 na ipinapaliwanag na ipinahayag ni Juan Bautista na isinugo ng Diyos si Jesucristo at na lahat ng maniniwala sa Kanya ay makatatanggap ng buhay na walang hanggan.

## Scripture Mastery—Juan 3:5

Upang matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang Juan 3:5, sabihin sa mga estudyante na isulat ang unang titik ng bawat salita ng talata sa kanilang mga scripture study journal. Hikayatin ang mga estudyante na magpraktis sa pagbigkas nang malakas ng talata gamit ang mga unang titik at tingnan muli ito kung kinakailangan. Kapag nagawa nang bigkasin ng mga estudyante ang buong talata gamit ang mga unang titik, sabihin sa kanila na magpraktis sa pagbigkas ng naisaulong talata. Maaari mong sabihin sa kanilang magpraktis sa pagbigkas ng talatang ito sa simula o sa katapusan ng klase nang ilang araw.

LESSON 63

# Juan 4

## Pambungad

Habang naglalakbay patungong Galilea, dumaan si Jesus sa Samaria at nagturo sa isang babae sa tabi ng isang balon. Ang babae ay nagpatotoo sa iba na si Jesus ang Cristo. Kalaunan, pinagaling ni Jesus ang anak ng isang maharlika.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 4:1–42

*Tinuruan ni Jesus ang isang Samaritana*

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

> *Ano ang pinakamahalagang likas na yaman sa mundo?*

Sabihin sa mga estudyante na sagutin ang tanong sa pisara. Maaaring magpakita ng mga larawan ng mga likas na yaman tulad ng lupa, bakal, karbon o charcoal, langis, ginto, o mga diyamante.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Marahil ang una nating maiisip na pinakamahalaga ay ginto, langis, o mga diyamante. Ngunit sa lahat ng mineral, metal, hiyas, o likido na matatagpuan sa ibabaw o ilalim ng lupa, ang pinakamahalaga ay tubig" ("A Reservoir of Living Water" [Church Educational System fireside para sa mga young adult, Peb. 4, 2007], 1, lds.org/broadcasts).

Magpakita ng isang basong malinis na tubig.

- Bakit mahalaga ang malinis na tubig? (Maaari mong anyayahan ang isa o dalawang estudyante na magbahagi ng karanasan na nakatulong sa kanila na maunawaan ang kahalagahan ng tubig.)

Sabihin sa mga estudyante na alamin kung saan inihambing ni Jesus ang tubig habang pinag-aaralan nila ang Juan 4.

Ibuod ang Juan 4:1–3 na ipinapaliwanag na si Jesus ay umalis sa Judea at naglakbay patungong Galilea.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:4, at sabihin sa klase na alamin ang lugar kung saan dumaan si Jesus habang naglalakbay patungong Galilea. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang Judea, Samaria, at Galilea sa chart na "Ang Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundo" (matatagpuan sa lesson 5), o sabihin

sa kanila na tingnan ang Mga Mapa sa Biblia sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, blg. 11 "Ang Banal na Lupain Noong Panahon ng Bagong Tipan" upang makita ang tatlong rehiyon.

- Bakit mahalagang dumaan si Jesus *sa* Samaria sa halip na umikot dito? (Ang mga Judio ay karaniwang naglalakbay paikot ng Samaria sa halip na dumaan dito dahil sa pagkapoot na nadarama ng mga Judio at mga Samaritano sa isa't isa [tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* Ika-3 ed. (1916), 172]).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:6–9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang hiningi ni Jesus sa isang babae nang huminto Siya sa Samaria.

- Ano ang hiningi ni Jesus sa babaeng ito?
- Bakit siya nagulat nang humingi si Jesus ng maiinom mula sa kanya?



Ipakita ang larawang Si Jesus at ang Samaritana (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg.36; tingnan din sa LDS.org).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:10–12. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isinagot ni Jesus sa babae.

- Ayon sa talata 10, ano ang ibibigay ng Tagapagligtas sa babae? (Ipaliwanag na ang katagang "kaloob ng Dios" ay tumutukoy kay Jesus bilang Tagapagligtas ng sanlibutan.)
- Ayon sa talata 11, ano ang itinanong ng babae kay Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:13–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa tubig na ibinibigay Niya.

- Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa tubig na ibinibigay Niya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang isinasagisag ng tubig na buhay.



"Ang tubig na buhay na tinutukoy sa talatang ito ay sumasagisag sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. At tulad ng tubig na mahalaga para mabuhay, gayon din ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga doktrina, alituntunin, at ordenansa ay mahalaga para sa buhay na walang hanggan. Kailangan natin ang Kanyang tubig na buhay araw-araw at sapat na suplay nito na tutulong sa patuloy na paglakas at pag-unlad natin sa espirituwal" ("A Reservoir of Living Water," 2).

- Ayon kay Elder Bednar, ano ang sinasagisag ng tubig na buhay?

Sa baso ng tubig na ipinakita mo, lagyan ito ng label na nagsasaad ng *Ang Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo.*

- Bakit angkop ang tubig na simbolo ng Tagapagligtas at ng Kanyang ebanghelyo?
- Paano mo ibubuod ang mga salita ng Tagapagligtas sa talata 14 bilang isang alituntunin? (Ang mga estudyante ay maaaring gumamit ng sariling mga salita ngunit dapat matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung tayo ay lalapit kay Jesucristo at tapat na makikibahagi sa Kanyang ebanghelyo, tayo ay makatatanggap ng buhay na walang hanggan.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:15–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang hiniling ng babae kay Jesus at kung paano tumugon ang Tagapagligtas.

- Ayon sa talata 15, ano ang hiniling ng babae kay Jesus?

Ipaliwanag na ang itinugon ni Jesus ay nakatulong sa babae na maunawaan ang kanyang pangangailangan sa tubig na buhay na ibinibigay Niya.

- Ayon sa mga talata 17–18, ano ang inihayag ni Jesus tungkol sa babaeng ito? (Ipaliwanag na makikita sa sagot ni Jesus na alam Niya na ang babaeng ito ay nahirapang makahanap ng masaya at walang-hanggang pagsasama ng mag-asawa at sa pakikisama sa isang lalaki na hindi niya asawa, siya ay hindi sumusunod sa batas ng kalinisang puri.)
- Ano kaya ang naisip o naramdaman ng babaeng ito nang ihayag ni Jesus ang mga detalye tungkol sa kanya na maaaring hindi malaman ng isang karaniwang estranghero?
- Paano nakatulong sa babae ang sinabi ng Tagapagligtas upang mapagtanto niya ang kanyang pangangailangan sa tubig na buhay na ibibigay Niya?
- Anong katotohanan tungkol sa Tagapagligtas ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang sumusunod na katotohanan sa pisara: **Alam ni Jesucristo ang ating mga kasalanan at ibinibigay sa atin ang Kanyang ebanghelyo upang tulungan tayong madaig ang mga ito.**)
- Bakit mahalagang maunawaan ang katotohanang ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:19–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ng babae kay Jesus.

- Ano ang sinabi ng babae na nagpapakita na nagbago ang kanyang pananaw tungkol kay Jesus?

Ipaliwanag na sa Samaria ay may bundok na nagngangalang Bundok Gerizim. Ilang siglo bago ang mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, ang mga Samaritano ay nagtayo ng templo roon bilang isang lugar ng pagsamba. Hindi tulad ng mga Judio, ang mga Samaritano ay walang awtoridad ng priesthood upang magsagawa ng mga ordenansa, at hindi nila tinanggap ang marami sa mga turo ng mga propeta ng Diyos.

Sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 4:21–23, kasama ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 4:26 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ). Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang itinuro ni Jesus sa babae tungkol sa pagsamba sa Diyos.

- Paano sinasamba ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa Langit?
- Ayon sa Pagsasalin ni Joseph Smith, anong pagpapala ang darating sa kanila na sumasamba sa Diyos "sa espiritu at sa katotohanan"?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na alituntunin: **Kung sasambahin natin ang Ama sa espiritu at sa katotohanan, pagpapalain Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na alamin at markahan kung ano ang kahulugan ng pagsamba sa Ama sa espiritu at sa katotohanan.



"Ang layunin natin ay sambahin ang tunay at buhay na Diyos at gawin ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu at sa paraan na inorden niya. Ang pinahintulutang pagsamba sa tunay na Diyos ay aakay patungong kaligtasan; ang debosyon na ibinibigay sa mga huwad na diyos at hindi nakatatag sa walang hanggang katotohanan ay walang katiyakan.

"Ang kaalaman tungkol sa katotohanan ay mahalaga sa tunay na pagsamba. …

"… Ang tunay at ganap na pagsamba ay binubuo ng pagsunod sa mga yapak ng Anak ng Diyos; ito ay binubuo ng pagsunod sa mga kautusan at pagsunod sa nais ng Ama sa paraan na tayo ay umuunlad nang biyaya sa biyaya hanggang tayo ay maluwalhati kay Cristo tulad niya na niluwalhati sa kanyang Ama. Higit pa ito sa panalangin at pangangaral at pagkanta. Ito ay pamumuhay at paggawa at pagsunod. Ito ay pagtulad sa buhay ng dakilang Huwaran [si Jesucristo]" (How to Worship," *Ensign,* Dis. 1971, 129, 130).

- Ayon kay Elder McConkie, ano ang ibig sabihin ng pagsamba sa Diyos sa espiritu at sa katotohanan?
- Kailan kayo nabiyayaan nang naisin ninyong sambahin ang Ama sa espiritu at sa katotohanan?

***Huwag mag-alala sa hindi pag-imik ng klase.***

Ang mga estudyante ay maaaring hindi kaagad makasagot sa tanong, kaya huwag kang mag-alala sa hindi nila pag-imik. Kailangan kung minsan ng mga estudyante ng pagkakataong pagnilayan o pag-isipang mabuti ang tanong at kung paano sasagutin ito. Kaagad silang matatagubilinan ng Espiritu Santo sa pagninilay na ito.

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano ang kanilang magagawa upang mapagbuti ang kanilang pagsamba sa Ama sa espiritu at katotohanan.

- Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:25–26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang inihayag ni Jesus sa babae tungkol sa Kanyang Sarili.
- Ano ang inihayag ni Jesus sa babae tungkol sa Kanyang Sarili?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:27–30. Sabihin sa klase na alamin kung ano ang ginawa ng babae matapos makipag-usap sa Tagapagligtas.

- Ano ang ginawa ng babae matapos niyang makipag-usap sa Tagapagligtas?
- Ano ang sinabi niya na nagpapakita na nagkaroon siya ng patotoo kay Jesucristo?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin mula sa talang ito tungkol sa kung ano ang mangyayari kapag nagkaroon tayo ng patotoo kay Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Kapag nagkaroon tayo ng patotoo kay Jesucristo, tayo ay napupuspos ng hangaring ibahagi ito sa iba.**)

Ibuod ang mga talata 31–37 na ipinapaliwanag na bumalik ang mga disipulo ni Jesus na may dalang pagkain. Nang yayain Siya ng mga disipulo na kumain, itinuro Niya sa kanila na Siya ay nabubusog hindi dahil sa pagkain kundi dahil sa paggawa ng nais ng Ama. Pagkatapos ay inanyayahan Niya sila na hanapin ang mga pagkakataong iyon na lubos na maipangaral ang ebanghelyo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 4:39–42. Sabihin sa klase na alamin ang epekto ng patotoo ng babae sa mga tao sa kanyang lungsod.

- Ano ang epekto ng patotoo ng babae sa mga tao sa kanyang lungsod?
- Ayon sa talata 42, ano ang sinabi ng mga tao sa babae?

Magpatotoo na kapag nakilala natin ang Tagapagligtas at nakibahagi sa Kanyang tubig na buhay, tayo ay mapupuspos ng hangaring ibahagi sa iba ang ating patotoo sa Kanya.

### Juan 4:43–54

*Pinagaling ni Jesus ang anak ng isang maharlika*

Ibuod ang Juan 4:43–45 na ipinapaliwanag na pagkatapos turuan ni Jesus ang babaeng taga Samaria, dumating Siya sa Galilea, kung saan tinanggap Siya ng mga tao.

Bigyan ang mga estudyante ng mga kopya ng sumusunod na handout. Ipabasa nang tahimik sa kanila ang Juan 4:46–54 at sagutin ang mga tanong sa handout.

## Juan 4:46–54

1. Sino ang nakatagpo ni Jesus at anong tulong ang hiningi niya mula sa Tagapagligtas?
2. Ayon sa sinabi ni Jesus, bakit hindi Niya agad ibinigay ang hinihinging tulong ng lalaking ito?
3. Paano ipinakita ng lalaking ito na hindi niya kailangan ng palatandaan upang maniwala?

4. Ayon sa mga talata 51–53, paano napagtibay ang paniniwala ng lalaking ito kay Jesucristo?
5. Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa karanasan ng lalaking ito?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot. Kapag naibahagi na nila ang mga alituntuning natutuhan nila mula sa karanasan ng lalaking maharlika, tulungan silang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Kapag naniniwala tayo kay Jesucristo nang hindi nangangailangan ng mga palatandaan, pagtitibayin ng Panginoon ang ating paniniwala.**

- Bakit mahalaga na maniwala kay Jesucristo nang hindi nangangailangan ng mga palatandaan?
- Ano ang ilang paraan na pinagtitibay ng Panginoon ang ating paniniwala kapag nananampalataya tayo sa Kanya?

Magtapos sa pagpapatotoo na kapag nagsumamo tayo sa Panginoon nang may pananampalataya, pagkakalooban Niya tayo ng mga katibayan na magpapalakas sa ating paniniwala.

LESSON 64

# Juan 5


## Pambungad

Ang Tagapagligtas ay dumalo sa isang pista (marahil ang Paskua) sa Jerusalem at pinagaling ang maysakit na lalaki sa tangke (o pool) ng Betesda. Itinuro ni Jesucristo na kumakatawan Siya sa Ama sa Langit at ipinaliwanag kung bakit kailangang igalang ng mga tao ang Anak ng Diyos. Inilarawan din Niya ang iba pang mga saksi na nagpatotoo sa Kanyang pagkadiyos at kabanalan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 5:1–30

*Pinagaling ni Jesus ang maysakit na lalaki sa araw ng Sabbath at itinuro ang tungkol sa kaugnayan Niya sa Ama.*



Magpakita ng larawan ng mga piraso ng isang basag na palayok o pinggan (o maaari kang magdrowing sa pisara ng larawan ng basag na pinggan).

Sabihin sa mga estudyante na itaas ang kanilang kamay kung nakabasag na sila ng anumang mahalagang bagay. Ipaliwanag na bilang mga anak ng Ama sa Langit, napakahalaga natin. Gayunman, dahil sa mga pagpili o mga pagsubok na nakakaharap natin, may mga oras na tila nadarama natin na nanghihina tayo o wala tayong halaga.

- Ano ang ilang mga paraan na maaaring maramdaman ng isang tao na nanghihina siya sa espirituwal, pisikal, o emosyonal? (Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.)

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang katotohanan sa pag-aaral nila ng Juan 5:1–9 na makatutulong sa atin na mapanatag at makadama ng pag-asa kapag tayo ay pinanghihinaan.


Ibuod ang Juan 5:1 na ipinapaliwanag na pagkatapos magministeryo ni Jesus sa Galilea, naglakbay Siya patungong Jerusalem upang dumalo sa pista ng mga Judio, na marahil ay ang Paskua (tingnan sa Juan 5:1). Habang nasa Jerusalem, pumunta Siya sa isang tangke malapit sa templo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 5:2–4. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang mga naroon sa paligid ng tangke (o pool).

- Anong klaseng mga tao ang naroon sa tangke ng Betesda? (Ipaliwanag na ang mga salitang *maysakit, bulag, pilay,* at *natutuyo* [talata 3] ay naglalarawan sa mga taong may sakit, mahina, o may kapansanan.)

- Ano ang hinihintay ng mga maysakit na ito? (Ipaliwanag na maaaring may bukal na paminsan-minsan ay dumadaloy sa tangke kaya bumubula ang ibabaw ng tubig, na maaaring nakapagbigay ng kaunting kaginhawahan sa karamdaman ng mga taong ito [tingnan sa Bible Dictionary, "Bethesda"].)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:




"Walang alinlangan na ang tangke ng Betesda ay isang bukal na ang tubig ay nakagagaling. Ngunit anumang haka-haka na bumababa ang isang anghel at kinakawkaw o pinagagalaw ang tubig, para gumaling ang unang taong makalulusong dito ay pawang pamahiin lamang. Ang mga pagpapagaling na gawa ng himala ay hindi sa ganitong paraan nangyayari (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:188).

- Ano ang itinuro ni Elder McConkie tungkol sa paniniwalang may anghel na bumababa at pinagagalaw ang tubig para gumaling ang unang taong lulusong dito?
- Ano sa tingin mo ang tanawin sa tangke, na naroon ang maraming taong umaasa na mapapagaling ang unang taong makakalusong dito?

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa ng Juan 5:5–7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang nakita ng Tagapagligtas na nakahiga malapit sa tangke.

Ipakita ang larawang Pinagagaling ni Cristo ang Maysakit sa Betesda (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 42; tingnan din sa LDS.org).



- Paano inilalarawan ng mga talatang ito ang lalaking nakita ng Tagapagligtas?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 5:8–9, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas sa lalaki. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Sabihin sa kanila na maaari nilang markahan ang katagang "gumaling ang lalake" (talata 9).

Isulat sa pisara ang salitang *Betesda*. Ipaliwanag na ang *Betesda* ay maaaring isalin bilang "bahay ng awa" (Bible Dictionary, "Bethesda".) Isulat sa pisara ang kahulugang ito satabi ng *Betesda*. Ipaliwanag na ang awa ay pagkahabag o kabaitan. Ang pinakadakilang ginawa dahil sa awa ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

- Bakit angkop ang *Betesda* sa pangalan ng lugar na ito, lalo na pagkatapos pagalingin ng Tagapagligtas ang lalaki?

- Sa anong mga paraan tayo maaaring katulad ng lalaking ito na nasa gilid ng tangke ng Betesda?
- Ano ang matututuhan natin mula sa pagpapagaling ng Tagapagligtas sa lalaking ito? (Iba-iba man ang isagot ng mga estudyante, tiyaking mabibigyang-diin na **sa pamamagitan ng kapangyarihan at awa ni Jesucristo, maaari tayong mapagaling nang lubos.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang katotohanang ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag ni Elder Merrill J. Bateman, na ipinahayag ito noong siya ay naglilingkod bilang Presiding Bishop. Sabihin sa klase na pakinggan kung paano tayo lubos na mapapagaling ng Tagapagligtas:



"Tulad ng pilay na lalaki na nasa Tangke ng Betesda na nangangailangan ng isang taong mas malakas sa kanya upang siya ay mapagaling (tingnan sa Juan 5:1–9), tayo rin ay umaasa sa mga himala ng pagbabayad-sala ni Cristo kung mapagagaling ang ating mga kaluluwa mula sa pighati, kalungkutan, at kasalanan. … Sa pamamagitan ni Cristo, ang mga bagbag na puso ay mapapagaling at ang pagkabalisa at kalungkutan ay mapapalitan ng kapayapaan" ("The Power to Heal from Within," *Ensign,* Mayo 1995, 13).

- Ano ang ilang paraan na maaari tayong mapagaling nang lubos sa pamamagitan ng awa ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala? (Maaari mong ipaliwanag na mapapagaling tayo nang lubos sa buhay na ito o sa kabilang buhay.)
- Ano ang dapat nating gawin upang makatanggap ng awa at pagpapagaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang mga pagkakataon kung saan nasaksihan o naramdaman nila ang kapangyarihan, awa, o pagkahabag ni Jesucristo na tumulong sa kanila o kaninuman na pinanghihinaan sa espirituwal, pisikal, o emosyonal man. Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Alam ko na ang Tagapagligtas ay maawain at mahabagin dahil …*

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano ang idurugtong nila sa pahayag na ito. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga sagot.

Ibuod ang Juan 5:10–16 na ipinapaliwanag na natagpuan kalaunan ng Tagapagligtas ang lalaki sa templo at pinayuhan siyang "huwag ka nang magkasala" (Juan 5:14). Nang nalaman ng mga pinunong Judio na ang lalaki ay pinagaling ni Jesus sa araw ng Sabbath, inusig nila at pinagtangkaang patayin ang Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 5:17–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang iba pang dahilan kung bakit nagalit ang mga pinunong Judio kay Jesus.

Ipaliwanag na tulad ng nakatala sa talata 17, itinuro ng Tagapagligtas sa mga pinunong Judio na sa pagpapagaling sa lalaki, ginawa Niya ang gawain ng Ama sa Langit. Pagkatapos ay nagturo ang Tagapagligtas tungkol sa Kanyang kaugnayan sa Ama.

- Ayon sa talata 18, ano ang isa pang dahilan kung bakit nagalit kay Jesus ang mga pinunong Judio? (Naniniwala sila na si Jesus ay nagkasala ng panlalapastangan [o blasphemy] dahil sinabi Niya na ang Diyos ay Kanyang Ama at samakatwid ay nagsabing kapantay Niya ang Diyos.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa kanyang kaugnayan sa ating Ama sa Langit?* Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Ipabasa nang malakas at magkasabay sa bawat magkakapartner ang Juan 5:19–22, 26–27, 30. Sabihin sa kanila na hanapin ang mga sagot sa tanong na ito.

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na magreport tungkol sa nahanap nila. Ibuod ang kanilang mga sagot sa tanong sa pagsulat sa sumusunod na katotohanan sa pisara: **Sa lahat ng Kanyang ginagawa, si Jesucristo ay kumakatawan sa Ama sa Langit at hinahangad na sundin ang Kanyang kalooban.** Ipaliwanag na inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na gawin din ang gayon.)

- Bakit mahalagang maintindihan na sa lahat ng Kanyang ginagawa, si Jesucristo ay nagsisilbing perpektong kinatawan ng ating Ama sa Langit?

## Juan 5:31–47

### *Nagturo si Jesus tungkol sa maraming saksi na nagpapatotoo sa Kanyang pagkadiyos at kabanalan*

Magdala sa klase ng isang maliit na mani na nasa balat pa nito (maaari ding gamitin ang isang gisantes). Ilagay ang mani sa iyong kamay upang hindi ito makita ng mga estudyante. Ipaliwanag na may hawak kang isang bagay na hindi pa kailanman nakita ng mata ng tao. Sabihin sa mga estudyante na itaas ang kanilang kamay kung naniniwala sila sa iyo. Sabihin sa isang estudyanteng hindi nakatitiyak kung totoo ito na pumili ng ilang kaklase na titingin sa bagay na ito. Ipakita ang bagay na ito sa mga estudyanteng ito, at sabihin sa kanila na sabihin sa klase kung nagsasabi ka ng totoo.

- Paano pinalalakas ng pagkakaroon ng mahigit sa isang saksi ang katotohanan ng anumang pahayag?

Ipakita sa klase ang mani, at ipaliwanag kung paanong hindi pa kailanman nakita ng sinuman ang loob nito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 5:31. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang sariling patotoo sa Kanyang kaugnayan sa Ama sa Langit. Sabihin sa mga estudyante na magreport tungkol sa nalaman nila.

Ituro na nilinaw ng Joseph Smith Translation ang mga talata 31 at 32: "Kung ako'y nagpapatotoo sa aking sarili, gayon pa man ang patotoo ko ay katotohanan. Sapagkat hindi ako nag-iisa" (Joseph Smith Translation, John 5:32–33). Ipaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa mga Judio na mayroong iba pang magpapatotoo sa kanila maliban sa Kanya.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga scripture reference: *Juan 5:32–35; Juan 5:36; Juan 5:37–38; Juan 5:39; Juan 5:45–47.* I-assign ang bawat reference sa isa o mahigit

pang mga estudyante. Ipabasa sa kanila ang mga talatang ito at alamin ang iba pang mga saksi sa pagkadiyos at kabanalan ni Jesus. Tulungan ang mga estudyante na gumawa ng listahan ng mga saksing ito sa pagsasabi sa kanila na isulat sa pisara ang mga nalaman nila katabi ng bawat reference.

***Gumawa ng mga listahan***

Ang listahan ay kalipunan ng mga magkakaugnay na ideya o tagubilin. Ang paghahanap ng mga listahan sa mga banal na kasulatan ay makatutulong sa iyo at sa iyong mga estudyante na matukoy ang mga pangunahing paksa na binigyang-diin sa mga banal na kasulatan.

Ipaliwanag na sa kabila ng pagkakaroon ng maraming saksi ni Jesucristo, ang mga pinunong Judio ay hindi naniwala sa pagkadiyos at kabanalan ni Jesus. Ituro na sa talata 39 na nang magsalita si Jesus tungkol sa mga banal na kasulatan, sinabi Niya, "Sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan."

- Anong maling paniniwala ang tinutukoy ni Jesus sa mga Judio? (Ipaliwanag na naniniwala ang maraming Judio sa panahon ni Jesus na makatatanggap sila ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan lamang ng pagbabasa nila ng mga banal na kasulatan. Nabigo silang maunawaan na ang layunin ng mga banal na kasulatan ay ang ituon sila kay Jesucristo. Parang ganito ang sinabi Niya, "Iniisip ninyo na mayroon kayong buhay na walang hanggan, ngunit saliksikin ninyo ang mga banal na kasulatan, dahil ang mga ito ay nagpapatotoo sa akin.")

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 5:40. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang kailangang gawin ng mga Judio upang makatanggap ng buhay na walang hanggan.

- Bagama't pinag-aralan ng mga Judio ang mga banal na kasulatan, ano ang ayaw nilang gawin na makatutulong sa kanila na maging karapat-dapat na makatanggap ng buhay na walang hanggan?
- Ayon sa mga itinuro ng Tagapagligtas sa talata 39 at 40, ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang buhay na walang hanggan? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Tanging sa paglapit kay Jesucristo lamang natin matatanggap ang buhay na walang hanggan.** Isulat sa pisara ang mga alituntuning ito.)

Ipaalala sa mga estudyante na kasama sa buhay na walang hanggan ang pagiging katulad ng Ama sa Langit at pamumuhay magpakailanman kasama ang ating mga karapat-dapat na kapamilya kapiling Siya.

- Ano ang ibig sabihin ng lumapit kay Jesucristo? (Ang lumapit kay Cristo ay pagsampalataya sa kanya, pagsisisi ng ating mga kasalanan, at pagsunod sa Kanyang mga kautusan.)
- Bakit kinakailangang lumapit kay Jesucristo upang matanggap ang buhay na walang hanggan?

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng mga paraan kung paano makatutulong ang mga saksing nakalista sa pisara sa isang tao upang mapalapit sa Tagapagligtas.

- Kailan nakatulong sa inyo ang isa sa mga saksi ni Jesucristo para mapalapit kayo sa Kanya?

Sabihin sa mga estudyante na isiping mabuti kung ano ang magagawa nila upang mas lubos na mapalapit sa Tagapagligtas nang sa gayon ay matanggap nila ang buhay na walang hanggan.

Magtapos sa pagpapatotoo sa mga katotohanang itinuro sa Juan 5.

LESSON 65

# Juan 6

## Pambungad

Sa araw matapos Niyang mahimalang pinakain ang mahigit 5,000 tao, itinuro ni Jesus na Siya ang Tinapay ng Kabuhayan. Hindi tinanggap ng ilan sa Kanyang mga tagasunod ang Kanyang mga turo at tinalikuran Siya. Sa kabilang banda, nagpatotoo si Pedro na itinuro ni Jesus ang mga salita ng buhay na walang hanggan at Siya ang Anak ng Diyos.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 6:1–21

*Mahimalang pinakain ni Jesus ang mahigit 5,000 tao at naglakad sa ibabaw ng dagat*

Ipaliwanag na matapos patotohanan ng Tagapagligtas ang Kanyang pagkadiyos at kabanalan sa Jerusalem (tingnan sa Juan 5), bumalik Siya sa Galilea, kung saan nagturo Siya at ang Kanyang mga Apostol ng ebanghelyo at nagpagaling ng maraming tao (tingnan sa Mateo 5–13). Pagkatapos ay tumawid si Jesus sa Dagat ng Galilea kasama ang Kanyang mga disipulo at mahimalang napakain ang mahigit 5,000 tao (tingnan sa Juan 6:1–13).

Magpakita ng isang tinapay. Sabihin sa mga estudyante na ibuod ang tala tungkol sa pagpapakain ng Tagapagligtas sa mahigit 5,000 tao gamit ang limang tinapay at dalawang maliliit na isda.

- Ano kaya ang inyong maiisip kung nasaksihan ninyo ang himalang ito at nalaman na may kapangyarihang magpakain si Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:14–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang gustong gawin ng mga tao matapos silang mahimalang mapakain ni Jesus.

- Ano ang gustong gawin ng mga tao?

Ipaliwanag na pinaniniwalaan ng mga Judio noong panahon ni Jesus na kapag dumating ang Mesiyas o ang Hari ng Israel, papakainin Niya ang mga tao ng tinapay mula sa langit.

- Ayon sa talata 15, ano ang ginawa ni Jesus sa halip na hayaan ang mga tao na koronahan Siya bilang kanilang hari?
- Bakit hindi gusto ni Jesus na makilala Siya bilang hari ng mga Judio?

Ibuod ang Juan 6:16–21 na ipinapaalala sa mga estudyante na pinatawid ng Tagapagligtas ang kanyang mga disipulo sa Dagat ng Galilea, at noong hatinggabi habang nagsusumikap ang mga disipulo na sumagwan laban sa mga alon at hangin, naglakad si Jesus sa ibabaw ng dagat upang makasama sila. Ipaliwanag na ang tala ni Juan tungkol sa pangyayaring ito ay nagbibigay-diin na nang "malugod" na tinanggap ng mga disipulo si Jesus sa kanilang bangka, "pagdaka'y" (talata 21) nakadaong sila nang ligtas sa kanilang destinasyon. Ipaliwanag na kapag malugod

nating tinatanggap ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo, gagabayan Niya tayo nang ligtas sa mga paghihirap sa buhay.

### Juan 6:22–59

#### *Itinuro ni Jesus na Siya ang Tinapay ng Kabuhayan*

Ipaliwanag na itinala sa Juan 6:22–25 na naglakbay patungong Capernaum ang karamihan sa mga tao na pinakain ni Jesus upang hanapin Siya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:26–27, pati na rin ang Joseph Smith Translation ng *John 6:26*: "Sinagot sila ni Jesus at sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako'y inyong hinahanap, hindi dahil nais ninyong makinig sa aking mga sinasabi, o hindi rin dahil sa inyong nangakitang mga tanda, kundi dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay, at kayo'y nangabusog." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus sa mga tao. [NO TRANSLATION]

- Ayon sa Tagapagligtas, bakit hinahanap Siya ng mga taong ito? (Ipinahihiwatig ng mga salita ng Tagapagligtas na sumunod sila sa Kanya upang makakuha ng maraming pagkain sa Kanya.)
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat nilang hangarin?

Ipaliwanag na ang "pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan" (talata 27) ay tumutukoy sa mga walang-hanggang katotohanan ng ebanghelyo ng Tagapagligtas.

- Paano tayo matutulungan ng mga talatang ito na maunawaan kung bakit hindi pinayagan ni Jesus ang mga taong ito na koronahan Siya bilang kanilang Hari?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:28–31, at sabihin sa klase na alamin ang hiniling ng mga tao kay Jesus upang mas mapatunayan sa kanila na Siya ang Mesiyas.

- Ano ang nais ipagawa ng mga tao kay Jesus para sa kanila? (Ipaliwanag na ang mana ay "tinapay na galing sa langit" [talata 31] na ipinagkaloob ng Diyos sa mga anak ni Israel noong nagpagala-gala sila sa ilang.)
- Kung aalalahanin ang ginawa ng Tagapagligtas noong nakaraang araw, ano ang ipinapakita ng kahilingang ito tungkol sa mga tao?
- Bilang mga tagasunod ni Jesucristo sa panahong ito, sa anong mga paraan tayo maaaring matuksong umasal katulad nila?

Sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 6:32–35, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ng Tagapagligtas sa mga tao bilang tugon sa kanilang paghiling ng palatandaan.

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang Sarili nang banggitin Niya ang mana, o tinapay mula sa langit?

Maaari mo ring imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga katagang "ako ang tinapay ng kabuhayan" sa talata 35.

***Hikayatin ang mga estudyante na magmarka at maglagay ng anotasyon sa kanilang mga banal na kasulatan.***

Matutulungan mo ang mga estudyante na maunawaan at maalala ang mga napag-aralan nila sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na magmarka at maglagay ng anotasyon sa kanilang mga banal na kasulatan. Ang ibig sabihin ng pagmamarka ay pagtatalaga, pagbubukod, paglalaan, o pagbibigay ng atensyon, na magagawa sa pamamagitan ng pagsalungguhit, pag-shade, o pagbalangkas sa mahahalagang salita o kataga. Ang ibig sabihin ng paglalagay ng anotasyon ay pagdaragdag ng tala o komentaryo. Hayaan ang mga estudyante na pumili kung paano at kung gusto nilang magmarka at maglagay ng anotasyon sa kanilang mga banal na kasulatan.

- Sa paanong mga paraan natin maihahalintulad sa tinapay ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “hindi magugutom” ang mga taong lumalapit kay Jesucristo? (talata 35).
- Anong katotohanan ang malalaman natin mula sa mga turo ng Tagapagligtas sa talata 35? (Iba-iba man ang isagot ng mga estudyante, dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung lalapit tayo kay Jesucristo, palulusugin Niya tayo sa espirituwal.** Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang alituntuning ito sa margin ng mga banal na kasulatan sa tabi ng Juan 6:35.)

Isulat ang sumusunod na mga di-kumpletong pahayag sa pisara:

| | |
|---|---|
| *Lumalapit tayo kay Cristo sa pamamagitan ng …* | *Palulusugin Niya tayo sa pamamagitan ng …* |

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa kanila na magtulungan sa paggawa ng listahan sa kanilang mga notebook o scripture study journal ng ilang bagay na magagawa natin upang mapalapit kay Jesucristo at mga paraan na palulusugin Niya tayo sa espirituwal. Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot sa klase.

Upang matulungan ang klase na maramdaman ang katotohanan at kahalagahan ng alituntuning tinukoy nila sa talata 35, maaari mong sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang naramdaman nila nang mapalusog sila sa espirtuwal sa paglapit nila sa Tagapagligtas.

Ibuod ang Juan 6:36–47 na ipinapaliwanag na may ilang taong nagbulung-bulungan o dumaing laban sa Tagapagligtas dahil itinuro Niya na Siya ang tinapay na bumaba mula sa langit.

Upang maihanda ang mga estudyante na matukoy ang karagdagang alituntuning itinuro ng Tagapagligtas, sabihin sa ilang estudyante na pumunta sa harapan ng klase at bigyan sila ng tig-iisang piraso ng tinapay. Sabihin sa kanila na amuyin ang tinapay at isipin kung ano kaya ang lasa nito.

- Paano kayo mabubusog ng tinapay na ito kung inaamoy lang ninyo ito, iniisip lang kung ano kaya ang lasa nito, at hinahawakan lamang ito nang buong araw?
- Ano ang dapat ninyong gawin upang matanggap ang sustansya ng tinapay?

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 6:49–54. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano maiuugnay ang karanasan ng kanilang mga kaklase sa tinapay sa mga bagay na itinuro ng Tagapagligtas sa mga talatang ito.

- Paano naiiba ang Tinapay ng Kabuhayan sa karaniwang tinapay? (Di-tulad ng tinapay na mabibigyan tayo ng panandaliang kabusugan, ibinibigay ni Jesucristo sa atin ang mga pagpapala na tatagal magpakailanman.)

Ituro ang sumusunod na pahayag sa talata 51: "Ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan."

- Paano ibinigay ng Tagapagligtas ang kanyang laman at dugo para sa buhay ng sanlibutan?
- Ayon sa mga talata 53–54, ano ang itinuro ng Tagapagligtas na gawin ng mga tao?

Ipaliwanag na makahulugang ginamit ng Tagapagligtas ang mga katagang *pagkain* at *pag-inom*. Upang matulungan ang klase na maunawaan ang mga turo ng Tagapagligtas, sabihin sa mga nagboluntaryong estudyante na kainin ang tinapay. Pagkatapos ay paupuin na sila.

- Ano ang nangyayari sa tinapay at sa sustansya nito kapag kinain ito? (Magiging bahagi ng katawan ang mga bitamina at sustansya, na magbibigay ng lakas at mabuting kalusugan.)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng kainin ang laman at inumin ang dugo ni Jesucristo? (Maaaring ibig sabihin nito ay isapuso ang Kanyang mga turo at ang Pagbabayad-sala. Maaari din itong kumatawan sa pakikibahagi sa sakramento, na sinimulan ng Tagapagligtas kalaunan.)
- Ayon sa talata 54, anong pagpapala ang matatanggap natin kung isasapuso natin, o ipamumuhay, o gagamitin, ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, isulat ang sumusunod na alituntunin sa pisara: **Kung isasapuso natin, o ipamumuhay, o gagamitin, ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matatanggap natin ang buhay na walang hanggan.**)

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang sumusunod na tanong, at sabihin sa ilan na ibahagi ang kanilang mga sagot:

- Paano ba natin maisasapuso ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Maaaring kasama sa mga sagot ang pagtanggap kay Jesucristo bilang literal na Anak ng Diyos, pagtanggap ng sakramento bawat linggo, pagsunod sa mga kautusan, at pagtitiis hanggang wakas sa kabutihan [tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo (1965–73), 1:358].)

Ipaliwanag na ang buhay na walang hanggan ay ang mabuhay magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit at maging katulad Niya at ng Kanyang Anak na si

Jesucristo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:56–57, at sabihin sa klase na alamin kung paano tayo magiging katulad Nila kapag isinapuso natin ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na hindi natin pisikal na makakasama ang Tagapagligtas, sa halip ay mananatili sa atin ang Kanyang banal na impluwensya upang matulungan tayong maging mas katulad Niya at ng Ama sa Langit.

Ibahagi ang iyong patotoo sa mga katotohanan na natukoy ng mga estudyante. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang isang mithiin kung paano nila mas maisasapuso ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas o ang isa sa Kanyang mga turo.

## Juan 6:60–71

### *Nagpatotoo si Pedro na ang mga salita ng buhay na walang hanggan ay na kay Jesus*

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Magpatuloy o huminto?*

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng isang pangyayari kung saan kinailangan nilang magdesisyon kung itutuloy nila o ihihinto ang paggawa ng isang bagay na mahirap. Maaari mong sabihin sa isa o dalawang estudyante na ibahagi ang kanilang mga karanasan.

Ipaliwanag na matapos ibigay ni Jesus ang sermon na nakatala sa Juan 6, kailangan ding pumili o magdesisyon ng Kanyang mga disipulo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:60, 66. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naging reaksyon ng maraming disipulo sa mga turo ni Jesus.

- Bakit pinili ng maraming disipulo ni Jesus na huminto sa pagsunod sa Kanya? (Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng katagang "matigas ang pananalitang ito" [talata 60] ay naramdaman nilang masyadong mahirap sundin ang mga turo ni Jesus.)
- Bakit mahirap para sa ilang tao na sundin ang mga utos ng Panginoon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:67, at sabihin sa klase na alamin ang itinanong ni Jesucristo sa Kanyang mga Apostol.

- Ano ang itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:68–69, at sabihin sa klase na alamin kung paano sinagot ni Pedro ang Tagapagligtas. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Sa isinagot ni Pedro, anong katotohanan ang maaari nating matutuhan na makatutulong sa ating manatiling tapat sa mga sandaling tila mahirap sundin ang Tagapagligtas o ipamuhay ang Kanyang mga turo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat ang sumusunod na alituntunin sa pisara: **Ang matibay na patotoo kay Jesucristo ay makatutulong sa atin na manatiling tapat sa mga sandaling tila mahirap sundin ang Tagapagligtas o ipamuhay ang Kanyang mga turo.**)

- Paano nakatulong sa inyo o sa sinumang kilala ninyo ang matibay na patotoo sa Tagapagligtas upang manatiling tapat kahit na tila mahirap sundin ang mga turo ng ebanghelyo?

Hikayatin ang mga estudyante na magtiwala sa kanilang mga patotoo kay Jesucristo kapag tila mahirap para sa kanila na ipamuhay ang mga turo ng ebanghelyo. Sabihin sa mga estudyante na maaaring nakadarama na hindi gaanong matibay ang kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo na palakasin ang kanilang patotoo sa pamamagitan ng pagsasapuso ng Kanyang mga turo at Pagbabayad-sala.

HOME-STUDY LESSON

# Juan 2–6 (Unit 13)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng Daily Home-Study Lessons*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Juan 2–6 (unit 13) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong ituturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Juan 2)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa unang himala ng Tagapagligtas nang gawin Niyang alak ang tubig, nalaman nila na may kapangyarihan si Jesucristo sa mga elemento. Nalaman din nila na minamahal at iginagalang ng Tagapagligtas ang Kanyang ina. Sa pag-aaral nila ng tala tungkol sa paglilinis ng templo ni Jesus, natutuhan ng mga estudyante na ang templo ay bahay ng Diyos.

### Day 2 (Juan 3)

Nalaman ng mga estudyante ang sumusunod na mga katotohanan mula sa mga turo ng Tagapagligtas kay Nicodemo: Mahalaga ang mabinyagan at makatanggap ng kaloob na Espiritu Santo upang espirituwal na ipanganak muli at makatanggap ng kadakilaan sa kahariang selestiyal. Makatatanggap ng buhay na walang hanggan ang buong sangkatauhan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Mahal na mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak kaya Niya ipinadala ang Kanyang Bugtong na Anak upang magdusa para sa kanilang mga kasalanan. Kung maniniwala tayo kay Jesucristo, lakip ang pagsisisi sa ating mga kasalanan at pagsunod sa Kanyang salita, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Mula sa halimbawa ni Juan Bautista, natutuhan ng mga estudyante na maaari nating maimpluwensyahan ang iba na gumawa ng mabuti sa pamamagitan ng paggabay sa kanila patungo kay Jesucristo.

### Day 3 (Juan 4)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa mga turo ng Tagapagligtas sa isang babaeng Samaritana sa tabi ng isang balon, nalaman nila ang sumusunod na mga katotohanan: Kung lalapit tayo kay Jesucristo at masigasig na makikibahagi sa Kanyang ebanghelyo, makatatanggap tayo ng buhay na walang hanggan. Alam ni Jesucristo ang ating mga kasalanan at ibinigay Niya sa atin ang Kanyang ebanghelyo upang tulungan tayong madaig ang mga ito. Kung sasambahin natin ang Ama sa espiritu at sa katotohanan, pagpapalain Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Kapag nagkaroon tayo ng patotoo kay Jesucristo, napupuspos tayo ng hangaring ibahagi ito sa iba.

### Day 4 (Juan 5–6)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa pagpapagaling ng Tagapagligtas sa isang maysakit na lalaki, nalaman nila na sa pamamagitan ng kapangyarihan at awa ni Jesucristo, mapapagaling tayo. Nalaman din nila na tanging sa paglapit lamang kay Jesucristo tayo makatatanggap ng buhay na walang hanggan. Mula sa Sermon tungkol sa Tinapay ng Kabuhayan, nalaman ng mga estudyante na tutulong sa atin ang matatag na patotoo kay Jesucristo na manatiling tapat sa panahong maaaring mahirap sundin ang Tagapagligtas o ipamuhay ang Kanyang mga turo.

## Pambungad

Sa araw matapos mahimalang pakainin ni Jesus ang mahigit 5,000 tao, itinuro Niya na Siya ang Tinapay ng Kabuhayan.

# Mga Mungkahi sa Pagtuturo

## Juan 6:22–59

### *Itinuro ni Jesus na Siya ang Tinapay ng Kabuhayan*

Magpakita ng isang tinapay. Sabihin sa isang estudyante na ibuod ang tala tungkol sa pagpapakain ng Tagapagligtas sa mahigit 5,000 tao gamit ang limang tinapay at dalawang maliliit na isda.

- Ano kaya ang inyong maiisip kung nasaksihan ninyo ang himalang ito at nalaman na may kapangyarihan si Jesus na pakainin ang maraming tao?

Ipaliwanag na nakatala sa Juan 6:22–25 na naglakbay patungong Capernaum ang marami sa mga tao na pinakain ni Jesus upang hanapin Siya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:26–27. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus sa mga tao.

Ipaliwanag na nilinaw sa Joseph Smith Translation ng Juan 6:26 na, "Sinagot sila ni Jesus at sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako'y inyong hinahanap, hindi dahil sa nais ninyong makinig sa aking sinasabi, o hindi rin dahil sa inyong nangakitang mga tanda, kundi dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay, at kayo'y nangabusog" (Joseph Smith Translation, John 6:26 ). [NO TRANSLATION] [NO TRANSLATION]

- Ayon sa Tagapagligtas, bakit hinahanap Siya ng mga taong ito? (Ipinapahiwatig ng mga salita ng Tagapagligtas na sumunod sila sa Kanya upang makakuha ng maraming pagkain sa Kanya.)
- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na dapat hangarin nila?

Ipaliwanag na ang "pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan" (Juan 6:27) ay tumutukoy sa mga walang-hanggang katotohanan ng ebanghelyo ng Tagapagligtas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:28–31. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nais ng mga tao kay Jesus upang mas mapatunayan pa sa kanila na Siya ang Mesiyas.

- Ano ang nais ipagawa ng mga tao kay Jesus? (Ipaliwanag na ang mana ay "tinapay na galing sa langit" [Juan 6:31] na ipinagkaloob ng Diyos sa mga anak ni Israel noong nagpagala-gala sila sa ilang; tingnan sa Exodo 16:14–15, 35.)

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 6:32–35. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa mga tao bilang tugon sa kanilang paghingi ng tanda.

- Ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang Sarili nang banggitin Niya ang mana, o tinapay mula sa langit?

Maaari mo ring imungkahi sa mga estudyante na markahan ang katagang "Ako ang tinapay ng kabuhayan" sa Juan 6:35.

- Sa anong mga paraan maihahalintulad natin ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga turo sa tinapay?

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “hindi magugutom” ang mga taong lumalapit kay Jesucristo? (Juan 6:35.) (Isang maaaring sagot ay espirituwal silang palulusugin Niya.)
- Anong katotohanan ang malalaman natin mula sa mga turo ng Tagapagligtas sa talata 35? (Iba’t iba man ang mga gagamiting salita ng mga estudyante, dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung lalapit tayo kay Jesucristo, espirituwal Niya tayong palulusugin.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)

Isulat ang sumusunod na mga di-kumpletong pahayag sa pisara:

| | |
|---|---|
| *Lumalapit tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng …* | *Palulusugin Niya tayo sa pamamagitan ng …* |

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa kanila na magtulungan sa paglista sa kanilang mga notebook o scripture study journal ng ilang bagay na magagawa natin upang mapalapit kay Jesucristo at ang mga paraan na palulusugin Niya tayo sa espirituwal. Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot sa klase.

Maaaring anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi kung paano sila nakatanggap ng espirituwal na pagpapalusog sa paglapit nila sa Tagapagligtas.

Upang maihanda ang mga estudyante na matukoy ang karagdagang alituntunin na itinuro ng Tagapagligtas, sabihin sa ilang estudyante na pumunta sa harapan ng klase at bigyan sila ng tig-iisang piraso ng tinapay. Sabihin sa kanila na amuyin ang tinapay at isipin kung ano kaya ang lasa nito.

- Paano kayo mabubusog ng tinapay na ito kung inaamoy ninyo lang ito, iniisip lang kung ano ang lasa nito, at hinahawakan lamang ito nang buong araw?
- Ano ang dapat ninyong gawin upang matanggap ang sustansya ng tinapay?

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 6:49–54. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano maiuugnay ang gagawin ng kanilang mga kaklase sa tinapay sa itinuro ng Tagapagligtas sa mga talatang ito.

- Paano naiiba ang Tinapay ng Kabuhayan sa karaniwang tinapay? (Di-tulad ng tinapay na panandalian tayong mabubusog, binibigyan tayo ni Jesucristo ng mga pagpapala na walang hanggan.)
- Ayon sa mga talata 53–54, ano ang itinuro ng Tagapagligtas na dapat gawin ng mga tao?

Ipaliwanag na matalinghagang ginamit ng Tagapagligtas ang mga salitang *kanin* at *inumin*. Upang matulungan ang klase na maunawaan ang mga turo ng Tagapagligtas, sabihin sa mga nagboluntaryong estudyante na kainin ang tinapay. Pagkatapos ay pabalikin sila sa kanilang upuan.

- Ano ang nangyayari sa tinapay at sa sustansya nito kapag kinain ito? (Magiging bahagi ng katawan ang mga bitamina at sustansya, na magbibigay ng lakas at mabuting kalusugan.)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng kainin ang laman at inumin ang dugo ni Jesucristo? (Maaaring ibig sabihin nito ay isapuso ang Kanyang mga turo at Pagbabayad-sala. Maaari din itong kumatawan sa pagtanggap ng sakramento, na sinimulan ng Tagapagligtas kalaunan.)
- Ayon sa Juan 6:54, anong pagpapala ang matatanggap natin kung isasapuso, o ipamumuhay natin, ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung isasapuso, o ipamumuhay natin, ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matatanggap natin ang buhay na walang hanggan.**)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan ang mga paraan na sinabi niya na maisasapuso natin ang mga turo at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.



"Ang pagkain sa laman at pag-inom sa dugo ng Anak ng Diyos ay, una, pagtanggap sa kanya sa pinakaliteral at ganap na diwa nito, nang walang anumang pag-aalinlangan, bilang ang tunay na anak sa laman ng Amang Walang Hanggan; at, ikalawa, ito ay pagsunod sa mga kautusan ng Anak sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanyang ebanghelyo, pagsapi sa kanyang Simbahan, at matiyagang pagsunod at kabutihan hanggang sa wakas. Ang mga taong kumakain ng kanyang laman at umiinom ng kanyang dugo sa ganitong paraan ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, na ang ibig sabihin ay kadakilaan sa pinakamataas na langit sa selestiyal na daigdig" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo, [1965–73], 1:358).

- Ayon kay Elder McConkie, paano natin maisasapuso ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo?

Ipaliwanag na ang buhay na walang hanggan ay ang mabuhay magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit at maging katulad Niya at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 6:56–57. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tayo magiging tulad Nila kapag isinapuso natin ang mga turo at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na hindi pisikal na mananahan sa atin ang Tagapagligtas, sa halip ay mananatili sa atin ang Kanyang banal na impluwensya upang matulungan tayong maging mas katulad Niya at ng Ama sa Langit.

Ibuod ang Juan 6:59–66 na ipinapaliwanag na hindi tinanggap ng ilang mga disipulo ni Jesus ang Kanyang turo at tumigil sa pagsunod sa Kanya.

Magpatotoo sa katotohanang natukoy ng mga estudyante. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang isang mithiin para sa kung paano nila mas maisasapuso ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas o ang isa sa Kanyang mga turo.

### Susunod na Unit (Juan 7–10)

Sabihin sa mga estudyante na mapag-aaralan nila sa susunod na unit kung paano pinakitunguhan ni Jesucristo ang isang babaeng nahuling nangangalunya o nakikiapid at kung ano ang sinabi Niya upang itaboy ang mga tao na gustong pumatay dito. Maaari mong sabihin sa mga estudyante na ipikit ang kanilang mga mata at isipin kung paano kaya maging bulag. Pagkatapos, itanong kung ano kaya ang pakiramdam na gumaling sila sa pagkabulag at makakita sa unang pagkakataon. Mababasa ng mga estudyante ang tungkol sa isang lalaking bulag na hindi lamang nakatanggap ng pisikal na paningin ngunit nakatanggap din ng espirituwal na paningin at nagkaroon ng patotoo na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos. Malalaman din nila kung bakit tinawag ng Tagapagligtas na Mabuting Pastol ang Kanyang Sarili at ang kapangyarihang sinabi Niyang natanggap Niya mula sa Ama.

LESSON 66

# Juan 7

## Pambungad

Dumalo si Jesus sa Kapistahan ng mga Tabernakulo sa Jerusalem. Nagpunta Siya sa templo at nagturo sa mga tao roon kung paano sila makatatanggap ng patotoo na ang Kanyang mga turo ay galing sa Diyos Ama. Dahil nagtatalo ang mga tao kung sino si Jesus, ginamit Niya ang tubig at ilaw sa matalinghagang paraan upang patotohanan ang Kanyang pagkadiyos at kabanalan. Nagturo rin Siya tungkol sa Espiritu Santo.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 7:1–13

*Dumalo si Jesus sa Kapistahan ng mga Tabernakulo*

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *May mga kapatid ba si Jesus?*

Sabihin sa mga estudyante na sagutin ang tanong. Kung kailangan, tulungan ang mga estudyante na maunawaan na nagkaroon ng mga anak sina Jose at Maria pagkatapos isilang si Jesus at maaaring sila ay lumaki at nanirahang kasama Niya sa iisang tahanan. Gayunman, dahil si Jesucristo ay literal na anak ni Maria at ng Diyos Ama, hindi ni Jose, ang mga taong ito ay mga kapatid lamang ni Jesus sa ina (tingnan sa Mateo 13:55–56).


- Paano kaya kung kasabay ninyong lumaki si Jesus sa iisang bahay?
- Sa palagay ba ninyo ay mas madaling maniwala sa Kanya kung lumaki kayo nang kasama Siya? Bakit oo o bakit hindi?

Ipaliwanag na malalaman natin sa Juan 7 kung ano ang tingin kay Jesus ng ilan sa Kanyang "mga kapatid" (Juan 7:3, 5). Ang katagang *mga kapatid* ay tumutukoy marahil sa mga kapatid sa ina ni Jesus, bagama't maaaring kabilang din dito ang iba pang malalapit na kamag-anak.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 7:1–5.

- Ano ang nalaman natin mula sa talata 5 tungkol sa mga kapatid ni Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Hindi agad natatamo ang patotoo sa pagkadiyos at kabanalan ni Cristo at sa nakapagliligtas na kapangyarihan ng kanyang ebanghelyo nang dahil lamang sa ugnayan ng pamilya.

"… Bagama't pinalaki sila sa iisang tahanan at naimpluwensyahan sa kabutihan nina Jose at Maria, bagama't alam nila ang mga turo, ministeryo, at mga himala ni Jesus, hindi pa rin siya tinanggap ng malalapit na kamag-anak na ito bilang ang Mesiyas. Gayunman, lahat sila, ay tila naniwala at nagbalik-loob kalaunan (Mga Gawa 1:14)" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:437).

- Paano nangyari na hindi naniwala kay Jesus ang ilan sa mga kapamilya Niya kahit alam nila ang Kanyang mga turo at mga himala?

Ipaliwanag na nakatala sa Juan 7 ang mga nangyari nang idaos ang Kapistahan ng mga Tabernakulo sa Jerusalem (tingnan sa Juan 7:2). Sa walong araw na kapistahang ito, na itinuturing na "pinakadakila at pinakamasaya sa lahat " (Bible Dictionary, "Feasts"), maraming Judio ang naglakbay patungong Jerusalem upang alalahanin ang mga pagpapala ng Diyos sa mga anak ni Israel noong maglakbay sila sa ilang, nanirahan sa mga pansamantalang kubol, o tabernakulo, matapos silang iligtas mula sa pagkaalipin sa Egipto (tingnan sa Levitico 23:39–43). Ipinagdiwang at pinasalamatan din ng mga Judio ang kanilang taunang pag-ani ng mga prutas at butil (tingnan sa Exodo 23:16).

### *Pag-unawa sa konteksto at nilalaman*

Napakahalaga sa pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo ang pag-unawa sa konteksto at nilalaman ng scripture block. Kabilang sa konteksto ang kalagayan o background ng isang partikular na talata, pangyayari, o kuwento mula sa mga banal na kasulatan. Ang content o nilalaman ay ang kuwento, mga tao, mga pangyayari, mga pangaral, at mga inspiradong pagpapaliwanag na nakasaad sa teksto. Habang tinutulungan mo ang iyong mga estudyante na maunawaan ang konteksto at nilalaman ng mga banal na kasulatan, magiging handa sila na malaman ang mga mensahe ng mga inspiradong awtor.

- Ayon sa mga talata 3–4, ano ang gusto ng mga kapatid ni Jesus na gawin Niya?

Ibuod ang Juan 7:6–10 na ipinapaliwanag na nagpasya si Jesus na ipagpaliban ang pagpunta sa kapistahan, ngunit hinikayat Niya ang Kanyang mga kapatid na pumunta roon. Pagkatapos magsimula ang kapistahan, palihim na dumalo si Jesus—nalalamang may ilang pinunong Judio sa Jerusalem na gusto Siyang patayin ngunit hindi pa dumarating ang Kanyang oras para mamatay.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 7:11–13.

- Ano ang sinasabi ng iba't ibang tao sa Jerusalem tungkol kay Jesus?

Ipaliwanag na tulad noong panahon ni Jesus, may iba't ibang opinyon tungkol kay Jesucristo sa ating panahon. May mga taong nakakaalam at nagpapatotoo na Siya ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sangkatauhan. Ang iba ay naniniwala sa Kanya at umaasa na ang Kanyang ebanghelyo ay totoo. Gayunman, mayroon ding mga tao na nagdududa sa pagkadiyos at kabanalan ni Jesucristo at sa katotohanan ng Kanyang mga turo. Sabihin sa mga estudyante na alamin habang patuloy nilang pinag-aaralan ang Juan 7 kung paano natin malalaman na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at kung totoo ang Kanyang mga turo.

## Juan 7:14–36

### *Nagturo si Jesus sa mga Judio sa templo*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 7:14–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ginawa ni Jesus sa templo. Maaaring makatulong na ipaliwanag na ang templo ang sentro ng mga pagdiriwang na naganap noong Kapistahan ng mga Tabernakulo.

- Ano ang ginawa ni Jesus?
- Bakit namangha ang mga Judio?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 7:16–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus na magagawa ng mga tao upang malaman kung totoo ang Kanyang doktrina o mga turo.

- Ayon sa talata 16, kanino natanggap ni Jesus ang itinuro Niyang doktrina?
- Paano malalaman ng tao na tunay na mula sa Diyos ang doktrinang itinuro ni Jesus?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin tungkol sa kung paano tayo makatatanggap ng patotoo sa mga turo ng Ama sa Langit? (Gamit ang kanilang sariling mga salita, dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag ginawa natin ang kalooban ng Ama sa Langit, makatatanggap tayo ng patotoo sa Kanyang doktrina.** Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga salita sa talata 17 na nagtuturo ng alituntuning ito.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano magagamit ang alituntuning ito sa ating buhay, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan:



"Nagkakaroon tayo ng patotoo sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa masugid na pagsunod dito. … Ang patotoo sa bisa ng dasal ay nasa mapakumbaba at taimtim na dalangin. Ang patotoo sa ikapu ay nasa pagbabayad ng ikapu" ("Panginoon, Nananampalataya Ako; Tulungan Mo ang Kakulangan Ko ng Pananampalataya," *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2003, 19).

Kahit na hindi agad naniwala ang Kanyang sariling mga kapatid sa Kanya, nagkaroon sila kalaunan ng patotoo at nagbalik-loob (tingnan sa Mga Gawa 1:14).

- Paano nakatulong sa mga kapatid ni Jesus ang alituntuning itinuro sa Juan 7:17 na magkaroon ng patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo?

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay mayroon silang kaibigan na nahihirapan sa kanilang patotoo sa ebanghelyo.

- Paano ninyo magagamit ang alituntuning itinuro sa Juan 7:17 upang matulungan ang kaibigang ito?

Upang matulungan ang mga estudyante na patotohanan ang alituntuning natukoy sa itaas at maramdaman ang katotohanan at kahalagahan nito, ipakita ang sumusunod na pahayag:

*Alam ko na ang ____________________ ay totoo dahil kapag ipinamumuhay ko ito, ako ay ____________________.*

Hikayatin ang mga estudyante na kumpletuhin ang pahayag sa kanilang mga notebook o scripture study journal na isinusulat ang tungkol sa isang kautusan o alituntunin ng ebanghelyo na nalaman nilang totoo dahil sa pagsisikap nila na ipamuhay ito.

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi nila sa klase ang kanilang isinulat.

Sabihin sa mga estudyante na sumulat ng isang katotohanan, kautusan, o turo sa ebanghelyo na gusto nilang mas mapatotohanan pa at magkaroon ng malakas na patotoo tungkol dito. Ipasulat din sa kanila ang gagawin nila upang magkaroon ng mas malakas na patotoo tungkol sa katotohanan, kautusan, o turo na ito sa pamamagitan ng pamumuhay sa alituntuning napag-aralan nila sa Juan 7:17.

Ibuod ang Juan 7:19–36 na ipinapaliwanag na pinagsabihan ni Jesus ang mga pinunong Judio dahil hindi nila tinanggap ang Kanyang mga turo at mga himala at sa hangad nila na patayin Siya. Maraming tao ang nag-isip kung Siya ang Mesiyas, at ang mga punong saserdote at Fariseo ay nagpadala ng mga alagad upang dakpin Siya.

## Juan 7:37–53

### *Nagturo si Jesucristo tungkol sa kaloob na Espiritu Santo*

Sabihin sa isang estudyanteng nauuhaw na pumunta sa harapan ng klase. Bigyan ang estudyante ng isang basong walang laman, at tanungin siya:

- Makakapawi ba ito sa iyong uhaw?
- Ano pa ang kailangan mo?

Ipakita ang isang lalagyan ng tubig tulad ng isang bote o pitsel na puno ng tubig. Punuin ng tubig ang baso, at sabihin sa estudyante na uminom. Pagkatapos ay sabihin sa estudyante na bumalik sa kanyang upuan.

Itaas ang pitsel o bote ng tubig na ginamit mo upang punuin ang baso ng estudyante. Ipaliwanag na sa bawat isa sa walong araw ng Kapistahan ng mga Tabernakulo, ang inatasang saserdote ay kumukuha ng tubig mula sa batis ng Siloe gamit ang isang ginintuang pitsel at ibinubuhos ang laman nito sa isang palangganang pilak sa paanan ng altar ng templo. Sa huling araw sa Kapistahan ng mga Tabernakulo, nang magawa na ito ng saserdote, si Jesus ay tumayo at inanyayahan ang mga tao. (Tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:446.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 7:37. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang paanyaya ng Tagapagligtas sa mga tao matapos Niyang pumunta sa templo sa ikawalo at huling araw ng kapistahan.

- Ano ang paanyaya ng Tagapagligtas sa mga tao?
- Kung aalalahanin ang ginawang pagkuha at pagbuhos ng tubig ng saserdote sa kapistahang ito, sa palagay ninyo ay bakit naisip ni Jesus na sabihin ito sa oras na iyon?

Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Kung lalapit tayo kay Jesucristo at maniniwala sa Kanya, …*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 7:38–39, at pagkatapos ay ipaliwanag na nilinaw ng Joseph Smith Translation ng John 7:39 ang huling bahagi ng talata at mababasa nang ganito, "… sapagka't ang Espiritu Santo ay ipinangako para sa kanila na naniniwala, matapos na maluwalhati si Jesus."

Ipaliwanag na ipinahihiwatig ng mga katagang "mula sa loob niya" na ang tubig na buhay ay nasa kalooban at aagos mula sa mga naniniwala, sa halip na mula sa mga impluwensyang nasa labas.

- Ayon sa talata 39, ano ang kinakatawan ng tubig na buhay na binanggit ng Tagapagligtas?

Ipaliwanag na "sa ilang kadahilanang hindi gaanong ipinaliwanag sa mga banal na kasulatan, ang Espiritu Santo ay hindi lubos na ibinigay sa mga Judio sa mga panahong narito sa lupa si Jesus (Juan 7:39; 16:7)" (Bible Dictionary, "Holy Ghost"). Bagama't hindi ibinigay ang *kaloob* na Espiritu Santo sa dispensasyong iyon hanggang pagkatapos maluwalhati ng Tagagapaligtas dahil naisakatuparan Niya ang Kanyang misyon, ang *kapangyarihan* ng Espiritu Santo ay magagamit upang matulungan ang mga taong makatanggap ng patotoo sa mga katotohanang itinuro ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga disipulo.

- Batay sa mga itinuro ng Tagapagligtas sa Juan 7:37–39, paano mo kukumpletuhin ang pahayag sa pisara? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag lumapit tayo kay Jesucristo at maniwala sa Kanya, mapuspos tayo ng Espiritu Santo.**)

Ipaliwanag na maiimpluwensyahan ng mga taong napuspos ng Espiritu Santo ang iba sa kabutihan. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagkakataon na napuspos sila ng Espiritu Santo at, dahil dito ay naimpluwensyahan nila ang iba sa kabutihan. Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga karanasan.

Ibuod ang Juan 7:40–53 na ipinapaliwanag na ang mga punong saserdote at mga Fariseo ay nagnais na muling ipadakip si Jesus. Si Nicodemo, ang Fariseo na pumunta sa Panginoon nang gabi (tingnan sa Juan 3:1–2), ay ipinagtanggol ang Tagapagligtas at ipinaalala sa kanyang kapwa Fariseo at mga punong saserdote na hindi pinapayagan ng batas nila na parusahan ang isang tao nang hindi ito binibigyan ng pagkakataong magsalita.

Tapusin ang lesson na nagpapatotoo sa mga katotohanang natukoy sa pag-aaral nila ng Juan 7.

LESSON 67

# Juan 8:1–30

## Pambungad

Habang nasa Jerusalem ang Tagapagligtas para sa Kapistahan ng mga Tabernakulo, dinala sa Kanya ng ilang mga eskriba at mga Fariseo ang isang babaeng nagkasala ng pakikiapid o pangangalunya, at itinanong nila kung siya ba ay dapat batuhin. Pinagsabihan Niya ang mga nagparatang at kinaawaan Niya ang babae. Itinuro rin ni Jesus na nagpapatotoo ang Ama sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 8:1–11

*Ang babaeng nahuli sa pangangalunya ay dinala sa Tagapagligtas*

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang isang pagkakataon na may nakahalubilo o nakasama silang mga tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng Panginoon.

- Anong mga hamon ang maaari nating harapin kung may makasama tayong mga tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng Panginoon? (Maaaring sumagot ang mga estudyante na baka matukso silang husgahan nang di-maganda ang ganoong mga tao o pakitunguhan nila nang di-maayos.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

> *Ano ang dapat nating gawin sa mga pagkakataon na may nakasama tayong mga tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng Panginoon?*

Hikayatin ang mga estudyante na alamin ang mga katotohanan habang pinag-aaralan nila ang Juan 8:1–11 na makatutulong sa kanila na masagot ang tanong na ito.

Ipaliwanag na pagkatapos ng Kapistahan ng mga Tabernakulo, nanatili sandali si Jesucristo sa Jerusalem at nagturo sa mga tao sa templo (tingnan sa Juan 8:1–2.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:3–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang nangyari habang tinuturuan ni Jesus ang mga tao.

- Ano ang nangyari habang tinuturuan ni Jesus ang mga tao?
- Ano ang itinanong ng mga eskriba at mga Fariseo sa Tagapagligtas?
- Ayon sa talata 6, ano ang intensyon ng mga eskriba at mga Fariseo? (Hangad nilang siraan si Jesus sa harap ng mga tao at magkaroon ng dahilan na maakusahan Siya upang dakpin at patayin Siya [tingnan sa Juan 7:1, 32].)

Ipaliwanag na kung sinabi ni Jesus na batuhin ang babae, pumapayag Siya sa isang parusa na ayaw ng mga Judio at ipinagbabawal ng batas ng mga Romano. Kung

sinabi ni Jesus na huwag batuhin ang babae, maaakusahan Siya ng pagbabale-wala sa batas ni Moises o hindi paggalang sa mga nakaugalian noon. (Tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:450–51.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:7–8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sumagot ang Tagapagligtas.

- Ayon sa talata 7, ano ang isinagot ni Jesus sa kanila?
- Ano sa palagay ninyo ang nais ng Tagapagligtas na maunawaan ng mga taong ito nang sabihin Niyang, "Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya"? (talata 7).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang nangyari nang isaalang-alang ng mga Fariseo at mga eskriba ang ipinahayag ng Tagapagligtas.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "[binagabag ng kanilang sariling budhi]"?
- Ano ang inamin ng mga lalaking ito nang magpasiya sila na umalis?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa pag-iwas na husgahan ang iba? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Ang aminin ang sarili nating mga kahinaan ay makatutulong sa atin na huwag husgahan ang iba.** Isulat ang alituntuning ito sa ilalim ng tanong sa pisara.)
- Sa palagay ninyo, paano nakatulong ang aminin na may sarili rin tayong mga kahinaan para hindi natin husgahan ang iba?


Ipaalala sa mga estudyante na ang babaeng ito ay nagkasala ng pangangalunya, na isang napakalaking kasalanan (tingnan sa Alma 39:3–5).

- Ano sa palagay ninyo ang maaaring naramdaman ng babaeng ito nang ibunyag kay Jesus at sa maraming tao ang kanyang kasalanan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:10–11. Ipabasa rin nang malakas sa isang estudyante ang Joseph Smith Translation ng *talata 11*: "At pinapurihan ng babaeng ito ang Diyos simula noon, at naniwala sa kanyang pangalan." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon ang Panginoon sa babaeng ito.

- Paano nagpakita ang Tagapagligtas ng pagmamahal at awa sa babaeng ito?
- Ano ang mga itinagubilin ng Tagapagligtas sa babae?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan na hindi kinukunsinti ng Tagapagligtas ang kasalanan ng babaeng ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:



"Ang Kanyang utos sa kanya ay, 'Humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala.' Iniutos Niya sa makasalanang babae na humayo na, *talikuran ang kanyang masamang pamumuhay, huwag na muling magkasala, baguhin ang kanyang buhay.* Sinabi niyang, Humayo ka, babae, at simulan ang iyong pagsisisi; at itinuro niya sa kanya ang unang hakbang na gagawin—ang *talikuran ang kanyang mga kasalanan*" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 165).

- Anong katotohanan ang matututuhan natin tungkol sa Tagapagligtas sa talata 10–11? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Kinaaawaan tayo ng Tagapagligtas sa pagbibigay sa atin ng mga pagkakataon na magsisi.** Isulat sa pisara ang katotohanang ito.)
- Paano makatutulong ang pagkaunawa sa katotohanang ito kapag nagkasala tayo?
- Paano makatutulong sa atin ang dalawang katotohanang ito na natukoy natin sa gagawin natin kapag may kasama tayong ibang tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga kautusan at mga pamantayan ng Panginoon?
- Ayon sa Joseph Smith Translation ng talata 11, ano ang epekto ng awa ng Tagapagligtas sa babae?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang kanilang nararamdaman para sa Tagapagligtas dahil sa Kanyang kagustuhan na magpakita ng awa sa atin at mabigyan tayo ng mga pagkakataon na magsisi.

## Juan 8:12–30

### *Itinuro ni Jesus na ang Kanyang Ama ay nagpapatotoo sa Kanya*

Sabihin sa mga estudyante na ipikit ang kanilang mga mata at subukang magdrowing ng larawan ng isang bagay. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na buksan ang kanilang mga mata at ihambing ang kanilang drowing sa ginawa ng kanilang mga katabi.

- Ano ang ilang mga bagay na mas madaling gawin kapag may ilaw?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:12. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang inihayag ni Jesus tungkol sa Kanyang Sarili.

- Ano ang tinawag ni Jesus sa Kanyang Sarili? (Isulat sa pisara ang sumusunod na doktrina: **Si Jesucristo ang Ilaw ng Sanglibutan.**)

Ipaalala sa mga estudyante na sinabi ni Jesus ang pahayag na ito sa Kapistahan ng mga Tabernakulo. Sa bawat gabi ng walong araw na kapistahang ito, sinisindihan sa mga patyo sa templo ang mga kandelabra, o mga menorah, na nagbibigay-liwanag sa maraming taong nagdiriwang sa Jerusalem.

- Paano nagbigay ng liwanag si Jesucristo sa babaeng nagkasala ng pangangalunya at sa mga lalaking nagparatang sa kanya?

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga sinabi ng Tagapagligtas sa talata 12? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung sumusunod tayo sa Tagapagligtas, makakaiwas tayo sa espirituwal na kadiliman at mapupuno tayo ng Kanyang liwanag.**)
- Sa palagay ninyo, paano kayo natutulungan ng Tagapagligtas na makaiwas na maglakad sa espirituwal na kadiliman?

Ipaliwanag na maraming mga propesiya sa Lumang Tipan ang nagsasabing ang Mesiyas ay magiging liwanag sa lahat ng bansa (tingnan sa Isaias 49:6; 60:1–3). Sa gayon, sa paghahayag sa Kanyang sarili na Siya ang Ilaw ng Sanglibutan, ipinahahayag ni Jesus na Siya ang Mesiyas.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:13. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon ang mga Fariseo sa pahayag ng Tagapagligtas.

- Paano tumugon ang mga Fariseo sa pahayag ng Tagapagligtas?
- Bakit nila nasabi na ang nakatala o patotoo ni Jesus ay hindi totoo? (Dahil pinatotohanan Niya ang Kanyang Sarili.)

Ipaliwanag na ipinaalala ni Jesus sa mga Fariseo na sa batas ni Moses, nangangailangan ng patotoo mula sa dalawang tao upang maitatag ang katotohanan (tingnan sa Juan 8:17; Deuteronomio 17:6). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino pa ang nagpatotoo na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas.

- Ayon sa talata 18, sino ang inihayag ng Tagapagligtas na ikalawang saksi sa Kanyang pagkadiyos at kabanalan? (Maaari mong bigyang-diin na sa pahayag na ito, pinagtibay ni Jesus na Siya at ang Kanyang Ama ay dalawang magkahiwalay na nilalang.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:19. Sabihin sa klase na alamin ang hindi naunawaan ng mga Fariseo tungkol kay Jesus at sa Kanyang Ama.

- Ayon sa talata 19, bakit hindi kilala ng mga Fariseo ang Ama? (Hindi kilala ng mga Fariseo ang Ama dahil hindi nila kilala si Jesus at kung sino talaga Siya.)
- Batay sa sinabi ng Tagapagligtas sa mga Fariseo, ano ang magagawa natin upang makilala ang Ama sa Langit? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw na naunawaan na **kapag nag-aaral tayo tungkol kay Jesucristo, makikilala natin ang Ama.** Gamit ang mga isinagot ng mga estudyante, isulat ang alituntuning ito sa pisara.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Sa lahat ng ginawa at sinabi ni Jesus, lalo na sa Kanyang nagbabayad-salang pagdurusa at sakripisyo, itinuturo Niya sa atin kung sino at ano ang pagkatao ng Diyos Amang Walang Hanggan, kung gaano Siya katapat sa Kanyang mga anak sa bawat panahon at bansa. Sa salita at gawa sinisikap ni Jesus na ihayag at ipaalam nang husto sa atin ang likas na katangian ng Kanyang Ama, na ating Ama sa Langit. …

"Kaya nga ang pagpapakain sa gutom, pagpapagaling sa maysakit, pagkamuhi sa pagpapaimbabaw, pagsamong mananampalataya—ito si Cristo na ipinakikita sa atin ang paraan ng Ama, Siya na 'maawain at mapagbigay, di madaling magalit, matiisin at puno ng kabutihan.' Sa buhay Niya at lalo na sa Kanyang kamatayan, inihayag ni Cristo, 'Ito ay ang habag ng *Diyos* na ipinamalas ko sa inyo, gayundin din ang sa akin' " ("Ang Kadakilaan ng Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2003, 70, 72).

- Ayon kay Elder Holland, ano ang malalaman natin tungkol sa ating Ama sa Langit kapag pinag-aralan natin ang tungkol kay Jesucristo?

Ibuod ang Juan 8:21–24 na ipinapaliwanag na nagbabala ang Tagapagligtas sa mga Fariseo na kung hindi sila maniniwala sa Kanya, mamamatay sila sa kanilang mga kasalanan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:25–30. Sabihin sa klase na alamin ang mga karagdagang katotohanan na itinuro ni Jesus sa mga Fariseo tungkol sa Kanyang Sarili at sa Ama sa Langit. Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga nahanap nila.

- Anong mga karagdagang katotohanan ang itinuro ni Jesucristo tungkol sa Kanyang Sarili at sa Ama sa Langit?
- Paano nakatutulong sa atin ang mga turo ng Tagapagligtas sa mga talatang ito na maunawaan ang kaugnayan ng Tagapagligtas at ng Ama sa Langit?

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin at pag-isipang mabuti nang ilang minuto ang mga tala na pinag-aralan nila tungkol sa mga salita at ginawa ni Jesucristo sa Bagong Tipan ngayong taon (halimbawa, kabilang dito ang tala tungkol sa babaeng nagkasala ng pangangalunya). Maaari mong idispley ang mga larawan mula sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* ([2009]; tingnan din sa LDS.org) na nagpapakita ng mga kaganapan sa ministeryo ng Tagapagligtas sa mundong ito. Sabihin sa ilang mga estudyante na ibuod ang isang tala na naisip nila at ipaliwanag sa klase kung ano ang itinuturo nito tungkol sa ating Ama sa Langit.

Tapusin ang lesson na ibinabahagi ang iyong patotoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

LESSON 68

# Juan 8:31–59

## Pambungad

Nagpatuloy ang Panginoon sa pagtuturo sa templo pagkatapos ng Kapistahan ng mga Tabernakulo. Nagturo Siya tungkol sa kalayaan mula sa kasalanan. Nang ipahayag ni Jesucristo na siya ang dakilang Jehova, tinangka Siyang batuhin ng mga Judio.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

***Iangkop ang pamamaraan sa pagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante.***

Ang mga pamamaraan at mga kasanayan sa pagtuturo ay mga kasangkapan lamang upang matulungan ang mga estudyante na matuto at ang paggamit nito ay hindi layunin ng klase. Pumili ng mga pamamaraang makatutulong nang lubos sa mga estudyante na maunawaan ang mga nilalaman, doktrina, at alituntunin ng isang scripture block at maipamuhay ang mga doktrina at alituntunin. Tandaan na kung wala ang Espiritu, kahit ang pinakamabisang paraan sa pagtuturo ay hindi magtatagumpay.

### Juan 8:31–36

*Nagturo si Jesus tungkol sa kalayaan mula sa kasalanan*

Upang matulungan ang mga estudyante na maalala ang natutuhan nila sa nakaraang lesson, magpakita ng isang maliit na bato. Sabihin sa mga estudyante na maiksing ibuod ang itinugon ng Tagapagligtas nang dalhin sa Kanya ng ilang mga eskriba at mga Fariseo ang isang babaeng nahuling nangangalunya at kung ano ang itinuro Niya pagkatapos nito (tingnan sa Juan 8:1–30). (Hindi pinarusahan ng Tagapagligtas ang babae at sinabi sa kanyang "huwag ka nang magkasala" [talata 11]. Pagkatapos ay itinuro ni Jesus na Siya ang "ilaw ng sanglibutan" [talata 12] at kapag tayo ay naniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga turo, makikilala natin ang Ama.)

- Ayon sa Juan 8:30, paano nakaapekto ang mga gawa at salita ni Jesus sa maraming Judio?

Ipaliwanag na kahit marami sa mga Judio ang naniniwala kay Jesus, ilang Judio ang nagpatuloy sa pagtutol sa Kanya habang Siya ay nagtuturo sa mga tao ng tungkol sa pagkadisipulo, katotohanan, at kalayaan sa pagkaalipin.

Idrowing ang sumusunod na diagram sa pisara:





Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:31–32. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus na kailangan natin upang maging malaya.

Sabihin sa mga estudyante na pumunta sa pisara at punan ang mga patlang ayon sa sinabi ni Jesus na kailangan nating gawin upang maging malaya. Ang nakumpletong diagram ay dapat katulad ng sumusunod:

Magpatuloy sa salita ni Cristo → Maging mga disipulo ni Cristo → Alamin ang katotohanan → Kalayaan

- Ano ang ibig sabihin ng "magsisipanatili sa salita [ni Cristo]"? (talata 31).
- Paano ninyo maibubuod bilang alituntunin ang itinuro ni Jesucristo sa talata 31–32? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw na naunawaan na **kung magsisipanatili tayo sa salita ni Jesucristo, magiging mga disipulo Niya tayo at malalaman natin ang katotohanan, na magpapalaya sa atin.** Maaaring isulat ang alituntuning ito sa pisara. Maaari mo ring ipaliwanag na binibigyang-diin ng Juan 8:36 na tayo ay magiging malaya dahil kay Jesucristo.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung saan tayo magiging malaya kung mamumuhay tayo ayon sa salita ng Tagapagligtas:



"Magiging malaya tayo mula sa sumpang hatid ng maling doktrina; malaya mula sa pagkaalipin ng hilig sa laman at kahalayan; malaya mula sa mga gapos ng kasalanan; malaya mula sa anumang kasamaan at impluwensyang mapanira at sa bawat puwersang pumipigil at humahadlang; malayang makatatanggap ng walang katapusang kalayaan na mararanasan lamang ng mga dinakilang nilikha" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:456–57).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:33. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang pinaniniwalaan ng mga Judio na nagpapalaya sa kanila.

- Ano ang pinaniniwalaan ng mga Judio na nagpapalaya sa kanila? (Inakala nila na dahil lamang mga inapo sila ni Abraham at mga tagapagmana ng tipang Abraham ay magkakaroon na sila ng espirituwal na kalayaan .)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:34–36. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung saan dapat maging malaya ang mga tao ayon kay Jesus.


- Ayon sa talata 34, saan dapat maging malaya ang mga tao ayon sa Tagapagligtas?

Ituro na ang pandiwang Griyego na na isinalin bilang "nagkakasala" sa talata 34 ay nagpapahiwatig ng patuloy na pagkakasala sa halip na magsisi.

- Anong alituntunin ang matutuhan natin sa talata 34? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung nagkasala tayo at hindi nagsisi, nagiging mga alipin tayo ng kasalanan.**)

- Ano ang ibig sabihin ng maging "alipin ng kasalanan"? (Maaari mong ipaliwanag na ang salitang isinalin bilang "alipin" ay maaari ding isalin bilang "busabos.")

Upang matulungan ang mga estudyante na makita ang kaugnayan ng dalawang alituntunin na natukoy nila, idrowing ang sumusunod na diagram sa pisara:




- Bakit may ilang tao ngayon na nagkakamali sa pag-unawa sa mga katotohanang ito sa paniniwalang wala tayong kalayaan sa pagsunod sa Tagapagligtas, samantalang ang paggawa ng mga kasalanan ay nagdudulot ng kalayaan?

Upang matulungan ang klase na mas maunawaan ang dalawang alituntunin na natukoy nila, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang pagpapatangay sa mga tukso [ni Satanas] ay humahantong sa pakaunti nang pakaunting pagpipilian hanggang wala nang matira at humahantong din sa mga adiksyon na iniiwan tayong walang lakas para mapaglabanan ito. …

"… Itinuturing ng mundo ang mga bagay-bagay ayon sa pananaw ni Korihor, na itinuturing na isang 'pagkaalipin' ang pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Diyos (Alma 30:24, 27). …

"… May nag-aalinlangan pa ba na, dahil nagtataglay ng lahat ng liwanag at katotohanan, ang Diyos ay may kalayaang piliin at gawin ang nais Niya?

"Kapag lumalawak ang ating pang-unawa sa mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo, ang ating kalayaang pumili ay lumalawak din. Una, mas marami tayong pagpipilian at makatatanggap tayo ng mas marami dahil mas marami tayong mga batas na masusunod. … Pangalawa, dahil sa dagdag na pang-unawa, tayo ay makagagawa ng mas maraming matatalinong pagpili dahil hindi lang natin mas malinaw na nakikita ang mga alternatibo pati na rin ang mga maaaring kalabasan nito" ("Moral Agency," *Ensign* Hunyo 2009, 49, 50–51).

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa bawat magpartner na pag-aralan ang naka-assign na bahagi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011). Ipadrowing sa mga estudyante ang sumusunod na chart sa kanilang notebook o sa scripture study journal (maaari mo ring idrowing ito sa pisara).

Ipabasa sa bawat magpartner ang bahaging naka-assign sa kanila sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at sagutan ang chart.

| Pamantayang tinalakay sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* | Paano makapagbibigay ng kalayaan ang pagsasabuhay sa pamantayang ito? | Paano humahantong sa pagkaalipin ang di-pagsasabuhay sa pamantayang ito? |
|---|---|---|
| | | |

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na makipagpalit ng partner at ituro ang nalaman nila tungkol sa mga pamantayang pinag-aralan nila. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi sa klase ang natutuhan nila.

- Anong mga kalayaan ang ipinangako sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na naranasan na ninyo?

Sabihin sa mga estudyante na isulat ang isang paraan na gagawin nila na naaayon sa itinuro ng Tagapagligtas upang maging malaya.

## Juan 8:37–59

### *Nagpatotoo si Jesus sa Kanyang pagkadiyos at kabanalan*

Sabihin sa mga estudyante na sagutin nang maikli ang sumusunod na tanong:

- Sino ang kilala ninyo na halos katulad o kahawig ng kanyang ama?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 8:37–40, 44–45. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano naiiba ang mga pinunong Judio na kumalaban sa Panginoon sa dakilang propeta sa Lumang Tipan na si Abraham, na tinatawag nilang ama.

- Ayon sa talata 39, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na gagawin nila kung mga anak sila ni Abraham?
- Ayon sa talata 40, ano ang kanilang hinahangad na gawin na hindi kailanman gagawin ni Abraham?
- Ayon sa talata 44–45, sino ang sinabi ni Jesus na kanilang ama? (Ang diablo.) Sa anong mga paraan nila sinusunod ang diablo?

Ibuod ang Juan 8:46–50 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na tinatanggap ng mga tagasunod ng Diyos ang Kanyang salita. Sinubukan ng mga pinunong Judio na ipahiya si Jesus sa pagtawag sa Kanya na isang Samaritano (dahil karaniwang kinamumuhian ng mga Judio ang mga Samaritano) at sa pagsasabing sinapian Siya ng diablo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:51–53. Sabahin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinanong ng mga pinunong Judio kay Jesus.


- Ano ang itinanong nila kay Jesus? (Maaari mo ring sabihin sa mga estudyante na markahan ang tanong na "Dakila ka pa baga sa aming amang Abraham?" sa talata 53.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:56–58. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ni Jesus sa tanong ng mga Judio.

- Ano ang sagot ni Jesus sa tanong na "Dakila ka pa baga sa aming amang Abraham?" (Maaari mo ring sabihin sa mga estudyante na markahan ang katagang "Bago ipinanganak si Abraham, ay ako nga" sa talata 58.)

Ipaliwanag na ang tinutukoy ng katagang "Ako nga" ay si Jehova (tingnan sa *Exodo 3:14*). Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ibig sabihin ng katagang "Ako nga"? (Tinutukoy ng katagang ito si Jehova, ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob; maaaring kailanganin mo ring ipaliwanag na ang Septuagint ay ang pagsasalin ng Lumang Tipan sa Griyego. Maaari mong ipasulat sa mga estudyante ang sumusunod na katotohanan sa kanilang mga banal na kasulatan: **Si Jesus ay si Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan**.)
- Ayon sa pag-aaral mo ng talata 58, ano ang isinagot ni Jesus sa tanong na kung mas dakila Siya kaysa kay Abraham?



Idispley ang ilang larawan mula sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* ([2009]; tingnan din sa LDS.org) na nagpapakita ng mga himalang nakatala sa Lumang Tipan (tulad ng Tatlong Lalaki sa Nagniningas na Hurno, blg. 25; o Si Daniel sa Yungib ng mga Leon, blg. 26).

- Kung nakatayo kayo sa harapan ni Jesus at narinig ninyong inihayag Niya na Siya ang gumawa ng mga himalang nakatala sa Lumang Tipan, paano kaya kayo tutugon sa Kanya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:59. Sabihin sa klase na tahimik na sumunod sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon ang mga pinunong Judio sa pahayag ni Jesus na Siya si Jehova. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang malaman natin na si Jesucristo ay si Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan?

Maaari mong anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang patotoo kay Jesucristo. Maaari mong tapusin ang klase sa pagbabahagi rin ng sarili mong patotoo.

### Scripture Mastery Review



Ang mga quiz at pagsusulit ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante na masubukan ang kanilang kakayahan sa pagkabisado ng mga scripture mastery passage. Maaaring kasama sa mga clue ang key words o scripture references, sipi mula sa mga talata, o mga sitwasyon na nagpapakita ng mga katotohanang itinuro sa mga scripture passage. Puwedeng pasalita, nasa pisara, o nasa papel ang mga quiz at pagsusulit. Pagkatapos mag-quiz o mag-test ng mga estudyante, maaari mong ipartner ang mga estudyanteng nahihirapan sa scripture mastery passages sa mga estudyanteng nakakuha ng mataas na puntos. Maaaring mag-tutor ang estudyanteng may mataas na puntos sa estudyanteng mas mababa ang puntos upang matulungan siya sa kanyang pag-aaral at pagpapahusay. (Kung gagawin mo ito, siguraduhing hindi mapapahiya ang mga estudyanteng nahihirapan dito.)

LESSON 69

# Juan 9

## Pambungad

Pinagaling ni Jesucristo ang isang lalaking isinilang na bulag. Tinanong ng mga Fariseo ang lalaking ito at itinaboy siya mula sa sinagoga dahil tumanggi siyang tawaging makasalanan si Jesus dahil sa pagpapagaling sa araw ng Sabbath. Hinanap ng Tagapagligtas ang lalaki, at sinamba ng lalaki si Jesus bilang Anak ng Diyos.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 9:1–7

*Pinagaling ni Jesucristo ang lalaking isinilang na bulag*

Magdala sa klase ng isang news article na naglalarawan ng isang taong dumaranas ng pagsubok at paghihirap. Ibuod ang balita para sa mga estudyante, o isulat ang headline nito sa pisara.

- Ano pang ibang halimbawa ng mga taong dumaranas ng pagsubok at paghihirap ang nakita ninyo?

Ituro na may mga taong nagtatanong kung bakit hinahayaan ng Diyos na dumanas sila ng matinding pagsubok at hirap sa kanilang buhay.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isang katotohanan habang pinag-aaralan nila ang Juan 9:1–5 na makatutulong sa atin na mas maunawaan kung bakit hinahayaan ng Diyos na makaapekto sa ating buhay ang mga pagsubok at paghihirap.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 9:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang pagsubok at paghihirap na dinaranas ng lalaki. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Ayon sa talata 2, ano ang itinanong ng mga disipulo tungkol sa sanhi ng paghihirap ng lalaking ito?

Ipaliwanag na maraming tao sa panahon ng Tagapagligtas ang naniniwala, tulad ng ilang tao sa panahon natin, na ang mga pagsubok at paghihirap na dinaranas ng mga tao ay kaparusahan sa mga kasalanan na ginawa nila o ng kanilang mga magulang. (Maaari mo ring ipaliwanag na ipinapakita ng tanong ng mga disipulo ang katotohanan ng buhay bago ang buhay sa mundo.)

- Sa palagay ninyo, tama ba ang paniniwalang ito? Bakit oo o bakit hindi?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 9:3–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa pagkabulag ng lalaki.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Dios"? (talata 3).
- Mula sa mga turo ng Tagapagligtas sa mga talatang ito, anong katotohanan ang matututuhan natin tungkol sa ating mga pagsubok at paghihirap? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang

katotohanang tulad ng sumusunod: **Magagamit ng Diyos ang ating mga pagsubok at paghihirap upang maipakita ang Kanyang mga gawa at kapangyarihan.**)

Ipaliwanag na bagama't maraming iba't ibang sanhi ng pagsubok at paghihirap sa ating mga buhay, magagamit ng Diyos ang mga hamong ito upang makatulong sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga banal na layunin.

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagsubok at paghihirap na dinanas nila noon o dinaranas sa kasalukuyan. Habang ipinagpapatuloy ng mga estudyante ang pag-aaral ng Juan 9, sabihin sa kanila na mag-isip ng mga paraan kung paano maipapakita ng Diyos ang Kanyang mga gawa at kapangyarihan sa pamamagitan nila dahil sa mga pagsubok at paghihirap na iyon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 9:6–7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang mga gawa at kapangyarihan sa pamamagitan ng karanasan ng lalaking bulag.

Maaari mo ring ipalabas ang isang bahagi ng *Life of Jesus Christ Videos* na "Jesus Heals a Man Born Blind" [time code 0:00–3:37]. Ang video ay makukuha sa LDS.org.

- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng lalaking ito nang makakita siya sa unang pagkakataon?
- Paano nagtulot ang pagsubok at paghihirap ng lalaking ito na masaksihan ng iba ang kapangyarihan ng Diyos?
- Sa talang ito, kailangan ng lalaking maghugas sa tangke (o pool) ng Siloe upang maibalik ang kanyang paningin. Ano ang kailangan ninyong gawin upang maipakita ng Diyos ang Kanyang mga gawa at kapangyarihan sa inyong buhay?

## Juan 9:8–41

### *Hinanap ng Tagapagligtas ang lalaking pinagaling Niya matapos itaboy ng mga Fariseo ang lalaki*

Ibuod ang Juan 9:8–15 na ipinapaliwanag na matapos mapagaling ang lalaking bulag, nagtalo ang ilang tao kung siya nga ba ang lalaking isinilang na bulag. Nagtaka ang ilan kung paano siya napagaling at dinala siya sa mga Fariseo, na nagsimulang pagtatanungin siya.

Sabihin sa mga estudyante na alamin sa Juan 9:14 ang araw kung kailan pinagaling ng Tagapagligtas ang lalaking bulag. Sabihin sa isang estudyante na ibahagi ang nalaman niya.

- Ano sa palagay ninyo ang naging reaksyon ng mga Fariseo sa pagpapagaling ni Jesus sa lalaki sa araw ng Sabbath?

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 9:16–38. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang isa pang pagsubok at paghihirap na dinanas ng napagaling na lalaki.

Sa halip na pabasahin ang mga estudyante, maaari mong ipalabas ang natitira pang tagpo sa video na "Jesus Heals a Man Born Blind" (time code 3:37–7:47). Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isa pang pagsubok at paghihirap na dinanas ng napagaling na lalaki.

Tulungang ihanda ang mga estudyante na matukoy ang alituntunin mula sa talang ito sa pagpapaalala sa kanila na iniharap sa mga Fariseo ang mga magulang ng lalaking bulag upang tanungin sila.

- Ayon sa talata 22, bakit hinayaan ng mga magulang ng bulag na lalaki na ang kanilang anak ang magpaliwanag kung paano siya nakakita?

Ipaliwanag na ang "mga sinagoga ay nagsilbing sentro ng relihiyon at lipunan ng maraming komunidad ng mga Judio. Sa mga sinagoga natatamo ang espirituwal na pag-aaral at pagsamba, gayon din ang edukasyon at mga kaganapang panlipunan. Dahil mahalaga ang sinagoga sa lipunan ng mga Judio, ang maitaboy mula sa sinagoga … ay hindi lamang nangangahulugang ikaw ay natiwalag at hindi ka na kasama sa mga gawaing panrelihiyon ng komunidad. Nangangahulugan din ito na hindi ka na kasali sa mga gawaing pangkultura at panlipunan. Ang kaparusahang ito ay tila matindi kaya ayaw nang masangkot ng mga magulang ng lalaking ipinanganak na bulag sa imbestigasyon tungkol sa [pagpapagaling sa kanilang anak]" (*New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 230).

- Ayon sa talata 24, ano sa palagay ninyo ang panggigipit na naranasan ng napagaling na lalaki?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang talata 30–33 na inaalam ang tugon ng lalaki sa mga Fariseo, at ituro sa mga estudyante na dinagdag ng Joseph Smith Translation ng *John 9:32* ang mga salitang "maliban kung galing siya sa Diyos" sa dulo ng talata.

- Anong katwiran ang ginamit ng lalaki upang ipagtanggol si Jesus? (Maaari mo ring imungkahi sa mga estudyante na markahan ang kanyang mga sinabi sa talata 33).
- Ano ang alam ng lalaking ito tungkol kay Jesucristo?

Ituro na itinaboy palabas ng sinagoga ang lalaking ito dahil sa walang takot na pagtatanggol sa taong nagpagaling sa kanya (tingnan sa talata 34).

- Sa palagay ninyo, bakit handa ang lalaking ito na manatiling tapat sa kanyang nalaman tungkol kay Jesucristo, kahit nangahulugan iyon na itataboy siya sa sinagoga?

Ipaalala sa mga estudyante na matapos itaboy ang lalaki sa sinagoga, nahanap siya ng Tagapagligtas at tinanong kung siya ay "sumasampalataya sa Anak ng Dios" (talata 35). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 9:36–38, at sabihin sa klase na alamin ang sagot ng lalaki.

- Ano ang nangyari sa patotoo ng lalaking ito kay Jesucristo? (Nalaman niya na si Jesucristo ang Anak ng Diyos.)
- Anong alituntunin ang malalalaman natin mula sa lalaking ito tungkol sa pananatiling tapat sa nalalaman natin? (Maaaring iba't iba ang matukoy na mga

alituntunin ng mga estudyante, ngunit tiyaking naunawaan nila ang sumusunod na alituntunin: **Kapag nananatili tayong tapat sa nalalaman natin sa kabila ng oposisyon, titibay ang mga patotoo natin.** Isulat ang alituntuning ito sa pisara.)

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Eter 12:6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mangyayari kung mananatili tayong tapat sa Panginoon kapag nakararanas tayo ng oposisyon sa pananampalataya natin.

- Sa palagay ninyo, bakit lumalakas ang patotoo natin matapos mapaglabanan ang oposisyon o mga pagsubok sa pananampalataya?
- Paano napalakas ng oposisyon ang inyong patotoo?

Upang matulungan ang mga estudyante na matukoy ang isa pang alituntunin sa talang ito, itanong kung ilan sa kanila ang gumagamit ng salamin o mga contact lens).

- Ano ang ginagawa ng mga salamin o contact lens na ito sa paningin ninyo?
- Ano ang nangyari sa pisikal na paningin ng lalaking ito matapos siyang mapagalingin ni Jesus?
- Paano napagaling o mas napalinaw ang espirituwal na paningin o pang-unawa ng lalaking ito tungkol sa Panginoon?


Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Juan 9:11, 17, 33, na inaalam ang mga katagang naglalarawan sa paningin o pagkaunawa ng lalaking ito kung sino si Jesus. Sabihin sa kanila na magreport tungkol sa nalaman nila. (Dapat kasama sa mga sagot nila "ang lalaking tinatawag na Jesus," "isang propeta," at isang taong "galing sa Dios." Isulat sa pisara ang mga katagang ito, at sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga ito sa kanilang mga banal na kasulatan.)

- Ayon sa mga katagang ito, ano ang nangyari sa espirituwal na paningin ng lalaking ito? (Napagaling at mas napalinaw ito. Nagpapakita ang mga katagang ito ng pag-unlad sa espirituwalidad at pang-unawa ng lalaking ito sa tunay na pagkatao ni Jesus.)
- Sa palagay ninyo, bakit naging mas malinaw ang kanyang pananaw at pang-unawa tungkol sa Tagapagligtas? (Nanampalataya siya sa pamamagitan ng pananatiling tapat sa nalalaman niya.)

Sabihin sa mga estudyante na basahing maigi ang Juan 9:36–38, na inaalam ang naunawaan sa huli ng lalaking ito tungkol sa Tagapagligtas.

- Ano ang naunawaan ng lalaking ito tungkol sa Tagapagligtas? (Naunawaan niya na si Jesucristo ang Anak ng Diyos.)
- Gaano naging malinaw ang paningin o pang-unawa ng lalaking ito?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter. Sabihin sa klase na makinig sa sinabi ni Pangulong Hunter na nangyari sa lalaking ito.



"Naibigay ang paningin nang *dalawang beses*—ang una ay napagaling ang kapansanang dala-dala mula sa pagsilang at ang isa ay upang makita ang Hari ng mga Hari bago Siya umakyat sa Kanyang walang hanggang trono. Kapwa pinagaling ni Jesus ang temporal *at* espirituwal na paningin" ("The God That Doest Wonders," *Ensign*, Mayo 1989, 16–17).

- Paano sumasagisag ang paggaling ng lalaki sa pisikal na pagkabulag sa kanyang paggaling sa espirituwal na pagkabulag?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa mangyayari sa atin kapag tayo ay nananampalataya kay Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag tayo ay nananampalataya kay Jesucristo, nagiging mas malinaw ang ating espirituwal na paningin at pang-unawa.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito.)
- Sa palagay ninyo, bakit mahalaga ang pananampalataya upang mas malinaw na makita at maunawaan ang espirituwal na katotohanan?

Ipaliwanag na nakatayo ang ilang mga Fariseo malapit sa lugar kung saan nakita at sinamba ng lalaki si Jesus bilang Anak ng Diyos. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 9:39–41. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa pagkabulag.

- Paano ninyo ibubuod ang itinuro ng Tagapagligtas sa mga Fariseo?

Ipaliwanag na sa pagsagot sa tanong ng mga Fariseo na, "Kami baga naman ay mga bulag din?" (talata 40), "gumamit ang Tagapagligtas ng metapora, na nagtuturo na ang mga taong 'bulag'—mga taong hindi kilala kung sino Siya—'ay hindi magkakaroon ng kasalanan' (Juan 9:41). Sa kabilang banda, ang mga taong 'nangakakakita'—mga taong nakatanggap ng sapat na mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang banal na misyon na dapat ay nakakakilala kung sino Siya—ay mananagot sa kanilang mga ginawa. Kasama ang mga Fariseo sa mga yaong 'nangakakakita,' at kung gayon 'nananatili ang … kasalanan' nila. Kung pag-uusapan ang espirituwalidad, pinili nilang maging bulag dahil hindi nila kinilala si Jesus bilang Anak ng Diyos, sa kabila ng maraming patotoo na natanggap nila" (*New Testament Student Manual,* 231).

Sa pagtatapos ng lesson, sabihin sa mga estudyante na tingnan ang dalawang alituntunin sa pisara at pagnilayan kung alin sa mga ito ang sa pakiramdam nila ay dapat ipamuhay nila (maaaring maramdaman nila na kinakailangang ipamuhay ang dalawang alituntuning ito). Bigyan ang mga estudyante ng oras upang maisulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal kung paano nila maipamumuhay ang alituntuning ito. Hikayatin silang manalangin para magabayan sila kung paano gawin ito.

### *Tulungan ang mga estudyante na maipamuhay ang mga doktrina at mga alituntunin*

Kapag ipinamuhay ng mga estudyante ang mga alituntunin ng ebanghelyo, makatatanggap sila ng mga ipinangakong pagpapala. Bigyan ang mga estudyante ng oras sa klase upang mapagnilayan o maisulat ang naunawaan at naramdaman nila at makapag-isip ng mga partikular na gagawin upang maipamuhay ang alituntunin. Sa ganitong mga pagkakataon, hikayatin ang mga estudyante na humingi ng gabay mula sa Panginoon.

LESSON 70

# Juan 10

## Pambungad

Itinuro ni Jesus na Siya ang Mabuting Pastol at ibibigay Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa. Nagpatotoo rin Siya na binigyan Siya ng Ama sa Langit ng kapangyarihang daigin ang kamatayan. Inakusahan ng ilang tao si Jesus ng kalapastanganan dahil sa paghahayag na Siya ang Anak ng Diyos.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 10:1–24

*Itinuro ni Jesus na Siya ang Mabuting Pastol at ibibigay Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tao*

Sabihin sa isang estudyante na pumunta sa harapan ng klase. Ipiring ang mata ng estudyante, at pagkatapos ay kumuha ng ilang set ng mga banal na kasulatan, kasama na ang mga banal na kasulatan ng estudyanteng nakapiring ang mata. Sabihin sa estudyanteng nakapiring ang mata na kapain at hawakan ang mga banal na kasulatan at subukang alamin kung alin ang sa kanya. Pagkatapos subukan ito ng estudyante, itanong:

- Bakit (o bakit hindi) mo nalaman kung aling mga banal na kasulatan ang sa iyo?
- Kung sasabihin ko sa iyo na damhin mo ang bawat mukha ng mga kaklase mo, ilan sa palagay mo ang makikilala mo? (Huwag itong ipagawa sa estudyante.)

Sabihin sa estudyante na tanggalin ang piring sa kanyang mata at bumalik sa kanyang upuan. Ipaliwanag na may isang pastol sa Gitnang Silang ang tinanong kung gaano niya kakilala ang kanyang mga tupa. Sumagot siyang, "Kung pipiringan mo ang aking mga mata, at dadalhin sa akin ang kahit anong tupa, at ipapahawak sa aking mga kamay kahit ang mukha lang nito, masasabi ko sa iyo agad kung sa akin ito o hindi" (G. M. Mackie, *Bible Manners and Customs* [n.d.], 35).

- Kung isa kang pastol, ano sa palagay mo ang kailangan mong gawin upang makilala mo rin tulad ng pastol na ito ang iyong mga tupa?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 10:14, na inaalam kung ano ang itinawag ni Jesus sa Kanyang Sarili. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag: *Si Jesucristo ang Mabuting Pastol*

- Sa palagay ninyo, bakit angkop na titulo sa Tagapagligtas ang "mabuting pastol"?

Hikayatin ang mga estudyante na alamin ang mga katotohanang nagtuturo kung paano naging ating Mabuting Pastol ang Tagapagligtas habang pinag-aaralan nila ang Juan 10.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kultura sa Juan 10:1–5, ipaliwanag na noong panahon ng Tagapagligtas, ginagabayan ng mga pastol ang kanilang mga kawan patungo sa kainan, tubigan, at tirahan sa umaga. Sa gabi, iniipon ng ilang pastol ang kanilang mga kawan sa isang kulungan. Ang

kulungan ay isang kuweba o bakod na pinalilibutan ng mga pader na bato ng may matutulis na tinik sa ibabaw nito para mapigilan sa pagpasok ang mababangis na hayop.

***Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga kultura***

Nagsulat ang mga manunulat ng mga banal na kasulatan ayon sa paggabay ng Espiritu Santo, ngunit ang mga salita at mga matalinghagang paglalarawan na ginamit ng bawat isa sa kanila ay may impluwensya ng kanilang kultura. Ang pagtulong sa mga estudyante na maunawaan ang kulturang ito ay magpapalinaw at magpapalalim sa pang-unawa ng mga estudyante sa mga matalinghagang paglalarawan, kuwento, turo, doktrina, at alituntunin sa mga banal na kasulatan.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Ipabasa nang malakas sa bawat magpartner ang Juan 10:1–5, na inaalam ang ginagawa ng isang mabuting pastol. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot sa ilalim ng *Si Jesucristo ang Mabuting Pastol* (Maaaring kasama sa mga sagot ang sumusunod: Pumapasok Siya sa pintuan, tinatawag Niya ang Kanyang mga tupa sa pangalan, at ginagabayan Niya ang Kanyang mga tupa.)

- Ayon sa talata 3, paano ginagabayan ng pastol ang kanyang mga tupa palabas ng kulungan?
- Ayon sa mga talata 4–5, bakit ang mga tupa ay sumusunod lamang sa kanilang pastol?
- Ano ang itinawag ng Tagapagligtas sa mga sumusubok na pumasok sa kulungan ngunit hindi sa pintuan nito?

Ipaliwanag na kasama ang mga Fariseo sa grupo ng mga taong kinakausap ni Jesus (tingnan sa Juan 9:41).

- Paano naging katulad ng mga magnanakaw, mga tulisan, at mga estranghero sa isang kulungan ang mga Fariseo?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 10:6, na inaalam ang reaksyon ng mga Fariseo sa itinuro ng Tagapagligtas. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na tulad ng nakatala sa Juan 10:7–16, ipinagpatuloy ng Tagapagligtas ang pagtuturo sa pagkakaiba Niya mula sa mga Fariseo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang mga talata 7–10 at pagkatapos ay basahin ang Joseph Smith Translation ng *talatang* ito: "Ang lahat ng nangauna sa aking nagsiparito na hindi nagpatotoo sa akin ay mga magnanakaw at mga tulisan: datapuwa't hindi sila dininig ng mga tupa." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga turo ni Jesus sa mga talatang ito.

- Anong karagdagang kaalaman tungkol sa mga magnanakaw ang ibinigay ng Joseph Smith Translation ng talata 8?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "Ako ang pintuan" (mga talata 7, 9)?

Ipaliwanag na "tumatayo sa pasukan ng kulungan ng mga tupa ang mga pastol sa Israel at sinusuri ang bawat tupa na pumapasok, ginagamot ang mga sugat kung kinakailangan. Pagkatapos na matipon ang mga tupa sa kulungan sa gabi, hihiga sa pasukan ang pastol upang matulog, nakaharang upang hindi mapasok ng iba pang mga hayop o mga magnanakaw ang mga tupa" (*New Testament Student Manual* [Manwal ng Church Educational System, 2014], 231–32).

- Paano natutulad ang mga ginagawa ng mga pastol na ito sa ginagawa ng Tagapagligtas para sa atin?
- Sa palagay ninyo, paano ibinibigay ng Tagapagligtas ang "kasaganaan" ng buhay (Juan 10:10) sa mga sumusunod sa Kanya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 10:11–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang iba pang sinabi ng Tagapagligtas na ginagawa ng mabubuting pastol. Ipaliwanag na ang nagpapaupa ay isang tao na ang pangunahing layunin sa pagtatrabaho ay mabayaran lamang para dito.

Sabihin sa ilang estudyante na pumunta sa pisara at isulat ang iba pang nalaman nila tungkol sa Mabuting Pastol sa ilalim ng *Si Jesucristo ang Mabuting Pastol.* (Maaaring kasama sa mga sagot ang mga sumusunod: Ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa, kilala Niya ang Kanyang mga tupa, at kilala Siya ng Kanyang mga tupa.)

- Ano ang handang gawin ng isang pastol na hindi gagawin ng isang nagpapaupa?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin tungkol sa Tagapagligtas sa mga talatang ito? (Maaaring iba-iba ang mga gagamiting salita ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Bilang Mabuting Pastol, kilala ni Jesucristo ang bawat isa sa atin at inialay Niya ang Kanyang buhay para sa atin.** Isulat ang mga katotohanang ito sa pisara sa ilalim ng *Si Jesucristo ang Mabuting Pastol.*)

Ipaalala sa mga estudyante ang pastol sa Gitnang Silangan na kilalang-kilala ang bawat tupa niya.

- Gaano kaya kayo kakilala ng Tagapagligtas?
- Paano kaya maaapektuhan ang inyong paraan ng pamumuhay sa bawat araw dahil nalaman ninyo na kilala kayo ng Tagapagligtas at handa Siyang ialay ang Kanyang buhay para sa inyo?

Ipaliwanag na pagkatapos Niyang magturo na iaalay Niya ang Kanyang buhay para sa atin, itinuro ng Tagapagligtas na may iba pa Siyang gagawin. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 10:16. Sabihin sa klase na alamin ang sinabi ng Tagapagligtas na gagawin Niya para sa Kanyang mga tupa (ibig sabihin ang Kanyang mga tao).

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na gagawin Niya para sa Kanyang mga tupa?
- Ano ang ipinahihiwatig ng talatang ito tungkol sa lugar kung nasaan ang Kanyang mga tupa?

Ipaliwanag na itinuturo ng Tagapagligtas sa mga Judio sa Jerusalem na bibisita Siya sa mga anak ng Diyos sa ibang mga lupain, ituturo Niya sa kanila ang ebanghelyo,

at isasama sila sa Kanyang kawan (ang Kanyang Simbahan). Ipaliwanag na nilinaw ng Aklat ni Mormon ang talatang ito.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng 3 Nephi 15:15–17, 21; 16:1–3. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang reference na ito sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Juan 10:16.

- Paano makatutulong sa atin ang mga talatang ito upang mas maunawaan ang Juan 10:16? (Ang tinutukoy na "ibang mga tupa" ay ang mga Nephita at ang nawawalang lipi, hindi ang mga Gentil.)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 10:17–18, na inaalam ang isang doktrina tungkol sa Tagapagligtas. Sabihin sa kanila na ibahagi ang nalaman nila. (Maaaring iba' iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Bilang literal na Anak ng Diyos, may kapangyarihan si Jesucristo na ialay ang Kanyang buhay at kunin itong muli.** Hikayatin ang mga estudyante na markahan ang mga salitang nagtuturo ng doktrinang ito sa mga talatang ito.)

- Bakit taglay ng Tagapagligtas ang katangiang mamatay at ibangon ang sarili matapos mamatay? (Mula sa Kanyang ina, si Maria, isang mortal na babae, namana ni Jesus ang mortalidad, kasama na ang katangiang mamatay. Mula kay Elohim, ang Kanyang Ama, namana Niya ang kawalang-kamatayan o imortalidad, ang kapangyarihang mabuhay magpakailanman. Sa gayon, namana Niya ang katangiang mamatay at mabuhay muli, na kailangan ni Jesus upang magawa ang Pagbabayad-sala. [Tingnan ang lesson sa Mateo 1–2.])

Ibuod ang Juan 10:19–24 na ipinapaliwanag na matapos ituro ng Tagapagligtas ang mga bagay na ito, nagkaiba-iba sa mga opinyon ang mga tao kung sino si Jesus. Lumapit sila kay Jesus sa templo at pinilit Siyang ihayag ang Kanyang tunay na pagkatao bilang ang Cristo.

## Juan 10:25–42

### *Ipinahayag ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos*

Sabihin sa isa pang estudyante na pumunta sa harapan ng klase. Piringan ang estudyante, at pagkatapos ay sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagsabi ng isang partikular na salita (halimbawa, "pastol"). Sabihin sa nakapiring na estudyante na makinig sa bawat tao na nagsasabi ng salita at tingnan kung makikilala niya kung sino ang nagsasalita sa pakikinig sa tinig nila.

- Bakit mas madaling makilala ang ilang boses kaysa sa iba?

Sabihin sa estudyante na tanggalin ang piring at bumalik sa kanyang upuan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 10:25–30. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang tugon ng Tagapagligtas sa hiling ng mga tao na sabihin kung Siya nga ang Cristo.

- Paano inilarawan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga tupa? (Naririnig ng mga tupa ng Tagapagligtas ang Kanyang boses at sumusunod sa Kanya.)
- Ayon sa talata 28, ano ang matatanggap ng mga taong nakikinig sa boses ng Tagapagligtas at sumusunod sa Kanya?

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito? (Ang mga estudyante ay maaaring makatukoy ng iba't ibang mga alituntunin, ngunit tiyaking nabigyang-diin na **kung makikilala natin ang boses ng Mabuting Pastol at susunod sa Kanya, gagabayan Niya tayo patungo sa buhay na walang hanggan.** Isulat sa pisara ang alituntuning ito sa ilalim ng *Si Jesucristo ang Mabuting Pastol.* Maaari mo ring imungkahi sa mga estudyante na isulat ang alituntuning ito sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Juan 10:27–28.)

Ipaalala sa klase ang pangalawang estudyanteng piniringan at ang kanyang kakayahang makilala ang boses ng kanyang mga kaklase.

- Ano ang magagawa natin upang makilala ang tinig ng Tagapagligtas? (Tingnan din sa D at T 18:34–36.)
- Ano ang mga nagawa ninyo upang mas makilala ang tinig ng Tagapagligtas?
- Sa anong mga paraan natin maipapakita ang pagsunod natin sa Tagapagligtas?

Bigyan ng oras ang mga estudyante na pagnilayan kung paano nila mas maririnig ang tinig ng Tagapagligtas at masusunod Siya. Sa kanilang mga scripture study journal, sabihin sa kanila na magsulat ng (1) isang mithiing mas makinig sa tinig ng Tagapagligtas at mga paraan kung paano nila magagawa ito o (2) isang mithiing mas sundin ang Kanyang tinig at kung paano nila magagawa ito.

Ibuod ang Juan 10:31–42 na ipinapaliwanag na matapos magpatotoo ang Tagapagligtas na iisa Siya at ang Kanyang Ama, hinangad ng mga pinunong Judio na batuhin Siya dahil sa panlalapastangan. Gayunman, sinagot Niya ang kanilang paratang sa pagbanggit sa Mga Awit 82:6, na mababasa nang ganito, "Aking sinabi, Kayo'y mga dios, at kayong lahat ay mga anak ng Kataastaasan." Pagkatapos ay tinanong ng Tagapagligtas ang mga Judio kung bakit nila pinaratangan Siya ng panlalapastangan nang sabihin Niyang Siya ang Anak ng Diyos, gayong sinasabi ng mga banal na kasulatan na tayo ay mga anak ng Diyos at maaaring maging mga diyos din.

Tapusin ang lesson sa pagpapatotoo sa mga katotohanan at mga alituntuning itinuro sa Juan 10 at sa paghihikayat sa kanila na ipamuhay ang mga ito.

HOME-STUDY LESSON

# Juan 7–10 (Unit 14)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng Daily Home-Study Lessons*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Juan 7–10 (unit 14) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na ituturo mo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Juan 7)

Mula sa mga turo ni Jesus sa Jerusalem noong Kapistahan ng mga Tabernakulo, natutuhan ng mga estudyante na kapag ginawa natin ang kalooban ng Ama sa Langit, makatatanggap tayo ng patotoo sa Kanyang doktrina. Natukoy rin nila ang alituntunin na kung lalapit tayo kay Jesucristo at maniniwala sa Kanya, mapuspos tayo ng Espiritu Santo.

### Day 2 (Juan 8)

Mula sa tala ng babaeng nahuling nangangalunya o nakikiapid, natutuhan ng mga estudyante na nakatutulong ang pagkilala sa ating mga kahinaan upang maiwasan ang paghusga sa iba at na nagpapakita ng awa ang Panginoon sa atin sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng pagkakataong magsisi. Pagkatapos ay natutuhan ng mga estudyante na si Jesucristo ang Ilaw ng Sanglibutan at kung susundin natin ang Tagapagligtas, makaiiwas tayo sa espirituwal na kadiliman at mapupuspos ng Kanyang liwanag. Natutuhan din nila ang mga sumusunod na alituntunin: Kapag nag-aral tayo tungkol kay Jesucristo, makikilala natin ang Ama. Kung magpapatuloy tayo sa pagsunod sa salita ni Jesucristo, magiging mga disipulo Niya tayo at malalaman ang katotohanang magpapalaya sa atin. Kung nagkasala tayo at hindi nagsisi, nagiging mga alipin tayo ng kasalanan. Si Jesus ay si Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan.

### Day 3 (Juan 9)

Nabasa ng mga estudyante sa Juan 9 ang tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa isang lalaking ipinanganak na bulag. Nalaman nila mula sa talang ito ang sumusunod na mga katotohanan: Ginagamit ng Diyos ang ating mga pagsubok upang maipakita ang Kanyang gawain at kapangyarihan. Kapag nananatili tayong tapat sa nalalaman natin sa kabila ng oposisyon, titibay ang ating mga patotoo. Kapag nananampalataya tayo kay Jesucristo, mas lumilinaw ang ating espirituwal na paningin at pang-unawa.

### Day 4 (Juan 10)

Natutuhan ng mga estudyante sa lesson na ito na, bilang Mabuting Pastol, kilala ni Jesucristo ang bawat isa sa atin at inialay ang Kanyang buhay para sa atin. Bilang literal na Anak ng Diyos, may kapangyarihan si Jesucristo na ialay ang Kanyang buhay at angkinin muli ito. Natukoy rin ng mga estudyante ang alituntunin na kapag nakilala natin ang boses ng Mabuting Pastol at sumunod sa Kanya, gagabayan Niya tayo patungo sa buhay na walang hanggan.

## Pambungad

Habang nasa Jerusalem ang Tagapagligtas para sa Kapistahan ng mga Tabernakulo, dinala sa kanya ng ilang mga eskriba at mga Fariseo ang isang babaeng nagkasala ng pangangalunya, at itinanong nila kung siya ba ay dapat batuhin. Natigilan ang mga nagparatang sa mga sinabi Niya at kinaawaan Niya ang babae.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 8:1-11

*Dinala sa Tagapagligtas ang babaeng nahuli sa pangangalunya*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pagkakataon na may nakahalubilo o nakasama silang mga tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng Panginoon.

- Anong mga hamon ang maaari nating harapin kung may mga makasama tayong tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng Panginoon? (Maaaring sumagot ang mga estudyante na baka matukso silang husgahan ang ganoong mga tao o pakitunguan sila nang di-maayos.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

> *Ano ang dapat nating gawin sa mga pagkakataon na may makasama tayong mga tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga pamantayan ng Panginoon?*

Hikayatin ang mga estudyante na alamin ang mga katotohanan sa pag-aaral nila ng Juan 8:1–11 na makatutulong sa kanilang masagot ang tanong na ito.

Ipaliwanag na pagkatapos ng Kapistahan ng mga Tabernakulo, nanatili sandali si Jesucristo sa Jerusalem at nagturo sa mga tao sa templo (tingnan sa Juan 8:1–2.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:3–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang nangyari habang tinuturuan ni Jesus ang mga tao.

- Ano ang nangyari habang tinuturuan ni Jesus ang mga tao?
- Ano ang itinanong ng mga eskriba at mga Fariseo sa Tagapagligtas?
- Ayon sa talata 6, ano ang intensyon ng mga eskriba at mga Fariseo? (Hangarin nilang siraan si Jesus sa harap ng mga tao at magkaroon ng dahilan na maakusahan Siya upang hulihin at patayin Siya [tingnan sa Juan 7:1, 32].)

Ipaliwanag na kung sinabi ni Jesus na batuhin ang babae, pumapayag Siya sa isang parusa na ayaw ng mga Judio at ipinagbabawal ng batas ng mga Romano. Kung sinabi naman ni Jesus na huwag batuhin ang babae, maaakusahan Siya ng pagbalewala sa batas ni Moises o hindi paggalang sa mga nakaugalian noon. (Tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:450–51.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:7–8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sumagot ang Tagapagligtas.

- Ayon sa talata 7, ano ang sagot ni Jesus sa kanila?
- Ano sa palagay ninyo ang nais ng Tagapagligtas na maunawaan ng mga taong ito nang sabihin Niyang, "Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya"? (Juan 8:7).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang nangyari nang mapag-isipang mabuti ng mga Fariseo at mga eskriba ang sinabi ng Tagapagligtas.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "[binagabag ng kanilang sariling budhi]"?
- Ano ang inamin o tinanggap ng mga lalaking ito nang magpasiya silang umalis?
- Anong katotohanan ang matututuhan natin sa talang ito tungkol sa hindi panghuhusga sa iba? (Maaaring iba't iba ang mga gagamiting salita ng mga estudyante, ngunit tiyaking matutukoy nila ang sumusunod na alituntunin: **Ang aminin o tanggapin na may mga kahinaan din tayo ay makatutulong sa atin na huwag husgahan ang iba.** Isulat ang alituntuning ito sa ilalim ng tanong sa pisara.)
- Sa palagay ninyo, paano makatutulong ang aminin o tanggaping may mga kahinaan din tayo para hindi natin husgahan ang iba?


Ipaalala sa mga estudyante na nagkasala ng pangangalunya ang babaeng ito, na isang napakalaking kasalanan (tingnan sa Alma 39:3–5).

- Ano sa palagay ninyo ang maaaring naramdaman ng babaeng ito nang mabunyag ang kanyang kasalanan kay Jesus at sa maraming tao?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 8:10–11. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon ang Tagapagligtas sa babaeng ito.

- Paano nagpakita ang Tagapagligtas ng pagmamahal at awa sa babaeng ito?
- Ano ang mga itinagubilin ng Tagapagligtas sa babae?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan na hindi kinukunsinti ng Tagapagligtas ang kasalanan ng babaeng ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:



"Ang Kanyang utos sa kanya ay, 'Humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo'y huwag ka nang magkasala.' Iniutos Niya sa makasalanang babae na humayo na, *talikuran ang kanyang masamang pamumuhay, huwag na muling magkasala, baguhin ang kanyang buhay.* Sinabi niyang, Humayo ka, babae, at simulan ang iyong pagsisisi; at itinuro niya sa kanya ang unang hakbang na gagawin—ang *talikuran ang kanyang mga kasalanan*" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 165).

- Anong katotohanan ang malalaman natin tungkol sa Tagapagligtas sa Juan 8:10–11? (Maaaring iba't iba ang mga gagamiting salita ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Kinaaawaan tayo ng Tagapagligtas sa pagbibigay sa atin ng mga pagkakataon na magsisi.** Isulat ang katotohanang ito sa ilalim ng tanong sa pisara.)
- Paano makatutulong sa atin ang pagkaunawa sa katotohanang ito kapag nagkasala tayo?

- Paano makatutulong sa atin ang dalawang katotohanang natukoy natin sa lesson na ito sa gagawin natin kapag may nakasalamuha tayong ibang tao na ang hitsura o asal ay hindi naaayon sa mga kautusan at mga pamantayan ng Panginoon?

Ibahagi ang sumusunod na karagdagan sa katapusan ng Juan 8:11 mula sa Joseph Smith Translation: "At pinapurihan ng babaeng ito ang Diyos simula noon, at naniwala sa kanyang pangalan" (Joseph Smith Translation, John 8:11 ).

- Ayon sa Joseph Smith Translation ng John 8:11, ano ang naging epekto ng pagkaawa ng Tagapagligtas sa babae?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang kanilang nararamdaman para sa Tagapagligtas dahil sa Kanyang kagustuhan na magpakita ng awa sa atin at mabigyan tayo ng mga pagkakataon na magsisi. Maaari ka ring maglaan ng oras para maibahagi ng mga estudyante ang kanilang isinulat. Maaari mo ring ibahagi ang iyong patotoo sa mga alituntuning natukoy sa lesson na ito.

### Susunod na Unit (Juan 11–15)

Hikayatin ang mga estudyante na hanapin ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong sa pag-aaral nila ng Juan 11–15: Ano kaya ang pakiramdam ng makakita ng isang tao na bumangon mula sa kamatayan? Bakit nakatala sa mga banal na kasulatan na "tumangis si Jesus" (Juan 11:35)? Ano ang ginawa ni Jesus para sa Kanyang mga Apostol na karaniwang ginagawa ng mga tagapaglingkod o alipin? Ano ang ipinangako ni Jesus na matatanggap ng Kanyang mga disipulo upang mapanatag sila kapag wala na Siya?

LESSON 71

# Juan 11

## Pambungad

Nagpadala ng mensahe sina Maria at Marta kay Jesus na may sakit ang kanilang kapatid na si Lazaro. Ipinagpaliban ni Jesus ang paglalakbay Niya at dumating apat na araw matapos mamatay si Lazaro. Dahil sa pagmamahal at pagkahabag, muling binuhay ni Jesus si Lazaro.

Binigyang-diin ng pangyayaring ito na si Jesus ang piniling Mesiyas at may kapangyarihan Siyang daigin ang kamatayan. Matapos marinig ang himalang ito, nagplano ang mga punong saserdote at mga Fariseo na patayin sina Jesus at Lazaro.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 11:1–46

*Pinabangon ni Jesus si Lazaro mula sa kamatayan*

Bigyan ang bawat estudyante ng maliit na piraso ng papel. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa papel ang isang pagsubok na naranasan nila o ng isang taong kilala nila. Habang nagsusulat ang mga estudyante, sabihin sa kanila na ibabahagi sa klase ang mga sinulat nila at hindi sasabihin kung kanino ito nanggaling, kaya hindi dapat isulat ang mga pangalan nila sa papel. Kunin ang mga papel, at basahin nang malakas ang ilan sa mga pagsubok. (Kung kaunti ang mga estudyante mo, at upang maiwasan nilang malaman ang pagsubok ng bawat isa, sabihin sa kanila na magtala ng ilang pagsubok na nakita nilang naranasan ng iba.)

- Sa anong mga paraan naaapektuhan ang pananampalataya ng mga tao kay Jesucristo kapag dumaranas sila ng mga pagsubok?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanang makapagpapalakas ng pananampalataya natin kay Jesucristo kapag dumaranas tayo ng mga pagsubok sa pag-aaral nila ng Juan 11.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 11:1–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga naranasang pagsubok ng ilang kaibigan ni Jesus.

#### *Pagbabasa ng mahahabang talata ng mga banal na kasulatan sa klase*

Kapag pinagbabasa ang mga estudyante ng mahahabang talata sa mga banal na kasulatan, ipabasa sa isa ang isang talata at sabihin sa kanyang tumawag ng isa pa na babasa sa susunod na talata kapag natapos siya. Maaaring ipagpatuloy ang aktibidad na ito sa buong lesson. Mag-ingat na hindi ipahiya ang mga nahihirapang magbasa o ang mga mahiyain. Hindi dapat pilitin ang mga estudyanteng hindi gustong magbasa nang malakas.

- Ayon sa talata 1, anong pagsubok ang naranasan ni Lazaro? Paano ito naging pagsubok din kina Maria at Marta?
- Ano ang ginawa ni Maria at Marta dahil may sakit si Lazaro? Sa ginawa nila, ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanila?

Ipaliwanag na nasa Betabara ng Perea si Jesus (tingnan sa Juan 1:28; 10:40), na mga isang araw na paglalakbay mula sa Betania. Samakatwid, aabutin ang isang tao nang isang araw upang madala ang mensaheng ito kay Jesus at isa pang araw para kay Jesus na makarating sa Betania.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 11:4–7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinugon ni Jesus matapos marinig na may sakit si Lazaro.

- Dahil alam na minamahal ni Jesus sina Marta, Maria, at Lazaro, ano ang maaaring inaasahan ng mga disipulo na gagawin ni Jesus matapos malaman na may sakit si Lazaro? (Kaagad na magpunta sa Betania at pagalingin si Lazaro; o marahil ay magsalita at pagalingin si Lazaro kahit malayo siya, tulad ng ginawa ni Jesus sa anak ng isang maharlika [tingnan sa Juan 4:46–53].)
- Ano sa halip ang ginawa ni Jesus?
- Ayon sa talata 4, ano ang sinabi ni Jesus na maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagkakasakit ni Lazaro?

Ipaalala sa mga estudyante na wala pang dalawang milya ang Betania mula sa Jerusalem sa lupain ng Judea (tingnan sa Juan 11:18). Ibuod ang Juan 11:8–10 na ipinapaliwanag na pinayuhan si Jesus ng ilang disipulo na huwag bumalik sa Judea dahil ninanais Siyang patayin ng mga pinunong Judio sa lugar na iyon (tingnan sa Juan 10:31–39 at sa Joseph Smith Translation, John 11:16 na nagsasabing "Si Tomas nga, na tinatawag na Didimo, ay nagsabi sa mga kapuwa niya alagad, Tayo'y magsiparoon din naman, upang tayo'y mangamatay na kasama niya; sapagkat nangatakot sila na dakpin si Jesus ng mga Judio at patayin siya, dahil hindi pa nila nauunawaan ang kapangyarihan ng Dios." Tumugon si Jesus sa pagsasabing gagamitin Niya ang nalalabing oras ng Kanyang buhay upang gawin nang walang humpay ang Kanyang gawain.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 11:11–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus tungkol sa kalagayan ni Lazaro.


- Ano ang maling pagkaunawa ng mga disipulo sa sinabi ni Jesus tungkol sa kalagayan ni Lazaro?
- Ayon sa talata 15, bakit nagalak si Jesus na wala Siya roon upang pagalingin ang karamdaman ni Lazaro? (Sabihin sa mga estudyante na markahan ang pahayag na "upang kayo'y magsipaniwala" sa kanilang mga banal na kasulatan.)

Ipaliwanag na ipinahihiwatig ng Tagapagligtas na ang gagawin Niya sa Betania ay makatutulong sa pagpapalakas ng pananampalataya ng mga disipulo sa Kanya.

Ibuod ang Juan 11:16 na ipinaliliwanag na hinikayat ni Apostol Tomas ang kanyang mga kapwa disipulo na sumama sa kanya sa pagpunta sa Judea kasama si Jesus kahit nangangahulugan ito na mamatay kasama Siya.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 11:17, na inaalam kung gaano katagal nang patay si Lazaro nang dumating si Jesus sa Betania. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan ang kahalagahan ng pagkamatay ni Lazaro nang apat na araw.



"Nagsimula na ang pagka-agnas; matagal nang naitatag ang lubos na katiyakan ng kamatayan. … Para sa mga Judio, may espesyal na kahulugan ang apat na araw; naniniwala sila na sa ika-apat na araw, tuluyan nang nilisan ng espiritu ang katawan nito" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo. [1965–73], 1:533).

- Para sa mga Judio, ano ang kahulugan ng isang taong patay na nang apat na araw?
- Kung kayo si Marta o Maria, ano kaya ang maiisip o mararamdaman ninyo nang hindi dumating si Jesus hanggang sa apat na araw nang patay si Lazaro?

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 11:18–27. Sabihin sa klase na alamin ang sinabi ni Marta kay Jesus tungkol sa pagsubok na ito.

Sa halip na pagbasahin ang mga estudyante, maaari mong ipalabas sa kanila ang pag-uusap na ito ng Tagapagligtas at ni Marta sa video na "Lazarus Is Raised from the Dead" mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos* [time code 2:02–3:35]. Ang video ay makukuha sa LDS.org.

- Anong mga pahayag sa mga talata 21–27 ang nagpapahiwatig na pinili ni Marta na sumampalataya kay Jesucristo sa panahong ito ng pagsubok? (Kung ipinalabas mo ang video, maaari mong bigyan ang mga estudyante ng isang minuto upang marebyu ang mga talatang ito.)
- Alin sa mga sinabi ni Marta ang lubos na nagpahanga sa inyo? Bakit?
- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Marta tungkol sa magagawa natin habang dumaranas tayo ng mga pagsubok? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Maaari nating piliing sumampalataya kay Jesucristo sa mga panahong sinusubukan tayo.**)

Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang Juan 11:25–26. Ipaliwanag na ang mga katagang "hindi mamamatay magpakailan man" (Juan 11:26) ay tumutukoy sa pangalawa o espirituwal na kamatayan, o pagkahiwalay mula sa kinaroroonan at kaharian ng Diyos.

- Anong mga katotohanan ang matututuhan natin mula sa pahayag ng Tagapagligtas kay Marta? (Maaaring matukoy ng mga estudyante ang mga katotohanang tulad ng sumusunod: **Si Jesucristo ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Buhay. Kung maniniwala tayo kay Jesucristo, matatanggap natin ang buhay na walang hanggan.**)

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 11:28–36. Sabihin sa klase na alamin ang sinabi ni Maria kay Jesus at paano Siya tumugon. Maaari mong ipaliwanag na ang ibig sabihin ng "nalagim, pagkalagim" sa mga talatang ito ay pagdadalamhati o pagkalungkot.

Sa halip na pagbasahin ang mga estudyante, maaari mong ipanood sa kanila ang paglalarawan sa mga talatang ito sa video na "Lazarus Is Raised from the Dead" [time code 3:36–4:50].

- Paano ipinakita ng sinabi ni Maria sa talata 32 ang kanyang pananampalataya sa Tagapagligtas?
- Paano tumugon si Jesus nang makita Niya ang pag-iyak ni Maria at ng mga kasama niya?
- Sa palagay ninyo, bakit tumangis o umiyak si Jesus?


Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 11:37, na inaalam ang inisip ng ilang tao na nagawa sana ni Jesus para kay Lazaro. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 11:38–46. Sabihin sa klase na alamin ang sumunod na ginawa ng Tagapagligtas.

Sa halip na pagbasahin ang mga estudyante, maaari mong ipanood ang paglalarawan sa mga talatang ito sa video na "Lazarus Is Raised from the Dead" [time code 4:51–7:51].

- Sa talata 40, ano ang ipinaalala ni Jesus kay Marta matapos siyang mag-alinlangan sa pagtanggal ng batong nakatakip sa libingan ni Lazaro?
- Paano natupad ang pangakong ito? (Maaari mong ipaliwanag na hindi nabuhay na muli si Lazaro at hindi siya imortal; ibinalik ang kanyang espiritu sa katawan niya, ngunit mortal pa rin ang pisikal na katawang ito.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie. Sabihin sa klase na pakinggan ang mahalagang layuning nagawa ng Tagapagligtas sa pagpapabangon kay Lazaro mula sa mga patay.



"Inihanda niya ang lahat, upang maipamalas ang isa sa kanyang mga pinakadakilang turo: Na siya ang pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan, na ang imortalidad o kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ay dumating sa pamamagitan niya, at ang mga naniniwala at sumusunod sa kanyang mga salita ay hindi kailanman daranas ng espirituwal na kamatayan" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:531).

- Paano ipinakita ng himalang ito ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas?
- Paano ipinakita ng himalang ito ang kapangyarihan Niyang magbigay ng imortalidad at buhay na walang hanggan?
- Paano tayo mapagpapala ng pagkaunawa sa kapangyarihan ng Tagapagligtas na magbigay ng imortalidad at buhay na walang hanggan?

Ipaalala sa klase na sa simula'y nagpakita ng pananampalataya kay Jesucristo sina Marta at Maria sa pagpapadala sa Kanya ng mensahe noong maysakit si Lazaro at nagpatuloy sa paniniwala at pagtitiwala sa Kanya kahit namatay na si Lazaro. Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Kung pipiliin nating sumampalataya kay Jesucristo sa mga panahong dumaranas tayo ng pagsubok, …*

- Paano ninyo kukumpletuhin ang alituntuning ito batay sa natutuhan ninyo sa Juan 11? (Matapos sumagot ng mga estudyante, kumpletuhin ang pahayag sa pisara upang ganito ang kalabasan: **Kung pipiliin nating sumampalataya kay Jesucristo sa mga panahong dumaranas tayo ng pagsubok, titibay at lalalim ang pananampalataya natin sa Kanya.**)

Ipaalala sa mga estudyante na inisip ng ilang tao kung mapipigilan ni Jesus ang pagkamatay ni Lazaro (tingnan sa talata 37), ngunit hinintay ni Jesus na apat na araw nang patay si Lazaro bago siya dumating sa Betania (tingnan sa talata 37).

- Paano pinagtibay at pinalalim ng pagbuhay kay Lazaro kahit na apat na araw na siyang patay ang pananampalataya ng mga disipulo ni Jesus at nina Marta at Maria sa Tagapagligtas? (Sa pagbuhay kay Lazaro kahit apat na araw na siyang patay, ipinakita ni Jesus na mayroon Siyang kapangyarihang daigin ang kamatayan na hindi maikakaila o hindi mauunawaan ng mga Judio.)
- Kailan ninyo piniling sumampalataya kay Jesucristo sa mga panahong dumaranas kayo ng pagsubok at napagtibay at napalalim ba ang inyong pananampalataya dahil dito?

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang gagawin nila na makatutulong sa kanila na piliing sumampalataya kay Jesucristo sa mga panahong dumaranas sila ng pagsubok o sa panahong mararanasan pa lamang nila ito.

## Juan 11:47–57

### *Nagplano ang mga punong saserdote at mga Fariseo na patayin si Jesus*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 11:47–48. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naging reaksyon ng mga punong saserdote at mga Fariseo sa mga ulat na pinabangon ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ibuod ang Juan 11:49–57 na ipinaliliwanag na sinuportahan ni Caifas, ang punong saserdote, na dapat patayin si Jesus upang maiwasan ang pagwasak ng mga Romano sa kanilang bansa. At wala sa loob niyang nasabi ang mga epektong dulot ng pagkamatay ni Jesus sa mga anak ng Diyos. Determinado ang mga pinunong Judio na patayin si Jesus at inutos na sinumang may alam ng Kanyang kinaroroonan ay dapat ipabatid sa kanila upang madakip Siya.

Tapusin ang lesson na nagpapatotoo tungkol sa mga katotohanang tinalakay sa lesson na ito.

LESSON 72

# Juan 12

## Pambungad

Pinahiran ni Maria ng Betania, ang kapatid nina Marta at Lazaro, ng unguento ang mga paa ni Jesus bilang simbolo ng Kanyang nalalapit na libing. Kinabukasan, matagumpay na pumasok si Jesus sa Jerusalem at ibinadya ang Kanyang kamatayan. Sa kabila ng mga himala ni Jesus, hindi naniwala sa Kanya ang ilang tao. Itinuro Niya ang mga ibubunga ng paniniwala at hindi paniniwala sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 12:1–19

*Pinahiran ni Maria ng unguento ang mga paa ni Jesus, at matagumpay na pumasok si Jesus sa Jerusalem*

Sabihin sa ilang estudyante na magdrowing sa pisara ng paglalarawan ng isa sa mga himala ng Tagapagligtas sa Bagong Tipan. Pagkatapos magdrowing ng mga estudyante, sabihin sa klase na hulaan kung ano ang mga idinrowing nila. Sabihin sa isang estudyanteng nagdrowing na ipaliwanag kung bakit ang himalang ito ang inilarawan niya.

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan kung paano makakaimpluwensiya sa kanilang paniniwala sa Tagapagligtas ang pagsaksi sa isa sa mga himalang ito. Sabihin sa kanila na alamin sa pag-aaral nila ng Juan 12 ang iba't ibang reaksyon ng mga tao sa mga himala ng Tagapagligtas, gayundin ang mga katotohanan na makatutulong sa atin na maunawaan ang mga reaksyong ito.

Ibuod ang Juan 12:1–9 na ipinapaliwanag na anim na araw bago ang Paskua, naghapunan si Jesus kasama ang ilang mga kaibigan sa Betania. Pinahiran ni Maria ng Betania, ang kapatid nina Marta at Lazaro, ang mga paa ni Jesus ng mamahaling unguento. Narinig ng maraming tao na nasa Betania si Jesus at nagsiparoon sila upang makita Siya at si Lazaro, na ibinangon ni Jesus mula sa kamatayan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 12:10–11. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang gustong gawin ng mga punong saserdote kay Lazaro. Maaari mo ring ipaliwanag na ang pagbuhay kay Lazaro ay hindi maitatangging katibayan na si Jesus ay may kapangyarihang daigin ang kamatayan.

- Ano ang gustong gawin ng mga punong saserdote kay Lazaro? Bakit?
- Paano makatutulong sa atin ang mga talatang ito na maunawaan ang kasamaan ng mga punong saserdote at mga Fariseo? (Maaari mo ring ipaalala sa mga estudyante na nais din ng mga pinunong Judio na patayin ang Tagapagligtas [tingnan sa Juan 11:47–48, 53].)

Ibuod ang Juan 12:12–16 na ipinapaliwanag na pagkatapos ng araw na pinahiran ni Maria ang mga paa ni Jesus ng unguento, matagumpay Siyang pumasok sa Jerusalem. (Itinuro ang mga paunang detalye ng matagumpay na pagpasok sa Mateo 21:1–11.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 12:17–19. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng mga taong nakarinig tungkol sa pagbangon ni Jesus kay Lazaro mula sa kamatayan noong matagumpay na pagpasok ng Tagapagligtas sa Jerusalem.

- Ano ang ginawa ng mga taong ito noong matagumpay na pagpasok ng Tagapagligtas sa Jerusalem?
- Ayon sa talata 19, paano tumugon ang mga Fariseo sa nangyayari?

## Juan 12:20–36

### *Ibinadya ni Jesus ang Kanyang kamatayan*

Ibuod ang Juan 12:20–22 na ipinapaliwanag na "ilang Griego" (talata 20)—mga nagbalik-loob o mga convert marahil sa Judaismo—ang nagpunta sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskua at hiniling na makausap si Jesus. Nang nalaman ni Jesus ang kanilang kahilingan, nagturo Siya tungkol sa Kanyang nalalapit na pagdurusa, kamatayan, at Pagkabuhay na Mag-uli. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 12:27–33, na inaalam ang itinuro ni Jesus tungkol sa Kanyang Pagbabayad-sala. Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga nahanap nila.

- Ayon sa talata 27, ano ang handang gawin ni Jesus kahit na "nagugulumihanan ang [Kanyang] kaluluwa"? (Kahit nadarama Niya ang bigat ng Kanyang nalalapit na pagdurusa, nagpasiya si Jesus na isakatuparan ang Kanyang layunin.)
- Ayon sa talata 28, ano ang idinalangin ni Jesus? Paano tumugon ang Ama sa Langit? (Ipaliwanag na ang mga katagang "Muli kong luluwalhatiin" ay nagpapakita ng lubos na pagtitiwala ng Ama sa Langit na isasakatuparan ng Kanyang Anak ang Pagbabayad-sala.)
- Paano nauugnay ang mga salita ni Jesus sa talata 32 sa Kanyang Pagbabayad-sala?

Ipaliwanag na matapos marinig ang mga turo ni Jesus, sinabi ng mga tao na nalaman nila sa mga banal na kasulatan na ang Mesiyas ay hindi mamamatay, at itinanong nila kung sino ang "Anak ng Tao" na itataas (Juan 12:34).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 12:35–36. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sinagot ni Jesus ang kanilang tanong.

- Ano ang tugon ni Jesus sa mga tanong ng mga tao? (Tinukoy ng Tagapagligtas ang Kanyang Sarili bilang "ang ilaw.")

## Juan 12:37–50

### *Itinuro ni Jesus ang mga ibubunga ng paniniwala at hindi paniniwala sa Kanya*

Ituon ang pansin ng mga estudyante sa mga drowing sa pisara na naglalarawan ng ilang himala ni Jesus. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 12:11 at sa isa pang estudyante ang Juan 12:37. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang iba't ibang reaksyon ng mga tao sa mga himalang ginawa ni Jesus.

- Ano ang reaksyon ng mga tao sa mga himala ni Jesus?
- Anong katotohanan ang malalaman natin mula sa iba't ibang reaksyong ito tungkol sa kaugnayan ng mga himala at paniniwala kay Jesucristo? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw na naunawaan na **hindi sapat ang mga himala upang maniwala tayo kay Jesucristo.**)
- Bagama't hindi sapat ang mga himala upang maniwala tayo kay Jesucristo, paano nito maiimpluwensyahan ang ating pananampalataya sa Kanya?
- Sa palagay ninyo, bakit may mga taong naniniwala kay Jesucristo matapos makita o malaman ang Kanyang mga himala ngunit may ilang hindi naniniwala sa kanya?

Ibuod ang Juan 12:38–41 na ipinaliliwanag na natupad ang mga propesiya ni propetang Isaias na may mga taong pipiliing hindi maniwala kay Jesus (tingnan sa Isaias 6:9–10; 53:1–3). Sa kabila ng mga dakilang ginawa ng Tagapagligtas, pinili ng ilang tao na manatiling bulag at matigas ang mga puso sa Kanya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 12:42–43. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung bakit hindi "ipinahayag" (talata 42) o hayagang inamin ng ilang pinunong Judio na naniniwala kay Jesus ang kanilang paniniwala.

- Bakit hindi hayagang ipinahayag ng ilang pinuno ang kanilang paniniwala kay Jesus?
- Ano ang ibig sabihin ng higit na pagmamahal sa "kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Dios"? (talata 43).
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Ang pagbibigay-lugod sa iba kaysa sa pagbibigay-lugod sa Diyos ay humahadlang sa atin sa pagpapahayag ng ating paniniwala kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang alituntuning ito, itanong:

- Ano ang ilang halimbawa ng alituntuning ito sa ating panahon?
- Ano ang mga wastong paraan ng pagpapakita na naniniwala tayo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo?
- Anong magagandang bunga ang darating dahil sa pagpapakita na naniniwala tayo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo?

Upang maihanda ang mga estudyante na matukoy ang alituntuning itinuro sa Juan 12:44–46, sabihin sa kanilang mag-isip ng isang pagkakataon na hindi sila makakita dahil sa kadiliman (halimbawa, noong nasa loob sila ng isang madilim na silid o nasa labas sa gabi). Sabihin sa ilang estudyante na ilarawan ang kanilang karanasan, pati na ang naramdaman nila nang tila nasa panganib sila, at paano makatutulong ang pagkakaroon ng ilaw sa mga pagkakataong iyon.

Kung angkop, patayin ang ilaw sa silid ngunit mag-iwan ng kaunting liwanag. Ipaliwanag na makatutulong ang pisikal na kadiliman upang maunawaan natin kung ano ang espirituwal na kadiliman.

- Kapag tayo ay nasa madilim na lugar, paano ito natutulad sa pananatili sa espirituwal na kadiliman?
- Anong mga panganib ang maaaring magmula sa pamumuhay sa espirituwal na kadiliman?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 12:44–46. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano pinagpapala ang mga taong naniniwala kay Jesucristo.

- Ayon sa Juan 12:46, paano pinagpapala ang mga taong naniniwala kay Jesucristo? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, buksan ang ilaw sa silid kung pinatay mo ito kanina. Gamit ang mga sinabi ng mga estudyante, isulat sa pisara ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung naniniwala tayo kay Jesucristo, hindi tayo mamumuhay sa espirituwal na kadiliman.**)
- Paano naging ilaw si Jesucristo? Paano maaalis ng paniniwala sa Kanya ang espirituwal na kadiliman sa buhay ng isang tao? (Tingnan din sa D at T 50:23–25; 93:36–39.)

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano pinapawi ni Jesucristo ang espirituwal na kadiliman sa pamamagitan ng pagbibigay ng liwanag (o direksyon at kalinawan) sa ating mga buhay, hatiin ang mga estudyante sa mga grupo na may tig-dadalawa o tig-tatatlong katao. Bigyan ang bawat grupo ng kopya ng sumusunod na handout.

## Pinapawi ni Jesucristo ang Espirtuwal na Kadiliman sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng Liwanag

Para sa bawat sumusunod na paksa, talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang maaaring paniwalaan ng mga taong nasa espirituwal na kadiliman tungkol sa paksang ito?
- Anong liwanag ang ibinibigay ni Jesucristo at ng Kanyang ebanghelyo tungkol sa paksang ito?

### Mga Paksa:

- Ang layunin ng ating mga pisikal na katawan
- Libangan at ang media
- Pagkakaroon ng kapayapaan at kaligayahan
- Pag-aasawa at pamilya
- Kabilang-buhay

Bilang isang klase, talakayin ang isa sa mga paksang nakalista sa handout, gamit ang kalakip na mga tanong. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na talakayin nang ilang minuto ang mga natitirang paksa gamit ang mga tanong na ito. (Maaari

mo ring palitan ang ilan sa mga paksang ito ng mga paksang mas naaangkop sa iyong mga estudyante.)

### *Talakayan sa maliliit na grupo at mga assignment*

Ang mga aktibidad sa maliliit na grupo ay kadalasang nagbibigay ng pagkakataon sa mas maraming estudyante na makibahagi sa lesson at malayang maibahagi ang kanilang mga damdamin, mga iniisip, at mga patotoo sa isa't isa. Mas maihahanda ang mga estudyante na matapos ang ilang aktibidad ng grupo kung gagabayan mo muna sila sa pagpapakita ng halimbawa ng dapat gawin sa kanilang mga grupo.

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa isang estudyante sa bawat grupo na pumili ng isa sa mga paksa sa handout at magreport tungkol sa natalakay ng grupo sa paksang ito. Pagkatapos ay itanong sa klase:

- Paano makatutulong sa atin ang alituntuning natukoy natin sa talata 46 na maintindihan kung bakit maaaring iba ang pagkakaunawa natin sa ilang paksa at isyu mula sa ibang mga tao?
- Sa anong mga sitwasyon nakatulong sa inyo ang liwanag na ipinagkaloob ni Jesucristo at ng Kanyang ebanghelyo?

Sabihin sa mga estudyante na basahin nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder Gerrit W. Gong ng Pitumpu, kung saan nagpatotoo siya sa mga pagpapala na dumarating kapag pinili nating maniwala at sumunod kay Jesucristo:



"Ang paniniwala ay isang pagpili [tingnan sa Mosias 4:9]. …

"Kapag pinili nating maniwala, mauunawaan at makikita natin ang mga bagay sa ibang paraan. Kapag nakauunawa at namumuhay tayo sa gayong paraan, tayo ay magiging masaya at maligaya na tanging ang ebanghelyo lamang ang makapagbibigay" ("Choose Goodness and Joy," *New Era,* Ago. 2011, 44).

Ibuod ang Juan 12:47–50 na ipinaliliwanag na itinuro ni Jesus na ang mga yaong hindi naniniwala sa Kanyang mga salita at hindi tumatanggap sa Kanya sa pamamagitan ng mga salitang winika Niya, na mga salitang iniutos ng Ama sa Langit na sabihin Niya.

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa mga pagpapalang naranasan mo bilang bunga ng pagpiling maniwala kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal kung paano nila maipapamuhay ang isa sa mga alituntuning natutuhan nila. Hikayatin ang mga estudyante na piliing maniwala kay Jesucristo.

LESSON 73

# Juan 13

## Pambungad

Pagkatapos kumain ng hapunan ng Paskua, hinugasan ni Jesus ang mga paa ng Kanyang mga Apostol at tinukoy si Judas na siyang magkakanulo sa Kanya. Sa kabila ng kaguluhan sa huling linggo ng Kanyang ministeryo sa mundo, itinuon ni Jesucristo ang kanyang mga turo sa pagsunod, paglilingkod, at pagmamahal—mga katangiang naglarawan sa Kanyang buhay at dapat maglarawan sa mga buhay ng Kanyang mga disipulo sa lahat ng panahon.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo


### *Magtiwala sa kapangyarihan ng salita*

Maaari kang matuksong maniwala na hindi nais pag-aralan ng mga estudyante ang mga banal na kasulatan, o hindi mo maituturo ang mga banal na kasulatan araw-araw at mapanatili ang interes ng mga estudyante. Gayunman, tandaan na nasa mga banal na kasulatan "ang mga salita ng buhay" (D at T 84:85) at ang salita ay "may higit … [na] malakas na bisa sa isipan … kaysa sa espada, o ano pa mang bagay" (Alma 31:5).

### Juan 13:1–17

*Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng Kanyang mga Apostol*

Bago magklase, kopyahin ang sumusunod na diagram sa pisara:




Basahin nang malakas ang sumusunod na mga tanong, at sabihin sa mga estudyante na isipin kung paano nila ito sasagutin (ipaliwanag na hindi nila kailangang sumagot nang malakas):

- Saan mo ilalagay ang iyong sarili sa continuum na ito?
- Nais mo bang maging mas masaya kaysa sa kasalukuyan?
- Makakaisip ka ba ng isang taong gusto mong matulungang maging mas masaya?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isang alituntunin sa pag-aaral nila ng Juan 13 na makatutulong sa kanila na malaman kung ano ang magagawa nila upang maging mas masaya.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng Juan 13, ipaalala sa kanila na ipinagdiwang ni Jesus ang kapistahan ng Paskua kasama ang Kanyang mga Apostol. Ibuod ang Juan 13:1–3 na ipinapaliwanag na habang kasalo ni Jesus sa huling hapunang ito ang Kanyang mga Apostol bago ang Pagpapako sa Kanya sa Krus, alam Niya na malapit na Siyang mamatay at makabalik sa Kanyang Ama sa Langit.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 13:4–5, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Jesus pagkatapos nilang kumain ng Kanyang mga Apostol sa araw ng Paskua. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng katagang “itinabi ang kaniyang mga damit” sa talata 4 ay hinubad ni Jesus ang isang panlabas na kasuotan, tulad ng isang taong hinuhubad ang kanyang jacket sa panahon natin.

- Anong paglilingkod ang ginawa ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo?

Ipaliwanag na “noong panahon ng Bagong Tipan, nakasuot ang mga tao ng mga sandalyas na bukas, naglalakad sa kadalasang mapuputik na kalsada na puno ng dumi ng mga hayop, at walang makuhang maayos na pagkukuhanan ng tubig na panghugas. Nagiging napakarumi ng kanilang mga paa, at hindi mo gugustuhing maghugas ng mga paa ng isang tao. … Madalas gampanan ng mga pinakamababang uri ng mga tagapaglingkod ang nakaugaliang ito” (*New Testament Student Manual* [Church Educational System manual, 2014], 242). Sa huling hapunan na ito,“Tahimik na tumayo si Cristo, ginayak ang kanyang sarili bilang alipin o tagapagsilbi, at lumuhod upang hugasan ang mga paa ng mga Apostol” (Jeffrey R. Holland, “He Loved Them unto the End,” *Ensign,* Nob. 1989, 25).

Ipakita ang larawang Hinuhugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Alagad (*Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 55; tingnan din sa LDS.org).



- Kung naroroon kayo nang hugasan ni Jesus ang mga paa ng Kanyang mga Apostol, ano ang magiging reaksyon ninyo kapag sinimulan ni Jesus na hugasan ang inyong mga paa?
- Ano ang inihahayag sa pagkatao ni Jesus ng ginawa Niyang paghuhugas ng mga paa ng Kanyang mga Apostol?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 13:8 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na tahimik na sumunod sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Pedro nang sinimulang hugasan ng Tagapagligtas ang mga paa niya.

- Ayon sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 13:8, ano ang sinabi ni Pedro nang sinimulang hugasan ng Tagapagligtas ang mga paa niya?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 13:9–10 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan). Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang tugon ni Pedro sa sinabi sa kanya ng Panginoon.

- Ano ang matututuhan natin tungkol kay Pedro mula sa kanyang tugon, na nakatala sa talata 9, sa sinabi sa kanya ng Panginoon? (Iginagalang ni Pedro ang Panginoon at nais niyang sundin Siya nang lubusan.)

Ipaliwanag na sa paghuhugas sa mga paa ng Kanyang mga Apostol, hindi lamang ginawa ng Tagapagligtas ang isang magandang paglilingkod, ngunit tinupad din

Niya ang batas ni Moises at pinasimulan ang isang sagradong ordenansa (tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 1:708–9). Ang ordenansang ito ay ipinanumbalik sa ating dispensasyon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 88:74–75, 137–41).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 13:11, at sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung bakit sinabi ni Jesus na ang mga Apostol ay "hindi lahat malilinis."

- Sino ang tinutukoy ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang ang mga Apostol ay "hindi lahat malilinis"? (Si Judas Iscariote, na ipagkakanulo Siya.)

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 13:12–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol pagkatapos Niyang hugasan ang kanilang mga paa.

- Ayon sa mga talata 13–16, anong halimbawa ang ipinakita ng Tagapagligtas at sinabing sundin ng Kanyang mga Apostol? (Kahit na ang Tagapagligtas ang "Guro at Panginoon" [talata 13] at ang pinakadakila sa lahat, naglingkod Siya sa iba.)
- Ayon sa pangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na nakatala sa talata 17, anong pagpapala ang matatanggap natin kapag sumusunod tayo sa Kanyang halimbawa ng paglilingkod sa iba? (Gamit ang sarili nilang mga salita, dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag sinusunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod sa iba, mas magiging masaya tayo.**)
- Sa palagay ninyo, bakit mas sasaya tayo kapag naglilingkod tayo sa iba tulad ng ginawa ng Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng isang pangyayari na mas naging masaya sila dahil sinunod nila ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod sa iba. Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang mga karanasan. Maaari kang magbahagi ng isa sa sarili mong mga karanasan.

Upang matulungan ang mga estudyante na malaman ang isang paraan na maipamumuhay nila ang alituntuning ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Sa pagdarasal ninyo tuwing umaga, hilingin sa Ama sa Langit na gabayan kayo na magkaroon ng pagkakataong mapaglingkuran ang isa sa Kanyang mahal na mga anak. At saka humayo sa buong maghapon na ang puso ay puno ng pananampalataya at pagmamahal, naghahanap ng matutulungan. Kung gagawin ninyo ito, lalakas ang inyong espirituwal na pakiramdam at makakakita kayo ng mga pagkakataong maglingkod na hindi ninyo aakalaing posible. ("Maging Sabik sa Paggawa," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 31).

- Ayon kay Elder Ballard, paano tayo makahahanap ng mga pagkakataong maglingkod sa iba?

Hikayatin ang mga estudyante na sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod sa iba. Maaari mong hilingin sa mga estudyante na maghandang ibahagi ang paglilingkod na nagawa nila sa iba sa susunod na pagkikita ng klase.

## Juan 13:18–30

### *Tinukoy ni Jesus ang magkakanulo sa Kanya*

Ibuod ang Juan 13:18–30 na ipinapaliwanag na pagkatapos ituro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol na magiging masaya sila kapag naglingkod sila sa iba, sinabi Niya na isa sa kanila ang magkakanulo sa Kanya. Nang magtanong si Juan kay Jesus kung sino ang magkakanulo sa Kanya, tinukoy ni Jesus na isa sa Kanyang mga Apostol (si Judas) ang magkakanulo sa Kanya.

## Juan 13:31–38

### *Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na mahalin ang isa't isa*

Itanong sa mga estudyante kung may nagparatang sa kanila na hindi sila mga Kristiyano, o tunay na mga disipulo ni Jesucristo, dahil mga miyembro sila ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kung may estudyanteng nagtaas ng kanilang mga kamay, tanungin kung paano sila tumugon sa paratang na hindi sila Kristiyano. Kapag walang nakaranas nito, itanong:

- Paano kayo tutugon kung may nagsabing hindi kayo Kristiyano?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 13:34–35. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas na makatutulong sa iba na malaman na ang mga Apostol ay mga disipulo ni Jesucristo.

- Ayon sa talata 34, anong kautusan ang ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga Apostol?
- Ayon sa talata 35, ano ang malalaman ng iba kung mamahalin ng mga Apostol ang isa't isa tulad ng pagmamahal ni Jesus sa kanila?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa mga turo ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol? (Gamit ang kanilang sariling mga salita, dapat matukoy ng mga estudyante ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kapag minamahal natin ang isa't isa tulad na pagmamahal ni Jesucristo sa atin, malalaman ng iba na tayo ay mga disipulo Niya.**)
- Ayon sa napag-aralan ninyo ngayong taon tungkol kay Jesucristo, sa anong mga paraan Niya ipinapakita na minamahal Niya ang mga tao?

Upang matulungan ang mga estudyante na maramdaman ang katotohanan at kahalagahan ng alituntuning katutukoy lamang nila, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na kuwento, na isinalaysay ni Elder Paul E. Koelliker ng Pitumpu:



"Dalawang batang misyonero ang kumatok sa isang pinto, na umaasang makahanap ng isang taong tatanggap sa kanilang mensahe. Bumukas ang pinto, at isang malaking lalaki ang bumati sa kanila nang padabog: 'Di ba sabi ko huwag na kayong kakatok ulit sa pinto ko. Binalaan ko na kayo na kung bumalik pa kayo, may mangyayaring hindi ninyo magugustuhan. Kaya lubayan na ninyo ako.' Mabilis nitong isinara ang pinto.

"Habang papalayo ang mga elder, inakbayan ng nakatatanda at mas bihasang misyonero ang nakababatang misyonero para aluin at palakasin ang loob nito. Hindi nila alam na nakamasid sa kanila ang lalaki sa bintana upang matiyak na naunawaan nila ang sinabi niya. Lubos niyang inasahan na makikita niya silang magtatawanan at magbibiruan tungkol sa walang-galang niyang tugon sa tangka nilang pagdalaw. Gayunman, nang makita niya ang kabaitan ng dalawang misyonero sa isa't isa, biglang lumambot ang puso niya. Muli niyang binuksan ang pinto at pinabalik ang mga misyonero at ipinabahagi ang kanilang mensahe sa kanya.

"… Ang alituntuning ito ng pagmamahal sa isa't isa at pagkakaroon ng kakayahang magtuon kay Cristo sa ating pag-iisip, pagsasalita, at pagkilos ay mahalaga sa pagiging mga disipulo ni Cristo" ("Talagang Mahal Niya Tayo," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2012, 17–18).

- Paano sinunod ng mga missionary sa kuwentong ito ang payo ng Panginoon na mahalin ang isa't isa?

Sabihin sa mga estudyante na kantahin ang "Mahalin ang Bawat Isa" (*Mga Himno,* blg. 196), at sabihin sa kanila na mag-isip ng isang taong kilala nila na madaling makilala bilang isang disipulo ni Jesucristo dahil sa pagmamahal na ipinapakita niya sa iba. Pagkatapos kantahin ang himno, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang pangalan ng mga taong naisip nila at ipaliwanag kung paano naipakita ng mga taong iyon ang kanilang pagmamahal sa iba. Maaari mo ring sabihin sa klase ang taong naisip mo.

Hikayatin ang mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang gagawin nila upang mas mahalin ang iba tulad ng pagmamahal sa kanila ng Tagapagligtas.

Ibuod ang Juan 13:36–38 na ipinapaliwanag na matapos ipahayag ni Pedro na iaalay niya ang kanyang buhay para kay Jesucristo, sinabi ni Jesus kay Pedro na ikakaila niya si Jesus nang tatlong beses bago tumilaok ang manok.

## Scripture Mastery Review

Gabayan ang mga estudyante sa isang scripture chase sa pamamagitan ng paggamit ng mga clue na tutulong sa kanila na mabilis na mahanap ang mga talata sa kanilang mga banal na kasulatan. Para sa mga clue, maaari kang gumamit ng mga key word o mahahalagang salita, mga context statement o konteksto, mga doktrina at mga alituntunin, at mga ideya sa pagsasabuhay mula sa mga scripture mastery card. Maaari ka ring gumawa ng sarili mong mga clue. Ang scripture chase ay ang pag-uunahan ng mga estudyante na mahanap ang mga talata sa mga banal na kasulatan na makatutulong sa kanilang makibahagi nang aktibo sa pag-aaral ng scripture mastery passages. Kapag ginagawa ang aktibidad na scripture chase, gawin ito sa paraang walang magdaramdam o magpapalayo sa Espiritu. Tulungan ang mga estudyante na igalang at ingatan ang kanilang mga banal na kasulatan o huwag masyadong makipagkumpetensya o makipagmataasan. Maaari mo ring

sabihin sa mga estudyante na magpaligsahan para humusay at hindi upang kalabanin ang isa't isa. Halimbawa, maaaring makipag-unahan sa kanilang teacher ang mga estudyante, o magpabilisan upang makita kung ilang porsiyento ng klase ang makakahanap ng isang talata sa itinakdang oras.

LESSON 74

# Juan 14

## Pambungad

Pagkatapos ng hapunan ng Paskua, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol kung paano makababalik sa Ama sa Langit at paano maipapakita ang kanilang pagmamahal sa Tagapagligtas. Pagkatapos ay ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga Apostol na magpapadala Siya sa kanila ng isa pang Mang-aaliw.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 14:1–14

*Itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol kung paano makabalik sa Ama sa Langit*

Kung maaari, magdispley ng mapa ng inyong lungsod at sabihin sa mga estudyante na tukuyin ang kasalukuyang kinaroroonan nila rito. Sa mapa, tukuyin ang isa pang lugar na pamilyar sa mga estudyante. Sabihin sa kanila na isulat sa isang papel kung paano makapupunta sa lugar na iyon mula sa kanilang kasalukuyang kinaroroonan. Sabihin sa isa o dalawang estudyante na ibahagi ang isinulat nila.

Isulat ang *Kahariang Selestiyal* sa pisara. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang direksyon na ibibigay nila sa isang taong gustong malaman kung paano mararating ang kahariang selestiyal.

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isang katotohanan sa pag-aaral nila ang Juan 14 na makatutulong sa kanila na malaman kung paano makabalik sa Ama sa Langit at makapasok sa kahariang selestiyal.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng Juan 14, ipaalala sa kanila na ipinagdiwang ng Tagapagligtas ang Paskua kasama ang Kanyang mga Apostol sa isang silid sa itaas sa Jerusalem. Pagkatapos ng hapunan ng Paskua, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na malapit na Niyang iwan sila (tingnan sa Juan 13:33).

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 14:1–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumunod sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol upang matulungan sila na mapanatag.

- Ano ang itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol upang matulungan sila na mapanatag?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan" sa talata 2?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:



"[Ang pahayag na] 'Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan' … ay dapat gawing—'Sa kaharian ng aking Ama ay maraming kaharian,' upang kayo ay maging mga tagapagmana ng Diyos at mga kasamang tagapagmana ko. … May mga mansiyon para sa mga yaong sumusunod sa batas na selestiyal, at may iba pang mga mansiyon para sa mga yaong lumalabag sa batas, bawat tao sa kanyang sariling kaayusan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 255).

Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang mga salitang *kaharian* at *mga kaharian* sa kanilang mga banal na kasulatan sa ibabaw ng mga salitang *bahay* at *tahanan* sa Juan 14:2.

- Aling mga turo sa Juan 14:1–4 ang maaaring makapagpanatag sa mga Apostol?
- Ayon sa talata 5, paano tumugon si Tomas sa turo ng Tagapagligtas na alam ng Kanyang mga Apostol ang daan patungo sa kaharian ng Ama sa Langit?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante angJuan 14:6, at sabihin sa klase na alamin ang sagot ni Jesus sa tanong ni Tomas.

Ang **Juan 14:6** ay isang scripture mastery passage. Makatutulong sa mga estudyante ang pag-aaral ng mga scripture mastery passage upang madagdagan ang kanilang pagkaunawa sa mga pangunahing doktrina at maihanda sila na maituro ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga scripture mastery passage sa paraang madali nila itong mahanap. Basahin ang ideya sa pagtuturo na nasa katapusan ng lesson upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng scripture passage na ito.

- Paano sinagot ni Jesus ang tanong ni Tomas?

Magdrowing ng isang landas sa pisara. Isulat sa isang dulo ng landas ang *Tayo,* at isulat sa kabilang dulo ang *Ang Kaharian ng Ama sa Langit.* Isulat ang *Ang Daan* sa ilalim ng landas, at ipaliwanag na tinutukoy ng mga katagang ito ang landas na maghahatid sa atin mula sa isang lugar patungo sa isa pa.

- Paano naging Daan ang Tagapagligtas? (Maaaring isagot ng mga estudyante na ipinakita sa atin ng Tagapagligtas kung paano mamuhay upang maging katulad ng Diyos at paano maging karapat-dapat upang makasama ang Ama sa Langit.)


Isulat sa pisara ang *Ang Katotohanan* at *Ang Buhay* sa ilalim ng "Ang Daan."

- Sa papaanong paraan na si Jesucristo ang Katotohanan? (Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan at ipinamuhay Niya nang lubos ang lahat ng katotohanan.)
- Sa papaanong paraan na si Jesucristo ang Buhay? (Ginawa niyang posible para sa atin na daigin ang pisikal na kamatayan at mabuhay muli na may mga imortal na pisikal na katawan at daigin ang kamatayang espirituwal upang matamo ang buhay na walang hanggan. Siya ang "liwanag na nasa lahat ng bagay, na nagbibigay ng buhay sa lahat ng bagay" [D at T 88:13].)

Sa ilalim ng drowing ng landas sa pisara, isulat ang *Si Jesucristo ay* sa tabi ng "Ang Daan."

- Batay sa mga tinalakay natin, paano ninyo ibubuod ang ibig sabihin ng pahayag ng Panginoon na "sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko"? (Juan 14:6). (Maaaring ibaiba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Sa pamamagitan lamang ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa pagtahak sa Kanyang daan tayo makapapasok sa kaharian ng Ama sa Langit.**)
- Ano ang mangyayari kung susubukan nating tumahak sa isang daan na hindi ang daan ng Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Lawrence E. Corbridge ng Pitumpu. Sabihin sa klase na pakinggan ang mangyayari kung susubukan nating tumahak sa isang daan na hindi ang daan ng Tagapagligtas.



"Iisa lamang ang daan tungo sa kaligayahan at kaganapan. Siya ang Daan. Ang iba pang daan, anumang iba pang daan, kahit saan, ay kahangalan. …

"… Maaari nating sundin ang Panginoon at mapagkalooban ng Kanyang kapangyarihan at magkaroon ng kapayapaan, liwanag, lakas, kaalaman, tiwala, pagmamahal, at galak o maaari tayong umiba ng daan, anumang iba pang daan, kahit saan, at mamuhay mag-isa—nang walang suporta Niya, walang kapangyarihan Niya, walang patnubay, sa dilim, pag-aalinlangan, dalamhati, at kalungkutan. At ang tanong ko, aling daan ang mas madali? …

"Iisa lamang ang daan tungo sa kaligayahan at kaganapan. Si Jesucristo ang Daan" ("Ang Daan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 34, 36).

- Ayon kay Elder Corbridge, ano ang mangyayari kung hindi tayo tatahak sa daan ng Tagapagligtas?
- Ano ang mangyayari kung tatahakin natin ang daan ng Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang mga karanasan nang mapagpala sila dahil sa pagtahak sa daan ng Tagapagligtas. Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang mga karanasan nila.

Ibuod ang Juan 14:7–14 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na isa sa mga layunin Niya sa pagparito sa mundo ang ipahayag ang tunay na katauhan ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at gawa. Ipinangako rin Niya sa Kanyang mga Apostol na magkakaroon sila ng kapangyarihang gumawa ng mga dakilang gawain.

## Juan 14:15–31

### *Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol kung paano maipapakita ang pagmamahal nila sa Kanya*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang taong mahal nila.

- Paano ninyo naipapakita sa taong ito ang inyong pagmamahal?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 14:15, at sabihin sa klase na alamin ang ipinagawa ni Jesus sa Kanyang mga Apostol upang maipakita ang pagmamahal nila sa Kanya.

> Ang **Juan 14:15** ay isang scripture mastery passage. Makatutulong sa mga estudyante ang pag-aaral ng mga scripture mastery passage upang madagdagan ang kanilang pagkaunawa sa mga pangunahing doktrina at maihanda sila na maituro ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga scripture mastery passage sa paraang madali nila itong mahanap. Basahin ang ideya sa pagtuturo na nasa katapusan ng lesson upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral ng scripture passage na ito.

- Batay sa itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol, ano ang magagawa natin upang maipakita ang ating pagmamahal kay Jesucristo? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Maipapakita natin ang ating pagmamahal kay Cristo sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan.**)

Magdala ng ilang piraso ng papel sa klase na may mga nakasulat na mga kautusan (tulad ng pagsunod sa Word of Wisdom, pagbabayad ng ikapu, at pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath). Sabihin sa ilang estudyante na pumunta sa harapan ng klase. Sabihin sa kanila na kumuha ng isang papel, basahin nang malakas ang kautusan, at ipaliwanag kung paano maipapakita ng pagsunod sa kautusang iyon ang ating pagmamahal kay Jesucristo. Pagkatapos nito, sabihin sa kanila na magsiupo na.

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung gaano nila naipapakita nang husto ang kanilang pagmamahal sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Hikayatin silang magtakda ng isang mithiin na ipakita ang pagmamahal nila sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng mas masigasig na pagsunod sa isa o mahigit pang kautusan na para sa kanila ay mahirap sundin.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 14:16–17, 26. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol.

- Ano ang ipinangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol?

Ipaliwanag na ang tinutukoy ng mga katagang "ibang Mangaaliw" sa talata 16 ay ang Espiritu Santo. Dahil ang Tagapagligtas ay isang mang-aaliw sa mga Apostol noong magministeryo Siya sa mundo, tinawag Niyang *ibang* Mang-aaliw ang Espiritu Santo.

- Ayon sa Juan 14:16–17, 26, ano ang magagawa ng Espiritu Santo para sa atin? (Gamit ang kanilang mga sariling salita, dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na katotohanan: **Ang Espiritu Santo ay magbibigay ng kapanatagan sa atin, magtuturo ng lahat ng bagay, at magpapaalala ng lahat ng bagay sa atin.**)

Sabihin sa mga estudyante na isulat ang kanilang mga sagot sa sumusunod na mga tanong sa kanilang mga notebook o scripture study journal:

- Kailan ninyo nadama na napanatag o inaliw kayo ng Espiritu Santo? Kailan ninyo nadama na tinuruan Niya kayo? Kailan Niya kayo tinulungang maalala ang mga bagay-bagay?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang isinulat.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 14:18–23.

- Ayon sa mga talata 21 at 23, paano tayo mapagpapala kung susundin natin ang mga kautusan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang alituntuning tulad ng sumusunod: **Kung susundin natin ang mga kautusan, makakasama natin ang Ama sa Langit at si Jesucristo.**)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng makakasama natin ang Ama sa Langit at si Jesucristo? (Tumutukoy ito sa personal na pagpapakita ng Ama sa Langit at ni Jesucristo [tingnan sa D at T 130:3].)

Ipaliwanag na itinuro ni Propetang Joseph Smith na bagama't ang Espiritu Santo ay tinutukoy na Unang Mang-aaliw, si Jesucristo naman ang Pangalawang Mang-aaliw. Upang matanggap Siya bilang Pangalawang Mang-aaliw, dapat munang magkaroon tayo ng pananampalataya sa Kanya, magsisi, mabinyagan, matanggap ang Espiritu Santo, at magsikap na maging mabuti at maglingkod sa Diyos. Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, "dadalawin [tayo] ni Jesucristo, o magpapakita Siya [sa atin] sa pana-panahon, … at mabubuksan [sa atin] ang mga pangitain ng langit, at tuturuan [tayo] ng Panginoon" (sa *History of the Church,* 3:380–81). Matutupad ang pangakong ito ayon sa kalooban at takdang panahon ng Panginoon (tingnan sa D at T 88:68).

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 14:27, na inaalam ang mensahe ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol.

- Paano nauugnay ang mensahe ng Tagapagligtas sa talata 27 sa mga alituntuning natukoy natin sa lesson na ito?
- Ano ang pagkakaiba ng kapayapaang ibinibigay ng Tagapagligtas at ng kapayapaang ibinibigay ng mundo?

Ibuod ang Juan 14:28–30 at ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 14:30 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan) na ipinapaliwanag na sinabi ni Jesus sa Kanyang mga Apostol na dapat silang magalak dahil iiwan Niya sila upang bumalik sa Ama sa Langit. Sinabi rin Niya sa kanila na walang kapangyarihan si Satanas sa Kanya dahil nadaig Niya ang mundo. Sinabi ni Jesus sa mga Apostol na maiimpluwensyahan pa rin sila ni Satanas dahil hindi pa nila natatapos ang kanilang gawain dito sa mundo.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 14:31, na inaalam ang nais ng Tagapagligtas na malaman ng mundo.

- Ano ang nais ng Tagapagligtas na malaman ng mundo?
- Paano ipinakita ng Tagapagligtas ang Kanyang pagmamahal sa Ama sa Langit?

Tapusin ang lesson na sinasabi sa mga estudyante na magpatotoo kung paano makatutulong sa kanila ang mga alituntunin sa lesson na ito sa kanilang pagsisikap na makabalik sa piling ng Diyos sa kahariang selestiyal.

### Scripture Mastery—Juan 14:6

Upang matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang Juan 14:6, isiping gamitin ang isa sa mga ideya na nasa apendiks ng manwal na ito.

### Scripture Mastery—Juan 14:15

Upang matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang Juan 14:15, sabihin sa kanila na isulat ang talatang ito sa isang papel. Sabihin sa kanila na ulit-ulitin ang talatang ito hanggang maisaulo nila. Pagkatapos ay sabihin sa kanila na idispley ang papel sa isang lugar kung saan maipapaalala nito sa kanila na ipakita nila ang kanilang pagmamahal sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

LESSON 75

# Juan 15

## Pambungad

Sa huling gabi ng Kanyang ministeryo sa mundo, matapos ang Huling Hapunan, itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na Siya ang Tunay na Puno ng Ubas at ang Kanyang mga disipulo ang mga sanga. Inutos Niya sa Kanyang mga disipulo na mangagibigan sa isa't isa at binalaan sila sa mga daranasin nilang pag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa Kanya.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 15:1–11

*Ipinaliwanag ni Jesus na Siya ang Tunay na Puno ng Ubas*

Bago magsimula ang klase, isulat sa pisara ang mga salitang *matagumpay, hindi masaya, maligaya, patay, kapaki-pakinabang, hindi pinakikinabangan, mabunga, pinakikinabangan, masagana,* at *hindi matagumpay.*

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay nakalipas na ang 60 taon at ngayon ay nagbabalik-tanaw sila sa kanilang naging buhay.

- Alin sa mga salitang ito ang nais ninyong maglarawan sa buhay ninyo? Bakit?



Magdrowing sa pisara ng isang larawan ng puno ng ubas. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na gayahin ang drowing sa kanilang mga notebook o scripture study journal. Ipaliwanag na ginamit ni Jesus ang metapora ng isang puno ng ubas upang matulungan ang Kanyang mga disipulo na maunawan kung paano magkaroon ng mabunga, kapaki-pakinabang, at masaganang buhay.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 15:1–5. Sabihin sa kanila na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ibig sabihin ng mga bahagi ng metaporang ito.

- Ano ang sinasagisag ng puno ng ubas? (Lagyan ang puno ng ubas sa pisara ng label na *Jesucristo.*)
- Ano ang sinasagisag ng mga sanga? (Lagyan ang mga sanga ng label na *Mga Disipulo ni Jesucristo.*)
- Kung si Jesucristo ang puno ng ubas at tayo ang mga sanga, ano naman ang sinasagisag ng bunga? (Kumatawan ang bunga sa mabubuting gawa at pagkilos na dapat gawin ng mga disipulo ni Jesucristo. Lagyan ang bunga ng label na *Mabubuting Gawa.*)

Banggitin ang paggamit ng salitang *magsasaka* sa talata 1.

- Ano ang isang magsasaka? (Isang taong nangangalaga sa ubasan.)
- Ayon sa mga talata 1–2, paano naging katulad ng isang magsasaka ang Ama sa Langit? (Ipaliwanag na itinanim ng Diyos Ama ang tunay na puno ng ubas [si Jesucristo] na pagkukuhanan ng iba ng pagkain.)

Ipakita sa klase ang isang maliit na sanga na pinutol mo mula sa isang puno at ipaliwanag kung gaano ka kasabik sa araw na makakakuha ka ng mga bunga mula rito at kainin ang mga iyon. Itanong sa klase kung kailan kaya sa palagay nila matitikman mo ang bunga mula sa sangang ito.

- Bakit hindi magbubunga ng anuman ang sangang ito? (Dahil nakahiwalay ito sa puno, hindi ito makatatanggap ng sustansya upang magbunga.)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 15:4–5. Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumunod sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas na kailangan upang lumaki ang isang bunga sa sanga.

- Ano ang sinabi ni Jesus na kailangan upang lumaki ang isang bunga sa sanga? (Dapat "manatili" ang sanga sa puno ng ubas.)
- Paano naging katulad ng sangang ito ang isang taong nawalay o pinutol mula sa Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na maaari nilang markahan ang mga salitang *manatili* o *nananatili* kapag nakita nila ito sa mga talata 4–5. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *manatili* na ginamit sa mga talatang ito ay manatiling matatag at palaging nakaugnay kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan (tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Kayo'y Manatili sa Akin," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 32).

- Ayon sa talata 5, ano ang resulta ng pananatili, o pagiging matatag na nakaugnay sa Tagapagligtas? (Magdudulot ng maraming bunga ang mga disipulo ni Jesucristo.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na di-kumpletong pahayag: *Kung susundin natin ang mga kautusan, mananatili tayo sa pagmamahal ng Tagapagligtas at …*

Upang matulungan ang klase na maunawaan ang isang paraan na tinutulungan tayo ni Jesucristo na sumunod sa mga kautusan at manatili sa pagmamahal Niya, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag:

> "Sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoon na ang bawat tao, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, ay makatatanggap ng lakas at tulong na gumawa nang mabuti na hindi nila magagawa sa sariling kakayahan lamang nila. Ang biyayang ito ay isang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan na nagtutulot sa kalalakihan at kababaihan na magtamo ng buhay na walang hanggan at kadakilaan matapos nilang magawa ang lahat ng makakaya nila." (Bible Dictionary, "Grace").

- Ano ang ilan sa mga paraan na pinalalakas tayo ni Jesucristo upang masunod ang mga kautusan?

Ibuod ang Juan 15:6–8 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na ang mga taong hindi nananatili sa Kanya ay katulad ng mga sangang pinutol. Nalalanta at

namamatay ito, ngunit ang mga taong nananatili kay Jesucristo ay gumagawa ng mga mabubuting gawa na lumuluwalhati sa Diyos.

- Ano ang magagawa natin upang manatili, o matatag na nakaugnay sa Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 15:9–11. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinurong gawin ni Jesus sa Kanyang mga disipulo at ang mga pagpapalang matatanggap nila.

- Ano ang itinurong gawin ni Jesus sa Kanyang mga disipulo?
- Paano tayo napapanatili sa pagmamahal ng Tagapagligtas kapag sinunod natin ang mga kautusan? (Ipaliwanag na bagama't perpekto at walang hanggan ang pagmamahal sa atin ng Ama at Anak, ang pagsunod natin sa Kanilang mga kautusan ang nagtutulot sa atin na matanggap ang buong pagpapalang nais Nilang ipagkaloob sa atin [tingnan sa 1 Nephi 17:35; D at T 95:12; 130:20–21].)
- Ayon sa talata 11, bakit itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na manatili sa Kanya at gumawa ng mabubuting gawa?

Sabihin sa mga estudyante kung paano nila tatapusin ang di-kumpletong pahayag sa pisara bilang isang alituntunin ayon sa nabasa nila sa talata 11. (Gamit ang mga salita ng mga estudyante, kumpletuhin ang pangungusap sa pisara na nagpapakita ng sumusunod na alituntunin: **Kung susundin natin ang mga kautusan, mananatili tayo sa pagmamahal ng Tagapagligtas at makatatanggap ng ganap na kagalakan.**)

- Sa palagay ninyo, bakit ang pananatili sa Tagapagligtas ay nagtutulot sa atin na matanggap ang ganap na kagalakan?

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang taong kilala nila na nakadama ng kagalakan dahil nananatili siya sa Tagapagligtas. Sabihin sa ilang estudyante na magkuwento tungkol sa taong naisip nila at ipaliwanag kung bakit mabuting halimbawa ang taong ito sa pagsunod sa alituntuning ito. Maaari mo ring sabihin sa mga estudyante na ibahagi kung paano nakapagbigay sa kanila ng kagalakan ang pananatili sa Tagapagligtas.

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga paraan na magpapanatili sa kanila na matibay na nakaugnay sa Tagapagligtas at makatanggap ng mas malaking kagalakan.

## Juan 15:12–17

### *Iniutos ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na mangagibigan sila sa isa't isa*

Isulat sa pisara ang sumusunod ng pahayag ni Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol. (Ang pahayag na ito ay matatagpuan sa "Ang Misyon at Ministeryo ni Jesucristo," *Liahona,* Abr. 2013, 38.)

> *"Tunay na ang pinakamainam na ebidensya ng ating pagsamba kay Jesus ay ang pagtulad natin sa Kanya" (Pangulong Russell M. Nelson).*

Salungguhitan ang salitang *pagsamba* at *pagtulad* sa pahayag na nasa pisara. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga salitang may salungguhit. (*Ang pagsamba* ay malaking pagmamahal at paggalang, at ang *pagtulad* ay nangangahulugang paggaya.)

- Sa palagay ninyo, bakit ang pagtulad kay Jesus ang pinakamainam na paraan upang maipakita na minamahal at iginagalang natin Siya?


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 15:12. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas kung paano natin Siya matutularan.

- Ano ang iniutos ni Jesus na gawin natin? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na katotohanan: **Iniutos ng Tagapagligtas na ibigin o mahalin natin ang isa't isa gaya ng pag-ibig o pagmamahal Niya sa atin.** Hikayatin ang mga estudyante na markahan ang katotohanang ito sa talata 12.)
- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng mahalin ang iba tulad ng pagmamahal sa inyo ni Jesucristo?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 15:13–17, na inaalam kung paano tayo minahal ng Tagapagligtas. Pagkatapos ng sapat na oras, pagpartner-partnerin sila at sabihin na talakayin nila sa kanilang mga kapartner ang nalaman nila. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Ayon sa talata 13, ano ang sinabi ng Tagapagligtas na pinakadakilang pagpapakita ng pag-ibig o pagmamahal?
- Paano Niya ipinakita ang ganitong klase ng pag-ibig o pagmamahal?

Upang matulungan ang estudyante na mas maunawaan ang kahulugan ng pag-aalay sa ating buhay, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Claudio R. M. Costa ng Pitumpu:



"Ibinigay [ni Jesucristo] sa atin ang pinakadakilang halimbawa ng pagmamahal nang sabihin Niyang 'Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan' [Juan 15:13]. Kalaunan ay nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan at sa huli ay inalay ang Kanyang buhay para sa ating lahat.

"Maiaalay natin ang ating buhay para sa ating mga minamahal hindi sa pamamagitan ng pagkamatay para sa kanila, kundi sa pamumuhay para sa kanila—pag-uukol ng panahon sa kanila; pagiging bahagi lagi ng kanilang buhay; paglilingkod sa kanila; paggalang, pagiging magiliw, at pagpapakita ng tunay na pagmamahal sa ating pamilya at sa lahat ng tao—gaya ng itinuro ng Tagapagligtas" ("Huwag Nang Ipagbukas pa ang Maaari Mong Gawin Ngayon," *Ensign* o *Liahona* Nob. 2007, 74).

- Ayon kay Elder Costa, ano ang ilang paraan na maiaalay natin ang ating buhay para sa iba?
- Kailan may nag-alay ng kanyang buhay nang ganitong paraan para sa inyo?

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan ang kautusan ng Panginoon na mahalin ang iba tulad ng pagmamahal Niya sa atin. Bigyan sila ng ilang minuto upang magsulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal tungkol sa isang tao na sa palagay nila ay nais ng Tagapagligtas na pakitaan nila ng pagmamahal at isang plano kung paano nila gagawin ito.

***Tulungan ang mga estudyante na maipamuhay ang mga doktrina at mga alituntunin***

Mas maipapamuhay ng mga estudyante ang mga doktrina at mga alituntunin na matatagpuan nila sa mga banal na kasulatan kapag naramdaman nila ang katotohanan at kahalagahan nito sa pamamagitan ng Espiritu at madama ang pangangailangan na ipamuhay ito. Ang isang mabisang paraan upang matulungan ang mga estudyante na madama ang katotohanan at kahalagahan ng mga doktrina at mga alituntunin ay ang hikayatin sila na pag-isipan ang tungkol dito at magsulat ng mga paraan na magagamit o maipapamuhay nila ang mga katotohanang natutuhan nila.

## Juan 15:18–27

*Nagbababala si Jesus sa Kanyang mga disipulo tungkol sa mga pang-uusig na mararanasan nila dahil sa pagpapatotoo tungkol sa Kanya*

Ipaliwanag na pagkatapos ituro ng Tagapagligtas sa mga disipulo Niya ang tungkol sa pananatili sa Kanya at pagpapakita ng pagmamahal sa isa't isa, itinuro Niya ang mangyayari sa kanila dahil sa patotoong mayroon sila sa Kanya at ang tungkuling ibahagi ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 15:18–20, at sabihin sa klase na alamin ang itinuro ni Jesus tungkol sa magiging pakikitungo ng sanglibutan sa Kanyang mga disipulo. (Ipaliwanag na sa mga talatang ito, tinutukoy ng "sanglibutan" ang mga taong makasalanan at kumakalaban sa Diyos.)

- Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa magiging pakikitungo ng sanglibutan sa Kanyang mga disipulo?

Maaari mong ipaliwanag sa mga estudyante na dahil "kinapopootan ng sanglibutan" ang mga disipulo ng Tagapagligtas, maaaring makaharap ng mga estudyante ang mga anti-Mormon at mga media at website na napopoot at kumakalaban sa Simbahan. Mararanasan ng ilang estudyante ang hindi pagtanggap sa kanila, pagpapahiya, at pananakot sa pamamagitan ng pagpapakita ng galit, kasama na ang cyberbullying.

Kung angkop, maaari mong ituro sa mga estudyante kung paano at saan sila makahahanap ng mga sagot sa mga paratang na puno ng pagkapoot laban sa Simbahan. Dagdag sa paghingi ng tulong sa mga mapagkakatiwalaang adult, makahahanap ang mga estudyante ng mga online resources sa mormonnewsroom.org, lds.org/topics, at seektruth.lds.org.

Ibuod ang Juan 15:21–25 na ipinapaliwanag na ipinahayag ni Jesucristo na ang mga yaong napopoot sa Kanya ay napopoot din sa Ama at pananagutin sila sa mga pagpili nila.

Ipaliwanag na sa kabila ng pagkapoot at pang-uusig ng iba sa mga tagasunod ng Tagapagligtas, naglaan si Jesucristo ng mga paraan upang matanggap ng mundo ang patotoo sa Kanya. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 15:26–27, na inaalam ang mga saksi na magpapatotoo kay Jesucristo sa mundo.

- Sino ang sinabi ng Tagapagligtas na magpapatotoo sa Kanyang pagkadiyos at kabanalan? (Ang Espiritu Santo at ang mga disipulo ng Tagapagligtas.)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga alituntunin at mga katotohanan sa lesson na ito. Hikayatin silang pag-isipang muli ang naramdaman nilang gawin at sundin ang mga pahiwatig na matatanggap nila mula sa Espiritu Santo.

HOME-STUDY LESSON

# Juan 11–15 (Unit 15)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng Daily Home-Study Lessons*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Juan 11–15 (unit 15) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong itinuturo ay nakatuon lamang sa ilang mga doktrina at alituntunin. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Juan 11)

Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa pagpapabangon ni Jesus kay Lazaro mula sa kamatayan, natutuhan nila ang sumusunod na mga alituntunin: Mapipili nating manampalataya kay Jesucristo sa mga panahong sinusubukan tayo. Si Jesucristo ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Buhay. Kung maniniwala tayo kay Jesucristo, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Kung pipiliin nating manampalataya kay Jesucristo sa mga panahong sinusubukan tayo, mapagtitibay at mapapalalim ang ating pananampalataya sa Kanya.

### Day 2 (Juan 12)

Napag-aralan ng mga estudyante ang tungkol kay Maria, ang kapatid nina Marta at Lazaro, na nagpahid ng unguento sa mga paa ni Jesus at ang matagumpay na pagpasok ng Tagapagligtas sa Jerusalem. Napag-aralan din nila ang tungkol sa mga turo ng Tagapagligtas sa Jerusalem. Mula sa mga turo ng Tagapagligtas, nalaman ng mga estudyante ang mga sumusunod na katotohanan: Hindi lamang mga himala ang dahilan upang maniwala tayo kay Jesucristo. Ang mas unahin ang iba kaysa bigyang-kaluguran ang Diyos ay makahahadlang sa atin na hayagang ihayag ang ating paniniwala kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Kung naniniwala tayo kay Jesucristo, hindi tayo mamumuhay sa espirituwal na kadiliman.

### Day 3 (Juan 13)

Sa pagbabasa ng mga estudyante sa tala tungkol sa paghuhugas ni Jesus sa mga paa ng mga Apostol, nalaman nila ang mga sumusunod na katotohanan: Kapag tinutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod sa iba, mas magiging masaya tayo. Kapag minamahal natin ang isa't isa tulad ng pagmamahal ni Jesucristo sa atin, malalaman ng iba na tayo ay mga disipulo Niya.

### Day 4 (Juan 14–15)

Sa lesson na ito, pinag-aralan ng mga estudyante ang mga itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol bago Niya sinimulan ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Nalaman nila na sa pamamagitan lamang ng Pagbabayad-Sala ni Jesucristo at sa pagsunod sa Kanyang landas tayo makapapasok sa kaharian ng Ama sa Langit. Nalaman din nila na maipapakita natin ang ating pagmamahal kay Jesucristo sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan at na ang Espiritu Santo ay magpapanatag sa atin, magtuturo sa atin ng lahat ng bagay, at magpapaalaala ng lahat ng bagay sa atin. Sa pag-aaral ng mga estudyante tungkol sa puno ng ubas at mga sanga, nalaman nila na kung susundin natin ang mga kautusan, mananatili tayo sa pagmamahal ng Tagapagligtas at makatatanggap ng ganap na kagalakan.

## Pambungad

Ang lesson na ito ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang dapat nilang gawin upang makabalik sa Ama sa Langit. Bukod pa rito, kapag nirebyu ng

mga estudyante ang payo ng Panginoon na nakatala sa Juan 14, maiisip nila kung paano nila mas masusunod ang landas ng Tagapagligtas.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 14:1–14

*Itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol kung paano makababalik sa Ama sa Langit*

Kung maaari, magdispley ng mapa ng inyong lungsod at sabihin sa mga estudyante na tukuyin ang kanilang kasalukuyang kinaroroonan dito. Sa mapa, tukuyin ang isa pang lugar na pamilyar sa mga estudyante. Sabihin sa kanila na isulat sa isang pirasong papel kung paano mapupuntahan ang lugar na iyon mula sa kanilang kasalukuyang kinaroroonan. Sabihin sa isa o dalawang estudyante na ibahagi ang isinulat nila.

Isulat ang *Kahariang Selestiyal* sa pisara. Sabihin sa mga estudyante na isipin ang direksiyong ibibigay nila sa isang taong gustong malaman kung paano mararating ang kahariang selestiyal.

Ipaalala sa mga estudyante na sa pag-aaral nila ng Juan 14 sa kanilang daily lesson, natutuhan nila ang isang katotohanang nakatulong sa kanilang malaman kung paano makabalik sa Ama sa Langit at makapasok sa kahariang selestiyal. Ipaliwanag na mas marami silang matututuhan sa lesson na ito tungkol sa katotohanang iyon.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng Juan 14, ipaalala sa kanila na ipinagdiwang ng Tagapagligtas ang Paskua kasama ang Kanyang mga Apostol sa isang silid sa Jerusalem. Pagkatapos ng hapunan ng Paskua, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na malapit na Niyang iwan sila (tingnan sa Juan 13:33).

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 14:1–5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol upang matulungan silang mapanatag.

Ipaliwanag na inihayag sa Joseph Smith Translation, John 14:3 na, "At kapag ako'y pumaroon, ako ay maghahanda ng lugar para sa inyo, at muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon."

- Ano ang itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol upang matulungan silang mapanatag?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga katagang "sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan" (Juan 14:2)?

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith. Sabihin sa klase na pakinggan ang sinabi niya na ibig sabihin ng mga kataga.



"[Ang pahayag na] 'Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan' … Ito ay dapat gawing—'Sa kaharian ng aking Ama ay maraming kaharian,' upang kayo ay maging mga tagapagmana ng Diyos at mga kasamang tagapagmana ko. … May mga mansiyon para sa mga yaong sumusunod sa batas na selestiyal, at may iba pang mga mansiyon para sa mga yaong lumalabag sa batas, bawat tao sa kanyang sariling kaayusan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 255).

Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang mga salitang *kaharian* at *mga kaharian* sa kanilang mga banal na kasulatan sa ibabaw ng mga salitang *bahay* at *tahanan* sa Juan 14:2.

- Aling mga turo sa Juan 14:1–4 ang maaaring makapagpanatag sa mga Apostol?
- Ayon sa talata 5, paano tumugon si Tomas sa turo ng Tagapagligtas na alam ng Kanyang mga Apostol ang daan patungo sa kaharian ng Ama sa Langit?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 14:6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ni Jesus sa tanong ni Thomas. Ipaalala na ito ay isang scripture mastery passage.

- Paano sinagot ni Jesus ang tanong ni Tomas?

Magdrowing ng isang landas sa pisara. Isulat sa isang dulo ng landas ang *Tayo,* at isulat sa kabilang dulo ang *Kaharian ng Ama sa Langit.* Isulat ang *Ang Daan* sa ilalim ng landas, at ituro na tinutukoy ng katagang ito ang landas na maghahatid sa atin mula sa isang lugar patungo sa isa pa.

- Paano naging Daan ang Tagapagligtas? (Maaaring isagot ng mga estudyante na ipinakita sa atin ng Tagapagligtas kung paano mamuhay upang maging katulad ng Diyos at paano maging karapat-dapat na makasama ang Ama sa Langit.)

Isulat ang *Ang Katotohanan* at ang *Ang Buhay* sa pisara sa ilalim ng "Ang Daan."

- Sa paanong mga paraan na si Jesucristo ang Katotohanan? (Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan at ipinamuhay Niya nang perpekto ang lahat ng katotohanan.)
- Sa paanong mga paraan na si Jesucristo ang Buhay? (Ginawa niyang posible para sa atin na pagtagumpayan ang pisikal na kamatayan at mabuhay muli na may mga imortal na pisikal na katawan at pagtagumpayan ang kamatayang espirituwal upang matamo ang buhay na walang hanggan. Siya ang "ang liwanag na nasa lahat ng bagay, na nagbibigay ng buhay sa lahat ng bagay" [D at T 88:13].)


Sa ilalim ng landas na idinrowing sa pisara, isulat ang *Si Jesucristo ay* sa tabi ng "Ang Daan."

- Ayon sa mga tinalakay natin at sa natutuhan ninyo sa inyong daily lesson, paano ninyo ibubuod ang ibig sabihin ng pahayag ng Panginoon na "sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko"? (Juan 14:6). (Maaaring iba't iba ang mga gagamiting salita ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang katotohanang tulad ng sumusunod: **Sa pamamagitan**

**lamang ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa pagtahak sa Kanyang daan tayo makakapasok sa kaharian ng Ama sa Langit.**)

- Ano ang mangyayari kung susubukan nating tahakin ang isang daan na hindi ang daan ng Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Lawrence E. Corbridge ng Pitumpu. Sabihin sa klase na pakinggan ang mangyayari kung susubukan nating tahakin ang isang daan na hindi ang daan ng Tagapagligtas.



"Si Jesucristo ang Daan. Siya ang Ilaw at Kabuhayan, ang Tinapay at Tubig, ang Simula at ang Wakas, ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Buhay, ang Tagapagligtas ng mundo, ang Katotohanan, at ang Daan.

"Iisa lamang ang Landas tungo sa kaligayahan at kaganapan. Siya ang Daan. Ang iba pang daan, anumang iba pang daan, kahit saan, ay kahangalan. …

"Ang paraan ng Panginoon ay hindi mahirap. Mahirap ang buhay, hindi ang ebanghelyo. 'May pagsalungat sa lahat ng bagay' [2 Nephi 2:11], saanman, para sa lahat. Mahirap ang buhay para sa ating lahat, ngunit simple rin naman ang buhay. Dalawa lamang ang ating pagpipilian. Maaari nating sundin ang Panginoon at mapagkalooban ng Kanyang kapangyarihan at magkaroon ng kapayapaan, liwanag, lakas, kaalaman, tiwala, pagmamahal, at galak o maaari tayong umiba ng daan, anumang ibang daan, kahit saan, at mamuhay mag-isa, nang walang suporta Niya, walang kapangyarihan Niya, walang patnubay, sa dilim, pag-aalinlangan, dalamhati, at kalungkutan. At ang tanong ko, aling daan ang mas madali? …

"Iisa lamang ang daan tungo sa kaligayahan at kaganapan. Si Jesucristo ang Daan" ("Ang Daan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 34, 36).

- Ayon kay Elder Corbridge, ano ang mangyayari kung hindi natin tatahakin ang daan ng Tagapagligtas?
- Ano ang mangyayari kung tatahakin natin ang daan ng Tagapagligtas?
- Ano ang daan ng Tagapagligtas? (Kung kailangan, ipaalala sa mga estudyante na kasama sa daan ng Tagapagligtas ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Kanya at sa Ama sa Langit; pagsisisi; pagtanggap sa mga ordenansa ng kaligtasan, tulad ng pagbibinyag at mga ordenansa sa templo; at pagtitiis hanggang wakas nang may pananampalataya at pagsunod.)

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang mga karanasan nila nang pagpalain sila dahil sa pagtahak sa daan ng Tagapagligtas. Sabihin sa ilan sa kanila na ibahagi ang mga karanasan nila.

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung gaano nila natatahak nang mabuti ang daan ng Tagapagligtas. Sabihin sa kanilang isipin ang isang paraan na masusunod nila nang mas mabuti ang Tagapagligtas at magtakda ng mithiin na isagawa ang paraang ito.

Ibuod ang Juan 14:7–14 na ipinapaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na isa sa mga layunin Niya sa pagparito sa mundo ang ipahayag ang tunay na katauhan ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at

gawa. Ipinangako rin Niya sa Kanyang mga Apostol na magkakaroon sila ng kapangyarihang gumawa ng mga dakilang gawain.

### Susunod na Unit (Juan 16–21)

Hikayatin ang mga estudyante na hanapin ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong habang tinatapos nila ang kanilang pag-aaral ng Ebanghelyo Ayon kay Juan: Ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang ina habang nakapako Siya sa krus? Sino ang unang taong pinagpakitaan ni Jesucristo matapos Siyang mabuhay na muli? Sino ang hindi naniwala sa patotoo ng iba na nabuhay na muli si Jesus? Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano kaya ang sasabihin ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na naging mga saksi Niya at ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ngunit nagpasiyang bumalik sa kanilang mga dating trabaho sa halip na ipangaral ang ebanghelyo. Sabihin sa kanila na alamin sa susunod na unit kung ano ang sinabi ng Tagapagligtas sa mga disipulong ito.

LESSON 76

# Juan 16

## Pambungad

Pagkatapos ng hapunan ng Paskua, nagpatuloy si Jesucristo sa pagtuturo sa Kanyang mga disipulo. Sinabi Niya na malapit na Siyang pumunta sa Kanyang Ama at na darating ang Espiritu Santo, o ang Mang-aaliw, at gagabayan sila sa buong katotohanan. Ipinropesiya ni Jesus ang Kanyang sariling kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uuli at ipinahayag na nadaig Niya ang sanglibutan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 16:1–15

*Itinuro ni Jesucristo ang gawain ng Espiritu Santo*

Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase. Piringan ang estudyante upang hindi siya makakita. Matapos piringan ang estudyante, sabihin sa ibang mga estudyante na ilagay sa kahit saang lugar sa silid ang kanilang mga banal na kasulatan. Pagkatapos, itanong sa nakapiring na estudyante kung gaano kahirap ang maghanap ng isang partikular na mga banal na kasulatan sa silid at buksan ito sa isang partikular na pahina. Itanong sa estudyante kung makatutulong kaya kapag may taong handang gumabay sa kanya.

Sabihin sa nakapiring na estudyante na pumili ng isang estudyante na gagabay sa kanya. Sabihin sa napiling estudyante na gabayan ang nakapiring na estudyante sa tinukoy na set ng mga banal na kasulatan at tulungan siyang mahanap ang isang partikular na pahina. Pagkatapos magawa ang mga ito, ipaliwanag na noong nasa daigdig si Jesucristo, ginabayan at tinuruan Niya ang Kanyang mga disipulo. Personal Niyang ginabayan sila upang maunawaan ang mga katotohanang itinuro Niya.

Ibuod ang Juan 16:1–4 na ipinapaliwanag na matapos kumain si Jesus ng hapunan ng Paskua kasama ang Kanyang mga disipulo, sinabi Niyang darating ang oras na mapopoot sa kanila ang mga tao at maniniwala ang mga ito na isang paglilingkod sa Diyos ang pagpatay sa kanila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:5–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo at ang nadama nila tungkol dito.

- Ano ang naramdaman ng mga disipulo tungkol sa ipinahayag na lilisan na si Jesus at na uusigin sila?

Sabihin sa estudyanteng gumagabay sa nakapiring na estudyante na bumalik sa kanyang upuan. Itanong sa nakapiring na estudyante:


- Ano ang pakiramdam na maging mag-isa muli na walang kaibigang tumutulong sa iyo?

Bigyan ng upuan ang nakapiring na estudyante, at sabihin sa kanyang umupo (ngunit huwag tanggalin ang piring).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang ipinangako ni Jesus na ipadadala kapag wala na Siya.

- Sino ang ipinangako ni Jesus na darating kapag lumisan na Siya? (Ipadadala ni Jesus ang Mang-aaliw, o ang Espiritu Santo.)

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *nararapat,* na ginamit sa talata 7, ay kapaki-pakinabang o makabubuti. Ipaliwanag na "hindi gaanong nagpadama ang Espiritu Santo sa mga Judio sa mga panahong narito sa mundo si Jesus (Juan 7:39; 16:7)" (Bible Dictionary, "Holy Ghost"). Upang matulungan ang klase na maunawaan kung bakit hindi gaanong nagpadama ang Espiritu Santo, basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Hangga't kasama ng mga disipulo si Jesus, hindi nila kailangan ang palagiang paggabay ng Espiritu, kakailanganin nila ang Espiritu matapos lumisan ni Jesus" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1965–73], 753).

Ibuod ang Juan 16:8–12 na ipinapaliwanag na isa sa mga gawain ng Espiritu Santo ay sumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan nito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:13, at sabihin sa klase na alamin ang iba pang mga gawain na isasakatuparan ng Mang-aaliw sa buhay ng mga disipulo matapos lumisan si Jesus.

- Anong mga gawain ang isasakatuparan ng Espiritu Santo sa buhay ng mga disipulo ng Panginoon matapos Siyang lumisan? Paano makikinabang ang mga disipulo mula sa tulong at gabay na ibibigay ng Espiritu Santo?
- Ayon sa talata 13, ano rin ang magagawa ng Espiritu Santo para sa atin sa panahong ito? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Magagabayan tayo ng Espiritu Santo sa buong katotohanan at maipapahayag sa atin ang mga bagay na darating.**)
- Ano ang ilang paraan na gagabayan tayo ng Espiritu Santo sa katotohanan?
- Sa anong mga paraan maaaring maipahayag sa atin ng Espiritu Santo ang mga bagay na darating? (Kung kailangan, ipaliwanag na sa pamamagitan ng Espiritu Santo, makapagbibigay ang Diyos ng katiyakan, pag-asa, pananaw, babala, at gabay para sa ating hinaharap.)

Maglagay ng isang bagay (isang gantimpala) sa isang istante o upuan o kahit saan sa silid. Sabihin sa nakapiring na estudyante na hanapin ang bagay. Sabihin sa isa pa na ibulong sa nakapiring na estudyante ang direksyon upang matulungan siyang mahanap ang gantimpala. Pagkatapos mahanap ng estudyante ang bagay, sabihin sa kanya na alisin ang piring. Pabalikin ang dalawang estudyante sa kanilang upuan. Itanong sa klase:

- Kailan ninyo nadama na ginabayan kayo ng Espiritu Santo sa katotohanan? Paano ninyo nakilala na ang Espiritu Santo ang gumagabay sa inyo?

Maaari mong ibahagi ang isang karanasan sa buhay mo na ginabayan ka ng Espiritu Santo. Upang matulungan ang mga estudyante na ipamuhay ang katotohanang napag-aralan nila, hikayatin silang mamuhay sa mga paraan na mag-aanyaya sa paggabay ng Espiritu Santo sa kanilang buhay.

### *Pagbabahagi ng mga naaangkop na karanasan*

Ang mga guro at mga estudyante ay dapat parehong magkaroon ng pagkakataong magbahagi ng kanilang mga ideya at pagkaunawa, pati na mga personal na karanasan nila sa doktrina o alituntunin. Maaari din nilang ikuwento ang mga karanasang nasaksihan nila sa buhay ng iba. Gayunman, maaaring kailanganin mong tulungan ang mga estudyante na maunawaan na may ilang karanasan na napakasagrado o napakapersonal para ibahagi sa klase (tingnan sa Alma 12:9; D at T 63:64).

Ipaliwanag na tinukoy sa Juan 16:13 na ang Espiritu Santo, na ang gawain ay patotohanan ang Ama at ang Anak, ay "hindi magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain." Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:14–15, at sabihin sa klase na alamin kung kaninong mga mensahe ang ipararating sa atin ng Espiritu Santo.

- Kaninong mga mensahe ang ipararating sa atin ng Espiritu Santo? (Matapos sumagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Inihahayag ng Espiritu Santo ang mga katotohanan at mga tagubilin na nagmumula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.**)
- Bakit nakatutulong na malaman na kapag nangungusap sa atin ang Espiritu Santo, Siya ay nangungusap para sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?

Ipaliwanag sa mga estudyante na "ang pakikipag-ugnayan (ng Espiritu Santo) sa inyong espiritu ay may hatid na higit na katiyakan kaysa anumang pakikipag-ugnayang matatanggap ng inyong likas na mga pandamdam" (*Tapat sa Pananampalataya* [2006], 26). Ang ibig sabihin nito ay ang Espiritu Santo ang ating pinakamahalagang gabay sa pag-aaral ng katotohanan; mas mahalaga ang impluwensya Niya kaysa sa mga katibayang nakikita, sa mga opinyon ng iba, o sa pangangatwiran ng mundo. Tulad natin, kailangang matutuhan ng mga disipulo ng Tagapagligtas na umasa sa Espiritu Santo bilang gabay sa pisikal na pagkawala ng Panginoon.

## Juan 16:16–33

### *Tinalakay ng Tagapagligtas ang Kanyang paglisan mula sa mortalidad at ipinahayag na nadaig Niya ang sanglibutan*

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang isang pangyayari na kailangan nilang magpaalam sa kanilang pamilya o kaibigan.

- Ano ang sinabi ninyo upang mapanatag ang isa't isa noong magpaalam kayo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:16. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi pa ni Jesus sa mga disipulo na maaaring nagpanatag sa kanila habang iniisip nila na lilisan Siya. Sabihin sa klase na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na sa Juan 16:17–19, mababasa natin na hindi naunawaan ng mga disipulo ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin Niya na lilisan na Siya ngunit muli nila Siyang makikita.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:20–22. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Panginoon na madarama ng Kanyang mga disipulo kapag umalis Siya at ang madarama nila kapag muli Siyang nakita nila. Maaari mong kailanganing ipaliwanag na ang mga katagang "babae … (na) manganganak" ay tumutukoy sa isang ina na nahihirapan sa panganganak.

- Ano ang mararamdaman ng mga disipulo kapag wala na si Jesus? Ano ang ipinangako Niyang mangyayari pagkatapos niyon?

Ipaliwanag na makikita muli ng mga disipulo si Jesus pagkatapos Niyang mabuhay na muli. Bagama't labis ang kanilang kalungkutan sa pagkamatay Niya, ang kagalakang madarama nila sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ay magiging walang hanggan.

Ibuod ang Juan 16:23–32 na ipinaliliwanag na itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na direktang manalangin sa Ama sa Langit sa Kanyang pangalan (pangalan ni Cristo) at tiniyak sa kanila ang pagmamahal ng Ama sa kanila at sa Kanya.


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 16:33, at sabihin sa klase na alamin ang mga salita at mga kataga na ginamit ng Tagapagligtas upang panatagin ang Kanyang mga disipulo.

- Anong mga salita at mga kataga ang ginamit ng Panginoon upang panatagin ang Kanyang mga disipulo?
- Ayon sa talata 33, bakit tayo magkakaroon ng kaligayahan at kapayapaan kahit narito tayo sa daigdig na puno ng pagdurusa at kamatayan? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Sapagkat nadaig ni Jesucristo ang sanglibutan, mapalalakas natin ang ating loob at magkakaroon ng kapayapaan.**)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng nadaig ni Jesucristo ang sanglibutan?

Ipaliwanag na bilang Bugtong na Anak ng Ama, namuhay si Jesucristo nang walang kasalanan, dinaig ang lahat ng tukso ng mundo. Naranasan din Niya ang bawat sakit at paghihirap at nagbayad-sala para sa mga kasalanan nating lahat. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay, Kanyang pagdurusa at kamatayan, at Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, nadaig Niya ang lahat ng hadlang sa atin na maging malinis, makahanap ng kapayapaan, at mamuhay muli kasama ang ating Ama sa Langit at ang mga mahal natin sa buhay.

- Sa anong mga paraan makatutulong ang kaalaman na nadaig ni Jesucristo ang sanglibutan upang mapalakas natin ang ating loob at magkaroon ng kapayapaan?

Bigyan ang mga estudyante ng kopya ng sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag, at sabihin sa klase na alamin ang paliwanag kung bakit kaya nating mapalakas ang ating loob sa kabila ng mga pagsubok at paghihirap sa mundong ito.



"Lakasan natin ang ating loob habang hinaharap natin ang mga hamon sa buhay. Bagama't nabubuhay tayo ngayon sa mas lalong nagiging mapanganib na panahon, minamahal at pinapatnubayan tayo ng Panginoon. Palagi Siyang nariyan sa ating tabi kapag ginagawa natin ang tama. Tutulungan Niya tayo sa oras ng pangangailangan. … Ang buhay natin ay maaari ding maging puno ng kagalakan habang sinusunod natin ang mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo.

"Sinabi ng Panginoon, 'Laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan' [Juan 16:33]. Ang kaalamang ito ay dapat magdulot sa atin ng malaking kaligayahan. Siya ay nabuhay at Siya ay namatay para sa atin. Siya ang nagbayad ng ating mga kasalanan. Nawa'y tularan natin ang Kanyang halimbawa. Nawa'y ipakita natin ang ating malaking pasasalamat sa Kanya sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang sakripisyo at pamumuhay sa paraang magiging karapat-dapat tayo na makabalik at makasama Niya balang-araw" ("Patnubayan Nawa Kayo ng Diyos Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 110–11).

- Kailan nakatulong sa inyo ang kaalamang dinaig ni Jesucristo ang sanglibutan upang maging malakas ang loob ninyo at magkaroon kayo ng kapayapaan?

Sabihin sa mga estudyante na lakasan nila ang kanilang loob at ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Magpatotoo na kapag ginawa nila ito, makadarama sila ng kapayapaan at pag-asa dahil sa nagbayad-salang sakripisyo at Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoon.

LESSON 77

# Juan 17

## Pambungad

Bago nagdusa ang Tagapagligtas sa Getsemani, inalay Niya ang dakilang Panalangin ng Pamamagitan. Ipinagdasal Niya na makilala ng Kanyang mga disipulo at lahat ng sumusunod sa Kanya ang Ama sa Langit at matanggap nila ang buhay na walang haggan, at ipinagdasal din Niya na maging isa sila sa Kanya at sa Kanyang Ama.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 17:1–8

*Nagdasal si Jesucristo sa Ama sa Langit*

Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng mga pangalan ng mga sikat na tao. Dapat may alam ang mga estudyante tungkol sa kanila. Pagkatapos, sabihin sa kanila na magbanggit ng mga taong kilalang-kilala nila.

- Ano ang pagkakaiba ng may alam kayo *tungkol* sa isang tao at talagang *kilalang-kilala* ninyo siya?
- Ano ang kailangang gawin para talagang makilala ninyo ang isang tao?
- Sinong mga tao ang nadarama ninyong mahalagang mas makilala pa? Bakit?

Ipaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas na mahalagang makilala ang Ama sa Langit at Siya. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang mga katotohanan habang pinag-aaralan nila ang Juan 17 na makatutulong sa kanilang makilala ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng Juan 17, ipaliwanag na sa pagitan ng Huling Hapunan ni Jesus at ng kanyang mga disipulo at nang pagpasok nila sa Halamanan ng Getsemani, nanalangin si Jesus at tinawag itong Panalangin ng Pamamagitan. Ang ibig sabihin ng salitang *pumagitna* ay makipag-usap sa isang tao para sa kapakanan ng iba. Sa pagkakataong ito, nakipag-usap si Jesucristo sa Ama sa Langit para sa kapakanan ng Kanyang mga disipulo, na nagsusumamo na makatanggap sila ng buhay na walang hanggan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 17:1–3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano inilarawan ng Tagapagligtas ang buhay na walang hanggan.

Ang **Juan 17:3** ay isang scripture mastery passage. Makatutulong sa mga estudyante ang pag-aaral ng mga scripture mastery passage upang madagdagan ang kanilang pagkaunawa sa mga pangunahing doktrina at maihanda silang ituro ito sa iba. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga scripture mastery passage sa paraang madali nila itong mahanap. Basahin ang ideya sa pagtuturo na nasa katapusan ng lesson upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang pag-aaral at pagsasaulo ng scripture passage na ito.

Para sa pagpapaliwanag ng scripture mastery at listahan ng mga karagdagang aktibidad upang matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang mga piniling talata, tingnan ang apendiks ng manwal na ito.

- Paano inilarawan ng Tagapagligtas ang buhay na walang hanggan?
- Ayon sa talata 3, paano ninyo ihahayag ang isang alituntuning nagtuturo ng dapat nating gawin upang makatanggap ng buhay na walang hanggan? (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga estudyante, ngunit tiyaking malinaw na naipahayag na **upang makatanggap ng buhay na walang hanggan, dapat makilala natin ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo.**)

Upang matulungan ang klase na maunawaan ang ibig sabihin ng makilala ang Diyos, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Magkaiba ang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos at ang talagang makilala siya. May kaalaman tayo tungkol sa kanya kapag nalaman natin na siya ay isang tunay na nilalang at na nilalang ang tao ayon sa kanyang larawan; kapag nalaman natin na kawangis ng Ama ang Anak; kapag nalaman nating nagtataglay ng partikular na mga katangian at kapangyarihan ang Ama at ang Anak. Ngunit kilala natin sila, sa pagkaunawa tungkol sa pagkakaroon ng buhay na walang hanggan, kapag nadama at naranasan natin ang mga bagay na ginagawa nila. Ang makilala ang Diyos ay ang maisip ang mga naiisip niya, ang maramdaman ang mga nararamdaman niya, ang magkaroon ng kapangyarihang taglay niya, maunawaan ang mga katotohanang nauunawaan niya, at magawa ang mga ginagawa niya. Ang mga taong nakakakilala sa Diyos ay nagiging katulad niya, at magtatamo ng uri ng buhay na taglay niya, na siyang buhay na walang hanggan" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo. [1965–73], 1:762).

- Ano ang ipinagkaiba ng talagang kilala ninyo ang Ama at ang Anak mula sa pagkakaroon lang ng kaalaman *tungkol* sa Kanila?
- Bakit hindi matatamo ng isang tao ang buhay na walang hanggan kung hindi niya kilala ang Diyos Ama at si Jesucristo?
- Ano ang ilang paraan na makikilala natin ang Ama at ang Anak?

Ibuod ang Juan 17:4–5 na ipinapaliwanag na sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang Ama na natapos na Niya ang gawaing ibinigay ng Kanyang Ama. Hiniling Niya sa Kanyang Ama na luwalhatiin Siya ng kaluwalhatiang tinamo Niya sa buhay bago ang buhay sa mundong ito.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 17:6–8. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ng Kanyang mga disipulo upang makilala ang Tagapagligtas.

- Ano ang ginawa ng mga disipulo upang makilala ang Tagapagligtas? (Maaari mong hikayatin ang mga estudyante na markahan ang mga katagang "kanilang tinanggap," "nangakilala nilang tunay," at "nagsipaniwala" sa talata 8.)

## Juan 17:9–19

### *Ipinagdasal ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 17:9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung para kanino ang ipinagdasal ng Tagapagligtas.

- Para kanino ang panalangin ng Tagapagligtas nang malapit na Niyang gawin ang Pagbabayad-sala?
- Sa palagay ninyo, bakit makatutulong sa mga Apostol ang marinig na nagdasal ang Tagapagligtas para sa kapakanan nila?

Isulat sa pisara ang *Juan 17:11–18*. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante. Sabihin sa mga magkakapartner na pag-aralan ang mga talatang ito, na inaalam ang hiniling ni Jesus para sa Kanyang mga disipulo. Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang mga nalaman nila. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilan na ibahagi sa klase ang nalaman nila.

Ipaliwanag na binanggit ng Tagapagligtas na patuloy na maninirahan ang mga disipulo Niya sa isang mundong masama at napopoot sa kanila.

- Anong katotohanan ang malalaman natin mula sa mga talata 14–16 tungkol sa paninirahan sa mundo bilang mga disipulo ni Jesucristo? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Bilang mga disipulo ni Jesucristo, dapat tayong mamuhay sa mundo ngunit hindi mamumuhay nang tulad ng mga nasa mundo.**)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mamuhay *sa* mundo ngunit hindi mamumuhay nang *tulad* ng mga nasa mundo?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Sa Simbahan, madalas nating binabanggit ang mga katagang: 'Mamuhay sa mundo ngunit hindi mamumuhay nang tulad ng mga nasa mundo.' …

"Marahil, dapat nating banggitin ang mga kataga … bilang dalawang magkahiwalay na utos. Una, *'Mamuhay sa mundo.'* "Makibahagi; matuto. Sikaping maging maunawain at mapagparaya at pahalagahan ang pagkakaiba-iba. Gumawa ng mga makabuluhang ambag sa lipunan sa pamamagitan ng paglilingkod at pakikilahok. Pangalawa, *'Hindi mamumuhay nang tulad ng mga nasa mundo.'* Huwag sumunod sa mga maling landas o magbago para lang makibagay o tanggapin ang hindi tama. …

"Kailangang mas nakakaimpluwensya ang mga miyembro ng Simbahan sa halip na maimpluwensyahan. Dapat tayong magsikap na pigilin ang paglaganap ng kasalanan at kasamaan sa halip na magpatangay na lamang dito. Kailangan ng bawat isa na tumulong sa paglutas sa problema sa halip na iwasan o pabayaan ito" ("The Effects of Television," *Ensign,* Mayo 1989, 80).

- Bakit nais ng Panginoon na manatili tayo sa mundo bagama't hindi tayo mamumuhay nang tulad ng mga nasa mundo?

Sabihin sa mga magkakapartner na umisip ng isang halimbawa kung paano mamumuhay ang isang tao sa mundo ngunit hindi mamumuhay nang tulad ng mga nasa mundo sa bawat sumusunod na mga sitwasyon:

1. Sa paaralan
2. Kasama ang mga kaibigan
3. Online

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ipaliwanag sa klase ang mga halimbawang naisip nila. Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang mga karanasan nila, o ng isang taong kilala nila, na nagpapakita ng pamumuhay sa mundo ngunit hindi namumuhay tulad ng mga nasa mundo.

Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang isang paraan na mas masusunod nila ang Tagapagligtas sa pamumuhay sa mundo ngunit hindi namumuhay tulad ng mga nasa mundo.

## Juan 17:20–26

### *Nanalangin ang Tagapagligtas para sa lahat ng taong tumanggap ng Kanyang ebanghelyo*

Sabihin sa isang estudyante na pumunta sa harapan ng klase at gawin ang isang gawain na makapagpaparumi sa kanilang mga kamay (tulad ng paglilinis sa mga eraser ng pisara o paghuhukay upang mahanap ang isang bagay sa isang basurahan). Hikayatin ang estudyante na subukang panatiliing malinis ang kanyang mga kamay habang ginagawa ito.

Pagkatapos itong magawa ng estudyante, sabihin sa estudyante na ipakita sa klase ang kanyang mga kamay.

- Paano katulad ng aktibidad na ito ang ating pagsisikap na mamuhay sa mundo ngunit hindi mamuhay nang tulad ng mga nasa mundo? (Sa kabila ng ating pagsisikap, hindi tayo mananatiling lubos na malinis mula sa mga kasalanan at kasamaan na mayroon sa mundo.)
- Kung hindi tayo magiging malinis mula sa ating mga kasalanan, ano ang mangyayari sa atin? Bakit? (Mahihiwalay tayo mula sa Diyos magpakailanman dahil walang maruming bagay ang makapananahanan sa Kanyang kinaroroonan [tingnan sa 1 Nephi 15:33–34].)

Pasalamatan ang estudyante, at paupuin na siya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 17:20–23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinagdasal ni Jesucristo.

- Ano ang ipinagdasal ni Jesucristo? (Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang salitang *isa* kapag nakita ito sa mga talata 20–23.)
- Ano ang magtutulot sa atin na maging isa sa Ama at sa Anak? (Ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na matatanggap natin sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan, at ang kaloob ng Espiritu Santo.)

Isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Kapag lumapit tayo kay Jesucristo at natanggap ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala, magiging iisa tayo sa Ama at sa Anak.**


Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang literal na ibig sabihin ng salitang Ingles na *Atonement* ay makikita na sa mismong kataga: at-one-ment, ang pagsasama-sama ng mga bagay na nahiwalay o nalayo" ("The Atonement of Jesus Christ," *Ensign,* Mar. 2008, 34–35).

- Mula sa inyong nalalaman tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, bakit nais ninyong maging isa sa Kanila?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust ng Unang Panguluhan. Sabihin sa klase na pakinggan ang pagpapalang darating sa mga naghahangad na maging isa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.



"Hindi lang natin dapat masigasig na hangarin na malaman ang Panginoon, ngunit magsikap tayo, tulad ng paanyaya Niya, na maging isa sa Kanya (tingnan sa Juan 17:21). …

"… Puno ng paghihirap at suliranin ang mga araw na darating. Ngunit dahil sa katiyakang dulot ng personal na ugnayan sa Diyos, mabibigyan tayo ng nakapapanatag na katapangan" ("That We Might Know Thee," *Ensign,* Ene. 1999, 2, 5).

Patotohanan ang kahalagahan na makilala si Jesucristo at ang Ama sa Langit at ang pagnanais na maging isa sa Kanila.

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang mga magagawa nila upang mas makilala ang Ama sa Langit at si Jesucristo at mapatibay ang ugnayan nila sa Kanila.

Sabihin sa mga estudyante na itala ang mga saloobin nila sa kanilang mga scripture study journal o notebook. Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na handang magbahagi ng kanilang mga saloobin at damdamin sa klase.

## Scripture Mastery—Juan 17:3

Upang matulungan ang mga estudyante na maisaulo ang Juan 17:3, sabihin sa kanilang dalhin ang scripture mastery card na naglalaman ng talatang ito sa susunod na linggo. Hikayatin silang rebyuhin ang talata at magsanay na bigkasin ito kung may pagkakataon. Maaari mong imungkahi na subukan nilang bigkasin ito nang walang kopya sa isang kapamilya at ipaliwanag ang ibig sabihin nito. Sa

simula ng klase sa mga darating na linggo, sabihin sa mga estudyante na ipaalam kung gaano na nila naisaulo ang talatang ito ito.

LESSON 78

# Juan 18–19

## Pambungad

Pagkatapos dakpin at tanungin ng mga pinunong Judio si Jesus, dinala nila Siya kay Pilato upang mahatulan at maparusahan. Pumayag si Pilato sa Pagpapako sa Krus ni Jesus, kahit alam niyang walang kasalanan si Jesus. Habang nakapako sa krus, ibinilin ng Tagapagligtas ang Kanyang ina kay Apostol Juan. Pagkatapos maipako sa krus si Jesus, inihimlay ang Kanyang katawan sa isang libingan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 18:1–32

*Si Jesus ay dinakip at tinanong ng mga pinunong Judio, na nagdala sa Kanya kay Pilato upang hatulan*

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong:

> *Kailan pinakamahirap na magmalasakit sa kapakanan ng iba?*

Sabihin sa ilang estudyante na ipaliwanag kung paano nila sasagutin ang tanong sa pisara.

Ipaliwanag na magkaibang bagay ang piniling unahin, o pahalagahan, ni Jesucristo at ng Romanong gobernador na si Pilato sa mga pangyayaring inilarawan sa Juan 18–19. Isulat ang *Mga alalahanin ni Jesucristo* at *Mga alalahanin ni Pilato* sa magkabilang panig ng pisara. Sabihin sa mga estudyante na alamin ang isang katotohanan habang pinag-aaralan nila ang Juan 18–19 na makatutulong sa kanila na malaman ang mga alalahaning dapat nilang unahin sa mga buhay nila.

Ibuod ang Juan 18:1–3 na ipinapaliwanag na matapos magdusa ni Jesus sa Halamanan ng Getsemani, dumating si Judas Iscariote kasama ang mga punong kawal mula sa mga punong saserdote at mga Fariseo upang dakpin si Jesus.

- Ano kaya ang magiging reaksyon ninyo kung alam ninyong may paparating na mga armadong tao na dadakipin kayo at kalaunan ay papatayin kayo?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 18:4–11 at Lucas 22:50–51. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tumugon si Jesus nang dumating ang grupong ito.

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga dumating upang dakpin Siya? (Maaari mong ipaliwanag na ang mga salitang *mga ito* sa Juan 18:8 at *sa mga* sa Juan 18:9 ay tumutukoy sa mga Apostol na kasama ni Jesus.)
- Ayon sa mga talatang ito, ano ang inaalala ni Jesus? (Habang sumasagot ang mga estudyante, itala ang mga sumusunod na mga kataga sa pisara sa ilalim ng "Mga alalahanin ni Jesucristo": *protektahan ang Kanyang mga Apostol; pagpapagaling sa tainga ng alipin; paggawa sa nais ipagawa ng Ama sa Langit.*)

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na buod ng Juan 18:12–32:

> Hinayaan ni Jesus na dakpin Siya ng mga punong kawal. Dinala nila Siya kay Anas, isa sa mga pinunong Judio, at pagkatapos kay Caifas, ang punong saserdote na nagnais na maparusahan si Jesus ng kamatayan. Sinundan ni Pedro at ng isa pang disipulo si Jesus. Nang tanungin ng tatlong magkakaibang tao si Pedro kung isa ba siya sa mga disipulo ni Jesus, ikinaila ni Pedro na kilala niya si Jesus sa bawat pagkakataon. Matapos tanungin ni Caifas si Jesus, dinala ng mga pinunong Judio si Jesus kay Pilato, ang Romanong gobernador ng lalawigan ng Judea, upang mahatulan at maparusahan. Ang mga Romano lamang ang may awtoridad na magpataw ng kamatayan sa Jerusalem.

Ipaliwanag na maaaring naganap ang paglilitis na ito sa Muog ng Antonia na malapit sa templo. (Maaari mong sabihin sa mga estudyante na tingnan ang Mga Mapa sa Biblia blg. 12 "Jerusalem Noong Kapanahunan ni Jesus," sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan at hanapin ang Muog ng Antonia [bilang 3 sa mapa].)

## Juan 18:33–19:16

### *Si Jesucristo ay nilitis ni Pilato*

Ipabasa nang malakas sa dalawang estudyante ang mga sinabi ng Tagapagligtas at ni Pilato, na nakatala sa Juan 18:33–37. (Bago magklase, maaari mong sabihin sa mga estudyanteng ito na hanapin ang mga linyang babasahin nila.) Maaari kang gumanap bilang narrator, o sabihin sa isa pang estudyante na maging narrator. Habang binabasa ng mga estudyante ang kanilang bahagi, sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nais malaman ni Pilato tungkol kay Jesus.

- Ayon sa Juan 18:33, ano ang nais malaman ni Pilato tungkol kay Jesus?

Ipaliwanag na pinaratangan si Jesus ng mga pinunong Judio na sinabi raw Niya na Siya ang hari ng mga Judio dahil kung sinabi nga ni Jesus na hari Siya, maihahabla Siya ng sedisyon, o pagtataksil, laban sa gobyernong Romano (tingnan sa Juan 19:12), isang krimen na kamatayan ang parusa.

- Ano ang ipinaliwanag ni Jesus kay Pilato? (Ang Kanyang kaharian "ay hindi sa sanglibutang ito" [Juan 18:36], at naparito Siya sa mundo upang "bigyang patotoo ang katotohanan" [Juan 18:37].)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 18:38–40, na inaalam ang pasiya ni Pilato tungkol kay Jesus.

- Ano ang pasiya ni Pilato tungkol kay Jesus? (Sinabi niya na "wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya" [talata 38].)
- Ayon sa talata 39, ano ang ginawa ni Pilato upang masubukang mapalaya si Jesus?

Ibuod ang Juan 19:1–5 na ipinapaliwanag na hinagupit at kinutya ng mga sundalong Romano si Jesus. Pagkatapos ay iniharap ni Pilato si Jesus sa mga tao.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Juan 19:4, 6, na inaalam ang inuulit-ulit ni Pilato sa mga Judio ("Wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya").

- Batay sa paggigiit ni Pilato na wala siyang nasumpungang kasalanan kay Jesus, ano kaya ang pinaniniwalaan niyang tamang gawin?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 19:7. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng mga pinunong Judio kay Pilato tungkol kay Jesus.

Sabihin sa mga estudyante na nagbasa ng mga sinabi ni Pilato, ni Jesus, at ng narrator na magpatuloy at basahin nang malakas ang Juan 19:8–11. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang naging reaksyon at tugon ni Pilato nang marinig niyang sinabi ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos.

- Ano ang reaksyon at tugon ni Pilato pagkatapos na sabihin sa kanya ng mga pinunong Judio na sinabi ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos?
- Kung kayo ang nasa sitwasyon ni Pilato, ano ang maaari ninyong maramdamam pagkatapos marinig ang sinabi ni Jesus tungkol sa inyong kapangyarihan bilang gobernador? Bakit?

Ipaliwanag na ang sinabi ni Jesus na nakatala sa talata 11 tungkol sa pagkakaroon ng mga pinunong Judio ng "lalong malaking kasalanan" ay nagpapahiwatig na kapag sumang-ayon si Pilato sa kahilingan ng mga tao at iniutos na maipako sa krus si Jesus, magkakasala si Pilato, ngunit hindi kasing bigat ng kasalanan ng mga taong gustung-gusto na maipapatay si Jesus.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 27:19, na inaalam ang ipinayo ng asawa ni Pilato na gawin niya. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 19:12–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nais gawin ni Pilato kay Jesus at paano tumugon ang mga Judio.

- Ayon sa talata 12, ano ang nais gawin ni Pilato?
- Ano ang sinabi ng mga pinunong Judio kay Pilato nang malaman nilang nais niyang pakawalan si Jesus?

Ipaalala sa mga estudyante na si Cesar ang Romanong emperador na nagbigay kay Pilato ng kanyang posisyon bilang gobernador ng Judea. Sa maraming pagkakataon, iniutos ni Pilato sa mga sundalong Romano na lipulin ang mga Judio, at nilapastangan niya ang ilan sa kanilang mga banal na kaugalian. Isinumbong kay Cesar ang mga ginawa ni Pilato at pinagsabihan ni Cesar si Pilato (tingnan sa chapter 34, note 7 sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* ika-3 ed. [1916], 648–49).

- Ano ang maaaring mangyari kay Pilato kung isumbong ng mga Judio na hindi siya "kaibigan" ni Cesar (talata 12)? (Kapag pinaghinalaan ni Cesar na hindi matapat si Pilato sa kanya, maaaring tanggalan ni Cesar si Pilato ng katungkulan at kapangyarihan bilang gobernador.)

Ipaliwanag na kailangang pumili ni Pilato, pipiliin ba niya ang kanyang sariling kapakanan o pakakawalan ang Tagapagligtas, na alam niyang walang kasalanan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 19:16. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang piniling gawin ni Pilato.

- Ano ang piniling gawin ni Pilato?
- Ano ang ipinapakita ng pagpiling ito tungkol sa higit na pinahahalagahan ni Pilato? (Habang sumasagot ang mga estudyante, itala ang sumusunod na mga kataga sa pisara sa ilalim ng "Mga alalahanin ni Pilato": *ang kanyang sarili; ang kanyang posisyon at kapangyarihan.*)
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa pasiya ni Pilato na unahin ang kanyang sariling kapakanan kaysa sa pagpapakawala sa Tagapagligtas, na alam niyang walang kasalanan? (Matapos sumagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Ang pag-uuna sa sarili nating kapakanan kaysa sa paggawa ng tama ay hahantong sa pagkakasala natin.**)
- Ano ang ilang sitwasyon kung saan maaari tayong matukso na unahin ang sarili nating kapakanan kaysa sa paggawa ng tama?
- Ano ang magagawa natin upang madaig ang tuksong unahin ang sarili nating kapakanan kaysa sa paggawa ng tama?

Sabihin sa mga estudyante na alamin ang maaari nilang malaman tungkol sa pagkatao ni Cristo kumpara sa pagkatao ni Pilato habang pinag-aaralan nila ang mga huling sandali ng buhay ni Jesucristo sa mundo.

> ***Paghahambing o pagkukumpara at pagkakaiba***
>
> Ang pagpansin sa mga pagkakatulad o pagkakapareho at pagkakaiba ng mga turo, tao, o pangyayari ay nagpapalinaw sa isang doktrina, alituntunin, o talata sa banal na kasulatan at mas nakikita ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

## Juan 19:17–42

### *Si Jesus ay ipinako sa krus, at ang Kanyang katawan ay inihimlay sa isang libingan*

Ibuod ang Juan 19:17–24 na ipinapaliwanag na pinasan ni Jesus ang krus Niya patungo sa Golgota, kung saan Siya ipinako sa krus.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 19:25–27. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang naroroon nang nakapako na sa krus si Jesus.

- Sino ang nakatayo malapit sa krus na pinagpakuan kay Jesus? (Matapos sumagot ng mga estudyante, ipaliwanag na ang mga katagang "alagad na … iniibig [ni Jesus] [talata 26] ay tumutukoy kay Apostol Juan, na kilala rin bilang si Juan ang Pinakamamahal.)
- Ayon sa mga talata 26–27, sino ang inaalala ni Jesus habang nakapako Siya sa krus? Ano ang ipinagawa ni Jesus kay Juan? (Alagaan ang Kanyang ina na parang sariling ina rin siya ni Juan. Sa ilalim ng "Mga alalahanin ni Jesucristo" sa pisara, isulat ang *ang kapakanan ng Kanyang ina.*)

Kung maaari, bigyan ang mga estudyante ng kopya ng sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag.



"Naipapakita ang ating tunay na pagkatao … sa kakayahang mapansin ang pagdurusa ng ibang mga tao kapag nagdurusa rin tayo; sa kakayahang maramdaman na nagugutom ang iba habang nagugutom din tayo; at sa kakayahang tumulong sa iba at magpakita ng pagkahabag sa mga taong dumaraan sa mga espirituwal na pagsubok kapag tayo rin ay nasa ganitong kalagayan. Samakatwid, naipapakita ang tunay na pagkatao sa pamamagitan ng pagmamalasakit at pagtulong kahit ang natural at likas na reaksyon ay magtuon lamang sa sarili at sa sariling problema. Kung ang gayong pag-uugali ang talagang pinakadakilang pamantayan ng mabuting pagkatao, samakatwid ang Tagapagligtas ng mundo ang pinakadakilang halimbawa ng gayong hindi pabagu-bago at matulungin at mapagmahal na pag-uugali" ("The Character of Christ" [Brigham Young University–Idaho Religion Symposium, Ene. 25, 2003], 2–3).

- Batay sa nalaman natin tungkol sa pag-uugali ng Tagapagligtas mula sa Juan 18–19, ano ang magagawa natin upang matularan ang Kanyang halimbawa? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Matutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpiling tumulong sa iba kahit nangangailangan din tayo.**)
- Paano natin mapaglalabanan ang hangaring unahing alalahanin ang ating sarili at piliing tumulong sa iba kahit maaaring nangangailangan din tayo?
- Kailan kayo nakakita ng isang taong tinularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpili na tumulong sa iba kahit nangangailangan din siya?

Maaari mong ibahagi ang iyong patotoo kay Jesucristo at sa perpektong halimbawang ipinakita Niya sa pag-una sa pangangailangan ng iba kaysa sa Kanyang sarili. Sabihin sa mga estudyante na isulat sa kanilang mga notebook o scripture study journal ang gagawin nila upang matularan ang halimbawa ng Tagapagligtas.

Ibuod ang Juan 19:28–42 na ipinaliliwanag na pagkatapos mamatay ni Jesus, hiniling ni Jose ng Arimatea kay Pilato ang katawan ni Jesus. Inihanda nina Jose at Nicodemo ang katawan ng Tagapagligtas at inihimlay ito sa isang libingan, na ipinagkaloob ni Jose.

LESSON 79

# Juan 20

## Pambungad

Sa Linggo matapos ang Pagpapako sa Krus, nakita ni Maria Magdalena na walang laman ang libingan at ipinaalam kina Juan at Pedro, na tumakbo naman patungo rito. Nagpakita kay Maria Magdalena ang nabuhay na muling Cristo at sa Kanyang mga disipulo kalaunan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 20:1–10

*Nakita ni Maria Magdalena na walang laman ang libingan at sinabi kina Juan at Pedro, na tumakbo naman patungo rito*

Upang maihanda ang mga estudyante na pag-aralan ang Juan 20, sabihin sa kanila na isipin ang isang pagkakataon na pumanaw ang mahal nila sa buhay o ang mahal sa buhay ng kakilala nila.


- Ano kaya ang madarama natin kapag namatay ang isang mahal natin sa buhay?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng Juan 20, ipaalala sa kanila na pagkatapos mamatay ni Jesus nang mga alas-3 ng hapon nang araw ng Biyernes, ang kanyang katawan ay inihimlay sa isang libingan sa hapon ding iyon at inilagay ang isang malaking bato upang isara ang pasukan ng libingan. At simula na ng araw ng Sabbath sa paglubog ng araw. (Maaari mong ipaliwanag na bago ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, ipinagdiriwang ang Sabbath ng mga pinagtipang tao ng Panginoon mula sa paglubog ng araw ng Biyernes hanggang sa paglubog ng araw ng Sabado.)

**_Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng mga banal na kasulatan_**

Kasama sa konteksto ng mga banal na kasulatan ang mga sitwasyong nakapalibot sa isang pangyayaring nakatala sa isang talata ng mga banal na kasulatan. Ang pag-unawa sa kontekstong ito ay maghahanda sa mga estudyante na matukoy ang mga mensahe ng mga inspiradong awtor ng mga banal na kasulatan. Makatutulong din ito sa mga estudyante na mailarawan sa kanilang isipan ang daigdig ng awtor at makita ang mga pangyayari gaya ng pagkakita rito ng awtor.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Joseph B. Wirthlin ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na isipin kung ano kaya ang nadama ng mga disipulo ni Jesus sa kalunus-lunos na araw na iyon ng Biyernes.



"Iniisip ko kung gaano kadilim ang Biyernes na iyon nang iangat sa Krus si Cristo.

"Noong kahindik-hindik na Biyernes na iyon nilindol at nagdilim ang mundo. Hinaplit ng bagyo ang daigdig.

"Ang masasamang taong iyon na pumatay sa Kanya ay nagalak. Ngayong wala na si Jesus, tiyak na magkakawatak-watak ang mga sumunod sa Kanya. Sa araw na iyon nagtagumpay sila.

"Noong araw na iyon ang tabing ng templo ay nahapak sa dalawa.

"Kapwa namighati at nalumbay si Maria Magdalena at si Maria na ina ni Jesus. Ang dakilang lalaking kanilang minahal at sinamba ay walang buhay na nakabayubay sa krus.

"Noong Biyernes na iyon nawalan ng pag-asa ang mga apostol. Si Jesus na kanilang Tagapagligtas—ang lalaking lumakad sa tubig at nagbangon sa mga patay—Siya mismo ay nasa kamay ng masasamang tao. Wala silang magawa habang nadaraig Siya ng Kanyang mga kaaway.

"Noong Biyernes na iyon ang Tagapagligtas ng sangkatauhan ay hinamak at sinaktan, inabuso at kinamuhian.

"Iyon ay araw ng Biyernes na puno ng masakit at nakapanlulupaypay na kalungkutang bumagabag sa kaluluwa ng mga yaong nagmahal at sumamba sa Anak ng Diyos.

"Palagay ko sa lahat ng araw sa simula pa lang ng kasaysayan, ang Biyernes na iyon ang pinakamadilim" ("Sasapit ang Linggo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 29).

- Kung isa kayo sa sa mga disipulo na naroroon noong Biyernes na iyon, ano kaya ang maiisip o madarama ninyo?

Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, basahin nang malakas ang karagdagang pahayag ni Elder Wirthlin:

"Ngunit hindi nagtagal ang malungkot na araw na iyon" ("Sasapit ang Linggo," 30).

Sabihin sa mga estudyante na alamin kung paano "hindi nagtagal ang malungkot na araw na iyon" habang pinag-aaralan nila ang Juan 20.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 20:1–2. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nakita ni Maria Magdalena nang dumating siya sa libingan ni Jesus noong umaga ng unang araw ng linggo, o Linggo.

- Ano ang nakita ni Maria?
- Ano ang ginawa ni Maria nang malaman niya na naalis ang bato sa pasukan ng libingan? Ano ang inisip niya?

Sabihin sa ilang mga estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 20:3–10. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ginawa ni Pedro at ni Juan, na tinukoy bilang "isang alagad" (talata 3), matapos marinig ang ibinalita ni Maria.

- Ano ang ginawa nina Pedro at Juan matapos marinig ang ibinalita ni Maria?

- Ayon sa talata 8, ano ang reaksyon ni Juan nang nakita niya ang libingang walang laman? Ano ang pinaniwalaan niya?

Maaari mong ipaliwanag na bago nakita ni Juan ang libingang walang laman, hindi pa niya lubos na naunawaan ang mga pahayag ng Tagapagligtas na babangon Siya mula sa kamatayan sa pangatlong araw. Nang nakita ni Juan ang libingang walang laman, naalala at naniwala na siya (tingnan sa Juan 20:8–9).

## Juan 20:11–31

### *Nagpakita kay Maria Magdalena ang nabuhay na muling Tagapagligtas at sa Kanyang mga disipulo kalaunan*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 20:11–15. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sino ang kumausap kay Maria pagkatapos lisanin nina Pedro at Juan ang libingan.

- Sa mga talata 12–13, sino ang kumausap kay Maria?
- Sino ang kumausap kay Maria sa talata 15? Sa palagay ni Maria, sino si Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 20:16–18. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Jesus kay Maria nang makilala niya Siya.

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang ibig sabihin ng katagang "huwag mo akong hipuin" (talata 17), ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Binangit sa King James Version na sinabi ni Jesus na 'Huwag mo akong hipuin.' Sinabi naman sa Joseph Smith Translation na 'Huwag mo akong hawakan.' Mababasa sa iba't ibang pagsasalin ng talata mula sa Griyego ang 'Huwag kang kumapit sa akin' o 'Huwag mo akong hawakan.' Ang ilang kahulugan ay nagsasabing 'Huwag kang kumapit sa akin kailanman' o 'Huwag mo akong hawakan kailanman.' Ang iba ay nagsasabing itigil na ang paghawak o pagkapit sa kanya, na nagpapahiwatig na nakahawak na sa kanya si Maria. Mayroong magandang dahilan para isiping ganito ang sinabi ng nabuhay na muling Panginoon kay Maria: 'Hindi mo na akong maaaring hawakan, dahil ako ay aakyat na sa aking Ama' " (*The Mortal Messiah*, 4 na tomo [1979–81], 4:264).

- Ayon sa talata 17, ano ang iniutos ni Jesus kay Maria?

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay isa sila sa mga disipulong nakarinig sa patotoo ni Maria. Ipasagot sa mga estudyante ang sumusunod na mga tanong sa kanilang mga notebook o scripture study journal:


- Ano sa palagay ninyo ang inyong mararamdaman habang nakikinig kayo kay Maria?
- Maniniwala ba kayo sa kanya? Bakit oo o bakit hindi?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang isinulat nila. Ipaalala sa kanila na nahirapan ang ilang disipulo na maniwala sa patotoo ni Maria (tingnan sa Marcos 16:11).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 20:19–20, at sabihin sa klase na alamin ang nangyari noong gabing iyon.

- Ano ang nangyari noong gabing iyon nang magkakasama ang mga disipulo?
- Anong mahalagang doktrina ang natutuhan ni Maria at ng mga disipulo? (Maaaring iba't iba sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang sumusunod na doktrina: **Nadaig ni Jesucristo ang kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.**)
- Ayon sa talata 20, ano ang nadama ng mga disipulo nang makita nila ang nabuhay na muling Panginoon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Joseph B. Wirthlin:



"At, sa isang iglap, ang mga matang puno ng luha ay natuyo. Ang mga labing umusal ng mga dalangin ng hirap at pagdurusa ay puno na ngayon ng papuri, sapagkat si Cristo Jesus, ang Anak ng buhay na Diyos, ay tumayo sa kanilang harapan bilang unang bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli, katibayan na ang kamatayan ay simula lamang ng bago at kahanga-hangang pag-iral " ("Sunday Will Come," 30).

- Paano makatutulong sa atin ang kaalaman na nabuhay muli si Jesucristo kapag nagdadalamhati tayo sa pagpanaw ng isang mahal sa buhay? (Dahil nabuhay na muli si Jesucristo, lahat ng nabuhay sa mundong ito ay mabubuhay ring muli [tingnan sa I Mga Taga-Corinto 15:20–22].)

Ibuod ang Juan 20:21–23 na ipinapaliwanag na matapos ipakita ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang mga sugat sa Kanyang mga kamay at tagiliran, inatasan Niya silang gawin ang Kanyang gawain at sinabi sa kanila, "Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo" (talata 22).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 20:24–25. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sinong Apostol ang wala sa banal na pangyayaring ito.

- Sinong Apostol ang wala nang makita ng ibang mga disipulo ang nabuhay na muling Panginoon?
- Ayon sa talata 25, ano ang sinabi ni Tomas na kailangan niya upang maniwala?
- Paano naiiba ang tugon ni Tomas na nakatala sa talatang ito mula sa tugon ni Juan nang makita niya ang libingang walang laman na nakatala sa Juan 20:8?
- Sa palagay ninyo, bakit mahirap para kay Tomas na maniwala?

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Juan 20:26–29. Sabihin sa klase na alamin ang naranasan ni Tomas walong araw makalipas niyang sabihin na hindi siya naniniwala na nabuhay na muli si Jesus.

Sa halip na ipabasa sa mga estudyante, maaari mong ipalabas ang video na "Blessed Are They That Have Not Seen, and Yet Have Believed" (2:29) mula sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos* upang matulungan ang mga estudyante na makita ang karanasan ni Tomas na nakatala sa mga talatang ito. Ang video ay makukuha sa LDS.org.

- Pagkatapos hayaan ni Jesus na hipuin ni Tomas ang Kanyang mga kamay at tagiliran, ano ang nais Niyang piliing gawin ni Tomas? (Manampalataya at maniwala.)
- Ayon sa talata 29, ano ang nais ng Panginoon na maunawaan ni Tomas?
- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa turo ng Tagapagligtas? (Matapos sumagot ng mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Pagpapalain tayo kapag pinili nating maniwala kay Jesucristo kahit hindi natin Siya nakikita.**)

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-dadalawa o tig-tatatlong estudyante, at bigyan ang bawat grupo ng handout na naglalaman ng sumusunod na mga tanong.

## Pagpapalain Tayo Kapag Pinili Nating Maniwala kay Jesucristo Kahit Hindi Natin Siya Nakikita

1. Bakit pinili mong maniwala kay Jesucristo kahit na hindi pa Siya nakikita ng iyong mga mata?
2. Ano ang magagawa natin upang maipakita na pinili nating maniwala kay Jesucristo?
3. Paano kayo pinagpapala ng pagpiling maniwala kay Jesucristo?

Sabihin sa bawat grupo na talakayin ang mga tanong na ito at isulat ang kanilang mga sagot sa handout o sa kanilang scripture study journal. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot sa klase.

Ipaliwanag na kahit itinuro ni Jesus na pagpapalain tayo kung pipiliin nating maniwala sa Kanya kahit hindi pa natin Siya nakikita, maglalaan siya ng mga patotoo bilang batayan ng ating paniniwala.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 20:30–31. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung bakit itinala ni Juan ang mga pangyayaring ito.

- Bakit itinala ni Juan ang mga pangyayaring ito? (Maaari mong ipaliwanag na ang salitang *buhay* [talata 31] ay tumutukoy sa buhay na walang hanggan.)
- Anong mga katotohanan ang matututuhan natin mula sa talata 31 tungkol sa mga patotoo ng mga apostol at mga propeta? (Maaaring iba't iba ang sagot ng mga estudyante ngunit dapat nilang matukoy ang mga katotohanang tulad ng sumusunod: **Nagpapatotoo ang mga Apostol at propeta kay Jesucristo upang maniwala tayo na Siya ang Anak ng Diyos. Sa pagpiling maniwala sa patotoo ng mga apostol at mga propeta kay Jesucristo, makatatanggap tayo ng buhay na walang hanggan.** Ipinapahiwatig ng paniniwalang ito na

magsisikap ang isang tao na sundin ang Kanyang mga kautusan at mamumuhay nang tapat sa patotoong iyon.)

- Paano pinalalakas ng mga patotoo ng mga apostol at mga propeta ang inyong paniniwala kay Jesucristo?

Tapusin ang lesson na ibinabahagi ang iyong patotoo kay Jesucristo. Hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang mga katotohanang natukoy nila sa Juan 20 sa pamamagitan ng pagtukoy kung paano nila maipapakita ang kanilang paniniwala kay Jesucristo.

LESSON 80

# Juan 21

## Pambungad


Nagpakita ang nabuhay na muling Panginoon sa Kanyang mga disipulo habang nangingisda sila. Sa dalampasigan, kumain si Jesus kasama ang Kanyang mga disipulo at sinabi kay Pedro na ipakita ang kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pagpapakain sa Kanyang mga tupa. Ipinropesiya ni Jesus ang pagkamatay ni Pedro at ang pagbabagong-kalagayan ni Juan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 21:1–17

*Nagpakita ang nabuhay na muling Panginoon sa ilan sa mga disipulo Niya sa Dagat ng Tiberias (Dagat ng Galilea)*

Magdrowing ng isang malaking puso sa pisara.



Sabihin sa mga estudyante na lumapit sa pisara at magsulat sa loob ng puso ng dalawa o tatlo sa mga paborito nilang bagay. Ipaliwanag na maaaring mga tao, pag-aari, o aktibidad ang kabilang sa mga ito.

Pagkatapos ng mga estudyante, maaari mo ring isulat ang ilan sa iyong mga paboritong bagay.

Ibuod ang Juan 21:1–2 na ipinapaliwanag na pagkatapos makita nang dalawang beses ang nabuhay na muling Panginoon, sina Pedro at ang ilan sa mga disipulo ay nasa dalampasigan ng Dagat ng Galilea (na tinatawag ding Dagat ng Tiberias). Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinasiyang gawin ni Pedro.

- Sa inyong palagay, anong gawain ang maaaring idagdag ni Pedro sa ating listahan ng mga paboritong bagay sa pisara? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, isulat ang *pangingisda* sa loob ng puso sa pisara.)
- Gaano katagal nang nangingisda si Pedro at ang ibang mga disipulo? Gaano karami ang nahuli nila?

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano kaya ang nadama ni Pedro at ng ibang mga disipulo matapos ang isang mahabang gabi ng pangingisda nang walang huling isda.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:4–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari noong sumunod na umaga.

- Sino ang nasa dalampasigan?
- Nakilala ba ng mga disipulo si Jesus noong una?
- Ano ang iniutos ni Jesus sa kanila?
- Ano ang nangyari matapos nilang sundin ang sinabi ni Jesus?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Tatlong taon lamang bago iyon ang kalalakihan ding ito ay nangisda sa dagat ding iyon. Noon din sila 'buong magdamag [na] nagsipagpagal, at walang [silang] nahuli' [Lucas 5:5], sabi sa banal na kasulatan. Ngunit sinabihan sila ng isang kapwa taga-Galilea sa pampang na ihulog ang kanilang lambat, at nakahuli sila ng 'lubhang maraming isda' [Lucas 5:6], kaya napunit ang kanilang mga lambat, at bumigat nang husto ang dalawang bangka sa dami ng isda kaya nagsimula silang lumubog.

"Nangyayari na naman iyon" ("Ang Unang Dakilang Utos," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 83–84).

- Paano kaya nakatulong ang pangalawang himalang ito sa paghuli ng isda upang makilala ng mga disipulo kung sino ang nasa dalampasigan?
- Ano kaya ang maaaring maisip o madama ninyo kung kasama kayo ng mga disipulo sa bangka?

Ibuod ang Juan 21:7–14 na ipinapaliwanag na habang nahihirapan ang mga disipulo na iangat ang lambat na puno ng isda sa bangka, sinabi ni Juan na ang lalaking nasa dalampasigan ay ang Panginoon. Sabik na tumalon si Pedro sa dagat at lumangoy papunta kay Jesus habang ang iba ay nagsiparoon sakay ng bangka. Nang dumating ang mga disipulo sa dalampasigan, naghahanda si Jesus ng pagkain para sa kanila.

Sabihin na ipinaliwanag ni Elder Jeffrey R. Holland ang talang ito sa pagtuturo na matapos kumain sina Pedro at ang ibang mga disipulo kasama ng Tagapagligtas, pinagmamasdan marahil ni Jesus ang "kanilang sira at maliliit na bangka, punit na mga lambat, at salansan ng 153 isda" (Ang Unang Dakilang Utos," 84) at pagkatapos ay kinausap si Pedro.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:15–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang paulit-ulit na itinanong ni Jesus kay Pedro. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang nalaman nila.

- Ano ang itinanong ni Jesus kay Pedro nang tatlong beses?
- Nang itanong ni Jesus na, "Iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?" (talata 15), ano sa palagay ninyo ang tinutukoy ng salitang *mga ito*? (Tinutukoy marahil ni Jesus ang tumpok ng mga isda at iba pang mga bagay na nauugnay sa buhay ng isang mangingisda. Isulat sa pisara sa tabi ng puso ang sumusunod na tanong: *Iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?*)

- Paano sumagot si Pedro?
- Ano kaya ang madarama ninyo kung nasa posisyon kayo ni Pedro at tatlong beses kayong tinanong ni Jesus kung mahal ninyo Siya?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung bakit itinanong ito nang tatlong beses ni Jesus, sabihin sa isang estudyante na basahin nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder Holland:



"Sinagot ni Jesus, (at dito ay inaamin ko muli akong gumamit ng mga salitang wala sa banal na kasulatan) marahil parang ganito ang sinabi Niya: 'Pedro, bakit ka narito? Bakit narito tayong muli sa pampang na ito, sa tabi ng mga lambat ding ito, at ito pa rin ang pinag-uusapan natin? Hindi pa ba malinaw noon at ngayon na kung gusto ko ng isda, makakakuha ako? Ang kailangan ko, Pedro, ay mga disipulo—at kailangan ko sila magpakailanman. Kailangan ko ng magpapakain at magliligtas sa aking mga tupa. Kailangan ko ng mangangaral ng aking ebanghelyo at magtatanggol sa aking simbahan. Kailangan ko ng isang taong mahal ako, totoong mahal ako, at minamahal ang ipinagagawa sa akin ng ating Ama sa Langit. … Kaya, Pedro, sa ikalawa at malamang ay huling pagkakataon, hinihiling kong iwan mo ang lahat ng ito at humayo ka at magturo at magpatotoo, gumawa at maglingkod nang tapat hanggang sa araw na gawin nila sa iyo ang mismong ginawa nila sa akin' " ("Ang Unang Dakilang Utos," 84).

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa karanasan ni Pedro? (Matapos sumagot ang mga estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na alituntunin: **Kung mahal natin ang Tagapagligtas at ang Ama sa Langit nang higit kaysa anupaman, mapapakain natin ang Kanilang mga tupa.**)
- Sino ang mga tupa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? Paano natin sila pakakainin?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ito ang panawagan ni Cristo sa bawat Kristiyano ngayon: 'Pakanin mo ang aking mga kordero. … Pakanin mo ang aking mga tupa'—ibahagi ang aking ebanghelyo sa mga bata at matatanda, na nagpapasigla, nagpapala, nagpapanatag, naghihikayat, at nagpapalakas sa kanila, lalo na sa mga yaong iba ang iniisip at pinaniniwalaan kaysa atin" ("Pagiging Mas Kristiyanong Kristiyano," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 91).

Upang matulungan ang klase na maunawaan kung paanong nauugnay sa atin ang alituntunin na katutukoy lang nila, sabihin sa tatlong estudyante na magsalitan sa pagbasa ng sumusunod na mga sitwasyon. (Maaari mong iakma ang mga sitwasyong ito ayon sa mga pangangailangan at interes ng mga estudyante mo.) Pagkatapos na mabasa ang bawat sitwasyon, ibigay ang mga sumusunod na tanong.

1. Inanyayahan ng isang grupo ng mga batang lalaki ang isang bata na sumama sa kanila sa pananghalian, at umaasa siya na maging kaibigan nila. Habang

nag-uusap sila, isa sa mga bata ang nagsimulang pagtawanan nang hayagan ang isa pang batang lalaki.

2. Isang dalagita ang mahilig maglaro ng soccer. Nag-uukol siya ng maraming oras bawat linggo sa paglalaro ng soccer at kaunting oras lamang ang nailalaan niya para sa ibang bagay tulad ng family home evening at personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
3. Abalang-abala ang isang binatilyo sa pag-aaral at sa mga extracurricular activity. Buong linggo niyang inaabangan na makasama ang mga kaibigan sa Biyernes ng gabi sa kanyang libreng oras. Bago niya natawagan nang gabing iyon ang isa sa mga kaibigan niya, tumawag ang home teaching companion niya upang alamin kung maaari siyang sumama sa kanya upang tulungan ang isa sa mga pamilya na binibisita nila na nangangailangan ng agarang tulong.

- Ano ang mga pagpipilian ng taong ito?
- Ano ang magagawa ng taong ito upang maipakita ang kanyang pagmamahal sa Panginoon? Paano maipapakita sa aksiyon o kilos na iyon ang pagmamahal sa Panginoon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Holland:



"Minamahal kong mga kapatid, hindi ko tiyak kung ano ang mangyayari sa atin sa Araw ng Paghuhukom, ngunit ikagugulat ko nang lubos kung sa ating pakikipag-usap sa Diyos ay hindi niya itatanong sa atin ang mismong itinanong ni Cristo kay Pedro na: 'Inibig mo baga ako?' " ("Ang Unang Dakilang Utos," 84).

Ibahagi ang iyong patotoo sa kahalagahan ng pagpili na mahalin ang Ama sa Langit at si Jesucristo nang higit pa sa anumang bagay at pagpapakita ng pagmamahal na iyon sa pagpapakain sa Kanilang mga tupa.

Tukuyin ang mga bagay na nakalista sa puso sa pisara at sa tanong na nakasulat sa tabi ng mga bagay na ito: "Iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?" Salungguhitan ang salitang *mga ito,* at sabihin sa mga estudyante na sagutin ang mga sumusunod na tanong sa kanilang mga notebook o scripture study journal:

- Kung itatanong sa inyo ni Jesus ito, ano sa palagay ninyo ang tinutukoy Niyang "mga ito" sa buhay ninyo?
- Paano ninyo sasagutin ang Kanyang tanong?
- Paano ninyo maipapakita ang pagmamahal ninyo sa Panginoon?

### *Mga writing exercise*

Kadalasang nakatutulong ang paghikayat sa mga estudyante na isulat ang kanilang mga sagot sa malalalim na tanong para mapalawak at mapalinaw ang kanilang pag-iisip at pag-unawa. Higit sa lahat, nagbibigay ang mga writing exercise ng pagkakataon sa mga estudyante na

personal na makibahagi at makatanggap ng inspirasyon tungkol sa kung paano ipamumuhay ang mga natututuhan nila.

### Juan 21:18–25

*Ipinropesiya ni Jesus ang magiging kamatayan ni Pedro at ang pagbabagong-kalagayan ni Juan*

Ibuod ang Juan 21:18–21 na ipinapaliwanag na ipinropesiya ni Jesus na sa pagtanda ni Pedro ay "iuunat [niya ang kanyang] mga kamay" (talata 18) at dadalhin sa hindi niya nais puntahan. Pinaniniwalaang namatay si Pedro sa pamamagitan ng pagpapako sa krus. Gayunman, sinabing hiniling ni Pedro na ipako siya sa krus nang pabaligtad dahil itinuring niya ang kanyang sarili na hindi karapat-dapat mamatay nang tulad ng Tagapagligtas (tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 3:151–52).

Pagkatapos marinig ang propesiyang ito, itinanong ni Pedro kung ano ang mangyayari kay Apostol Juan, na kilala rin bilang si Juan ang Pinakamamahal. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:22–23. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano sinagot ng Tagapagligtas si Pedro.

- Ano ang nalaman ni Pedro tungkol kay Juan?

Ipaliwanag na ang salitang *manatili* sa talata 22 ay nangangahulugang manatiling buhay sa mundo. Sa gayon, mananatili si Juan sa mundo bilang isang taong nagbagong-kalagayan hanggang sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Ang mga taong nagbagong-kalagayan ay "mga tao na nagbago upang hindi nila maranasan ang sakit o kamatayan hanggang sa kanilang pagkabuhay na mag-uli sa kawalang-kamatayan" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Taong Nagbagong-Kalagayan, Mga," scriptures.lds.org).

- Ayon sa talata 22, ano ang nais ni Jesus na pagtuunan ni Pedro sa halip na mag-alala sa mangyayari kay Juan?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:24–25. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nais ipabatid ni Juan sa lahat habang tinatapos niya ang kanyang tala.

- Ano ang nais ipabatid ni Juan sa lahat habang tinatapos niya ang kanyang tala?

Isulat ang sumusunod na mga tanong sa pisara:

*Sa lahat ng mga nakasulat sa mga tala nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, anong kuwento, pangyayari, o turo mula sa ministeryo ng Tagapagligtas ang pinaka-nakaantig sa inyo? Bakit?*

Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan ang kanilang mga sagot sa mga tanong na ito. Maaari mong patugtugin ang recording ng isang himno, tulad ng "Magsisunod Kayo sa Akin" (*Mga Himno,* blg. 67), at hayaan ang mga estudyante

na rebyuhin ang kanilang mga banal na kasulatan at mga notebook o scripture study journal upang maalala ang ilan sa mga katotohanang nalaman nila. Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na pumunta sa harapan ng klase upang ibahagi ang kanilang sagot sa mga tanong.

Maaari mong tapusin ang lesson sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa katotohanan ng mga tala tungkol sa mortal na ministeryo ni Jesucristo at sa Pagbabayad-sala na isinulat nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan.

HOME-STUDY LESSON

# Juan 16–21 (Unit 16)

## Mga Materyal sa Paghahanda para sa Home-Study Teacher

*Buod ng Daily Home-Study Lessons*

Ang sumusunod na buod ng mga pangyayari, doktrina, at alituntunin na natutuhan ng mga estudyante sa pag-aaral nila ng Juan 16–21 (unit 16) ay hindi nilayong ituro bilang bahagi ng iyong lesson. Ang lesson na iyong ituturo ay nakatuon lamang sa ilan sa mga doktrina at alituntuning ito. Sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo habang iniisip mo ang mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Day 1 (Juan 16)

Mula sa itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol matapos ang Huling Hapunan, natutuhan ng mga estudyante na gagabayan tayo ng Espiritu Santo sa lahat ng katotohanan at ipapakita sa atin ang mga bagay na darating. Napag-aralan din ng mga estudyante na inihahayag ng Espiritu Santo ang mga katotohanan at instruksyon na nagmumula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Sapagkat nadaig ni Jesucristo ang sanglibutan, kaya nating lakasan ang ating loob at magkaroon ng kapayapaan.

### Day 2 (Juan 17)

Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Panalangin ng Pamamagitan ni Jesucristo, natutuhan nila na upang matanggap ang buhay na walang hanggan, dapat nating makilala ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Natutuhan din nila na bilang mga disipulo ni Jesucristo, nararapat na mamuhay tayo sa mundo ngunit hindi mamumuhay nang tulad ng mga nasa mundo. Sa pagbabasa ng mga estudyante tungkol sa panalangin ni Jesus kung paano magiging kaisa ng Kanyang mga disipulo Siya at ang Ama, natutuhan nila na kapag lumapit tayo kay Jesucristo at natanggap ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala, magiging isa tayo sa Ama at sa Anak.

### Day 3 (Juan 18–19)

Mula sa makasariling halimbawa ni Pilato, natutuhan ng mga estudyante na magkakasala tayo kapag mas inuna natin ang sarili nating kapakanan kaya sa gawin ang tama. Sa pag-aaral ng ng mga estudyante sa itinala ni Juan tungkol sa Pagpapako sa Krus, natutuhan nila na matutularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpiling tumulong sa iba kahit nangangailangan din tayo.

### Day 4 (Juan 20–21)

Sa lesson na ito, napag-aralan ng mga estudyante ang itinala ni Juan tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Natutuhan nila na nadaig ni Jesucristo ang kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Mula sa karanasan ni Tomas, natutuhan nila na pagpapalain tayo kapag pinili nating maniwala kay Jesucristo kahit hindi natin Siya nakikita.

## Pambungad


Nagpakita ang nabuhay na muling Panginoon sa Kanyang mga disipulo habang nangingisda sila. Sa dalampasigan, kumain si Jesus kasama ang Kanyang mga disipulo at sinabi kay Pedro na ipakita ang kanyang pagmamahal sa Kanya sa pagpapakain sa Kanyang mga tupa.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Juan 21:1–17

*Nagpakita ang nabuhay na muling Panginoon sa ilan sa mga disipulo Niya sa Dagat ng Tiberias (Dagat ng Galilea)*

Magdrowing ng isang malaking puso sa pisara.



Sabihin sa mga estudyante na lumapit sa pisara at magsulat sa loob ng puso ng dalawa o tatlo sa mga paborito nilang bagay. Ipaliwanag na maaaring kasama rito ang mga tao, ari-arian, o mga aktibidad.

Pagkatapos ng mga estudyante, maaari mo ring itala ang ilan sa iyong mga paboritong bagay.

Ibuod ang Juan 21:1–2 na ipinapaliwanag na pagkatapos makita nang dalawang beses ang nabuhay na muling Panginoon, sina Pedro at ang ilan sa mga disipulo ay nasa dalampasigan ng Dagat ng Galilea (na tinatawag ding Dagat ng Tiberias).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:3. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ipinasiyang gawin ni Pedro.

- Ano sa palagay ninyo ang gawaing maaaring idagdag ni Pedro sa ating listahan ng mga paboritong bagay sa pisara? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, isulat ang *pangingisda* sa loob ng puso sa pisara.)
- Gaano katagal nang nangingisda si Pedro at ang ibang mga disipulo? Gaano karami ang nahuli nila?

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung ano kaya ang nadama ni Pedro at ng ibang mga disipulo matapos ang isang mahabang gabi ng pangingisda nang walang huling isda.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:4–6. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang nangyari kinaumagahan.

- Ano ang nangyari matapos na hindi makahuli ng isda ang mga disipulo sa buong gabi?

Ibuod ang Juan 21:7–14 na ipinapaliwanag na habang nahihirapan ang mga disipulo na iangat sa bangka ang lambat na puno ng isda, sinabi ni Juan na ang lalaking nasa dalampasigan ay ang Panginoon. Sabik na tumalon si Pedro sa dagat at lumangoy patungo kay Jesus habang nagsiparoon ang iba sakay ng kanilang bangka. Nang dumating ang mga disipulo sa dalampasigan, naghahanda si Jesus ng pagkain para sa kanila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Matapos ang masayang pagkikita nilang muli ng nabuhay na mag-uling si Jesus, kinausap ni Pedro ang Tagapagligtas na itinuturing kong pinakamahalagang sandali ng simula ng ministeryo ng mga apostol at lalo na ni Pedro, na nagbigay-inspirasyon sa matatag na taong ito na mamuhay na tapat na naglilingkod at namumuno. Habang nakatingin sa kanilang sira at maliliit na bangka, punit na mga lambat, at salansan ng 153 isda, [kinausap] ni Jesus ang Kanyang senior na Apostol,"("Ang Unang Dakilang Utos," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 84).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 21:15–17. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang paulit-ulit na itinanong ni Jesus kay Pedro. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang nalaman nila.

- Ano ang itinanong ni Jesus kay Pedro nang tatlong beses?
- Nang itanong ni Jesus na, "Iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?" (talata 15), ano sa palagay ninyo ang tinutukoy ng mga salitang *mga ito*? (Tinutukoy marahil ni Jesus ang tumpok ng isda at iba pang mga bagay na nauugnay sa buhay ng isang mangingisda. Isulat sa pisara sa tabi ng puso ang sumusunod na tanong: *Iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?*)
- Paano sumagot si Pedro?
- Ano kaya ang madarama ninyo kung nasa posisyon kayo ni Pedro at tatlong beses kayong tinanong ni Jesus kung mahal ninyo Siya?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung bakit tatlong beses nagtanong si Jesus at kung bakit tatlong beses ding pinasagot ni Jesus si Pedro, sabihin sa isang estudyante na basahin nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder Holland:




"Sinagot ni Jesus, (at dito ay inaamin ko muli akong gumamit ng mga salitang wala sa banal na kasulatan) marahil parang ganito ang sinabi Niya: 'Pedro, bakit ka narito? Bakit narito tayong muli sa pampang na ito, sa tabi ng mga lambat ding ito, at ito pa rin ang pinag-uusapan natin? Hindi pa ba malinaw noon at ngayon na kung gusto ko ng isda, makakakuha ako? Ang kailangan ko, Pedro, ay mga disipulo—at kailangan ko sila magpakailanman. Kailangan ko ng magpapakain at magliligtas sa aking mga tupa. Kailangan ko ng mangangaral ng aking ebanghelyo at magtatanggol sa aking simbahan. Kailangan ko ng isang taong mahal ako, totoong mahal ako, at minamahal ang ipinagagawa sa akin ng ating Ama sa Langit. … Kaya, Pedro, sa ikalawa at malamang ay huling pagkakataon, hinihiling kong iwan mo ang lahat ng ito at humayo ka at magturo at magpatotoo, gumawa at maglingkod nang tapat hanggang sa araw na gawin nila sa iyo ang mismong ginawa nila sa akin' " ("Ang Unang Dakilang Utos," 84).

- Anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa pakikipag-usap ng Panginoon kay Pedro? (Matapos sumagot ng mga estudyante, isulat ang sumusunod na alituntunin sa pisara: **Kung mahal natin ang Tagapagligtas at ang Ama sa Langit nang higit kaysa anupaman, mapapakain natin ang Kanilang mga tupa.**)

- Sino ang mga tupa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo? Paano natin sila pakakainin?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano natin pakakainin ang mga tupa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ito ang panawagan ni Cristo sa bawat Kristiyano ngayon: 'Pakanin mo ang aking mga kordero. … Pakanin mo ang aking mga tupa'—ibahagi ang aking ebanghelyo sa mga bata at matatanda, na nagpapasigla, nagpapala, nagpapanatag, naghihikayat, at nagpapalakas sa kanila, lalo na sa mga yaong iba ang iniisip at pinaniniwalaan kaysa atin" ("Pagiging Mas Kristiyanong Kristiyano," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 91).

Upang matulungan ang klase na maunawaan kung paano maipamumuhay ang alituntunin na mahalin ang Diyos nang higit pa sa anumang bagay, sabihin sa tatlong estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng sumusunod na mga sitwasyon. Pagkatapos mabasa ang bawat sitwasyon, itanong ang mga sumusunod:

1. Inanyayahan ng isang grupo ng mga batang lalaki ang isang bata na sumama sa kanila sa pananghalian, at umaasa siya na maging kaibigan nila. Habang nag-uusap sila, isa sa mga bata ang nagsimulang pagtawanan nang hayagan ang isa pang batang lalaki.
2. Isang dalagita ang mahilig maglaro ng soccer. Inilalaan niya ang maraming oras bawat linggo sa paglalaro ng soccer at kaunting oras lamang ang nailalaan niya para sa ibang bagay tulad ng family home evening at personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
3. Abalang-abala ang isang binatilyo sa pag-aaral at sa mga extracurricular activity. Buong linggo niyang inaabangan na makasama ang mga kaibigan sa Biyernes ng gabi sa kanyang libreng oras. Bago pa niya natawagan nang gabing iyon ang isa sa mga kaibigan niya, tumawag ang home teaching companion niya upang alamin kung maaari siyang sumama sa kanya upang tulungan ang isa sa mga pamilyang binibisita nila na nangangailangan ng agarang tulong.

- Ano ang mga pagpipilian ng taong ito?
- Ano ang magagawa ng taong ito upang maipakita ang kanyang pagmamahal sa Panginoon? Paano maipapakita sa aksiyon o kilos na iyon ang pagmamahal sa Panginoon?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Holland:



"Minamahal kong mga kapatid, hindi ko tiyak kung ano ang mangyayari sa atin sa Araw ng Paghuhukom, ngunit ikagugulat ko nang lubos kung sa ating pakikipag-usap sa Diyos ay hindi niya itatanong sa atin ang mismong itinanong ni Cristo kay Pedro na: 'Inibig mo baga ako?' " ("Ang Unang Dakilang Utos," 84).

Ibahagi ang iyong patotoo sa kahalagahan ng pagpili na mahalin ang Ama sa Langit at si Jesucristo nang higit pa sa anumang bagay at pagpapakita ng pagmamahal na iyon sa pagpapakain sa Kanilang mga tupa.

Tukuyin ang mga bagay na nakatala sa puso sa pisara at sa tanong na nakasulat sa tabi ng mga bagay na ito: "Iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?" Salungguhitan ang mga salitang *mga ito,* at sabihin sa mga estudyante na sagutin ang mga sumusunod na tanong sa kanilang mga notebook o scripture study journal:

- Kung itatanong din sa inyo ni Jesus ito, ano sa palagay ninyo ang tinutukoy Niyang "mga ito" sa buhay ninyo?
- Paano ninyo sasagutin ang Kanyang tanong?

Sa pagtatapos ng mga Ebanghelyo, sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang mga isinulat nila para sa kanilang day 4 lesson assignment sa kanilang scripture study journal tungkol sa kuwento, pangyayari, o turo mula sa ministeryo ng Tagapagligtas sa buhay na ito na nakatulong sa kanila na maniwala o mapalakas ang kanilang paniniwala na si Jesucristo ang Anak ng Diyos.

### Susunod na Unit (Mga Gawa 1–5)

Sabihin sa mga estudyante na hanapin ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong sa pag-aaral ng Mga Gawa 1–5: Sino ang mamumuno sa Simbahan matapos mamatay ng Tagapagligtas at mabuhay na muli? Paano pinili ang iba pang mga Apostol? Anong himala ang nangyari sa araw ng Pentecostes? Paano naimpluwensiyahan ng Espiritu Santo ang himala noong araw na iyon? Anong himala ang ginawa ni Pedro sa templo, at ano ang nangyari kay Pedro dahil dito? Ano ang nangyari kina Ananias at Safira dahil sa pagsisinungaling sa kanilang priesthood leader?

# Apendiks

# Mga Chart sa Pagbabasa ng mga Banal na Kasulatan

Tumutulong tayo na maisakatuparan ang Layunin ng Seminaries and Institutes of Religion kapag hinihikayat natin ang mga estudyante na (1) basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw at (2) basahin ang banal na kasulatan para sa kursong pinag-aaralan. (Ang mga chart para mairekord ang pagbabasa ng buong Bagong Tipan ay matatagpuan kasama ng Scripture Mastery Cards para sa Bagong Tipan sa LDS.org at sa store.lds.org [item no. 10480].)

Maaari kang magbigay ng mga reading chart sa mga estudyante na tutulong sa kanila na makitas ang kanilang pag-unlad. Kung nais mong ireport ang araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng mga estudyante, sundin ang mga tagubilin sa Scripture Reading Reporting Instructions. Hanapin ang mga tagubiling ito sa si.lds.org gamit ang mga katagang "scripture reading reporting instructions."

## Chart para sa Pagbabasa ng Bagong Tipan

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mateo | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | JS—Mat. | | 1 | | 25 | 26 | 27 | 28 | |
| Marcos | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| Lucas | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | | | | | | | | |
| Juan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | | | | | | | | | | | |
| Ang Mga Gawa | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | | | | |
| Mga Taga Roma | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| I Mga Taga Corinto | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| II Mga Taga Corinto | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | | | |
| Mga Taga Galacia | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | | | | | | | | | | |
| Mga Taga Efeso | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | | | | | | | | | | |
| Mga Taga Filipos | 1 | 2 | 3 | 4 | | | | | | | | | | | | |

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mga Taga Colosas | 1 | 2 | 3 | 4 | | | | | | | | | | | | |
| I Mga Taga Tesalonica | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | | | | | | | | | | | |
| II Mga Taga Tesalonica | 1 | 2 | 3 | | | | | | | | | | | | | |
| I Kay Timoteo | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | | | | | | | | | | |
| II Kay Timoteo | 1 | 2 | 3 | 4 | | | | | | | | | | | | |
| Kay Tito | 1 | 2 | 3 | | | | | | | | | | | | | |
| Kay Filemon | 1 | | | | | | | | | | | | | | | |
| Sa Mga Hebreo | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | | | |
| Santiago | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | | | | | | | | | | | |
| I Ni Pedro | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | | | | | | | | | | | |
| II Ni Pedro | 1 | 2 | 3 | | | | | | | | | | | | | |
| I Ni Juan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | | | | | | | | | | | |
| II Ni Juan | 1 | | | | | | | | | | | | | | | |
| III Ni Juan | 1 | | | | | | | | | | | | | | | |
| Judas | 1 | | | | | | | | | | | | | | | |
| Apocalipsis | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | | | | | | | | | | |

## Chart para sa Araw-araw na Pagbabasa ng mga Banal na Kasulatan

| Ene | Peb | Mar | Abr | Mayo | Hun | Hul | Ago | Set | Okt | Nob | Dis |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 |
| 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 |
| 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 |
| 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 | 4 |
| 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 | 5 |
| 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 | 6 |
| 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 | 7 |

| Ene | Peb | Mar | Abr | Mayo | Hun | Hul | Ago | Set | Okt | Nob | Dis |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 | 8 |
| 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 | 9 |
| 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 | 10 |
| 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 | 11 |
| 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 | 12 |
| 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 | 13 |
| 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 | 14 |
| 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 | 15 |
| 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 | 16 |
| 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 | 17 |
| 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 | 18 |
| 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 | 19 |
| 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 | 20 |
| 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 | 21 |
| 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 | 22 |
| 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 | 23 |
| 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 | 24 |
| 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 | 25 |
| 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 | 26 |
| 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 | 27 |
| 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 | 28 |
| 29 | (29) | 29 | 29 | 29 | 29 | 29 | 29 | 29 | 29 | 29 | 29 |
| 30 |  | 30 | 30 | 30 | 30 | 30 | 30 | 30 | 30 | 30 | 30 |
| 31 |  | 31 |  | 31 |  | 31 | 31 |  | 31 |  | 31 |

# Pacing Guide para sa mga Daily Teacher [Gabay na Tutulong sa Pagpapasiya ng Titser Kung Ano ang Ituturo]

## *Iminungkahing Iskedyul para sa 36-Week School Year*

| Week | Mga Lesson | Scripture Block |
|---|---|---|
| 1 | Day 1: Lesson 1 Pambungad sa Bagong Tipan<br>Day 2: Lesson 2 Ang Plano ng Kaligtasan<br>Day 3: Lesson 3 Ang Responsibilidad ng Estudyante<br>Day 4: Lesson 4 Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan<br>Day 5: Lesson 5 Konteksto at Buod ng Bagong Tipan | |
| 2 | Day 1: Lesson 6 Mateo 1–2<br>Day 2: Lesson 7 Mateo 3<br>Day 3: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 4: Lesson 8 Mateo 4<br>Day 5: Lesson 9 Mateo 5:1–16 | Mateo 1:1–5:16 |
| 3 | Day 1: Lesson 10 Mateo 5:17–48<br>Day 2: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 3: Lesson 11 Mateo 6<br>Day 4: Lesson 12 Mateo 7<br>Day 5: Lesson 13 Mateo 8–10 | Mateo 5:17–10:42 |
| 4 | Day 1: Lesson 14 Mateo 11–12<br>Day 2: Lesson 15 Mateo 13:1–23<br>Day 3: Lesson 16 Mateo 13:24–58<br>Day 4: Lesson 17 Mateo 14<br>Day 5: Lesson 18 Mateo 15 | Mateo 11–15 |
| 5 | Day 1: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 2: Lesson 19 Mateo 16<br>Day 3: Lesson 20 Mateo 17<br>Day 4: Lesson 21 Mateo 18<br>Day 5: Lesson 22 Mateo 19–20 | Mateo 16–20 |

| Week | Mga Lesson | Scripture Block |
|---|---|---|
| 6 | Day 1: Lesson 23 Mateo 21:1–16<br>Day 2: Lesson 24 Mateo 21:17–22:14<br>Day 3: Lesson 25 Mateo 22:15–46<br>Day 4: Lesson 26 Mateo 23<br>Day 5: Lesson 27 Joseph Smith—Mateo; Mateo 24 | Mateo 21–24 |
| 7 | Day 1: Lesson 28 Mateo 25:1–13<br>Day 2: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 3: Lesson 29 Mateo 25:14–46<br>Day 4: Lesson 30 Mateo 26:1–30<br>Day 5: Lesson 31 Mateo 26:31–75 | Mateo 25–26 |
| 8 | Day 1: Lesson 32 Mateo 27:1–50<br>Day 2: Lesson 33 Mateo 27:51–28:20<br>Day 3: Lesson 34 Marcos 1<br>Day 4: Lesson 35 Marcos 2–3<br>Day 5: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw) | Mateo 27–Marcos 3 |
| 9 | Day 1: Lesson 36 Marcos 4–5<br>Day 2: Lesson 37 Marcos 6<br>Day 3: Lesson 38 Marcos 7–8<br>Day 4: Lesson 39 Marcos 9:1–29<br>Day 5: Lesson 40 Marcos 9:30–50 | Marcos 4–9 |
| 10 | Day 1: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 2: Lesson 41 Marcos 10<br>Day 3: Lesson 42 Marcos 11–16<br>Day 4: Lesson 43 Lucas 1<br>Day 5: Lesson 44 Lucas 2 | Marcos 10–Lucas 2 |
| 11 | Day 1: Lesson 45 Lucas 3–4<br>Day 2: Lesson 46 Lucas 5<br>Day 3: Lesson 47 Lucas 6:1–7:18<br>Day 4: Lesson 48 Lucas 7:18–50<br>Day 5: Lesson 49 Lucas 8–9 | Marcos 3–9 |
| 12 | Day 1: Lesson 50 Lucas 10:1–37<br>Day 2: Lesson 51 Lucas 10:38–12:59<br>Day 3: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 4: Lesson 52 Lucas 13–14<br>Day 5: Lesson 53 Lucas 15 | Lucas 10–15 |

| Week | Mga Lesson | Scripture Block |
|---|---|---|
| 13 | Day 1: Lesson 54 Lucas 16<br>Day 2: Lesson 55 Lucas 17<br>Day 3: Lesson 56 Lucas 18–21<br>Day 4: Lesson 57 Lucas 22<br>Day 5: Lesson 58 Lucas 23 | Lucas 16–23 |
| 14 | Day 1: Lesson 59 Lucas 24<br>Day 2: Lesson 60 Juan 1<br>Day 3: Lesson 61 Juan 2<br>Day 4: Lesson 62 Juan 3<br>Day 5: Lesson 63 Juan 4 | Lucas 24–Juan 4 |
| 15 | Day 1: Lesson 64 Juan 5<br>Day 2: Lesson 65 Juan 6<br>Day 3: Lesson 66 Juan 7<br>Day 4: Lesson 67 Juan 8:1–30<br>Day 5: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw) | Juan 5–8:30 |
| 16 | Day 1: Lesson 68 Juan 8:31–59<br>Day 2: Lesson 69 Juan 9<br>Day 3: Lesson 70 Juan 10<br>Day 4: Lesson 71 Juan 11<br>Day 5: Lesson 72 Juan 12 | Juan 8:31–12:50 |
| 17 | Day 1: Lesson 73 Juan 13<br>Day 2: Lesson 74 Juan 14<br>Day 3: Lesson 75 Juan 15<br>Day 4: Lesson 76 Juan 16<br>Day 5: Lesson 77 Juan 17 | Juan 13–17 |
| 18 | Day 1: Lesson 78 Juan 18–19<br>Day 2: Lesson 79 Juan 20<br>Day 3: Lesson 80 Juan 21<br>Day 4: Flexible na Araw (iminungkahing oras para sa *pagbibigay* ng "Learning Assessment para sa Mateo–Juan ng Bagong Tipan")<br>Day 5: Flexible na Araw (iminungkahing oras para sa *pagrerebyu* ng "Learning Assessment para sa Mateo–Juan ng Bagong Tipan") | Juan 18–21 |
| 19 | Day 1: Lesson 81 Ang Mga Gawa 1:1–8<br>Day 2: Lesson 82 Ang Mga Gawa 1:9–26<br>Day 3: Lesson 83 Ang Mga Gawa 2<br>Day 4: Lesson 84 Ang Mga Gawa 3<br>Day 5: Lesson 85 Ang Mga Gawa 4–5 | Ang Mga Gawa 1–5 |

| Week | Mga Lesson | Scripture Block |
|---|---|---|
| 20 | Day 1: Lesson 86 Ang Mga Gawa 6–7<br>Day 2: Lesson 87 Ang Mga Gawa 8<br>Day 3: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 4: Lesson 88 Ang Mga Gawa 9<br>Day 5: Lesson 89 Ang Mga Gawa 10–11 | Ang Mga Gawa 6–11 |
| 21 | Day 1: Lesson 90 Ang Mga Gawa 12<br>Day 2: Lesson 91 Ang Mga Gawa 13–14<br>Day 3: Lesson 92 Ang Mga Gawa 15<br>Day 4: Lesson 93 Ang Mga Gawa 16<br>Day 5: Lesson 94 Ang Mga Gawa 17 | Ang Mga Gawa 12–17 |
| 22 | Day 1: Lesson 95 Ang Mga Gawa 18–19<br>Day 2: Lesson 96 Ang Mga Gawa 20–22<br>Day 3: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 4: Lesson 97 Ang Mga Gawa 23–26<br>Day 5: Lesson 98 Ang Mga Gawa 27–28 | Ang Mga Gawa 18–28 |
| 23 | Day 1: Lesson 99 Mga Taga Roma 1–3<br>Day 2: Lesson 100 Mga Taga Roma 4–7<br>Day 3: Lesson 101 Mga Taga Roma 8–11<br>Day 4: Lesson 102 Mga Taga Roma 12–16<br>Day 5: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw) | Mga Taga Roma 1–16 |
| 24 | Day 1: Lesson 103 I Mga Taga Corinto 1–2<br>Day 2: Lesson 104 I Mga Taga Corinto 3–4<br>Day 3: Lesson 105 I Mga Taga Corinto 5–6<br>Day 4: Lesson 106 I Mga Taga Corinto 7–8<br>Day 5: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw) | I Mga Taga Corinto 1–8 |
| 25 | Day 1: Lesson 107 I Mga Taga Corinto 9–10<br>Day 2: Lesson 108 I Mga Taga Corinto 11<br>Day 3: Lesson 109 I Mga Taga Corinto 12<br>Day 4: Lesson 110 I Mga Taga Corinto 13–14<br>Day 5: Lesson 111 I Mga Taga Corinto 15:1–29 | I Mga Taga Corinto 9–15:29 |
| 26 | Day 1: Lesson 112 I Mga Taga Corinto 15:30–16:24<br>Day 2: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 3: Lesson 113 II Mga Taga Corinto 1–3<br>Day 4: Lesson 114 II Mga Taga Corinto 4–5<br>Day 5: Lesson 115 II Mga Taga Corinto 6–7 | I Mga Taga Corinto 15:30–II Mga Taga Corinto 7 |

| Week | Mga Lesson | Scripture Block |
|---|---|---|
| 27 | Day 1: Lesson 116 II Mga Taga Corinto 8–9<br>Day 2: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 3: Lesson 117 II Mga Taga Corinto 10–13<br>Day 4: Lesson 118 Mga Taga Galacia 1–4<br>Day 5: Lesson 119 Mga Taga Galacia 5–6 | II Mga Taga Corinto 8–Mga Taga Galacia 6 |
| 28 | Day 1: Lesson 120 Mga Taga Efeso 1<br>Day 2: Lesson 121 Mga Taga Efeso 2–3<br>Day 3: Lesson 122 Mga Taga Efeso 4<br>Day 4: Lesson 123 Mga Taga Efeso 5–6<br>Day 5: Lesson 124 Mga Taga Filipos 1–3 | Mga Taga Efeso 1–Mga Taga Filipos 3 |
| 29 | Day 1: Lesson 125 Mga Taga Filipos 4<br>Day 2: Lesson 126 Mga Taga Colosas<br>Day 3: Lesson 127 I Mga Taga Tesalonica 1–2<br>Day 4: Lesson 128 I Mga Taga Tesalonica 3–5<br>Day 5: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw) | Mga Taga Filipos 4–I Mga Taga Tesalonica 5 |
| 30 | Day 1: Lesson 129 II Mga Taga Tesalonica<br>Day 2: Lesson 130 I Kay Timoteo<br>Day 3: Lesson 131 II Kay Timoteo 1–2<br>Day 4: Lesson 132 II Kay Timoteo 3–4<br>Day 5: Lesson 133 Kay Tito | II Mga Taga Tesalonica 1–Kay Tito 3 |
| 31 | Day 1: Lesson 134 Kay Filemon<br>Day 2: Lesson 135 Sa Mga Hebreo 1–4<br>Day 3: Lesson 136 Sa Mga Hebreo 5–6<br>Day 4: Lesson 137 Sa Mga Hebreo 7–10<br>Day 5: Lesson 138 Sa Mga Hebreo 11 | Kay Filemon 1–Sa Mga Hebreo 11 |
| 32 | Day 1: Lesson 139 Sa Mga Hebreo 12–13<br>Day 2: Lesson 140 Santiago 1<br>Day 3: Lesson 141 Santiago 2<br>Day 4: Lesson 142 Santiago 3<br>Day 5: Lesson 143 Santiago 4–5 | Sa Mga Hebreo 12–Santiago 5 |
| 33 | Day 1: Lesson 144 I Ni Pedro 1–2<br>Day 2: Lesson 145 I Ni Pedro 3–5<br>Day 3: Flexible na Araw (tingnan sa mga mungkahi para sa mga flexible na araw)<br>Day 4: Lesson 146 II Ni Pedro 1<br>Day 5: Lesson 147 II Ni Pedro 2–3 | I Ni Pedro–II Ni Pedro |

| Week | Mga Lesson | Scripture Block |
| --- | --- | --- |
| 34 | Day 1: Lesson 148 I Ni Juan<br>Day 2: Lesson 149 II Ni Juan–III Ni Juan<br>Day 3: Lesson 150 Judas<br>Day 4: Lesson 151 Apocalipsis 1<br>Day 5: Lesson 152 Apocalipsis 2–3 | I Ni Juan–Apocalipsis 3 |
| 35 | Day 1: Lesson 153 Apocalipsis 4–5<br>Day 2: Lesson 154 Apocalipsis 6–11, Bahagi 1<br>Day 3: Lesson 155 Apocalipsis 6–11, Bahagi 2<br>Day 4: Lesson 156 Apocalipsis 12–13<br>Day 5: Lesson 157 Apocalipsis 14–16 | Apocalipsis 4–16 |
| 36 | Day 1: Lesson 158 Apocalipsis 17–19<br>Day 2: Lesson 159 Apocalipsis 20<br>Day 3: Lesson 160 Apocalipsis 21–22<br>Day 4: Flexible na Araw (iminungkahing oras para sa *pagbibigay* ng "Learning Assessment para sa Ang Mga Gawa–Apocalipsis ng Bagong Tipan")<br>Day 5: Flexible na Araw (iminungkahing oras para sa *pagrerebyu* ng "Learning Assessment para sa Ang Mga Gawa–Apocalipsis ng Bagong Tipan") | Apocalipsis 17–22 |

# Mga Mungkahi para sa mga Flexible na Araw

Ang pacing guide para sa mga daily teacher ay nakabatay sa isang 36-week o 180-day school year. Ang manwal na ito ay nagbibigay ng 160 daily lesson, na may 20 araw na walang materyal na ituturo. Ang 20 "flexible na araw" na ito ay dapat gamitin nang matalino para sa mga makabuluhang mithiin at aktibidad, kabilang ang sumusunod:

1. **Mga Assessment.** Ang Layunin ng Seminaries and Institutes of Religion ay "tulungan ang kabataan at mga young adult na maunawaan at umasa sa mga turo at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo, at ihanda ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba pa para sa buhay na walang hanggan sa piling ng kanilang Ama sa Langit." Para maisakatuparan ang layuning ito, naghanda ang S&I ng mga learning assessment. Ang mga assessment na ito ay nilayong tumulong sa mga estudyante na maunawaan, maipaliwanag, mapaniwalaan, at maipamuhay ang natututuhan nila sa klase.

   Noong 2014, ang mga requirement sa seminary graduation ay binago. Kailangan nang maipasa ng mga estudyante ang mga learning assessment para sa bawat kurso ng pag-aaral para makatapos. Dapat mong ibigay ang mga learning assessment isang beses kada kalahati ng school year. May dalawang bahagi ang bawat assessment: (1) pagbibigay ng assessment, na karaniwang tatagal nang mga 40 minuto, o isang daily class period, at (2) pagwawasto at pagtalakay ng assessment sa mga estudyante sa susunod na class period. Ang rebyu na ito ay mahalagang bahagi ng pagtulong sa mga estudyante na matuto mula sa karanasan. Kung tumatagal ang klase mo nang mahigit sa 60 minuto, dapat gumugol lamang ng isang class period sa pagbibigay at pagrebyu ng assessment.

   Gagamitin ang mga assessment para tulungan ang mga estudyante. Nang ipinahayag ang pagdagdag ng mga learning assessment sa mga kinakailangan sa seminary graduation, sinabi ni Elder Paul V. Johnson, "Malaki ang maitutulong ng pananaw ng isang titser. Kung mauunawaan ng mga titser kung paano pinagpapala nito ang buhay ng mga estudyante, ituturing nila ang mga assessment na isang paraan para matulungan ang kanilang mga estudyante. … Palagay ko ay kung may dapat ingatan, iyon ay na ayaw naming isipin ng mga titser na ito ay instrumentong tila ginagamit sa pagmamanipula o na ito ay isang club—na may dalawang kahulugan—na ito ay magagamit para manakit, o na ito ay isang samahan na para lang sa ilang estudyante. Gusto namin na makita nila ito bilang isang bagay na talagang magpapala sa kanilang mga buhay" ("Elevate Learning Announcement" [Seminaries and Institutes of Religion global faculty meeting, Hunyo 20, 2014], si.lds.org).

   Paalala: May iba pang opsiyonal na mga assessment na matatagpuan sa pag-search sa S&I website (si.lds.org) gamit ang salitang *assessment.*

2. **Pag-aangkop ng mga daily lesson.** Maaari kang gumugol ng ekstrang oras sa isang lesson na mas mahabang oras ang kailangan para maituro nang epektibo. Maaari mo ring gamitin ang mga karagdagang ideya sa pagtuturo na nasa dulo ng ilang mga lesson o maglaan ng oras para sagutin ang mga tanong ng mga estudyante tungkol sa isang partikular na scripture passage o paksa tungkol sa ebanghelyo. Ang mga flexible na araw ay nagtutulot sa iyo na masamantala ang mga pagkakataong ito habang pinananatili ang iyong pacing schedule o regular na iskedyul at natutupad ang iyong tungkuling ituro ang mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

3. **Pagsasaulo at pag-unawang mabuti sa mga pangunahing scripture passage at mga Pangunahing Doktrina.** Maaari mong gamitin ang mga aktibidad para sa pagrerebyu para sa mga scripture mastery passage na matatagpuan sa kabuuan ng manwal at sa apendiks. Maaari kang gumawa ng mga karagdagang aktibidad sa pagrerebyu ng scripture mastery na tutugon sa mga partikular na pangangailangan at interes ng mga estudyante sa iyong klase. Maaari mo ring gamitin ang bahagi ng isang flexible na araw para sa mga aktibidad na tutulong sa mga estudyante na marebyu at mapalalim ang kanilang pang-unawa sa mga Pangunahing Doktrina.

4. **Pagrerebyu sa mga napag-aralang materyal o lesson.** Makatutulong sa mga estudyante na gunitain paminsan-minsan ang natutuhan nila sa mga nagdaang lesson o mula sa isang partikular na aklat sa banal na kasulatan. Maaari ka ring magbigay sa mga estudyante ng pagkakataong ipaliwanag ang isang katotohanan mula sa isang nagdaang lesson at ibahagi kung paano nakaimpluwensiya ang katotohanang iyan sa kanilang buhay. Maaari ka ring gumawa at magbigay ng quiz o learning activity na nagrerebyu sa nagdaang materyal o lesson.

5. **Pagtutulot sa pagkaantala sa iskedyul.** Maaaring kailangan mong ikansela o iklian ang klase paminsan-minsan kapag may mga school activity o assembly, mga kaganapan sa komunidad, masamang panahon, at iba pang pagkaantala. Maaari gamitin ang mga flexible na araw para sa mga gayong pagkaantala.

# Pacing Guide para sa mga Home-Study Teacher

Ang manwal na ito ay naglalaman ng 32 home-study lesson na tumutugma sa 32 unit na nasa *Gabay sa Pag-aaral ng Bagong Tipan para sa mga Estudyante ng Home-Study Seminary.* Malamang na kailangan mong magplano para sa karagdagang apat na klase para maibigay at marebyu ang kailangang mga learning assessment, para sa kabuuang 36 na klase. Maaari mong iangkop ang mga lesson at ang pacing kung kailangan para sa bilang ng mga linggo na magtuturo ka sa iyong klase.

| Unit | Home-Study Lesson |
|---|---|
| Unit 1 | Day 1: Ang Plano ng Kaligtasan<br>Day 2: Ang Responsibilidad ng Estudyante<br>Day 3: Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan<br>Day 4: Pambungad at Konteksto ng Bagong TIpan<br>*Lesson ng Titser: Ang Plano ng Kaligtasan–Pambungad at Konteksto ng Bagong Tipan* |
| Unit 2 | Day 1: Mateo 1–2<br>Day 2: Mateo 3<br>Day 3: Mateo 4<br>Day 4: Mateo 5<br>*Lesson ng Titser: Mateo 1–5* |
| Unit 3 | Day 1: Mateo 6–7<br>Day 2: Mateo 8–10<br>Day 3: Mateo 11–12<br>Day 4: Mateo 13:1–23<br>*Lesson ng Titser: Mateo 6:1–13:23* |
| Unit 4 | Day 1: Mateo 13:24–58<br>Day 2: Mateo 14<br>Day 3: Mateo 15<br>Day 4: Mateo 16–17<br>*Lesson ng Titser: Mateo 13:24–17:27* |
| Unit 5 | Day 1: Mateo 18–20<br>Day 2: Mateo 21:1–16<br>Day 3: Mateo 21:17–22:14<br>Day 4: Mateo 22:15–46<br>*Lesson ng Titser: Mateo 18–22* |

| Unit | Home-Study Lesson |
|---|---|
| Unit 6 | Day 1: Mateo 23<br>Day 2: Joseph Smith—Mateo; Mateo 24<br>Day 3: Mateo 25<br>Day 4: Mateo 26:1–30<br>*Lesson ng Titser: Mateo 23:1–26:30* |
| Unit 7 | Day 1: Mateo 26:31–75<br>Day 2: Mateo 27–28<br>Day 3: Marcos 1<br>Day 4: Marcos 2–3<br>*Lesson ng Titser: Mateo 26:31–Marcos 3:35* |
| Unit 8 | Day 1: Marcos 4–5<br>Day 2: Marcos 6–8<br>Day 3: Marcos 9:1–29<br>Day 4: Marcos 9:30–50<br>*Lesson ng Titser: Marcos 4–9* |
| Unit 9 | Day 1: Marcos 10–16<br>Day 2: Lucas 1<br>Day 3: Lucas 2<br>Day 4: Lucas 3–4<br>*Lesson ng Titser: Marcos 10–Lucas 4* |
| Unit 10 | Day 1: Lucas 5<br>Day 2: Lucas 6:1–7:18<br>Day 3: Lucas 7:18–50<br>Day 4: Lucas 8:1–10:37<br>*Lesson ng Titser: Lucas 5:1–10:37* |
| Unit 11 | Day 1: Lucas 10:38–12:59<br>Day 2: Lucas 13–15<br>Day 3: Lucas 16<br>Day 4: Lucas 17<br>*Lesson ng Titser: Lucas 10:38–17:37* |
| Unit 12 | Day 1: Lucas 18–21<br>Day 2: Lucas 22<br>Day 3: Lucas 23–24<br>Day 4: Juan 1<br>*Lesson ng Titser: Lucas 18–Juan 1* |

| Unit | Home-Study Lesson |
|---|---|
| Unit 13 | Day 1:  Juan 2<br>Day 2:  Juan 3<br>Day 3:  Juan 4<br>Day 4:  Juan 5–6<br>*Lesson ng Titser:  Juan 2–6* |
| Unit 14 | Day 1:  Juan 7<br>Day 2:  Juan 8<br>Day 3:  Juan 9<br>Day 4:  Juan 10<br>*Lesson ng Titser:  Juan 7–10* |
| Unit 15 | Day 1:  Juan 11<br>Day 2:  Juan 12<br>Day 3:  Juan 13<br>Day 4:  Juan 14–15<br>*Lesson ng Titser:  Juan 11–15* |
| Unit 16 | Day 1:  Juan 16<br>Day 2:  Juan 17<br>Day 3:  Juan 18–19<br>Day 4:  Juan 20–21<br>*Lesson ng Titser:  Juan 16–21* |
| Iminumungkahing oras para sa *pagbibigay* ng "Learning Assessment para sa Mateo–Juan ng Bagong Tipan" | |
| Iminumungkahing oras para sa *pagrerebyu* ng "Learning Assessment para sa Mateo–Juan ng Bagong Tipan" | |
| Unit 17 | Day 1:  Ang Mga Gawa 1:1–8<br>Day 2:  Ang Mga Gawa 1:9–26<br>Day 3:  Ang Mga Gawa 2<br>Day 4:  Ang Mga Gawa 3–5<br>*Lesson ng Titser:  Ang Mga Gawa 1–5* |
| Unit 18 | Day 1:  Ang Mga Gawa 6–7<br>Day 2:  Ang Mga Gawa 8<br>Day 3:  Ang Mga Gawa 9<br>Day 4:  Ang Mga Gawa 10–12<br>*Lesson ng Titser:  Ang Mga Gawa 6–12* |

| Unit | Home-Study Lesson |
|---|---|
| Unit 19 | Day 1: Ang Mga Gawa 13–14<br>Day 2: Ang Mga Gawa 15<br>Day 3: Ang Mga Gawa 16–17<br>Day 4: Ang Mga Gawa 18–19<br>*Lesson ng Titser: Ang Mga Gawa 13–19* |
| Unit 20 | Day 1: Ang Mga Gawa 20–22<br>Day 2: Ang Mga Gawa 23–28<br>Day 3: Mga Taga Roma 1–3<br>Day 4: Mga Taga Roma 4–7<br>*Lesson ng Titser: Ang Mga Gawa 20–Mga Taga Roma 7* |
| Unit 21 | Day 1: Mga Taga Roma 8–11<br>Day 2: Mga Taga Roma 12–16<br>Day 3: I Mga Taga Corinto 1–2<br>Day 4: I Mga Taga Corinto 3–6<br>*Lesson ng Titser: Mga Taga Roma 8–I Mga Taga Corinto 6* |
| Unit 22 | Day 1: I Mga Taga Corinto 7–8<br>Day 2: I Mga Taga Corinto 9–10<br>Day 3: I Mga Taga Corinto 11<br>Day 4: I Mga Taga Corinto 12–14<br>*Lesson ng Titser: I Mga Taga Corinto 7–14* |
| Unit 23 | Day 1: I Mga Taga Corinto 15:1–29<br>Day 2: I Mga Taga Corinto 15:30–16:24<br>Day 3: II Mga Taga Corinto 1–3<br>Day 4: II Mga Taga Corinto 4–7<br>*Lesson ng Titser: I Mga Taga Corinto 15–II Mga Taga Corinto 7* |
| Unit 24 | Day 1: II Mga Taga Coriinto 8–9<br>Day 2: II Mga Taga Corinto 10–13<br>Day 3: Mga Taga Galacia<br>4: Mga Taga Efeso 1<br>*Lesson ng Titser: II Mga Taga Corinto 8–Mga Taga Efeso 1* |
| Unit 25 | Day 1: Mga Taga Efeso 2–3<br>Day 2: Mga Taga Efeso 4–6<br>Day 3: Mga Taga Filipos 1–3<br>Day 4: Mga Taga Filipos 4<br>*Lesson ng Titser: Mga Taga Efeso 2–Mga Taga Filipos 4* |

| Unit | Home-Study Lesson |
|---|---|
| Unit 26 | Day 1: Mga Taga Colosas<br>Day 2: I Mga Taga Tesalonica<br>Day 3: II Mga Taga Tesalonica<br>Day 4: I Kay Timoteo<br>*Lesson ng Titser: Mga Taga Colosas–I Kay Timoteo* |
| Unit 27 | Day 1: II Kay Timoteo<br>Day 2: Kay Tito<br>Day 3: Kay Filemon<br>Day 4: Sa Mga Hebreo 1–4<br>*Lesson ng Titser: II Kay Timoteo 1–Sa Mga Hebreo 4* |
| Unit 28 | Day 1: Sa Mga Hebreo 5–6<br>Day 2: Sa Mga Hebreo 7–10<br>Day 3: Sa Mga Hebreo 11<br>Day 4: Sa Mga Hebreo 12–Santiago 1<br>*Lesson ng Titser: Sa Mga Hebreo 5–Santiago 1* |
| Unit 29 | Day 1: Santiago 2–3<br>Day 2: Santiago 4–5<br>Day 3: I Ni Pedro 1–2<br>Day 4: I Ni Pedro 3–5<br>*Lesson ng Titser: Santiago 2–I Ni Pedro 5* |
| Unit 30 | Day 1: II Ni Pedro<br>Day 2: I Ni Juan<br>Day 3: II Ni Juan–III Ni Juan<br>Day 4: Judas<br>*Lesson ng Titser: II Ni Pedro–Judas* |
| Unit 31 | Day 1: Apocalipsis 1–3<br>Day 2: Apocalipsis 4–5<br>Day 3: Apocalipsis 6–7<br>Day 4: Apocalipsis 8–11<br>*Lesson ng Titser: Apocalipsis 1–11* |
| Unit 32 | Day 1: Apocalipsis 12–13<br>Day 2: Apocalipsis 14–16<br>Day 3: Apocalipsis 17–19<br>Day 4: Apocalipsis 20–22<br>*Lesson ng Titser: Apocalipsis 12–22* |
| Iminumungkahing oras para sa *pagbibigay* ng "Learning Assessment para sa Ang Mga Gawa–Apocalipsis ng Bagong Tipan" | |

| Unit | Home-Study Lesson |
| --- | --- |
| Iminumungkahing oras para sa *pagrerebyu* ng "Learning Assessment para sa Ang Mga Gawa–Apocalipsis ng Bagong Tipan" | |

# Pambungad sa Scripture Mastery

Ang Seminaries and Institutes of Religion ay pumili ng 25 scripture mastery passage para sa bawat apat na kurso sa seminary. Ang mga scripture passage na ito ay nagbibigay ng mahalagang pundasyon sa banal na kasulatan para sa pag-unawa at pagbabahagi ng ebanghelyo at para sa pagpapalakas ng pananampalataya. Ang mga scripture mastery passage para sa kursong Bagong Tipan ay ang mga sumusunod:

Mateo 5:14–16

Mateo 11:28–30

Mateo 16:15–19

Mateo 22:36–39

Mateo 28:19–20

Lucas 24:36–39

Juan 3:5

Juan 14:6

Juan 14:15

Juan 17:3

Ang Mga Gawa 2:36–38

Ang Mga Gawa 3:19–21

I Mga Taga Corinto 6:19–20

I Mga Taga Corinto 15:20–22

I Mga Taga Corinto 15:40-42

Mga Taga Galacia 5:22–23

Mga Taga Efeso 4:11–14

Mga Taga Filipos 4:13

II Mga Taga Tesalonica 2:1–3

II Kay Timoteo 3:15–17

Sa Mga Hebreo 12:9

Santiago 1:5–6

Santiago 2:17–18

I Ni Pedro 4:6

Apocalipsis 20:12

Hinihikayat ang mga estudyante sa seminary na magkaroon ng "mastery" o kahusayan sa mga scripture passage na ito. Mas matutulungan mo ang iyong mga estudyante kung napag-aralan at naisaulo mo ring mabuti ang mga scripture passage na ito. Kabilang sa mastery ng mga scripture passage ang mga sumusunod:

- **Paghahanap** kung saan naroon ang mga scripture passage sa pamamagitan ng pag-alam sa mga nauugnay na scripture reference
- **Pag-unawa** sa konteksto at nilalaman ng mga scripture passage
- **Pagsasabuhay** sa mga alituntunin at mga doktrina ng ebanghelyo na itinuro sa mga scripture passage
- **Pagsasaulo** sa mga scripture passage

## Konsistensi, Ekspektasyon, at mga Pamamaraan

Kapag nagpaplano ka na tulungan ang mga estudyante na maging mahusay sa mga scripture passage, mas magiging matagumpay ka kung tutukuyin mo ang mga scripture mastery passage nang may konsistensi, palaging may mga naaangkop na ekspektasyon, at kung gagamit ka ng mga pamamaraan na maiaangkop sa iba't ibang istilo sa pag-aaral.

Ang konsistensi at pag-uulit-ulit sa pagtuturo ng scripture mastery ay tutulong sa mga estudyante na maisaulo ang mga katotohanan para magamit sa hinaharap. Maaaring makatulong na i-outline ang kursong pag-aaralan para sa taon at gumawa ng plano para palaging makapagbigay ng mga pagkakataon sa mga estudyante na maging mahusay sa mga scripture passage. Maging matalino sa pagpapasiya kung gaano kadalas at gaano katagal ang oras na gagamitin sa pagtulong sa mga estudyante na matutuhan ang mga scripture mastery passage. Tiyakin na hindi masasapawan ng mga aktibidad para sa scripture mastery activity ang araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito. Maaari kang magpasiya na mag-ukol ng ilang minuto bawat araw sa pagrerebyu ng mga scripture mastery passage sa mga estudyante mo. O maaari kang magpasiya na magbigay ng maikling mastery activity isa o dalawang beses kada linggo na tatagal nang mga 10 hanggang 15 minuto. Kahit ano ang ang ipinlano mo para tulungan ang mga estudyante na matutuhan ang mga scripture mastery passage, maging konsistent at angkop sa iyong mga gagawin.

Iayon ang iyong mga ekspektasyon o aasahan sa scripture mastery batay sa kakayahan ng bawat estudyante. Ang pagiging mahusay sa mga scripture passage ay nangangailangan ng pagsisikap mula sa mga estudyante. Sabihin sa mga estudyante na ang kanilang tagumpay sa scripture mastery ay nakabatay sa kanilang saloobin at sa kanilang kagustuhang magsumikap. Hikayatin sila na magtakda ng mga mithiin o goal na maghihikayat sa kanilang mga kakayahan na umunlad. Maging sensitibo sa mga estudyante na maaaring mahirapan na magsaulo, at maging handa na iangkop ang iyong mga ekspektasyon at pamamaraan sa pagtuturo ayon sa pangangailangan ng iyong mga estudyante.

Para mahikayat ang mas maraming uri ng personalidad at istilo sa pag-aaral, iba-ibahin ang mga pamamaraan na ginagamit mo para matulungan ang mga estudyante na maging mahusay sa mga scripture passage. Tulad sa lahat ng

pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo, maging matalino sa iyong pipiliing mga aktibidad para maanyayahan ang Espiritu Santo na tulungan ang mga estudyante sa mastery ng mga banal na kasulatan at ng mga doktrina. Makakakita ka ng ilang angkop na pamamaraan ng pagtuturo ng scripture mastery sa mga lesson sa manwal na ito. Para sa karagdagang pamamaraan sa pagtuturo ng scripture mastery, tingnan ang bahaging "Mga Aktibidad para sa Scripture Mastery" sa apendiks na ito.

## Scripture Mastery sa Kurikulum

Ang scripture mastery ay isinama sa kurikulum sa ilang paraan. Ang scripture mastery icon ay tumutukoy sa pagtuturo sa mga scripture mastery passage sa materyal ng lesson. Ipinapakilala at tinatalakay ang mga scripture mastery passage sa konteksto ng mga kabanata kung saan matatagpuan ang mga ito. Mayroon ding mga karagdagang ideya para sa pagtuturo ng mga scripture mastery passage sa katapusan ng mga lesson kung saan matatagpuan ang mga ito. Ang mga karagdagang ideyang ito sa pagtuturo ay tumutulong na mabalanse ang apat na elemento ng scripture mastery (paghahanap, pag-unawa, pagsasabuhay, at pagsasaulo) sa bawat scripture passage. Halimbawa, kung ang lesson ay tumutulong sa mga estudyante na maunawaan at maipamuhay ang scripture mastery passage, ang karagdagang ideya sa pagtuturo ay tutulong sa kanila sa paghahanap o pagsasaulo sa scripture passage.

Ang kurikulum ay regular ding nagbibigay ng mga aktibidad para sa pagrerebyu ng scripture mastery na magagamit kung may oras pa at kung naaayon sa mga scripture mastery goal ng iyong klase. Ang mga pagrerebyung ito ay maaaring dagdagan ng mga scripture mastery activity na nakalista sa apendiks na ito. Maaari kang gumamit ng dagdag na oras sa simula o katapusan ng isang maikling lesson para gawin ang isa sa mga aktibidad na ito sa pagrerebyu.

## Mga Iminungkahing Paraan para sa Scripture Mastery

Para matulungan ang mga estudyante na mapahusay ang kakayahan sa **paghahanap**, maaari kang magplano na ipakilala ang 25 mastery passage sa pagsisimula ng kurso at pagkatapos ay ituro ito para lalo pang maunawaan at maisaulo ang mga ito sa buong kurso. O maaari mong ipakilala ang ilang scripture passage bawat buwan at magpokus na maipaunawa at maipasaulo ang mga ito sa buwan ding iyon. Maaaring kabilang sa mga pagpapakilala ng mga scripture mastery passage ang pagmumungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga scripture mastery passage sa kanilang sariling mga banal na kasulatan, pagtulong sa mga estudyante na mag-isip ng mga paraan para maalala ang mga key word at mga reperensya, at pagpapaliwanag sa mga doktrina at mga alituntunin na nakapaloob sa bawat scripture passage. Maaari mo ring isali ang mga estudyante sa pagpapakilala ng mga scripture mastery passage sa pamamagitan ng pag-a-assign sa kanila na gamitin ang mga scripture passage sa kanilang debosyonal o sa pag-anyaya sa kanila na turuan ang isa't isa kung paano maalala at mahanap ang mga scripture passage. Para malaman kung naisaulo at naunawaan nila ang mga scripture mastery passage, magbigay ng mga quiz at mga aktibidad sa paghahanap (tingnan ang mga aktibidad para sa scripture mastery sa apendiks na ito para sa mga halimbawa.) Isang listahan ng 25 scripture mastery passage sa kurso na ito

ang matatagpuan sa mga bookmark ng mga estudyante at sa mga scripture mastery card.

Para matulungan ang mga estudyante na **maunawaan** ang mga scripture mastery passage, bigyang-diin ang mga scripture passage na ito kapag kabilang ito sa iyong mga daily lesson. Maaari mo ring gamitin ang mga scripture mastery activity sa apendiks na ito upang maragdagan ang kaalaman ng mga estudyante sa mga katotohanang nakapaloob sa mga scripture passage at mapag-ibayo ang kakayahan nilang maipaliwanag ang mga ito. Bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon sa mga debosyonal o habang nagkaklase na maipaliwanag kung paano sila natulungan ng mga katotohanan sa mga scripture mastery passage na mas maunawaan ang mga Pangunahing Doktrina.

Para matulungan ang mga estudyante sa kanilang **pagsasabuhay** ng mga katotohanan na matatagpuan sa mga scripture mastery passage, hikayatin sila na sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo para maunawaan kung paano maipapamuhay ang mga katotohanan. Para matulungan ang mga estudyante na kumilos ayon sa mga katotohanan na natutuhan nila, maaari kang mag-post sa isang bulletin board sa klase paminsan-minsan ng isang challenge o hamon na nauugnay sa isang scripture mastery passage. O maaari mong bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon sa klase na mag-praktis sa pagtuturo ng mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo gamit ang mga scripture mastery passage (tingnan ang mga aktibidad para scripture mastery sa apendiks na ito para sa mga ideya.) Maaari mo ring anyayahan ang mga estudyante na ipamuhay ang mga alituntuning natutuhan nila sa mga lesson kung saan makikita ang mga scripture mastery passage. Bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon—sa mga debosyonal o sa iba pang pagkakataon—na maibahagi ang kanilang mga karanasan. Ito ay makatutulong sa kanila na madagdagan ang kanilang patotoo sa mga katotohanang natutuhan nila mula sa mga scripture mastery passage.

Para matulungan ang mga estudyante na **maisaulo** ang 25 scripture mastery passage, maaari kang magplano na isaulo sa klase ang dalawa o tatlong scripture mastery passage bawat buwan. Maaari mo ring hamunin ang mga estudyante na isaulo ang ilang partikular na scripture passage sa kanilang mga tahanan (magagawa nila ito kasama ang kanilang mga pamilya o bigkasin ang mga ito sa magulang o kapamilya). Maaari mong gawing bahagi ng debosyonal araw-araw ang pagsasaulo sa pamamagitan ng pagsasabi sa klase na bigkasin ang scripture passage o sa pagbibigay ng oras sa mga estudyante na magsaulo nang may kapartner. Ang pagbibigay sa mga estudyante ng mga pagkakataon na mabigkas ang mga scripture mastery passage nang magkakapartner o sa malilitt na grupo o sa harap ng klase ay makatutulong sa kanila na maging responsable sa kanilang mga pagsisikap. Ang mga aktibidad para sa scripture mastery sa apendiks na ito ay kinabibilangan ng iba't ibang pamamaraan sa pagsasaulo. Iangkop ang mga ekspektasyon sa pagsasaulo sa kakayahan at sitwasyon ng bawat estudyante. Hindi dapat madama ng mga estudyante na napapahiya sila o labis ang ipinagagawa sa kanila kung hindi nila masaulo ang scripture passage.

# Mga Aktibidad para sa Scripture Mastery

## Pambungad

Ang bahaging ito ay nagbibigay ng ilang ideya na magagamit mo para matulungan ang mga estudyante na maisaulo at maunawaan ang mahahalagang scripture passage. Kapag tinulungan at hinikayat mo ang mga estudyante na matamo ang mga kakayahang ito, tinutulungan mo sila na maging self-reliant sa kanilang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Magagamit ng mga estudyante ang mga mastery skill na ito sa kanilang buong buhay para mas mahanap, maunawaan, maipamuhay, at maisaulo ang mga talata sa mga banal na kasulatan. Ang mga ideya sa pagtuturo para sa bawat elemento ng scripture mastery ay nakalista sa ibaba. Ang paggamit sa iba't ibang uri ng mga aktibidad na ito ay makatutulong sa mga estudyante na mas maisaulo at maunawaan ang mga scripture passage.

## Mga Aktibidad na Tutulong sa mga Estudyante na *Mahanap* ang mga Scripture Mastery Passage

### Pagmamarka ng mga Scripture Passage

Ang pagmamarka ng mga scripture mastery passage ay makatutulong sa mga estudyante na maalala ang mga ito at mahanap ito nang mas mabilis. Maaaring hikayatin ang mga estudyante na markahan ang mahahalagang scripture passage na ito sa kanilang mga banal na kasulatan sa paraang naiiba ang mga ito mula sa iba pang scripture passage na minamarkahan nila.

### Alamin ang mga Aklat

Ang pagsasaulo sa mga pangalan at pagkakasunod-sunod ng mga aklat sa Bagong Tipan ay makatutulong sa mga estudyante na mas mabilis na mahanap ang mga scripture mastery passage. Ang sumusunod ay ilang halimbawa ng mga aktibidad na makatutulong sa mga estudyante na mas maging pamilyar sa mga aklat sa Bagong Tipan:

- **Hanapin ang Talaan ng mga Nilalaman [Table of Contents]—**Tulungan ang mga estudyante na maging pamilyar sa talaan ng mga nilalaman o table of contents ng Biblia para matulungan silang mahanap ang mga aklat kung saan matatagpuan ang mga scripture mastery reference.
- **Kumanta—**Palitan ang mga titik ng isang pamilyar na himno o kanta sa primary ng mga pangalan ng mga aklat sa Bagong Tipan. Ituro sa iyong mga estudyante ang kanta (o gamitin ang kantang "The Books in the New Testament" [*Children's Songbook,* 116–17]). Ipakanta ito nang paminsan-minsan sa mga estudyante sa buong taon para matulungan silang matandaan ang mga pangalan at ang pagkakasunud-sunod ng mga aklat sa Bagong Tipan.
- **Gamitin ang mga Unang Titik—**Isulat sa pisara ang mga unang titk ng mga aklat (M, M, L, J, at iba pa). Ipapraktis sa mga estudyante ang pagsabi sa mga pangalan ng mga aklat na tugma sa bawat titik. Ulitin ang aktibidad na ito hanggang maisaulo at mabigkas na nila ang mga aklat.

- **Book Chase—**Sabihin nang malakas ang isa sa mga aklat kung saan matatagpuan ang isang scripture mastery passage, at ipabuklat sa mga estudyante ang kanilang mga banal na kasulatan sa kahit anong pahina ng aklat na iyon. Orasan kung gaano katagal mahanap ng buong klase ang bawat aklat. Maaaring ulitin ang aktibidad na ito para maging mas mahusay ang mga estudyante sa pag-alaala at paghahanap ng mga aklat sa Bagong Tipan.

### Pag-alaala sa mga Reperensya at Nilalaman

Kapag nalaman ng mga estudyante ang lokasyon at nilalaman ng mga scripture mastery passage, matutulungan sila ng Espiritu Santo na maalala ang mga scripture reference kapag kinakailangan (tingnan sa Juan 14:26). Ang mga key word o mahahalagang salita o mga kataga, tulad ng "ipanganak ng tubig at ng Espiritu" (Juan 3:5) at "ang bunga ng Espiritu" (Mga Taga Galacia 5:22–23), ay makatutulong sa mga estudyante na maalala ang nilalaman at turo tungkol sa doktrina ng bawat scripture passage. Ang mga sumusunod na pamamaraan ay makatutulong sa mga estudyante na maiugnay ang mga scripture mastery reference sa nilalaman o mga key word ng mga ito. (Maaari mong ipagpaliban ang mga aktibidad na may kompetisyon, pabilisan, o inoorasan hanggang sa huling bahagi ng taon, matapos maipakita ng mga estudyante na alam na nila kung saan mahahanap ang mga scripture mastery passage. Ang mga gayong aktibidad ay makatutulong sa kanila na madagdagan ang anumang natutuhan nila.)

- **Mga Reperensya at mga Key Word—**Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga reperensya at mga key word ng bawat scripture mastery passage na nakalista sa mga scripture mastery card. (Maaaring umorder online ng mga scripture mastery card sa store.lds.org. Maaari mo ring pagawin ang mga estudyante ng kanilang sariling mga scripture mastery card.) Bigyan ng oras ang mga estudyante na pag-aralan ang mga card kasama ang isang partner at pagkatapos ay bigyan ng quiz ang isa't isa. Hikayatin ang mga estudyante na maging malikhain sa paraan ng pag-aaral nila at pagbibigay ng quiz sa isa't isa. Habang nagiging mas mahusay sila sa mga scripture mastery passage, maaari mong anyayahan sila na gumamit ng mga clue na kinabibilangan ng konteksto o pagsasabuhay ng mga doktrina at mga alituntunin mula sa mga scripture passage. Ang taong binibigyan ng quiz ay maaaring sumagot nang pasalita o maaaring isulat ito.
- **Mga Scripture Mastery Card—**Ang aktibidad na ito ay magagamit upang maituro o marebyu ang isang set ng mga scripture mastery passage. Pumili ng ilang scripture mastery card, at maghanda na ipamahagi ito sa iyong mga estudyante. (Siguraduhin na marami kang kopya ng bawat card para mas maraming estudyante ang makatanggap ng magkakaparehong scripture mastery passage. Maaaring gustuhin mong magkaroon ng sapat na mga card para sa bawat estudyante para magkaroon sila ng dalawa o tatlong magkakaibang scripture passage.) Ipamigay ang mga ito sa klase. Bigyan ng oras ang mga estudyante na mapag-aralan ang scripture mastery passage, ang reperensya, ang mga key word o mahahalagang salita, ang konteksto, ang doktrina o alituntunin, at mga application idea o mga ideya para sa pagsasabuhay sa bawat card. Magbigay ng ilang clue mula sa bawat card (halimbawa, mga salita mula sa scripture mastery passage o ang mga key word,

konteksto, doktrina o alituntunin, o mga ideya para pagsasabuhay). Ang mga estudyante na may kaugnay na card ay dapat tumayo at sabihin nang malakas ang scripture mastery reference.

- **Scripture Chase—**Gumamit ng mga clue na tutulong sa mga estudyante na mabilis na mahanap ang mga talata sa kanilang mga banal na kasulatan. Para sa mga clue, maaari kang gumamit ng mga key word o mahahalagang salita, mga context statement o konteksto, mga doktrina at mga alituntunin, at mga ideya para sa pagsasabuhay mula sa mga scripture mastery card. Maaari ka ring gumawa ng sarili mong mga clue. Ang scripture chase ay ang pag-uunahan ng mga estudyante na mahanap ang mga talata sa mga banal na kasulatan na makatutulong sa kanilang makibahagi nang aktibo sa pag-aaral ng scripture mastery passages. Kapag ginagawa ang aktibidad na scripture chase para makatulong sa scripture mastery, gawin ito sa paraang walang magdaramdam o magpapalayo sa Espiritu. Tulungan ang mga estudyante na igalang at ingatan ang kanilang mga banal na kasulatan o huwag masyadong makipagkumpetensya o makipagmataasan. Maaari mo ring sabihin sa mga estudyante na magpaligsahan para humusay sa halip na kalabanin ang isa't isa. Halimbawa, maaaring makipag-unahan sa kanilang titser ang mga estudyante, o hayaan silang magpabilisan upang makita kung ilang porsiyento ng klase ang makahahanap ng isang scripture passage sa itinakdang oras.

- **Story Chase—**Magbigay ng mga clue sa pamamagitan ng paggawa ng mga sitwasyon na nagpapakita ng kahalagahan ng mga scripture mastery passage sa buhay araw-araw. Halimbawa, bilang clue para sa Mateo 28:19–20 o Mga Taga Filipos 4:13, maaari mong sabihin, "Si Daniel ay maaaring maglingkod ng mission at nadarama niya na tungkulin niya sa priesthood na gawin ito, pero nag-aalala siya na wala siyang sapat na kaalaman para mahusay na maituro ang ebanghelyo. Nag-alala rin siya na magiging mahirap para sa kanya na makipag-usap sa mga taong hindi niya kilala. Habang nagdarasal siya na mapanatag, naalala niya na matapos mabuhay na muli ni Jesucristo, inatasan Niya ang Kanyang mga Apostol na 'Magsiyaon nga kayo at [turuan] ang lahat ng mga bansa' at na ang Panginoon ay lagi nilang makakasama. Naisip din ni Daniel ang sinabi ni Pablo, 'Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin.'" Kapag napakinggan na ng mga estudyante ang mga sitwasyon, sabihin sa kanila na maghanap ng nauugnay na mga scripture mastery passage sa kanilang mga banal na kasulatan.

- **Mga Quiz at mga Pagsusulit—**Bigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na masubukan ang kanilang kakayahan sa pagsasaulo ng mga scripture mastery passage. Maaaring kasama sa mga clue ang mga key word o scripture reference, sipi mula sa mga scripture passage, o mga sitwasyon na nagpapakita ng mga katotohanang itinuro sa mga scripture passage. Pwedeng sabihin, isulat sa pisara, o isulat sa papel ang mga quiz at pagsusulit. Kapag natapos ang mga estudyante sa quiz o pagsususlit, isiping ipartner ang mga estudyante na mataas ang puntos sa mga estudyante na may mas mababang puntos. Maaaring maging titser ang estudyanteng may mataas na puntos sa estudyanteng mas mababa ang puntos upang matulungan siya sa kanyang pag-aaral at pagpapahusay. Bilang bahagi ng gawaing ito, maaari ding magtakda ng goal

ang magpartner na magkaroon ng mas mataas na pinagsamang puntos sa susunod na pagsusulit. Maaaring gumawa ng chart o bulletin board para maidispley ang mga mithiin o goal ng mga estudyante at makita ang kanilang pag-unlad.

## Mga Aktibidad na Tutulong sa mga Estudyante na *Maunawaan* ang mga Scripture Mastery Passage

### Pagbibigay-kahulugan sa mga Salita at mga Kataga

Ang pagbibigay-kahulugan sa mga salita at mga kataga sa mga scripture mastery passage (o pagtulong sa mga estudyante na maibigay ang ibig sabihin ng mga ito) ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan ang ibig sabihin ng buong scripture passage. Kapag ang mga gayong kahulugan ay mahalaga sa pag-unawa sa mga doktrina at mga alituntunin sa isang scripture passage, maaari mong imungkahi sa mga estudyante na isulat ang ibig sabihin ng mga ito sa kanilang mga banal na kasulatan. Rebyuhin ang ibig sabihin ng mga salita at mga kataga kapag nirerebyu mo ang mga scripture mastery passage.

### Pagtukoy sa Konteksto

Ang pagtukoy sa konteksto ng isang scripture passage ay makatutulong sa mga estudyante na mas maunawaan ang ibig sabihin ng scripture passage. Kabilang sa konteksto ang impormasyon tungkol sa kung sino ang nagsasalita kanino at kung bakit, ang tagpo o lokasyon ng scripture passage (historikal, kultural, at heograpikal), at ang tanong o sitwasyon kung saan nagmula ang scripture passage. Halimbawa, ang mga turo ng Panginoon sa Juan 3:5 ay bahagi ng pag-uusap ni Jesucristo at ng isang mabait na Fariseo na nagngangalang Nicodemo na pumunta sa Tagapagligtas nang gabi para magtanong tungkol sa Kanyang doktrina. Sinabi ng Panginoon kay Nicodemo na maliban na tayo ay "ipanganak na muli, ay hindi [tayo] makakakita ng kaharian ng Dios" (Juan 3:3). Nalilito, itinanong ni Nicodemo kung paano maipanganganak na muli ang isang matandang tao. Nasa Juan 3:5 ang sagot ng Panginoon sa tanong ni Nicodemo. Ang pag-alam sa impormasyon na ito ay makatutulong sa mga estudyante na maunawaan nang mas malinaw ang mga tanong na sinasagot ng Panginoon noong ipinahayag Niya na "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios." Kapag nagturo ka ng mga lesson na kinabibilangan ng mga scripture mastery passage, bigyang-diin ang konteksto na may kaugnayan sa mga scripture passage na iyon. Ang mga karagdagang aktibidad tulad ng sumusunod ay makatutulong din sa mga estudyante na maunawaan ang mahahalagang scripture passage na ito:

- **Tukuyin ang Konteksto—**Isulat ang mga sumusunod na heading sa itaas na bahagi ng pisara: *Tagapagsalita, Tagapakinig, Layunin,* at *Iba Pang Makatutulong na Impormasyon.* Igrupo ang mga estudyante, at i-assign sa bawat grupo ang isang scripture mastery passage. Sabihin sa kanila na alamin ang konteksto ng naka-assign na mga scripture passage sa kanila sa pamamagtain ng pagtukoy sa mga impormasyon na nauugnay sa mga heading sa pisara. Ipasulat sa pisara ang mga nalaman nila. Pagkatapos ay sabihin sa bawat grupo na ipaliwanag ang konteksto ng mga scripture passage na naka-assign sa kanila at kung paano nakakaapekto ang impormasyong ito sa kanilang pag-unawa sa mga

katotohanan sa bawat scripture passage. Para lalo pang maging kasiya-siya ang aktibidad na ito, maaari mong hamunin ang klase na hulaan ang mga scripture mastery reference batay sa mga paglalarawan sa pisara bago magpaliwanag ang bawat grupo tungkol sa mga isinulat nila.

## Pagsusuri

Ang pagsusuri ay kinabibilangan ng pagtukoy sa mga doktrina at mga alituntunin na matatagpuan sa mga scripture passage. Kabilang din dito ang pagtulong sa mga estudyante na maunawaan kung paano nauugnay ang mga katotohanang ito sa kanila. Maaaring humantong ito sa mas malalim na pagsasabuhay ng mga doktrina at mga alituntunin sa kanilang buhay. Ang sumusunod na aktibidad ay makatutulong sa mga estudyante na masuri ang mga scripture mastery passage:

- **Sumulat ng mga Clue—**Kapag naging mas pamilyar na ang mga estudyante sa mga scripture mastery passage, sabihin sa kanila na gumawa ng mga tanong, sitwasyon, o iba pang mga clue na naglalarawan sa mga doktrina at mga alituntunin na itinuro sa mga scripture passage. Magagamit ang mga ito sa pagbibigay ng quiz sa klase.

## Pagpapaliwanag

Ang pagtutulot sa mga estudyante na ipaliwanag ang mga scripture passage ay magpapalalim ng kanilang pang-unawa at magpapahusay sa kanilang kakayahan na ituro ang mga doktrina at mga alituntunin mula sa mga banal na kasulatan. Ang sumusunod ay dalawang pamamaraan na makatutulong sa mga estudyante na matutuhan na ipaliwanag ang mga scripture mastery passage:

- **Mahahalagang Salita at Kataga—**Ipabasa sa mga estudyante ang pare-parehong scripture mastery passage at sabihin sa kanila na tukuyin ang isang salita o mga kataga na sa tingin nila ay napakahalaga sa ibig sabihin ng talata. Pagkatapos ay sabihin sa isang estudyante na basahin ang scripture passage sa klase at bigyang-diin ang salita o mga kataga na pinili niya. Sabihin sa estudyante na ipaliwanag kung bakit mahalaga ang salita o ang mga kataga para maunawaan ang scripture passage. Anyayahan ang ilang estudyante na gawin din ito. Maaaring pumili ang mga estudyante ng magkakaibang mga salita o mga kataga sa parehong talata. Kapag nakarinig ng iba't ibang pananaw ang mga miyembro ng klase, magkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa scripture passage.
- **Maghanda ng Isang Debosyonal—**Bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon na magamit ang mga scripture mastery passage kapag naghahanda at nakikibahagi sila sa mga debosyonal sa simula ng klase. Tulungan sila na maihanda na maibuod ang konteksto, maipaliwanag ang mga doktrina at mga alituntunin, magbahagi ng mga makabuluhang karanasan o halimbawa, at patotohanan ang mga doktrina at mga alituntunin na nasa mga scripture passage. Maaari mo ring imungkahi na gumamit ang mga estudyante ng object lesson para maipaliwanag ang mga ideya sa mga scripture passage.

### Pagdama sa Kahalagahan ng mga Doktrina at mga Alituntunin

Tulungan ang mga estudyante na maunawaan ang mga doktrina at mga alituntunin na itinuro sa mga scripture mastery passage at magkaroon ng patotoo tungkol dito. Ipinaliwanag ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang isang tunay na guro, kapag siya ay nagtuturo ng mga katotohanan [ng ebanghelyo] … , ay mas ipinapaunawa ang mga ito [sa mga estudyante] upang magkaroon sila ng patotoo at makaunawa ang kanilang mga puso na hahantong sa kanilang pagkilos at paggawa" ("Teaching by Faith" [mensahe sa mga CES religious educator, Peb. 1, 2002], 5, si.lds.org; tingnan din sa *Teaching Seminary: Preservice Readings* [2004], 92). Kapag nadama ng mga estudyante ang katotohanan, kahalagahan, at pangangailangan sa isang doktrina o alituntunin sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu Santo, ang kanilang pagnanais na ipamuhay ang katotohanang iyon ay lalago. Makatutulong ang mga titser sa mga estudyante na maanyayahan at mapag-ibayo ang mga nadaramang ito na mula sa Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon na maibahagi ang mga karanasan nila ng pagsasabuhay sa mga alituntunin ng ebanghelyo na matatagpuan sa mga scripture mastery passage. Makatutulong ito sa mga estudyante na mas maunawaan ang mga katotohanang itinuro sa mga scripture mastery passage at makatitiyak na ang mga katotohanang ito ay naisulat sa puso ng mga estudyante. Ang sumusunod na aktibidad ay makatutulong sa mga estudyante na madama ang kahalagahan ng mga doktrina at mga alituntunin na itinuro sa mga scripture mastery passage:

- **Pakinggan ang mga Scripture Passage—**Sabihin sa mga estudyante na pakinggan ang mga scripture mastery passage sa mga mensahe at lesson sa simbahan, sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensiya, at sa pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan. Regular na sabihin sa mga estudyante na ireport kung aling mga scripture passage ang narinig nila, kung paano ginamit ang mga ito, anong mga katotohanan ang itinuro, at anong mga karanasan ang mayroon sila o ang iba sa mga katotohanan na itinuro. Maghanap ng mga pagkakataon na magpatotoo (at anyayahan ang mga estudyante na magpatotoo) sa mga katotohanang itinuturo ng mga scripture mastery passage.

## Mga Aktibidad na Tutulong sa mga Estudyante na *Maipamuhay* ang mga Scripture Mastery Passage

### Pagtuturo

Ang mga scripture mastery passage at ang mga Pangunahing Doktrina ay binuo nang magkasama at nilayong pag-ugnayin para makatulong sa mga estudyante. (Ang mga scripture mastery passage ay ipinakita sa dokumentong tungkol sa mga Pangunahing Doktrina.) Kapag natutuhan at naipahayag ng mga estudyante ang mga doktrina at mga alituntunin na nakapaloob sa mga scripture mastery passage, matututuhan at maipahahayag din nila ang mga Pangunahing Doktrina. At habang natututo ang mga estudyante na ipahayag ang mga Pangunahing Doktrina sa kanilang sariling mga salita, maaari silang umasa sa mga naisaulo o nakabisado na scripture mastery passage para tulungan sila. Ang pagbibigay ng mga pagkakataon sa mga estudyante na magturo ng mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo gamit ang mga scripture mastery passage ay magpapaibayo sa kanilang tiwala sa

kanilang sarili at sa kanilang kaalaman sa mga banal na kasulatan. Kapag nagturo at nagpatotoo ang mga estudyante tungkol sa mga doktrina at mga alituntunin na matatagpuan sa mga scripture mastery passage, mapapalakas din nila ang kanilang sariling mga patotoo. Hikayatin ang mga estudyante na gamitin ang mga scripture mastery passage para ituro at ipaliwanag ang ebanghelyo sa klase at sa kanilang pakikipag-usap sa mga kaibigan, kapamilya, at sa iba pa.

- **Magpahayag ng Mensahe—**Mag-assign ng mga estudyante na maghahanda ng tatlo hanggang limang-minutong mensahe o lesson batay sa mga scripture mastery passage. Sabihin sa kanila na maghanda sa klase o sa bahay. Dagdag pa sa mga scripture mastery passage, maaari nilang gamitin ang iba pang mga resources para matulungan silang maghanda, tulad ng mga scripture mastery card, Gabay sa mga Banal na Kasulatan, o *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo.* Bawat mensahe o lesson ay dapat may pambungad, scripture mastery passage, kuwento tungkol sa alituntuning itinuturo o halimbawa nito, at patotoo ng estudyante. Maaaring mag-volunteer ang mga estudyante na ihayag ang kanilang mensahe sa klase, sa family home evening, o sa kanilang mga korum o klase bilang bahagi ng paggawa ng kanilang Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos o Pansariling Pag-unlad. Kapag inihayag ng mga estudyante ang kanilang mga mensahe o lesson sa labas ng klase, maaari silang anyayahan na ibahagi ang karanasan nila tungkol dito.
- **Pagganap Bilang Missionary—**Maghanda ng ilang card na may mga tanong na maaaring itanong ng isang investigator na masasagot gamit ang tulong ng mga scripture mastery passage (halimbawa, "Ano ang pinaniniwalaan ng mga miyembro ng inyong simbahan tungkol kay Jesucristo?"). Sabihin sa magkakapartner na mga estudyante na pumunta sa harapan ng klase para sagutin ang tanong na napili mula sa mga card. Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano maaaring sagutin ng mga missionary ang gayunding mga tanong, maaari mong imungkahi ang ilang epektibong pamamaraan sa pagtuturo, tulad ng (1) paghahayag sa konteksto ng scripture passage, (2) pagpapaliwanag sa doktrina o alituntunin, (3) pagtatanong para malaman kung nakauunawa ang mga tinuturuan o kung naniniwala sila sa mga itinuro, (4) pagbabahagi ng mga karanasanan at patotoo, at (5) pag-anyaya sa mga tinuturuan nila na kumilos ayon sa katotohanan na itinuro. Sabihin sa klase na magbigay ng feedback tungkol sa nagustuhan nila sa paraan ng pagsagot ng magkompanyon sa kanilang tanong.
- **Magpatotoo—**Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang mga scripture mastery passage at pumili ng isa na naglalaman ng doktrina o alituntunin na mapapatotohanan nila. Anyayahan sila na magpatotoo sa katotohanang pinili nila at magbahagi ng mga karanasan na naghikayat sa kanila na mapatotohanan ito. Kapag nagbabagi ng patotoo ang mga estudyante, pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga doktrina o mga alituntunin na pinapatotohanan nila. Ang kanilang mga patotoo ay magbibigay-inspirasyon din sa iba na kumilos nang may pananampalataya.

*Paalala:* Dapat boluntaryo ang pagbabahagi ng mga estudyante ng kanilang mga patotoo. Hindi kailanman dapat pilitin ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga patotoo o maiparamdam na kailangan nilang maipakita na may

kaalaman sila gayong wala naman sila nito. Dagdag pa rito, ang ilang estudyante ay nag-aalangan na ibahagi ang kanilang mga patotoo dahil akala nila ay dapat nilang simulan ito sa pagsasabing "Gusto kong magpatotoo …" o na ang pagpapatotoo nila ay dapat kakitaan ng matinding emosyon. Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na kapag nagpatotoo sila, maaari nilang ibahagi ang mga doktrina o mga alituntunin na alam nilang totoo. Ang pagbabahagi ng patotoo ay maaaring kasing simple lamang ng pagsasabing "Naniniwala ako na totoo ito" o "Alam ko na ito ay totoo" o "Pinaniniwalaan ko ito nang buong puso ko."

### Pamumuhay

Ang pagmumungkahi sa mga estudyante ng mga paraan na maipapamuhay nila ang mga doktrina at mga alituntunin na nakapaloob sa mga scripture passage (o pag-aanyaya sa mga estudyante na mag-isip ng mga paraan) ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sinabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Ang isang nag-aaral na ginagamit ang kalayaan sa pamamagitan ng pagkilos nang naaayon sa mga tamang alituntunin ay binubuksan ang kanyang puso para sa Espiritu Santo at inaanyayahan ang Kanyang kapangyarihan na magturo at magpatotoo, at [ang Kanyang] nagpapatunay na pagsaksi. Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan ng pagsisikap sa espiritu, kaisipan, at katawan at hindi pagtanggap lamang [nang walang gagawin]. Sa katapatan at patuloy na paggawa nang may pananampalataya naipapakita natin sa ating Ama sa Langit at Kanyang Anak na si Jesucristo, na tayo ay handang matuto at tumanggap ng tagubilin mula sa Espiritu Santo" ("Maghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya," *Liahona,* Set. 2007, 20).

Bigyan ang mga estudyante ng mga pagkakataon na magbahagi at magpatotoo sa mga karanasan nila sa pagsasabuhay ng mga doktrina at mga alituntunin. Ang sumusunod ay isang paraan para mahikayat ang mga estudyante na maipamuhay ang mga scripture mastery passage:

- **Magtakda ng mga Goal o Mithiin—**Batay sa application section sa mga scripture mastery card, sabihin sa mga estudyante na magtakda ng mga partikular na goal o mithiin para mas maipamuhay ang mga alituntunin na matatagpuan sa mga scripture mastery passage. Ipasulat sa isang papel ang kanilang mga mithiin na madadala nila bilang isang paalala. Kung naaangkop, sabihin sa mga estudyante na ireport ang kanilang mga tagumpay.

## Mga Aktibidad na Tutulong sa mga Estudyante na *Maisaulo* ang mga Scripture Mastery Passage

### Pagsasaulo

Ang pagsasaulo ng mga scripture passage ay magpapalalim ng pang-unawa at magpapahusay sa kakayahan ng estudyante na ituro ang ebanghelyo. Kapag naisaulo ng mga estudyante ang mga banal na kasulatan, maipapaalala sa kanila ng Espiritu Santo ang mga kataga at mga ideya kapag kailangan nila ito (tingnan sa Juan 14:26; D at T 11:21). Tandaan na iakma ang mga aktibidad para sa pagsasaulo sa kakayahan ng iyong mga estudyante.

Hinikayat ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol ang pagsasaulo ng mga banal na kasulatan nang sabihin niya:

"Malaking tulong ang nagagawa ng pagsasaulo ng mga banal na kasulatan. Ang pagsasaulo ng isang talata ay pagbubuo ng pagkakaibigan. Ito'y parang pagkakaroon ng bagong kakilala na makatutulong sa oras ng pangangailangan, makapagbibigay ng inspirasyon at kapanatagan, at pagmumulan ng panghihikayat para sa kinakailangang pagbabago" ("Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2011, 6).

Ang bawat isa sa mga sumusunod na aktibidad ay maaaring ulitin nang ilang sunud-sunod na araw sa simula o pagtatapos ng klase para matulungan ang mga estudyante na maisaulo ito habang buhay:.

- **One-Word Race—**Hamunin ang klase na magbigkas ng isang scripture mastery passage nang paisa-isang salita ang bawat estudyante. Halimbawa, sa pagtulong sa mga estudyante na maisaulo ang Mateo 5:14–16, sasabihin ng unang estudyante ang salitang *kayo,* sasabihin ng pangalawang estudyante ang *ang,* sasabihin ng pangatlong estudyante ang *ilaw,* at magpapatuloy hanggang makumpleto ang scripture passage. Orasan ang klase, at bigyan sila ng maraming pagkakataon na makamit ang target nilang oras. Kapag inulit mo ang aktibidad na ito, maaaring iba-ibahin ang pagkakasunod-sunod ng mga estudyante para iba-ibang salita ang masabi nila.
- **Mga Unang Titik—**Isulat sa pisara ang mga unang titik ng bawat salita ng isang scripture mastery passage. Ituro ang mga titik habang inuulit ng klase ang scripture passage kasabay mo, gamit ang kanilang mga banal na kasulatan kung kailangan. Ulitin ang aktibidad na ito hanggang magkaroon ang mga estudyante ng tiwala sa kanilang kakayahan na bigkasin ang isang scripture passage gamit lamang ang tulong ng mga unang titik. Maaari mong burahin ang ilan sa mga titik kapag nabigkas ng mga estudyante ang scripture passage. Mas makahihikayat ito hanggang maulit ng mga estudyante ang scripture passage nang hindi ginagamit ang mga unang titik.
- **Wordstrip Puzzles—**Magsulat, o pagsulatin ang mga estudyante, ng mga salita sa isang scripture mastery passage sa isang papel. Gupitin nang mahaba at makitid ang papel nang hindi nagugupit ang mga salita ng scripture passage. Gupitin nang mas maikli ang ilan sa makikitid na papel para maglaman lamang ng kaunting salita. Paghaluin ang mga ginupit na papel at ibigay ang mga ito sa magkakapartner o sa maliliit na mga grupo ng mga estudyante. Hikayatin ang mga estudyante na pagsunod-sunurin ang mga papel, gamit ang kanilang mga banal na kasulatan bilang gabay. Sabihin sa kanila na magpraktis hanggang sa hindi na nila kailangang tingnan ang kanilang mga banal na kasulatan. Pagkatapos nila, sabihin sa kanila na bigkasin nang malakas ang scripture passage. Maaari mo ring orasan ang mga estudyante para makita kung aling grupo ang magagawang pagsunod-sunurin ang mga papel nang pinakamabilis. O maaari mong orasan ang buong klase para makita kung gaano katagal na makukumpleto ng mga grupo ang puzzle (kapag natapos ang unang grupo, sabihin sa kanilang tulungan ang mas mababagal na grupo).

# 100 Scripture Mastery Passage

| Lumang Tipan | Bagong Tipan | Aklat ni Mormon | Doktrina at mga Tipan |
|---|---|---|---|
| Moises 1:39 | Mateo 5:14–16 | 1 Nephi 3:7 | JS—K 1:15–20 |
| Moises 7:18 | Mateo 11:28–30 | 2 Nephi 2:25 | D at T 1:37–38 |
| Abraham 3:22–23 | Mateo 16:15–19 | 2 Nephi 2:27 | D at T 6:36 |
| Genesis 1:26–27 | Mateo 22:36–39 | 2 Nephi 9:28–29 | D at T 8:2–3 |
| Genesis 2:24 | Mateo 28:19–20 | 2 Nephi 25:23, 26 | D at T 10:5 |
| Genesis 39:9 | Lucas 24:36–39 | 2 Nephi 28:7–9 | D at T 13:1 |
| Exodo 19:5–6 | Juan 3:5 | 2 Nephi 31:19–20 | D at T 18:10–11 |
| Exodo 20:3–17 | Juan 14:6 | 2 Nephi 32:3 | D at T 18:15–16 |
| Josue 24:15 | Juan 14:15 | 2 Nephi 32:8–9 | D at T 19:16–19 |
| I Samuel 16:7 | Juan 17:3 | Mosias 2:17 | D at T 19:23 |
| Mga Awit 24:3–4 | Ang Mga Gawa 2:36–38 | Mosias 3:19 | D at T 25:13 |
| Mga Awit 119:105 | Ang Mga Gawa 3:19–21 | Mosias 4:30 | D at T 46:33 |
| Mga Awit 127:3 | I Mga Taga Corinto 6:19–20 | Alma 7:11–13 | D at T 58:27 |
| Mga Kawikaan 3:5–6 | I Mga Taga Corinto 15:20–22 | Alma 32:21 | D at T 58:42–43 |
| Isaias 1:18 | I Mga Taga Corinto 15:40–42 | Alma 37:35 | D at T 64:9–11 |
| Isaias 5:20 | Mga Taga Galacia 5:22–23 | Alma 39:9 | D at T 76:22–24 |
| Isaias 29:13–14 | Mga Taga Efeso 4:11–14 | Alma 41:10 | D at T 76:40–41 |
| Isaias 53:3–5 | Mga Taga Filipos 4:13 | Helaman 5:12 | D at T 78:19 |
| Isaias 58:6–7 | II Mga Taga Tesalonica 2:1–3 | 3 Nephi 12:48 | D at T 82:10 |
| Isaias 58:13–14 | II Kay Timoteo 3:15–17 | 3 Nephi 18:15, 20–21 | D at T 88:124 |
| Jeremias 1:4–5 | Sa Mga Hebreo 12:9 | Eter 12:6 | D at T 89:18–21 |
| Ezekiel 37:15–17 | Santiago 1:5–6 | Eter 12:27 | D at T 107:8 |
| Amos 3:7 | Santiago 2:17–18 | Moroni 7:41 | D at T 121:36; 41–42 |
| Malakias 3:8–10 | I Ni Pedro 4:6 | Moroni 7:45, 47–48 | D at T 130:22–23 |

| Lumang Tipan | Bagong Tipan | Aklat ni Mormon | Doktrina at mga Tipan |
|---|---|---|---|
| Malakias 4:5–6 | Apocalipsis 20:12 | Moroni 10:4–5 | D at T 131:1–4 |

# Pambungad sa mga Pangunahing Doktrina

Ang mga sumusunod na Pangunahing Doktrina ay dapat mabigyang-diin sa seminary:

- Panguluhang Diyos
- Plano ng Kaligtasan
- Pagbabayad-sala ni Jesucristo
- Dispensasyon, Apostasiya, at Panunumbalik
- Mga Propeta at Paghahayag
- Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood
- Mga Ordenansa at mga Tipan
- Pag-aasawa at Pamilya
- Mga Kautusan

Dapat tulungan ng mga titser ang mga estudyante na matukoy, maunawaan, maniwala, maipaliwanag, at maipamuhay ang mga pangunahing doktrinang ito ng ebanghelyong sa kanilang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang paggawa nito ay makatutulong sa mga estudyante na mapalakas ang kanilang patotoo at maragdagan ang kanilang pagpapahalaga sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang kaalaman sa mga Pangunahing Doktrina ay makatutulong din sa mga estudyante na maging mas handa na ipamuhay ang ebanghelyo at ituro ang mahahalagang katotohanang ito sa iba. Ang mga lesson sa manwal na ito ay nilikha nang isinasaalang-alang ang mga Pangunahing Doktrina. Mahalagang maunawaan na ang iba pang mahahalagang doktrina ng ebanghelyo ay mabibigyang-diin din sa manwal na ito, kahit na hindi nakalista ang mga ito sa mga Pangunahing Doktrina. Ang pagtuturo ng mga pangunahing doktrina ay nagaganap kapag pinag-aaralan mo ang mga banal na kasulatan araw-araw kasama ang mga estudyante at kapag tinutulungan mo silang matutuhan ang mahahalagang scripture passage. Ang pag-unlad sa pag-unawa, paniniwala, at pagsasabuhay ng mga Pangunahing Doktrina ay isang proseso na nagaganap sa apat na taon ng seminary at nagpapatuloy sa buong buhay ng estudyante. Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng listahan ng mga Pangunahing Doktrina.

## Assessment para sa Pangunahing Doktrina

Ang Assessment para sa mga Pangunahing Doktrina ay nilayon para magbigay sa mga titser ng impormasyon na magagamit nila para mas mapagpala ang buhay ng kanilang mga estudyante. Hinihikayat namin ang mga titser na ibigay ang assessment na ito sa unang linggo ng klase at ibigay muli sa pagtatapos ng taon. Upang mahanap ang Assessment para sa mga Pangunahing Doktrina at ang iba pang mga assessment sa website ng S&I (si.lds.org), mag-search gamit ang key word na *assessment.*

Ang mga titser na ipinapadala ang resulta ng assessment ng kanilang mga estudyante sa S&I Office of Research ay makatatanggap ng report na makatutulong sa kanila na iangkop ang kanilang pagtuturo para mas matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga estudyante. Halimbawa, kung ipinakita ng mga resulta na hindi nauunawaan ng mga estudyante ang doktrina ng pagsisisi, ilang mga lesson sa taunang kurikulum ang matutukoy na maaaring makatulong sa mga estudyante na mas maunawaan ang doktrinang ito. Kapag mapanalanging ginagamit ng mga titser ang impormasyong ito sa kanilang pagtuturo ng banal na kasulatan ayon sa pagkakasunud-sunod, ang ating mga kabataan at mga young adult ay mas magiging handa para maisakatuparan ang Layunin ng Seminaries and Institutes of Religion.

# Mga Pangunahing Doktrina

Ang mga Pangunahing Doktrina ay dapat mabigyang-diin sa mga klase ng seminary at institute. Dapat tulungan ng mga titser ang mga estudyante na matukoy, maunawaan, mapaniwalaan, maipaliwanag, at maipamuhay ang mga doktrinang ito ng ebanghelyo. Ang paggawa nito ay makatutulong sa mga estudyante na mapalakas ang kanilang patotoo at maragdagan ang kanilang pagpapahalaga para sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pag-aaral ng mga doktrinang ito ay makatutulong din sa mga estudyante na mas maging handa na ituro ang mahahalagang katotohanang ito sa iba.

Karamihan sa 100 scripture mastery passage na pinili ng Seminaries and Institutes of Religion ay pinili para mapag-ibayo ang pang-unawa ng mga estudyante sa mga Pangunahing Doktrina. Ang karamihan sa mga scripture reference na nakalista sa dokumentong ito ay tumutukoy sa mga scripture mastery passage. Isinama ang mga ito para ipakita kung paano nauugnay ang mga ito sa mga Pangunahing Doktrina.

## 1. Panguluhang Diyos

May tatlong magkakahiwalay na katauhan sa Panguluhang Diyos: ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan; ang Kanyang Anak na si Jesucristo; at ang Espiritu Santo (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20). Ang Ama at ang Anak ay may mga katawang may laman at buto, at ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu (tingnan sa D at T 130:22–23). Iisa ang kanilang layunin at doktrina. Sila ay ganap na nagkakaisa sa pagsasakatuparan ng plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit.

### Diyos Ama

Ang Diyos Ama ang Pinuno ng sansinukob. Siya ang Ama ng ating mga espiritu (tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:9). Siya ay perpekto, nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan, at alam Niya ang lahat ng bagay. Siya rin ay Diyos na lubos na maawain, mabait, at mapagmahal.

### Jesucristo

Si Jesucristo ang Panganay na Anak ng Ama sa espiritu at ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Siya ang Jehova ng Lumang Tipan at ang Mesiyas ng Bagong Tipan.

Namuhay Siya nang walang kasalanan at isinakatuparan ang Pagbabayad-sala para sa kasalanan ng buong sangkatauhan (tingnan sa Alma 7:11–13). Ang Kanyang buhay ay perpektong halimbawa kung paano dapat mamuhay ang buong sangkatauhan (tingnan sa Juan 14:6; 3 Nephi 12:48). Siya ang unang tao sa daigdig na ito na nabuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22). Siya ay darating muli sa kapangyarihan at kaluwalhatian at maghahari sa mundo sa Milenyo.

Ang lahat ng panalangin, pagbabasbas, at ordenansa ng priesthood ay dapat gawin sa pangalan ni Jesucristo (tingnan sa 3 Nephi 18:15, 20–21).

Mga kaugnay na reperensya: Helaman 5:12; D at T 19:23; D at T 76:22–24

### Ang Espiritu Santo

Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay isang personaheng espiritu at walang katawang may laman at buto. Madalas Siyang tinutukoy bilang ang Espiritu, ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu ng Panginoon, at ang Mang-aaliw.

Ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa Ama at sa Anak, naghahayag ng katotohanan ng lahat ng bagay, at nagpapabanal sa mga nagsisisi at nagpapabinyag (tingnan sa Moroni 10:4–5).

Mga kaugnay na reperensya: Mga Taga Galacia 5:22–23; D at T 8:2–3

## 2. Plano ng Kaligtasan

Sa buhay bago ang buhay sa mundo, ipinakilala ng Ama sa Langit ang isang plano na magtutulot sa atin na maging katulad Niya at magtamo ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 1:39). Tinukoy ng mga banal na kasulatan ang planong ito bilang ang plano ng kaligtasan, ang dakilang plano ng kaligayahan, ang plano ng pagtubos, at ang plano ng awa.

Kabilang sa plano ng kaligtasan ang Paglikha, ang Pagkahulog, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at ang lahat ng mga batas, ordenansa, at doktrina ng ebanghelyo. Ang kalayaang moral—ang kakayahang pumili at kumilos para sa ating sarili—ay mahalaga rin sa plano ng Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 2:27). Dahil sa planong ito, tayo ay magiging perpekto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, makatatanggap ng ganap na kagalakan, at mabubuhay nang walang hanggan sa piling ng Diyos (tingnan sa 3 Nephi 12:48). Ang ating mga ugnayang pamilya ay maaaring tumagal hanggang sa walang hanggan.

Mga kaugnay na reperensya: Juan 17:3; D at T 58:27

### Buhay Bago ang Buhay sa Mundo

Bago tayo isinilang sa mundo, namuhay tayo sa piling ng ating Ama sa Langit bilang Kanyang mga espiritung anak (tingnan sa Abraham 3:22–23). Sa buhay na ito bago tayo isinilang nakibahagi tayo sa isang kapulungan kasama ang iba pang mga espiritung anak ng Ama sa Langit. Sa kapulungang iyon, ipinaalam ng Ama sa Langit ang Kanyang plano at nakipagtipan ang premortal na si Jesucristo na maging Tagapagligtas.

Ginamit natin ang ating kalayaang pumili para sundin ang plano ng Ama sa Langit. Naghanda tayo na pumarito sa mundo, kung saan maipagpapatuloy natin ang ating pag-unlad.

Ang mga sumunod sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay pinahintulutang pumarito sa mundo para makaranas ng mortalidad at pag-unlad tungo sa buhay na walang-hanggan. Si Lucifer, na isa pang espiritung anak ng Diyos, ay naghimagsik laban sa plano. Siya ay naging si Satanas, at siya at ang kanyang mga kampon ay itinaboy sa langit at pinagkaitan ng pribilehiyong tumanggap ng pisikal na katawan at makaranas ng buhay sa mundo.

Kaugnay na reperensya: Jeremias 1:4–5

## Ang Paglikha

Nilikha ni Jesucristo ang langit at ang lupa sa ilalim ng pamamahala ng Ama. Ang mundo ay hindi nilikha mula sa wala; ito ay inorganisa mula sa mga materya [matter] na umiiral na. Si Jesucristo ay lumikha ng mga daigdig na hindi mabibilang (tingnan sa D at T 76:22–24).

Ang Paglikha ng mundo ay mahalaga sa plano ng Diyos. Naglaan ito ng isang lugar kung saan magkakaroon tayo ng pisikal na katawan, para masubukan, at magkaroon ng mga banal na katangian.

Dapat nating gamitin ang mga likas na yaman ng mundo nang may katalinuhan, mabuting pagpapasiya, at pasasalamat (tingnan sa D at T 78:19).

Si Adan ang unang tao na nilikha sa mundo. Nilikha ng Diyos sina Eva at Adan sa Kanyang sariling larawan. Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos (tingnan sa Genesis 1:26–27).

## Ang Pagkahulog

Sa Halamanan ng Eden, iniutos ng Diyos kina Adan at Eva na huwag kainin ang bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama; ang ibubunga ng paggawa nito ay espirituwal at pisikal na kamatayan. Ang espirituwal na kamatayan ay pagkawalay sa Diyos. Ang pisikal na kamatayan ay ang paghihiwalay ng espiritu at ng katawang mortal. Dahil lumabag sina Adan at Eva sa utos ng Diyos, sila ay pinaalis mula sa Kanyang kinaroroonan at naging mortal. Ang paglabag nina Eva at Adan at ang mga pagbabago na naranasan nila bilang resulta nito, kabilang na ang espirituwal at pisikal na kamatayan, ay tinatawag na Pagkahulog.

Bilang resulta ng Pagkahulog, sina Adan at Eva at ang kanilang mga inapo ay makararanas ng kagalakan at kalungkutan, malalaman ang tama at mali, at magkakaroon ng mga anak (tingnan sa 2 Nephi 2:25). Bilang mga inapo nina Eva at Adan, minana natin ang nahulog na kalagayan sa mortalidad. Nawalay tayo sa piling ng Diyos at daranas ng pisikal na kamatayan. Tayo rin ay sinusubukan ng mga paghihirap ng mortal na buhay at ng mga tukso ng kaaway. (Tingnan sa Mosias 3:19.)

Ang Pagkahulog ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ng ating Ama sa Langit. Ito ay isang pagkahulog, ngunit nagdulot din ito ng pag-unlad natin. Dagdag pa sa ibinunga nitong pisikal at espirituwal na kamatayan, binigyan tayo nito ng pagkakataong maisilang sa mundo at matuto at umunlad.

## Buhay sa Mundo

Ang buhay sa mundo ay isang panahon ng pag-aaral upang makapaghanda tayo para sa buhay na walang hanggan at mapatunayan na gagamitin natin ang ating kalayaang pumili para gawin ang lahat ng iniutos ng Panginoon. Sa buhay sa mundong ito, dapat nating mahalin at paglingkuran ang iba (tingnan sa Mosias 2:17; Moroni 7:45, 47–48).

Sa mortalidad, magkasama ang ating espiritu at pisikal na katawan, na nagbibigay sa atin ng mga pagkakataon na lumago at umunlad sa mga paraan na hindi posible noon sa buhay bago ang buhay sa mundo. Ang ating mga katawan ay mahalagang

bahagi ng plano ng kaligtasan at dapat igalang bilang kaloob mula sa ating Ama sa Langit (tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:19–20).

Mga kaugnay na reperensya: Josue 24:15; Mateo 22:36–39; 2 Nephi 28:7–9; Alma 41:10; D at T 58:27

### Kabilang-buhay

Kapag namatay tayo, mapupunta ang ating mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu at maghihintay sa Pagkabuhay na Mag-uli. Ang espiritu ng mabubuti ay tatangapin sa isang kalagayan ng kaligayahan na tinatawag na paraiso. Marami sa matatapat ang mangangaral ng ebanghelyo sa mga nasa bilangguan ng mga espiritu.

Ang bilangguan ng mga espiritu ay isang pansamantalang lugar sa kabilang-buhay para sa mga namatay nang walang kaalaman sa katotohanan at para sa mga sumuway sa mortalidad. Doon, ituturo sa mga espiritu ang ebanghelyo at magkakaroon sila ng pagkakataong magsisi at matanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan na isinagawa para sa kanila sa mga templo (tingnan sa I Ni Pedro 4:6). Ang mga yaong tumanggap ng ebanghelyo ay mananahan sa paraiso hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay ang pagsasamang muli ng ating katawang espiritu at ng ating perpektong pisikal na katawang may laman at mga buto (tingnan sa Lucas 24:36–39). Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, hindi na muling maghihiwalay ang ating espiritu at katawan at tayo ay magiging imortal. Bawat taong isinilang sa mundo ay mabubuhay na muli dahil nadaig ni Jesucristo ang kamatayan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22). Ang mabubuti ay mabubuhay na mag-uli bago ang masasama at babangon sa Unang Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang Huling Paghuhukom ay magaganap pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli. Hahatulan ni Jesucristo ang bawat tao kung anong walang-hanggang kaluwalhatian ang matatanggap nila. Ang paghatol ay ibabatay sa pagsunod ng bawat tao sa mga utos ng Diyos (tingnan sa Apocalipsis 20:12; Mosias 4:30).

May tatlong kaharian ng kaluwalhatian (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–42). Ang kahariang selestiyal ang pinakamataas sa mga ito. Ang matatapat sa kanilang patotoo kay Jesus at masunurin sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay mananahan sa kahariang selestiyal sa piling ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo (tingnan sa D at T 131:1–4).

Ang pangalawa sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian ay ang kahariang terestriyal. Ang mga yaong mananahan sa kahariang ito ay ang mararangal na lalaki at babae sa mundo na hindi matatag ang patotoo tungkol kay Jesus.

Ang kahariang telestiyal ang pinakamababa sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian. Ang mga magmamana ng kahariang ito ay sila na pumili ng kasamaan sa halip na kabutihan sa buhay nila sa mundo. Tatanggapin ng mga taong ito ang kanilang kaluwalhatian matapos matubos mula sa bilangguan ng mga espiritu.

Kaugnay na reperensya: Juan 17:3

## 3. Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Ang magbayad-sala ay pagdusahan ang kaparusahan para sa kasalanan, sa gayon ay tinatanggal ang mga epekto ng kasalanan mula sa nagsisising makasalanan at nagtutulot sa kanya na makipagbati o ipanumbalik ang pagkakasundo sa Diyos. Si Jesucristo ang tanging may kakayahang magbayad-sala para sa sangkatauhan. Kabilang sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang pagdurusa para sa kasalanan ng sangkatauhan sa Halamanan ng Getsemani, ang pagtigis ng Kanyang dugo, ang Kanyang pagdurusa at kamatayan sa krus, at ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli mula sa libingan (tingnan sa Lucas 24:36–39; D at T 19:16–19). Naisagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala dahil pinanatili Niyang malinis ang Kanyang sarili mula sa kasalanan at may kapangyarihan Siyang daigin ang kamatayan. Mula sa Kanyang mortal na ina, namana Niya ang katangiang mamatay. Mula sa Kanyang imortal na Ama, namana Niya ang kapangyarihang ialay ang Kanyang buhay at kunin itong muli.

Sa pamamagitan ng biyaya, na matatamo sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli at matatanggap ang imortalidad. Maaari din nating matanggap ang buhay na walang hanggan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Moroni 7:41). Upang matanggap ang kaloob na ito, dapat nating ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo, na kinabibilangan ng pagsampalataya sa Kanya, pagsisisi sa ating mga kasalanan, pagpapabinyag, pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo, at tapat na pagtitiis hanggang wakas (tingnan sa Juan 3:5).

Bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, hindi lang nagdusa si Jesucristo para sa ating mga kasalanan kundi dinala rin Niya sa Kanyang sarili ang mga pasakit, pagsubok, karamdaman, at kahinaan ng buong sangkatauhan (tingnan sa Alma 7:11–13). Nauunawaan Niya ang ating pagdurusa dahil naranasan Niya ito. Ang Kanyang biyaya, o kapangyarihang nagbibigay-kakayahan, ay pinalalakas tayo para makayanan ang mga pasanin at magawa ang mga gawain na hindi natin magagawa sa ating sarili (tingnan sa Mateo 11:28–30; Mga Taga Filipos 4:13; Eter 12:27).

Mga kaugnay na reperensya: Juan 3:5; Mga Gawa 3:19–21

### Pananampalataya kay Jesucristo

Ang pananampalataya ay "[pag-]asa … sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo" (Alma 32:21; tingnan din sa Eter 12:6). Ito ay isang kaloob mula sa Diyos.

Ang pananampalataya ay kailangang nakatuon kay Jesucristo upang ito ang umakay sa isang tao tungo sa kaligtasan. Ang ibig sabihin ng magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ay lubos na umasa sa Kanya at magtiwala sa Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, kapangyarihan, at pagmamahal. Kasama rito ang paniniwala sa Kanyang mga turo at paniniwala na kahit hindi natin nauunawaan ang lahat ng bagay, nauunawaan Niya ang mga ito (tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–6; D at T 6:36).

Higit pa sa paniniwala nang walang ginagawa, naipapakita ang pananampalataya sa paraan ng pamumuhay natin (tingnan sa Santiago 2:17–18). Ang ating

pananampalataya ay mapapalakas kapag tayo ay nananalangin, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, at sumusunod sa mga utos ng Diyos.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may pananampalataya rin sa Diyos Ama, sa Espiritu Santo, at sa kapangyarihan ng priesthood gayundin sa iba pang mahahalagang aspeto ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Tinutulungan tayo ng pananampalataya na matanggap ang espirituwal at pisikal na paggaling at lakas para magpatuloy, maharap ang ating mga paghihirap, at madaig ang tukso (tingnan sa 2 Nephi 31:19–20). Gagawa ng malalaking himala ang Panginoon sa ating buhay ayon sa ating pananampalataya.

Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, ang isang tao ay maaaring magtamo ng kapatawaran ng mga kasalanan at sa huli ay makapananahan sa piling ng Diyos.

Kaugnay na reperensya: Mateo 11:28–30

### Pagsisisi

Ang pagsisisi ay pagbabago ng puso't isipan at nagbibigay sa atin ng panibagong pananaw tungkol sa Diyos, sa ating sarili, at sa daigidig. Kabilang dito ang pagtalikod sa kasalanan at pagbaling sa Diyos para sa kapatawaran. Nagagawa ito dahil sa pagmamahal sa Diyos at sa tapat na hangaring sundin ang Kanyang mga kautusan.

Ginagawa tayong marumi ng ating mga kasalanan—hindi karapat-dapat na bumalik at manahan sa piling ng ating Ama sa Langit. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang ating Ama sa Langit ay naglaan ng tanging paraan para mapatawad tayo sa ating mga kasalanan (tingnan sa Isaias 1:18).

Kasama rin sa pagsisisi ang kalungkutang nadarama dahil sa nagawang kasalanan, pagtatapat sa Ama sa Langit at sa iba kung kinakailangan, pagtalikod sa kasalanan, paghahangad na ibalik at isaayos kung maaari ang lahat ng nawala at napinsala dahil sa nagawang kasalanan, at pamumuhay nang sumusunod sa mga utos ng Diyos (tingnan sa D at T 58:42–43).

Mga kaugnay na reperensya: Isaias 53:3–5; Juan 14:6; 2 Nephi 25:23, 26; D at T 18:10–11; D at T 19:23; D at T 76:40–41

## 4. Dispensasyon, Apostasiya, at Panunumbalik

### Dispensasyon

Ang dispensasyon ay isang panahon kung kailan inihahayag ng Panginoon ang Kanyang mga doktrina, mga ordenansa, at priesthood. Ito ay panahon na ang Panginoon ay may awtorisadong tagapaglingkod sa lupa na may priesthood at may banal na tungkulin na ihayag ang ebanghelyo at pangasiwaan ang mga ordenansa nito. Nabubuhay tayo ngayon sa huling dispensasyon—ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, na nagsimula sa paghahayag ng ebanghelyo kay Joseph Smith.

Ang mga nakaraang dispensasyon ay nauugnay kina Adan, Enoc, Noe, Abraham, Moises, at Jesucristo. Dagdag pa rito, mayroon pang ibang mga dispensasyon,

kabilang ang sa mga Nephita at mga Jaredita. Ang plano ng kaligtasan at ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ipinahayag at itinuro sa bawat dispensasyon.

## Apostasiya

Kapag ang mga tao ay hindi sumusunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo at hindi nagtataglay ng mga susi ng priesthood, sila ay nasa kalagayan ng apostasiya.

Nagkaroon ng maraming panahon ng pangkalahatang apostasiya sa buong kasaysayan ng mundo. Isang halimbawa ang Malawakang Apostasiya, na naganap matapos itatag ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan (tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:1–3). Pagkamatay ng mga Apostol ng Tagapagligtas, iniba ang mga alituntunin ng ebanghelyo at binago ang organisasyon ng Simbahan at mga ordenansa ng priesthood ng mga taong walang aworidad. Dahil sa laganap na kasamaang ito, binawi ng Panginoon ang awtoridad at mga susi ng priesthood sa lupa.

Noong panahon ng Malawakang Apostasiya, walang banal na patnubay ang mga tao mula sa mga buhay na propeta. Maraming simbahang itinatag, ngunit wala silang awtoridad ng priesthood na maggawad ng kaloob na Espiritu Santo o magsagawa ng iba pang mga ordenansa ng priesthood. Iniba o nawala ang mga bahagi ng mga banal na kasulatan, at ang mga tao ay nawalan ng wastong pang-unawa tungkol sa Diyos.

Ang apostasiyang ito ay natapos lamang nang ang Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak ay nagpakita kay Joseph Smith at pinasimulan ang Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo.

## Panunumbalik

Ang Panunumbalik ay ang muling pagtatatag ng Diyos ng mga katotohanan at mga ordenansa ng Kanyang ebanghelyo sa Kanyang mga anak sa lupa (tingnan sa Mga Gawa 3:19–21).

Bilang paghahanda sa Panunumbalik, nagbangon ang Panginoon ng mararangal na mga tao noong panahong tinatawag na Repormasyon. Sinubukan nilang ibalik ang mga doktrina, gawain, at organisasyon ng relihiyon sa paraang itinatag ang mga ito ng Tagapagligtas. Gayunman, hindi nila taglay ang priesthood o ang kabuuan ng ebanghelyo.

Nagsimula ang Panunumbalik noong 1820 nang magpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo kay Joseph Smith bilang tugon sa kanyang panalangin (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20). Ilan sa mahahalagang pangyayari sa Panunumbalik ay ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon, ang panunumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood, at ang organisasyon ng Simbahan noong Abril 6, 1830.

Ang Aaronic Priesthood ay ipinanumbalik ni Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery noong Mayo 15, 1829. Ang Melchizedek Priesthood at ang mga susi ng kaharian ay ipinanumbalik din noong 1829, noong iginawad ito nina Apostol Pedro, Santiago, at Juan kina Joseph Smith at Oliver Cowdery.

Naipanumbalik na ang kaganapan ng ebanghelyo, at ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa

ibabaw ng buong mundo" (D at T 1:30). Ang Simbahan ay pupunuin kalaunan ang buong mundo at mananatili magpakailanman.

Mga kaugnay na reperensya: Isaias 29:13–14; Ezekiel 37:15–17; Mga Taga Efeso 4:11–14; Santiago 1:5–6

## 5. Mga Propeta at Paghahayag

Ang propeta ay isang tao na tinawag ng Diyos na mangusap para sa Kanya (tingnan sa Amos 3:7). Ang mga propeta ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo. Inihahayag nila ang kalooban at tunay na pagkatao ng Diyos. Kinukondena nila ang kasalanan at nagbababala sa mga ibubunga nito. Kung minsan, nagpopropesiya sila tungkol sa mga magaganap sa hinaharap (tingnan sa D at T1:37–38). Maraming turo ng mga propeta ang matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Kapag pinag-aralan natin ang salita ng mga propeta, malalaman natin ang katotohanan at makatatanggap ng patnubay (tingnan sa 2 Nephi 32:3).

Sinasang-ayunan natin ang Pangulo ng Simbahan bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at ang tanging tao sa mundo na nakatatanggap ng paghahayag upang patnubayan ang buong Simbahan. Sinasang-ayunan din natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang paghahayag ay pakikipag-ugnayan ng Diyos sa Kanyang mga anak. Kapag inihahayag ng Panginoon ang Kanyang kalooban sa Simbahan, nagsasalita Siya sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Ang mga banal na kasulatan—ang Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas—ay naglalaman ng mga paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ng mga propeta noon at ngayon. Ang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang propeta ng Diyos sa mundo ngayon.

Ang bawat tao ay makatatanggap ng paghahayag na tutulong sa kanilang partikular na mga pangangailangan, responsibilidad, at mga tanong at tutulong sa pagpapalakas ng kanilang mga patotoo. Karamihan sa paghahayag ng mga lider at miyembro ng Simbahan ay dumarating sa pamamagitan ng mga impresyon at pahiwatig ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa ating isipan at puso sa isang marahan at banayad na tinig (tingnan sa D at T 8:2–3). Ang paghahayag ay maaari ding dumating sa pamamagitan ng mga pangitain, panaginip, at pagdalaw ng mga anghel.

Mga kaugnay na reperensya: Mga Awit 119:105; Mga Taga Efeso 4:11–14; II Kay Timoteo 3:15–17; Santiago 1:5–6; Moroni 10:4–5

## 6. Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood

Ang priesthood ay walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Sa pamamagitan ng priesthood, nilikha at pinamamahalaan ng Diyos ang langit at lupa. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito tinutubos Niya at pinadadakila ang Kanyang mga anak, na isinasakatuparan ang "kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

Ipinagkakaloob ng Diyos ang awtoridad ng priesthood sa mga karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan upang makakilos sila sa Kanyang pangalan para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Ang mga susi ng priesthood ay ang karapatang mangulo, o ang kapangyarihang ibinibigay ng Diyos sa tao upang pamahalaan at pangasiwaan ang kaharian ng Diyos sa lupa (tingnan sa Mateo 16:15–19). Sa pamamagitan ng mga susing ito, may awtoridad ang mga maytaglay ng priesthood na ipangaral ang ebanghelyo at pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan. Lahat ng naglilingkod sa Simbahan ay tinatawag sa ilalim ng pamamahala ng mayhawak ng mga susi ng priesthood. Sa gayon, may karapatan sila sa lakas na kailangan nila para makapaglingkod at magampanan ang mga responsibilidad sa kanilang mga tungkulin.

Kaugnay na reperensya: D at T 121:36, 41–42

### Aaronic Priesthood

Ang Aaronic Priesthood ay kadalasang tinatawag na panimulang priesthood. Ang mga katungkulan sa Aaronic Priesthood ay deacon, teacher, priest, at bishop. Sa Simbahan ngayon, maaaring tanggapin ng mga karapat-dapat na lalaking miyembro ang Aaronic Priesthood simula sa edad na 12.

Ang Aaronic Priesthood ang "may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag" (D at T 13:1).

### Melchizedek Priesthood

Ang Melchizedek Priesthood ay ang mas mataas, o mas dakila, na priesthood at nangangasiwa sa mga espirituwal na bagay (tingnan sa D at T 107:8). Ang mas dakilang priesthood na ito ay ibinigay kay Adan at nasa lupa tuwing inihahayag ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo.

Dati itong tinatawag na "Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos" (D at T 107:3). Nakilala ito kalaunan bilang Melchizedek Priesthood, ipinangalan sa isang dakilang mataas na saserdote na nabuhay noong panahon ni propetang Abraham.

Ang mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay elder, high priest, patriarch, Pitumpu, at Apostol. Ang Pangulo ng Melchizedek Priesthood ang siyang Pangulo ng Simbahan.

Kaugnay na reperensya: Mga Taga Efeso 4:11–14

## 7. Mga Ordenansa at mga Tipan

### Mga Ordenansa

Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang ordenansa ay isang sagrado at pormal na gawain na may espirituwal na kahulugan. Ang bawat ordenansa ay ginawa ng Diyos para ituro ang mga espirituwal na katotohanan. Ang mga ordenansa ng kaligtasan ay isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood at sa ilalim ng pangangasiwa ng mga may hawak ng mga susi ng priesthood. Ang ilang ordenansa ay mahalaga sa kadakilaan at tinatawag na mga nakapagliligtas na ordenansa.

Ang unang nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo ay ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig na isinasagawa ng isang taong may awtoridad. Kailangan ang binyag para maging miyembro ng Simbahan ang isang tao at para makapasok sa kahariang selestiyal (tingnan sa Juan 3:5).

Ang salitang *baptism o pagbibinyag* ay mula sa isang salitang Griyego na ang ibig sabihin ay isawsaw o ilubog. Ang paglulubog ay simbolo ng kamatayan ng makasalanang buhay ng tao at muling pagsilang sa espirituwal na buhay, na nakalaan sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak. Simbolo rin ito ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli.

Pagkatapos mabinyagan ang isang tao, isa o mahigit pang mayhawak ng Melchizedek Priesthood ang magkukumpirma sa kanya bilang miyembro ng Simbahan. Bilang bahagi ng ordenansang ito, na tinatawag na kumpirmasyon, ibibigay sa tao ang kaloob na Espiritu Santo.

Ang kaloob na Espiritu Santo ay naiiba sa impluwensya ng Espiritu Santo. Bago mabinyagan, maaaring madama ng isang tao ang impluwensya ng Espiritu Santo paminsan-minsan at makatanggap ng patotoo sa katotohanan sa pamamagitan ng impluwensyang iyon (tingnan sa Moroni 10:4–5). Pagkatapos matanggap ang kaloob na Espiritu Santo, ang tao ay may karapatan na mapatnubayan palagi ng Espiritu Santo kung sinusunod niya ang mga kautusan.

Kabilang sa iba pang mga nakapagliligtas na ordenansa ang pag-oorden sa Melchizedek Priesthood (para sa kalalakihan), ang endowment sa templo, at ang pagbubuklod ng kasal (tingnan sa D at T 131:1–4). Lahat ng nakapagliligtas na ordenansa ng priesthood ay may kaakibat na mga tipan. Sa templo, ang mga nakapagliligtas na ordenansang ito ay magagawa rin para sa mga patay. Ang mga ordenansa para sa mga patay ay magkakabisa lamang kapag tinanggap ang mga ito ng mga pumanaw sa daigdig ng mga espiritu at iginalang ang mga kalakip na tipan.

Ang iba pang mga ordenansa, tulad ng pagbabasbas sa maysakit at pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata, ay mahalaga rin sa ating espirituwal na pag-unlad.

Kaugnay na reperensya: Mga Gawa 2:36–38

### Mga Tipan

Ang tipan ay isang sagradong kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Ang Diyos ang nagbigay ng mga kondisyon para sa tipan, at sumasang-ayon tayo na gagawin ang iniuutos Niya sa atin; pagkatapos ay nangangako ang Diyos sa atin ng mga pagpapala dahil sa ating pagsunod (tingnan sa D at T 82:10).

Lahat ng nakapagliligtas na ordenansa ng priesthood ay may kaakibat na mga tipan. Nakipagtipan tayo sa Panginoon sa binyag at sinasariwa ang mga tipang iyon sa pakikibahagi sa sakramento. Ang mga kalalakihang tumanggap ng Melchizedek Priesthood ay pumapasok sa sumpa at tipan ng priesthood. Gumagawa tayo ng iba pang mga tipan sa templo.

Mga kaugnay na reperensya: Exodo 19:5–6; Mga Awit 24:3–4; 2 Nephi 31:19–20; D at T 25:13

## 8. Pag-aasawa at Pamilya

Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos, at ang mag-anak ang sentro sa Kanyang plano ng kaligtasan at sa ating kaligayahan Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo.

Ang banal na kapangyarihang lumikha ay gagamitin lamang ng isang lalaki at isang babae na ikinasal nang ayon sa batas bilang mag-asawa. Ang mga magulang ay dapat magpakarami at kalatan ang lupa, palalakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, at tutustusan ang mga pisikal at espirituwal na pangangailangan ng kanilang mga anak.

Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa. Ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at maglalaan para sa mga pangangailangan sa buhay. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan.

Ang banal na plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang-buhay. Ang mundo ay nilikha at ang ebanghelyo ay inihayag upang ang mga pamilya ay mabuo, mabuklod, at dakilain sa kawalang-hanggan. (Mula sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 2010, 129; tingnan din sa LDS.org/topics/family-proclamation.)

Mga kaugnay na reperensya: Genesis 2:24; Mga Awit 127:3; Malakias 4:5–6; D at T 131:1–4

## 9. Mga Kautusan

Ang mga kautusan ay mga batas at mga kinakailangan na ibinibigay ng Diyos sa sangkatauhan. Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya sa pagsunod sa Kanyang mga utos (tingnan sa Juan 14:15). Ang pagsunod sa mga kautusan ay magdudulot ng mga pagpapala mula sa Panginoon (tingnan sa D at T 82:10).

Ang dalawang pinakapangunahing kautusan ay "iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. … At … iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:36–39).

Ang Sampung Utos ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo at ang mga ito ay mga walang-hanggang alituntunin na kailangan para sa ating kadakilaan (tingnan sa Exodo 20:3–17). Inihayag ng Panginoon ang mga ito kay Moises noong unang panahon at inihayag Niyang muli ang mga ito sa mga paghahayag sa mga huling araw.

Kabilang sa mga utos ng Diyos ang pananalangin araw-araw (tingnan sa 2 Nephi 32:8–9), pagtuturo ng ebanghelyo sa iba (tingnan sa Mateo 28:19–20), pagsunod sa batas ng kalinisang-puri (tingnan sa D at T 46:33), pagbabayad ng buong ikapu (tingnan sa Malakias 3:8–10), pag-aayuno (tingnan sa Isaias 58:6–7), pagpapatawad sa iba (tingnan sa D at T 64:9–11), pagkakaroon ng espiritu ng pasasalamat (tingnan sa D at T 78:19), at pagsunod sa Word of Wisdom (tingnan sa D at T 89:18–21).


Mga kaugnay na reperensya: Genesis 39:9; Isaias 58:13–14; 1 Nephi 3:7; Mosias 4:30; Alma 37:35; Alma 39:9; D at T 18:15–16; D at T 88:124

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paksang ito, pumunta sa LDS.org, Teachings, Gospel Topics; o tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2006).

# Pagtuturo ng mga Ebanghelyo ayon sa Pagkakatugma ng mga Ito

Iminumungkahi namin na gamitin mo ang manwal na ito ayon sa pagkakasulat nito at ituro ang apat na Ebanghelyo ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito. Gayunman, maaari mong piliing ituro ang mga Ebanghelyo sa Bagong Tipan ayon sa "pagkakatugma" nito, ibig sabihin ay pagtuturo sa mga pangyayari sa buhay ng Tagapagligtas nang sunod-sunod, na pinagsasama-sama ang mga materyal mula sa bawat Ebanghelyo. Para sa impormasyon at mga sanggunian sa pagtuturo ng mga Ebanghelyo ayon sa pagkakatugma ng mga ito, tingnan ang mga digital version ng manwal na ito sa LDS.org at sa Gospel Library para sa mga mobile device.

# Ang Buod ng Buhay ni Jesucristo sa Mundo



# Mga Piniling Larawan sa Bagong Tipan



**Puno ng igos (tingnan sa Mateo 21:18–22)**
© Jose Ramiro Laguna/Shutterstock.com



**Nagtuturo si Jesus sa templo (tingnan sa Mateo 21:23–23:39)**


**Si Jesus ay nagpatawad at nagpagaling ng lalaking ibinaba mula sa bubong (tingnan sa Marcos 2:1–12 at Lucas 5:17–26)**


**Sina Maria at Elizabet (tingnan sa Lucas 1)**



**Inihayag ni Jesucristo na Siya ang Mesiyas (tingnan sa Lucas 4)**



**Ipinahayag ni Pilato na walang kasalanan si Jesus (tingnan sa Juan 18–19)**



**Sumulat si Pablo ng mga liham (tingnan sa II Kay Timoteo 1–2)**



**Binabantayan at pinangangalagaan ni Jesucristo ang Kanyang mga matatapat na tagasunod (tingnan sa Apocalipsis 1:12–16)**



**Ang pangitain ni Juan tungkol sa babae at dragon (tingnan sa Apocalipsis 12)**

SEMINARIES AND
INSTITUTES OF RELIGION

THE CHURCH OF
JESUS CHRIST
OF LATTER-DAY SAINTS

TAGALOG
4 02123 39893 2
12339 893